# Lumang Tipan

SEMINARY



GABAY NG ESTUDYANTE SA PAG-AARAL

# Gabay ng Estudyante sa Pag-aaral ng Lumang Tipan

Inihanda ng
Church Educational System

Inilathala ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Salt Lake City, Utah

© 2010 ng Intellectual Reserve, Inc.
Lahat ng karapatan ay nakalaan
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika
Pagsang-ayon sa Ingles: 8/96
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 8/96
Pagsasalin ng *Old Testament: Student Study Guide*
Tagalog

# Mga Nilalaman


**Ilang Bagay na Dapat Ninyong Malaman Tungkol sa Lumang Tipan . . . . . 1**
Isang Patotoo kay Cristo . . . . . 1
Ang Kuwento ng Lumang Tipan . . . . . 1
Paunang Sulyap sa Lumang Tipan—Mga Nilalaman . . . . . 1
Makinabang mula sa Iyong Pag-aaral ng Lumang Tipan . . . . . 1

**Paano Gamitin ang Manwal na Ito . . . . . 2**
Pambungad . . . . . 2
Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan . . . . . 2
Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan . . . . . 2
Home-Study Seminary Program . . . . . 2
Daily Seminary Program . . . . . 3

**Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan . . . . . 3**

**Tsart ng mga Babasahin sa Lumang Tipan . . . . . 4**
Mga Tulong sa Pag-aaral ng Latter-day Saint Editions ng mga Banal na Kasulatan . . . . . 5
Mga Cross-Reference . . . . . 5
Tulong sa mga Salita at Parirala . . . . . 5
Ang Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia . . . . . 5
Ang mga Mapa at Talatuntunan ng mga Pangalan ng Lugar . . . . . 5
Mga Chapter Heading, Section Heading, at Buod ng Talata . . . . . 5

**Kasanayan sa Pag-aaral . . . . . 5**
Bago Magbasa . . . . . 5
Habang Nagbabasa . . . . . 6
Pagkatapos Magbasa . . . . . 7

**Ang mga Aklat ng Genesis, Moises, at Abraham . . . . . 11**
Abraham 3 — Ang Buhay Bago ang Buhay sa Mundo at ang Kapulungan sa Langit . . . . . 11
Moises 1 — “Ito ang Aking Gawain at Aking Kaluwalhatian” . . . . . 12
Genesis 1; Moises 2 — Ang Paglikha . . . . . 13
Genesis 2; Moises 3 — Ang Paglikha kay Eva . . . . . 14
Genesis 3; Moises 4 — Ang Pagkahulog . . . . . 15
Genesis 4; Moises 5 — Pag-aalay at ang Pamilya ni Adan . . . . . 17
Genesis 5; Moises 6 — Itinuro ni Enoc ang mga Unang Alituntunin ng Ebanghelyo . . . . . 18
Genesis 5; Moises 7 — Ang Sion ay Iniakyat sa Langit . . . . . 19
Genesis 6; Moises 8 — Pangangaral ni Noe . . . . . 20
Genesis 7 — Ang Baha . . . . . 22
Genesis 8 — Tumigil ang Ulan . . . . . 22
Genesis 9 — Isang Bagong Panimula . . . . . 23
Genesis 10 — Mga Inapo ni Noe . . . . . 24
Genesis 11 — Ang Tore ng Babel . . . . . 24
Abraham 1 — Hinangad ni Abraham ang Priesthood . . . . . 25
Abraham 2 — Tumanggap si Abraham ng mga Tipan mula sa Diyos . . . . . 25
Genesis 12–13 — Huwag Magkaroon ng Pagtatalo . . . . . 26
Genesis 14 — Nakipagkita si Abraham kay Melquisedec . . . . . 27
Genesis 15 — Pinagtibay ang Isang Tipan . . . . . 27
Genesis 16 — Pinakasalan ni Abraham si Agar . . . . . 28
Genesis 17 — Ang Tipang Abraham . . . . . 28
Genesis 18 — “May Anomang Bagay Kayang Napakahirap sa Panginoon?” . . . . . 29
Genesis 19 — Sodoma at Gomorra . . . . . 30
Genesis 20–21 — Isang Pangakong Natupad . . . . . 30
Genesis 22 — Ang Pag-aalay kay Isaac . . . . . 31
Genesis 23 — Namatay si Sara . . . . . 32
Genesis 24 — Isang Asawa para kay Isaac . . . . . 32
Genesis 25 — Ano ang Kahalagahan ng Tipan? . . . . . 33
Genesis 26–27 — Natanggap ni Jacob ang mga Pagpapala ng Tipan . . . . . 34
Genesis 28 — Ang Banal na Karanasan ni Jacob . . . . . 34
Genesis 29 — Ang mga Anak ni Jacob, Bahagi 1 . . . . . 35
Genesis 30 — Ang mga Anak ni Jacob, Bahagi 2 . . . . . 36
Genesis 31 — Nilisan ni Jacob ang Padan-aram . . . . . 37
Genesis 32 — Naglakbay si Jacob Pauwi . . . . . 37
Genesis 33 — Nagtagpo si Jacob at si Esau . . . . . 38
Genesis 34 — Paghihiganti ng mga Anak na Lalaki ni Jacob . . . . . 38
Genesis 35 — Nagbalik si Jacob sa Bethel . . . . . 38
Genesis 36–37 — Si Jose at ang Balabal na May Sari-saring Kulay . . . . . 39
Genesis 38–39 — Ang Kabutihan ni Jose . . . . . 40
Genesis 40 — Si Jose sa Loob ng Bilangguan . . . . . 41
Genesis 41 — Si Jose at ang Faraon . . . . . 41
Genesis 42 — Nagpunta ang mga Kapatid ni Jose sa Egipto . . . . . 42
Genesis 43 — Nagbalik ang mga Kapatid ni Jose sa Egipto . . . . . 43
Genesis 44 — Sinubukan ni Jose ang Kanyang mga Kapatid . . . . . 43
Genesis 45 — Nagpakilala si Jose sa Kanyang mga Kapatid . . . . . 44
Genesis 46 — Muling Nagkasama ang Mag-ama! . . . . . 44
Genesis 47–48 — Inampon ni Jacob ang mga Anak na Lalaki ni Jose . . . . . 45
Genesis 49 — Basbas ng Patriyarka para sa mga Anak ni Israel . . . . . 45
Genesis 50 — Namatay sina Jacob at Jose . . . . . 46

**Ang Aklat ng Exodo . . . . . 47**
Exodo 1 — Ang Matatapang na Hilot . . . . . 48
Exodo 2 — Ang Kabataan ni Moises . . . . . 48
Exodo 3 — Ang Nagliliyab na Palumpong . . . . . 49
Exodo 4 — Nagbalik si Moises sa Egipto . . . . . 49
Exodo 5 — Ang Faraon na Matigas ang Puso . . . . . 50
Exodo 6 — Ako ang Panginoon . . . . . 50
Exodo 7–10 — Ang mga Salot . . . . . 51
Exodo 11–12 — Ang Paskua . . . . . 52
Exodo 13 — Ang Panganay . . . . . 53
Exodo 14 — Pagtawid sa Dagat na Pula . . . . . 54
Exodo 15 — Pagdaing, Bahagi 1 . . . . . 55
Exodo 16 — Pagdaing, Bahagi 2 . . . . . 55
Exodo 17 — Pagdaing, Bahagi 3 . . . . . 56
Exodo 18 — Upang Hindi Manghina si Moises . . . . . 56
Exodo 19 — Sa Bundok ng Sinai . . . . . 57
Exodo 20 — Ang Sampung Utos . . . . . 58
Exodo 21–23 — Mata Kung Mata, Ngipin Kung Ngipin . . . . . 59
Exodo 24 — Nakita ng Pitumpung Matatanda ang Diyos . . . . . 59
Exodo 25–27, 30 — Ang Tabernakulo . . . . . 59
Exodo 28–29 — Ang mga Saserdote sa Templo . . . . . 61

Exodo 31 — Tumawag ng mga Kalalakihan na Magtatrabaho sa Tabernakulo . . . . . . . 61
Exodo 32 — Ang Gintong Guya . . . . . . . . . . . . . . . . . . 62
Exodo 33 — Muling Nakita ni Moises ang Panginoon . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 62
Exodo 34 — Ang Nakabababang Batas . . . . . . . . . . . . 63
Exodo 35–40 — Itinayo at Inilaan ang Tabernakulo . . . . . 64

**Ang Aklat ng Levitico . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 64**
Levitico 1 — Ang Handog na Susunugin . . . . . . . . . . . 64
Levitico 2–7 — Iba Pang mga Handog . . . . . . . . . . . . . . . 65
Levitico 8–9 — Ang Pagtatalaga kay Aaron at sa Kanyang mga Anak . . . . . . . . . . . . . . 66
Levitico 10 — Kailangang Maging Banal ang mga Mayhawak ng Priesthood . . . . . . . . . . 66
Levitico 11 — Isang "Word of Wisdom" para sa mga Israelita . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 66
Levitico 12 — Malinis at Karumal-dumal . . . . . . . . . . . . 67
Levitico 13–14 — Ketong . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 67
Levitico 15–16 — Ang Araw ng Pagtubos . . . . . . . . . . . . . . 68
Levitico 17–18 — Iwasang Sumamba sa mga Diyus-diyusan . . . . . . . . . . . . . . . . . . 69
Levitico 19–20 — "Magpakabanal, Sapagka't Ako'y Banal" . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 69
Levitico 21–22 — Kabanalan ng Priesthood . . . . . . . . . . . . . 70
Levitico 23–25 — Mga Banal na Araw at Pagdiriwang . . . . 70
Levitico 26–27 — Mga Pagpapala o Sumpa . . . . . . . . . . . . . 70

**Ang Aklat ng Mga Bilang . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 71**
Mga Bilang 1–4 — Ang Census . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 71
Mga Bilang 5–8 — Mga Karagdagan sa Batas ni Moises . . . . 72
Mga Bilang 9 — Ang Unang Paskua sa Ilang . . . . . . . . . . . 73
Mga Bilang 10 — Pag-alis sa Sinai . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 74
Mga Bilang 11 — Ang mga Israelita ay Naudyukan ng Kanilang mga Pagnanasa . . . . . . . . . . 74
Mga Bilang 12 — Pagsang-ayon o Pagwaksi sa Propeta . . . 75
Mga Bilang 13–14 — Paghahanap sa Lupang Pangako . . . . . . 75
Mga Bilang 15 — Pagkakamit ng Kapatawaran . . . . . . . . . . 76
Mga Bilang 16 — Paghihimagsik Laban sa Propeta . . . . . . 76
Mga Bilang 17–19 — Ang mga Bunga ng Kalunus-lunos na Pangyayari . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 77
Mga Bilang 20 — Tatlumpu't Walong Taon ng Kabiguan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 77
Mga Bilang 21 — Ang Ahas na Tanso . . . . . . . . . . . . . . . . . . 78
Mga Bilang 22–24 — Ang Kuwento Tungkol kay Balaam . . . . 78
Mga Bilang 25–26 — Pagsumpa sa Israel . . . . . . . . . . . . . . . . . . 79
Mga Bilang 27 — Pagpili ng Bagong Pinuno para sa Israel . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 80
Mga Bilang 28–30 — Angkop Pa Rin Ngayon ang mga Dating Kautusan . . . . . . . . . . . . . . . . . . 80
Mga Bilang 31 — Namatay si Balaam . . . . . . . . . . . . . . . . . . 80
Mga Bilang 32 — Lupain para Kina Ruben at Gad . . . . . . . 80
Mga Bilang 33–36 — Mga Tagubilin para sa Lupang Pangako . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 81

**Ang Aklat ng Deuteronomio . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 81**
Deuteronomio 1–3 — Isang Paggunita sa Kasaysayan . . . . . . . . 82
Deuteronomio 4 — "Magingat Ka sa Iyong Sarili" . . . . . . . . . 82
Deuteronomio 5 — Ang Sampung Utos . . . . . . . . . . . . . . . . . 82
Deuteronomio 6 — Ang Dakilang Utos . . . . . . . . . . . . . . . . . . 83
Deuteronomio 7 — Magpakasal sa Loob ng Tipan . . . . . . . . . 83
Deuteronomio 8 — Alalahanin! . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 84
Deuteronomio 9–10 — Tutulong ang Panginoon . . . . . . . . . . . . 84
Deuteronomio 11 — Mga Pagpapala o Sumpa—Ikaw ang Pumili . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 85
Deuteronomio 12–13 — Iwasan ang Masasamang Gawain . . . . . . 85
Deuteronomio 14–17 — Mga Kaugalian ng mga Tao ng Diyos . . . 85
Deuteronomio 18 — Tunay at Bulaang mga Propeta . . . . . . . . 85
Deuteronomio 19–25 — Partikular na mga Batas para sa Piling mga Tao . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 85
Deuteronomio 26 — Ang Utang Natin sa Diyos . . . . . . . . . . . . 86
Deuteronomio 27–28 — Mga Pagpapala at Sumpa . . . . . . . . . . . . 86
Deuteronomio 29–30 — Pagbalik sa Panginoon . . . . . . . . . . . . . . . 87
Deuteronomio 31–32 — Ang Awit ni Moises . . . . . . . . . . . . . . . . . 88
Deuteronomio 33 — Mga Basbas sa Bawat Lipi . . . . . . . . . . . . 88
Deuteronomio 34 — Pamamaalam kay Moises . . . . . . . . . . . . . 88

**Ang Aklat ni Josue . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 89**
Josue 1 — "Magpakalakas Ka at Magpakatapang na Mabuti" . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 90
Josue 2 — Mga Tiktik sa Jerico . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 90
Josue 3–4 — Pagtawid sa Ilog Jordan . . . . . . . . . . . . . . . 91
Josue 5 — Isang Espesyal na Panauhin . . . . . . . . . . 91
Josue 6 — Gumuho ang mga Pader . . . . . . . . . . . . . 92
Josue 7 — Pagsakop sa Lungsod ng Hai . . . . . . . . . 92
Josue 8 — Pagsakop sa Hai . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 93
Josue 9 — Nalinlang ng mga Gabaonita . . . . . . . . . . 93
Josue 10 — Ang Araw at Buwan ay Tumigil . . . . . . . 93
Josue 11–21 — Patuloy ang Pananakop sa Canaan . . . . . 94
Josue 22 — Paninirahan sa Silangang Bahagi ng Jordan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 94
Josue 23–24 — "Piliin Ninyo sa Araw na Ito" . . . . . . . . . 95

**Ang Aklat ng Mga Hukom . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 95**
Mga Hukom 1 — Sino ang Makikipaglaban para sa Atin? . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 96
Mga Hukom 2–3 — Iniligtas ni Aod ang Israel . . . . . . . . . . . . 97
Mga Hukom 4–5 — Si Debora ang Propetisa . . . . . . . . . . . . . . . 97
Mga Hukom 6–8 — Gedeon . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 97
Mga Hukom 9–10 — Patuloy ang Paulit-ulit na Pangyayari . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 98
Mga Hukom 11–12 — Ang Kuwento ni Jephte . . . . . . . . . . . . . . 98
Mga Hukom 13 — Ang Pagsilang ni Samson . . . . . . . . . . . . 98
Mga Hukom 14–15 — Sunud-sunod na Pagkakamali . . . . . . . . . 99
Mga Hukom 16 — Samson at Dalila . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 99
Mga Hukom 17–21 — Nagdusa ang Israel Dahil sa Pagsuway . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 100

**Ang Aklat ni Ruth . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 100**
Ruth 1 — "Kung Saan Ka Pumaroon, ay Paroroon Ako" . . . . . . . . . . . . . . . . . . 100
Ruth 2 — Nakilala ni Ruth si Booz . . . . . . . . . . . . . 101
Ruth 3–4 — Ikinasal sina Ruth at Booz . . . . . . . . . . . 101

**Ang Unang Aklat ni Samuel . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 102**
I Samuel — "Dahil sa Batang Ito Ako Nanalangin" . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 103
I Samuel 2 — Ang mga Anak ni Eli . . . . . . . . . . . . . . . 104
I Samuel 3 — Narinig ni Samuel ang Panginoon . . . . 104
I Samuel 4–6 — Ang Kaban ng Tipan . . . . . . . . . . . . . . . . 105
I Samuel 7 — Ang Pagsisisi ay Naghahatid ng Tagumpay . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 105
I Samuel 8 — "Bigyan Mo Kami ng Isang Hari" . . . . . 106
I Samuel 9–10 — Si Saul ay Hinirang na Hari . . . . . . . . . . 107
I Samuel 11 — Pinamunuan ni Saul ang Israel sa Digmaan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 107

| | | |
|---|---|---|
| I Samuel 12 | Ang Panginoon Pa Rin ang Hari | 108 |
| I Samuel 13 | Gumawa ng Kahangalan si Saul | 108 |
| I Samuel 14 | Walang Kabuluhang Sumpa | 108 |
| I Samuel 15 | Ang Kahalagahan ng Pagsunod | 108 |
| I Samuel 16 | Pumili ng Bagong Hari ang Panginoon | 109 |
| I Samuel 17 | David at Goliath | 110 |
| I Samuel 18–23 | Hinangad ni Saul na Patayin si David | 110 |
| I Samuel 24 | Paggalang sa Hinirang ng Panginoon | 111 |
| I Samuel 25–26 | Mahalin ang Inyong mga Kaaway | 111 |
| I Samuel 27 | Si David sa Piling ng mga Filisteo | 112 |
| I Samuel 28 | Espirituwal na Kadiliman sa Buhay ni Saul | 112 |
| I Samuel 29–31 | Tagumpay ni David at Pagkamatay ni Saul | 112 |

**Ang Ikalawang Aklat ni Samuel** . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . **113**

| | | |
|---|---|---|
| II Samuel 1–3 | Pagkaraang Mamatay ni Saul | 113 |
| II Samuel 4–5 | Naging Hari si David | 113 |
| II Samuel 6 | Nakarating ang Kaban ng Tipan sa Jerusalem | 113 |
| II Samuel 7 | Nais ni David na Magtayo ng Templo | 114 |
| II Samuel 8–10 | Pulitikal at Personal na Tagumpay ni David | 114 |
| II Samuel 11–12 | Malalaking Kamalian ni David | 115 |
| II Samuel 13–14 | Ang mga Kasalanan ng mga Anak ni David | 116 |
| II Samuel 15–18 | Hinangad ni Absalom na Maging Hari | 117 |
| II Samuel 19–20 | Patuloy na mga Problema ni David | 117 |
| II Samuel 21–23 | Iba pang Bagay Tungkol kay David | 117 |
| II Samuel 24 | Iba pang mga Kamalian ni David | 118 |

**Ang Unang Aklat ng mga Hari** . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . **118**

| | | |
|---|---|---|
| I Mga Hari 1–2 | Ang Pagkamatay ni David | 119 |
| I Mga Hari 3 | Ano ang Ibibigay Ko sa Iyo? | 119 |
| I Mga Hari 4 | Inorganisa ni Salomon ang Kaharian | 119 |
| I Mga Hari 5–7 | Nagtayo ng Templo si Salomon | 120 |
| I Mga Hari 8 | Ang Templo ay Inilaan | 120 |
| I Mga Hari 9 | Nagpakita ang Panginoon kay Salomon | 121 |
| I Mga Hari 10 | Dumalaw ang Reyna ng Seba | 122 |
| I Mga Hari 11 | Tinalikuran ni Salomon ang Panginoon | 122 |
| I Mga Hari 12 | Nahating Kaharian | 122 |
| I Mga Hari 13–14 | Dobleng Problema | 123 |
| I Mga Hari 15–16 | Mga Bagong Hari, mga Dating Problema | 123 |
| I Mga Hari 17 | Ang Propetang si Elias | 123 |
| I Mga Hari 18 | Si Elias Laban sa 450 Saserdote ni Baal | 124 |
| I Mga Hari 19 | Marami Pang Natutuhan si Elias Tungkol sa Espiritu Santo | 125 |
| I Mga Hari 20–21 | Patuloy na Pagsuway ni Achab | 126 |
| I Mga Hari 22 | Si Propetang si Micheas | 126 |

**Ang Ikalawang Aklat ng mga Hari** . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . **126**

| | | |
|---|---|---|
| II Mga Hari 1 | Humingi ng Tulong ang Hari sa mga Diyus-Diyusan | 127 |
| II Mga Hari 2 | Iniakyat si Elias sa Langit | 127 |
| II Mga Hari 3–4 | Mga Himala | 128 |
| II Mga Hari 5 | Ang Paggaling ni Naaman | 129 |
| II Mga Hari 6–7 | Magtiwala sa Propeta | 129 |
| II Mga Hari 8 | Kabutihan sa Gitna ng Matinding Kasamaan | 130 |
| II Mga Hari 9–10 | Nilipol ang mga Inapo ni Achab | 130 |
| II Mga Hari 11–14 | Mas Masasamang Hari, Bahagi 1 | 130 |
| II Mga Hari 15–16 | Mas Masasamang Hari, Bahagi 2 | 131 |
| II Mga Hari 17 | Nabihag ang Hilagang Kaharian (Sampung Lipi) | 131 |
| II Mga Hari 18–19 | Makatarungang Haring Ezechias | 132 |
| II Mga Hari 20 | Marami Pang Bagay Tungkol kay Ezechias | 133 |
| II Mga Hari 21 | Ang Masamang Haring si Manases | 133 |
| II Mga Hari 22–23 | Ang Kapangyarihan ng Salita | 134 |
| II Mga Hari 24–25 | Binihag ng Babilonia ang Juda | 134 |

**Ang Una at Pangalawang Aklat ng mga Cronica** . . . . . . . . . . . . . **135**

| | | |
|---|---|---|
| II Mga Cronica 22:5–19 | Paghahandang Itayo ang Templo | 135 |
| II Mga Cronica 29:29 | “Ang mga Gawa ni David na Hari” | 135 |
| II Mga Cronica 3:1 | Sinimulang Itayo ni Salomon ang Templo | 136 |
| II Mga Cronica 7:1–12 | Ang Kaluwalhatian ng Panginoon | 136 |
| II Mga Cronica 11:13–17 | Nagbalik ang mga Levita | 136 |
| II Mga Cronica 15 | Sinunod ni Asa ang Payo ng Propeta | 136 |
| II Mga Cronica 20 | Ang Anak ni Asa na si Josaphat | 137 |
| II Mga Cronica 26:14–21 | Naging Ketongin si Uzzias | 137 |
| II Mga Cronica 29:1–11 | “Huwag Kayong Mangagpabaya” | 137 |
| II Mga Cronica 36:11–16 | Kasamaan sa Jerusalem | 138 |

**Ang Aklat ni Ezra** . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . **138**

| | | |
|---|---|---|
| Ezra 1 | Tinupad ni Ciro ang Propesiya | 139 |
| Ezra 2 | Sino ang Nagsibalik? | 139 |
| Ezra 3–6 | Ang Pagtatayo ng Templo | 139 |
| Ezra 7 | Ezra—Guro ng Batas | 140 |
| Ezra 8 | Paglalakbay Papuntang Jerusalem | 140 |
| Ezra 9–10 | Pagpapakasal sa mga Babaing Hindi Israelita | 140 |

**Ang Aklat ni Nehemias** . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . **141**

| | | |
|---|---|---|
| Nehemias 1 | Ang Panalangin ni Nehemias | 141 |
| Nehemias 2 | Nagpunta si Nehemias sa Jerusalem | 142 |
| Nehemias 3–4 | Naharap sa Oposisyon ang mga Tagapagtayo | 142 |
| Nehemias 5 | Nehemias: Isang Dakilang Pinuno | 143 |
| Nehemias 6 | Natapos ni Nehemias ang mga Kuta | 143 |
| Nehemias 7 | Ang mga Pangalan ng mga Nagsibalik | 143 |
| Nehemias 8 | Binasa ni Ezra ang mga Banal na Kasulatan sa mga Tao | 144 |
| Nehemias 9–10 | Ang Kapangyarihan ng Salita | 144 |
| Nehemias 11–12 | Ang Paglalaan ng Kuta | 145 |
| Nehemias 13 | Patuloy na Nangaral ng Pagsisisi si Nehemias | 145 |

**Ang Aklat ni Esther** . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . **145**

**Ang Aklat ni Job** . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . **147**

| | | |
|---|---|---|
| Job 1 | Nawala ang Lahat kay Job, Maliban sa | 147 |
| Job 2 | Marami Pang Pagsubok para kay Job | 148 |
| Job 3 | Bakit Pa Ba Ako Isinilang? | 148 |

Job 4–31 Pinayuhan si Job ng Kanyang mga Kaibigan 148
Job 32–37 Pang-apat na Kaibigan 149
Job 38–39 Nagsalita ang Panginoon 149
Job 40–42 Nakapasa si Job sa Pagsubok 149

**Ang Aklat ng Mga Awit 150**
Mga Awit 22 Isang Awit Tungkol kay Jesucristo 151
Mga Awit 23 "Ang Panginoon ay Aking Pastor" 152
Mga Awit 24 Ang Galak ng Pagdating ng Panginoon 152
Mga Piling Talata mula sa Mga Awit 153

**Ang Mga Kawikaan 154**
Mga Kawikaan Isang Pagbubuod 154

**Eclesiastes o, ang Mangangaral 155**
Eclesiastes 1–2 "Lahat ay Walang-Kabuluhan" 155
Eclesiastes 3 Mamuhay nang Maayos Hangga't Kaya Mo 156
Eclesiastes 4–5 Ano ang Nagpapasaya sa Iyo? 156
Eclesiastes 6 Lahat ay Wala Pa Ring Kabuluhan 156
Eclesiastes 7–11 Paghahanap ng Kaunting Kasiyahan sa Buhay 157
Eclesiastes 12 Ang Katapusan 157

**Ang Awit ng mga Awit [ni Salomon] 157**

**Ang Aklat ni Isaias 158**
Isaias 1 Nanawagan si Isaias sa Israel na Magsisi 158
Isaias 2 Magsiahon sa Bundok ng Panginoon 159
Isaias 3 Mga Propesiya Laban sa mga Mapagmataas 160
Isaias 4 Mga Pagpapala para sa Mapagpakumbaba 160
Isaias 5 Ang mga Kasalanan ng Israel 161
Isaias 6 Nakita ni Isaias ang Panginoon 161
Isaiah 7–8 Magtiwala sa Panginoon 161
Isaias 9 Isang Propesiya Tungkol sa Pagdating ng Mesiyas 162
Isaiah 10 Lilipulin ang mga Manlilipol 162
Isaias 11 Mga Mangyayari sa Hinaharap 162
Isaias 12 Purihin ang Panginoon 163
Isaias 13–14 Ang Babilonia at si Lucifer 163
Isaias 15–23 Mga Propesiya Laban sa mga Bansang Hindi Naglilingkod sa Panginoon 164
Isaias 24 Winasak ang Daigdig ng Masasama 165
Isaias 25 Pinapurihan ni Isaias ang Panginoon 166
Isaias 26 Awit ng Papuri ni Isaias 166
Isaias 27 Ang Panginoon at ang Kanyang Ubasan 166
Isaias 28 Payo sa mga Taong Mapagmataas 166
Isaias 29 Isang Kagilagilalas na Gawa at Kamanghamangha 167
Isaias 30–32 Magtiwala sa Panginoon 168
Isaias 33–34 Ang Ikalawang Pagparito ni Jesucristo 168
Isaias 35 Isang Mensahe ng Pag-asa 168
Isaias 36–39 Ang Kuwento Tungkol kay Haring Ezechias 169
Isaias 40 Ang Kapangyarihan at Kadakilaan ng Panginoon 169
Isaias 41–47 Manunubos ng Israel 170
Isaias 48 Isang Paanyaya na Bumalik 171
Isaias 49 Isang Mensahe sa Nakalat na Israel 171
Isaias 50 Magbalik sa Panginoon 172
Isaias 51–52 Gumising! At Lumapit sa Kanya 173
Isaias 53 Ipinropesiya ang Pagdurusa ni Jesucristo 173
Isaias 54 Ang Mabait na Asawang Lalaki 174
Isaias 55 Isang Paanyaya Mula sa Panginoon 174
Isaias 56 Inililigtas ng Panginoon ang Lahat ng mga Bansa 174
Isaias 57 Ang Panginoon ay May Kapangyarihang Magpagaling 174
Isaias 58 Pag-aayuno at ang Sabbath 175
Isaias 59 Mga Kasalanan at mga Ibubunga 175
Isaias 60 Hayaang Magliwanag ang Iyong Ilaw 176
Isaias 61 Ang Misyon ng Panginoon at ng Kanyang mga Lingkod 176
Isaias 62 Ang Pagtubos sa Sambahayan ni Israel 176
Isaias 63 Ang Ikalawang Pagparito ni Jesucristo 176
Isaias 64 Ang Panalangin ng Mabubuti 177
Isaias 65 Ang Milenyo 177
Isaias 66 Ang Pag-asa ng Sion 177

**Ang Aklat ni Jeremias 178**
Jeremias 1 Ang Pagtawag kay Jeremias 178
Jeremias 2–3 Mga Kasalanan ng Juda at ang Mensahe ni Jeremias 179
Jeremias 4–6 "Hindi Namin Kailangang Magsisi" 179
Jeremias 7 Ang Sermon ni Jeremias sa Templo 179
Jeremias 8 Marami Pang Kahatulan Laban sa Juda 180
Jeremias 9–10 Nanangis si Jeremias at Nanalangin para sa Juda 180
Jeremias 11–15 Ang mga Kahatulan ng Diyos 181
Jeremias 16 Pag-asa sa mga Huling Araw 181
Jeremias 17 Ang mga Kasalanan ng Juda 182
Jeremias 18–19 Paggawa ng Palayok at Juda 182
Jeremias 20 Mga Problema ni Jeremias 183
Jeremias 21–22 Mga Propesiya para sa Dalawang Hari 183
Jeremias 23 Mga Bulaang Propeta 183
Jeremias 24 Mabuti at Masamang Bunga 184
Jeremias 25–26 Ang Pagtanggi sa mga Propeta ay Humahantong sa Pagkabihag 184
Jeremias 27–28 Ang Pamatok ng Babilonia 184
Jeremias 29 Ang Sulat ni Jeremias sa mga Bihag 185
Jeremias 30 Ang Panginoon ay Nangakong Tutulong 185
Jeremias 31 Ang Pagtitipon ng Israel 186
Jeremias 32 Bumili si Jeremias ng Lupain 187
Jeremias 33 Kapayapaan sa Jerusalem 187
Jeremias 34 Pagpaparusa kay Sedechias at sa mga Judio 187
Jeremias 35 Ang mga Rechabita 187
Jeremias 36 Si Baruch na Eskriba o Tagasulat 188
Jeremias 37–44 Nasakop ng Babilonia ang Juda 188

| | | |
|---|---|---|
| Jeremias 45 | May mga Pagsubok Din ang Mabubuting Tao | 189 |
| Jeremias 46–51 | Pagkalipol ng mga Bansa | 189 |
| Jeremias 52 | Mga Huling Isinulat ni Jeremias | 189 |
| **Ang Mga Panaghoy ni Jeremias** | | **190** |
| Mga Panaghoy 1 | Ang mga Bunga ng Kasalanan | 190 |
| Mga Panaghoy 2–4 | Bakit Pinarusahan ang Juda | 190 |
| Mga Panaghoy 5 | Pagsamo ni Jeremias | 191 |
| **Ang Aklat ni Ezekiel** | | **191** |
| Ezekiel 1 | Ang Pangitain ni Ezekiel Tungkol sa Kaluwalhatian ng Diyos | 192 |
| Ezekiel 2–3 | Ang Tawag kay Ezekiel na Maglingkod | 192 |
| Ezekiel 4–5 | Mga Propesiya Tungkol sa Pagkawasak ng Jerusalem | 193 |
| Ezekiel 6–7 | Kasalanan at Kapahamakan | 193 |
| Ezekiel 8–11 | Bakit Nasakop ang Jerusalem | 193 |
| Ezekiel 12–17 | Bakit Nabihag? | 194 |
| Ezekiel 18 | Responsibilidad sa Kasalanan | 194 |
| Ezekiel 19–20 | Mga Pinuno na Ayaw Makinig | 195 |
| Ezekiel 21–24 | Ang Kasamaan ay Humahantong sa Kapahamakan | 195 |
| Ezekiel 25–32 | Ang Kaparusahan ng Iba Pang mga Bansa | 196 |
| Ezekiel 33 | Mga Bantay sa Moog | 196 |
| Ezekiel 34 | Ang mga Pastol ng Israel | 197 |
| Ezekiel 35 | Pagkawasak ng Edom | 198 |
| Ezekiel 36 | Isang Mensahe ng Pag-asa | 198 |
| Ezekiel 37 | Dalawang Pangitain Tungkol sa Pagpapanumbalik | 198 |
| Ezekiel 38–39 | Ang Digmaan ng Gog at Magog | 199 |
| Ezekiel 40–42 | Ang Pangitain ni Ezekiel Tungkol sa Isang Templo | 199 |
| Ezekiel 43–44 | Napuspos ng Kaluwalhatian ng Diyos ang Templo | 200 |
| Ezekiel 45–46 | Marami Pang Tungkol sa Templo | 200 |
| Ezekiel 47 | Ang Nakapagpapagaling na mga Tubig ng Templo | 200 |
| Ezekiel 48 | Nagtipon ang Israel at Napasakanila ang Panginoon | 200 |
| **Ang Aklat ni Daniel** | | **201** |
| Daniel 1 | Matatapat na Kabataang Israelita | 201 |
| Daniel 2 | Panaginip ni Nabucodonosor | 202 |
| Daniel 3 | Tatlong Magigiting na Binatilyo | 203 |
| Daniel 4–5 | Dalawang Haring Mapagmataas | 203 |
| Daniel 6 | Si Daniel sa Yungib ng mga Leon | 204 |
| Daniel 7–12 | Ang mga Panaginip at Pangitain ni Daniel Bilang Propeta | 204 |
| **Ang Aklat ni Oseas** | | **205** |
| Oseas 1–3 | Isang Tipan ng Kasal | 205 |
| Oseas 4–5 | Ang mga Kasalanan ng Israel at ng Juda | 206 |
| Oseas 6 | Nais ng Diyos ang Taos-Pusong Pagsisisi | 206 |
| Oseas 7–10 | Inaani ng Israel ang Kanyang Itinanim | 207 |
| Oseas 11 | Katibayan ng Pag-ibig ng Diyos | 207 |
| Oseas 12–14 | Isang Panawagan na Magbalik-loob sa Panginoon | 207 |
| **Ang Aklat ni Joel** | | **208** |
| Joel 1 | Matuto mula sa Pagsalakay ng mga Balang | 208 |
| Joel 2 | Sino ang Makaliligtas sa Araw na Iyon? | 208 |
| Joel 3 | Isang Malaking Digmaan | 209 |
| **Ang Aklat ni Amos** | | **209** |
| Amos 1–2 | Pagpaparusa sa Israel at sa mga Bansang Nakapaligid Dito | 209 |
| Amos 3 | Ang Papel ng mga Propeta | 210 |
| Amos 4 | "Sinikap Kong Matulungan Kayo" | 210 |
| Amos 5 | Hanapin ang Panginoon at Mabuhay | 211 |
| Amos 6 | Sa Aba Nila na Nangagwawalang Bahala | 211 |
| Amos 7–9 | Limang Pangitain ni Amos | 211 |
| **Ang Aklat ni Obadias** | | **212** |
| Obadias | Pagtubos sa mga Patay | 212 |
| **Ang Aklat ni Jonas** | | **213** |
| Jonas 1–2 | Matatakasan No Ba ang Panginoon? | 213 |
| Jonas 3–4 | Si Jonas sa Nineve | 213 |
| **Ang Aklat ni Mikas** | | **214** |
| Mikas 1–2 | Babagsak Kapwa ang Israel at Juda | 214 |
| Mikas 3 | Kinagalitan ang Masasamang Pinuno | 214 |
| Mikas 4 | Ang Panginoon ay Maghahari sa Sion | 215 |
| Mikas 5 | Ang Pagdating ng Mesiyas | 215 |
| Mikas 6–7 | Ang mga Kasalanan ng Israel at ang Awa ng Panginoon | 215 |
| **Ang Aklat ni Nahum** | | **216** |
| **Ang Aklat ni Habacuc** | | **216** |
| Habacuc 1–2 | Mga Tanong at mga Sagot | 216 |
| Habacuc 3 | Ang Panalangin ni Habacuc | 216 |
| **Ang Aklat ni Zefanias** | | **217** |
| Zefanias 1–2 | Araw ng Paghuhukom | 217 |
| Zefanias 3 | Mga Salita ng Panghihikayat | 217 |
| **Ang Aklat ni Hagai** | | **218** |
| Hagai 1 | Tapusin ang Templo | 218 |
| Hagai 2 | Patuloy na Magtayo! | 219 |
| **Ang Aklat ni Zacarias** | | **219** |
| Zacarias 1–6 | Walong Pangitain ni Zacarias | 219 |
| Zacarias 7–8 | Ang Jerusalem sa Kasalukuyan at sa Hinaharap | 220 |
| Zacarias 9 | Ang Paparating na Hari | 220 |
| Zacarias 10 | Mga Pangako sa mga Huling Araw | 220 |
| Zacarias 11–13 | Ang mga Judio at ang Kanilang Tagapagligtas | 221 |
| Zacarias 14 | Ang Ikalawang Pagparito | 221 |
| **Ang Aklat ni Malakias** | | **222** |
| Malakias 1 | Hindi Taos-pusong Pagsamba | 222 |
| Malakias 2 | Ang mga Saserdote ay Tinawag na Magsisi | 222 |
| Malakias 3–4 | Ang Pagparito ng Panginoon | 222 |

# Ilang Bagay na Dapat Mong Malaman Tungkol sa Lumang Tipan

## Isang Patotoo kay Cristo

Tulad ng lahat ng banal na kasulatan, ang Lumang Tipan ay saksi at patotoo na ang Diyos ay buhay, na si Jesucristo ang Tagapagligtas ng lahat ng tao, at kailangan natin silang sambahin at ipamuhay ang kanilang mga turo upang magkaroon ng kapayapaan sa buhay na ito at sa buhay na walang hanggan pagkamatay natin.

Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball, "Si Jesucristo ang Diyos ng Lumang Tipan, at Siya ang [nakipag-usap] kina Abraham at Moises. Siya ang nagbigay-inspirasyon kina Isaias at Jeremias; Siya ang nagpropesiya sa pamamagitan ng mga piling kalalakihang iyon tungkol sa mga mangyayari sa hinaharap" (sa Conference Report, Abr. 1977, 113; o *Ensign,* Mayo 1977, 76).

Pagkatapos ng kanyang Pagkabuhay na Mag-uli, si Jesus ay nagpakita sa dalawang lalaking naglalakad mula sa Jerusalem papuntang Emaus. Binanggit Niya ang mga propesiya ng Lumang Tipan tungkol sa kanyang sarili kaya't napuspos ng Espiritu ang kalalakihan at nag-alab sa kanilang mga puso ang patotoo (tingnan sa Lucas 24:13–32). Sa iyong pag-aaral ng Lumang Tipan, hanapin ang mga katotohanan na makapagtuturo sa iyo ng higit pa tungkol kay Jesucristo at kung paano mo maipamumuhay ang kanyang ebanghelyo. Bilang bahagi ng iyong pag-aaral, isusulat mo sa isang notbuk ang mga ideya at asaynment. Maaari kang maglaan ng espesyal na bahagi sa iyong notbuk para sa natututuhan mo na partikular na nagtuturo o nagpapatotoo kay Cristo. Maaari mo ring matuklasan na puno ang iyong puso ng patotoo kay Jesucristo habang pinag-aaralan mo ang tungkol sa kanya sa Lumang Tipan.

## Ang Kuwento ng Lumang Tipan

Ang Lumang Tipan ay nagsimula sa paglikha kina Adan at Eva, ang unang lalaki at babae. Pagkatapos ay may maikling kasaysayan ito tungkol sa mga inapo nina Adan at Eva hanggang sa panahon ni Noe nang lipulin ng isang malaking baha ang lahat ng tao at hayop, maliban kay Noe at sa kanyang pamilya at sa mga hayop na nasa arka. Pagkatapos isalaysay ang kuwento ni Noe, maikling iniulat ng Lumang Tipan ang mga pangyayaring humantong sa buhay ni Abraham, na gumawa ng mga pakikipagtipan (sagradong mga pangako) sa Diyos at tumanggap ng espesyal na mga pangako mula sa Diyos tungkol sa kanyang mga inapo. Ang mga pangakong ginawa ng Diyos kay Abraham ay tinatawag na "tipang Abraham" (tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* "Tipang Abraham"). Ang Tipang Abraham ay nagpatuloy sa anak ni Abraham na si Isaac at sa apong si Jacob, na pinangalanan ng Panginoon na Israel. Pagkatapos ay itinala ng Lumang Tipan ang mga pakikipag-ugnayan ng Diyos sa kanyang pinagtipanang mga tao, ang mga inapo ni Jacob, na tinatawag na "sambahayan ni Israel" o ang "mga anak ni Israel."

## Paunang Sulyap sa Lumang Tipan—Mga Nilalaman

Tingnan sa "Ang mga Pangalan at Pagkakasunud-sunod ng Lahat ng Aklat ng Matanda (Luma) at Bagong Tipan" sa harap ng iyong Biblia. Nang pagsama-samahin ang Lumang Tipan, hindi palaging inilalagay nang magkakasunod ang mga aklat. Makabubuting markahan ang mga nilalaman upang maalala mo ang iba't ibang uri ng mga isinulat sa Lumang Tipan. Halimbawa, ilagay ang sumusunod na apat na pangalan sa tabi ng mga aklat na tinutukoy nito sa nilalaman.

1. *Ang Batas.* Ang mga aklat mula Genesis hanggang Deuteronomio ay madalas tukuyin bilang "ang batas." Dahil si Moises ang sumulat ng mga ito kung minsan ay tinatawag itong "ang limang aklat ni Moises." Ang Genesis ay nagsimula sa Paglikha ng daigdig at kina Adan at Eva, at nagtapos ang Deuteronomio sa pagtatapos ng buhay ni Moises. Ang limang aklat na ito ay tungkol sa mga tipang ginawa ng Diyos sa tao at tungkol sa mga kautusang kailangang sundin ng tao bilang kanilang bahagi sa tipan.
2. *Ang Kasaysayan.* Ang mga aklat mula Josue hanggang Esther ay pagpapatuloy ng kasaysayan ng mga anak ni Israel sa loob ng mahigit anim na raang taon pagkatapos ni Moises. Ang mga aklat na ito ay karaniwang tinatawag na "ang kasaysayan." Karaniwan ay magkakasunod ang mga ito; gayunman, ang I–II Mga Cronica ay bersiyon ng isa pang manunulat tungkol sa gayunding kasaysayang matatagpuan sa I–II Mga Hari.
3. *Ang mga Tula.* Ang mga aklat mula Job hanggang Eclesiastes ay puno ng mga aral at paghahayag na isinulat nang patula; dahil dito, ang bahaging ito ay kilala bilang "ang mga tula." Ang Awit ng mga Awit (ni Salomon) ay nasa bahaging mga tula rin bagama't, sang-ayon kay Propetang Joseph Smith, ang akdang ito ay hindi inspirado (tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Awit ni Solomon"). Ang aklat ng Mga Awit ay naglalaman ng mga titik sa sagradong musika noong panahong iyon.
4. *Ang mga Propeta.* Ang mga aklat mula Isaias hanggang Malakias ay naglalaman ng mga turo ng iba't ibang propeta noong mga hari pa ang namumuno sa mga anak ni Israel. Hindi magkakasunod ang mga ito ayon sa kasaysayan. Hindi natin alam kung bakit gayon ang pagkakasunud-sunod ng mga ito sa kasalukuyan.


## Makinabang mula sa Iyong Pag-aaral ng Lumang Tipan

Ang mga kuwento sa Lumang Tipan ay ilan sa mga pinakabantog sa kasaysayan. Kung hindi natin alam ang mga iyon, malaking bahagi ng Bagong Tipan, Aklat ni Mormon, at Doktrina at mga Tipan ang hindi gaanong magiging makabuluhan. Ngunit hindi lang mga kuwento nito ang dapat nating malaman. Kailangan nating matutuhan ang totoong doktrina mula sa mga ito at ipamuhay ang doktrinang iyon.

Habang masigasig mong pinag-aaralan ang Lumang Tipan, may mga pagkakataon na aantigin ng Espiritu ang iyong puso at tutulungan kang maging higit na katulad ni Cristo. Sa loob ng libu-libong taon natulungan ng Lumang Tipan ang mga taong may pananampalataya na sundin ang plano ng Ama sa Langit.

# Paano Gamitin ang Manwal na Ito

Tulad ng isinasaad ng pamagat ng manwal, ito ay gabay sa iyong pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Ang manwal na ito ay tutulong sa sumusunod na mga paraan.


upang matanto ng mga Israelita na tulong ng Panginoon ang dahilan kaya sila nanalo.

Ang aklat ni Josue ay maaaring hatiin sa tatlong pangkalahatang bahagi:

- Ang pagsakop sa Canaan
- Paano hinati ni Josue ang lupain
- Ang mga huling tagubilin at patotoo ni Josue

Josue 1

"Magpakalakas Ka at Magpakatapang na Mabuti"

A

*Isipin kung gaano kalaking kakulangan at pagpapakumbaba ang nadama ni Josue nang tawagin siya upang pamunuan ang mga anak ni Israel pagkatapos ni Moises—isa sa mga pinakadakilang propeta sa kasaysayan. Habang binabasa mo ang Josue 1, hanapin kung ano ang sinabi ng Panginoon kay Josue para palakasin ang kanyang loob sa bago niyang tungkulin. Pag-isipan kung paano mo maiaangkop ang payong ito sa mga tungkuling ibinibigay sa iyo ng Panginoon at sa mga karanasan mo sa buhay.*

B

Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Josue 1*

**Tagapangasiwa** (t. 1)—Lingkod, katuwang

**Makatatayo sa harap** (t. 5)—Malalampasan, matatalo, o mapapalitan

**Huwag mahihiwalay sa iyong bibig** (t. 8)—Lumagi sa iyong isipan

**Sa dakong sinisikatan** (mga talata 14–15)—Silangan ng

**Kayo'y tatawid na may sandata, sa harap ng inyong mga kapatid, kayong lahat na makapangyarihang lalaking matapang** (t. 14)—Palakarin ang matatapang na kawal sa harap ng mga tao na dala ang kanilang mga sandata.

C

Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang dalawa sa sumusunod na mga aktibidad (A–C) habang pinag-aaralan mo ang Josue 1.

A Magpakalakas at Magpakatapang

1. Hanapin ang mga talata kung saan sinabi ng Panginoon kay Josue na magpakalakas at magpakatapang. Maaari mo itong markahan sa iyong mga banal na kasulatan.
2. Isulat kung paano ka magpapakalakas at magpapakatapang.

B Scripture Mastery: Ang Kahalagahan ng Pag-asa sa mga Banal na Kasulatan

Sa iyong notbuk, magdrowing ng isang poster na inaakala mong pinakamainam na kakatawan sa mensahe ng Josue 1:8. Tiyakin na kabilang sa poster mo kung ano ang dapat nating gawin sa mga banal na kasulatan (ang aklat ng mga batas) at anong mga pagpapala ang ipinangako kung gagawin natin ito.

C Ano ang Iyong Madarama?

1. Gaano kahalaga sa isang propeta ang suporta ng kanyang mga tao?
2. Kung makakausap mo sandali ang propeta ng Simbahan ngayon, ano ang sasabihin mo tungkol sa pagsisikap mong suportahan siya?

Josue 2

Mga Tiktik sa Jerico

*Itinuro ni Alma na ang pananampalataya ay pagtitiwala mo sa Diyos (tingnan sa Alma 36:3). Habang binabasa mo ang Josue 2, hanapin ang mga paraan na nagpamalas ng kanilang pananampalataya ang mga tao sa kabanatang ito.*

Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Josue 2*

**Patutot** (t.1)—Babaing mababa ang lipad

**Hindi ko talastas kung sila'y tagasaan** (t. 4)—Hindi ko alam kung saan sila nagmula

**Talastas** (t. 5)—Alam

**Mga puno** (t. 6)—Mahahabang bungkos

**Sa daan na patungo sa Jordan hanggang sa mga tawiran** (t. 7)—Sa mga lugar na maaaring tawirin ang Ilog Jordan

**Dinatnan kami ng pangingilabot sa inyo** (t. 9)—Natatakot kami sa inyo

**Sangbahayan** (t. 12)—Pamilya

**Tanda** (t. 12)—Palatandaang tutuparin mo ang sinabi mo

**Ang aming buhay ay ilalagak namin sa inyo** (t. 14)—Iniligtas ninyo ang aming buhay kaya ililigtas din namin kayo.

**Mabububo sa kaniyang ulo ang kaniyang dugo** (t. 19)—Siya ang mananagot sa sarili niyang pagkamatay.

**Mahuhulog sa aming ulo ang dugo niya** (t. 19)—Kami ang mananagot sa kanyang pagkamatay.

**Hindi ipagkakasala** (t. 20)—Malaya sa

90

## Pambungad

A

Makikita mong nakasulat sa ibaba ng bawat scroll ang mga pambungad sa mga kabanata ng mga banal na kasulatan na ipinababasa sa inyo at mga paliwanag ng mga kabanatang ipinababasa sa inyo. Ang bahaging "Pambungad" ay naglalaman ng sumusunod na impormasyon:

- Ang tagpo sa kasaysayan
- Pagpapaliwanag kung paano nauugnay ang scripture block sa nauna o kasunod na mga kabanata
- Mga tanong na pag-iisipan bago o habang ikaw ay nagbabasa upang tulungan kang magtuong mabuti sa mensahe ng scripture block

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

B

Ang bahaging "Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan" ay naglalaan ng tulong para sa mahihirap na salita at parirala kasama ang komentaryo na tumutulong upang maunawaan mo ang mga ideya at konseptong nilalaman ng mga banal na kasulatan. Kadalasang kasama sa mga komentaryong ito ang mga pahayag ng mga General Authority.

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

C

Ang bahaging "Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan" ay naglalaman ng mga tanong at aktibidad na tutulong sa iyong matuklasan, pag-isipan, at ipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo na matatagpuan sa mga banal na kasulatan. Gagawin mo ang mga aktibidad na ito sa isang notbuk o sa sarili mong papel yamang walang masusulatan sa manwal na ito.

Ang sumusunod na mga hakbang ay tutulong sa iyong pag-aaral ng mga banal na kasulatan:

- Magsimula sa panalangin.
- Basahin ang pambungad sa kabanatang pag-aaralan mo at isaalang-alang ang iba pang kasanayan sa pag-aaral sa "Bago Magbasa" (tingnan sa p. 5).
- Basahin ang itinakdang mga kabanata na pag-aaralan. Sa iyong pagbabasa, tingnan ang bahaging "Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan" ng manwal para sa tulong. Gamitin ang mga kasanayan sa pag-aaral sa "Habang Nagbabasa" (tingnan sa p. 6). Gamitin ang iyong notbuk o papel sa pagsusulat ng mga tala o tanong. Isulat din ang damdamin o impresyong mahalaga sa iyo.
- Gawin ang mga aktibidad sa bahaging "Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan" ng kabanatang iyong pinag-aaralan. Kung minsan maaari mong piliin kung aling mga aktibidad ang gagawin. Kung nais mong malaman pa ang tungkol sa Lumang Tipan, tapusin ang lahat ng aktibidad.

## Home-Study Seminary Program

Kung ikaw ay nasa home-study seminary program, ipinapakita sa iyo ng kasunod na tsart ng mga babasahin kung ano ang dapat mong basahin sa bawat linggo ng seminary. Alalahanin na ang seminary ay pang-araw-araw na programa sa pag-aaral ng relihiyon, na ang mapanalanging pagbabasa ng iyong mga banal na kasulatan ay dapat makagawian sa araw-araw, at dapat mong gawin ang mga asaynment mo sa seminary tuwing may pasok sa paaralan kahit na hindi ka araw-araw na dadalo sa seminary. Kung may humigit-kumulang sa tatlumpu't anim na linggo ang isang taon ninyo sa seminary, sasabihin sa inyo ng teacher o guro kung aling mga kabanata ang dapat ninyong basahin sa loob ng isang linggo at aling mga asaynment ang kukumpletuhin. Ang pagbabasa ng mga banal na kasulatan at paggamit ng manwal na ito ay dapat gugulan ng tatlumpu hanggang apatnapung minuto bawat araw na may pasok sa paaralan na hindi ka dadalo ng klase sa seminary.

Bawat linggo dapat mong ibigay sa iyong teacher ang mga pahina mula sa iyong notbuk na naglalaman ng iyong mga kaisipan tungkol sa talata ng banal na kasulatan at mga tanong na sinagot mo para sa linggong iyon. Babasahin at tutugunan ito ng iyong teacher at ibabalik ang iyong notbuk. Maaari kang magkaroon ng dalawang notbuk at halinhinang gamitin ang mga ito kada isang linggo. Maaari ka ring magsulat sa loose-leaf binder at ipasa ang mga pahinang ginawa mo sa linggong iyon. Kapag ibinalik ng iyong teacher ang mga pahina, ibalik ang mga ito sa notbuk.

## Daily Seminary Program

Kung ikaw ay nasa daily seminary program, gagamitin mo itong gabay sa pag-aaral ayon sa tagubilin ng iyong teacher.

# Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Ang manwal na ito ay gabay upang tulungan kang basahin, pag-aralan, at unawain ang mga banal na kasulatan. Karamihan sa iyong oras ng pag-aaral ay gugugulin sa pagbabasa at pag-iisip tungkol sa mga banal na kasulatan, kaya't isinama ang bahaging ito upang tulungan kang madagdagan pa ang natutuhan mo mula sa pag-aaral na iyon.

Si Elder Howard W. Hunter, bilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, ay nagbigay ng mahalagang payo sa mga miyembro ng Simbahan tungkol sa pag-aaral ng banal na kasulatan, na nakabuod sa ibaba. Maaari mong isulat ang mga ideyang ito sa isang kard o ilagay ang kard sa isang lugar na makikita mo ito habang ikaw ay nag-aaral.

- Basahing mabuti upang maunawaan ang mga banal na kasulatan.
- Mag-aral araw-araw.
- Magtakda ng regular na oras bawat araw kung kailan ka mag-aaral.
- Mag-aral sa isang lugar kung saan makapag-iisip kang mabuti nang walang manggugulo o gagambala sa iyo.
- Mag-aral sa loob ng takdang oras sa halip na magbasa ng ilang kabanata o pahina: mainam kung makapag-aaral sa loob ng animnapung minuto, malaki rin ang magagawa ng tatlumpung minuto, gayunman maaaring maging makabuluhan din ang labinlimang minutong pag-aaral.
- Gumawa ng plano sa pag-aaral. (Tingnan sa Conference Report, Okt. 1979, 91–93; o *Ensign*, Nob. 1979, 64–65.)

Kapag nasunod mo ang payong ito, may dalawa pang bagay na makatutulong sa iyo sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan: mga tulong sa pag-aaral na matatagpuan sa mga Latter-day Saint edition ng mga banal na kasulatan at paggamit ng mabuting kasanayan sa pag-aaral.

# Tsart ng mga Babasahin sa Lumang Tipan

| Mga Araw na Nagbasa Ako sa Loob ng Sampung Minuto o Higit Pa | | Mga Takdang Kabanatang Nabasa Ko sa Linggong Ito |
|---|---|---|
| L L M M H B S | *Linggo 1* | “Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan” |
| L L M M H B S | *Linggo 2* | Abraham 3:22–28 Moises 1 2 3 4 |
| L L M M H B S | *Linggo 3* | Moises 5 6 7 |
| L L M M H B S | *Linggo 4* | Moises 8 Genesis 6:14–22 7 8 9:1–17 11:1–9 |
| L L M M H B S | *Linggo 5* | Abraham 1 2 Genesis 13 14:13–24 15 16 17 |
| L L M M H B S | *Linggo 6* | Genesis 18 21:1–21 22 23 (aktibidad) |
| L L M M H B S | *Linggo 7* | Genesis 24 25:19–34 27 28 29 30:1–24 32 33 |
| L L M M H B S | *Linggo 8* | Genesis 35 37 39 40 41 |
| L L M M H B S | *Linggo 9* | Genesis 42 43 44 45 46 49 50 PJS, Genesis 50:24–38 |
| L L M M H B S | *Linggo 10* | Exodo 1 2 3 4 5 6 7 8 9 10 |
| L L M M H B S | *Linggo 11* | Exodo 12 13 14 15:22–27 16 17 |
| L L M M H B S | *Linggo 12* | Exodo 18 19 20–24 |
| L L M M H B S | *Linggo 13* | Mga Aktibidad para sa Exodo 25–27, 30 28 29 32 33 34 |
| L L M M H B S | *Linggo 14* | Levitico 1 10 11 14 16 19 26 |
| L L M M H B S | *Linggo 15* | Mga Bilang 6 9 11 12 13 14 16 21:4–9 22 23 24 27:12–23 |
| L L M M H B S | *Linggo 16* | Deuteronomio 4 6 7:1–6 8 10:10–22 26 28 30 32 |
| L L M M H B S | *Linggo 17* | Josue 1 2 3 4 5:10–15 6 7 10 23 24 |
| L L M M H B S | *Linggo 18* | Mga Hukom 6 7 8 13 14 15 16 Ruth 1 2 3 4 |
| L L M M H B S | *Linggo 19* | I Samuel 1 2 3 7 8 9 10 |
| L L M M H B S | *Linggo 20* | I Samuel 13 15 16 17 24 26 |
| L L M M H B S | *Linggo 21* | II Samuel 7 9 11 12 13 14 |
| L L M M H B S | *Linggo 22* | I Mga Hari 3 8 9:1–9 11 12 17 18 19 |
| L L M M H B S | *Linggo 23* | II Mga Hari 2 4 5 6 17 18 19 22 23 |
| L L M M H B S | *Linggo 24* | Mga piling bahagi mula sa I at II Cronica II Cronica 15 20 Ezra 9 10 Nehemias 1 6 8 |
| L L M M H B S | *Linggo 25* | Esther 1 2 3 4 5 6 7 8 9 10 Job 1 2 3 38 42 |
| L L M M H B S | *Linggo 26* | Mga Awit 22 23 24 Mga piling talata mula sa Mga Awit at Mga Kawikaan Eclesiastes 1 2 4 5 12 |
| L L M M H B S | *Linggo 27* | Isaias 1 2 4 5 11 14 |
| L L M M H B S | *Linggo 28* | Isaias 24 29 30:15–21 33:14–17 40 42:1–7 47:5–10 |
| L L M M H B S | *Linggo 29* | Isaias 48 49 50 53 55 58 61:1–3 63:1–9 65:17–25 |
| L L M M H B S | *Linggo 30* | Jeremias 1 7 9:23–24 16 17:5–8, 19–27 23 29:11–14 |
| L L M M H B S | *Linggo 31* | Jeremias 30 31 33:15–18 52 Mga Panaghoy 1 5 Ezekiel 2 3 |
| L L M M H B S | *Linggo 32* | Ezekiel 11:16–20 18 20:33–44 33 34 37 |
| L L M M H B S | *Linggo 33* | Daniel 1 2 3 6 |
| L L M M H B S | *Linggo 34* | Oseas 1 2 3 13:9–14 Joel 2 Amos 3 4 5:4–6, 14–15 8:11–12 Obadias 1:21 |
| L L M M H B S | *Linggo 35* | Jonas 1 2 3 4:1–11 Mikas 3 5:2 6:7–8 Habacuc 3:17–18 Zefanias 3 Hagai 1 |
| L L M M H B S | *Linggo 36* | Zacarias 9:9 10 11:12–13 12:10 13:6 14 Malakias 3 4 |

# Mga Tulong sa Pag-aaral ng mga Latter-day Saint Edition ng mga Banal na Kasulatan

## Mga Cross-Reference

Ang cross-reference ay isang reperensya ng banal na kasulatan na aakay sa iyo tungo sa karagdagang impormasyon at pananaw sa paksang iyong pinag-aaralan.

## Tulong sa mga Salita at Parirala

Ang mga salita at parirala ay nilagyan ng ganitong mga palatandaan:

- "HEB" ay nagsasaad ng salita sa wikang Hebreo (ang orihinal na wika ng Lumang Tipan).
- "GR" ay nagsasaad ng mga salitang Griyego (ang orihinal na wika ng Bagong Tipan).
- "IE" ay nagsasaad na ang ekspresyon ay isang idyoma o kawikaan (isang salita o katagang ginamit sa isang partikular na paraan noong isulat ang mga banal na kasulatan ngunit hindi na karaniwang ginagamit ngayon).

23*b* IE bribes. Ezek. 22: 12. TG Bribery.
*c* HEB 'do not do justice to.' TG Judgment.
24*a* D&C 101: 58.
25*a* HEB return; i.e. repeatedly chastise.
*b* Jer. 9: 7; Mal. 3: 3.
26*a* Jer. 33: 7 (7–8).
*b* TG Counselors.
*c* TG Jerusalem.
27*a* TG Zion.
*b* HEB justice.
*c* TG Conversion.
29*a* IE terebinth trees and gardens used in idol worship.
31*a* IE as a tuft of inflammable fibers.
*b* Isa. 9: 16 (16–21).
**2** 1*a* Isaiah chapters 2–14 are quoted from the brass plates by Nephi in 2 Ne. 12–24; there are some differences in wording which should be noted.
*b* HEB *khazah*, meaning 'envisioned.' It means Isaiah received his message through a vision from the LORD.
2*a* TG Last Days.
*b* Isa. 13: 2; Micah 4: 1 (1–3).
*c* TG Jerusalem, New.
*d* TG Dispensations; Restoration of the Gospel.
*e* 1 Kgs. 8: 41 (41–42). TG Israel, Mission of; Nations.

## Ang Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia

Iniutos ng Panginoon kay Propetang Joseph Smith na pag-aralan ang Biblia at hangarin ang paghahayag upang makamtan ang mas kumpleto at totoong salin ng Biblia (tingnan sa D at T 37:1; 73:3–4). Dahil dito, maraming ginawang mahalagang pagbabago si Propetang Joseph Smith sa Biblia sa mga bahagi kung saan hindi wasto ang pagkasalin nito (tingnan sa Ang Mga Saligan ng Pananampalataya 1:8). Ang mga pagbabagong ito ay tinatawag nating "Pagsasalin ni Joseph Smith." Ang salin ay nakadaglat bilang "PJS." Ilan sa Pagsasalin ni Joseph Smith ay matatagpuan sa isang apendise na pinamagatang "Mga Pinili Mula sa Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia" na nasa pahina 259 ng *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*.

## Ang mga Mapa at Talatuntunan ng mga Pangalan ng Lugar

Ang mga mapa at talatuntunan ng mga pangalan ng lugar, na matatagpuan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, ay makatutulong sa paghahanap ng mga lugar na binabanggit sa mga banal na kasulatan.

## Mga Chapter Heading, Section Heading, at Buod ng Talata

Ang mga chapter at section heading at buod ng talata ay nagpapaliwanag o nagbibigay ng mahalagang impormasyon tungkol sa mga naunang pangyayari upang tulungan kang maunawaan ang iyong binabasa. Halimbawa, anong makabuluhang impormasyon ang nakuha mo sa pagbabasa ng buod ng bahagi 89 ng Doktrina at mga Tipan?

Ang pagkakaroon ng mga tulong sa pag-aaral na matatagpuan sa Latter-day Saint editions ng mga banal na kasulatan ay tulad ng pagkakaroon ng maliit na koleksyon ng mga aklat ng reperensya na madali mong makuha—lahat ay nasa isang lugar!

# Kasanayan sa Pag-aaral

Sinabi ni Nephi na dapat tayong "magpakabusog" (2 Nephi 32:3) sa mga banal na kasulatan, at inutusan ni Jesus ang mga Nephita na "masigasig [na] saliksikin ang [mga ito]" (3 Nephi 23:1). Hindi lamang mabilis na pagbabasa ng mga banal na kasulatan ang kailangan sa ganitong uri ng pag-aaral. Ang sumusunod na mga ideya at kasanayan ay tutulong sa iyo upang mas marami pang matutuhan kapag ikaw ay nag-aaral. Nahahati sa tatlong kategoriya ang mga ito: bago magbasa, habang nagbabasa, at pagkatapos magbasa.

## Bago Magbasa

### *Panalangin*

Ang mga banal na kasulatan ay isinulat sa pamamagitan ng inspirasyon. Dahil dito, pinakamainam na mauunawaan ang mga ito kapag nasa atin ang Espiritu. Sa Lumang Tipan nalaman natin ang tungkol sa saserdoteng si Ezra, na "inilagak ang kaniyang puso na hanapin ang kautusan ng Panginoon" (Ezra 7:10). Inilalagak natin ang ating mga puso na basahin ang mga banal na kasulatan sa pamamagitan ng pagdarasal sa tuwing magbabasa tayo.

### *Kumuha ng Impormasyon Tungkol sa Pinagmulan*

Ang pag-unawa sa pangyayari sa kasaysayan ng mga banal na kasulatan ay tutulong sa iyong magkaroon ng mas malawak na kabatiran sa iyong pagbabasa. Ang *Gabay sa mga Banal na Kasulatan* ay naglalaan ng pangyayari sa kasaysayan at maikling buod ng nilalaman at pangunahing mga tema ng bawat aklat. Ang buod ng mga bahagi sa Doktrina at mga Tipan ay nagbibigay ng maikling paliwanag tungkol sa kasaysayan ng mga paghahayag. Ang manwal na ito ay nagbibigay rin ng kaunting kasaysayan o pinagmulang pangyayari sa maraming kabanata sa mga banal na kasulatan. Kung may panahon ka, maaari mo ring tingnan ang iba pang mga aklat at manwal na inaprubahan ng Simbahan na nagbabanggit sa kasaysayan o pinagmulan ng pangyayari sa banal na kasulatan na iyong binabasa.

### *Magtanong*

Bago ka magbasa makabubuting itanong muna sa iyong sarili "Sino ang sumulat sa mga talatang ito?" "Para kanino?" "Bakit kasama ang turong ito sa mga banal na kasulatan?" "Ano ang gusto kong malaman o matutuhan sa pagbabasa ko ngayon?" at "Ano ang gusto ng Panginoon na matutuhan ko mula sa mga banal na kasulatang ito?" Habang binabasa mo ang mga banal na kasulatan, hanapin ang mga sagot sa iyong mga katanungan. Tandaan na magagamit mo rin ang mga tulong sa pag-aaral na

nasa Gabay sa mga Banal na Kasulatan o maghanap ng mga kasagutan sa mga manwal o lathalain ng Simbahan.

### *Basahin ang mga Chapter Heading o Buod ng Kabanata*

Ang mga chapter heading o buod ng kabanata ay simpleng pagbubuod ng mga pangunahing ideya sa isang kabanata. Ang pagbabasa ng chapter heading o buod ng kabanata bago mo simulan ang isang kabanata ay hindi lamang magandang kaugalian sa pagbabasa kundi makatutulong din upang maihanda ang iyong sarili na magtanong at maghanap ng mga sagot habang ikaw ay nagbabasa.

## Habang Nagbabasa

### *Huwag Matakot na Tumigil*

Karamihan sa mga tipak ng ginto ay hindi makikita sa ibabaw ng lupa—kailangan mong hukayin ang mga ito. Mas magiging makabuluhan ang iyong pag-aaral ng mga banal na kasulatan kung magdadahan-dahan ka o titigil at gagawin ang ilan sa kasunod na mga aktibidad.

### *Hanapin ang mga Kahulugan ng mga Salitang Hindi Mo Nauunawaan*

Gumamit ng diksyunaryo. Kung minsan ang paghahanap sa isang salitang inaakala mong alam mo na ay makapagbibigay sa iyo ng karagdagang kaalaman. Ang bahaging "Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan" ng manwal na ito ay tutulong sa iyo na maunawaan ang maraming mahihirap na salita at parirala.

Dapat mong malaman na minsan ay binibigyang-inspirasyon ng Panginoon ang kanyang mga propeta na isama ang mga paliwanag sa kanilang mga isinulat na tumutulong na malaman natin ang ibig sabihin ng mga salita at parirala. Halimbawa, basahin ang Mosias 3:19 at itanong sa iyong sarili kung ano ang ibig sabihin ng maging tulad ng isang bata.

### *Gamitin ang mga Tulong sa Pag-aaral sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan*

Tingnan sa bahaging "Mga Tulong sa Pag-aaral sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*," sa pahina 5.

### *Ihalintulad ang Banal na Kasulatan*

Ang paggamit ng iyong pangalan sa isang talata ay tumutulong para maging mas personal ang mga turo sa banal na kasulatan. Halimbawa, ano ang magiging kaibhan kung gagamitin mo ang iyong pangalan kapalit ng "tao" sa Moises 1:39?

### *Ilarawan sa Isipan*

Ilarawan sa iyong isipan ang nangyayari. Halimbawa, kapag binasa mo ang Genesis 37, isipin kung ano ang mararamdaman mo kung isa ka sa mga mas batang kapatid sa isang pamilya at lahat ng kuya mo ay galit o naiinggit sa iyo.

Kung minsan sinasabi sa atin ng mga banal na kasulatan na ilarawan sa ating isipan ang isang bagay. Basahin ang Alma 5:15–18 at tumigil para gawin ang iminumungkahi ni Alma. Mag-ukol ng panahon sa pagsulat ng nadarama mo habang inilalarawan sa iyong isipan ang mga talatang iyon.

### *Hanapin ang mga Salitang Pang-ugnay*

Kabilang sa mga salitang pang-ugnay ang *at, ngunit, dahil, samakatuwid,* at *gayunman.* Kapag nabasa mo ang mga salitang ito, pansinin kung paano ka tinutulungan ng mga ito na maunawaan ang dalawa o mahigit pang mga ideya. Kung minsan ipinapakita ng mga ito kung paano nagkatulad o nagkaiba ang dalawa o mahigit pang mga bagay.

Halimbawa, kung iniisip mo kung ano ang ipinahihiwatig ng salitang *dahil* sa Mosias 26:2–3, malalaman mo ang isang mahalagang katotohanan sa pag-aaral ng banal na kasulatan.

2 Hindi sila naniwala sa mga nasabi na hinggil sa pagkabuhay na mag-uli ng mga patay, ni hindi sila naniwala hinggil sa pagparito ni Cristo.
3 At ngayon, dahil sa kanilang kawalang-paniniwala ay hindi nila [a]maunawaan ang salita ng Diyos; at ang kanilang mga puso ay matitigas.

Ang *dahil* ay nagpapahiwatig ng kaugnayan ng sanhi at bunga sa pagitan ng kawalang-pananalig ng mga tao at ng kanilang kakayahang maunawaan ang mga banal na kasulatan at mga salita ng mga propeta.

Basahin ngayon ang Doktrina at mga Tipan 45:30–32 at pansinin kung paanong ang salitang *subalit* ay nagpapakita ng pagkakaiba ng kalagayan ng masasama at ng mabubuti sa mga huling araw.

30 At sa salinlahing yaon ang panahon ng mga Gentil ay matutupad.
31 At may mga taong mabubuhay sa salinlahing yaon, na hindi mamamatay hanggang sa makita nila ang labis na [a]pagpaparusa; sapagkat isang mapamanglaw na karamdaman ang babalot sa lupa.
32 Subalit ang aking mga disipulo ay [a]tatayo sa mga banal na lugar, at hindi matitinag; subalit sa masasama, ang mga tao ay magtataas ng kanilang mga tinig at [b]isusumpa ang Diyos at mamamatay.

Ang pagbibigay-diin sa salitang *subalit* ay makapagbibigay sa atin ng katiyakan na hindi daranasin ng mabubuti ang ilang kapahamakan bago ang Ikalawang Pagparito.

### *Hanapin ang mga Pattern*

Sa 2 Nephi 31:2, sinabi ni Nephi na gusto niyang sumulat ng ilang salita tungkol sa doktrina ni Cristo. At pagkatapos sa talata 21 nagpatotoo siya na kapapaliwanag lang niya sa doktrina ni Cristo. Ngayong nalaman nating itinuro ni Nephi ang doktrina ni Cristo sa pagitan ng mga talata 2 at 21, dapat nating balikan at pag-aralan pa ang mga salita ni Nephi upang malaman kung ano ang doktrina ni Cristo.

Ang isa pang halimbawa ng paghahanap ng mga pattern ay ang paghahanap ng paliwanag ng propeta sa sanhi at bunga sa pamamagitan ng pag-oobserba sa paggamit niya ng mga salitang *kung* at *pagkatapos.* Sa Levitico 26, nagpropesiya si Moises tungkol sa mga pagpapala o sumpa na darating sa mga anak ni Israel. Tingnan ang mga talata 3–4, 18, 23–24, 27–28, at 40–42 at pansinin na ginamit ni Moises ang pattern na kung-pagkatapos nang ituro niya sa mga anak ni Israel kung ano ang mangyayari kung susundin nila o hindi ang mga kautusan ng Diyos.

Ang pag-uulit ng isang salita o ideya ay isa pang pattern na dapat tingnan. Halimbawa, pansinin kung ilang beses binanggit ng manunulat sa Genesis 39 na ang Diyos ay na kay Jose.

### *Hanapin ang mga Listahan sa mga Banal na Kasulatan*

Makatutulong ang mga listahan upang mas malinaw mong makita ang itinuturo ng Panginoon at ng kanyang mga propeta. Ang Sampung Utos ay isang listahan (tingnan sa Exodo 20). Ang Lubos na mga Pagpapala sa Mateo 5 ay madaling makita bilang listahan. Ang paghahanap ng iba pang mga listahan

ay maaaring mangailangan ng dagdag pang pagsisikap. Halimbawa, gumawa ng listahan mula sa Doktrina at mga Tipan 68:25–31 tungkol sa sinabi ng Panginoon na kailangang ituro ng mga magulang sa kanilang mga anak.

### *Magtanong*

Patuloy na magtanong tulad ng ibiniling gawin mo sa bahaging "Bago Magbasa" na nasa pahina 5. Habang nagbabasa, maaari mong ulitin sa ibang paraan ang mga itinanong mo bago magbasa o maaari kang makaisip ng ibang mga tanong. Ang paghahanap ng mga sagot sa mga tanong ay isa sa pinakamahahalagang paraan ng pagkakaroon natin ng mas malawak na pang-unawa mula sa ating pag-aaral ng banal na kasulatan. Isa sa mga pinakamahalagang tanong ay "Bakit kaya binigyang-inspirasyon ng Panginoon ang sumulat na isama ito sa mga banal na kasulatang ito?" Hanapin ang mga pahiwatig na iniiwan kung minsan ng mga sumulat kapag may sinabi silang tulad ng "at sa gayon nakikita natin."

### *Sagutin ang mga Tanong na nasa mga Banal na Kasulatan*

Maraming beses na nagtatanong ang Panginoon at pagkatapos ay sinasagot Niya ang isang tanong. Tinanong Niya ang mga disipulong Nephita, "Maging anong uri ng mga tao ba nararapat kayo?" Pagkatapos ay sumagot Siya, "Maging katulad ko" (3 Nephi 27:27).

Sa ibang mga pagkakataon may mga itinatanong ngunit walang ibinigay na kasagutan—karaniwan dahil iniisip ng may-akda na kitang-kita na ang sagot. Gayunman, kung minsan hindi sumasagot ang mga manunulat, dahil ang katanungan ay maaaring kailangang pag-isipan pa at hindi agaran ang sagot. Halimbawa, basahin ang Marcos 4:35–41 at magbigay ng sagot sa apat na tanong na nasa mga talatang iyon na para bang naroon ka noon.

### *Maghanap ng mga Katulad at Simbolikong Kahulugan*

Kadalasan ang mga propeta ay gumagamit ng mga simbolo at matalinghagang paglalarawan para mas mabisang maiparating ang kanilang mga mensahe. Halimbawa, ang mga talinghaga ay paraan ng pagsasabi ng isang mensahe sa simpleng paraan at sa mas malalim na kahulugan. Ang kuwento sa isang talinghaga ang dahilan kung bakit ang aral na itinuturo ay mas madaling tandaan at makabuluhan.

Ang sumusunod na mga mungkahi ay makatutulong upang maunawaan mo ang mga simbolo sa mga banal na kasulatan:

1. Hanapin ang interpretasyon o pakahulugan sa mga banal na kasulatan. Halimbawa, nagkaroon ng pangitain si Lehi sa 1 Nephi 8. Kalaunan si Nephi ay nagkaroon ng pangitain kung saan nakita niya ang mga bagay na nakita ng kanyang ama, kaakibat ang mga interpretasyon ng mga simbolo sa pangitain ng kanyang ama (tingnan sa 1 Nephi 11–14).
2. Isipin ang mga katangian ng simbolo at kung ano ang maaaring itinuturo sa iyo ng simbolo. Ginamit ni Alma ang kasanayang ito nang ipaliwanag niya ang Liahona sa kanyang anak (tingnan sa Alma 37:38–47).
3. Tingnan kung may itinuturo ba sa iyo ang simbolo tungkol sa Tagapagligtas. Sinabi ng Panginoon kay Adan na "lahat ng bagay ay nagpapatotoo sa [kanya]" (Moises 6:63). Halimbawa, paano nagpapatotoo sa sakripisyo ni Jesucristo ang iba't ibang elemento sa kuwento ng pag-aalay ni Abraham sa kanyang anak na si Isaac?

### *Magsulat*

Dapat ay may nakahanda kang papel o notbuk para isulat ang mga ideya na gusto mong tandaan, tulad ng mga listahan, espesyal na kaalaman o ideyang nakuha mo, o ang nadarama mo tungkol sa binasa mo. Upang matulungan kang tandaan ang mga kaisipan o ideya sa susunod na magbasa ka, maaari mo ring isulat ang mga ideyang ito sa mardyin ng iyong mga banal na kasulatan.

Maraming tao ang gustong markahan ang mahahalagang salita at kataga sa kanilang mga banal na kasulatan. Walang tama o maling paraan ng paggawa nito. Kinukulayan o ginuguhitan ng ilang tao ang mahahalagang salita at kataga na nagbibigay ng espesyal na kahulugan sa isang talata. Ang isa pang paraan ng pagmamarka sa mga banal na kasulatan ay ang pagsulat ng cross-reference sa isa pang talata ng banal na kasulatan sa mardyin nito. Ang paggawa nito sa ilang talata na magkakapareho ang paksa ay magdurugtong sa mga banal na kasulatang ukol sa iisang paksa na matatagpuan mo kapag nahanap mo ang isa sa magkakarugtong na talata ng banal na kasulatan. Ang pagmamarka ng mga banal na kasulatan ay kadalasang nakatutulong upang mas madali mong mahanap ang mahahalagang talata.

## Pagkatapos Magbasa

### *Magnilay-nilay*

Ang pagninilay-nilay ay pag-iisip nang malalim tungkol sa isang bagay, upang timbangin ito sa iyong isipan, magtanong at suriin kung ano ang alam mo at ano ang iyong natutuhan. Kung minsan ang tawag dito ng mga banal na kasulatan ay "pagbubulay" (tingnan sa Josue 1:8). May ilang magagandang halimbawa sa mga banal na kasulatan kung saan dumating ang mahahalagang paghahayag dahil sa pagninilay, lalo na sa pagninilay ng mga banal na kasulatan (tingnan sa D at T 76:15–20; 138:1–11).

### *Ihalintulad ang mga Banal na Kasulatan sa Iyong Sarili*

Ang paghahalintulad ng mga banal na kasulatan sa iyong sarili ay pagkukumpara nito sa sarili mong buhay. Upang maihalintulad ang mga banal na kasulatan sa iyong sarili, kailangan mong itanong ang tulad ng "Anong mga alituntunin ng ebanghelyo ang itinuturo sa mga banal na kasulatan na kababasa ko lang?" at "Paano nauugnay ang mga alituntuning iyon sa aking buhay?" Ang isang mahalagang bahagi ng paghahalintulad ng mga banal na kasulatan sa iyong sarili ay ang pakikinig sa mga pahiwatig ng Espiritu, na ipinangako ng Panginoon na "papatnubayan niya kayo sa buong katotohanan" (Juan 16:13).

Halimbawa, inihalintulad ni Nephi ang mga banal na kasulatan sa kanyang sarili at sa kanyang pamilya sa pamamagitan ng pag-uugnay ng ilang prinsipyong itinuro ni Isaias sa kanilang sitwasyon. Itinuro niya sa kanyang mga kapatid na sila, tulad ng mga anak ni Israel, ay lumayo sa Diyos—hindi Diyos ang lumayo sa kanila. Itinuro din niya na kung magsisisi sila, magiging maawain ang Panginoon at patatawarin sila (tingnan sa 1 Nephi 19:24; 21:14–16). Sinabi ni Nephi na sa pamamagitan ng paghahalintulad sa mga salita ni Isaias sa kanyang sarili at sa kanyang mga kapatid, ang kanilang paniniwala kay Jesucristo bilang Manunubos ay maaaring maragdagan (tingnan sa 1 Nephi 19:23).

### *Basahing Muli*

Kitang-kita naman na hindi natin natututuhan ang lahat sa isang talata ng banal na kasulatan sa unang pagbasa natin nito. Sa katunayan, habambuhay na pag-aaral ang kailangan upang tunay na maunawaan ang mga banal na kasulatan. Kadalasan,

nagsisimula tayong makakita ng mga pattern, mas nailalarawan sa ating isipan, at mas nauunawaan ang mga banal na kasulatan pagkatapos ng dalawa o tatlong pagbasa. Maaari kang maghanap ng mga bagong turo o mag-iba ng mga tanong sa muling pagbasa mo. Ang pagsubok na muling isulat ang isang kuwento o kahit isa o dalawang talata sa sarili mong salita ay makatutulong upang matuklasan mo kung nauunawaan mo ba o hindi ang iyong binasa at matutulungan kang maunawaan nang mas mabuti ang mga banal na kasulatan.

### *Magsulat*

Ang ilang tao ay may journal kung saan isinusulat nila ang pangunahing ideya ng kanilang nabasa, ang pakiramdam nila sa nabasa nila, o kung paano sa palagay nila naaangkop sa buhay nila ang kanilang nabasa. Kung gamit mo ang manwal na ito para sa home-study seminary, kailangan ay mayroon kang isang notbuk para mabigyan ka ng marka. Ang notbuk na ito ay magsisilbing journal ng banal na kasulatan.

Mabuti ring sabihin sa iba ang tungkol sa nabasa mo. Ang pagsusulat ng ilang tala para matandaan mo ang gusto mong talakayin o pag-usapan tungkol sa natutuhan mo ay makatutulong para mas maunawaan at matandaan ang iyong nabasa.

### *Ipamuhay*

Ang tunay na kahalagahan ng kaalamang natutuhan mo mula sa mga banal na kasulatan ay dumarating kapag ipinamuhay mo ang iyong natutuhan. Ang pagiging mas malapit sa Panginoon at pagkadama ng kapayaang ibinibigay Niya ay ilan lamang sa mga pagpapalang natatanggap ng mga taong namumuhay ayon sa ebanghelyo. Bukod dito, sinabi ng Panginoon na ang mga taong ipinamumuhay ang natutuhan nila ay lalo pang bibigyan, samantalang ang mga ayaw ipamuhay ang natutuhan nila ay mawawalan ng kaalamang taglay nila (tingnan sa Alma 12:9–11).

> "Magpakabusog kayo sa mga salita ni Cristo; sapagkat masdan, ang mga salita ni Cristo ang magsasabi sa inyo ng lahat ng bagay na dapat ninyong gawin" (2 Nephi 32:3)



# Ang mga Aklat ng Genesis, Moises, at Abraham

## Ang Aklat ng Genesis

Ang aklat ng Genesis ang una sa limang aklat na isinulat ni Moises. Saklaw nito halos ang dalawampu't limang daang taon ng kasaysayan—higit kaysa iba pang bahagi ng Biblia, kabilang na ang Bagong Tipan! Marami sa mga pinakatanyag na kuwento sa Biblia ay mula sa Genesis, gaya ng Pagkahulog nina Adan at Eva, pagpatay ni Cain kay Abel, si Noe at ang Baha, ang pagtatayo ng Tore ng Babel, ang muntik nang pag-aalay ni Abraham sa kanyang anak na si Isaac, at ang pagbebenta kay Jose sa Egipto. Para sa dagdag na kaalaman tungkol sa aklat, hanapin ang "Genesis" sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan* sa tatlong pinagsama-samang aklat ng banal na kasulatan.

## Ang Aklat ni Moises

Sa loob ng ilang buwan pagkatapos maorganisa ang Simbahan noong 6 Abril 1830, iniutos ng Panginoon kay Propetang Joseph Smith na gawan ng "salin" ang Biblia. Mula sa Aklat ni Mormon, nalaman ng Propeta na "maraming bahagi na malinaw at pinakamahalaga" ang nawawala sa Biblia (tingnan sa 1 Nephi 13:23–28). Ang pagsasalin niya ng Biblia ay kinabilangan ng pagpapanumbalik ng mga katotohanang nawala sa Biblia dahil sa kapabayaan ng mga taong kumopya sa teksto o dahil inalis ng masasamang tao ang mga katotohanang ayaw nilang malaman ng ibang tao. Ang kumpletong bersiyon ng pagsasaling ito ng Biblia ay di kailanman nailathala noong panahon ni Propetang Joseph Smith. Gayunman, ngayon ay mababasa natin ang mga pagbabagong ginawa niya, at ang pinakamahahalaga dito ay matatagpuan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*.




Maraming pagbabago ang ginawa sa Pagsasalin ni Joseph Smith (PJS) ng Genesis 1–6 kung kaya't hiwalay na inilimbag ito sa Mahalagang Perlas at tinawag na aklat ni Moises. May walong kabanata sa Moises. Ang Moises 1 ay gaya ng paunang salita sa karaniwan nating itinuturing na pambungad sa Biblia at naglalaman ng impormasyong hindi matatagpuan sa Genesis.

Dahil ang aklat ni Moises ay mas kumpleto at tumpak na bersiyon ng mga turo sa Genesis 1–6, tutulungan ka ng gabay sa pag-aaral na ito na mabasa, maunawaan, at matuto mula sa aklat ni Moises.

## Ang Aklat ni Abraham

Dahil isinasalaysay sa mga paghahayag sa Abraham ang mga unang bahagi ng Biblia, ang mga ito ay pinag-aaralang kasabay ng unang bahagi ng Genesis at ng aklat ni Moises. Noong 1835 si Propetang Joseph ay nakatanggap ng ilang sinaunang kasulatan ng mga Egipcio na natagpuan ng mga archaeologist sa Egipto. Kasama sa mga kasulatang ito ang ilan sa mga isinulat at mga turo ng propetang si Abraham, na isinalin ni Propetang Joseph Smith. Kasama rin ang mga ito sa Mahalagang Perlas at tinatawag itong aklat ni Abraham. Ang unang dalawang kabanata ay tungkol sa buhay ni Abraham at tinatalakay dito sa gabay sa pag-aaral kasabay ng Genesis 11–12. Ang huling tatlong kabanata ng aklat ni Abraham ay naglalaman ng mga paghahayag na natanggap ni Abraham tungkol sa buhay bago ang buhay dito sa mundo at sa paglikha ng mundo. Sisimulan mo ang iyong pag-aaral ng Lumang Tipan sa pamamagitan ng pagbasa ng salaysay tungkol sa buhay bago ang buhay na ito na matatagpuan sa Abraham 3.

Dapat kang matulungan ng kasunod na tsart na makita kung paanong nauugnay ang mga inspiradong karagdagan mula sa mga aklat nina Moises at Abraham sa aklat ng Genesis.




# Abraham 3

## Ang Buhay Bago ang Buhay sa Mundo at ang Kapulungan sa Langit

*Pagkatapos utusan ng Panginoon si Abraham na magpunta sa Egipto, itinuro niya rito ang mga katotohanan tungkol sa mga planeta, araw, buwan, at mga bituin, na lahat ay mahahalagang simbolo ng relihiyon ng mga Egipcio noong panahong iyon. Ginamit ni Abraham ang mga katotohanang ito upang ituro sa mga Egipcio ang ebanghelyo sa pamamagitan ng pagbabatay sa bagay na alam na nila (pansinin ang paliwanag ng Paksimile Blg. 3 sa pahina 57 ng Mahalagang Perlas). Sa pamamagitan ng talakayan tungkol sa mga bagay sa kalawakan at paggalaw ng mga ito, itinuro ni Abraham sa mga Egipcio na ang Diyos na kanyang sinamba ay higit kaysa lahat ng iba pang mga nilikha, dahil siya ang Tagapaglikha.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Abraham 3:22–28*

**Mga katalinuhang binuo** (t. 22)—Mga espiritung anak ng Ama sa Langit

**Unang kalagayan** (mga talata 26, 28)—Buhay bago ang buhay na ito

**Ikalawang kalagayan** (t. 26)—Buhay sa mundo

**Anak ng Tao** (t. 27)—Jesucristo



**Mundo bago ang buhay na ito**
Ang mga pinuno ay pinili sa unang kalagayan.

**Pagsilang sa mundo**

**Mundo**
Ang napiling mga pinuno ay susubukin sa ikalawang kalagayan.

### Abraham 3:22–23—Napili Bago Pa Isinilang

Sinabi ni Propetang Joseph Smith, "Bawat tao na may tungkuling mangasiwa sa mga naninirahan sa mundo ay inorden sa pinakalayuning iyon sa Malaking Kapulungan sa langit bago pa naitatag ang mundong ito" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, sel. Joseph Fielding Smith [1976], 365). Sa madaling salita, hindi lamang si Abraham ang napili para sa partikular na mga gawain bago pa siya isinilang, kundi maging ikaw (tingnan sa D at T 138:53–56).

### Abraham 3:27–28—Ang Kapulungan sa Langit

Para sa mas kumpletong ideya tungkol sa nangyari bilang bahagi ng kapulungan sa langit, basahin din ang Apocalipsis 12:7–11; Doktrina at mga Tipan 76:25–28; Moises 4:1–4.

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang aktibidad A at pagkatapos ay gawin ang dalawa sa tatlo pang aktibidad (B–D) habang pinag-aaralan mo ang Abraham 3:22–28.

### A Scripture Mastery—Abraham 3:22–23

1. Isulat ang natutuhan ni Abraham tungkol sa buhay bago ang buhay na ito.
2. Basahin ang Doktrina at mga Tipan 138:53–56, na bahagi ng isang pangitain ni Pangulong Joseph F. Smith ukol sa daigdig ng mga espiritu. Anong impormasyon ang idinadagdag ng paghahayag sa Doktrina at mga Tipan sa paghahayag na nasa Abraham 3:22–23? Maaari mong i-cross-reference ang dalawang talatang ito ng mga banal na kasulatan sa pamamagitan ng pagsalungguhit o pagkulay sa mga reperensya na nasa mga talababa o pagsulat ng reperensya sa mardyin ng isa pa.
3. Bukod sa nabasa mo sa Abraham 3 at Doktrina at mga Tipan 138, pag-isipan ang pahayag mula kay Propetang Joseph Smith na nasa bahaging "Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan," at ilarawan kung paano ka naapektuhan ng mga doktrinang ito tungkol sa buhay bago ang buhay na ito at ano ang pakiramdam mo na malaman ang mga bagay na ito.

### B Hanapin ang Mahahalagang Salita

1. Tukuyin ang mga salita sa Abraham 3:22–23 na nagsasabi kung sino ang pipiliin ng Diyos na maging mga pinuno sa mundo at kailan sila napili. Isulat ang mga salita sa iyong notbuk; maaari mo ring bilugan ang mga ito sa iyong mga banal na kasulatan.
2. Hanapin ang katagang higit na naglalarawan kay Jesucristo sa Abraham 3:24. Isulat ito sa iyong notbuk at sabihin kung bakit pinakamainam na paglalarawan sa kanya ang katagang iyon.

### C Sumulat ng Tanong

Isulat ang isang mahalagang tanong na maaaring itanong ng mga tao na inaakala mong masasagot ng Abraham 3:24–26.

### D Ipamuhay ang Doktrina

Pumili ng isa sa mga katotohanang itinuro kay Abraham sa mga talata 22–28 at isulat kung paano ka nito dapat mahikayat, maaaring mahikayat, o mahihikayat na mamuhay nang mas matuwid.

# Moises 1

## "Ito ang Aking Gawain at Aking Kaluwalhatian"

*Bagama't ito ang unang kabanata ng Pagsasalin ni Joseph Smith, hindi makikita sa Genesis ang nakatala sa Moises 1. Ang mga turo sa Moises 1 ay kabilang sa simula ng Genesis dahil sinasabi nito kung paano nalaman ni Moises ang mga katotohanang isinulat niya sa aklat ng Genesis. Bukod pa rito, ang Moises 1 ay nagbibigay ng mahalagang impormasyon tungkol sa plano ng Ama sa Langit para sa kanyang mga anak. Pansinin na ang paghahayag kay Moises sa Moises 1 ay nangyari pagkatapos ng paghahayag sa nagliliyab na palumpong (tingnan sa Moises 1:17) ngunit bago bumalik si Moises sa Egipto (tingnan sa Moises 1:26). Dahil dito, ang paghahayag na ito ay darating banda sa Exodo 3 o 4 kung nasa Lumang Tipan ito.*

*Minsan sa ating buhay naitatanong natin, "Sino ako?" "Saan ako nanggaling?" "Bakit ako narito?" "Paano nilikha ang buhay sa planetang ito? at bakit?" Ganito ang mga tanong noon ni Moises, at inihayag ng Diyos ang mga kasagutan. Habang ikaw ay nagbabasa, isipin ang mga tanong na ito at hanapin ang mga sagot na ibinigay ng Panginoon kay Moises sa paghahayag na ito, na kinabibilangan ng kabanata 1 gayundin ng nalalabing bahagi ng aklat ni Moises.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Moises 1*

**Natagalan** (t. 2)—Nanatiling buhay sa

**Naluoy** (t. 11)—Nawala ang lahat ng lakas

**Nagbagong-anyo** (mga talata 11, 14)—Binago ng Espiritu Santo (sa paraan na nakikita ng isang mortal ang mga imortal na nilalang)

**Lubusang binawi** (t. 15)—Lubusang nawala

**Lumayo** (mga talata 16, 18, 21–22)—Pumunta sa ibang lugar

**Itatanong** (t. 18)—Hihilingin

**Naghuhumiyaw** (t. 19)—Nagsalita nang marahas

**Nawawari, nakilala** (mga talata 27–28)—Upang magkaroon ng mas malinaw na pang-unawa at kaalaman hindi lamang sa pamamagitan ng pangkaraniwang pandamdam

### Moises 1:11—Si Moises ay Nagbagong-Anyo

"Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo maraming propeta ang pinagbagong-anyo upang matagalan ang presensya ng Diyos at makita ang mga kawalang-hanggan" (Bruce R. McConkie, *Mormon Doctrine,* ika-2 edisyon [1966], 803). Ang iba pang mga kuwento ng mga taong nagbagong-anyo ay matatagpuan sa 3 Nephi 28:13–17 at Doktrina at mga Tipan 76:11–12, 19–20.

### Moises 1:23—Bakit Wala sa Biblia ang mga Bagay na Ito

Ipinaliliwanag ng Moises 1:23 kung bakit ang salaysay ng pagdaig ni Moises kay Satanas ay wala sa ating Biblia ngayon. Mahalagang pansinin na ang mga salitang *Satanas* at *diyablo* ay hindi lumitaw sa Genesis 1–6 sa Biblia. Ang *Satanas* at *diyablo* ay lumitaw nang mahigit dalawampung beses sa Pagsasalin ni Joseph Smith ng mga kabanata ring ito (Moises 1–8). Isa sa mga paraan na sinisikap ni Satanas na linlangin ang mga tao ay ang papaniwalain silang hindi siya umiiral (tingnan sa 2 Nephi 28:22).

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang kahit dalawa lang sa kasunod na mga aktibidad (A–D) sa iyong pag-aaral ng Moises 1.

### A Sino ang Diyos? Sino ang Tao?

1. Basahin ang Moises 1:1–11 at ilista ang nalaman ni Moises tungkol sa Diyos.
2. Ilista ang nalaman ni Moises tungkol sa kanyang sarili na may kaugnayan sa Diyos mula sa mga talata ring iyon. Maaari mong salungguhitan o kulayan ang dalawang listahang ito sa iyong mga banal na kasulatan.
3. Ipaliwanag kung ano sa palagay mo ang nadama ni Moises sa bagay na nalaman niya at bakit.

### B Bakit Mahalaga Ito?

1. Paano ginamit ni Moises ang nalaman niya tungkol sa kanyang sarili at sa Diyos (tingnan sa Moises 1:1–11) upang madaig si Satanas? (tingnan sa Moises 1:12–22).
2. Paano mo kaya magagamit ang halimbawa ni Moises sa Moises 1:12–22 upang madaig ang tukso sa iyong buhay?

### C Scripture Mastery—Moises 1:39

Sinasabi sa atin ng Moises 1:39 ang buong dahilan ng gawain at mga paglikha ng Diyos. Pansinin ang mga kahulugan ng *kawalang-kamatayan* at *buhay na walang hanggan* na matatagpuan sa "Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan."

1. Muling isulat ang talatang ito sa iyong notbuk, at ihalili ang iyong pangalan sa salitang "tao."
2. Bakit mahalagang malaman ang mga layunin ng Diyos?
3. Anong "gawain" ang nagawa ng Diyos upang maisakatuparan ang iyong kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan?
4. Ano ang iyong ginagawa, o magagawa, sa bagay na ginawa ng Diyos para sa iyo?

### D Maging Tagapagbalita

Magkunwaring isang reporter na nahilingang mag-interbyu kay Moises pagkatapos ng kanyang mga karanasan sa kabanatang ito. Sumulat ng limang bagay na itatanong mo sa kanya.

# Genesis 1; Moises 2

## Ang Paglikha

*May tatlong salaysay ng Paglikha sa mga banal na kasulatan: Genesis 1–2; Moises 2–3 (na Pagsasalin ni Joseph Smith ng Genesis 1–2); at Abraham 4–5. Ang gabay sa pag-aaral na ito ay tumutulong sa pag-aaral ng Pagsasalin ni Joseph Smith ng Genesis ngunit tumutukoy sa Abraham para sa karagdagang kaalaman o ideya.*

*Naniniwala ang ilang tao na nagkataon lang ang paglikha sa mundo at aksidente lang ang paglitaw ng tao dahil sa di-sadyang pagsasama-sama ng mga tamang sangkap o elemento sa paglipas ng milyun-milyong taon. Bilang tugon, sinabi ng isang manunulat:*

*"Kapag maitatambak mo ang isang trak ng mga semento sa isang lote, at hahayaan akong pagmasdang mabuo ang mga ito at maging isang bahay—kapag maibubuhos mo ang isang dakot na mga spring at gulong at turnilyo sa ibabaw ng mesa ko, at hahayaan akong panooring magtipun-tipon ang mga ito at maging isang relo—[kapag] nangyari ito mas madali na para sa akin ang maniwala na lahat ng libu-libong mundong ito ay nalikha, nabalanse, at napagalaw ng kanilang mga paginog, lahat ito nang walang katalinuhang nagdisenyo nito.*

*"Gayunpaman, kung walang katalinuhan sa sansinukob, ibig sabihin may nilikha ang sansinukob na higit pa kaysa sarili nito—dahil nilikha tayo nito" (Bruce Barton sa E. Ernest Bramwell, comp.* Old Testament Lessons *[1934 kurso sa seminary], 4).*

*Habang nagbabasa ka, magpasiya kung ano sa palagay mo ang gustong sabihin ni Moises sa Moises 2 (Genesis 1) tungkol sa paglikha ng tao at ng lahat ng bagay sa mundo at sa langit.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Moises 2*

**Aking Bugtong na Anak** (mga talata 1, 26)—Jesucristo

**Walang kaayusan** (t. 2)—Hindi maayos na tulad sa ngayon

**Walang laman** (t. 2)—Walang saysay

**Kailaliman** (t. 2)—Tubig

**Kapangyarihan** (t. 26, 28)—Maging tagapamahala ng, mangalaga sa

### Moises 2:1 (Genesis 1:1)—Si Jesucristo ang Manlilikha

Sinasabi sa atin ng Moises 2:1; Abraham 3:22–25; 4:1 na si Jesucristo, sa ilalim ng pamamahala ng Ama, ang lumikha sa daigdig. Marami ka pang makikitang iba pang mga banal na kasulatan na nagtuturo sa katotohanang ito sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan* sa ilalim ng "Jesucristo" (tingnan sa p. 90).

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Gumawa ng Tsart

| | |
|---|---|
| Unang Araw | Ikaapat na Araw |
| Ikalawang Araw | Ikalimang Araw |
| Ikatlong Araw | Ikaanim na Araw |

Hatiin sa anim na bahagi ang isang pahina sa iyong notbuk at pamagatan ang bawat kahon ng tulad ng ipinakita.

Sa bawat kahon, magsulat tungkol sa o magdrowing ng mga larawan ng mga bagay na nilikha ng Diyos sa araw na iyan.

### B Ano Iyon at Ano ang Hindi Iyon

Obserbahan na walang masyadong sinasabi sa Moises 2 kung *paano* nilikha ang daigdig. Ano ang *talagang* sinasabi nito sa atin? (tingnan sa Moises 1:31–33, 39).

### C Scripture Mastery—Genesis 1:26–27 (Moises 2:26–27)

1. Ihambing ang Genesis 1:26–27 sa Moises 2:26–27. Paano ka tinutulungan ng Moises 2:26 na maunawaan ang salitang *ating* sa Genesis 1:26?
2. Sa paanong paraan naiiba ang tao sa iba pang mga nilikha na inilalarawan sa Genesis 1; Moises 2?

# Genesis 2; Moises 3

## Ang Paglikha kay Eva



*Kinukumpleto ng Genesis 2 (at Moises 3) ang kuwento tungkol sa Paglikha. Dito ay marami pa tayong nalaman tungkol sa mga kautusang ibinigay ng Diyos kay Adan, tungkol sa kaugnayan ni Adan sa lahat ng iba pang mga nilikha, at tungkol sa paglikha kay Eva, ang unang babae.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Moises 3*

**Kinapal** (t. 1)—Napakaraming mga bagay

**Kasaysayan** (t. 4)—Mga simula

**Sa espiritu, espirituwal** (mga talata 5, 7, 9)—Walang hanggan, walang kamatayan

**Likas** (mga talata 5, 9)—Mortal, mamamatay kalaunan

**Laman** (mga talata 5, 7)—Mortal na buhay o buhay sa lupa

**Malayang makakakain** (t. 16)—Kumain nang walang anumang ibubunga

**Katuwang** (mga talata 18, 20)—Tamang-tama, magkatugmang-magkatugma, angkop, lapat

**Makikipisan sa** (t. 24)—Maging napakalapit sa at mamalagi sa

### Moises 3:4–9—Espirituwal na Paglikha


Sa panahong inilarawan sa Moises 3:5, ang lahat ng bagay noon ay "espirituwal," ibig sabihin hindi sila mamamatay. Sinabi ni Elder Joseph Fielding Smith: "Ang katawan ni Adan ay nilikha mula sa alabok ng lupa, ngunit noong panahong iyon ito ay isang espirituwal na lupa o daigdig. …

"… Ano ang isang katawang espirituwal? Iyon ay katawang binibigyang-buhay ng espiritu at hindi ng dugo. …

"… Ang ipinagbabawal na bunga ay may kapangyarihang lumikha ng dugo at baguhin ang kanyang likas na katangian at li ang mortalidad sa imortalidad" (*Doctrines of Salvation,* comp. Bruce R. McConkie, 3 tomo [1954–56], 1:76–77).

Sa madaling salita, sa kuwentong nasa atin tungkol sa Paglikha, nababasa natin na sina Adan at Eva ay may mga katawang pisikal, ngunit iyon ay mga "espirituwal" na katawang pisikal. Nang lumabag sila, nagkaroon ng pagbabago (tulad ng inilalarawan sa Moises 4), at lahat ng bagay ay naging "likas," ibig sabihin sina Adan at Eva ay mamamatay. Noon nagkaroon sina Adan at Eva ng "likas" na mga katawang pisikal (tingnan din sa 2 Nephi 2:22). Maaari mong markahan o kulayan ang mga salitang *espirituwal* at *likas* sa iyong mga banal na kasulatan at isulat ang kahulugan ng mga ito sa mardyin ng iyong mga banal na kasulatan.

Naka-outline sa kasunod na diagram ang iba't ibang yugto ng buhay ni Adan ayon sa paglalarawan sa Genesis 2; Moises 3.




Lahat ng bagay ay nilikha muna bilang mga espiritu (tingnan sa Moises 3:5)

Lahat ng bagay ay sumunod na nilikha sa pisikal, ngunit sa isang espirituwal na hindi nahulog na kalagayan (tingnan sa Moises 2)

Ang Pagkahulog ang nagsakatuparan ng mortal, at pisikal na pag-iral (tingnan sa Moises 4:6–32)

### Moises 3:15–17—Ang Bunga ng Punungkahoy ng Kaalaman ng Mabuti at Masama

Binigyan ng Panginoon ng kalayaan sina Adan at Eva sa Halamanan ng Eden. Ang kalayaan, o ang kakayahang pumili o magdesisyon at panagutan ang mga ito, ay kailangan ng lahat ng naghahangad na maging katulad ng Diyos. Dahil dito, kinailangan nina Adan at Eva na gamitin ang kanilang kalayaan at kainin ang bunga ng punongkahoy ng kaalaman ng mabuti at masama upang sumulong sila at maging katulad ng Ama sa Langit. Ang pagkain ng bunga ng punong iyon ay hindi lamang tumulong sa pag-unlad nina Adan at Eva kundi ginawa rin nitong posible na makaparito sa lupa ang iba pang mga anak ng Ama sa Langit at gamitin ang kanilang kalayaan (tingnan sa 2 Nephi 2:22–27).

Nagtataka ang ilang tao, yamang mahalaga ang Pagkahulog sa walang hanggang pag-unlad, kung bakit hindi na lang inilagay ng Diyos sina Adan at Eva sa nahulog na kalagayan sa simula pa lamang. Ngunit kung ang Ama sa Langit ang dahilan ng pagiging mortal ng mga tao siya ang mananagot sa huli sa lahat ng pasakit, kasalanan, at kalungkutan na darating sa tao dahil sa mortal na buhay. Kinailangang magkaroon si Adan ng kalayaang piliing kainin ang bunga at mahulog. Dahil sa kalayaan, ang tao ang nagkaroon ng pananagutan sa kanyang sariling tadhana. Mangyari pa, kasama sa plano ng Ama sa Langit ang paraan para matubos niya ang lahat ng kanyang anak mula sa pagkahulog na ito, ngunit kailangan nilang gamiting muli ang kanilang kalayaan at piliing tanggapin ang plano. Dahil ibinigay ng Diyos kina Adan at Eva ang kaloob na kalayaan, at dahil ginamit nina Adan at Eva ang kanilang kalayaan, maaari tayong gumawa ng mabubuting desisyon batay sa mga alituntunin ng ebanghelyo at sa huli ay maging katulad ng Diyos.

### Moises 3:20–24 (Genesis 2:20–24)—Ang Paglikha sa Babae

Sa pagsasalita sa kababaihan ng Simbahan, sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley:

"Kayo ay talagang mahalagang bahagi ng plano ng [Ama sa Langit].

"Kung wala kayo hindi maisasagawa ang plano. Kung wala kayo ang buong programa ay mawawalang-saysay. … Nang mangyari ang proseso ng paglikha, si Jehova, ang Tagapaglikha, sa tagubilin ng Kanyang Ama, ay inihiwalay muna ang liwanag sa kadiliman, at pagkatapos ay inihiwalay ang lupa sa mga tubig. Sumunod doon ang paglikha ng mga halaman, na sinundan ng paglikha ng hayop. Pagkatapos ay nilikha ang lalaki, at ang sukdulan ng gawang iyon ng kabanalan ay ang pinakatampok na gawa, ang paglikha sa babae" (sa Conference Report, Okt. 1996, 90; o *Ensign,* Nob. 1996, 67).

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Piliin ang Mahahalagang Salita

Piliin ang inaakala mong apat na salita sa Moises 3:2–3 na tutulong sa atin upang maunawaan at mapahalagahan ang araw ng Sabbath, at ipaliwanag kung paano nito pinalalawak ang ating pang-unawa.

### B Sabihin sa Sarili Mong mga Salita

1. Anong kautusan ang natanggap ni Adan sa Moises 3:15–17?
2. Ano ang sinabi ng Diyos na magiging bunga ng paglabag sa kautusang ito?

# Genesis 3; Moises 4

## Ang Pagkahulog

*Ano ang mangyayari kung magtatanim ka ng mga binhi ng gulay o mga binhi ng magagandang bulaklak sa kapirasong lupa at hindi mo ito kailanman aalagaan? Magsisitubo ba ang mga gulay at mas darami pa ito kaysa mga damo? Kapag hindi pinangangalagaan, bakit mas maraming damo ang tumutubo kaysa mga bagay na mas maganda at kapaki-pakinabang?*

*Bakit mas madali para sa maraming tao ang piliin ang mali sa halip na piliin ang tama? Bakit talamak ang kasamaan sa daigdig? Bakit napakaraming pagsubok ang mga taong tila inosente o walang-kasalanan?*

*Ang mga sagot sa mga tanong na ito ay may kinalaman sa tinatawag nating Pagkahulog. Ang Pagkahulog ay naganap nang kainin nina Adan at Eva ang bunga ng punongkahoy ng kaalaman ng mabuti at masama at itinaboy sila mula sa Halamanan ng Eden at sa piling ng Diyos. Bilang mga anak nina Adan at Eva, namana natin ang mga bunga ng kanilang desisyon, na kinabibilangan ng pagtira sa isang mundo sa labas ng kinaroroonan ng Diyos na puno ng kasalanan, mga pagsubok, kahirapan, at kamatayan. Gayunman, malalaman ninyo na kung hindi nahulog si Adan, hindi sana tayo isinilang at hindi kailanman uunlad upang tanggapin ang kabuuan ng kagalakang handog ng Ama sa Langit sa kanyang mga*

*anak. Mapalad tayong magkaroon ng mas kumpletong kuwento ng Pagkahulog nina Adan at Eva sa Moises 4 kaysa matatagpuan natin sa Biblia. Mas mapalad tayo na napasaatin ang Aklat ni Mormon, na nagpapaliwanag sa doktrina ng Pagkahulog nang mas kumpleto kaysa ibang aklat.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Moises 4*

**Papag-aalitin kita at ang babae** (t. 21)—Papangyayarihin na ikaw at ang babae ay ayawan at kalabanin ang isa't isa

**Binhi** (t. 21)—Mga anak

**Susugat** (t. 21)—Sasaktan

**Dahil sa** (t. 23)—Kapakinabangan

**Pawis ng iyong mukha** (t. 25)—Masipag na paggawa

**Baka kanyang** (t. 28)—Upang hindi niya magawang

### Moises 4:4—Makapanlilinlang, Makapambubulag, at Makapambibihag Ba si Satanas?

Inilalarawan sa Moises 4:4 ang tanging paraan na magkakaroon si Satanas ng kapangyarihan sa iyo. Maaari mong isulat ang kasunod na paliwanag sa mardyin ng iyong mga banal na kasulatan: "Ang diyablo ay walang kapangyarihan sa atin maliban kung tulutan natin siya. Sa sandaling magrebelde tayo sa anumang nagmumula sa Diyos, nananaig ang kapangyarihan ng diyablo" (Joseph Smith, *Teachings of the Prophet Joseph Smith,* pinili ni Joseph Fielding Smith [1938], 181).

### Moises 4:12—Ang Pagpili

Mahalagang malaman na hindi lubusang naunawaan nina Adan at Eva ang epekto ng kanilang pasiya hanggang sa sumapit ang mga pangyayaring nakatala sa mga unang talata ng Moises 5. Sa madaling salita, ang ginawang desisyon ni Adan ay batay sa kanyang pananampalataya na iyon ang tamang gawin. Hindi pa siya naging mortal o nawalay sa piling ng Diyos at hindi niya tiyak kung ano ang ibubunga ng kanyang desisyon.

**Ang punongkahoy ng kaalaman ng mabuti at masama**





### Moises 4—Ang Pagkahulog

Hindi natin lubusang mauunawaan ang kahalagahan ng Pagkahulog sa plano ng Ama sa Langit hangga't hindi natin nauunawaan na dahil sa Pagkahulog, sina Adan at Eva ay mamamatay kapwa sa pisikal at espirituwal (tingnan sa Moises 3:17). Ang ibig sabihin ng espirituwal na kamatayan ay pagsarhan sa harapan ng Diyos (tingnan sa Moises 5:4). Ang kamatayang pisikal ay ang paghihiwalay ng espiritu at ng katawan. Bagama't hindi kaagad namatay sa pisikal sina Adan at Eva nang kainin nila ang bunga, nagkaroon ng pagbabago kina Eva at Adan na magiging sanhi ng kanilang pagkamatay kalaunan. Sa huli, mamamatay sila sa pisikal tulad ng sinabi ng Diyos. Sina Adan at Eva ay walang kapangyarihang daigin ang kamatayang pisikal o espirituwal. Ang pagkaalam sa mga katotohanang ito ay nakatutulong sa atin na maunawaan kung bakit sila, at tayo bilang kanilang mga anak, ay kailangan ng isang Tagapagligtas at ng Pagbabayad-sala. Itinuro kina Adan at Eva ang tungkol sa Pagbabayad-sala pagkatapos ng Pagkahulog. Mababasa natin ang ilan sa mga turong iyon sa Moises 5.

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan


### A Plano ng Ama sa Langit




1. Gumawa ng tsart na may dalawang hanay sa iyong notbuk. Pamagatan ang unang hanay ng "Ama sa Langit" at ang pangalawang hanay ng "Satanas."

   Sa ilalim ng bawat hanay, isulat ang partikular na mga salita at kataga mula sa Moises 4:1–4 na naglalarawan sa Ama sa Langit o kay Satanas. Sa iyong paggawa nito makabubuting malaman na inilahad ng Ama sa Langit ang kanyang plano ng kaligtasan sa kanyang mga espiritung anak sa daigdig bago pa tayo isinilang bago pa naganap ang mga pangyayaring nakasaad sa apat na talatang ito. Ipinaliwanag ng Ama sa Langit na lilisanin natin ang kanyang kinaroroonan at isang Tagapagligtas ang ilalaan para tubusin tayo.

2. Sumulat ng isang talata na nagsasabi kung paano nagkaiba sina Jesus at Satanas. Halimbawa, ano ang pagkakaiba ng kanilang mga hangarin?



## B Sumulat ng Isang Tala sa Journal

Kunwari ay ikaw si Eva sa mga pangyayari sa Moises 4. Sumulat ng isang tala sa journal na parang ikaw si Eva. Ibahagi ang maaaring naisip at nadama mo nang isaalang-alang mong kainin ang bunga at kung ano ang naghikayat sa iyo nang kainin mo na nga ito. Pagkatapos ay isulat kung ano ang maaaring nadama mo pagkatapos mong kainin ang bunga at ano ang maaaring sinabi sa iyo ng Panginoon tungkol sa ibubunga ng iyong mga pagpili.

***o kaya naman***

Kunwari ay ikaw si Adan sa mga pangyayari sa Moises 4. Isulat ang maaaring naisip at nadama mo nang matuklasan mong kinain ni Eva ang bunga (tingnan sa Moises 2:27–28; 3:23–24). Ipaliwanag kung bakit ka nagdesisyon na kainin ang bunga—samantalang alam mo ang mga kahihinatnan nito (tingnan sa Moises 3:16–17; 4:9), at kung ano ang maaaring nadama mo sa sinabi sa iyo ng Panginoon tungkol sa mga resulta ng mga pagpili mo. Maaaring makatulong ang kasunod na sipi habang nagsusulat ka: "Si Adan … ay hindi nalinlang; sa kabaligtaran kusa siyang nagpasiya na gawin ang ayon sa nais ni Eva, upang maisakatuparan niya ang mga layunin ng Lumikha sa kanya" (James E. Talmage, *Articles of Faith* [1960], 69–70).

## C Opsiyonal na Aktibidad

1. Maikling ipaliwanag ang nangyari kina Adan at Eva nang palayasin na sila sa Halamanan ng Eden. Basahin ang Alma 12:21–37; 42:2–28 at hanapin ang mga dahilan kung bakit sinabi ng Panginoon na hinadlangan Niya sina Adan at Eva sa pagkain ng bunga ng punongkahoy ng buhay pagkatapos nilang kainin ang bunga ng punongkahoy ng kaalaman ng mabuti at masama.
2. Ano ang sinasabi sa atin ng mga dahilang ibinigay ng Panginoon tungkol sa mga bagay na mahalagang gawin sa buhay na ito?

# Genesis 4; Moises 5

## Pag-aalay at ang Pamilya ni Adan

*Marahil nasindak sina Adan at Eva nang palayasin sila sa Eden at sa piling ng Panginoon. Hindi pa nila naranasan kailanman ang mortalidad. Paano sila makababalik na muli sa piling ng Diyos? Tulad nina Adan at Eva, nahiwalay tayo mula sa piling ng Diyos, kaya't angkop din sa atin ang tanong na iyan.*

*Ikinukuwento ng Genesis ang pagtataboy kina Adan at Eva sa Eden at mula sa piling ng Panginoon na para bang wala na silang pag-asang makapiling na muli ang Panginoon.*

*Mabuti na lamang at naglalaman ang aklat ni Moises ng karagdagang inspirasyon sa Genesis na nagkukuwento kung paano itinuro kay Adan ang tungkol sa plano na inihanda bago pa nilikha ang mundo upang siya at ang kanyang mga inapo ay matubos, o maging malaya, mula sa kasalanan at kamatayang hatid ng Pagkahulog sa mundo.*

*Bilang karagdagan sa mga katotohanan tungkol sa pagtubos at sa Pagbabayad-sala, ang Moises 5 ay naglalaman ng salaysay tungkol sa kung paano tinangka ni Satanas at ng kanyang mga tagasunod sa buhay bago ang buhay sa mundo na impluwensyahan ang pamilya ni Adan na tanggihan ang mensahe ng pagtubos sa pamamagitan ni Cristo. Sa iyong pagbabasa, pansinin ang nangyari sa mga tumangging makinig sa payo ng Panginoon at sa halip ay sumunod sa payo ni Satanas.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

***Moises 5***

**Sa pamamagitan ng pawis ng kanyang kilay** (t. 1)—Sa pamamagitan ng kanyang masipag na paggawa

**Mahati nang dala-dalawa** (t. 3)—Mawalay sa kanilang mga magulang at mag-asawa (kaya't naging magkakapares)

**Mahalay** (t. 13)—Nakatuon sa mga kasiyahan ng pandamdam, o sa madaling salita, mga bagay na maaaring mahipo, makita, maamoy, at marinig

**Parurusahan** (t. 15)—Titigil sa pag-unlad

**Matibay na kautusan** (t. 15)—Pahayag na hindi maaaring baguhin

**Ibibigay sa iyo ang kanyang lakas** (t. 37)—Bibigyan ka ng sapat na pagkain

**Mamamanday ng** (t. 46)—Dalubhasa o eksperto

**Gagantihan** (t. 48)—Bibigyang-kasiyahan, o tumanggap ng pakinabang mula sa paggawa ng masama sa, o pagdulot ng pinsala sa isa pa

**Hindi naglingkod sa** (t. 52)—Hindi nagbigay ng pagpapala

**Kalagitnaan ng panahon** (t. 57)—Tugatog o pinakamahalagang panahon (Ang katagang ito ay tumutukoy sa panahon kung kailan darating si Jesucristo at isasagawa ang kanyang misyon na pagbabayad-sala.)

**Pinagtibay** (t. 59)—Ibinigay

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang kahit tatlo lang sa kasunod na mga aktibidad (A–E) sa iyong pag-aaral ng Moises 5.


### A Tapusin ang mga Pangungusap na Ito (Tingnan sa Moises 5:4–11.)

1. Si Adan ay nag-alay ng mga hain dahil …
2. Nalaman ni Adan mula sa anghel …
3. Natanto nina Adan at Eva …


### B Maghambing

Sa Moises 5:7–8, ipinaliwanag ng anghel kay Adan kung ano ang isinasagisag ng kanyang mga alay o hain, at sa Moises 5:9, ipinaliwanag ng Espiritu Santo ang gagampanan ng Tagapagligtas bilang pinakahuling pantubos na sakripisyo. Sagutin ang sumusunod na mga tanong sa iyong notbuk:
(1) Bagama't hindi tayo nag-aalay ng handog na susunugin sa panahong ito, tulad ng ginawa noon ni Adan, sa aling mga ordenansa tayo nakikibahagi na tumutugon sa gayunding mga

layunin? (2) Ano ang kinalaman ng mga ordenansang ito sa pagtubos, habang ginagawa natin ang lahat "sa pangalan ng Anak" (t. 8), at sa sakripisyo ng Bugtong na Anak?



=




Panahon ni Adan

Panahon Natin

### C Magkaroon ng Karagdagang Pang-unawa mula sa Aklat ni Mormon

Binabanggit ng Moises 5:9–11 ang ilan sa mga pagpapalang natanggap nina Adan at Eva at ng kanilang mga inapo nang dahil sa Pagkahulog. Basahin ang 2 Nephi 2:19–27 at ibuod ang natutuhan mo sa dalawang reperensyang ito kung bakit mahalagang bahagi ng plano ng Ama sa Langit ang Pagkahulog nina Adan at Eva at paano naging pagpapala sa atin ang Pagkahulog.

### D Sagutin ang mga Tanong ni Cain

Dalawang mahahalagang bagay ang itinanong ni Cain (tingnan sa Moises 5:16, 34) na itinatanong pa rin ng mga tao ngayon. Sumulat ng isang liham na nagpapaliwanag sa tamang mga sagot sa kanyang mga tanong.

### E Ang mga Panunukso ni Satanas

Basahin ang Moises 5:12–13 at pag-isipan ang mga hakbang na ginawa nina Adan at Eva at ang mga hakbang ni Satanas.

1. Sa paanong mga paraan mo nakikita ang impluwensya ni Satanas ngayon sa gayunding paraan?
2. Ano ang hindi "ipinaalam" ni Satanas sa kanyang mga panunukso? (tingnan sa Moises 5:41, 52–54; tingnan din sa Alma 30:60).

# Genesis 5; Moises 6

## Itinuro ni Enoc ang mga Unang Alituntunin ng Ebanghelyo

*Nahulog sina Adan at Eva dahil sa pagsuway sa isang batas, at sila ay "pinagsarhan" mula sa harapan ng Diyos (Moises 5:4). Mababasa natin sa Moises 5 kung paano inilalayo ng pagsuway sa Diyos ang mga tao—tulad ng nangyari kina Cain, Lamec, at iba pa. Nang lisanin nina Adan at Eva ang Halamanan ng Eden, tinuruan sila upang maunawaan at ipamuhay ang mga doktrina at gawin at tuparin ang mga tipan. Nalaman din nila kung aling nakapagliligtas na mga ordenansa ang kailangan nila upang makabalik at makapiling ang Diyos. Makikita ang marami sa mga turong ito sa Moises 6. Itinuro ni propetang Enoc sa kanyang mga tao ang mga katotohanang ito sa pagtatangkang bigyan sila ng inspirasyon na pagsisihan ang kanilang mga kasalanan at kasamaan upang sila ay matubos at maibalik sa piling ng Diyos.*



## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Moises 6*

**Talaangkanan** (mga talata 8, 22)—Family history o kasaysayan ng pamilya

**Mga salinlahi** (mga talata 8, 28)—Mga anak, mga apo, at iba pa

**Tuntungan ng Diyos** (t. 9)—Lupa o daigdig (tingnan sa t. 44)

**Labi** (t. 17)—Ang mas maliit na grupo na naiwan matapos mahiwalay sa buong grupo

**Nagsusumiklab** (t. 27)—Nagsisimulang lumaki

**Isinumpa ang kanilang sarili** (t. 29)—Gumawa ng mga pangako

**Kautusan** (t. 30)—Opisyal na pahayag

**Pangangatwiranan** (t. 34)—Papangyayarihin

**Naging kasalo ng** (t. 48)—Nakaranas

**Kauna-unahang pagkakasala** (t. 54)—Ang paglabag nina Eva at Adan

**Buo** (t. 54)—Malinis at dalisay

**Ipinaglihi sa kasalanan** (t. 55)—Isinilang sa isang mundong makasalanan sa mga magulang na namumuhay sa nahulog na daigdig at sila mismo ay nagkasala

**Ang kasalanan ay nabubuo** (t. 55)—Nagsisimulang umusbong ang hangaring magkasala

**Binibigyang-katwiran** (t. 60)—Pinalaya sa pang-uusig ng budhi at sa kaparusahan ng kasalanan, pinatawad

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang kahit tatlo lang sa kasunod na mga aktibidad (A–E) habang pinag-aaralan mo ang Moises 6.

## A Gumawa ng Listahan ng mga Nilalaman

Isulat ang inaakala mong magiging hitsura ng mga nilalaman ng aklat na inilalarawan sa Moises 6:5–25.



## B Sumulat ng Tungkol sa Iyong Pamilya o Sumulat sa Kanila

1. Sang-ayon sa Moises 6:45–46, bakit kilala ni Enoc at ng kanyang mga tao ang kanilang mga ninuno (mga ama)?
2. Magsulat ng tungkol sa isa sa iyong mga ninuno na "kilala" mo dahil sa iningatang mga talaan. Magsama ng isang bagay tungkol sa kanila na nagbibigay-inspirasyon sa iyo na maging mas mabuting tao.

***o kaya naman***

Sumulat ng isang bagay na gusto mong malaman ng iyong mga inapo tungkol sa iyo. Isaalang-alang ang mga salita ni Pangulong Kimball:

> "Kumuha ng isang notbuk. … Simulan ngayon at isulat dito ang inyong mga ginagawa, ang mga pinag-iisipan ninyo nang malalim, ang inyong mga nagawa at kabiguan, ang inyong mga pakikisalamuha at mga tagumpay, ang inyong mga impresyon at inyong patotoo" (Spencer W. Kimball, " 'The Angels May Quote from It,' " *New Era,* Okt. 1975, 5)

## C Ano ang Inilalarawan ng mga Ito?

1. Hanapin ang sumusunod na mga kataga sa Moises 6:27–29 na naglalarawan sa mga kasalanan ng mga tao noong panahon ni Enoc: "ang mga puso ay nagsitigas," "ang mga tainga ay bahagya nang makarinig," "ang mga mata ay hindi makakita sa malayo," "itinatwa ako," "hinangad ang kanilang sariling mga payo sa dilim," "bumalangkas ng mga pagpaslang," "hindi sinunod ang mga kautusan [na ibinigay kay] Adan," at "isinumpa nila ang kanilang sarili." Maaari mong guhitan o kulayan ang mga katagang ito sa iyong mga banal na kasulatan.
2. Ilarawan ang inaakala mong ibig sabihin ng "ang mga puso ay nagsitigas," "ang mga tainga ay bahagya nang makarinig," "mga mata na hindi makakita sa malayo," at ano ang ibig sabihin ng "hinangad ang payo sa dilim."
3. Ibigay ang kabaligtaran ng bawat paglalarawan sa itaas upang mabubuting tao ang ilarawan ng mga ito. Sa madaling salita, sa pamamagitan ng ebanghelyo ang mga puso ay maaaring _______, ang mga mata ay maaaring ________, at iba pa.

## D Isang Tawag mula sa Panginoon

1. Sang-ayon sa Moises 6:31, ano ang nadama ni Enoc tungkol sa pagtawag sa kanya ng Panginoon?
2. Ipaliwanag kung ano sa iyong palagay ang nadama ni Enoc pagkatapos ng mga sinabi at ginawa ng Panginoon sa Moises 6:32–36.
3. Basahin ang Moises 7:13–19 at isulat kung paano natupad ang mga pangako ng Panginoon kay Enoc.

## E Paano Natin Natatanggap ang Ating Mana mula sa Ama sa Langit?

| Dahil sa Pagkahulog | Paano Dadaigin ang Pagkahulog |
|---|---|
| | |

Bilang mga anak ng Diyos, karapatan nating manahin ang lahat ng mayroon siya. Gayunman, kapag nagkasala tayo, nagiging marumi tayo, at walang maruming bagay na magmamana ng kaharian ng Diyos. Tinuruan ng Panginoon si Adan kung paano maging malinis at sa gayon ay maging karapat-dapat na magmana ng buhay na walang hanggan. Itinuro din ni Enoc ang mga bagay na ito sa kanyang mga tao.

Basahin ang Moises 6:48–68, at pagkatapos ay gumawa ng tsart na katulad ng ipinakita. Ilista sa unang hanay ang mga bagay na nangyari dahil sa Pagkahulog. Ilista sa pangalawang hanay ang mga bagay na nagsasabi kung paano madaraig ang mga epekto ng Pagkahulog.

# Genesis 5; Moises 7

## Ang Sion ay Iniakyat sa Langit

*Napag-isip-isip na ba ninyo kung ano kaya ang iniisip at nadarama ng Diyos habang minamasdan niya ang kasamaan ng kanyang mga anak sa lupa? Tinutulungan tayo ng Moises 7 na maunawaan kung ano ang tingin ng Diyos sa kanyang mga anak, at kung paano mawawala ang kasamaan sa bandang huli.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

### *Moises 7*

**Sa digmaan** (t. 7)—Inayos at inihanda para makipaglaban

**Maghihiwa-hiwalay** (t. 7)—Ikakalat at lalagi

**Mga tabing ay nakaladlad pa rin** (t. 30)—Patuloy pa rin ang mga paglikha

**Sinapupunan** (mga talata 30, 31, 63, 69)—Kaloob-looban, simbolo ng pagiging napakalapit sa isang bagay

**Ang tahanan ng inyong trono** (t. 31)—Ang nakatira sa inyong piling

**Ang aking mata ay maaaring tumagos sa kanila** (t. 36)—Nakikita ng mga mata ko ang mismong kaibuturan nila

**Yaong aking pinili, ang aking Pinili** (t. 39)—Jesucristo

**Ang kanyang puso ay naawa** (t. 41)—Nakadama siya ng napakatinding kalungkutan

**Temporal** (t. 42)—Pisikal

**Kalagitnaan ng panahon** (t. 26)—Tugatog o pinakamahalagang panahon (Ang katagang ito ay tumutukoy sa panahon kung kailan darating si Jesucristo at isasagawa ang kanyang misyon ng pagbabayad-sala.)

**Papawiin** (t. 51)—Patitigilin

**Ibigkis ang iyong balakang** (t. 62)—Maghanda

### Moises 7:16–20—Pagtatayo at Pagtatatag ng Sion

Nagsalita si Pangulong Spencer W. Kimball tungkol sa pagtatatag ng Sion sa ating panahon:

"Magmumungkahi ako ng tatlong mahahalagang bagay na kailangan nating gawin upang 'maibalik na muli ang Sion.' …

"Una, kailangan nating alisin ang ating pagkamakasarili na sumisilo sa kaluluwa, nagpapalugmok ng puso, at nagpapadilim ng isipan. …

"Pangalawa, kailangang lubusan tayong makipagtulungan nang may pagkakasundo sa isa't isa. Kailangan ay may pagkakaisa sa ating mga desisyon at pagkakaisa sa ating mga galaw. …

" 'Kung gusto nating palawigin ng Espiritu ng Panginoon ang ating mga pagsisikap, ang diwang ito ng pagkakaisa at pagtutulungan ang kailangang manaig sa lahat ng ating ginagawa' … (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, p. 1983.)…

"Pangatlo, kailangan nating ialay sa altar at isakripisyo ang anumang hilingin o ipagawa ng Panginoon. Nagsisimula tayo sa pamamagitan ng pag-aalay ng 'bagbag na puso at nagsisising espiritu.' Sinusunod natin ito sa pamamagitan ng paggawa ng gawain at mga tungkuling iniatas sa atin sa abot ng ating makakaya. Natututuhan natin ang ating tungkulin at ganap itong ipinatutupad. Sa huli inilalaan natin ang ating panahon, mga talento at kabuhayan kapag tinawag tayo ng ating mga lider at kapag ipinahiwatig ng mga bulong ng Espiritu" (sa Conference Report, Abr. 1978, 122–24; o *Ensign,* Mayo 1978, 81).

| | | |
|---|---|---|
| **Sakripisyo** | **Pagsisikap** | **Paglalaan** |
| **Kooperasyon** | **Pagkakaisa** | |
| **Pagiging di-makasarili** | | |

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang kahit dalawa lang sa kasunod na mga aktibidad (A–D) sa iyong pag-aaral ng Moises 7.

### A Scripture Mastery—Moises 7:18

Basahin ang Moises 7:4–27 at isipin kung ano ang pakiramdam ng maging bahagi ng komunidad ni Enoc. Sumulat ng liham sa kunwari'y isang kaibigan na nakatira sa kung saan at gustong malaman kung paano lumikha ng isang lugar na kasingganda ng Sion. Gamit ang impormasyon sa Moises 7, lalo na ang talata 18, sabihin sa kaibigan mo kung ano ang kailangan upang maitayo ang Sion at manirahan doon. Hikayatin at payuhan ang iyong kaibigan kung ano ang maaaring gawin ng isang taong kaedad mo upang "mawala ang pagkamakasarili" o maisagawa ang isa sa iba pang mga bagay na iminungkahi ni Pangulong Kimball. Pagtuunan lalo na ang maaaring magawa ng kaibigan mo, una sa kanyang pamilya at pagkatapos ay sa Simbahan at sa komunidad.

### B Ano ang Dahilan ng Pagtangis ng Panginoon?






1. Sa Moises 7:29–31 itinanong ni Enoc sa Panginoon kung bakit siya tumatangis. Basahin ang mga talata 31–40 at isulat ang sagot sa tanong ni Enoc.
2. Sang-ayon sa Moises 7:41, ano ang ginawa ni Enoc nang maunawaan niya ang sagot ng Panginoon sa kanyang tanong?
3. Ano sa palagay ninyo ang maaaring tangisan o iyakan ng Panginoon at ni Enoc kapag tiningnan nila ang mundo ngayon?

### C Sagutin ang mga Tanong ni Enoc

Basahin ang Moises 7:42–67 at tukuyin ang mga itinanong ni Enoc sa Panginoon. Isulat ang bawat tanong sa iyong notbuk at sundan ng buod ng sagot ng Panginoon.

### D Ipaliwanag ang Matalinghagang Paglalarawan

Sa Moises 7:62, sinabi kay Enoc ang tungkol sa Panunumbalik ng ebanghelyo sa mga huling araw. Sinabi sa kanya ang dalawang mahahalagang bagay na mangyayari na tutulong sa pagtitipon ng "hinirang" mula sa iba't ibang panig ng mundo para makapaghanda sa Ikalawang Pagparito: "Kabutihan ang aking ipadadala mula sa langit; at katotohanan ay aking ipadadala sa lupa." Pag-isipan ang nalalaman mong mga pangyayari na naganap bilang bahagi ng Panunumbalik at ipaliwanag kung ano sa palagay mo ang tinutukoy ng Panginoon.

# Genesis 6; Moises 8

## Pangangaral ni Noe

*Binabanggit sa mga banal na kasulatan ang dalawang magkahiwalay na pagkakataon kung kailan lilinisin ng Panginoon ang kasamaan ng mundo. Ang una ay sa panahon ni Noe (tingnan sa Genesis 6) at ang pangalawa ay sa Ikalawang Pagparito. Nakasaad sa Joseph Smith—Mateo 1:41–43, sa Mahalagang Perlas, ang mga paraan kung paano magiging magkatulad ang dalawang kapanahunang iyon. Ang pinakamalaking pagkakaiba ng dalawang panahon ay na nilinis ang mundo sa pamamagitan ng tubig noong panahon ni Noe, at sa Ikalawang Pagparito ito ay lilinisin sa pamamagitan ng apoy. Ang dalawang pangyayaring ito ay katulad ng paraan ng pagkalinis natin sa pamamagitan ng binyag sa tubig at ng binyag sa apoy—ang paglilinis ng kaluluwa na nangyayari kapag tunay nating tinanggap ang kaloob na Espiritu Santo.*

*Isinasalaysay sa Genesis 6–9 ang kuwento tungkol kay Noe at sa Baha. Habang nagbabasa, hanapin ang mga dahilan kung bakit nilipol ng Panginoon ang masasama at kung bakit ang paglipol sa kanila ang pinakamaganda niyang gawin para sa kaligtasan ng lahat ng kanyang anak. Pag-isipan din kung paanong ang panahon ni Noe ay maikukumpara sa ating panahon—ang panahon bago linisin ang lupa sa pamamagitan ng apoy.*

*Ang Moises 8 ay ang Pagsasalin ni Joseph Smith ng Genesis 5:23–32; 6:1–13, kaya't gugustuhin mong basahin ang Moises 8 bago mo basahin ang Genesis 6:14–22. Pansinin na ang Moises 8 ang huling kabanata ng Moises sa Mahalagang Perlas. Para sa nalalabing bahagi ng Lumang Tipan, lahat ng reperensya sa Pagsasalin ni Joseph Smith ay nasa "Mga Pinili Mula sa Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia" sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan (simula p. 260).*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

### *Moises 8*

**Ang bunga ng kanyang balakang** (t. 2)—Kanyang inapo

**Mga anak na lalaki ng Diyos** (mga talata 13, 21)—Mga nakipagtipan sa Panginoon

**Mga anak na lalaki ng tao** (t. 14)—Mga ayaw makipagtipan o ayaw sundin ang mga tipan sa Panginoon

**Ipinagbili ang kanilang sarili** (t. 15)—Ikinasal sa labas ng tipan

**Naiangat** (t. 22)—Nakatuon ang pansin sa at umasal nang gayon

**Guni-guni** (t. 22)—Hangarin

**Pinanghinayangan, nanghinayang** (mga talata 25–26)—Ikinalungkot

**Nakatagpo ng biyaya** (t. 27)—Tumanggap ng mga pagpapala at kapangyarihan, kapahintulutan

**Laman** (t. 29)—Mga tao

### *Genesis 6*

**Sisiksikan** (t. 14)—Papahiran o tatakpan ng tila alkitran

**Siko** (mga talata 15–16)—Ang distansya sa pagitan ng siko at ng dulo ng pinakamahabang daliri ng taong nasa hustong gulang (tinatayang apatnapu't limang sentimetro o labingwalong pulgada)

**Mga lapag** (t. 16)—Mga palapag

### Moises 8; Genesis 6—Bakit Pinabaha ng Panginoon ang Mundo

Si Pangulong John Taylor ay tumulong sa pagpapaliwanag kung bakit nagpasiya ang Panginoon na lipulin ang lahat ng tao sa lupa maliban sa pamilya ni Noe. Sinabi ni Pangulong Taylor na napakasama na ng mundo kaya't wala nang mapagpilian pa ang mga bata kundi ang maging masama. Sa puntong iyon walang pag-asang piliin ang kabutihan, ang pagpapadala sa lupa ng mga inosenteng espiritu mula sa langit ay hindi na makatuwiran. Dahil dito, nilipol ng Panginoon ang lahat ng masasama at muling nagsimula sa pamilya ni Noe upang magkaroon ng mabubuting lalaki at babae. "Sa pamamagitan ng pagkakait sa kanila na mabuhay sa mundo napigilan niya ang [pagpapamana] nila ng kanilang mga kasalanan sa kanilang mga inapo at pagbaba ng kanilang pagkatao [pagiging masama nila], at napigilan din sila sa paggawa pa ng mga kasamaan" (sa *Journal of Discourses*, 19:158–59). Kung hindi pinabaha ng Diyos ang mundo, ang kanyang dakilang plano ay hindi maisasakatuparan. Basahin ang sinabi ni Nephi sa 2 Nephi 26:24 kung bakit gayon ang ginagawa ng Panginoon.

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang tatlo sa kasunod na apat na mga aktibidad (A–D) habang pinag-aaralan mo ang Genesis 6; Moises 8.

### A Isang Huwaran ng Pagtupad ng Ating Tungkulin na Ibinigay ng Panginoon

1. Sa Doktrina at mga Tipan 4:2–4 sinabi ng Panginoon na ang isang paraan na napababanal tayo at nagdudulot ng kaligtasan sa ating kaluluwa ay ang paggawa nang ating buong kakayahan, pag-iisip, at lakas upang mailigtas ang iba. Si Noe ay isang napakagandang halimbawa ng prosesong ito. Gumawa ng diagram sa iyong notbuk tulad ng nasa ibaba at punan ito ng impormasyong makikita mo sa Moises 8:14–27. Habang ginagawa mo ito, pansinin kung paano ginampanang mabuti ni Noe ang kanyang katungkulan na ibinigay ng Panginoon. Pag-ukulan din ng pansin kung paano siya nabiyayaan ng lakas at kapangyarihan at paano niya nalaman na nalulugod ang Panginoon sa kanya at sa kanyang mga pagsisikap.



2. Pagkatapos mong punan ang kahon para sa Moises 8:27, hanapin ang "biyaya" sa iyong Gabay sa mga Banal na Kasulatan upang mas lubusan mong maunawaan kung ano ang natanggap ni Noe bunga ng kanyang masigasig na paggawa. Sumulat ng maikling pangungusap tungkol sa biyaya sa ibaba ng iyong diagram.

### B Ano ang Kaibhan?

1. Basahin ang Moises 8:13–14, 21 at ang mga kahulugan sa "mga anak na lalaki ng Diyos" at "mga anak na lalaki ng tao" sa bahaging "Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan" sa itaas. Ipaliwanag ang pagkakaiba ng mga anak na lalaki at babae ng Diyos at ng mga anak na lalaki at babae ng tao. Isama ang iyong paliwanag kung sino kaya ang apat na grupong ito ng mga tao sa ngayon.
2. Sang-ayon sa Moises 8:15–22, ipaliwanag ang sinabi ng Panginoon tungkol sa mga anak na lalaki ng Diyos na nag-aasawa ng mga anak na babae ng tao o ng mga anak na lalaki ng tao na nag-aasawa ng mga anak na babae ng Diyos at bakit sa palagay mo napakahalaga nito.

### C Ipaliwanag sa Isang Tao na Hindi Nakauunawa

Gamitin ang impormasyon sa bahaging "Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan" sa itaas kaakibat ng nabasa mo sa Moises 8 upang masagot ang tanong na "Paano magagawang pabahain ng mapagmahal na Diyos ang mundo?"


### D Alamin at Sagutin



Basahin ang Genesis 6:14–22 at isipin kung gaano kalaki ang arka, at pagkatapos ay ihambing ang arka sa isang bagay na pamilyar sa iyo. Ipaliwanag ang laki ng arka sa iyong notbuk.

# Genesis 7

## Ang Baha



*Ikinukuwento ng Genesis 6 ang tungkol kay Noe bago ang Baha. Inilalahad sa atin ng Genesis 7 ang mga huling paghahanda ni Noe bago sumapit ang Baha at ang nangyari pagsapit ng Baha.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Genesis 7*

**Malinis, hindi malinis** (mga talata 2, 8)—Ang mga hayop ay itinuturing na katanggap-tanggap o hindi katanggap-tanggap na kainin at ialay sa Diyos

**Ingatang binhing buhay** (t. 3)—Hayaan silang padamihin ang kanilang kauri

**Lubhang kalaliman** (t. 11)—Karagatan

**Hayop, laman** (mga talata 15–16, 21)—Mga hayop (mga talata 15–16), mga tao (t. 21)

**Dumagsa** (mga talata 18–19, 24)—Bumaha

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Alamin Kung Ano ang Nangyari

1. Basahin ang I Ni Pedro 3:18–20; Doktrina at mga Tipan 138:6–11, 28–35 at ilarawan ang ginawa ni Jesucristo para sa mga taong nalipol sa Baha.
2. Ano ang itinuturo nito sa iyo tungkol sa Tagapagligtas nang malaman mong ginawa niya ang mga bagay na inilarawan sa I Ni Pedro at sa Doktrina at mga Tipan 138?

# Genesis 8

## Tumigil ang Ulan

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan


*Genesis 8*

**Magsipanganak ng sagana** (t. 17)—Madagdagan o dumami ang bilang

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ipamuhay ang Kuwento

Gamit ang nabasa mo sa Genesis 6–8, ilista ang mga paraan na naligtas si Noe at ang kanyang pamilya sa Baha. Pagkatapos ay sumulat ng paghahambing ng ginawa nilang mga hakbang at ng kailangan nating gawin ngayon upang espirituwal na makaligtas bilang paghahanda para sa Ikalawang Pagparito.



=

?

**Panahon ni Noe** | **Ngayon**

# Genesis 9

## Isang Bagong Panimula

*Inilalahad sa Genesis 9 ang paglisan ni Noe at ng kanyang pamilya sa arka at pagtulong sa Ama sa Langit na isakatuparan ang kanyang mga layunin para sa kanyang mga anak. Dahil sila lamang ang pamilya noon sa lupa, ang pamilya nila ay nasa sitwasyong katulad ng kina Adan at Eva. Gayunman, malaking tulong sa pamilya ni Noe ang pagkaalam sa temporal at espirituwal na kasaysayan sa pagitan ng panahon ni Adan at ng Baha. Yamang alam mo na kung bakit pinabaha ng Panginoon ang mundo, ano ang pakaiingatan mong gawin sa buhay mo kung kabilang ka sa pamilya ni Noe? Ano ang titiyakin mong ituro sa iyong mga anak?*

*Ang pagkakataon ni Noe at ng kanyang pamilya na magpanimula sa isang daigdig na nilinis mula sa kasalanan ay simbolo ng pagkakataong natatanggap natin kapag tayo ay bininyagan—may pagkakataon tayong magsimulang muli at maging mas masigasig sa pagsunod sa plano ng Ama sa Langit. Tulad ng bahaghari na naging paalala sa pagmamahal at awa ng Diyos sa pamilya ni Noe, ang sacrament ay madalas na pagpapaalala kung paano inilaan ng Panginoon ang landas para magkaroon tayo ng buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Genesis 9:1–17*

**Magpalaanakin, at magpakarami, at kalatan ang lupa** (t. 1)—Magkaroon ng mga anak

**Magbubo ng dugo ng tao** (t. 6)—Pagpatay sa isang tao

**Sa buong panahon** (t. 12)—Magmula ngayon

### Genesis 9—Tulong Mula sa Pagsasalin ni Joseph Smith

Habang binabasa mo ang Genesis 9 magkakaroon ka ng karagdagang kaalaman o pagkaunawa sa pagbabasa ng bawat reperensya mula sa Pagsasalin ni Joseph Smith sa kabanatang ito.

### Genesis 9:18–29—Nakalilitong Kuwento Tungkol kay Noe

Wala sa atin ang lahat ng detalye tungkol sa kuwentong ito ng kalasingan ni Noe. Alam natin na hindi kailanman isinumpa ng Panginoon si Noe dahil sa pangyayaring ito kahit na isinusumpa niya ang kalasingan sa iba pang bahagi sa banal na kasulatan. Noong panahon ng Lumang Tipan kapag iniimbak ang katas ng ubas (na tinatawag na alak), likas ang pagasim nito sa paglipas ng panahon at maaaring makalasing. Ngunit ang umasim na katas ng ubas ay ibang-iba sa tinatawag ng Biblia na "matapang na inumin." Ang matapang na inumin ay gawa sa iba't ibang uri ng mga prutas at butil at sadyang pampalasing. Ang kalasingan ni Noe matapos niyang inumin ang "alak" ay malamang na hindi sinadya.


Hindi rin natin tiyak kung ano ang nangyari sa Genesis 9:22 nang si "Cham, na ama ni Canaan, ay nakakita ng kahubaran ng kaniyang ama" at kung bakit sa talata 25 ay isinumpa ni Noe si Canaan dahil dito. Naniniwala ang ilan na ang kasuotan dito ay hinubad dahil may espesyal na kahalagahan ito ukol sa relihiyon at maaaring sagisag ng priesthood ni Noe. Kung si Canaan man o si Cham ang nag-alis sa kasuotan, ang sumpa ay maaaring may kaugnayan sa Abraham 1:26–27 kung saan mababasa natin na ang mga inapo ni Cham ay "isinumpa … nang nauukol sa Pagkasaserdote" (t. 26).

Idinagdag ni Propetang Joseph Smith: "Tinukoy ko ang sumpa kay Cham sa pagtatawa kay Noe, na nalango sa alak, ngunit hindi nanggugulo. Si Noe ay isang matuwid na tao, subalit uminom ng alak at nalasing; hindi siya tinalikuran ng Panginoon nang dahil dito, sapagkat nanatili sa kanya ang lahat ng kapangyarihan ng kanyang priesthood, at nang paratangan siya ni Canaan, isinumpa niya ito gamit ang priesthood na taglay niya, at iginalang ng Panginoon ang kanyang salita, at ang priesthood na hawak niya noon, bagama't siya ay lasing, at ang sumpa ay nanatili sa mga inapo ni Canaan hanggang sa araw na ito" (*History of the Church,* 4:445–46).

Kapag hinangad nating kamtin o gamitin ang mga basbas ng priesthood sa hindi tapat na paraan, tayo ay isusumpa, at mawawala sa atin ang mga pagkakataon, pagpapala, at kapangyarihan. Halimbawa, ang mga taong nakakamtan ang priesthood o mga ordenansa ng priesthood sa pamamagitan ng pagsisinungaling tungkol sa pagiging marapat nila ay hindi tatanggapin ang mga pagpapala ng mga ordenansang iyon at sa halip ay *mawawala* ang mga pagpapalang iyon. Hindi natin malilinlang ang Panginoon.

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ano ang Iyong "Bahaghari"?



1. Ang Panginoon ay nagbigay kay Noe ng tanda, o paalala, tungkol sa ginawa niyang tipan. Nakatulong ang tanda kay Noe na maalaala kung gaano siya kinaawaan ng Panginoon. Magsulat tungkol sa isang bagay na nagpapaalala sa iyo kung gaano kamaawain sa iyo ang Panginoon.
2. Paano makakatulad ng bahaghari kay Noe noon ang sacrament sa atin?

# Genesis 10

## Mga Inapo ni Noe

*Binanggit sa Genesis 10 ang mga pangalan ng mga inapo ng mga anak ni Noe sa loob ng ilang henerasyon: Japhet (tingnan sa mga talata 2–6), Cham (tingnan sa mga talata 6–20), at Sem (tingnan sa mga talata 21–31). Pagkatapos ng kabanatang ito, ang Biblia ay halos kuwento ng ilang inapo ni Sem. Ang salitang Semita—na karaniwang tumutukoy sa mga Judio—ay nangangahulugan na "inapo ni Sem."*

# Genesis 11

## Ang Tore ng Babel

*Nasubukan mo na bang makipag-usap sa isang taong iba ang gamit na wika? Ilang gawain ang matatapos kung lahat ng estudyante sa isang paaralan ay magkakaiba ang wika at hindi makapag-usap? Sinasabi sa atin ng Genesis 11 kung paano at bakit magkakaiba ang wika natin sa mundo.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Genesis 11:1–9*


**Betun** (t. 3)—Sangkap na tulad ng alkitran

**Makasasawata** (t. 6)—Makapipigil

**Guluhin** (mga talata 7, 9)—Lituhin, paghalu-haluin



**Genesis 11:10–32—Ang Talaangkanan ni Abraham**




## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang dalawa sa kasunod na mga aktibidad (A–C) sa iyong pag-aaral ng Genesis 11:1–9.

### A Basahin at Paghambingin

1. Basahin ang Genesis 11:1–4 at ipaliwanag ang ginawa ng mga tao sa Sinar sa pagtatangkang marating ang langit.
2. Basahin ang Mga Gawa 4:12; 2 Nephi 9:41–43; Mosias 3:17; 5:10–15 at isulat kung paano tayo nagkakaroon ng "isang ngalan" (Genesis 11:4) na magpapapasok sa atin sa langit.

### B Gumawa ng Koneksyon sa Aklat ni Mormon

Basahin ang Genesis 11:5–9 upang malaman kung paano tumugon ang Panginoon sa pagtatangka ng mga tao na makagawa ng pangalan para sa kanilang sarili at ng isang tore na aabot sa langit. Pagkatapos ay basahin ang Ether 1:33–43 at ibuod sa iyong notbuk ang nangyari sa isang grupo ng mga tao sa panahong nabanggit sa Genesis.

### C Ano sa Palagay Mo?

Ipaliwanag kung paano sa palagay mo naging pagpapala sa mga tao ang mga ginawa ng Panginoon sa Genesis 11:1–9.

*Gaya ng nabanggit sa pambungad sa Genesis (tingnan sa "Ang mga Aklat ng Genesis, Moises, at Abraham" sa p. 9), natanggap ni Joseph Smith ang marami pang mga isinulat at itinuro ng propetang si Abraham sa pamamagitan ng pagsasalin ng ilang papyrus na napasakanya habang naninirahan siya sa Kirtland, Ohio. Ang aklat ni Abraham ay hindi itinuturing na bahagi ng Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia, ngunit tinutulungan tayo ng Abraham 1–2 na madagdagan ang ating pang-unawa sa mga pangyayaring inilarawan sa Genesis 12.*

# Abraham 1

## Hinangad ni Abraham ang Priesthood

*Magiging mabuti ba ang mga tao kung nakatira sila sa mga tahanan kung saan hindi hinihikayat ang kabutihan o kung saan inuusig sila ng sarili nilang mga magulang dahil sa pagiging mabuti o matuwid? Kung gayon, ano ang dapat gawin ng mga taong iyon upang madaig ang masasamang impluwensya? Ang dakilang propetang si Abraham, na tinawag na "Kaibigan ng Dios" (Santiago 2:23), ay lumaki sa gayong sitwasyon o kalagayan. Noong nabubuhay pa siya nalampasan niya ang mga hamon na nakaharap niya sa kanyang kabataan at naging huwaran ng kabutihan kaya ipinangako ng Diyos sa kanya na lahat ng tumatanggap sa totoong ebanghelyo ay tatawaging kanyang mga anak at na si Jesucristo ay isisilang bilang isa sa kanyang mga inapo. Sa iyong pagbabasa tungkol kay Abraham sa susunod na ilang kabanata ng Abraham at Genesis, hanapin ang mga ginawa niya upang malampasan ang mga hamon sa buhay niya at maging isa sa mga pinakadakilang propeta sa kasaysayan.*

### Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Abraham 1*

**Mga pagpapala ng mga ama** (t. 2)—Mga ordenansa at tipan ng priesthood

**Kalinisan** (t. 11)—Kadalisayan, pagsunod sa mga batas at kautusan ng seksuwal na kadalisayan

**Anyo ng mga ito** (t. 14)—Kung ano ang hitsura ng mga ito

**Mga guhit** (t. 14)—Mga isinulat at drowing

**Napanatili** (mga talata 22, 24)—Nagpatuloy

**Patriyarka** (mga talata 25–26)—Ama sa anak

### Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang dalawa sa kasunod na mga aktibidad (A–C) sa iyong pag-aaral ng Abraham 1.

#### A Anong mga Pagpapala ang Hinahangad Mo?

1. Sinabi ni Elder Neal A. Maxwell, "Ang mapilit nating hangarin, sa paglipas ng panahon, ang siyang ating kahihinatnan sa huli at matatanggap natin sa kawalang-hanggan" (sa Conference Report, Okt. 1996, 26; o *Ensign*, Nob. 1996, 21). Basahin ang Abraham 1:2–4 at ilista ang mga pagpapalang "hinangad" ni Abraham. Maaari mo ring markahan ang mga ito sa iyong mga banal na kasulatan.
2. Pumili sa listahang ito ng isang bagay na hinahangad o minimithi mo rin, at ipaliwanag kung bakit. Dapat mong mapansin na sa dulo ng talata 2 ay nalaman nating nakamtan ni Abraham ang kanyang hinangad. Ang kanyang buhay ay huwaran ng kung paano mo rin makakamtan ang hinangad niyang mga pagpapala.

#### B Bakit Inuusig ang Mabubuting Tao?

1. Tukuyin ang mga dahilan kung bakit inusig si Abraham at ang tatlong dalaga, at ihambing ang mga dahilang iyon sa iniisip mong mga paraan kung bakit inuusig kung minsan ang mabubuting tao.
2. Ipaliwanag kung bakit sa palagay mo sulit ang mamuhay nang matuwid kahit na ikaw ay uusigin.

#### C Sumulat ng mga Talata Gamit ang Sarili Mong mga Salita

Isulat ang Abraham 1:18–19 sa sarili mong mga salita, na tinutukoy ang ipinangako ng Panginoon kay Abraham gayundin ang mga responsibilidad na natanggap ni Abraham.

# Abraham 2

## Tumanggap si Abraham ng mga Tipan mula sa Diyos

*Sa Abraham 1 mababasa mo ang tungkol sa hangarin ni Abraham na makamtan ang ilang pagpapala mula sa Panginoon at kung paano siya nagsimulang tumanggap ng ang ilan sa mga pagpapalang iyon (tingnan lalo sa mga talata 18–19). Sa Abraham 2 pinangakuan ng Panginoon si Abraham ng karagdagang mga pagpapala. Sa iyong pagbabasa, hanapin ang mga bagay na ginawa ni Abraham upang ipakita ang kanyang katapatan at pagiging marapat sa pagtanggap ng gayong mga pangako mula sa Diyos.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Abraham 2*

**Humupa** (t. 5)—Nagsimulang matapos

**Dalhin ang aking pangalan** (t. 6) —Maging aking kinatawan (tulad ng isang misyonero), magpatotoo tungkol sa akin

**Hindi masusukat** (t. 9)—Higit kaysa kayang sukatin

**Mga taong aming nahikayat** (t. 15)—Mga taong nabinyagan sa ebanghelyo

### Abraham 2—Saan Nangyari ang Kuwento Tungkol kay Abraham?

Tingnan sa mapa 1 ng *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*.

### Abraham 2:8–11—Ang Tipang Abraham

Maaaring mas marami ka pang mabasa tungkol sa Tipang Abraham sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan* sa ilalim ng "Tipang Abraham." Marami ka pang pag-aaralan tungkol sa tipang Abraham sa Genesis 17.

### Abraham 2:22–25—Siya ay Aking Kapatid

Nagtataka ang ilang tao kung bakit tinawag ni Abraham si Sarai na kanyang kapatid. Ang una at pinakamahalagang dahilan ay sapagkat sinabi sa kanya ng Diyos na gawin iyon. Makabubuti ring malaman na sa wikang Hebreo ay walang magkakahiwalay na salita para sa apong babae, apong lalaki, pinsan, pamangkin na babae, o pamangkin na lalaki. Ang pangkalahatang mga katagang *anak na lalaki*, *anak na babae*, *kapatid na lalaki*, at *kapatid na babae* ang gamit noon sa mga ugnayan ng pamilya. Dahil si Sarai ay anak ng kapatid ni Abraham na si Haran, makikilala rin siya bilang kanyang kapatid.

Tila kakatwa na para sa mga Egipcio ang pangangalunya sa isang babaing may-asawa ay hindi tama, ngunit malinaw na walang problema kung patayin nila ang isang lalaki upang mapangasawa lamang ang asawa nito "nang ayon sa batas." Mahalagang pansinin na kung sakaling namatay si Abraham sa panahong ito, maaaring hindi sana natupad ang tipan sa kanya ng Panginoon. Kaya't sinabi sa kanya ng Panginoon kung ano ang dapat niyang sabihin upang maligtas ang kanyang buhay at matupad ang tipan.

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Paghahanap ng Katibayan

1. Basahin ang Abraham 2:1–17 at maghanap ng katibayan na naniwala at nagtiwala si Abraham sa Diyos. Ilista ang katibayan o ebidensyang ito sa iyong notbuk.
2. Magsulat tungkol sa inaakala mong matatagpuan ng isang tao sa buhay mo na nagpapakita na sumusunod ka sa Diyos at naniniwala at nagtitiwala ka sa kanya. Itala ang mga halimbawa sa iyong buhay na katulad ng mga paraan ng pagpapakita ni Abraham ng kanyang pananampalataya sa Diyos, o isipin ang mga bagay sa iyong buhay na inasam mo na sana ay katulad ng halimbawa ng pananampalataya ni Abraham.

### B Gamitin ang Bawat Salita

Gamitin ang *lahat* ng sumusunod na salita upang makasulat ng isa o dalawang pangungusap na nagbubuod sa ipinangako ng Panginoon kay Abraham sa Abraham 2:8–11: *pagpapalain, binhi, pangangaral, pagkasaserdote, ebanghelyo, ama, mga mag-anak, kaligtasan.*

# Genesis 12–13

## Huwag Magkaroon ng Pagtatalo

*Muling isinasalaysay sa Genesis 12 ang ilan sa mga katulad na pangyayaring nabasa mo sa Abraham 1–2. Idinagdag ng Genesis 12 ang lugar kung saan nagtayo si Abraham ng isang altar o dambana at sinamba ang Panginoon (tingnan sa Genesis 12:8) gayundin ang detalye tungkol sa nangyari nang magpunta si Abraham sa Egipto at sinabi kay Faraon na kapatid niya si Sarai (tingnan sa Genesis 12:14–20).*

*Mapapansin mo na sa aklat ng Genesis, si Abraham ay tinawag na "Abram" at si Sara ay tinawag na "Sarai" hanggang sa kabanata 17. Kapag binasa mo ang Genesis 17 marami ka pang malalaman kung bakit binago ang kanilang mga pangalan.*

*Si Abraham ay lumaki sa isang pamilya kung saan inusig siya ng kanyang ama sa pagiging tapat sa Diyos. Ang ama ni Lot (si Haran) ay namatay bago pa namatay ang lolo ni Lot (si Thare). Sina Abraham at Lot ay kapwa dumanas ng mga pagsubok. Matagal silang magkasama sa pag-alis mula sa Ur, at pagkatapos ay nagpunta sa Egipto, at sa huli ay sa lupang pangako sa Canaan. Gayunman, medyo nagkaiba ang takbo ng kanilang buhay. Maaaring magtaka tayo kung bakit naging magkaiba ang buhay nina Abraham at Lot samantalang lumaki sila sa magkatulad na kalagayan. Sa pagbabasa mo ng susunod na anim hanggang walong kabanata ng Genesis, hanapin ang mga desisyong ginawa nina Abraham at Lot at kung paano sila naapektuhan ng mga desisyong iyon sa paglipas ng panahon.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Genesis 13*

**Makayanan** (t. 6)—Mapagkasya (dahil walang sapat na mapaglagyan)

**Ipinamamanhik** (t. 8)—Hinihiling

**Niluwang-luwang** (t. 17)—Lapad o kalaparan

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Tulungan ang Isang Kaibigan

Isulat kung paano mo magagamit ang kuwento nina Abraham at Lot sa Genesis 13:5–13 upang tulungan ang isang kaibigan na lutasin ang kanyang problema sa pakikibagay o pakikisama sa isang magulang o sa ibang miyembro ng pamilya.

### B Hingin ang Tulong ng Bagong Tipan

Basahin ang Mga Hebreo 11:8, 10, 13–16 at sabihin kung ano ang humikayat kay Abraham na lutasin ang kanyang problema tulad ng ginawa niya sa kabanatang ito.

# Genesis 14

## Nakipagkita si Abraham kay Melquisedec

*Mababasa natin sa Genesis 13:12 na "inilipat [ni Lot] ang kaniyang tolda hanggang sa Sodoma." Sa Genesis 14:12 nalaman natin na siya ay "nananahan sa Sodoma." Bunga nito, siya ay naging bihag sa isang digmaan sa pagitan ng iba't ibang hari ng lupain nang panahong iyon. Makikitang hindi apektado ng digmaan si Abraham hanggang sa mabihag si Lot. Ipinapaliwanag sa Genesis 14:1–12 kung paanong bumuo ng alyansang militar ang iba't ibang hari upang protektahan ang kanilang sarili at manalo sa mga digmaan. Sa panahong ito, kapag may ginawang pabor ang isang hari sa isa pang hari, naghihintay ito ng kabayaran. Habang binabasa mo ang Genesis 14:13–24, pansinin ang ginawa ni Abraham upang tulungan si Lot at kung ano ang nadama ni Abraham tungkol sa pagtanggap ng karangalan, kapangyarihan, salapi, o pambobola ng mga taong may makamundong kapangyarihan. Ihambing ang reaksiyon na ito sa paraan ng pagtanggap at paggalang niya sa isang lalaking may makalangit na kapangyarihan at awtoridad.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Genesis 14:13–24*

**Sinaktan** (t. 15)—Sinalakay o nilusob

**Mga pagaari** (mga talata 16, 21)—Mga bagay na nakuha o nasamsam

**Itinaas ang aking kamay** (t. 22)—Gumawa ng pangako o tipan

**Panali ng pangyapak** (t. 23)—Sintas ng sapatos

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang aktibidad A at pagkatapos ay gawin ang aktibidad B o C sa iyong pag-aaral ng Genesis 14:13–24.

### A Sino si Melquisedec?

Basahin sa Mga Pinili mula sa Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia ang Genesis 14:25–40, sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*; Alma 13:14–19; Doktrina at mga Tipan 84:14; 107:1–4; 138:41. Ilarawan kung sino si Melquisedec at bakit sa palagay mo nagbayad si Abraham ng mga ikapu sa kanya at tumanggap ng mga pagbabasbas mula sa kanya.

### B Gumawa ng Sarili Mong Konklusiyon

Ang lungsod ng Sodoma ay kilala noon sa kayamanan at maraming makamundong kaaliwan at sa matinding kasamaan nito. Ano ang itinuro sa atin ng mga ikinilos ni Abraham tungo sa hari ng Sodoma tungkol sa kanyang mga pinahahalagahan at katapatan sa Diyos? Sa pagsagot mo sa tanong na iyan, isipin ang napakinabangan sana ni Abraham mula sa hari ng Sodoma. Isipin din ang alituntuning matatagpuan sa Moroni 10:30.

### C Magdrowing

Magdrowing ng isang bagay na sumasagisag o sumisimbolo sa kuwento ni Abraham sa Genesis 14:17–24.

# Genesis 15

## Pinagtibay ang Isang Tipan

*Sa unang bahagi ng buhay ni Abraham, nangako ang Panginoon sa kanya ng maraming bagay hinggil sa kanyang inapo, kabilang ang pangako na sila ay magiging kasindami ng "alabok ng lupa" (Genesis 13:16). Nang maganap na ang mga pangyayari sa Genesis 15, sina Abraham at Sara ay wala pa ring mga anak. Sa kabanatang ito, tinulungan ng Panginoon si Abraham na malaman na ang kanyang mga pangako ay matutupad pa rin.*



## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Genesis 15*

**Magaari** (t. 2)—Tagapaglingkod na namamahala sa iba pang mga tagapaglingkod

**Isang ipinanganak sa aking bahay** (t. 3)—Isang taong isinilang sa isa sa aking mga tagapaglingkod

**Dumalagang baka** (t. 9)—Batang baka

**Pumasa iyong mga magulang** (t. 15)—Mamatay

**Katampalasanan** (t. 16)—Kasalanan

**Genesis 15:6—Tulong mula sa Pagsasalin ni Joseph Smith**

Ang Mga Pinili mula sa Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia ng Genesis 15:9–12 sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan* ay nagbibigay ng karagdagang tulong sa Genesis 15.

**Genesis 15:9–17—Ano ang Ginagawa ni Abraham sa mga Talatang Ito?**

Inilalarawan ng mga talatang ito sa Genesis 15 ang isang kaugalian noong una sa Gitnang Silangan na paggawa o "paghati" ng isang tipan. Matapos hatiin ng taong nakikipagtipan ang hayop (o mga hayop) sa dalawa, lumalakad siya sa pagitan ng dalawang piraso na para bang sinasabing, "Kung hindi ko tutuparin ang aking tipan, nawa'y matulad ako sa hayop na ito." Sa ganitong sitwasyon, ang nagniningas na tanglaw o ilawan ay sagisag ng presensya ng Panginoon at nagbigay ng katiyakan kay Abraham na tutuparin ng Panginoon ang kanyang tipan.

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ipaliwanag ang Simbolismo

Markahan ang mga salita sa Genesis 15:1 na naglalarawan sa sinabi ng Panginoon kung magiging ano siya para kay Abram. Isulat kung paano nakatulad ng Panginoon ang mga bagay na iyon para sa mga taong gumagawa at tumutupad ng kanilang mga tipan sa kanya.

### B Tapusin ang mga Pangungusap na Ito

1. Nag-alala si Abraham na … (tingnan sa mga talata 3, 7–8)
2. Muling binigyang-katiyakan ng Panginoon si Abraham sa pamamagitan ng … (tingnan sa mga talata 1, 17)

# Genesis 16

## Pinakasalan ni Abraham si Agar

*Sa Genesis 15 mababasa natin ang tungkol sa mga agam-agam at alalahanin ni Abraham. Sa Genesis 16 may kaunti tayong nalaman tungkol sa maaaring nadama ni Sara. Iniutos ng Panginoon kay Sara na ibigay si Agar kay Abraham para maging kanyang asawa at inutusan si Abraham na pakasalan si Agar (tingnan sa D at T 132:34–35). Bagama't maaaring mahirap, nang gawin ito ni Sara para kay Abraham, ipinakita nito kung gaano ang hangarin ni Sara na sundin ang Panginoon at tuparin ang kanyang mga tipan. Habang binabasa mo ang kabanatang ito isipin kung ano kaya ang maaaring nadama ni Agar sa maikling kuwentong ito.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Genesis 16*

**Panginoong babae** (t. 4, 8)—Babaing may alila

**Sa iyong sinapupunan** (t. 5)—Sa iyo

**Niwalan ng kabuluhan** (t. 5)—Inapi o minaliit, kinapootan

**Pahinuhod ka sa kaniyang mga kamay** (t. 9)—Magpakumbaba ka at gawin ang anumang sabihin niya

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Pagkilala sa Pagmamahal ng Diyos

Sa gitna ng isang mahirap na pagsubok, natutuhan ni Agar ang mga bagay na makatutulong sa ating lahat na tiisin ang mga pagsubok. Isulat ang natanim nang lubos sa isip mo sa Genesis 16 na nagpapakita ng pagmamahal ng Diyos kay Agar at kung paano tinanggap ni Agar ang kanyang pagmamahal.

# Genesis 17

## Ang Tipang Abraham

*Sa Genesis 17 muling pinagpala ng Diyos si Abraham at binigyan siya ng karagdagang mga pangako hinggil sa mga pagpapalang matatanggap niya at ng kanyang mga inapo. Tulad ng ginagawa niya sa atin, nangako at pinagpala ng Panginoon si Abraham nang paunti-unti, na may karagdagan sa bawat pagkakataon. Ang lahat ng pinagsama-samang pangako, pagpapala, at tipang ibinigay kay Abraham, ay tinatawag na "tipang Abraham." Sa pagbubuod ng mga pangako ng tipang Abraham, sinabi ni Elder Russell M. Nelson:*

*"Ang tipan … ay tunay na napakahalaga. Ito ay naglalaman ng ilang pangako:*

*"Ang angkan ni Abraham ay magiging napakarami, may karapatan sa walang hanggang pagsulong at magtaglay ng priesthood;*

*"Siya'y magiging ama ng maraming bansa;*

*"Si Cristo at ang mga hari ay magmumula sa angkan ni Abraham;*

*"Ang ilang lupain ay mamanahin;*

*"Lahat ng mga bansa ng daigdig ay pagpapalain sa pamamagitan ng kanyang binhi;*

*"Ang tipang iyon ay magpasawalang-hanggan—maging sa 'isang libong henerasyon'" (sa Conference Report, Abr. 1995, 42; o* Ensign, *Mayo 1995, 33).*

*Ipinaliwanag ni Elder Bruce R. McConkie kung paano idinagdag ang mga pagpapala kay Abraham:*

*"Unang natanggap ni Abraham ang ebanghelyo sa pamamagitan ng binyag (na siyang tipan ng kaligtasan); pagkatapos iginawad sa kanya ang mas mataas na priesthood, at pumasok siya sa selestiyal na kasal (na tipan ng kadakilaan), at dahil doon ay nabigyang-katiyakan na magkakaroon siya ng walang-hanggang pag-unlad; sa huli ay tinanggap niya ang pangako na lahat ng mga pagpapalang ito ay ibibigay sa lahat ng kanyang mga inapo sa lupa. (Abr. 2:6–11; D at T 132:29–50.) …*

*"… Ang mga bahagi niyon na nauukol sa pansariling kadakilaan at walang hanggang pag-unlad ay binabago sa bawat miyembro ng sambahayan ni Israel na pumapasok sa orden ng selestiyal na kasal"* (Mormon Doctrine, *13).*

*Dahil lahat ng miyembro ng Simbahan ay binhi o inapo ni Abraham sa pamamagitan ng tipan, dapat nating isaalang-alang na mabuti ang mga tipang ginawa ng Panginoon kay Abraham at tingnan kung paano naaangkop sa atin ang mga ito.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Genesis 17*

**Ikaw ay pararamihing mainam** (t. 2)—Bibigyan ka ng maraming inapo

**Papanggagalingin sa iyo ang mga bansa, at magbubuhat sa iyo ang mga hari** (t. 6)—Ang mga bansa at mga hari ay magmumula sa iyong LAHI

### Genesis 17:9–14—Pagtutuli

Ang sagisag o tanda ng tipang ginawa ng Diyos kay Abraham ay ang pagtutuli. Ang pagtutuli ay sagisag ng kalinisan sa harap ng Diyos at masimbolong paalala rin ng mga pangakong ginawa ng Panginoon kay Abraham hinggil sa kanyang mga inapo. Marami ka pang mababasa tungkol sa pagtutuli sa iyong *Gabay sa mga Banal na Kasulatan.* Ang pagtutuli ay hindi na ipinag-uutos ngayon.

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Tukuyin ang Iba't Ibang Aspeto ng Tipan

Ang tipan ay isang kasunduan sa pagitan ng dalawang panig kung saan nangangako ang kapwa panig na gagawin ang partikular na mga bagay. Sa tipan ng ebanghelyo, ang Diyos ang palaging nagtatakda ng mga kondisyon, o kung ano ang kailangang gawin at tanggapin bilang bahagi ng tipan, at pumapayag ang tao na sundin ang mga kondisyong iyon.

1. Ano ang ipinagawa ng Diyos kay Abraham sa pagtanggap ng tipang ito? (tingnan sa mga talata 1, 10).
2. Ano ang ipinangako ng Panginoon kay Abraham? (tingnan sa mga talata 2–8, 15–19). Tiyaking basahin ang lahat ng reperensya sa Pagsasalin ni Joseph Smith para sa mga talatang ito sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, at isama ang mga ito bilang bahagi ng listahan.
3. Basahin ang Genesis 12:1–3; 13:14–16; 15:1–7; Abraham 1:18–19; 2:9–11. Idagdag ang mga pangakong nabanggit sa listahang sinimulan mo sa itaas.

### B Isaayos ang Iba't Ibang Aspeto

**Ang Tipang Abraham**

| Lupain | Inapo |
|---|---|
| Pagkasaserdote [Priesthood] at ebanghelyo | Kaligtasan |

May apat na pangunahing kategoriya ang mga pagpapala sa tipang Abraham: lupain, inapo, pagkasaserdote at ebanghelyo, at kaligtasan. Kunin ang listahang ginawa mo sa aktibidad A at isaayos ang mga ito batay sa kategoriya. Kung sa palagay mo ang isang pagpapala ay angkop sa mahigit isang kategoriya, ilista ito sa ilalim ng lahat ng angkop na mga kategoriya.

### C Ano ang Mayroon sa Pangalan?

Pansinin na binago ang mga pangalan nina Abraham at Sara bilang bahagi ng tipan (tingnan sa Genesis 17:4–8; 15–16). Isang talababa sa mga banal na kasulatan ng LDS sa Ingles ang nagsasaad na ang ibig sabihin ng Sara ay "prinsesa."

1. Ano ang madarama mo sa pagtanggap ng pangalang tulad ng natanggap ni Sara? Bakit?
2. Sa paanong paraan naging karagdagang patotoo ng mga pangako ng Diyos ang pangalan ni Sara? Kanino siya prinsesa at ano ang itinuturo niyan sa atin sa maaari niyang marating?
3. Dahil ang mga miyembro ng Simbahan ay mga anak nina Abraham at Sara, ano ang malalaman natin tungkol sa ating sarili mula sa mga pangalang ibinigay ng Diyos sa dakilang mag-asawang ito?
4. Sa paanong paraan nagkaroon ng bahagi ang pagtanggap ng pangalan sa mga tipang ginagawa natin ngayon sa Panginoon upang maging kanyang mga tao? (tingnan sa 2 Nephi 31:13, 17–20; Mosias 18:8–10; Moroni 4:1–3).
5. Ano ang bagong pangalan na natatanggap natin kapag nabinyagan tayo at nakibahagi ng sacrament? Ano sa palagay mo ang kahalagahan ng pagtataglay natin sa ating sarili ng pangalang iyon?

# Genesis 18

## "May Anomang Bagay Kayang Napakahirap sa Panginoon?"



*Sa Genesis 17 nangako ang Panginoon kay Abraham na magsisilang ng anak na lalaki si Sara. Nababasa natin ang naging reaksiyon ni Abraham sa pangakong iyan. Sa Genesis 18 nalaman natin ang naging reaksiyon ni Sara nang malaman niya ang tungkol sa pangako ring ito.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Genesis 18*

**Huwag lagpasan** (t. 3)—Huwag iwanan

**Magsipagtuloy** (t. 5)—Umalis

**Tapayin** (t. 6)—Ihanda para ihurno

**Ganitong panahon ng taong darating, tadhanang panahon** (mga talata 10, 14)—Sa panahon ng paglilihi

**Tinigilan na si Sara ng kaugalian ng mga babae** (t. 11)—Masyado nang matanda si Sara para magkaanak

**Panginoon** (t. 12)—Asawang lalaki

**Gumawa ng kabanalan at kahatulan** (t. 19)—Mamuhay nang matuwid at tulungan ang iba

**Sigaw** (t. 20)—Ang sinasabi tungkol sa kasalanan at kasamaan

**Napakalubha** (t. 20)—Napakabigat

**Tingnan kung ginawa nga ang ayon sa sigaw na dumarating** (t. 21)—Alamin kung ginawa nga ng mga tao ang mga bagay na sinabi nilang ginawa nila

**Malayo nawa sa iyo ang paggawa ng ganito** (t. 25)—Hindi ganyan karaniwang ginagawa ang mga bagay-bagay

**Alabok at abo** (t. 27)—Walang kabuluhan kung ikukumpara sa Diyos

### Genesis 18:1–22—Sino ang Dumalaw kay Abraham?

Isinasaad sa Genesis 18:1 na nagpakita ang Panginoon kay Abraham. Hindi ito nangangahulugan na ang Panginoon ay isa sa tatlong lalaking dumalaw sa kanya. Nakasaad din sa Pagsasalin ni Joseph Smith na ang tatlong lalaking ito ay mga lalaking banal na mayhawak ng priesthood at opisyal na mga kinatawan ng Panginoon.

### Genesis 18:20—Ang mga Kasalanan ng Sodoma at Gomorra

Kapag binasa natin ang Genesis 19 malalaman natin na imoralidad ang isa sa mabibigat na kasalanan ng mga lungsod na ito. Ipinauunawa sa atin ng Ezekiel 16:48–50 na ang mga mamamayan ng Sodoma at Gomorra ay mga palalo, ayaw pangalagaan ang mahihirap at nangangailangan, at mga tamad.

### Genesis 18:23–33—Ang Masasama ay Maaaring Maligtas Dahil sa Mabubuting Tao

Basahin ang Alma 10:20–23 upang malaman pa ang tungkol sa prinsipyo ng pagliligtas sa masasama.

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Sagutin ang Tanong ng Panginoon

1. Pansinin na hindi nasagot ang tanong sa Genesis 18:14. Tingnan sa Lucas 1:37 ang sagot at pagkatapos ay ipaliwanag ang sagot.
2. Isulat ang tungkol sa isang karanasan mo o ng isang kakilala mo na nagpapakita na "[walang bagay na] napakahirap sa Panginoon" (t. 14).

### B Piliin ang Pinakamainam na mga Salita

Pagkatapos basahin ang Genesis 18:16–33, pag-isipan ang natutuhan mo tungkol sa pagkatao ni Abraham at sa pagkatao ng Diyos. Pumili ng dalawang salita mula sa talatang ito na inaakala mong pinakamainam na naglalarawan kay Abraham at dalawang salita na inaakala mong pinakamainam na naglalarawan sa katangian ng Diyos.

# Genesis 19

## Sodoma at Gomorra

*Nakasaad sa Genesis 14:12 na si Lot ay "nananahan sa Sodoma." Sa Genesis 18 nakituloy ang mga sugo ng Diyos kay Abraham nang papunta sila sa Sodoma at Gomorra, at napag-alaman ni Abraham ang tungkol sa plano ng Diyos na wasakin ang Sodoma at Gomorra. Ikinukuwento sa Genesis 19 ang nangyari nang dumating ang mga sugo upang tulungan si Lot at ang kanyang pamilya sa paglisan sa Sodoma at Gomorra bago ito wasakin.*

*Bagama't nakatakas si Lot bago winasak ang Sodoma at Gomorra, ang ilan sa kanyang mga kapamilya ay nasanay na sa masasamang gawain ng Sodoma at Gomorra. Nilipol sila dahil ayaw nilang sundin ang payo na lumikas.*

# Genesis 20–21

## Isang Pangakong Natupad

*Sa Genesis 20 muling sinabi ng Diyos kay Abraham na iligtas ang kanyang buhay sa pamamagitan ng pagsasabing kapatid niya si Sara. Bunga nito, natulungan ng Panginoon ang isang lalaki, si Abimelech, at ang kanyang pamilya na maunawaan na si Abraham ay isang propeta. Ang mga miyembro ng pamilya ni Abimelech ay pinagpala dahil naniwala sila na si Abraham ay tao ng Diyos at isang propeta.*

*Kung minsan sinusubukan ang ating pagtitiis at pananampalataya sa paghahangad natin ng katuparan ng mga pangako ng Panginoon. Nasa Genesis 21 ang kuwento kung paanong natupad ang pangako ng Diyos kina Abraham at Sara na siya ay magsisilang ng anak na lalaki. Ang mga kaganapan sa Genesis 21 ay nangyari noong si Abraham ay isandaang taong gulang at si Sara ay siyamnapung taong gulang. May pag-aalinlangan pa ba na ang pagsilang ng kanilang anak ay isang himala at pagpapala mula sa Diyos?*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Genesis 21*

**Dumalaw** (t. 1)—Pinagpala o binasbasan

**Inihiwalay sa suso** (t. 8)—Hindi na pinasuso ng gatas ng ina

**Hilagpos ng pana** (t. 16)—Ang distansya ng pagtudla ng pana ng isang tao

**Naano** (t. 17)—Ano ang problema

**Mamamana** (t. 20)—Taong may dalang busog at palaso

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Sumulat ng Liham

Isipin na kunwari ay ikaw ang nasa sitwasyon ni Abraham o ni Sara at sulatan ang isang kaibigan, na ikinukuwento ang pagsilang ni Isaac. Isama ang mga detalye ng kuwento simula nang isipin ni Sara na hindi na siya magkakaanak at ilarawan kung ano ang maaari mong madama sa bawat bahagi ng kuwento.

# Genesis 22

## Ang Pag-aalay kay Isaac

*Kung hihilingin ng Panginoon na isuko o talikuran mo ang isang bagay, ano kaya ang pinakamahirap isuko para sa iyo? Gagawin mo ba ito? Bakit? Ikinukuwento sa Genesis 22 ang isa sa mga pinakamalaking pagsubok na ibinigay ng Diyos sa tao. Bago basahin ang kabanata 22, basahin ang sinabi ng Panginoon sa mga miyembro ng Simbahan sa Doktrina at mga Tipan 101:4–5. Habang binabasa mo ang Genesis 22, ilagay ang iyong sarili sa katayuan ni Abraham o ni Isaac at pag-isipan kung ano ang maaaring isipin mo sa bawat yugto sa kuwento.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Genesis 22*

**Natatakot** (t. 12)—Gumagalang, nagmamahal, at may respeto

**Dawag** (t. 13)—Palumpong, malalagong halaman

**Kakamtin ang pintuang-bayan ng** (t. 17)—Magkakaroon ng kapangyarihan sa

### Genesis 22—Bakit Hiniling ng Panginoon kay Abraham na Ialay si Isaac?


"Bakit hiniling ng Panginoon ang gayon kay Abraham? Dahil, nalalaman ang mangyayari sa kanya sa hinaharap at na siya ay magiging ama ng napakaraming mga inapo, determinado siyang subukin ito. Hindi ito ginawa ng Diyos para sa Kanyang sariling kapakanan; dahil alam na Niya noon pa man kung ano ang gagawin ni Abraham; ngunit ang layunin ay ikintal kay Abraham ang isang aral, at upang makamit niya ang kaalaman na hindi niya makakamtan sa ibang paraan. Iyan ang dahilan kung bakit sinusubok tayong lahat ng Diyos. Hindi ito para sa Kanyang sariling kaalaman; dahil alam Niya ang lahat ng bagay noon pa man. Alam Niya ang buong buhay ninyo at lahat ng ginagawa ninyo. Ngunit sinusubok Niya tayo para sa ating ikabubuti, upang makilala natin ang ating sarili. … Isinailalim Niya si Abraham sa pagsubok na ito dahil layon Niyang bigyan siya ng kaluwalhatian, kadakilaan, at karangalan; layon Niyang gawin itong isang hari at saserdote, upang bahaginan ito ng Kanyang kaluwalhatian, kapangyarihan at kapamahalaan" (George Q. Cannon, sa Conference Report, Abr. 1899, 66).

Iniakma ni Elder Neal A. Maxwell ang mga katotohanang ito sa atin nang sabihin niyang ang buhay natin ay "hindi maaaring kapwa puno ng pananampalataya at walang hirap. …

"Dahil dito, paano natin maiisip na magiging madali ang buhay, na parang sinasabing, Panginoon, pahingi po ng karanasan, ngunit huwag ng pighati, lungkot, pait, oposisyon, pagtataksil, at lalong huwag po Ninyo akong pabayaan. Ilayo po ninyo, Panginoon, ang lahat ng karanasang humubog sa Inyo! At hayaan akong lumapit at manirahan sa Inyong piling at makibahagi sa Inyong galak!" (sa Conference Report, Abr. 1991, 117; o *Ensign,* Mayo 1991, 88).


Iminungkahi ni Propetang Joseph Smith na sakripisyo ang isa sa mga paraan na magkakaroon tayo ng mas malaking pananampalataya. Halimbawa, gaano kaya lalago ang inyong pananampalataya sa Diyos kung naranasan ninyo ang tulad ng naranasan ni Abraham? Hindi sana lumago ang kanyang pananampalataya kung tumanggi siyang ialay ang handog na ipinag-utos ng Diyos. Sinabi ni Joseph Smith, "Ang isang relihiyon na hindi nangangailangan ng pagsasakripisyo ng lahat ng bagay ay hindi kailanman magkakaroon ng sapat na kapangyarihang lumikha ng pananampalatayang kailangan tungo sa buhay at kaligtasan" (*Lectures on Faith* [1985], 69).

### Ang Jerusalem Noong Panahon ni Jesus



**Genesis 22:14—Saan Naroon ang Jehova-jireh at Ano ang Ibig Sabihin ng Pangalan Nito?**
Ang lugar na pinagtayuan ni Abraham ng altar na pag-aalayan ng handog ay tinawag niyang "Jehova-jireh," na isang propesiya na ang Panginoon ay makikita sa bundok ding ito kalaunan. Karaniwang tinatawag na Bundok ng Moria (tingnan sa Genesis 22:2), dito rin sa grupong ito ng mga burol itinayo ang Templo ni Salomon at Ipinako sa Krus ang Tagapagligtas.





## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang tatlo sa sumusunod na mga aktibidad (A–E) sa iyong pag-aaral ng Genesis 22.

### A Isang Halimbawa ni Cristo

1. Basahin ang Jacob 4:3–5 at ipaliwanag ang natutuhan natin sa kuwento tungkol kina Abraham at Isaac.

| Abraham at Isaac | Ang Pag-aalay ng Anak ng Diyos |
|---|---|
| | |

2. Ilista ang mga detalye ng kuwento tungkol kina Abraham at Isaac hangga't kaya mo na nagtuturo sa atin tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Maaari mong ayusin ang impormasyon sa isang tsart tulad ng ipinakita.

### B Hanapin at Itala ang mga Halimbawa

1. Gumawa ng listahan ng lahat ng katibayang makikita mo sa Genesis 22:1–14 na nagpapakita ng pagsunod, katapatan, at dedikasyon ni Abraham sa Diyos.
2. Pumili ng isang aytem sa iyong listahan na labis mong hinahangaan at isulat kung paano mo ito maipamumuhay.

### C Pagnilayin at Isulat ang Tungkol sa Pag-aalay ng Handog

1. Bakit sa palagay mo handa si Abraham na ialay ang kanyang anak bilang handog?
2. Ano ang hinihiling ng Panginoon na ialay mo bilang handog? (tingnan sa 3 Nephi 9:19–20).
3. Bakit magiging handa ang isang tao na mag-alay ng mga handog sa Diyos?

Habang pinag-iisipan mo ang mga sagot mo sa mga tanong na ito, isaalang-alang ang turong ito ni Propetang Joseph Smith: "Ang pag-aalay ng isang tao ng lahat-lahat niya, ang kanyang pagkatao at reputasyon, kanyang dangal, at katanyagan, kanyang mabuting pangalan sa mga tao, kanyang mga bahay, kanyang mga lupain, kanyang mga kapatid, kanyang asawa at mga anak, at maging ang kanyang sariling buhay … ay nangangailangan ng higit pa sa paniniwala lamang … na ginagawa niya ang kalooban ng Diyos; kundi aktuwal na kaalaman, batid na kapag natapos na ang mga pagdurusang ito, siya ay papasok sa walang hanggang kapahingahan, at makikibahagi sa kaluwalhatian ng Diyos" (*Lectures on Faith,* 68; tingnan din sa mga turo ni Pablo sa Mga Hebreo 11:17–19).

### D Paghambingin ang mga Pangako

Basahin ang mga pangako ng Diyos kay Abraham sa Genesis 12:2–3; 13:14–16; 15:5; 17:2, 4, 7. Ihambing ang mga ito sa ipinangako ng Diyos kay Abraham sa Genesis 22:15–18. Sa paanong paraan magkapareho o magkaiba ang mga ito?

### E Pagnilayin at Isulat Kung Paano Nakapagpapalakas ng Ating Pananampalataya ang Pagsubok at Mahihirap na Karanasan

Paano nakapagpapalakas ng ating pananampalataya kay Cristo ang mga pagsubok na tulad ng kina Abraham at Isaac? Ang ilan sa mga ideyang nasa bahaging "Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan" sa pahina 31 ay maaaring makatulong sa iyo sa pagsagot.

# Genesis 23

## Namatay si Sara

*Mababasa natin sa Genesis 23 na namatay si Sara. Si Sara ang kauna-unahan sa pamilya ni Abraham na inilibing sa lupaing ipinangako sa kanya ng Diyos.*

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ipakilala si Abraham

Isipin kunwari na ikaw ang nangangasiwa sa isang miting at si Abraham ang tampok na tagapagsalita. Isulat kung paano mo siya ipakikilala, at isama ang inaakala mong pinakamahalaga at kahanga-hangang mga detalye tungkol sa kanyang buhay.

# Genesis 24

## Isang Asawa para kay Isaac

*Ano sa palagay mo ang pinakamahahalagang katangian na dapat isaalang-alang sa pagpili ng mapapangasawa? Sino ang pagkakatiwalaan mong pumili ng mapapangasawa mo?*

*Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball: "Ang nag-iisa at pinakamalaking bagay na makakaapekto sa maaari mong marating balang-araw, sa iyong gawain, iyong pag-uugali, iyong kahihinatnan sa bandang huli … ay ang isang desisyong gagawin mo … kapag hiniling mo sa taong iyon na makasama mo siya habambuhay. Iyan ang pinakamahalagang desisyon sa buong buhay mo! Hindi kung saan ka mag-aaral, o ano ang pag-aaralan mo, o ano ang kursong kukunin mo, o paano ka kikita. Ang mga ito, bagama't mahalaga, ay kaugnay lamang at hindi maihahambing sa mahalagang desisyon na gagawin mo kapag hiniling mo na sa isang tao na makasama mo siya nang walang hanggan" (*The Teachings of Spencer W. Kimball*, Edward L. Kimball, ed. [1982], 301).*

*Ang pagpili ng mapapangasawa ay mahalaga sa bawat isa, ngunit lalo na sa mga naghahangad ng mga pagpapala ng tipang Abraham, na kinabibilangan ng pangako ng isang walang hanggang pamilya. Kung tinatanggap at tinutupad ng mag-asawa ang tipang Abraham, na lubusang natatanggap sa templo, mapapasakanila ang pagpapala ng walang hanggang pamilya. Sa iyong pagbabasa, pansinin ang ginawang pagsisikap upang makapag-asawa si Isaac sa loob ng tipan at kung paano tumulong ang Panginoon sa proseso. Isaisip ang gagawin mong pagsisikap upang makapag-asawa sa loob ng tipan at kung paano ka matutulungan ng Panginoon.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Genesis 24*

**Sumpa** (mga talata 8, 41)—Kautusan at pangako

**Inuman** (t. 20)—Lalagyan ng inumin ng mga hayop

**Kinalagan** (t. 32)—Inalisan ng pasan

**Uusisain sa kaniyang bibig** (t. 57)—Tatanungin siya at hahayaan siyang sumagot para sa kanyang sarili

**Lambong** (t. 65)—Telang pantakip ng mukha, tradisyonal na kasuotan ng mga babaing walang-asawa sa lipunang ito

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Anong Uri ng Tao ang Gusto Mong Mapangasawa?

1. Gumawa ng listahan ng nalaman mo tungkol kay Rebeca mula sa Genesis 24 na inaakala mong dahilan ng pagiging mabuting asawa niya para kay Isaac.
2. Magsulat tungkol sa isang aytem na nasa iyong listahan na nais mong taglayin ng iyong asawa at ipaliwanag kung bakit.

# Genesis 25

## Ano ang Kahalagahan ng Tipan?

*Sinasabi sa atin sa Genesis 25 na nang mamatay si Sara, nag-asawang muli si Abraham at nagkaroon pa ng mga anak. Sinasabi rin sa atin ng kabanatang ito ang tungkol sa kanyang kamatayan at libing. Ibinigay ang isang maikling listahan ng mga inapo ni Ismael, at pagkatapos ay nagtuon ang kabanata sa kuwento ng pagsilang nina Esau at Jacob, ang kambal na anak nina Isaac at Rebeca. Ang kuwento nina Esau at Jacob ay pumukaw ng mahahalagang bagay na dapat itanong ng bawat isa sa ating sarili: Ano ang pakiramdam ko tungkol sa pagsilang ko sa tipang Abraham bilang aking mana? Gaano ko pinahahalagahan ang tipang iyan?*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Genesis 25:19–34*

**Kung ganito'y bakit** (t. 22)—Bakit nangyayari ito

**Papaghihiwalayin mula sa iyong tiyan** (t. 23)—Isisilang

**Maliksi** (t. 27)—Napakahusay

**Pinangangasuhan** (t. 28)—Karne mula sa mga hayop na nahuhuli ni Esau

**Nanglalambot** (mga talata 29–30)—Pagod at gutom

### Genesis 25:30–34—Ipinagbili ni Esau ang Kanyang Pagkapanganay

Sa kultura ng panahong ito, ang panganay na anak na lalaki ay tumatanggap ng "karapatan ng pagkapanganay," na kinabibilangan ng karapatang mamuno sa pamilya at manahin ang dalawang bahagi ng ari-arian at lupain ng kanyang ama kapag namatay na ang kanyang ama. Sa gayon mapangangalagaan ng anak na may karapatan sa pagkapanganay ang iba pang miyembro ng pamilya, pati na ang balo ng kanyang ama. Ang paghahayag na natanggap ni Rebeca tungkol sa dalawa niyang anak ay nakapaghanda marahil sa kanya upang maunawaan na ang kaugaliang ito ay hindi aangkop sa kanilang pamilya. Ang pagtanggap ng karapatan ng pagkapanganay sa tipan ay hindi dumating nang dahil sa panganay ka o nauna kang isinilang kundi dahil sa kabutihan. Ang kuwento sa Genesis 25:29–34 ay makatutulong upang makita natin kung bakit sinabihan si Rebeca na asahang ang nakababata ang tatanggap ng karapatan ng pagkapanganay. Binabatikos ng ilang tao si Jacob sa "pagsasamantala" sa kanyang kapatid; gayunman, hindi natin alam ang buong kuwento. Ipinapakita sa kuwento kung gaano kaliit ang pagpapahalaga ni Esau sa karapatan ng pagkapanganay at sa mga pagpapala ng pagiging panganay na anak na lalaki sa pinagtipanang lipi ni Abraham at ipinakita na hinangad ni Jacob ang mga pagpapalang iyon.

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Paano Ito Nangyayari Ngayon?

Ipinagpalit ni Esau ang isang bagay na magkakaroon ng malaking kahalagahan sa kanya sa hinaharap (ang kanyang pagkapanganay), sa isang bagay na hindi gaanong mahalaga na kaagad makukuha at mabibigyang-kasiyahan ang kagyat na pita o pagnanasa (pagkagutom). Magsulat tungkol sa mga paraan na nakikita mong ipinagpapalit ng mga tao ngayon ang walang hanggang mga pagkakataon at pagpapala sa isang bagay na makamundo o nagbibigay-kasiyahan sa pagnanasa.

# Genesis 26–27

## Natanggap ni Jacob ang mga Pagpapala ng Tipan

*Sa Genesis 26 mababasa natin kung paano pinaunlad ng Panginoon si Isaac at pinanibago sa kanya ang tipang Abraham (tingnan sa mga talata 3–5, 23–25). Sinasabi rin sa kabanata 26 ang iba pang mga naging karanasan ni Isaac na katulad ng nangyari sa kanyang amang si Abraham (tingnan sa mga talata 6–11, 19–22, 26–31). Nakasaad sa mga huling talata ng kabanata kung paano nagpasiya si Esau na magasawa sa labas ng tipan at kung paano ikinalungkot nina Isaac at Rebeca ang desisyong iyon.*

*Iniisip ng ilang tao na matatanggap nila ang mga pagpapala nang hindi sumusunod sa mga kautusang may kaugnayan sa mga pagpapalang iyon. Nagkakamali sila (tingnan sa D at T 130:20–21). Mababasa natin sa Genesis 25:29–34 kung paano mas pinahalagahan ni Esau ang pagbibigay-kasiyahan sa kanyang kagyat na pagnanasa kaysa mga responsibilidad at pagpapala ng pagiging panganay na anak sa loob ng tipan. Muling ipinakita sa Genesis 26:34–35 kung gaano kaliit ang pagpapahalagang ibinigay ni Esau sa tipan nang pumili siya ng mapangangasawa sa labas ng tipan. Ang pagkaalam sa dalawang bagay na ito tungkol kay Esau ay makatutulong sa pag-unawa sa nangyari sa Genesis 27. Dapat nating matanto na si Esau ay hindi naging karapat-dapat sa mga pagpapalang ninais ni Isaac na ibigay sa kanya.*

*Dapat mo ring mapansin na ang mga pagpapalang ipinangako kay Jacob sa Genesis 27 ay may kundisyon—ibig sabihin ipinangako lamang ang mga ito kay Jacob kung mamumuhay siya nang tapat sa tipan. Hindi basta na lamang darating ang mga pagpapala. Habang patuloy mong binabasa ang Genesis 28–35, hanapin kung ano ang ginawa ni Jacob upang matiyak na matutupad ang ipinangakong mga pagpapala.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Genesis 27*

**Ipinamamanhik** (t. 19)—Hinihiling

**Taba** (mga talata 28, 39)—Kaunlaran

**Kinandili** (t. 37)—Pinagpala

**Nakalaya** (t. 40)—Ang pagkakataong mapatatag ang sarili sa lupain

**Papagpagin mo sa iyong leeg ang pamatok niya** (t. 40)—Hindi na maging kanyang alipin

**Inaakala** (t. 42)—Pinaplano

### Genesis 27—Ninakaw na Pagpapala?

Kahit inakala ni Isaac na binabasbasan niya si Esau, nang matanto niyang si Jacob ang binasbasan niya hindi niya binago ang basbas o isinumpa si Jacob (tingnan sa Genesis 27:33). Malinaw na natanto ni Isaac na binigyang-inspirasyon siya ng Panginoon na basbasan ang tamang tao. Tinutulungan tayo ng kuwento tungkol kina Jacob at Isaac na matanto na binibigyang-inspirasyon ng Panginoon ang kanyang mga tagapaglingkod upang isakatuparan ang kanyang kagustuhan sa kabila ng kanilang mga kahinaan o kakulangan ng kaalaman sa isang sitwasyon.

Ipinangako kay Jacob ang mga pagpapala nang maganap ang mga pangyayari sa Genesis 27, ngunit ang mga pagpapalang iyon ay hindi natupad hanggang sa maging masunurin siya sa mga kautusan na nagtulot sa mga pagpapalang iyon na dumating sa kanyang buhay.

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Payuhan si Esau

Kunwari ay kaibigan ka ni Esau at may pagkakataon kang makausap siya pagkatapos ng mga pangyayari sa Genesis 27. Iniisip ang mga natutuhan mo sa Genesis 25–27, tulungan si Esau na maunawaan kung bakit tinanggap ni Jacob ang mga pagpapala ng tipan at magmungkahi ng dapat gawin ni Esau.

# Genesis 28

## Ang Banal na Karanasan ni Jacob

*Sa Genesis 27 binasbasan ni Isaac si Jacob na siya ay magiging masagana at mamumuno sa kanyang nakatatandang kapatid na si Esau. Gayunman ang pinakamalaking mga pagpapalang makakamtan ni Jacob ay ang mga pagpapala ng tipan na ibinigay sa kanyang lolo na si Abraham at sa kanyang amang si Isaac. Sa Genesis 28 marami pang itinuro ang Panginoon kay Jacob tungkol sa tipan at mga pagpapala nito.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Genesis 28*


**Iingatan** (t. 15)—Babantayan at pagpapalain

**Kakilakilabot** (t. 17)—Banal

**Pinakaalaala** (mga talata 18, 22)—Altar

### Genesis 28:10–28—Si Jacob sa Betel

Hindi natin tiyak kung ano ang hitsura ng hagdan sa panaginip ni Jacob. Sa anumang paraan, ang hagdan ay simbolo ng "pag-akyat" sa langit sa pamamagitan ng paraang inilaan ng Diyos at pinangasiwaan ng kanyang mga tagapaglingkod (ang mga anghel).



Itinuro ni Elder Marion G. Romney na ang mga baitang sa hagdan ay sagisag ng ginawa nating mga tipan sa Diyos na naglalapit sa atin sa kanya. Sinabi din niya na, "Ang mga templo sa ating lahat ay tulad ng Betel noon kay Jacob" ("Temples—The Gates to Heaven," *Ensign,* Mar. 1971, 16). Ang mga templo ay "mga bundok ng Panginoon" kung saan tayo nagpupunta upang iangat ang ating sarili mula sa mga bagay ng mga mundong ito, mas mapalapit sa Diyos at sa langit, at matutuhan kung paano makapapasok sa kanyang kinaroroonan sa kawalang-hanggan. Ang mga ordenansang natatanggap natin sa loob ng templo ay mahalaga sa ating kadakilaan; dahil dito, ang templo ang "pasukan" tungo sa Diyos at sa buhay na walang hanggan.

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang isa sa kasunod na mga aktibidad (A–B) sa pag-aaral mo ng Genesis 28.

### A Tukuyin ang mga Pangako

| Si Isaac ay nangako kay Jacob (tingnan sa mga talata 3–4) | Ang Panginoon ay nangako kay Jacob (tingnan sa mga talata 13–15) | Si Jacob ay nangako sa Panginoon (tingnan sa mga talata 20–22) |
|---|---|---|
| | | |

Sa Genesis 28 ipinangako ni Isaac kay Jacob ang ilang pagpapala, ang Panginoon ay nangako kay Jacob ng ilang pagpapala, at nangako si Jacob sa Panginoon na tiyak niyang gagawin ang mga bagay na ito. Tukuyin ang mga pangako sa kabanatang ito at ilagay ang mga ito sa isang tsart na katulad ng ipinakita.

### B Idrowing ang Iyong Hagdan Paakyat sa Langit

1. Magdrowing ng isang hagdan (kahit aling estilo na ipinakita sa itaas) sa iyong notbuk. Isulat sa mga baitang ang mga ordenansang kailangan mong tanggapin at mga tipang kailangan mong gawin sa Diyos upang makamtan ang buhay na walang hanggan.
2. Ipakita ang iyong drowing sa iyong mga magulang o sa mga lider ng Simbahan upang malaman kung mayroon kang nakalimutan.
3. Isulat kung ano ang ginagawa mo sa iyong buhay ngayon upang makamtan ang mga tipang ito, o ano ang ginagawa mo upang maging karapat-dapat sa mga pagpapala ng mga tipan na ginawa mo na.

# Genesis 29

## Ang mga Anak ni Jacob, Bahagi 1

*Mababasa mo sa Genesis 32 kung paano ginawang Israel ng Panginoon ang pangalan ni Jacob. Madalas nating banggitin sa Simbahan ang "labindalawang lipi ng Israel," na tumutukoy sa labindalawang anak na lalaki ni Jacob (Israel) at ang kanilang mga inapo. Nakasaad sa Genesis 29–30 ang kuwento ng pag-aasawa ni Jacob at ang pagsilang ng labing-isa sa kanyang labindalawang anak na lalaki.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Genesis 29*

**Maaga** (t. 7)—Katanghaliang-tapat


**Dumoon** (t. 14)—Tumira

**Sumiping sa kanya** (t. 21)—Maging kanyang asawa (literal na pumasok sa kanyang tolda at mamuhay na kasama niya)

**Tapusin ang kanyang sanglinggo** (mga talata 27–28)—Manatiling kasal sa kanya at maghintay hanggang sa matapos ang isang linggong pagdiriwang ng kasal bago gawin ang ibang bagay

**Binuksan ang kaniyang bahay-bata** (t. 31)—Biniyayaan siyang magkaanak

**Hindi na manganak** (t. 35)—Hindi na muling nagkaanak




## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang aktibidad A o B habang pinag-aaralan mo ang Genesis 29.

### A Ilagay ang Iyong Sarili sa Kanilang Katayuan

Kunwari ay ikaw si Jacob, Lea, o Raquel. Sumulat sa isang malapit na kaibigan o kapamilya na nakatira sa ibang lugar at ilarawan ang kuwento mula sa Genesis 29 na para bang ikaw ang taong iyon.

### B Ano ang Katumbas ng Mabuting Pag-aasawa?



1. Noong unang panahon, nagbabayad ang lalaki sa ama ng babae sa karapatang mapangasawa ang kanyang anak na babae. Dahil kakaunti lang o walang ari-arian si Jacob, ano ang ginawa niya upang bayaran ang karapatang mapangasawa sina Lea at Raquel?
2. Ipaliwanag kung bakit handa kang gawin o hindi gawin ang ginawa ni Jacob upang mapangasawa ang isang tao.
3. Isulat kung ano sa palagay mo ang "katumbas" ng mabuting pag-aasawa sa kawalang-hanggan ngayon.

# Genesis 30

## Ang mga Anak ni Jacob, Bahagi 2

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Genesis 30*

**Kalagayan** (t. 2)—Katayuan

**Bunga ng bahay-bata** (t. 2)—Mga anak

**Manganak sa ibabaw ng aking mga tuhod** (t. 3)—Mag-anak para sa akin bilang aking alila o tagapaglingkod

**Nanaig** (t. 8)—Nagtagumpay

**Mga mandragoras** (mga talata 14–16)—Tingnan sa Bible Dictionary, s.v. "mandrakes"

**Kaupahan** (t. 18)—Gantimpala

**Mabuting kaloob** (t. 20)—Regalo, o gantimpala

**Binuksan ang kaniyang bahay-bata** (t. 22)—Biniyayaan siyang magkaanak

**Kakutyaan** (t. 23)—Kahihiyan at kalungkutan

### Genesis 30:25–43—Ginawang Masagana si Jacob

Sa Genesis 30 mababasa natin na hinangad ni Jacob na bumalik sa lupain ng kanyang ama. Tinanong niya kay Laban kung maaari niyang dalhin ang mga bagay na nakamtan niya sa pamamagitan ng kanyang paggawa. Sa mahimalang paraan, pinaunlad ng Panginoon si Jacob upang mas marami ang mapasakanya kaysa handang ibigay ni Laban sa kanya.

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ang mga Anak ni Jacob

Gumawa ng tsart ng mga anak na lalaki ni Jacob na katulad ng nasa ibaba. Kakailanganin mo ring tingnan ang Genesis 29:31–35 upang makumpleto ang tsart. Ang huling anak na lalaki ni Jacob, si Benjamin, ay isinilang noong matanda na si Jacob; ang kuwento ng pagsilang ni Benjamin ay nasa Genesis 35. Maaari kang mag-iwan ng puwang sa iyong tsart at isulat na lamang siya sa bandang huli. Pagsunud-sunurin ang mga anak ayon sa kanilang pagsilang batay sa mga banal na kasulatan. Maaari mo ring kulayan o guhitan ang bawat anak sa unang paglitaw ng kanyang pangalan sa mga talata. Kung mamarkahan mo ang iyong mga banal na kasulatan sa ganitong paraan, kaagad mong makikita ang bawat pangalan sa susunod na pagbabasa mo.

| Pangalan ng Anak | Ina | Kahulugan ng Pangalan | Dahilan Kung Bakit Ibinigay ang Pangalan |
|---|---|---|---|
| *Ruben* | *Lea* | *Masdan, isang anak na lalaki* | *Natuwa si Lea na magkakaanak na siya kay Jacob, bagama't dama niyang hindi siya minahal.* |
| *Simeon* | | | |
| *Levi* | | | |

# Genesis 31

## Nilisan ni Jacob ang Padan-aram

*Sa Genesis 31 iniutos ng Panginoon kay Jacob na bumalik sa lupaing kanyang sinilangan, na ipinangako sa kanya sa pamamagitan ng tipan. Nang umalis si Jacob para umuwi sa kanyang lupain, nagalit si Laban at ang kanyang mga anak na lalaki at mga alila. Pakiramdam nila'y tinangay ni Jacob ang mga pag-aari ni Laban, at nainggit sila sa paraan ng pagpapaunlad ng Diyos kay Jacob. Nagalit din si Laban dahil isinama ni Jacob ang kanyang mga anak na babae. Gayunman mababasa din natin na hindi patas ang naging pakikitungo ni Laban kay Jacob at sa kanyang mga anak na babae sa loob ng dalawampung taong paninirahan ni Jacob sa kanila. Sa katunayan, ipinagkait pa niya sa kanyang mga anak na babae ang kanilang mana sa ari-arian. Sa pagtatangkang kunin ang kanyang mana, nilisan ni Raquel ang lupain ng kanyang ama dala ang maliliit na larawan nito, na nagtataglay ng legal na paliwanag ng ari-arian ni Raquel. Hinabol ni Laban si Jacob at ang kanyang pamilya, at pinag-usapan nila kung paano pinakitunguhan ni Laban si Jacob at bakit siya nagpasiyang umuwi. Sa huli, nangako sina Laban at Jacob na hindi nila sasaktan ang isa't isa at pakikitunguhang mabuti ni Jacob ang mga anak na babae at mga apo ni Laban.*

# Genesis 32

## Naglakbay si Jacob Pauwi

*Ano ang sitwasyon nina Jacob at Esau nang umalis si Jacob para humanap ng mapapangasawa? (tingnan sa Genesis 27:41–45). Kung ikaw si Jacob, ano ang magiging pakiramdam mo tungkol sa pag-uwi? Ano ang gagawin mo sa iyong katayuan o sitwasyon?*

*Nakasaad sa Genesis 32–33 ang kuwento ng pagbabalik ni Jacob at ano ang ginawa niya upang makapaghanda sa pagkikita nila ni Esau. Habang nagbabasa ka, pag-isipan kung ano ang matututuhan mo mula sa kuwentong ito tungkol sa kung paano ayusin ang isang nasirang samahan o relasyon.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Genesis 32*

**Natira** (t. 4)—Namuhay

**Nahapis** (t. 7)—Nag-alala

**Pulutong** (mga talata 8, 21)—Grupo

**Tungkod** (t. 10)—Tungkod na siya ring gamit ng pastol upang makatulong sa pagpapastol o pagkontrol sa mga hayop

**Nagparaan, natira** (mga talata 13, 21)—Natulog, lumagi

**Mayroon siya** (t. 13)—Kanyang mga ari-arian

**Paglulubagin** (t. 20)—Papayapain

**Marahil** (t. 20)—Kung

**Tawiran** (t. 22)—Ilog

**Hindi manaig** (t. 25)—Hindi manalo

**Kasukasuan ng hita niya** (mga talata 25, 32)—Suksukan ng kanyang balakang

**Nanaig** (t. 28)—Nagtagumpay, nanalo

**Napipilay** (t. 31)—Paika-ika

**Litid ng balakang** (t. 32)—Litid na naghuhugpong ng kalamnan sa buto

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ipamuhay ang mga Salita ng Makabagong mga Propeta

Pag-isipan ang kasunod na pahayag mula kay Pangulong Spencer W. Kimball, at pagkatapos ay isulat kung paano ito maaaring iangkop sa ilan sa mga bagay na ginawa ni Jacob sa Genesis 32:1–23.

"Kung hahangarin natin ang kapayapaan, na gumagawa ng hakbang upang malutas ang mga alitan—Kung makapagpapatawad tayo at lilimot nang buong puso—kung maaalis natin sa sarili nating kaluluwa ang mga kasalanan, pagpaparatang, pait, at pang-uusig ng budhi bago natin batuhin ang iba—kung patatawarin natin ang lahat ng pagkakasala bago tayo humingi ng tawad para sa sarili nating mga kasalanan—kung mababayaran natin ang ating mga pagkakautang, maliit man o malaki, bago natin singilin ang mga may utang sa atin—kung magagawa nating pahirin ang muta sa ating mga mata bago natin pansinin ang muta sa mata ng iba—magiging napakaganda ng mundong ito!" (sa Conference Report, Okt. 1949, 133).

### B Ano ang Ibig Sabihin Nito?

1. Basahin ang Enos 1:1–5 sa Aklat ni Mormon at sabihin kung ano sa palagay mo ang ibig sabihin ng "pakikipagtunggali" sa harapan ng Panginoon.
2. Bakit sa palagay mo nakikipagtunggali si Jacob sa harapan ng Panginoon? (Mahahanap mo ang tulong sa mga talata 9–12.)

# Genesis 33

## Nagtagpo si Jacob at si Esau

### Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Genesis 33*

**Ipagmadali** (t. 13)—Palakarin sila nang napakabilis at malayo

**Magpauna** (t. 14)—Umiba ng daan

### Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

**A Pananaw ni Esau**



Isulat ang kuwentong matatagpuan sa Genesis 32–33 na para bang ikaw si Esau. Isulat ang damdamin mo tungkol kay Jacob dalawampung taon na ang nakararaan at ang damdamin mo sa kanya sa panahong ito ng kuwento. Gamitin ang impormasyon sa Genesis 33 upang maging tumpak ang kuwento hangga't maaari.

# Genesis 34

## Paghihiganti ng mga Anak na Lalaki ni Jacob

*Sinasabi sa huling bahagi ng Genesis 33 na nanirahan noon si Jacob sa isang lugar na tinatawag na Sichem. Nakasaad sa Genesis 34 ang kuwento kung paano pinilit ng lalaking nagngangalang Sichem si Dina, na anak ni Jacob, na makipagtalik sa kanya. Ikinagalit ito ng mga kapatid na lalaki ni Dina. Dalawa sa kanila, sina Simeon at Levi, ang nagsagawa ng isang plano na nauwi sa kamatayan ni Sichem at ng iba pang kalalakihan ng kanyang lungsod. Galit na galit si Jacob sa kanilang paghihiganti.*

# Genesis 35

## Nagbalik si Jacob sa Bethel

*Sa Genesis 28 nagkaroon si Jacob ng mahalagang espirituwal na karanasan sa isang lugar na tinatawag na Betel. Noong panahong iyon, nangako ang Panginoon na sasamahan si Jacob upang makabalik at makasamba siyang muli sa Panginoon sa kanyang bayang sinilangan. Matapos magkaroon ng labindalawang anak at makalipas ang dalawampung taon, nagbalik siya sa sagradong lugar na iyon kung saan siya nagkaroon ng isa pang mahalagang espirituwal na karanasan. Habang nagbabasa, isipin ang lahat ng natutuhan mo tungkol kay Jacob, lahat ng nangyari simula noong huling pagbisita niya sa Betel, at kung paano maaaring naapektuhan ng mga karanasan ni Jacob ang nadama niya tungkol sa ipinangako noon sa kanya ng Diyos sa Betel.*

### Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Genesis 35*

**Mga dios ng iba** (mga talata 2, 4)—Diyus-diyusan, mga estatwa

**Kahapisan** (t. 3)—Mga problema

**Malaking sindak** (t. 5)—Takot, paggalang

**Isang kapisanan ng** (t. 11)—Marami

**Lalabas sa iyong balakang** (t. 11)—Magiging iyong mga inapo

**Pinakaalaala** (mga talata 14, 20)—Altar

**Nagdamdam** (t. 16)—Nagdanas ng sakit sa panganganak

### Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

**A Maghandang Magpunta sa Bahay ng Panginoon**

Sa Hebreo, ang ibig sabihin ng *Beth-el* ay "Bahay ng Diyos." Ang Betel noon kay Jacob ay ang mga templo sa atin ngayon. Sa pagkaalam niyan, ano ang maituturo sa atin ng Genesis 35:1–5 tungkol sa pagpunta sa templo?

**B Ihambing ang Sinabi ng Panginoon kay Jacob sa Sinabi Niya sa Iba**

Basahin ang sinabi ng Panginoon kay Abraham sa Genesis 12:1–3; 15:17–21; 17:1–8; 22:15–18. Paano maihahambing ang mga salitang iyon sa sinabi ng Panginoon kay Jacob sa Genesis 35:9–12?

# Genesis 36–37


## Si Jose at ang Balabal na May Sari-saring Kulay

*Nakalista sa Genesis 36 ang mga pangalan ng marami sa mga inapo ni Esau (si Esau ay tinawag ding "Edom" sa mga talata 1, 43). Ang mga inapo ni Esau ay kapitbahay ni Jacob (Israel) sa buong kasaysayan ng Biblia at tinatawag na "mga Edomita."*

*Ang anak na lalaki na may karapatan sa pagkapanganay ang nagiging pinuno ng pamilya kapag namatay ang kanyang ama. Siya rin ang umaako sa responsibilidad ng pangangalaga sa iba pang mga miyembro ng pamilya. Upang magampanan ang kanyang mga responsibilidad, ibinibigay sa kanya nang doble ang lupain at mga kalakal bilang kanyang mana. Dahil sa tipang ginawa ng Diyos kay Abraham, ang anak na lalaking may karapatan sa pagkapanganay ay may mga espirituwal na responsibilidad din. (Para sa karagdagang impormasyon, tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Pagkapanganay.")*

*Karaniwan ay panganay na anak na lalaki ang tumatanggap ng karapatan sa pagkapanganay. Gayunman, si Ruben, ay hindi naging marapat sa karangalang ito (tingnan sa Genesis 35:22; I Mga Cronica 5:1). Bilang panganay na anak na lalaki ni Raquel, na pangalawang asawa ni Jacob, kay Jose ibinigay ang karapatan sa pagkapanganay. Ang "tunika na may sarisaring kulay" na ibinigay ni Jacob kay Jose (tingnan sa Genesis 37:3) ay ipinapalagay na sumasagisag sa katotohanan na si Jose ang tumanggap ng karapatan sa pagkapanganay (tingnan sa William Wilson,* Old Testament Word Studies *[1978], s.v. "colour," 82).*

*Alalahanin na bagama't si Jose ang panganay na anak na lalaki ni Raquel, siya ang panglabing-isang anak na lalaki. Bagama't karapat-dapat siya, makikinita natin kung ano ang maaaring nadama ng sampung nakatatandang mga kapatid tungkol sa pagtanggap niya ng mga pagpapala ng pagkapanganay. Habang binabasa mo ang bawat bahagi ng Genesis 37, isipin kung ano ang maaari mong madama kung ikaw si Jose noong panahong iyon.*



## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Genesis 37*

**Bata** (t. 2)—Batang lalaki (ibig sabihin ang batang si Jose)

**Ng payapa** (t. 4)—Nang buong kabaitan

**Papapanginoon** (t. 8)—Kapangyarihan


**Iningatan** (t. 11)—Inalala

**Nagbanta laban sa** (t. 18)—Nagplano

**Mga mangangalakal** (t. 28)—Mga negosyante

**Hinapak** (mga talata 29, 33–34)—Pinunit

**Nilagyan ng magaspang na damit ang kaniyang mga balakang** (t. 34)—Nagsuot ng magaspang na damit (isang tradisyon na nagpapakita ng kalungkutan)



## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang dalawa sa mga aktibidad (A–C) sa ibaba sa pag-aaral mo ng Genesis 37.

### A Pumili ng Pamagat para sa Isang Talambuhay


Kung isinusulat mo ang talambuhay ni Jose hanggang sa wakas ng Genesis 37, ano ang ibibigay mong pamagat dito? Ipaliwanag kung bakit.

## B Mga Pagsubok na Dinanas ni Jose

1. Ilista ang mga hamon na nakaharap ni Jose sa Genesis 37.
2. Ano sa palagay mo ang nadama ni Jose tungkol sa mga hamong ito?
3. Paano naging katulad ng mga hamong nakaharap ni Jose ang mga hamon na kinakaharap ng mga kabataan ngayon?

## C Magdagdag ng Kaalaman mula sa Aklat ni Mormon

1. Ipaliwanag kung bakit sa palagay mo "tumangging maaliw" si Jacob (t. 35).




2. Itinabi ni Jacob ang kapiraso ng tunika ni Jose na dinala sa kanya ng kanyang mga anak na lalaki. Kalaunan, nang malaman niyang buhay pa si Jose, nagpropesiya siya tungkol sa mga inapo ni Jose. Basahin ang propesiyang ito sa Alma 46:24–25 at ipaliwanag sa sarili mong mga salita. Ang propesiyang ito ay hindi lamang tumutukoy sa mga tauhan sa Aklat ni Mormon kundi sa iyo rin kung ikaw ay mula sa lipi ni Ephraim o ni Manases (mga anak ni Jose).

# Genesis 38–39

## Ang Kabutihan ni Jose

*Nakasaad sa Genesis 38 ang kuwento ni Juda, ang pang-apat na anak ni Jacob (Israel), at ang kanyang halimbawa ng kasamaan. Mababasa natin na nag-asawa siya sa labas ng tipan at hindi pinangalagaan ang kanyang pamilya tulad ng dapat sana niyang gawin. Mababasa rin natin na nilabag niya ang batas ng kalinisang-puri sa piling ng kanyang manugang, bagama't hindi niya alam na manugang nga niya iyon nang sandaling iyon.*

*Sa kabaligtaran, ikinukuwento sa atin ng Genesis 39 kung paano sinikap ni Jose na gumawa ng mabuti. Bagama't tapat na binata si Jose, dumanas siya ng malalaking pagsubok. Maaaring hindi na niya kailanman makita ang kanyang pamilya. Ano ang mararamdaman mo sa gayunding sitwasyon? Malayo sa piling ng iyong mga kapanalig, ano ang gagawin mo tungkol sa mga paniniwala at kaugalian ng iyong relihiyon?*

*Minsan, sinabi ni Propetang Joseph Smith kay Elder George A. Smith: "Huwag kang panghinaan ng loob kailanman … [Kung] ihulog man ako sa pinakamalalim na hukay ng Nova Scotia, at tabunan ako ng Rocky Mountains, maghihintay ako, mananampalataya, at mananatiling malakas ang loob, makakaahon ako sa ibabaw" (sa John Henry Evans,* Joseph Smith: An American Prophet *[1933], 9). Habang binabasa mo ang Genesis 39, hanapin kung paano naging halimbawa si Jose ng pahayag ni Propetang Joseph.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Genesis 39*

**Faraon** (t. 1)—Hari ng Egipto

**Sa kamay ng** (t. 1)—Mula sa

**Kamay** (mga talata 3–4, 6, 8, 22)—Kontrol

**Nakasumpong ng biyaya** (t. 4)—Kinalugdan at pinakitunguhan nang may kabaitan

**May magandang pagmumukha** (t. 6)—Malakas

**Sipingan** (mga talata 7, 10, 12, 14)—Makipagtalik

**Tuyain** (mga talata 14, 17)—Insultuhin

**Kaniyang panginoon** (t. 16)—Potiphar

**Hindi tinitingnan** (t. 23)—Hindi nag-aalala tungkol sa

### Genesis 39:7–20—Si Jose at ang Asawa ni Potiphar

Ipinaliwanag ni Pangulong Ezra Taft Benson ang mga ikinilos ni Jose sa ganitong paraan:

"Noong si Jose ay nasa Egipto, ano ang inuna niya sa kanyang buhay—Diyos, kanyang trabaho, o asawa ni Potiphar? Nang subukan siyang tuksuhin ng babae, tumugon siya at nagsabing, 'Paano nga na aking magagawa itong malaking kasamaan, at kasalanan laban sa Dios?' (Genesis 39:9).

"Si Jose ay nabilanggo dahil inuna niya ang Diyos. Kung tayo ay naharap sa gayunding sitwasyon, alin ang uunahin natin? Uunahin ba natin ang Diyos kaysa seguridad, kapayapaan, simbuyo ng damdamin, kayamanan, at mga papuri ng tao?

"Nang mapilitang pumili si Jose, gusto niyang makalugdan siya ng Diyos kaysa makalugdan ng asawa ng kanyang amo. Kapag kailangan tayong pumili, mas sabik ba tayong makalugdan ng Diyos kaysa ng ating amo, guro, kapitbahay, o kadeyt?" (sa Conference Report, Abr. 1988, 4; o *Ensign,* Mayo 1988, 4–5).

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Hanapin ang Isang Paulit-ulit na Ideya

1. Basahin ang mga talata 2–3, 21, 23 at hanapin ang isang parirala na magkakapareho sa lahat ng apat na talata. (Maaari mong salungguhitan ang parirala sa iyong mga banal na kasulatan.) Bakit sa palagay mo mahalagang malaman ni Jose na ito ay totoo?

2. Ano ang ginawa ni Jose sa Genesis 39 na nagtulot na manatiling totoo ang parirala sa mga talata 2–3 sa mga talata 21, 23?

### B Scripture Mastery—Genesis 39:9

1. Ano ang ibinigay na mga dahilan ni Jose sa pagtanggi sa panunukso ng asawa ni Potiphar na maging imoral?
2. Ano ang lubos mong hinangaan sa pahayag at mga ikinilos ni Jose? Paano mo magagamit ang mga ideya ring iyon upang mapaglabanan ang tukso sa iyong buhay?

# Genesis 40

## Si Jose sa Loob ng Bilangguan

*Habang binabasa mo ang Genesis 40–41, hanapin ang marami pang paraan na "ang Panginoon ay suma[ma] kay Jose" (Genesis 39:21). Pag-isipan na hindi sana nagtagumpay sa anuman si Jose kung nagpatangay siya sa panunukso ng asawa ni Potiphar. Sa pagbabasa mo pansinin kung paano ginawang mabuti ng Panginoon ang isang tila masamang sitwasyon.*

### Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

***Genesis 40***

**Katiwala ng saro ng hari** (mga talata 1–2)—Tagapaglingkod

**Naginit laban sa** (t. 2)—Nagalit kay

**Natirang kaunting panahon** (t. 4)—Lumagi

**Bawat isa ayon sa paliwanag ng kanikaniyang panaginip** (t. 5)—Ang panaginip ng bawat isa ay magkakaiba ng kahulugan

**Makapagpaliwanag, paliwanag, kapaliwanagan** (mga talata 8, 12, 16, 18, 22)—Isang tao na nagsasabi ng kahulugan ng isang bagay, sabihin ang kahulugan ng isang bagay

**Sumupling** (t. 10)—Namulaklak o nagkaroon ng mga dahon

**Ititindig ang iyong ulo** (t. 13)—Ilalabas ka mula sa bilangguan at kalulugdan

**Kaibaibabawan** (t. 17)—Pinakatuktok

**Pagkaing niluto** (t. 17)—Mga pagkaing hinurno

### Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

#### A Mga Panaginip at Interpretasyon

Gumawa ng tsart tulad ng nasa ibaba at isulat dito ang mga panaginip ng katiwala ng saro ng hari at ng magtitinapay at ang mga interpretasyong ibinigay ni Jose.

| | Nilalaman ng Panaginip | Interpretasyon |
|---|---|---|
| Katiwala ng saro ng hari | | |
| Magtitinapay | | |

#### B Ibigay ang Iyong Opinyon

Batay sa nalalaman mo sa buhay ni Jose, ipaliwanag kung bakit sa palagay mo nabigyan niya ng interpretasyon ang mga panaginip sa kabanatang ito.

# Genesis 41

## Si Jose at ang Faraon

*Ano kaya ang mararamdaman mo kung tinawag ka upang humarap sa lider ng iyong bansa para magbigay sa kanya ng payo? Ano kaya ang iisipin mo at ano kaya ang sasabihin mo? Ano ang gagawin mo kung ikaw ay naging lider ng iyong bansa, pangalawa lamang sa pangulo, hari, reyna, o punong ministro? Habang binabasa mo ang Genesis 41, tingnan kung ano ang ginawa ni Jose sa mga sitwasyong ito at ihambing ang kanyang mga ginawa sa gagawin mo.*

### Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

***Genesis 41***

**Magagandang anyo** (mga talata 2, 4, 18)—Matitikas

**Matatabang laman** (t. 2)—Malulusog

**Pangit na anyo** (mga talata 3–4, 19–21, 26–27)—Mahina, sakitin

**Mabibintog** (mga talata 5, 7)—Hinog

**Tinutuyo** (mga talata 6, 23, 27)—Pinatuyo

**Lanta** (t. 23)—Tuyot

**Isinaysay** (t. 24)—Ipinaliwanag

**Napakahigpit** (t. 31)—Napakatindi

**Kamaligin** (t. 36)—Imbakin, iimbak

**Itaan sa** (t. 36)—Ihanda para sa

**Yamang** (t. 39)—Dahil

**Sa luklukang hari** (t. 40)—Bilang hari

**Kapagalan** (t. 51)—Pagpapagod

**Pinalago** (t. 52)—Pinaunlad

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang dalawa sa kasunod na mga aktibidad (A–C) habang pinag-aaralan mo ang Genesis 41.

### A Ilarawan o Idrowing

Ilarawan o idrowing ang dalawang panaginip ng Faraon at sabihin ang kahulugan ng mga ito, sang-ayon kay Jose.

### B Tapusin ang mga Pangungusap na Ito sa Iyong Sariling Salita

1. Matapos ikuwento ng Faraon kay Jose ang kanyang panaginip, si Jose ay …
2. Iminungkahi ni Jose na …
3. Ginawa ni Faraon si Jose na …
4. Si Jose ay may dalawang anak na lalaki …

### C Ano sa Palagay Mo ang Iniisip Niya?

1. Ilarawan ang sa palagay mo ay iniisip ni Jose tungkol sa kanyang buhay sa dulo ng kabanata 41 na isinasaalang-alang ang mga paraan ng pagpapala sa kanya ng Panginoon simula noong kapiling pa niya ang kanyang pamilya sa Canaan.
2. Ano sa palagay mo ang ibibigay na payo ni Jose sa iba tungkol sa mga pagsubok nila sa buhay?
3. Paano maiiba ang mga bagay-bagay kung nagpatangay si Jose sa asawa ni Potiphar?



*Pharaoh Made Joseph Ruler of All Egypt,* by Joe Maniscalco; courtesy of Pacific Press Publishing Association

# Genesis 42

## Nagpunta ang mga Kapatid ni Jose sa Egipto

*Halimbawa ay may nanloko sa iyo at nagdulot sa iyo ng malaking problema sa pera kung saan halos naubos ang lahat ng ari-arian mo. Kalaunan ay nakabawi ka at yumaman. Pagkatapos yumaman, nalaman mo na ang taong gumawa ng hindi maganda sa iyo ay napakahirap na ngayon at halos mamatay na sa gutom. Ano ang mararamdaman mo? Ano ang gagawin mo? Bakit?*

*Ang kuwento tungkol kay Jose sa Genesis 42–45 ay katulad ng inilarawang sitwasyon. Ang kanyang salaysay ay dapat magpaisip sa atin kung paano natin pakikitunguhan ang mga taong nagkasala sa atin. Habang nagbabasa tayo, maaari din nating tingnan ang kuwento mula sa pananaw ng mga taong nagkasala. Paano sila nabigyan ng pagkakataong magbago, at paano tayo binibigyan ng Panginoon ng gayon ding mga pagkakataon? Hanapin ang mga ideyang ito habang binabasa mo ang mga kabanata 42–45.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Genesis 42*

**Baka sakaling may mangayri sa kaniyang anomang kapahamakan** (t. 4)—Baka mapahamak siya

**Siya'y nagkunwaring iba sa kanila** (t. 7)—Hindi sinabi sa kanila kung sino siya

**Kahubaran ng lupain** (mga talata 9, 12)—Kung gaano kaunti ang tumutubong pagkain (pahiwatig na nagpunta ang mga kapatid ni Jose upang tingnan kung nanghihina na ang mga Egipcio dahil sa kakulangan ng pagkain)

**Ang isa'y wala na** (mga talata 13, 32)—Ang isa ay patay na

**Dito** (mga talata 15, 33)—Sa ganitong paraan

**Dito** (t. 15)—Pauwi

**Bilanggo** (t. 19)—Mananatili

**Matototohanan** (t. 20)—Mapapatunayan

**Kahapisan** (t. 21)—Pasakit

**Namamanhik** (t. 21)—Nagmamakaawa

**Kahapisang** (t. 21)—Kaparusahan

**Kanyang dugo ay nagsasakdal** (t. 22)—Mananagot tayo sa ginawa natin sa kanya

**Mababaon** (mga talata 25–26)—Pagkain

**Mangangalakal** (t. 34)—Bibili at magbebenta

**Inalis** (t. 36)—Kinuha, inilayo

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ano ang Nangyayari Noon sa mga Kapatid ni Jose?

"Ang matinding kalungkutan kung gayon ay nauuna sa pagsisisi. …

"… Ang pagdurusa ay napakahalagang bahagi ng pagsisisi. Ang isang tao ay hindi pa nakapagsimulang magsisi hangga't hindi niya pinagdudusahang mabuti ang kanyang mga kasalanan" (Spencer W. Kimball, *The Teachings of Spencer W. Kimball,* 87–88).

Sa pagsasaalang-alang sa mga pahayag sa itaas, hanapin at isulat ang mga bagay na nasa Genesis 42 na nagpapakita na ang mga kapatid ni Jose ay nagsisimula na sa proseso ng pagsisisi sa ginawa nila sa kanya. Patuloy na hanapin ang mga ito habang binabasa mo ang Genesis 43–44.

# Genesis 43

## Nagbalik ang mga Kapatid ni Jose sa Egipto

*Sa katapusan ng Genesis 42, determinado si Jacob (Israel) na huwag pasamahin si Benjamin sa Egipto kahit na naroon pa si Simeon. Habang binabasa mo ang Genesis 43, hanapin ang nagpabago sa isipan ni Jacob. Ano sa palagay mo ang nangyari nang makita ni Jose ang kanyang nakababatang kapatid?*

### Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Genesis 43*

**Ipinahayag na mahigpit** (t. 3)—Nagbabala

**Ayon sa mga salitang ito** (t. 7)—Sa ganitong uri ng pananalita

**Mananagot** (t. 9)—Responsable. Nangako si Juda kay Israel na lalagi siya sa Canaan at iaalay ang kanyang buhay para kay Benjamin kung hindi makababalik si Benjamin mula sa Egipto.

**Nagluwat** (t. 10)—Naghintay

**Kalituhan** (t. 12)—Pagkakamali

**Nagniningas ang kaniyang loob** (t. 30)—Nakadama ng matinding pagmamahal

**Nagpigil ng loob** (t. 31)—Nagpigil ng damdamin

### Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

#### A Hanapin ang Katuparan ng Propesiya

Basahing muli ang mga panaginip ni Jose na matatagpuan sa Genesis 37:5–10. Isulat ang partikular na mga paraan na natupad ang mga panaginip na ito sa Genesis 42–43, isama ang partikular na mga talata na pinaniniwalaan mong nagsakatuparan ng mga panaginip na ito.

# Genesis 44

## Sinubukan ni Jose ang Kanyang mga Kapatid

*Sa unang bahagi ng kuwento tungkol kay Jose at sa kanyang mga kapatid, parang walang pakialam ang mga nakatatandang kapatid sa nangyari sa nakababata nilang mga kapatid, parang hindi rin sila nag-alala sa damdamin ng kanilang ama. Habang nagbabasa, pansinin kung paano nagbago ang mga damdaming iyon.*

### Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Genesis 44*

**Ipinanghuhula** (t. 5)—Hinuhulaan ang mangyayari sa hinaharap

**Hinapak** (t. 13)—Pinunit

**Makahuhula** (t. 15)—Malalaman ang ginagawa mo nang walang nagsasabi sa akin

**Magpapatotoo** (t. 16)—Mapapawalang-sala

**Kasamaan** (t. 16)—Kasalanan

**Natatali sa** (t. 30)—Nakabatay sa


### Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan


#### A Paano Naging Isang Simbolo ang Kuwentong Ito?

Itinuro ni Pangulong Brigham Young na "si Jose ay inorden na noon pa man na maging temporal na tagapagligtas ng sambahayan ng kanyang ama, at ang mga binhi ni Jose ay inorden na maging mga espirituwal at temporal na tagapagligtas ng buong sambahayan ni Israel sa mga huling araw" (sa *Journal of Discourses,* 7:290). Si Propetang Joseph Smith ay direktang inapo ni Jose, na anak ni Jacob; karamihan sa mga miyembro ng Simbahan ay kabilang sa lipi ni Ephraim o kaya'y ni Manases, ang dalawang anak ni Jose. Paano espirituwal na ginagawa ng makabagong mga inapo (ang Simbahan) ni Jose para sa sambahayan ni Israel ang temporal na ginawa niya para sa kanyang pamilya noong unang panahon?

#### B Paano Naging Katulad ni Cristo si Juda?

Ilarawan kung paano nakatulad ng gagawin ng kanyang inapong si Jesucristo ang mga ginawa ni Juda sa Genesis 44:18–34.





# Genesis 45

## Nagpakilala si Jose sa Kanyang mga Kapatid

*Sa Genesis 45, sa wakas ay nagpakilala si Jose sa kanyang mga kapatid. Bago ka magbasa, hulaan kung ano ang magiging reaksiyon ng kanyang mga kapatid, ng mga Egipcio, at ng ama ni Jose na si Jacob (Israel). Basahin at tingnan kung ano ang totoong nangyari.*

### Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Genesis 45*

**Pagbubukid o pagaani** (t. 6)—Pagtatanim o pagtitipon ng pagkain

**Kakandilihin** (t. 11)—Pakakainin

**Kabantugang yaon** (t. 16)—Kuwento

**Huwag lingapin** (t. 20)—Huwag alalahanin


**Mababaon** (t. 21)—Pagkain

**Nagsauli** (t. 27)—Lumakas

### Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang aktibidad A o B habang pinag-aaralan mo ang Genesis 45.

#### A Sumulat ng Isang Tala sa Journal



Sumulat ng kunwa-kunwariang tala sa journal para kay Jose sa paglipas ng maghapon nang magpakilala siya sa kanyang mga kapatid. Isama ang inaakala mong natanto niya tungkol sa kanyang buhay makalipas ang dalawampung taon mula nang ipagbili siya sa Egipto, pati na ang mahihirap na pagsubok na dinanas niya.

#### B Ano sa Palagay Mo ang Sinabi Nila?

Sa Genesis 45:25–27 ikinuwento ng mga kapatid ni Jose kay Jacob ang nangyari noong naroon sila sa Egipto. Gayunpaman, kinailangan nilang punan ang ilang bahagi ng kuwento, tulad ng *tunay* na nangyari kay Jose noong inakala ni Jacob na patay na siya. Isipin kunwari na ikaw si Juda at isulat ang maaari mong sabihin kay Jacob sa pagkakataong ito. Isama ang sumusunod na impormasyon sa isusulat mo: kung paano nagbago ang damdamin mo sa paglipas ng mga taon (halimbawa, ihambing ang Genesis 37:23–34 sa Genesis 43:3–10; 44:14–34), aling pangyayari ang nagpabago sa iyong damdamin, ano ang pakiramdam mo sa mga bagay-bagay na nakaraan, at ano ang pakiramdam mo sa mga nangyari sa pagpunta mo sa Egipto, lalo na nang magpakilala na si Jose.

# Genesis 46

## Muling Nagkasama ang Mag-ama!

*Inakala ni Jacob na patay na ang kanyang anak. Makalipas ang dalawampung taon nalaman niyang buhay pa si Jose at magkakaroon siya ng pagkakataon na makitang muli ang pinakamamahal niyang anak. Para na nating nakinita ang nangyari sa muling pagkikita (basahin ang tungkol dito sa Genesis 46:28–30). Kasama rin sa kabanatang ito ang listahan ng mga pangalan ng lahat ng mga inapo ni Jacob (Israel) na nagpunta at nanirahan sa Egipto (tingnan sa mga talata 8–27).*

### Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Genesis 46*

**Kasuklamsuklam** (t. 34)—Itinuturing na masama

### Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

#### A Jose: Isang Kahalintulad ni Cristo

Ang isang espesyal na paraan na nagpatotoo ang ilang propeta noong unang panahon tungkol kay Cristo ay sa paraan ng kanilang pamumuhay o sa mga bagay na nangyari sa kanila. Sa maingat na pagmamasid sa buhay ng mga propeta makikita natin ang mga huwaran, o katulad, ng mangyayari sa Tagapagligtas o kung ano ang gagawin o sasabihin ng Tagapagligtas. Maraming ganito sa buhay ni Jose sa Egipto.

Pag-aralang muli ang kuwento ni Jose (tingnan sa Genesis 37–46). Maglista ng maraming detalye hangga't makakaya mo tungkol sa buhay ni Jose na maaaring katulad ng nangyari kay Jesucristo o nagtuturo sa atin ng tungkol sa Tagapagligtas. Maaari mong talakayin ang aktibidad na ito sa iba upang makalikha ng mahabang listahan. Ang ilang estudyante ay nakahanap ng mga labinlima

hanggang dalawampung magkakaibang bagay sa mga banal na kasulatan tungkol kay Jose na katulad ng kay Cristo.

# Genesis 47–48

## Inampon ni Jacob ang mga Anak na Lalaki ni Jose

*Nakasaad sa Genesis 47 ang nangyari sa huling limang taon ng taggutom. Lumala ang taggutom kaya't ipinagpalit ng mga tao ang kanilang personal na ari-arian at lupain sa pagkain. Sa pagpapalitang ito, si Faraon ay unti-unting nagmay-ari ng halos lahat ng bagay sa bansa.*

*Sa pagtatapos ng Genesis 47, si Jacob ay handa nang mamatay. Isa lang ang kanyang hiling: ang ilibing sa lupaing ipinangako ng Diyos sa kanya, sa kanyang mga ninuno, at sa kanyang mga inapo.*

*Bago siya namatay, kinailangang iatas ni Jacob ang mga tungkulin ng karapatan ng pagkapanganay. Karaniwan, ang panganay na anak na lalaki ang tumatanggap ng pagpapala at mga responsibilidad ng pagkapanganay. Gayunman, si Isaac ay hindi ang talagang panganay na anak ni Abraham. Si Jacob ay hindi panganay na anak ni Isaac. Si Jose ay halos huling anak na isinilang kay Jacob. Gayunman natanggap ng tatlong kalalakihang ito ang mga pagpapala ng pagkapanganay. Sa Genesis 48, natanggap ni Ephraim ang karapatan sa pagkapanganay sa halip na mapunta ito sa kanyang nakatatandang kapatid na si Manases. Walang nakasaad kung bakit si Ephraim ang napili. Alam nating pumipili ang Diyos batay sa kanyang mga batas at layunin (tingnan sa D at T 130:20–21). Bagama't si Ephraim ang nakatanggap sa karapatan ng pagkapanganay, marami rin ang mga pagpapala ni Manases dahil sa ipinangako sa lahat ng mga inapo ni Jose (tingnan sa Genesis 49:22–26; Deuteronomio 33:13–17). Bukod dito, ang dalawang anak na ito ay kapwa "inampon" ni Jacob (tingnan sa Genesis 48:5). Dahil sa karapatan sa pagkapanganay, si Jose ay tumanggap ng doble ng bahagi ng mana mula sa kanyang amang si Jacob. Si Ephraim ang inatasang mamuno, o manguna, sa pamilya ni Israel. Sina Ephraim at Manases ay kapwa binigyan ng isang bahagi ng doble ng mana at naging dalawa sa "mga lipi ng Israel."*



# Genesis 49

## Basbas ng Patriyarka [Patriarchal Blessing] para sa mga Anak ni Israel

*Ang Genesis 49 ay naglalaman ng mga basbas na ibinigay ng propeta at patriyarkang si Jacob (Israel) sa kanyang labindalawang anak na lalaki bago siya namatay. Pansinin lalo na ang mga basbas na ibinigay kay Juda, na ang mga inapo ay kinabibilangan ni Jesucristo, at ang mga basbas na ibinigay kay Jose, na ang mga inapo ay mga tao sa Aklat ni Mormon at karamihan sa mga miyembro ng Simbahan simula noong Panunumbalik.*

*Upang mas maunawaan ang kabanatang ito, makatutulong na malaman na isinulat ito nang patula sa orihinal na wikang Hebreo. Ang anyong patula na madalas gamitin sa mga banal na kasulatan, lalo na sa Lumang Tipan, ay tinatawag na "parallelism" o pagkakatulad. Sa ganitong uri, ang manunulat, o tagapagsalita, ay nagsasabi ng isang bagay at pagkatapos ay inuulit ito gamit ang ibang salita. Pansinin ang dalawang kataga sa huli ng talata 11:*

- *"Nilabhan niya ang kaniyang suot sa alak."*
- *"[Nilabhan niya] ang kaniyang damit sa katas ng ubas."*

### Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Genesis 49*

**Siyang kasakdalan ng** (t. 3) —Ang pinakamataas sa

**Kamahalan** (t. 3)—Karangalan

**Kumukulo** (t. 4)—Walang ingat, padalus-dalos

**Kasakdalan** (t. 4)—Kagitingan

**Hinamak** (t. 4)—Ginawang marumi (tingnan sa Genesis 35:22)

**Mga almas na marahas** (t. 5) —Mga armas ng karahasan

**Sariling kalooban** (t. 6)—Kasakiman, kakulangan sa pagpipigil ng damdamin ng isang tao

**Panghuhuli** (mga talata 9, 27)—Biktima, nagapi at puwersahang kinuha upang kainin

**Lumugmok, lumulugmok** (mga talata 9, 14)—Nahiga

**Setro** (t. 10)—Karapatan o awtoridad na mamuno

**Mangaatag** (t. 15)—Sapilitang pinagtrabaho

**Ulupong** (t. 17)—Ahas

**Masasarap na pagkain** (t. 20) —Mga pambihirang bagay na ibinibigay sa mga hari

**Pinamanglaw** (t. 23)—Lubhang napakumbaba

**Nanahan sa kalakasan** (t. 24) —Nanatiling malakas

**Mga kanunuan** (t. 26)—Mga ninuno


**Wakas** (t. 26)—Dulo

**Mang-aagaw** (t. 27)—Kakain nang buong katakawan, kukuha ng pagkain sa pamamagitan ng karahasan at puwersa

**Samsam** (t. 27)—Mga bagay na kinuha nang sapilitan

**Nalagot ang hininga** (t. 33)—Namatay

**Mga Basbas ni Jacob Kina Juda at Jose**




## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang dalawa sa kasunod na mga aktibidad (A–C) habang pinag-aaralan mo ang Genesis 49.

### A Tukuyin ang mga Pagpapala

Salungguhitan ang mga pangalan ng labindalawang anak ni Israel sa iyong mga banal na kasulatan upang madali mong makita kung saan hahanapin ang ibinigay na basbas sa bawat anak. Sumulat ng tungkol sa espesyal na mga bagay na ipinangako kina Juda at Jose; dalawang biyaya ang tila nangingibabaw sa lahat.

### B Mga Patriarchal Blessing o Basbas ng Patriyarka

Ang mga basbas na ibinigay sa Genesis 49 ay katulad ng mga patriarchal blessing. Ipaliwanag kung ano ang ibig sabihin sa iyo ng patriarchal blessing.

***o kaya naman***

Ipaliwanag kung bakit tayo tumatanggap ng patriarchal blessing at ano ang mga kailangan para matanggap ito.

### C Paano Natupad ang Propesiyang Ito?

Ipaliwanag kung ano ang ibig sabihin ng talata 22 sa Genesis 49. Upang matulungan ka, basahin ang 1 Nephi 5:14–16; Jacob 2:25, na nagsasaad kung sa aling lipi nagmula ang mga tao sa Aklat ni Mormon. Alalahanin din na sinabi ni Elder LeGrand Richards na ang "mga burol na walang hanggan" sa Genesis 49:26 ay tumutukoy sa mga lupain ng Amerika (tingnan sa Conference Report, Abr. 1967, 20).

# Genesis 50

## Namatay sina Jacob at Jose

*Ang Biblia ay talaan ng sambahayan ni Israel. Ang ibig sabihin ng Genesis ay "mga panimula." Ang Genesis ang aklat ng mga panimula kung saan mababasa natin ang tungkol sa pagsisimula ng daigdig at ang pagsisimula ng sambahayan ni Israel. Genesis 50 ang huling kabanata ng Genesis at nagkukuwento tungkol sa pagkamatay ni Israel (Jacob); sa ganitong paraan, ang Genesis 50 ang "wakas ng simula."*

*Wala sa Biblia ang malaking bahagi ng Genesis 50, ngunit ang bahaging hindi isinama o isinali ay inihayag kay Propetang Joseph Smith at matatagpuan sa "Mga Pinili mula sa Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia", sa* Gabay sa mga Banal na Kasulatan, *Genesis 50:24–38. Inihahanda tayo ng salaysay na ito na mas maunawaan ang Exodo dahil binabanggit dito si Moises at ang kanyang gawain.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

***Genesis 50***

**Panaghoy** (t. 10)—Napakalungkot na mga salita at pagtangis

***PJS, Genesis 50:24–38***

**Bunga ng aking (iyong) balakang** (mga talata 24, 26–27, 30–31)—Aking mga inapo

**Sanga** (mga talata 24–25)—Grupo o pangkat

**Tagakita** (mga talata 26–27, 29–30, 33)—Propeta

**Bibigyan ng pagpapahalaga** (t. 27)—Igagalang

**Ikalilito, malilito** (mga talata 31, 33)—Babagsak o mawawasak

**Pinatunayan** (t. 37)—Tiniyak

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang dalawa sa kasunod na mga aktibidad (A–D) habang pinag-aaralan mo ang Genesis 50, kabilang na ang Mga Pinili mula sa Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*.

## A Bakit Sila Nag-alala?

1. Bakit sa palagay mo ginawa ng mga kapatid ni Jose ang ginawa nila sa Genesis 50:14–21?
2. Anong mala-Cristong halimbawa ang ipinakita ni Jose?

## B Tukuyin ang mga Aspeto ng Propesiya ni Jose

Ilista ang mga bagay mula sa PJS, Genesis 50:24–38 na ipinropesiya ni Jose na mangyayari sa pamilya ni Israel.

## C Hanapin ang mga Kataga

1. Binabanggit sa PJS, Genesis 50:31 ang Biblia at Aklat ni Mormon. Anong kataga ang tumutukoy sa Biblia at anong kataga ang tumutukoy sa Aklat ni Mormon?
2. Ano ang sinabi ni Jose na magagawa (at gagawin) ng Aklat ni Mormon?

## D Sino ang Tagakita na Ito?

Tukuyin ang tagakita na binanggit sa Genesis 50:30–33, at ipaliwanag ang ipinropesiya ni Jose na gagawin ng tagakitang ito.

# Ang Aklat ng Exodo



Ang aklat ng Exodo ay pangalawa sa limang aklat ni Moises. Sa Exodo mababasa natin ang tungkol sa pagsilang ni Moises, ang kanyang tungkulin bilang propeta, at kung paano niya inakay ang mga anak ni Israel palabas ng Egipto. Ang ibig sabihin ng *Exodo* ay "paglabas" o "paglisan."

## Bakit Dapat Basahin ang Exodo?

Maraming dahilan kung bakit mahalaga ang aklat ng Exodo sa mga Banal sa mga Huling Araw ngayon. Isinasalaysay ng unang kalahati ng Exodo ang nagbibigay-inspirasyong kuwento kung paano pinamunuan ng propetang si Moises ang mga Israelita sa mahimalang pagtakas mula sa pagkaalipin.

Nalaman din natin ang tungkol sa mga kagila-gilalas na pangyayari sa kasaysayan ng relihiyon tulad ng Paskua, ang pagkahati ng Dagat na Pula, at pagbibigay ng Sampung Utos. Mula sa mga turo sa Exodo, magkakaroon tayo ng pananampalataya na aakayin ng Panginoon ang kanyang mga tao palapit sa kanya sa pamamagitan ng pagtawag ng mga propeta na magtuturo at aakay sa kanila, pagbibigay ng kanyang batas sa kanila, paganyaya sa kanila na makipagtipang sundin ang batas na iyon, at pagbibigay sa kanila ng mga templo kung saan matatanggap nila ang mga tipan at mas lubos silang makasasamba sa kanya. Ipinangako ng Panginoon na ang mga tunay at tapat ay maaaring pumasok sa kanyang kinaroroonan.

## Paghahanda sa Pag-aaral ng Exodo

May panahon sa pagitan ng katapusan ng Genesis at simula ng Exodo na hindi nakasulat sa Biblia. Noong panahong iyon, dumami ang mga anak ni Israel at umunlad sa lupaing ibinigay sa kanila ng faraon na namuno noong panahon ni Jose. Pagkaraan ng ilang taon, ang bagong sumunod na mga faraon na walang paggalang sa pamilya ni Jose ay naging mga pinuno at inalipin ang mga Israelita.

Isinasalaysay ng unang bahagi ng Exodo ang kuwento tungkol kay Moises at ang papel na ginampanan niya sa pagliligtas sa mga anak ni Israel mula sa pagkaalipin (tingnan sa mga kabanata 1–18). Ikinukuwento sa natitirang bahagi ng Exodo kung paano muling itinakda ang pagsamba at mga batas at tipan ukol sa relihiyon sa mga anak ni Israel. Ang mga batas at tipang ito ay ibinigay upang ihanda ang mga Israelita sa pagpasok sa lupang ipinangako sa kanila ng Diyos bilang mga inapo ni Abraham (tingnan sa mga kabanata 19–40).

Sa kasamaang-palad, madalas dumaing ang mga Israelita tungkol sa pakikitungo ng Diyos sa kanila, na humantong sa kanilang paghihimagsik at pagsuway. Ang mga pagdaing at paghihimagsik nila ang humadlang sa pagtanggap nila ng lahat ng mga pagpapalang gustong ibigay ng Panginoon sa kanila. Habang nagbabasa, maaari kang sa mamangha sa awa o habag na ipinakita ng Panginoon sa mga Israelita—kahit na nagreklamo sila laban sa kanya. (Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa aklat ng Exodo, tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Exodo.")

# Exodo 1

## Matatapang na Hilot

*Ano ang gagawin mo kapag alam mong mali ang isang bagay pero sinabihan ka ng makapangyarihan at importanteng mga tao na gawin pa rin ito? Ang Exodo 1 ay nagbibigay ng halimbawa ng isang grupo ng kababaihan na naharap sa gayong sitwasyon.*

### Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Exodo 1*

**Magpakadunong sa kanila** (t. 10)—Pamahalaan sila sa paraang kapaki-pakinabang sa atin

**Mga Tagapagpaatag** (t.11)—Taong tagabigay ng mabibigat na trabaho

**Maglingkod nang may kabagsikan** (mga talata 13–14)—Pagmalupitan sa pagbibigay ng napakabigat na trabaho

**Masaklap** (t. 14)—Mahirap

**Mga hilot** (mga talata 15–21)—Mga komadrona

**Dakong panganganakan** (t. 16)—Mga lugar kung saan nanganganak ang mga babae

**Natakot sa Dios** (mga talata 17, 21)—Mas iginalang at inalala ang Diyos kaysa ibang bagay

**Maliksi** (t. 19)—Malakas at malusog

### Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang mga aktibidad A at B o aktibidad C habang pinag-aaralan mo ang Exodo 1.

#### A Tapusin ang mga Pangungusap na Ito

1. Lalong pinahirap ni Faraon ang buhay ng mga anak ni Israel dahil …
2. Inutusan ni Faraon ang mga hilot na …
3. Hindi sinunod ng mga hilot ang utos ni Faraon dahil …

#### B Tukuyin ang Alituntunin

Basahin ang Doktrina at mga Tipan 3:7–8. Paano ito akma sa ginawa ng mga hilot? Maaari mong isulat ang "Exodo 1:15–22" sa gilid ng pahina sa tabi ng mga talata 7–8.

#### C Ipamuhay ang Alituntunin

1. Isulat kung sa palagay mo ay mas madaling katakutan ang iniisip ng mga kaibigan o ang Diyos, at ipaliwanag kung bakit.
2. Magbanggit ng isang paraan na inaakala mong mas kinatatakutan ng mga kaedad mo ang tao kaysa sa Diyos. Sumulat ng liham sa iyong notbuk para sa isang taong may ganitong hamon para maipaunawa sa kanya kung ano ang dapat gawin. Gamitin ang natutuhan mo sa Doktrina at mga Tipan 3:7–8 at ang kuwento sa Exodo 1 sa isinusulat mo.

# Exodo 2

## Ang Kabataan ni Moises



*Sa Simbahan alam natin na "ang tao ay kinakailangang tawagin ng Diyos" bago siya maging kinatawan ng Diyos sa mga tao (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:5). Nakatala sa Ang Mga Gawa 7 na malinaw na alam ni Moises na siya ang tutulong sa pagpapalaya sa mga Hebreo mula sa Egipto. Habang binabasa mo ang Exodo 2, humanap ng mga paraan na inihanda ng Panginoon si Moises upang magawa ang isang dakilang gawain para sa kanyang mga tao at kung ano kaya ang natutuhan ni Moises sa kanyang mga karanasan. Ang pag-iisip tungkol sa mga karanasan ni Moises ay maaari ding makatulong sa iyo na pag-isipan ang ilang paraan na mapaglilingkuran mo ang Panginoon sa iyong buhay. Paano mo inihahanda ang iyong sarili para sa mga responsibilidad na ito ngayon? Ano ang ginagawa mo upang ganap mong mapakinabangan ang mga karanasang ito sa paghahanda?*

### Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Exodo 2*

**Ikinuha niya [siya] ng isang takbang yantok** (t. 3)—Ginawan siya ng di-nababasang basket na yari sa mga damo o dahon ng palmera

**Mga abay** (t. 5)—Mga alalay

**Nagbababag** (t. 13)—Nag-aaway

**Kinilala** (t. 25)—Batid ang kanilang sitwasyon

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Sumangguni sa Bagong Tipan

Basahin Ang Mga Gawa 7:22–29; Sa Mga Hebreo 11:24–27. Pagkatapos ay kumpletuhin ang kasunod na mga aktibidad.

1. Ipaliwanag kung paano lubos na naihanda si Moises ng sitwasyong kinalakhan niya para mailigtas ang mga anak ni Israel.
2. Ipaliwanag kung ano ang sinusubukang gawin ni Moises nang patayin niya ang Egipcio (tingnan sa Exodo 2:11–12).

### B Paghahanda ni Moises

Upang mas lubos na maunawaan ang nangyari kay Moises sa Madian, basahin ang Exodo 2:15–22. Basahin ang iba pang tawag kay Reuel sa Exodo 3:1 (tingnan sa Exodo 2:18). Pagkatapos ay basahin ang Doktrina at mga Tipan 84:6 para malaman kung ano ang inialok ni Reuel kay Moises. Ilista sa iyong notbuk ang tatlong karanasan ni Moises sa Madian na inaakala mong mahalaga sa paghahanda niya para sa kanyang gawain sa mga anak ni Israel.

# Exodo 3

## Ang Nagliliyab na Palumpong

*Nabigyan ka na ba ng gawain na sa palagay mo ay hindi mo matatapos dahil sa pakiramdam mo ay hindi mo kaya? Kung naranasan mo na ito, bakit mo sinubukan? Kung hindi pa, ano ang kailangan para subukan mo ito? Isinasalaysay sa Exodo 3–4 ang pagtawag ng Panginoon kay Moises upang palayain o iligtas ang mga anak ni Israel mula sa Egipto. Nabasa natin na nadama ni Moises na hindi sapat ang kanyang kakayahan para palayain ang kanyang mga tao, at pagkatapos ay nabasa natin kung ano ang ginawa ng Panginoon para muli siyang mapanatag at matulungan. Ano ang itinuturo sa iyo ng Eter 12:27 tungkol sa pangako ng Panginoon sa iyo gayundin kay Moises?*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Exodo 3*

**Dinalaw** (t. 16)—Binantayan

**Aking iuunat ang aking kamay** (t. 20)—Gagamitin ko ang aking kapangyarihan

**Tumatahan** (t. 22)—Namamalagi

**Exodo 3:11–16—"Ako Yaong Ako Nga"**

Ang "Ako Yaong Ako Nga" ay isang anyo ng pangalang "Jehova," isa sa mga tawag kay Jesucristo. Naunawaan ni Moises at ng mga Israelita na ang ibig sabihin ng pangalang iyon ay walang hanggan ang Diyos at hindi nilikha ng tao, na tulad ng ibang mga diyos sa panahong iyon. Ang pangalang ito ay isang paraan para maipakilala ng Panginoon ang kanyang sarili bilang pinakamakapangyarihang Diyos na tunay at buhay. Natutuhan ng mga Israelita na pagpitaganan nang lubos ang pangalang ito at ipinahayag na kalapastanganan ang pagbanggit nito.

Tuwing lalabas ang pangalang ito sa Lumang Tipan sa tekstong Hebreo, ang salitang Jehova ay madalas isalin na "Panginoon." Sa Bagong Tipan hinangad patayin ng isang grupo ng mga Judio si Jesus dahil nagpatotoo siya na siya ang "Ako Nga" na nakipag-usap kay Moises at sa iba pang mga propeta (tingnan sa Juan 8:58). Pinatutunayan ng reperensyang ito sa Bagong Tipan na si Jesucristo ang Jehova, ang Diyos ng Lumang Tipan.

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Dagdagan ang Nalalaman Tungkol sa Diyos

Sinasabi sa atin sa Exodo 3 na inihayag ng Diyos ang kanyang sarili kay Moises at tinawag niya ito na maging propeta. Sa pag-aaral ng kabanata 3 hindi lang natin nalalaman kung ano ang ipinagagawa kay Moises, kundi may natututuhan din tayo tungkol sa Diyos mismo.

1. Ilarawan ang natutuhan mo tungkol sa Diyos mula sa sinabi at ginawa niya sa Exodo 3.
2. Paano kaya makakatulong ang mga katotohanang natutuhan mo tungkol sa Diyos mula sa kabanatang ito sa isang taong alipin ng kasalanan (tulad ng Israel na alipin noon sa Egipto) o sa isang taong pinagagawa ng mahirap na gawain (tulad kay Moises noon).

# Exodo 4

## Nagbalik si Moises sa Egipto

*Basahin ang pambungad sa Exodo 3.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Exodo 4*

**Sa iyong sinapupunan** (mga talata 6–7)—Malapit sa iyong dibdib

**Marikit mangusap** (t. 10)—Mahusay magsalita

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Paano Kung Hindi Sila Maniwala sa Akin?

| Mga Pangamba, Pagdududa, at Alalahanin ni Moises | Paano Nilutas ng Panginoon ang Alalahanin |
|---|---|
| | |

Gumawa ng tsart na katulad ng ipinakita. Punan ang tsart ng natutuhan mo sa Exodo 4 tungkol sa mga alalahanin ni Moises sa ipinagagawa sa kanya at kung ano ang ginawa ng Panginoon para malutas ang alalahanin.

# Exodo 5

## Ang Faraon na Matigas ang Puso

*Kapag ginagawa natin ang tama hindi tayo laging ginagantimpalaan kaagad o nagtatagumpay kaagad sa mga paraang gusto natin. Ang paggawa ng alam nating tama kapag hindi dumarating kaagad ang gantimpala o tila lumalala pa ang mga bagay-bagay sa halip na bumuti ay isang mahalagang pagsubok ng pananampalataya (tingnan sa Eter 12:6).*

*Sa katapusan ng Exodo 4 mababasa natin na bumalik si Moises sa Egipto at nagpakita ng mga tanda at kababalaghan sa kanyang mga tao. Naniwala sila sa kanya at mukhang sabik silang sundin siya bilang kanilang tagapagligtas. Habang binabasa mo ang Exodo 5 pansinin kung paano at bakit nagbago ang pag-uugali ng mga tao. Pag-isipan din kung ano ang gagawin mo sa gayong sitwasyon.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Exodo 5*

**Ipagdiwang ako ng isang kapistahan** (t. 1)—Sambahin ako

**Mga atang** (mga talata 4–5)—Puwersahang pagtatrabaho

**Inyong pinapagpapahinga sila sa mga atang sa kanila** (t. 5)—Pinatitigil mo sila sa pagtatrabaho

**Iaatang** (t. 8)—Ipagagawa

**Pagayongayon** (mga talata 8, 17)—Tamad

**Pakitunguhan** (t. 9)—Pansinin

**Mga kabulaanang salita** (t. 9)—Mga bagay na hindi totoo o hindi mangyayari

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang aktibidad A, pagkatapos ay gawin ang alinman sa aktibidad B o C.

### A Ibuod ang Kabanata

Ibuod ang Exodo 5 na sinusunod ang halimbawa sa ibaba. Tapusin ang bawat pangungusap sa sarili mong mga salita.

Tinanong nina Moises at Aaron si Faraon …
kaya
Sumagot si Faraon sa pamamagitan ng …
kaya
Sinabi ng mga Isaraelita kay Faraon …
kaya
Sinabi ni Faraon …
kaya
Sinabi ng mga Isaraelita kina Moises at Aaron …

### B Sumulat ng Kunwa-kunwariang Journal Entry

Itala kung ano ang maaaring isinulat mo sana sa huli ng Exodo 5 kung naranasan mo ang nangyari kina Moises at Aaron.

### C Ipaliwanag ang Isang Mahalagang Ideya

Sumulat sa mga Israelita, at sabihin kung bakit itinutulot minsan ng Panginoon na humirap ang sitwasyon natin sa halip na maging madali kapag ginagawa natin ang tama. Maaari mong gamitin ang alinmang banal na kasulatan, sinauna o makabago, sa sagot mo, o maaari mong gamitin ang makukuha mong mga pahayag ng mga General Authority.

# Exodo 6

## Ako ang Panginoon

*Sa katapusan ng Exodo 5 pinanghinaan ng loob kapwa si Moises at ang mga anak ni Israel; tila nadagdagan pa ang kanilang mga pagsubok nang sundin nila ang Diyos. Ang Exodo 6 ay naglalaman ng mga pangako ng Panginoon na ililigtas at tutulungan niya sila.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Exodo 6*

**Pakikipamayan** (t. 4)—Lupain kung saan sila namalagi o gumala

**Unat na kamay** (t. 6)—Ang mga salitang ito ay simbolo ng kapangyarihan

**Yamot** (t. 9)—Nasiraan ng loob

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Humanap ng mga Mensaheng Nakahihikayat

Piliin kung ano sa palagay mo ang dalawang nakahihikayat na bagay na sinabi ng Panginoon sa mga Israelita sa Exodo 6. Ipaliwanag kung bakit inaakala mong nakahihihikayat ang dalawang mensaheng ito sa mga anak ni Israel at maaaring makahikayat sa isang taong may mga pagsubok at hamon ngayon.

# Exodo 7–10

## Ang mga Salot

*Sa Exodo 5 binigyan ng Panginoon si Faraon ng pagkakataong palayain na lang ang mga anak ni Israel, ngunit tumanggi si Faraon. Sa Exodo 7 nagsimula ang mga pakikipagtalo nina Moises at Aaron kay Faraon. Hiniling nina Moises at Aaron kay Faraon na palayain na ang mga Israelita, at sinabi na kung hindi siya papayag, ipapamalas ng Diyos ang kanyang kapangyarihan sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga salot o pagbibigay ng problema sa Egipto. Bunga nito, ang mga tandang ipinadala ng Diyos ay tinawag na "mga salot ng Egipto." Nakatala sa Exodo 7–10 ang siyam na iba't ibang salot. Ang ikasampung salot ay tatalakayin sa Exodo 11–13.*

*Ang katotohanan na napakaraming beses nagpadala ng salot ang Panginoon sa Egipto ay nagpapakita na napakamaawain niya. Sa halip na lipulin kaagad si Faraon at ang mga Egipcio, binigyan niya sila ng maraming pagkakataon na kilalanin siya at ang kanyang kapangyarihan. Layon ng Panginoon na bumaling sa kanya ang lahat ng kanyang mga anak. Inihanda lamang ng Panginoon ang mapaminsalang ikasampung salot pagkatapos ng siyam na kagilagilalas na pagpapamalas ng kanyang kapangyarihan at ng lubos na katigasan ng puso ni Faraon.*

*Para makita mo ang kabuuan ng kuwentong ito, tutulungan ka ng "Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan" sa mga salita at parirala nang kabanata sa kabanata, at pagsasamahin ng "Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan" ang apat na kabanata sa iisang bahagi.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

### *Exodo 7*

**Mga hukbo** (t. 4)—Pagkakahati o grupo ng mga tao

**Iniunat ko ang aking kamay** (t. 5)—Ipinakita ko ang aking kapangyarihan

**Mga manghuhula** (t. 11)—Mga taong nagtatangkang magpakita ng mahika sa tulong ng masasamang espiritu

**Mga pag-enkanto** (mga talata 11, 22)—Paggawa ng mahika

**Masusuklam** (t. 18)—Mag-aatubili

### Exodo 7—Paano nakagagawa ng "mga Himala" ang mga Mahiko ni Faraon?

Sinabi ni Pangulong Joseph Fielding Smith, na Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol noon:

"Sa paglipas ng mga panahon at sa halos lahat ng bansa, nagsasagawa ng malalaking hiwaga at kababalaghan ang mga tao, at nagpapagaling pa ng maysakit at nagsasagawa ng mga himala. Ang mga enkantador, mahiko, at manghuhula ay matatagpuan sa mga palasyo ng mga hari noong unang panahon. May ilang kapangyarihan sila na humula at lumutas ng mga problema at panaginip ng hari atbp. …

"… Sinabi ng Panginon na si Satanas ay may kapangyarihang gapusin ang katawan ng mga lalaki't babae at saktan sila nang husto [tingnan sa Mateo 7:22–23; Lucas 13:16]. … Dapat tandaan na malaki ang kaalaman ni Satanas at kaya niyang magpakita ng kapangyarihan at mapigilan nang bahagya ang mga elemento, kapag walang namamagitang mas matinding kapangyarihan" (*Answers to Gospel Questions,* 5 tomo [1957], 1:176, 178).

### *Exodo 8*

**Mga masa ng tinapay** (t. 3)—Gawaan o lutuan ng tinapay

**Manalangin, isasamo, idaing** (mga talata 8–9, 28–30)—Ipagdasal, humiling

**Pahinga** (t. 15)—Huminto sandali

**Makapal** (t. 24)—Malaki, mabigat

### *Exodo 9*

**Salutin** (t. 15)—Epidemya, salot

**Nagmamalaki** (t. 17)—Nagmamatigas

**Araw na itayo** (t. 18)—Simula

**Nagwalang bahala** (t. 21)—Binalewala, hindi iginalang

### *Exodo 10*

**Itinira** (t. 5)—Nalabi o natira

**Silo** (t. 7)—Problema, isang bagay na magiging sanhi ng gulo

**Nagsipagpahinga** (t. 14)—Nanatili

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Bakit Nagpadala ng mga Salot ang Diyos?

Basahin ang Exodo 7:1–7; 9:16 at banggitin ang sinabi ng Panginoon kung bakit siya magpapakita ng mga tanda at himala.

### B Hanapin ang mga Salot


Gumawa ng tsart na katulad ng sumusunod at punan ito ng impormasyong makikita mo tungkol sa bawat isa sa siyam na salot.

| Reperensya | Salot | Ang Ginawa nina Moises at Aaron Bago Dumating ang Salot | Ang Epekto ng Salot sa mga Egipcio | Ang Epekto ng Salot sa mga Israelita | Paano Tumugon sa Salot si Faraon o ang Kanyang mga Lingkod |
|---|---|---|---|---|---|
| Exodo 7:14–25 | | | | | |
| Exodo 8:1–15 | | | | | |
| Exodo 8:16–19 | | | | | |
| Exodo 8:20–32 | | | | | |
| Exodo 9:1–7 | | | | | |
| Exodo 9:8–12 | | | | | |
| Exodo 9:13–35 | | | | | |
| Exodo 10:1–20 | | | | | |
| Exodo 10:21–29 | | | | | |

# Exodo 11–12

## Ang Paskua

*Ang Exodo 11 ay pagpapatuloy nang harapang pag-uusap nina Moises at Faraon na nangyari sa katapusan ng Exodo 10. Habang kaharap pa si Faraon, tumanggap ng paghahayag si Moises tungkol sa ikasampu at huling salot. Sinabi niya kay Faraon na ang huling salot ay ang kamatayan ng mga panganay sa buong lupain. Tulad pa rin ng dati ang tugon ni Faraon kay Moises—nagmatigas siya at binalewala ang babala ni Moises. At umalis si Moises, matapos sabihin kay Faraon na, "hindi ko na muling makikita ang iyong mukha" (Exodo 10:29; tingnan din sa t. 28).*



*Ang ikasampu at huling salot na inilarawan sa Exodo 11–12 ay malaking trahedya sa mga Egipcio. Ang huling salot ay isa rin sa pinakamahahalagang pangyayari sa kasaysayan ng Israel kung kailan ipinakita ng Diyos ang kanyang kapangyarihan nang iligtas niya ang kanyang mga tao. Sa lahat ng naniniwala kay Jesucristo, ang pangyayaring ito—na kilala bilang Paskua—ay isa sa mga pinakamakapangyarihang simbolo ni Cristo na matatagpuan sa Lumang Tipan at magpapalakas sa ating patotoo sa kanyang Pagbabayad-sala. Habang nagbabasa ka, tingnan kung paano maihahambing ang mahimalang pagpapalaya sa mga Israelita mula sa pagkaalipin sa Egipto sa Pagbabayad-sala ni Cristo at isipin kung paano tayo pinalalaya ni Jesucristo mula sa espirituwal na pagkaalipin sa kasalanan.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

### *Exodo 12*

**Kapintasan** (t. 5)—Depekto o kamalian

**Ilalagay** (mga talata 7, 22)—Ipapahid, imamarka

**Laman** (t. 8)—Karne

**Tinapay na walang lebadura** (mga talata 8, 15, 17–18, 20)—Tinapay na walang pampaalsa

**Luto … sa tubig** (t. 9)—Pinakuluan

**May bigkis ang baywang** (t. 11)—May sinturon ang suot na balabal

**Bilang tuntunin** (mga talata 14, 17)—Bilang sagradong ritwal o permanenteng batas

**Lebadura** (mga talata 15, 19)—Pampaalsa

**Liban sa** (t. 16)—Maliban sa

**Kumuha** (t. 21)—Pumili

**Hisopo** (t. 22)—Isang halamang-gamot

**Ipangingilin** (t. 24)—Gagawin, iingatan o poprotektahan

**Paglilingkod** (mga talata 25–26)—Seremonya, ordenansa

**Nakatigil** (t. 39)—Lumagi

**Pakikipamayan, makikipamayan, nakikipamayan** (mga talata 40, 48–49)—Pansamantalang tirahan, makitirang pansamantala

**Mga hukbo** (t. 41)—Mga tao

**Ipangingilin** (t. 42)—Aalalahanin at pahahalagahan

**Taga ibang lupa** (t. 43)—Hindi Israelita

## Exodo 11:2—Bakit Inutusan ng Panginoon ang mga Israelita na Humingi (o humiram) ng mga Bagay-bagay Noong Paalis na Sila?

Iba ang gamit dito ng salitang *humiram* kaysa normal nating paggamit. Ang ibig sabihin ng salitang humiram sa Hebreo ay humingi o humiling. Sa madaling salita, humingi ng kabayaran ang mga Israelita para sa serbisyo nila sa mga Egipcio sa nakalipas na mga taon. Dahil sa katatapos na mga salot, lumambot ang puso ng mga Egipcio para magbigay nang maluwag sa kalooban nila (tingnan sa Exodo 12:35–36). Habang binabasa mo pa ang Exodo, malalaman mo kung ano ang ipagagawa sa kanila ng Panginoon sa mga kayamanang ito.

## Exodo 12:1–20—Pag-aalay ng Hayop, Kahalintulad ni Cristo

Sabi ni Pangulong Joseph Fielding Smith:

"Pag-alis ng mga Israelita sa Egipto, ibinigay sa kanila ng Panginoon ang paskua. Pipili sila ng korderong walang kapintasan; wala silang babaliing anumang buto nito. Papatayin nila ito, lulutuin, at kakainin kasabay ng mapapait na gulay at tinapay na walang lebadura. Aalalahanin nila ang pistang ito taun-taon mula noon hanggang sa pumarito si Cristo. Kahalintulad din ito ng sakripisyo ni Jesucristo. Kung pag-iisapan mo ito sandali, panahon ng paskua nang dakpin ang Panginoon at ipinako sa krus bilang katuparan ng mga pangakong ginawa na siya ay paparito bilang ating Manunubos.

"Lahat ng ito ay tumutukoy sa kanyang pagparito at sa kanyang ministeryo. Sa katunayan nagsimula ang pag-aalay ng sakripisyo noon pang panahon ni Adan. Dapat ay walang kapintasan ang mga hayop na isasakripisyo, dahil kahalintulad iyon ng sakripisyo ni Jesucristo, at tumutukoy sa kanyang pagparito. Wala tayong gaanong natututuhan sa Aklat ng Genesis kung para saan ang pag-aalay ng sakripisyo, dahil ang malilinaw na bagay ukol sa pag-aalay ng sakripisyo ay inalis na" (Doctrines of Salvation, tinipon ni Bruce R. McConkie, 3 tomo. [1954–56], 1:22).

# Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Alamin ang tungkol kay Cristo mula sa Paskua

Ang Paskua ay isang halimbawa, o simbolo, ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Gumawa ng tsart na katulad ng ipinakikita rito. Gamit ang Exodo 12:1–20, 43–49, ilista ang mga elemento ng Paskua at pagkatapos ay isulat kung ano sa palagay mo ang kinakatawan ng mga elementong iyon patungkol kay Cristo, sa kanyang Pagbabayad-sala, at sa ating paglaya mula sa pagkaalipin sa kasalanan at kamunduhan. Ang sumusunod na mga reperensya sa mga banal na kasulatan ay maaaring makatulong sa iyo sa paghahanap ng kahulugan ng mga simbolo: Jeremias 51:6; Juan 19:30–36; I Ni Pedro 1:18–20; Mosias 27:24–26; Alma 5:21, 27, 57; 34:8–10; Doktrina at mga Tipan 19:16–19, 31.

Subukang hanapin kahit man lang ang sumusunod na mga elemento: bagong kalendaryo, kordero (walang kapintasan), dugo sa mga haligi ng pinto, tinapay na walang lebadura, na kinakain nang may kasamang mapait na gulay. May maliit na bahagi sa bandang unahan nitong gabay sa pag-aaral na pinamagatang "Hanapin ang mga Halimbawa at Kahulugan ng mga Simbolo" (sa p. 6) na tutulong upang mabigyang-kahulugan o makita mo ang espirituwal na kahalagahan ng mga simbolo sa banal na kasulatan. Ang unang dalawang elemento ay inilaan sa iyo bilang mga halimbawa.

| Talata | Mga Elemento ng Paskua | Espirituwal na Kahalagahan o Pakahulugan |
|---|---|---|
| 2 | *Binagong kalendaryo; ang Paskua ay tanda ng unang buwan ng taon* | *Sa pamamagitan ng ating pagsisisi at sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, makagagawa tayo ng "bagong simula."* |
| 3 | *Isang kordero* | *Nalilinis tayo ng dugo ng Kordero ng Diyos, o ni Jesucristo, kung tayo ay magsisisi.* |

### B Paano Naman Ngayon?

Kasunod ng kanyang Pagkabuhay na Mag-uli, nagbilin si Jesucristo tungkol sa pag-aalay ng mga sakripisyo at handog sa ilalim ng batas ni Moises.



1. Basahin ang Mateo 26:17–30 at sabihin kung anong ordenansa ang ipinagagawa sa atin ng Panginoon ngayon na nagpapaalala sa atin ng mga espirituwal na bagay na katulad ng ginawa ng Paskua noong unang panahon.
2. Basahin ang I Mga Taga Corinto 5:7–8 at sabihin kung bakit hindi na natin idinaraos ang Paskua.

# Exodo 13

## Ang Panganay

*Kunwari ay hinatulan kang mamatay sa ibang lupain. Bago ka bitayin, may isang tao na nakipagkasundong magbayad nang malaki para makalaya ka. Ano ang madarama mo tungkol sa taong iyon? Ano ang magiging pakikitungo mo sa taong iyon habang ikaw ay nabubuhay? Ang sitwasyong ito ay katulad ng sa mga panganay na lalaki sa Israel. Mamamatay sila bilang bahagi ng ikasampung salot maliban kung may dugo ng kordero na ipinahid sa mga haligi ng kanilang pintuan. Literal silang tutubusin, o ililigtas, ng dugo mula sa kamatayan. Nakatala sa Exodo 13 ang sinabi ng Panginoon sa mga panganay na ito na mula noon, kung iisipin, ay nabuhay sa "hiram na panahon" dahil hindi nila nailigtas ang kanilang sarili. Tanging sa pamamagitan ng dugo sila maliligtas mula sa kamatayan.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Exodo 13*

**Pakabanalin** (t. 2)—Italaga sa Panginoon at gawing banal

**Nagbubukas ng bahay-bata** (t. 2)—Panganay

**Kapanahunan nito** (t. 10)—Sa panahong sinabi ng Panginoon

**Nagbubukas ng bahay-bata** (mga talata 12, 15)—Panganay

**Tutubusin** (mga talata 13, 15)—Babayaran. Sa madaling salita, isang kordero ang isinasakripisyo sa halip na ibang bagay upang kilalanin na ang iniligtas ay pag-aari ng Panginoon.

**Pinakaalaala** (t. 16)—Isang dekorasyong laso na isinusuot sa ulo hanggang noo

**Magsisi** (t. 17)—Magbago ng isip

**Ipinanumpang mahigpit** (t. 19)—Nakipagtipan o nangako


## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ang Panganay

1. Kunwari ay isa kang ama sa Israel noong panahon ni Moises. Isulat kung ano ang sasabihin mo sa iyong panganay na anak na lalaki tungkol sa kanyang pagkatao at bakit ginagawa para sa kanya at inaasahan sa kanya ang mga espesyal na bagay. Pansining maigi ang Exodo 13:1–3, 8–16 habang pinag-iisipan mo ang iyong sasabihin.
2. Basahin ang I Mga Taga Corinto 6:20; I Ni Pedro 1:18–19; 2 Nephi 2:8; 9:7–9; Doktrina at mga Tipan 18:10–12 at isulat kung paano ka nakatulad ng panganay sa Israel. Isulat din kung ano ang magagawa mo upang laging maalala ang ginawa ng Panginoon at maipakita sa kanya ang pasasalamat mo sa pagtubos na inilaan ng kanyang Pagbabayad-sala.

# Exodo 14

## Pagtawid sa Dagat na Pula



*Ang isa sa mga pagpapala ng pagkakaroon ng mga pagsubok sa buhay ay ang madalas na paghikayat sa atin ng mga pagsubok na humingi ng tulong sa Panginoon (tingnan sa Eter 12:27). Kapag natanggap natin ang kapangyarihan at tulong ng Panginoon, lumalakas ang ating pananampalataya at pagtitiwala sa kanya sa mga pagsubok na darating.*

*Dapat nating alalahanin na sa halos lahat ng pagkakataon, dumarating lamang ang tulong ng langit matapos tayong sumampalataya sa pamamagitan ng paggawa muna ng lahat ng ating makakaya (tingnan sa Eter 12:6). Kapag dumating na ang tulong, karaniwan itong dumarating sa paraang matutulungan tayong makita ang kamay ng Panginoon.*

*Sa Exodo 13:17–18 sinabi ng Panginoon kay Moises kung saang direksyon niya aakayin ang mga anak ni Israel sa daan patungo sa lupang pangako. Sinabi niya na hindi niya aakayin ang mga Israelita sa pinakatuwid at diretsong daan dahil hindi pa sapat ang kanilang pananampalataya para harapin ang mga Filisteo, na gustong humadlang sa kanila sa pagpasok sa lupain. Makasusumpong tayo ng aliw sa kaalaman na hindi tayo bibigyan ng Panginoon ng mga hamong mas mabigat kaysa kaya nating dalhin (tingnan sa 1 Nephi 3:7). Gayunman, tutulutan niyang dumanas tayo ng mga hamon na alam niyang madadaig natin upang mapalakas ang ating pananampalataya at pagtitiwala. Nakasaad sa Exodo 14 ang gayong pagsubok. Matapos subukan ang kanilang pananampalataya, dumanas ng himala ang mga Israelita na minsan pang nagpamalas ng kapangyarihan ng Diyos nang tulungan niya silang malagpasan ang isang imposibleng sitwasyon.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Exodo 14*

**Nangangasilo** (t. 3)—Nalilito, naliligaw

**Magiimbot ng karangalan kay Faraon** (mga talata 17–18)—Sinasabi ng Panginoon na mas malamang na parangalan siya ng mga tao bilang Diyos dahil sa gagawin niya kay Faraon at sa hukbong Egipcio.

**Lubos na pagkakatiwala** (t. 8)—Pagsuway

**Sila** (t. 20)—Mga Israelita

**Pagbabantay sa kinaumagahan** (t. 24)—Mula alas-2:00 N.U. hanggang pagsikat ng araw

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang Aktibidad A o B habang pinag-aaralan mo ang Exodo 14.

### A Magbigay ng Payo

Gumamit ng partikular na mga ideya at parirala mula sa kabanata 14 para makasulat ng payo sa isang taong bagong sapi pa lang sa Simbahan o naging aktibo ngunit nahihirapang umiwas sa mga dating kaibigan at gawi at tila nahahatak pabalik sa mga ito.

### B Pagtugmain

| Ang Panahon ni Moises | Ngayon |
|---|---|
| Pag-alis sa Egipto | Binyag |
| Paglalakbay sa ilang | Pagtalikod sa mga gawi ng mundo |
| Pagtawid sa Dagat na Pula | Pagtanggap sa kaloob na Espiritu Santo |
| Isang haligi ng ulap at apoy na magbabantay, gagabay, at mangangalaga sa mga Israelita | Pamumuhay sa mundo kung saan mahirap matagpuan ang mga bagay na nagtataguyod ng espirituwalidad |

Pagtugmain ang mga bagay sa unang hanay at ang mga bagay sa pangalawang hanay at ipaliwanag kung paano magkaugnay ang mga ito. Kung kailangan mo ng tulong, basahin ang I Mga Taga Corinto 10:1–4. Maaari mong isulat ang I Mga Taga Corinto 10:1–4 sa gilid ng pahina sa tabi ng simula ng Exodo 14.

# Exodo 15

## Pagdaing, Bahagi 1

*Paano ka nagpapahayag ng kaligayahan at pasasalamat? Ano ang ginagawa mo para ipakita sa Panginoon ang nadarama mo? Inilahad sa Exodo 15 kung paano sumulat at kumanta ng isang awit sa Panginoon ang mga Israelita matapos silang mahimalang makatakas patawid ng Dagat na Pula. Hindi nagtagal pagkatapos silang mailigtas, dumanas ng isa pang pagsubok ang mga anak ni Israel. Basahin ang Exodo 15:22–27 para malaman kung paano nila hinarap ang sumunod na hamong ito.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Exodo 15:22–27*

**Inupasala** (t. 24)—Dinaingan
**Tagubilin** (t. 25)—Batas
**Palatuntunan** (mga talata 25–26)—Kautusan

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ano ang Paborito Mong Himno?

Kapag masaya at nagpapasalamat ang mga Israelita umaawit sila sa Panginoon. Anong himno ang higit na naglalapit sa iyo sa Diyos? Ipaliwanag kung bakit. Gamitin ang mga titik ng himno sa pagpapaliwanag mo.

### B Ano ang Gagawin Mo Tungkol Dito?

1. Basahin ang Exodo 1:22–27 at paghambingin ang ginawa ng mga tao at ang ginawa ni Moises nang malaman nilang walang tubig.
2. Ano ang matututuhan mo mula sa iba't ibang paraan ng pagtugon ni Moises at ng mga tao sa hamong ito?

### C Opsiyonal na Aktibidad

Basahin ang Exodo 15:22–27; Alma 36:17–21 at ipaliwanag kung anong espirituwal na kahulugan ang makukuha sa pisikal na karanasan sa Mara.

# Exodo 16

## Pagdaing, Bahagi 2

*Nakatala sa Exodo 15 na "inupasala," o dinaingan, ng mga anak ni Israel si Moises at ang Panginoon nang magkaroon sila ng problema. Mahirap nating maintindihan kung bakit napakabilis nilang dumaing matapos ang malaking himala sa Dagat na Pula. Gayunman, dapat nating alalahanin na bagama't nilimitahan ng pagkaalipin ang kalayaan ng mga Israelita, pagkaalipin din ang naglaan ng mga pangangailangan nila sa buhay tulad sa isang taong nakabilanggo. Dahil limitado ang kalayaang magpasiya ng mga Israelita, hindi pa sapat ang kanilang espirituwalidad. Dahil nagmamalasakit ang Panginoon sa ating pag-unlad, gusto niya—at iniuutos pa—na gumawa tayo ng mga pagpili. Kapag kailangan natin ang kanyang tulong, tinutulungan niya tayo sa paraan na pinagagawa niya tayo ng mahihirap na bagay na hihikayat at magpapalakas sa atin. Ang pagdaing laban sa Panginoon ay pagpapakita ng kawalan natin ng pananalig na alam niya ang pinakamabuti para sa atin.*

*Ang Exodo 16–17 ay naglalaman ng maraming pagdaing ng mga anak ni Israel. Habang binabasa mo ang mga kabanatang ito, hanapin kung ano ang itinuro ng Panginoon sa mga anak ni Israel para palakasin sila at bigyan ng mas malaking dahilan para pagtiwalaan siya.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Exodo 16*

**Palyok ng karne** (t. 3)—Mga palayok na may karne

**Bahagi** (t. 4)—Dami

**Kinahapunan** (mga talata 6, 12)—Paglubog ng araw

**Kampamento** (t. 13)—Malaking grupo

**Omer** (mga talata 16, 18, 22, 32, 36)—Mga dalawang litro

**Naginit** (t. 20)—Nagalit

**Itira, itinago** (mga talata 23–24)—Itinabi

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ano ang Layunin ng Mana?

1. Batay sa Exodo 16:4, ano ang isa sa mga layunin ng mana?
2. Batay sa nabasa mo sa kabanata 16, paano sa palagay mo maisasagawa ng mana ang layuning ibinigay sa talata 4?

### B Ang Mana ay Isang Halimbawa ni Cristo

Basahin ang Juan 6:31–35, 48–51 at isulat kung paano naging katulad ng mana si Jesucristo at kung paano tayo katulad ng mga anak ni Israel? Maaaring interesado kang malaman na ang ibig sabihin sa Hebreo ng salitang *Betlehem* (ang lungsod kung saan isinilang si Jesus) ay "bahay ng tinapay."

### C Sino Talaga ang Idinaraing Mo?

Kapag dumaraing ka laban sa iyong mga pinuno, sino talaga ang inirereklamo mo? (tingnan sa Exodo 16:8; D at T 84:36).

# Exodo 17

## Pagdaing, Bahagi 3

*Habang binabasa mo ang Exodo 17, pag-isipan ito: Ang pagkauhaw at kagustuhang uminom ng tubig ay hindi kasalanan. Kung gayon bakit hindi nasiyahan ang Panginoon sa mga anak ni Israel?*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Exodo 17*

**Nananaig** (t. 11)—Nananalo

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang Aktibidad A o B habang pinag-aaralan mo ang Exodo 17.

### A Ano ang Sasabihin Mo?

Kung binigyan ka ng limang minuto para kausapin ang mga Israelita matapos ang mga kaganapang nakatala sa Exodo 17, ano ang sasabihin mo sa kanila, at bakit?

### B Paano Ito Nangyayari Ngayon?

Paghambingin ang gustong gawin ng mga tao sa propetang si Moises sa Exodo 17:4 at ang ginawa nina Aaron at Hur para kay Moises sa mga talata 10–13.

# Exodo 18

## Upang Hindi Manghina si Moises

*Ano ang reaksyon mo kapag binabatikos ka ng mga tao? Paano kung tama sila? Tinatanggap mo ba ang mga opinyon nila at nagbabago o nakikipagtalo ka para hindi ka mapahiya? Si Moises ay isang dakilang propetang namuno sa mga tao. Gayunman, pansinin kung ano ang nangyari sa Exodo 18 nang batikusin ng isang tao ang ikinilos ni Moises at magmungkahi kung paano siya makakapagbago. Sa sitwasyong ito, wala namang napakinabangan dito ang taong bumatikos kay Moises; gusto lang niyang tulungan ang isang taong mahal niya.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Exodo 18*

**Mga palatuntunan** (t. 16)—Mga kautusan


**Mga usap** (t. 19)—Mga problema

**Hahanap** (t. 21)—Pipili


**Kasakiman** (t. 21)—Paghahangad sa mga bagay na pag-aari ng iba

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Sinikap gawin ni Moises ang lahat ng ito.




Itinuro ng Panginoon kay Moises ang organisasyon ng pamumuno sa mga anak ni Israel.




### A Upang Hindi "Manghina" si Moises

| Ang sitwasyon | |
|---|---|
| Bakit may problema | |
| Ang iminungkahing solusyon | |
| Ang mga pakinabang ng pagpapatupad ng solusyon | |
| Ang ginawa ni Moises | |

Gumawa ng tsart na katulad ng ipinakita at punan ng impormasyon mula sa nabasa mo sa Exodo 18:13–26.


### B Ano ang Natututuhan Natin sa Halimbawa ni Moises?

Ano ang natututuhan natin sa paraan ng pagtugon ni Moises sa pagbatikos o pagpuna ni Jethro?

# Exodo 19

## Sa Bundok ng Sinai

*Nasa Bundok ng Sinai si Moises nang tawagin siya ng Panginoon upang iligtas ang mga Israelita mula sa pagkaalipin sa Egipto (tingnan sa Exodo 3). Ipinangako ng Panginoon kay Moises na matapos niyang akayin ang mga anak ni Israel palabas ng Egipto, sila ay "maglilingkod … sa Dios sa bundok na ito," ibig sabihin ay "Bundok ng Sinai" (Exodo 3:12). Pagkatapos ng himala sa Dagat na Pula, kumatha ng isang awit si Moises kung saan sinabi niya na inakay ng Panginoon ang mga Israelita palabas ng Egipto upang sila ay mapasakanyang "Santuario" na "bundok na iyong pamana" (Exodo 15:17).*



*Mula nang tawagin si Moises bilang propeta, bahagi na ng plano ng Diyos na akayin ang mga anak ni Israel patungong Bundok ng Sinai—isang lugar na pinabanal ng Panginoon. Ayon sa Doktrina at mga Tipan, hinangad ni Moises na dalhin ang kanyang mga tao sa kinaroroonan ng Panginoon sa pamamagitan ng mga ordenansa ng priesthood (tingnan sa D at T 84:19–24). Ngayon maaaring sabihin natin na gusto niyang dalhin sila sa templo upang tumanggap ng kapangyarihan mula sa langit. Para kina Moises at sa mga anak ni Israel, ang Bundok ng Sinai ay isang templo—isang lugar kung saan maipakikilala ng Diyos ang kanyang sarili sa kanyang mga tao. Isaisip ito habang binabasa mo ang Exodo 19.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

### *Exodo 19*

**Tangi** (t. 5)—" 'pinahahalagahang yaman,' 'ginawa' o 'pinili ng Diyos' " (Russell M. Nelson sa Conference Report, Abr. 1995, 44; o *Ensign,* Mayo 1995, 34).


**Papagbanalin, pinakabanal** (mga talata 10, 14, 22–23)—Gawing banal, dalisay, at malinis

**Napailanglang** (t. 18)—Umakyat

**Hindi makapagpigil sa kanila** (mga talata 22, 24)—Magpakita sa kanila

### Exodo 19—Ang Exodo Bilang Simbolo ng Ating Paglalakbay Pabalik sa Piling ng Diyos


Makikita sa sumusunod na diagram ang balangkas ng paglalakbay ng mga anak ni Israel bilang isang pangkat at kung paano naging halimbawa ng paglalakbay natin ang kanilang paglalakbay habang sinisikap nating makabalik sa piling ng Diyos.



## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Umakyat at Bumaba si Moises sa Bundok ng Sinai

Isinasalaysay sa Exodo 19 na tatlong beses umakyat at bumaba si Moises sa Bundok ng Sinai. Umakyat si Moises sa Sinai para makipag-usap sa Panginoon, at pagkatapos ay bumaba ng bundok para ihatid ang mga salita ng Panginoon sa mga tao. Kasabay niyon, sinikap ihanda ni Moises ang mga tao na maging sapat na karapat-dapat upang makaakyat din sa bundok at makipag-usap sa Panginoon. Ang sumusunod na diagram ay maaaring makatulong sa iyo na isaayos ang mga kabanata sa pamamagitan ng pagbabalangkas sa pag-akyat at pagbaba ni Moises sa Sinai.




Ibuod ang naganap sa bawat pangyayaring nakatala sa itaas. Basahin sa Exodo 20–23; 24:1–8 ang nangyari sa sumunod na pag-akyat ni Moises sa Bundok ng Sinai.

### B Maghanda para sa Templo

Sinabi ni Elder J. Ballard Washburn, ng Pitumpu, "Hindi tayo makakapasok sa Kanyang banal na bahay kung hindi tayo karapat-dapat dahil susumpain tayo ng Diyos. Sapagka't hindi maaaring kutyain ang Diyos" (sa Conference Report, Abr. 1995, 12–13; o *Ensign,* Mayo 1995, 11–12).

1. Ilista ang mga katotohanang sinabi ni Moises o ng Panginoon sa Exodo19 na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng itinuro ni Elder Washburn.
2. Bakit mahalagang maging karapat-dapat bago pumasok sa templo? (tingnan sa D at T 97:15–17 para sa mahalagang tulong.)

# Exodo 20

## Ang Sampung Utos

*Sa isa sa tatlong pag-akyat ni Moises sa Bundok ng Sinai (tingnan sa Exodo 19), itinuro sa kanya ng Diyos ang mga utos na nababasa natin sa Exodo 20. Ang mga turong ito ay kilalang-kilala bilang ang Sampung Utos. Sinabi ng Panginoon kalaunan na ang Sampung Utos ang "mga salita ng tipan," o mga kailangang sundin upang matanggap ang tipan (tingnan sa Exodo 34:28). Bunga nito ay ibinigay ang Sampung Utos sa mga Israelita para sa kanilang pagtanggap bago sila pahintulutang umakyat sa Bundok ng Sinai. Ang Sampung Utos sa panahong iyon ay halos katulad ng mga pamantayang kailangang sundin ngayon para makakuha ng temple recommend.*

*Kalaunan, ang Sampung Utos ay isinulat sa mga tapyas na bato, na inilagak sa kaban ng tipan (na mababasa ninyo kalaunan), at tinawag na "ang patotoo." Ang pagkakaroon ng patotoo sa mga alituntunin ng Sampung Utos ay kailangan para maunawaan ang mga alituntunin ng ebanghelyo na itinuro kalaunan ng Tagapagligtas at ni Propetang Joseph Smith (tingnan sa Deuteronomio 10:1–5).*

*Sabi ni Elder Bernard P. Brockbank, Assistant sa Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang Sampung Utos na bigay ng Diyos ay mahalagang bahagi pa rin ng paraan ng pamumuhay ng Diyos at mahalagang bahagi ng ebanghelyo ng kaharian. Ang ating pamumuhay at paggalang sa Panginoon at sa Kanyang mga utos sa loob ng tahanan ay may kaugnayan sa antas ng Kaluwalhatiang matatanggap natin sa kabilang-buhay. Kung ipamumuhay ng lahat ng tao ang Sampung Utos, magkakaroon tayo ng paggalang sa sarili, kapayapaan, pagmamahal, at kaligayahan sa mundong ito" (sa Conference Report, Okt. 1971, 41; o Ensign, Dis. 1971, 63).*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Exodo 20*

**Inanyuan** (t. 4)—Inukit, nililok, nilikha

**Larawan** (t. 4)—Bagay na sinasamba

**Kawangis** (t. 4)—Larawan, estatwa, o iba pang simbolo

**Katampalasanan** (t. 5)—kasalanan

**Walang kabuluhan** (t. 7)—Walang matuwid na layunin

**Tapyas** (t. 25)—Tinibag at inilapat

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Scripture Mastery—Exodo 20:3–17

Sinasabi sa atin ng ikaapat at ikalimang utos (tingnan sa Exodo 20:8–12) kung ano ang *dapat* nating gawin. Sinasabi sa atin ng iba pang mga utos kung ano ang *hindi* dapat gawin. Muling isulat ang mga utos na "huwag kang" bilang "ikaw ay" upang makakita ka ng mga paraan para masunod ang bawat utos.

### B Ano sa Palagay Mo?

Alin sa Sampung Utos ang sa palagay mo ay kailangang mas bigyang-pansin ngayon ng mundo? Bakit?

### C Paano Sila Tumugon?

1. Ano ang ginawa ng mga anak ni Israel matapos marinig at makita ang mga bagay sa Exodo 19–20? (tingnan din sa Exodo 20:18–21).

2. Sa palagay mo, bakit pinipili ng ilang tao na huwag mapalapit sa Diyos o lumayo sa kanya?

# Exodo 21–23

## Mata Kung Mata, at Ngipin Kung Ngipin

*Ang Exodo 21–23 ay naglalalaman ng partikular na pagsasabuhay ng mga batas ng Diyos ayon sa iba't ibang sitwasyon. Halimbawa, ang "huwag kang papatay" ay isa sa Sampung Utos, pero paano kung may isang taong nasaktan mo nang husto? O paano kung pumatay ka ng hayop sa halip na tao? Tinalakay sa Exodo 21–23 ang marami sa ganitong uri ng tanong at inilarawan din ang parusang maidudulot ng pagsuway sa utos. Ang mga parusang ibinigay ang pinakamabigat na kabayaran para sa isang paglabag at hindi nangangahulugan na ito na nga ang ipapataw na parusa. Ang alituntuning ito sa Lumang Tipan ay pinalitan ng ebanghelyo ni Jesucristo (tingnan sa Mateo 5:38–48).*

# Exodo 24

## Nakita ng Pitumpung Matatanda ang Diyos



*Ipinaliwanag ni Moises ang mga batas ng Diyos sa mga anak ni Israel sa Exodo 20–23. Upang lalo pa silang umunlad, kailangan muna nilang mangako na ipamumuhay nila ang mga batas na iyon. Inilahad sa Exodo 24 ang pangakong ginawa ng mga Israelita na naghanda sa kanila upang matanggap ang mas mataas na mga batas na may kaugnayan sa templo. Bunga nito, muling pinaakyat ng Panginoon si Moises sa Sinai sa ikaapat na pagkakataon upang mabigyan ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga ordenansang magtutulot sa mga tao na makapasok sa kanyang kinaroroonan.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Exodo 24*

**Paminsan** (t. 3)—Nagkakaisa ang damdamin

**Mga mahal na tao** (t. 11)—Mga pinuno

**Hindi niya ipinatong ang kaniyang kamay** (t. 11)—Hindi nasaktan ng kapangyarihan ng Diyos ang mga Israelita. Karaniwan ay hindi nila makayanan ang makita ang Diyos [nang harapan]

**Tagapangasiwa** (t. 13)—Katulong

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Gaano Kahalaga ang mga Tipan?


1. Pagkatapos ibigay ni Moises sa mga tao ang mga batas ng Diyos, ano ang tipang kanilang ginawa? (tingnan sa Exodo 24:3–8).
2. Ayon sa Exodo 24:9–11 ano ang nangyari sa pitumpung matanda sa Israel nang gawin nila ang tipang ito?
3. Ano ang ipinangako ng Panginoon na mangyayari kapag nakipagtipan ka sa kanya at tinupad ang mga ito? (tingnan sa Mosias 18:8–10; D at T 20:77, 79). Paano nauugnay ang mga pangakong ito sa nangyari kay Moises at sa pitumpung matanda?

# Exodo 25–27, 30


## Ang Tabernakulo

*Ang Exodo 25–27, 30 ay naglalaman ng mga tagubilin ng Panginoon kay Moises tungkol sa pagtatayo ng tabernakulo. Ang tabernakulo ay sagradong lugar sa mga anak ni Israel tulad ng pagiging sagrado sa atin ng templo ngayon. Ang tabernakulong ito ay dinisenyo upang madaling buhatin dahil palipat-lipat ang mga anak ni Israel habang nasa ilang. Ang mga tagubilin sa pagtatayo ng tabernakulo ay napakadetalyado, na nagpapaunawa sa atin na lahat ng tungkol sa templo ay mahalaga sa Panginoon sa kanyang pagtuturo at pagbibigay-inspirasyon sa kanyang mga tao. Ang istruktura at mga kasangkapan ng templo ay nagtuturo sa atin ng mahahalagang alituntuning naghihikayat para naisin nating mas mapalapit sa kanya at sundin ang kanyang mga utos. Sa sumusunod na mga diagram ng templo isulat ang tawag sa bawat aytem o elemento sa templo. Kasama rin ang ilang mungkahi kung ano ang itinuturo sa atin ng mga elementong ito tungkol sa Diyos at sa kanyang plano para sa kanyang mga anak.*

*Pinapalitan ng impormasyon mula sa Exodo 25–27, 30 tungkol sa tabernakulo ang karaniwang mga bahaging pinamagatang "Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan" at "Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan." Bawat aytem sa ibaba ay may aktibidad na parang pag-aaral ng mga banal na kasulatan na kukumpletuhin sa iyong notbuk na dapat ay tumulong sa iyo na mas maunawaan kung paano itinuro ng tabernakulo at ng mga kasangkapan nito ang mga alituntunin ng ebanghelyo.*




**Ang Tabernakulo**






**Kaban ng tipan**

Tanging mga taong may karapatan lamang ang pinapayagang humawak sa kaban ng tipan (tingnan sa Exodo 25:10–22), kaya may dalawang kahoy (pole) na nakakabit dito para mabuhat ito. Nasa loob ng kaban ang mga tapyas na bato na naglalaman ng batas na isinulat ng Panginoon. Kalaunan, inilagay rin sa loob nito ang isang palayok ng mana at ang tungkod ni Aaron na namulaklak. Ang takip ay kumakatawan sa kinaroroonan ng Diyos at tinatawag na luklukan ng awa. Minsan sa isang taon nagsasagawa ng ordenansa ang saserdote sa luklukan ng awa upang tubusin ang mga tao (tingnan ang impormasyon para sa Levitico 16 sa p. 68) Ano ang sinabi ng Panginoon kay Moises sa Exodo 25:22 tungkol sa luklukan ng awa?




**Dulang ng tinapay na handog**

Sa dulang ng tinapay na handog (tingnan sa Exodo 25:23–30) ay may labindalawang malalaking tinapay. Ang tinapay ay pinapalitan noon tuwing Sabbath at kinakain ng mga saserdote. Kahit hindi nakasaad sa Exodo, tradisyon ng mga Judio na maglagay din ng alak sa dulang. Ano kaya ang kinakatawan ng tinapay at alak?




**Sagradong kandelero o lalagyan ng kandila**

Ang kandelero o lalagyan ng kandila (tingnan sa Exodo 25:31–40) ay bantog na simbolo ng pananampalataya ng mga Judio at madalas itong tawagin sa pangalang Hebreo nito na *menorah.* Ang pitong lalagyan ng kandila sa ibabaw ay puno ng purong langis ng olibo, kung saan inilalagay at sinisindihan ang mitsa. Ang bilang na pito ay kumakatawan sa pagiging ganap o perpekto ng mga Hebreo. Ang talinghaga ng sampung dalaga na ikinuwento ni Jesus ay nagbibigay ng ideya kung ano ang kinakatawan ng langis sa ilawan (tingnan sa Mateo 25:1–13; D at T 45:56–59). Isulat kung ano sa palagay mo ang isinasagisag ng langis.



**Pinakadambana o dambana ng mga handog**

Lahat ng pagsunog ng mga handog ay isinasagawa sa dambana ng mga handog (tingnan sa Exodo 27:1–8). Pag-aalay ang unang ginagawa noon ng isang tao kapag pumapasok sa tabernakulo kung nais niyang makasulong pa. Ano ang hinihingi ng Panginoon sa kanyang mga tao ngayon bilang sakripisyo? (tingnan sa 3 Nephi 9:19–20). Alin sa mga unang alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo ang isinagisag ng dambanang ito? (tingnan sa Mga Saligan ng Pananampalataya 1:4). Sinabi ni Elder Neal A. Maxwell, "Ang tunay na pag-aalay ng sarili ngayon o kailanman ay hindi pag-aalay ng hayop sa altar. Sa halip, ito ang kahandaang ilagay ang kasamaan na nasa ating kalooban sa ibabaw ng altar—pagkatapos ay pagmasdan itong matupok! Iyan ang '[paghahain] sa [Panginoon] ng isang bagbag na puso at nagsisising espiritu.' (3 Nephi 9:20.)" (*Meek and Lowly* [1987], 94).



**Dambana ng kamangyan**

Nilalagyan ng maiinit na uling ang dambana ng kamangyan (tingnan sa Exodo 30:1–10) tuwing umaga at gabi kapag nagsusunog ng kamangyan ang pangulong saserdote o high priest. Basahin ang Awit 141:2; Apocalipsis 5:8; 8:3–4 at ipaliwanag kung ano sa palagay mo ang kinakatawan ng dambanang ito.



**Hugasan o palanggana ng tubig**

Ang mga saserdote ay gumagamit ng palanggana para maghugas (tingnan sa Exodo 30:18–21) bilang paghahanda sa pagpasok sa mga banal na dako ng tabernakulo. Noong panahon ni Moises ang hugasan ay isa lang malaking palanggana; gayunman, nang magtayo ng permanenteng templo si Salomon inilagay niya ang hugasan sa mga likod ng labindalawang kapong baka. Ano sa palagay mo ang nais ituro ng Panginoon sa kanyang mga tao nang ilagay niya ang hugasan sa harap ng pasukan ng mas banal na mga dako ng tabernakulo?

# Exodo 28–29

## Ang mga Saserdote sa Templo

*Ang Exodo 28–29 ay naglalaman ng mga paghahayag ng Panginoon kay Moises patungkol sa mga saserdoteng nagsasagawa ng mga ordenansa sa tabernakulo para sa mga tao. Kabilang sa mga paghahayag na ito ang mga tagubilin kung paano itatalaga at ilalaan ang mga saserdote, ano ang dapat nilang isuot, at ano ang ilan sa kanilang mga tungkulin. Tungkol naman sa tabernakulo, ang pagsasaalang-alang sa simbolismo ng ginawa ay mas makapagtuturo sa atin tungkol sa ebanghelyo at kung ano ang inaasahan sa atin ng Panginoon.*

### Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

***Exodo 28***

**Makapangasiwa sa** (t. 1)—Maglingkod

***Exodo 29***

**Pinakapalatuntunang palagi** (t. 9)—Walang hanggang ordenansa

**Hin** (t. 40)—Mga anim na litro




### Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang dalawa sa sumusunod na mga aktibidad (A–C) habang pinag-aaralan mo ang Exodo 28–29.

#### A Paano Sila Tinawag?

Basahin ang Exodo 28:1; Sa Mga Hebreo 5:1, 4; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:5. Ipaliwanag kung paano tinawag si Aaron at ang kanyang mga anak na maging saserdote at kung paano naging huwaran ang paraan ng pagtawag sa kanila para sa lahat ng tumatanggap ng katungkulan ng priesthood sa Simbahan.

#### B Ibalangkas ang Isang Sagradong Seremonya

Inilalarawan sa Exodo 29:1–21 kung paano inilalaan, o itinatalaga, ang isang saserdote noon, para makagawa sa tabernakulo. Balangkasin ang seremonya sa pamamagitan ng paglalarawan sa nangyari ayon sa sumusunod na mga talata:

- Unang pangyayari (tingnan sa t. 4)
- Ikalawang pangyayari (tingnan sa mga talata 5–6)
- Ikatlong pangyayari (tingnan sa t. 7)
- Ikaapat na pangyayari (tingnan sa mga talata 10–14)
- Ikalimang pangyayari (tingnan sa mga talata 15–18)
- Ikaanim na pangyayari (tingnan sa mga talata 19–21)

#### C Ano ang Simbolismo?

Pinahiran ng dugo ang mga tainga, kamay, at paa ni Aaron at ng kanyang mga anak. Alam natin na ang dugo ay sumasagisag sa Pagbabayad-sala ni Cristo, na may kapangyarihang pabanalin tayo. Ano ang isinasagisag ng mga tainga, kamay, at paa, at ano ang itinuturo sa atin ng simbolismong iyon tungkol sa paghahandang gawin ang ating mga tungkulin sa templo?

# Exodo 31

## Tumawag ng mga Kalalakihan na Magtatrabaho sa Tabernakulo

*Inilahad sa atin ng Exodo 31 kung paano tumawag ang Panginoon ng mahuhusay na manggagawa upang tumulong sa pagtatayo ng tabernakulo at paggawa ng mga kasangkapan nito. Ang pagpapasulong ng kaharian ng Diyos ay nangangailangan ng maraming iba't ibang talento. Samakatwid, ang kahusayan sa pagtatayo, sining, pagnenegosyo, at kung anu-ano pa ay makatutulong na lahat sa pagtatayo ng kaharian ng Panginoon kapag inilaan natin ang mga talentong iyon sa kanya. Ang Exodo 31 ay naglalaman din ng paalala ng Panginoon sa Israel na iwasang magtrabaho sa araw ng Sabbath—kahit pa ang magtrabaho sa kanyang tabernakulo.*

# Exodo 32

## Ang Gintong Guya

*Ikinukuwento sa Exodo 24 kung paano umakyat si Moises sa Bundok ng Sinai at nakipag-usap sa Panginoon sa loob ng apatnapung araw. Bunga nito ay natanggap ni Moises ang mga paghahayag na matatagpuan sa Exodo 25–31. Bago umakyat si Moises sa bundok, nakipagtipan ang mga anak ni Israel sa Diyos na susundin nila ang mga utos na inihayag hanggang sa panahong iyon sa pamamagitan ni Moises, kabilang na ang Sampung Utos. Tulad ng nabanggit na, ang pangako ng mga Israelita na sundin ang Sampung Utos ay mahalaga upang matanggap nila ang mas malaking pagpapalang hiniling ni Moises sa Panginoon sa Bundok ng Sinai. Kung lalabagin ng mga Israelita ang Sampung Utos, mawawala sa kanila ang karagdagang mga pagpapalang nais ibigay ng Panginoon sa kanila. Sa kasamaang-palad, iyon mismo ang nangyari.*

### Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Exodo 32*

**Niyari** (t. 4)—Hinubog

**Buril** (t. 4)—Ukit

**Binubo** (mga talata 4, 8)—Gawa sa tinunaw na metal

**Matigas na ulo** (t. 9)—Palalo

**Pagiinit** (mga talata 10, 12)—Galit

**Kasamaan** (mga talata 12, 22)—Masamang layunin

**Aalisin** (mga talata 32–33)—Buburahin

*Paunawa:* Alalahaning maghanap ng mga pagbabago sa "Mga Pinili Mula sa Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia na nasa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*" dito at sa iba pang mga kabanata.

#### Exodo 32:26—"Sinomang sa Panginoon ang Kiling?"

Binigyang-diin ni Elder George Albert Smith, na miyembro noon ng Korum ng Labindalawang Apostol, ang kahalagahan ng pananatili sa panig ng Panginoon: "May napakalinaw na linyang naghihiwalay sa teritoryo ng Panginoon mula sa teritoryo ni Lucifer. Kung mananatili tayo sa panig ng linya ng Panginoon hindi makalalapit doon si Lucifer para impluwensyahan tayo, ngunit kung tatawirin natin ang linya papunta sa kanyang teritoryo mapapasailalim tayo ng kanyang kapangyarihan. Sa pagsunod sa mga utos ng Panginoon ligtas tayo sa Kanyang panig ng linya, ngunit kung susuwayin natin ang Kanyang mga turo kusa tayong tumatawid sa lugar ng tukso at nag-aanyaya ng kapahamakang laging naroroon. Sa pagkaalam nito, dapat ay lagi tayong sabik na mamuhay sa panig ng linya ng Panginoon" ("Our M. I. A.," *Improvement Era,* Mayo 1935, 278).

### Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

#### A Madali Ba Silang Makalimot?

Basahin ang Exodo 20:3–6; 24:3; 32:1–6, 8 at sagutin ang sumusunod na mga tanong:

1. Alin sa Sampung Utos ang nilabag ng mga anak ni Israel sa Exodo 32?
2. Sa palagay mo, bakit nila ginawa ang kanilang ginawa?

#### B Ipamuhay ang Alituntunin

1. Sa paanong mga paraan natutukso ang mga tao ngayon na mawalan ng tiyaga sa paraan ng paggawa ng Diyos ng mga bagay-bagay at suwayin ang kanyang mga utos?
2. Paano maituturing na pagsamba sa diyus-diyusan ang kawalang ito ng pagtitiyaga?

#### C Matuto Tungkol sa Kasalanan at Pagsisisi

Sa Exodo 32:19–29 agad nanawagan si Moises sa mga tao na magsisi. Mula sa ikinilos ni Moises at sa nangyari, anong mga aral ang matututuhan natin tungkol sa mga epekto ng kasalanan at mga kinakailangan sa pagsisisi?

# Exodo 33

## Muling Nakita ni Moises ang Panginoon

*Dahil nilabag ng mga anak ni Israel ang kanilang tipan sa Panginoon sa pamamagitan ng pagsamba sa gintong guya, ginawa nilang hindi karapat-dapat ang kanilang sarili sa harapan ng Panginoon. Gayunman, hindi tinalikuran ng Panginoon ang kanyang mga tao. Kahit hindi na siya makakasama ng mga anak ni Israel, ipinangako ng Panginoon sa Exodo 32:34 na sasamahan sila ng kanyang anghel papunta sa lupang pangako. Ang Exodo 33 ay naglalaman ng mga kuwentong nagpapakita ng kaibhan ng pakikipag-ugnayan ng mga Israelita sa Panginoon at ng pakikipag-ugnayan ni Moises sa Panginoon. Ang kaibhang ito ay dapat maghikayat sa atin na tanungin ang ating sarili kung hahangarin at sisikapin ba nating matamo ang buong pagpapala ng Panginoon o hahayaan na lang nating magkaroon ng makabuluhang mga espirituwal na karanasan ang mga propeta at iba pang mga pinuno ng Simbahan. Kung hangad natin ang buong pagpapala ng Panginoon, ano ang dapat nating gawin?*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Exodo 33*

**Yumaon ka, sumampa ka mula rito** (t. 1)—Iwan mo ang lugar na iyong kinaroroonan

**Mga pahiyas** (mga talata 4, 6)—Mapalamuting kasuotan at alahas

**Tabernakulo** (mga talata 7, 10)—Isang tolda. (Hindi ito ang tabernakulong inilalarawan sa Exodo 25–27; 30.)

**Pasampahin** (t. 15)—Akayin

**Magkakaloob ng biyaya** (t. 19)—Mabait at mahabagin

**Bitak** (t. 22)—Biyak

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ano ang Nawala sa Kanila?

1. Hanapin ang salitang ginamit ng Panginoon sa mga talata 3 at 5 ng Exodo 33 para ilarawan ang mga anak ni Israel. Malamang na naisin mong markahan ito sa iyong mga banal na kasulatan. Ano ang isinasagisag ng salita?
2. Ayon sa mga talata 7–11, anong mga pagpapala ang nawala sa mga anak ni Israel dahil sa pag-uugaling inilarawan sa itaas?
3. Sumulat ng maikling halimbawa kung paano nawawalan ng malalaking pagpapala ang isang tao ngayon dahil sa gayunding pag-uugali.

### B Maging Misyonero Gamit ang Isang Talata sa Scripture Mastery

Sinasabi ng mga investigator mo na hindi sila naniniwala sa kuwento ni Joseph Smith tungkol sa Unang Pangitain dahil sinasabi raw sa Biblia na hindi makikita ng tao ang Diyos. Maaari nilang basahin sa iyo ang Exodo 33:20. Ipaliwanag kung paano mo sila sasagutin gamit ang Exodo 33:11; PJS, Exodo 33:20; at dalawang iba pang banal na kasulatan sa Biblia na nagpapatunay na maaari ngang makita ng tao ang Diyos. Maaaring kailanganin mong gamitin ang mga tulong sa pag-aaral sa iyong mga banal na kasulatan. Isulat ang mga reperensyang matatagpuan mo sa iyong mga banal na kasulatan sa tabi ng Exodo 33:11.

# Exodo 34

## Ang Nakabababang Batas

*Sa Bundok ng Sinai tinanggap ni Moises ang mga batas, kautusan, ordenansa, at tipan mula sa Panginoon na nakasulat sa mga tapyas na bato. Nang bumaba si Moises mula sa Sinai at nakita ang mga anak ni Israel na sumasamba sa gintong guya, ibinato niya sa lupa ang mga tapyas na bato at nabasag ang mga ito (tingnan sa Exodo 32:15–19). Hindi napatunayan ng mga Israelita na karapat-dapat nilang matanggap ang lahat ng nakasulat sa mga ito.*

*Maaaring mawalan din tayo ng malalaking pagpapala kung suwail tayo. Gayunman, naging mapagpasensya ang Panginoon sa mga anak ni Israel, at binigyan sila ng mga pagkakataong magsisi at makabalik sa kanya. Dahil nais tayong tulungan ng Panginoon, madalas niya tayong bigyan ng karagdagan o bago, at mas mahigpit na mga kautusan na nagbibigay sa atin ng pagkakataong magsisi at sa huli ay matanggap ang buong pagpapalang nais niyang ibigay sa atin. Nakatala sa Exodo 34 ang karagdagang mga kautusan na ibinigay ng Panginoon sa mga suwail na anak ni Israel.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Exodo 34*

**Humugis** (mga talata 1, 4)—Tumapyas

**Kakilakilabot** (t. 10)—Kamangha-mangha

**Silo** (t. 12)—Patibong

**Asera** (t. 13)—Mga lugar kung saan sinasamba ang mga diyus-diyusan

**Mapanibughuin** (t. 14)—Tapat na nagmamahal at umaasa ng katapatan

**Sumunod sa kanilang mga dios** (mga talata 15–16)—Hindi tapat sa Diyos

**Binubo** (t. 17)—Gawa sa tinunaw na metal

**Nagbubukas ng bahay-bata** (t. 19)—Ay panganay

**Walang dala** (t. 20)—Hindi nagbabayad ng halagang pantubos

**Makaitlo** (mga talata 23–24)—Tatlong beses

**Tunog** (t. 27)—Huwaran

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Sumangguni sa Pagsasalin ni Joseph Smith

Basahin ang Mga Pinili mula sa Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia para sa Exodo 34:1–2 at isulat kung paano naiba ang pangalawang pares ng mga tapyas sa unang pares.

### B Bakit Magkaiba ang mga Ito?

Basahin ang Mosias 13:29–30; Doktrina at mga Tipan 84:19–27 at isulat kung bakit iba ang pangalawang pares ng mga tapyas kumpara sa nauna.

# Exodo 35–40

## Itinayo at Inilaan ang Tabernakulo

*Ikinukuwento sa Exodo 35–40 kung paano isinagawa ng mga anak ni Israel ang utos ng Panginoon na ibinigay sa Exodo 25–30 tungkol sa tabernakulo. Karamihan sa nakasulat sa Exodo 35–40 ay katulad ng nakasulat sa Exodo 25–30 upang ipakita na sinikap ng mga Israelita na sundin nang husto ang utos ng Panginoon.*

### Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

#### A Ano ang Nangyari sa Paglalaan ng Tabernakulo?

Basahin ang Exodo 40:34–38 at isulat ang nangyari nang matapos nang maitayo ang tabernakulo.

# Ang Aklat ng Levitico

Levitico ang pangatlo sa limang aklat ni Moises (tingnan sa "Ang mga Aklat ng Genesis, Moises, at Abraham" sa p. 9). Ipinapalagay natin na ang mga tagubilin sa Levitico ay inihayag kay Moises habang siya ay nasa Bundok ng Sinai o noong katatapos pa lang ng mga kaganapang inilarawan sa Exodo dahil may bahagi sa mga tagubilin na patungkol sa mga handog na iaalay sa tabernakulo. Ang ibig sabihin ng *Levitico* ay "may kinalaman sa mga Levita." Pinili ng Panginoon ang lipi ni Levi para mangalaga sa tabernakulo, magtrabaho rito, at tulungan ang iba pang nasa sambahayan ni Israel na magsagawa ng mga ordenansa sa sagradong lugar na iyon. Maraming bahagi ang Levitico na nagbibilin tungkol sa mga ordenansang isasagawa sa tabernakulo, mga katangian ng mga maytaglay ng priesthood na magsasagawa ng mga ordenansang iyon, at mga tungkulin ng mga tao na may kinalaman sa mga ordenansa.

## Isang "Hanbuk" para sa mga Levita

Dahil ang Levitico ay isang "hanbuk" para sa mga Levita na naglilingkod sa tabernakulo, maraming detalyadong tagubilin dito tungkol sa iba't ibang uri ng iniaalay na sakripisyo at mga kaugalian ukol sa relihiyon na maaaring kakaiba o di pamilyar sa mga mambabasa ngayon. Kung babasahin ninyo ang dipamilyar na mga kaugalian o gawaing ito, maaari ninyong matutuhan ang mahahalagang katotohanan tungkol sa kasalanan, pagsisisi, kapatawaran, kabanalan, at Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

## Paghahanda sa Pag-aaral ng Levitico

**BUOD NG LEVITICO**

| | Mga Kabanata | Paglalarawan |
|---|---|---|
| Bahagi 1 | Levitico 1–16 | Mabigyang-katarungan, ibig sabihin ay mapatawad sa kasalanan at maging karapat-dapat sa harapan ng Diyos |
| | Levitico 1–7 | Mga handog na tumutubos sa kasalanan o nagpapahayag ng kahandaang maging tapat sa Diyos |
| | Levitico 8–10 | Mga batas para sa mga mayhawak ng priesthood na tumutulong sa mga paghahandog |
| | Levitico 11–15 | Mga batas ng kalinisan para sa mga tao |
| | Levitico 16 | Paliwanag tungkol sa Araw ng Pagtubos kung kailan malilinis ang buong sambahayan ng Israel |
| Bahagi 2 | Levitico 17–27 | Mapabanal, ibig sabihin ay maging mas banal at makadiyos |
| | Levitico 17 | Kabanalan ng sarili |
| | Levitico 18 | Kabanalan sa pakikitungo sa pamilya |
| | Levitico 19–20 | Kabanalan sa pakikitungo sa lipunan at bilang kongregasyon |
| | Levitico 21–22 | Kabanalan ng priesthood |
| | Levitico 23–25 | Mga pagdiriwang at sagradong kaganapan na naghihikayat ng kabanalan |
| Bahagi 3 | Levitico 26 | Mga pagpapalang nagmumula sa pagsunod sa mga batas ng Diyos |
| Bahagi 4 | Levitico 27 | Buong paglalaan ng mga ari-arian sa Panginoon |

# Levitico 1

## Ang Handog na Susunugin

*Itinuro ni Apostol Pablo na ang batas ni Moises ay isang "tagapagturo natin upang ihatid tayo kay Cristo" (Mga Taga Galacia 3:24). Sa madaling salita, ang layunin ng batas ni Moises ay tulungan ang mga Israelita na magtuon ng pansin sa mga alituntuning magtuturo ng daan sa kanila patungo kay Cristo (tingnan sa Jacob 4:4–5; Jarom 1:11; Alma 34:13–14). Ang batas ni Moises ay napakahigpit at nangangailangan ng maraming partikular na pagsasagawa na nilayon upang tulungan ang mga anak ni Israel na patuloy na alalahanin ang Diyos at ang kanilang tungkulin sa kanya. Halimbawa, ang pagpatay ng hayop bilang alay para sa kasalanan ay nagpapaalala sa isang tao na ang mga*

*bunga ng kasalanan ay "nakamamatay." Sa kabilang dako, ang hayop na walang kasalanan na namatay bilang kahalili ng taong nagkasala ay simbolo ng mangyayari kapag naparito sa mundo ang walang-salang Tagapagligtas at nagtigis ng kanyang dugo para sa atin, para iligtas tayo sa kasalanan.*

*Ang Levitico 1 ay nagbibigay ng mga tagubilin para sa handog na susunugin. Ginawa ng mga saserdote ang paghahandog na ito dalawang beses sa isang araw. Maaari ding magsunog ng handog ang mga tao upang ipakita ang kanilang debosyon at katapatan sa Diyos. Marami sa mga tagubilin tungkol sa handog na susunugin ang kapareho ng iba pang mga paghahandog na ipinaliwanag sa Levitico. Ang pinakamalaking kaibhan ng handog na susunugin sa iba pang mga paghahandog ay ang para makapag-alay ng sinunog na handog, sinusunog nang buo ang hayop sa dambana, na sumasagisag sa lubos na katapatan o pagpapasakop sa Diyos.*

*Habang nagbabasa ka, pag-isipan ang iba't ibang paraan na maituturo sa atin ng sinunog na handog ang tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo at kung paano nito ipinaalala sa mga Israelita ang kanilang tungkulin sa Diyos.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

***Levitico 1***

**Kapintasan** (mga talata 3, 10)—Mantsa o anumang dungis

**Lalaplapin** (t. 6)—Babalatan

**Pipigain** (t. 15)—Patutuluin

**Butsi** (t. 16)—Tiyan

**Babaakin** (t. 17)—Hihiwain sa gitna

**Pakahahatiin** (t. 17)—Hahatiin nang lubusan sa gitna

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Hanapin ang mga Simbolo ng Pagsisisi

Markahan ang mga kinakailangan sa pagsusunog ng handog na matatagpuan sa Levitico 1:1–19 na nakalista sa sumusunod na tsart. Gawin ang tsart sa iyong notbuk at ipaliwanag kung ano ang itinuturo sa atin ng bawat elemento ng pagsusunog ng handog tungkol sa pagsisisi sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

| Kinakailangang Gawin | Ang Natututuhan Mo Tungkol sa Pagsisisi o Pagbabayad-sala ni Jesucristo |
|---|---|
| Kailangan mong gawin ang "ihahandog [mong] alay" (Levitico 1:2), ibig sabihin ay hindi ka puwedeng mag-alay ng isang bagay na pag-aari ng iba. | |
| Kailangan kang mag-alay ng isang hayop na "lalake na walang kapintasan" (t. 3). | |
| Kailangan mong dalhin muna ang iyong alay sa "pintuan ng tabernakulo," ang tabernakulong kumakatawan sa lugar na tinatahanan ng Diyos (t. 3). | |
| Kailangan mong ipatong ang iyong kamay sa ulo ng hayop na iaalay at pagkatapos ay ikaw mismo ang papatay rito (tingnan sa mga talata 4–5). | |
| Kailangan mong "laplapin," o balatan, ang alay (t. 6). | |
| Ilalagay ng mga saserdote ang "ulo," "taba," "lamang loob," at "mga paa" nito sa altar o dambana (mga talata 8–9). | |
| Ang alay ay susunugin nang lubusan sa pamamagitan ng apoy (tingnan sa t. 9). | |
| | |

Binabanggit sa Levitico 1:8–9 ang paghahandog ng iba't ibang bahagi ng katawan ng hayop. Ang ulo ay kumakatawan sa ating mga iniisip. Ang mga paa ay kumakatawan sa ating paglakad, o patutunguhan nating direksyon. Ang mga "lamang loob" ay kumakatawan sa ating damdamin, mga hangarin, at layunin. Ang taba ay kumakatawan sa ating lakas at kalusugan. Ano ang isinasagisag ng mga pangyayari sa mga talata 8–9? (tingnan din sa D at T 59:5).

# Levitico 2–7

## Iba pang mga Handog

*Inilarawan nang detalyado sa Levitico 2–7 ang iba't ibang handog na iaalay ng mga Israelita. Inilalarawan sa Levitico 2 ang karne, o handog na kakainin. Inilalarawan sa Levitico 3 ang handog para sa kapayapaan. Inilalarawan sa Levitico 4–5 ang iba't ibang uri ng mga handog para sa pagkakasala at paglabag. Ang Levitico 6–7 ay naglalaman ng mga karagdagang tagubilin tungkol sa lahat ng iba't iba pang mga handog.*

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ang Batas ng Pag-aalay

Ang mga pag-aalay na inilarawan sa Levitico ay hindi na kailangang gawin ng mga miyembro ng Simbahan ngayon. Gayunman, totoo pa rin ang mga alituntuning itinuturo ng mga pag-aalay at dapat maging bahagi ng ating buhay kung nais nating maging matwid sa Diyos.

1. Basahin ang 3 Nephi 9:19–20 at isulat kung ano ang sinabi ng Panginoon na ialay natin sa halip na mga hayop.
2. Magbigay ng mga halimbawa kung paano sa iyong palagay magagawa mo ang iniutos ni Jesus sa 3 Nephi 9:19–20.

# Levitico 8–9

## Ang Pagtatalaga kay Aaron at sa Kanyang mga Anak

*Nakatala sa Levitico 8–9 ang aktuwal na pagtatalaga kay Aaron at sa kanyang mga anak upang maglingkod sa katungkulan ng saserdote sa tabernakulo (tingnan sa Exodo 28–29). Ang pagtatalaga ay sinundan ng kagila-gilalas na pagpapamalas ng kaluwalhatian ng Panginoon, na nagpakita na sinang-ayunan niya ang ginawa.*



# Levitico 10

## Kailangang Maging Banal ang mga Mayhawak ng Priesthood

*Ang Levitico 10 ay isa sa ilang kabanata sa aklat ng Levitico na nagkukuwento sa halip na magbigay lamang ng mga tagubilin. Naglalaman ito ng mabisang mensahe tungkol sa katapatan sa priesthood. Habang nagbabasa ka, pag-isipan ang tanong na ito: Ano ang nadarama ng Panginoon sa paraan ng pagsasagawa natin ng mga sagradong ordenansa?*

### Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Levitico 10*

**Suuban** (t. 1)—Lalagyan o sisidlan sa pagsusunog ng insenso

**Iba** (t. 1)—Ipinagbabawal

**Hapakin** (t. 6)—Punitin

**Tumaghoy** (t. 6)—Malungkot sa

**Karampatang bahagi** (mga talata 13–14)—Kabayaran o suweldo

**Dibdib na inalog** (mga talata 14–15)—Dibdib ng hayop na itinaas at iwinagayway bilang bahagi ng seremonya ng alay o handog para sa kapayapaan

**Hita na itinaas** (mga talata 14–15)—Balikat ng hayop na itinaas at iniharap sa Panginoon bilang bahagi ng seremonya ng handog para sa kapayapaan

**Dalhin** (t. 17)—Pasanin

**Kasamaan** (t. 17)—Kasalanan

**Nakalugod** (t. 20)—Nasiyahan

**Levitico 10:12–20—Bakit Hindi Kinain ni Aaron ang Karne mula sa Handog?**

Napansin ni Moises na hindi kinain ni Aaron at ng mga anak nitong sina Eleazar at Ithamar ang handog para sa kasalanan ayon sa utos sa kanila. Bilang tugon, sinabi ni Aaron kay Moises na hindi tama ang pakiramdam niya na kumain ng pagkain pagkatapos ng nangyari sa iba pa niyang mga anak dahil sa kanilang pagsuway. Nasiyahan si Moises sa sagot na ito. Hindi tayo dapat makibahagi sa ilang ordenansa, tulad ng sacrament, kapag hindi tayo nagsisi o kapag pinayuhan tayo ng ating lider ng priesthood na huwag makibahagi. Kung ang isang tao ay may hangaring magsisi at magbago, walang nagawang mabibigat na kasalanan na hindi pa naipagtatapat sa bishop, at hindi pinagbabawalan ng priesthood na makibahagi, karapat-dapat siyang makibahagi ng sacrament.

### Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

**A Magpayo Tungkol sa Wastong Paggalang sa Priesthood**

Malinaw na hindi pinapaslang ng Panginoon ang lahat ng masama at walang galang na maytaglay ng priesthood ngayon. Gayunman, sa Levitico 10, mahalagang ibigay ng Panginoon ang matinding aral na ito dahil hindi pinahalagahan ng mga anak ni Aaron ang priesthood gayong katatapos lamang nilang mamasdan ang kagila-gilalas na pagpapamalas ng kaluwalhatian ng Diyos noong sila ay italaga (tingnan sa Levitico 9). Upang bigyang-diin ang kahalagahan ng wastong paggalang sa priesthood, gamitin ang Levitico 10:1–7; Doktrina at mga Tipan 121:36–38 para payuhan ang isang binatilyong maaaaring nagbabalak na "gawing biro" ang pakikibahagi niya sa pangangasiwa ng sacrament.

**B Bakit Hindi?**

1. Ano ang iniutos ng Panginoon na huwag gawin ni Aaron at ng kanyang mga anak na buhay pa? (tingnan sa Levitico 10:8–11).
2. Ano ang dahilan ng Panginoon sa pagbibigay ng utos na ito?

# Levitico 11

## Isang "Word of Wisdom" para sa mga Israelita

*Sa alinmang araw, maaaring makalimutang magdasal o makaligtaang magtrabaho o sumamba ng mga tao, pero bihira nilang makalimutang kumain. Yamang ang isang layunin ng batas ni Moises ay patuloy na ipaalala araw-araw sa mga Israelita ang kanilang tungkulin sa Diyos, kabilang sa batas ang mga tagubilin kung ano ang maaari at hindi maaaring kainin ng mga anak ni Israel. Nasa Levitico 11 ang mga tagubiling ito. Ang mga tuntunin at tagubilin ay karaniwang tinatawag na "mga batas ng kosher." Ang Kosher ay salitang Hebreo na ibig sabihin ay "malinis sa espirituwal." Tulad ng Word of Wisdom na inihayag sa ating panahon, itinataguyod ng mga batas ng kosher ang kalusugan, ngunit ang pinakamahalaga nitong layunin ay ituro ang pagkamasunurin. Ang batas na ito ng kalusugan, tulad ng Word of Wisdom ngayon, ay nakatulong upang mailayo ang mga tao ng Diyos sa makamundong mga pag-uugali at gawi, na isa pang layunin ng batas ni Moises. at tinulungan silang maging dalisay at banal.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

***Levitico 11***

**May hati ang paa** (mga talata 3–7, 26)—Magkakahiwalay ang mga kuko

**Baak** (mga talata 3, 7, 26)—Paang may hati sa gitna

**Koneho** (t. 5)—Hayop na mukhang liebre (malaking kuneho) at mabilis kumilos

**Liebre** (t. 6)—Malaking kuneho

**Agilang dumudurog ng mga buto, at ang agilang dagat** (t. 13)—Ang tila ibig sabihin ng mga salitang Hebreo para sa mga hayop na ito ay isang uri ng ibong mandaragit o maninila

**Limbas** (t. 14)—Marahil ay isang uri ng ibong mandaragit

**Gaviota** (t. 16)—Ibong cuckoo

**Somormuho** (t. 17)—Marahil isang uri ng ibong mandaragit

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang dalawa sa sumusunod na mga aktibidad (A–C) habang pinag-aaralan mo ang Levitico 11.

### A Kosher Ba Ito?

Ang ibig sabihin ng *Kosher* ay nararapat o pinabanal ng batas ng mga Judio. Ilista sa iyong notbuk ang sumusunod na mga hayop: suso, tupa, daga, balang, ibon, baboy, baka, kamelyo, agila, pating. Sa bawat hayop, isulat kung "kosher" o "hindi kosher" ang mga ito para kainin ng mga Israelita, at ipaliwanag kung bakit. Sa bawat dahilan, magbigay ng isang talata mula sa Levitico 11 na sumusuporta sa sagot mo.

### B Repasuhin ang Word of Wisdom [Salita ng Karunungan]

Basahin ang Doktrina at mga Tipan 89:5–17 at ilista kung ano ang iniutos ng Panginoon sa mga miyembro ng Simbahan sa ating panahon na kainin o huwag kainin. Ihambing ang mga tagubiling ito sa Levitico 11 kung saan itinuro ng Panginoon sa mga anak ni Israel ang maaari o hindi maaaring kainin.

### C Bakit Ito Mahalaga?

Sa palagay mo, bakit inutusan ng Panginoon ang kanyang mga tao na huwag kainin ang ilang bagay? (Kung kailangan mo ng tulong, tingnan sa Levitico 11:43–47; I Mga Taga Corinto 6:19–20; D at T 89:1–4, 18–21).

# Levitico 12

## Malinis at Karumal-dumal

*Sa Levitico mga kabanata 12–15 nagbilin ang Panginoon kung ano ang "malinis" at "karumal-dumal" sa ilalim ng batas ni Moises pagdating sa mga gamit at sakit ng katawan. Ipinaliwanag sa Levitico 12 ang mga batas na angkop sa mga babae matapos silang manganak. Sa loob ng ilang panahon itinuring silang "karumal-dumal," ngunit ibinalangkas din ng Panginoon ang mga ordenansa para muli silang maging "malinis" sa pamamagitan ng seremonya pagkaraan ng ilang panahon. Sinunod ni Maria, na ina ni Jesus, ang mga ordenansang ito matapos isilang si Jesus (tingnan sa Lucas 2:21–24, 39).*

*Naguguluhan ang ilang tao sa ideya na nagiging karumal-dumal ang ibang tao sa likas na gamit ng katawan. Gayunman, dapat nating maunawaan na sa ilalim ng batas ni Moises, ang "karumal-dumal" ay hindi nangangahulugan na ito ay marumi o nakakadiri kundi hindi lang ito katanggap-tanggap na makibahagi sa mga sagradong ordenansa. Alalahanin din na ang batas ni Moises ay nilayong maglaan ng mga panlabas na paalala na nakikita sa pang-araw-araw na buhay upang ipaalala sa mga Israelita ang mas malalalim na espirituwal na katotohanan.*

# Levitico 13–14

## Ketong

*Tinalakay sa Levitico 13–14 ang sakit na ketong. Sa paglalarawan sa mga kabanatang ito, ang ketong ay tila kinabibilangan ng ilang iba't ibang nakakahawang sakit sa balat. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa ketong, tingnan sa "ketong" sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Levitico 14*

**Tatahan sa labas** (t. 8)—Mamalagi sa labas

**Log** (mga talata 10, 12, 15, 21)—Mga kalahating litro

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ihambing ang Paglilinis ng Ketong sa Paglilinis ng Ating mga Kasalanan

Dahil kitang-kita ang ketong at nabubulok o napipinsala ang katawan, naging pinakamainam na simbolo ito ng pagiging makasalanan. Binubulok ng kasalanan ang espirituwalidad ng isang tao katulad ng pagkabulok ng katawan ng isang tao dahil sa ketong. Inilarawan sa Levitico 14 kung ano ang dapat gawin ng isang tao para espirituwal na luminis sa pamamagitan ng ordenansa matapos mapagaling sa ketong. Makakakita tayo ng mga pagkakatulad ng proseso ng pagiging malinis mula sa ketong sa proseso ng pagdaig natin sa mga epekto ng kasalanan.

Bago mo pag-aralan ang Levitico 14, dapat mong malaman na kapag nagkaroon ng ketong ang isang tao, kailangan siyang tumira sa labas ng kampamento. Ganito rin sa kasalanan. Kapag nagkasala tayo, inilalayo natin ang ating sarili sa lubos na pakiki-pag-ugnayan sa Panginoon at sa kanyang Simbahan. Halimbawa, maaaring hindi tayo pahintulutang makibahagi ng sacrament o tumanggap ng temple recommend.

Ang mga hakbang para maging malinis mula sa ketong sa pamamagitan ng seremonya ay matatagpuan sa sumusunod na mga grupo ng mga talata. Basahin ang bawat grupo ng mga talata mula sa Levitico 14, ibuod ang bawat hakbang, at ipaliwanag kung paano itinuturo ng mga hakbang ang proseso ng pagkakasala at pagsisisi. Sa bawat grupo ng mga talata may isang tanong na tutulong para maituon mo ang iyong isipan.

1. Mga talata 2–3. Kung ang isinasagisag ng ketong ay kasalanan, sino kaya ang kinakatawan ng saserdote?
2. Mga talata 4–8. Dapat mong malaman na (a) ang kahoy na cedro ay kilala sa pagtulong nito na maipreserba ang ibang mga bagay para hindi mabulok o masira; (b) ang kulay na grana ay pula, na nagpapaalala sa atin ng dugo, na simbolo ng buhay at ng Pagbabayad-sala; (c) ang hisopo ay ginamit sa Lumang Tipan bilang nagpapadalisay na halaman; at (d) ang dugo at tubig ay mga simbolo ng pagsilang (tingnan sa Moises 6:59). Kung iisipin ang impormasyong ito, ano sa palagay mo ang isinasagisag sa mga talatang ito?
3. Talata 9. Ang mga bagong silang na sanggol karaniwan ay kakaunti ang buhok o walang buhok, maliban sa nasa ulo nila. Ano kaya ang mensahe ng talatang ito? (tingnan sa 3 Nephi 11:37).
4. Mga talata 10–14. Alalahanin ang gayon ding simbolismo sa Exodo 28–29. Paano kaya naaangkop ang simbolismo dito?
5. Mga talata 15–18. Ang puno ng olibo ay simbolo ng kapayapaan at kadalisayan, at langis ng olibo ang naging simbolo ng Espiritu Santo at ng paggawa ng mabubuting gawa at paglilingkod (tingnan sa D at T 45:56–57). Paano ito naging bahagi ng proseso ng pagiging malinis mula sa kasalanan? (tingnan sa 2 Nephi 31:17).
6. Mga talata 19–20. Sa huli, paano nagiging posible ang pagsisisi?

# Levitico 15–16

## Ang Araw ng Pagtubos

*Ang unang labinlimang kabanata ng Levitico ay may kinalaman sa kung paano naging "matwid" ang mga tao sa Diyos sa pamamagitan ng pag-aalay o paano sila espirituwal na naging "malinis" sa kanyang harapan sa pagsunod sa kanyang mga batas ng kalinisan. Ang Levitico 15 ay may iba pang mga tagubilin kung paano nauugnay ang mga gamit ng katawan ng tao sa pagiging malinis o karumal-dumal sa ilalim ng batas ni Moises. Gayunman, dapat nating matanto na hindi tayo tunay na mapapatawad sa ating mga kasalanan nang walang taos-pusong pagsisisi at Pagbabayad-sala ni Cristo. Inilarawan sa Levitico 16 ang isang sagradong seremonyang iniutos ng Panginoon na isagawa ng mga Israelita minsan sa isang taon sa takdang panahon na sumasagisag kung paano magbabayad-sala si Jesucristo para sa kasalanan ng lahat ng tao. Kahit indibiduwal ang pagsasagawa ng mga ritwal na inilarawan sa Levitico 1–15, ang Araw ng Pagtubos na inilarawan sa Levitico 16 ay sumasagisag sa pagbabayad-sala para sa mga kasalanan ng buong Israel at araw nang nag-ayuno at nagpahinga ang buong sambahayan ng Israel.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Levitico 16*

**Lino** (t. 4)—Puting tela

**Pamigkis** (t. 4)—Paha

**Pagsasapalaran** (mga talata 8–10)—Maghagis ng minarkahang mga bato o dais para sapalarang makapili ng isang bagay. Kapag nagsasapalaran ang mga banal na tao, pagpapakita ito ng pananalig na pamamahalaan ng Diyos ang isang kaganapan at ipaaalam ang kanyang kalooban. Sa Levitico 16, may isang batong minarkahan para sa Panginoon at may isa pa para kay Azazel [ang kambing na pakakawalan sa ilang]. Nang ihagis ni Aaron ang mga bato, depende sa pagbagsak ng mga ito sa lupa, isang kambing ang pinili para ialay at ang isa pa ay pinili para pawalan.

**Kaban ng patotoo** (t. 13)—Ang kaban ng tipan

**Babanalin** (t. 19)—Gagawing sagrado

**Matubos** (t. 20)—Magbayad-sala para sa

### Levitico 16:10—Azazel [Ang Kambing na Pakakawalan sa Ilang]

Azazel ang pangalang ibinigay sa kambing na "pinakawalan" sa ilang, na hindi na kailanman magbabalik, taglay ang dugo, o mga kasalanan, ng mga tao. Isinasagisag ni Azazel (o kambing na pinakawalan) na sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala lahat

ng kasalanan ng Israel ay maaaring mapatawad, hindi na kailanman magbabalik.

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Sagrado at Mahalagang Seremonya

Ang Levitico 16:3–28 ay naglalaman ng mga tagubilin para sa saserdote sa Araw ng Pagtubos. Nakasaad sa kasunod na balangkas ang anim na pangkaraniwang mga hakbang na kasama sa seremonya. Isulat ang mga sagot sa mga tanong tungkol sa bawat hakbang.

1. Ano ang isinasagisag ng ipinagawa ng Panginoon kay Aaron sa talata 4? (tingnan sa mga talata 3–5). (*Hint:* Tiyakin na alam mo kung ano ang "lino.")
2. Bakit kinailangan ni Aaron ng dalawang kambing? (tingnan sa mga talata 6–10).
3. Sa palagay mo, bakit kinailangang tubusin ni Aaron ang kanyang sarili bago niya tubusin ang mga tao? (tingnan sa mga talata 11–14). Paano naiiba ang hakbang na ito sa isinagawang Pagbabayad-sala ni Cristo? (tingnan sa Mga Hebreo 9:6–14; Alma 34:8–12).
5. Bakit kailangang linisin ni Aaron ang banal na dako ng templo? Ano ang sinasabi sa inyo ng ipinagagawang ito tungkol sa kahalagahan ng kalinisan sa paningin ng Diyos at sa kapangyarihan ng Pagbabayad-sala? (tingnan sa mga talata 15–19).
6. Paano kumakatawan ang *dalawang* kambing na ito (ang ginamit sa handog at ang pinakawalan) kay Cristo at sa kanyang Pagbabayad-sala? (tingnan sa mga talata 20–22).
7. Ano ang isinasagisag ng mga responsibilidad ni Aaron at ng responsibilidad ng taong nagpakawala ng kambing sa ilang? (tingnan sa mga talata 20–22; tingnan din sa D at T 36:5–6).

# Levitico 17–18

## Iwasang Sumamba sa mga Diyus-diyusan

*Nakatala sa Levitico 17–18 ang mga tagubilin ng Panginoon sa mga Israelita tungkol sa mga gawi na malinaw na maglalayo sa kanila mula sa mga huwad na relihiyon ng kanilang panahon. Ang Levitico 17 ay naglalaman ng mga tagubilin kung ano ang dapat gawin kapag pumatay ng hayop ang mga Israelita. Kahit hindi iaalay ang isang hayop bilang sakripisyo, kailangan pa rin itong iharap ng mga Israelita sa Panginoon sa tabernakulo. Nakatulong ang kaugaliang ito para maiwasan ang anumang pag-aalay sa mga diyus-diyusan at maipaalala sa mga Israelita na lahat ng mayroon sila ay nagmula sa Panginoon. Iniutos din ng Panginoon sa mga Israelita sa Levitico 17 na huwag kumain ng dugo. Ang dugo ay karaniwang simbolo ng buhay, at bahagi ng mga ritwal ng ilang huwad na relihiyon noong panahong iyon ang pag-inom ng dugo. Sa paggawa nito hangad ng mga kasapi nito na mapahaba ang kanilang buhay. Binigyan ng Panginoon ang Israel ng iba't ibang pag-aalay ng sakripisyo na simbolo ng dakilang sakripisyo ni Jesucristo, kung saan ibubuhos ang kanyang dugo upang magkaroon ng buhay na walang hanggan ang lahat ng maniniwala sa kanya at susunod sa kanyang mga utos (tingnan sa Levitico 17:11).*

*Ang Levitico 18 ay naglalaman ng babala ng Panginoon sa mga Israelita na ang kahalayan ay maaaring maging sanhi ng pagkalipol ng mga bansa at ang mga Israelita ay malilipol kung makikibahagi sila sa ganitong mga kaugalian.*

# Levitico 19–20

## "Magpakabanal Sapagka't Ako'y Banal"

*Nakatala sa Levitico 19–20 ang pagbibigay-diin ng Panginoon sa pagiging banal. Ang salitang banal sa Hebreo ay "qadash," na ibig sabihin ay pabanalin, italaga, at ilaan o ihiwalay mula sa mundo at kamunduhan. Hindi lamang inutusan ng Panginoon ang mga Israelita na maging banal, kundi sa dalawang kabanatang ito nagbigay siya ng mga partikular na halimbawa ng mga bagay na magagawa nila sa pang-araw-araw nilang buhay para masunod ang utos na ito. Bawat isa sa mga kaugaliang ito ay nagpaalala sa mga Israelita na ihiwalay ang kanilang sarili sa mundo at sa di-makadiyos na mga gawi nito. Kalaunan ipinaliwanag ni Jesus ang pangunahing alituntunin sa likod ng kabanalan nang ituro niya sa kanyang mga apostol na hindi niya sila aalisin sa mundo kundi ilalayo niya sila sa kasamaan (tingnan sa Juan 17:14–16).*

*Habang nagbabasa ka, tukuyin ang alituntunin sa likod ng bawat kautusang ibinigay ng Panginoon. Sa paanong mga paraan niya tayo inutusang ipamuhay ang mga alituntuning ito ngayon habang nagsisikap tayong maging "hindi taga sanglibutan"?*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

### *Levitico 19*

**Matatakot** (t. 3)—Mamahalin at igagalang

**Magtataglay** (t. 8)—Responsable sa

**Pamulutan** (t. 9)—Mga natira matapos gapasin ang bukid sa unang pagkakataon

**Pipighati** (t. 13)—Manloloko

**Magkaiba** (t. 19)—Magkaiba ng uri

**Maghahasik** (t. 19)—Magtatanim

**Natubos** (t. 20)—Bayad na at pinalaya

**Parurusahan** (t. 20)—Lalatiguhin

**Hindi sa tuli** (t. 23)—Hindi banal

**Mag-eenkanto, magpapamahiin** (t. 26)—Iba't ibang uri ng panghuhula

**Gugupitin ng pabilog ang mga buhok sa palibot ng inyong ulo** (t. 27)—Tumutukoy sa isang uri ng gupit ng buhok ng mga kasapi sa mga huwad na relihiyon

**Mga inaalihan ng masasamang espiritu** (t. 31)—Ang mga nagsasabi na nakakausap nila ang kaluluwa ng mga patay

**Mangkukulam** (t. 31)—mga taong tumatawag sa kaluluwa ng mga patay

**Uban** (t. 32)—Puting buhok

**Nakikipamayan** (t. 33)—Nakikitira

**Epa, hin** (t. 36)—Mga panukat

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Hanapin ang Alituntunin

Kung iisipin mo ang alituntunin sa likod ng bawat kautusan sa Levitico 19, halos bawat kautusan sa kabanata ay angkop sa mga Banal sa mga Huling Araw ngayon. Kitang-kita ang ilan dito (tulad ng nasa mga talata 11–12), pero may iba na tila kakaiba sa atin. Pumili ng dalawa sa mga kautusan sa Levitico 19 na tila para talaga sa mga tao sa panahong iyon. Tukuyin ang mga alituntunin sa likod ng mga kautusan at muling isulat ang mga ito para umakma sa ating panahon. Halimbawa, sa talata 19 sinabi ng Panginoon na huwag magkaroon ng bukid na may dalawang magkaibang tanim o ng damit na may dalawang magkaibang tela. Sa pamamagitan ng mga kautusang ito, ipinaalala ng Panginoon sa Israel na hindi sila maaaring makihalubilo sa mundo at manatiling banal. Maaari nating iangkop ngayon ang alituntuning ito sa ideya ng pagdedeyt o pag-aasawa. Dapat tayong makipagdeyt sa mga miyembro ng Simbahan at magpakasal sa loob ng tipan.

### B Scripture Mastery—Levitico 19:18

Basahin ang utos ni Jesus sa Mateo 22:35–39. Ano ang sinabi ng Panginoon sa Levitico tungkol sa kahalagahan ng utos na ito?

# Levitico 21–22

## Kabanalan ng Priesthood

*Ang Levitico 21–22 ay naglalaman ng mga utos tungkol sa kabanalan ng mga saserdote, ng kanilang pamilya, at ng mga handog na alay nila. Ngayon mayroon din tayong mga natatanging pamantayan para sa mga naglilingkod sa misyon at sa mga may awtoridad sa Simbahan, gayundin may mga pamantayan sa paraan ng pagsasagawa ng ating mga ordenansa.*

# Levitico 23–25

## Mga Banal na Araw at Pagdiriwang

*Inilahad sa Levitico 23 kung paano itinakda ng Panginoon ang limang banal na araw kung kailan pagsisikapang lalo ng buong Israel na maging banal at mas mapalapit sa kanya. Ito ang mga araw ng Sabbath (tingnan sa mga talata 1–3); Kapistahan ng Tinapay na Walang Lebadura, o Paskua (tingnan sa mga talata 4–14); Kapistahan ng mga Sanglinggo, o Pentecostes (tingnan sa mga talata 15–23); Araw ng Pagtubos (tingnan sa mga talata 26–32); at Kapistahan ng mga Tabernakulo (tingnan sa mga talata 33–44).*

*Ang Levitico 25 ay may kaugnayan sa tema ng kabanata 23. Sa Levitico 25 mababasa natin na hindi lamang inutusan ng Panginoon ang mga Israelita na magdaos ng Sabbath tuwing ikapitong araw kundi ipahayag na taon ng Sabbath ang bawat ikapitong taon. Sa taon ng Sabbath na ito hindi sila magtatanim at sa halip ay pagpapahingahin nila ang lupa. Bukod pa riyan, pagkaraan ng pitong beses na pitong taon (apatnapu't siyam na taon), ang ikalimampung taon ay gagawing isang espesyal na taon ng Sabbath, na tinatawag na taon ng jubileo. Hindi lamang iiwasan ng mga Israelita na magtanim o mag-ani sa panahon ng jubileo, kundi patatawarin din nila ang lahat ng utang at palalayain ang lahat ng alipin. Naipaalala ng jubileo sa mga Israelita na yamang maawain ang Diyos sa kanila, kailangan din nilang kaawaan ang ibang tao at ang lupain.*

*Ang Levitico 24 ay naglalaman ng ilang tagubilin sa paggamit ng kandelero at ng dulang ng tinapay sa tabernakulo. Ang kabanata 24 naman ay nagkukuwento tungkol sa isang taong lumapastangan sa pangalan ng Diyos at hinatulang mamatay dahil ang paglapastangan ay malinaw na ipinagbabawal sa mga kautusan ng Diyos sa mga anak ni Israel. Kabilang sa paliwanag sa kanyang kaparusahan ang bantog na pariralang "mata sa mata, ngipin sa ngipin" (t. 20).*

# Levitico 26–27

## Mga Pagpapala o Sumpa

*Matapos ipaliwanag ang inasahan niya sa mga Israelita tungkol sa kalinisan at kabanalang ukol sa relihiyon, tinapos ng Panginoon ang aklat ng Levitico sa isang paliwanag ng mga bunga ng pagsunod o pagsuway sa mga kautusang ito (tingnan sa Levitico 26). Nagbigay rin ng kaunting*

*pangwakas na payo ang Panginoon tungkol sa lubos na pagtatalaga ng sarili sa paglilingkod sa Panginoon.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

***Levitico 26***

**Paggiik** (t. 5)—Pag-ani ng butil

**Aabot** (t. 5)—Tatagal

**Kakanin ninyo ang malaong kinamalig, at inyong ilalabas ang luma dahil sa bago** (t. 10)—Kakanin pa rin ninyo ang inimbak noong nakaraang taon kapag dumating ang bago, at kailangan ninyong ilabas ang luma para maipasok ang bago

**Mga ulong matuwid** (t. 13)—Malaya

**Pagkatuyo, at ang lagnat** (t. 16)—Mga sakit o karamdaman

**Sasalangsang** (mga talata 21, 23–24, 27, 41)—Sasalungat

**Mangungulila, ilang, sira,** (mga talata 22, 33, 35, 43)—Mapanglaw

**Tungkod** (t. 26)—Suplay

**Mga bansa** (mga talata 33, 38, 45)—Yaong mga hindi nakakakilala sa tunay at buhay na Diyos

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Tukuyin ang mga Pagpili at Ibubunga


Gumawa ng tsart sa papel na may dalawang hanay katulad ng nasa ibaba. Sulatan ng "Kung" ang isang hanay at ng "Ay" ang isa pang hanay.

| Kung | Ay |
|---|---|
| Mga Pasiyang Maaaring Gawin ng mga Israelita | Mga Bunga ng mga Pasiyang Iyon |

1. Habang binabasa mo ang Levitico 26, hanapin ang salitang *kung*. Maaari mo itong markahan o bilugan sa iyong mga banal na kasulatan. Isulat sa hanay ng "Kung" ang mga bagay na sinabi ng Panginoon na maaaring gawin ng Israel.
2. Hanapin ang salitang *ay* malapit sa mga katagang *kung* na nakita mo sa unang hakbang. Markahan o bilugan ito sa iyong mga banal na kasulatan. Ilista sa hanay ng "Ay" ang sinabi ng Panginoon na mangyayari kung gagawa ng ilang pasiya ang Israel. Ipagpatuloy sa buong kabanata at maghanap pa ng magkakalapit na "kung-ay"

# Ang Aklat ng Mga Bilang

## Mga Paggala sa Ilang




Ang aklat ng Mga Bilang ay pinangalanan nang isalin ito sa Griyego dahil naglalaman ito ng salaysay ng dalawang pangyayari kung kailan "binilang" ni Moises ang mga tao ni Israel (tingnan sa Mga Bilang 1–4; 26). Tinatawag ito ng ilang Hebreo na *Vayedabber* (ang unang salita sa aklat sa Hebreo), na ibig sabihin ay "At Siya ay nangusap." Tila angkop ang pangalang ito dahil ang Mga Bilang ay naglalaman ng 150 salaysay ng pagkausap ng Diyos kay Moises. Ang aklat ay karaniwang tinatawag na *Bemidbar* sa Hebreo, na ibig sabihin ay "Sa ilang," na naglalarawan ng lugar na pinangyarihan ng halos buong nilalaman ng aklat. Bagama't simple lang ang pamagat na "Mga Bilang," ang aklat ay talagang naglalaman ng napakahalaga at nagbibigay-inspirasyong mga kuwento ng apatnapung taon ng paggala ng Israel sa disyerto ng Sinai.

## Paghahandang Basahin ang Mga Bilang

Ang Mga Bilang ay naglalaman ng ilang kuwento tungkol sa pagdaing, pagrereklamo, at paghihimagsik maging ng pinakamalalapit na kasamahan at kapamilya ni Moises. Binigyan ng Panginoon ng pagkakataon ang mga anak ni Israel na makapasok sa kanilang lupang pangako mga isang taon matapos nilang lisanin ang Egipto, pero natakot, dumaing, at nagrebelde sila, kaya nawala ang pagkakataon nila. Habang nagbabasa ka dapat mong isipin na tayo, gaya ng mga anak ni Israel, ay may propeta ngayon. Paano natin tinatanggap ang kanyang payo? Ano ang mga bunga ng pagsunod o pagsuway sa payo ng propeta?


Ang aklat ng Mga Bilang ay maaaring hatiin sa tatlong bahagi: (1) pag-alis sa Sinai (tingnan sa mga kabanata 1–10), (2) paglalakbay sa ilang (tingnan sa mga kabanata 11–21), at (3) paghahanda sa pagpasok sa lupang pangako (tingnan sa mga kabanata 22–36).

# Mga Bilang 1–4

## Ang Census

*Isinalaysay sa Mga Bilang 1–4 kung paano binilang ang Israel ayon sa lipi o pamilya. Ang lipi ni Jose ay tumanggap ng dobleng pamana dahil sa pagkapanganay. Ang dobleng pamana ay hinati sa pagitan ng dalawang anak ni Jose na sina Ephraim at Manases. Dahil doon, ang dalawang anak na ito ay itinuring na magkahiwalay na angkan sa Israel (tingnan sa Genesis 48:5), kaya naging labintatlo ang lipi sa Israel. Ang lipi ni Levi ay may natatanging tungkuling magtaglay ng priesthood at magsagawa ng mga ordenansa sa ilalim ng batas ni Moises. Dahil sa tungkuling ito, namuhay silang kasama ng iba pang mga lipi at hindi ibinilang sa gayunding paraan. Ang Israel ay karaniwang itinuturing na may labindalawang lipi—dagdag pa ang mga Levita. Sinasabi sa Mga Bilang 1–2 na ang labindalawang lipi ay binilang at ipinagpangkat-pangkat para sa paglalakbay at pagkakampo. Nakatala sa Mga Bilang 3–4 kung paano binilang at binigyan ng mga tungkulin ang mga Levita.*

*Ipinaliwanag din sa Mga Bilang 3–4 na lahat ng panganay sa mga anak ni Israel ay pag-aari ng Panginoon dahil naligtas lamang sila ng awa ng Panginoon nang pahiran nila ng dugo ang haligi ng kanilang pintuan nang ipadala ang ikasampung salot sa Egipto (tingnan sa Exodo 12–13). Gayunman, ipinaliwanag ng Panginoon na sa halip na mga panganay ng bawat pamilya ang maglingkod sa kanya nang habampanahon, mga Levita ang ihahalili sa kanila. Upang ipakita na kinilala nila na mga Levita ang naglingkod sa halip na sila, bawat panganay na lalaki ng labindalawa pang lipi ay pinagbayad ng kaukulang halaga taun-taon bilang panustos sa gawain ng mga Levita sa tabernakulo. Ang tawag dito ay "salaping pangtubos" (tingnan sa Mga Bilang 3:44–51).*




## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Maaaring Ikaw Ito

Basahin ang Mga Bilang 3:12–13; 4:40–41 at ang paliwanag sa Mga Bilang 1–4 sa itaas para malaman kung ano ang sinabi ng Panginoon tungkol sa mga panganay sa buong Israel. Pagkatapos ay basahin ang 2 Nephi 9:6–9, at ipaliwanag kung paano tayo maihahambing sa mga panganay sa Israel. Sa madaling salita, kung walang Pagbabayad-sala ni Cristo, ano ang mangyayari sa atin? (tingnan din sa I Mga Taga Corinto 6:19–20; I Ni Pedro 1:18–19).

### B Ano ang Dapat Mong Gawin?

Kung iisipin ang natutuhan mo sa aktibidad A, paano dapat makaapekto sa ating mga priyoridad ang pagkaalam kung kanino tayo kabilang? Ano ang ipinagagawa sa atin ng Panginoon na maihahambing sa "salaping pangtubos"?

# Mga Bilang 5–8

## Mga Karagdagan sa Batas ni Moises

*Ang Mga Bilang 5–6 ay naglalaman ng karagdagang mga tagubiling ibinigay ng Panginoon hinggil sa sakit (tingnan sa 5:1–4), pagsisisi (tingnan sa 5:5–10), dapat gawin ng isang lalaki kung iniisip niya na nagtataksil sa kanya ang kanyang asawa (tingnan sa 5:11–31), mga taong may espesyal na panata na maglilingkod sa Panginoon (mga Nazareo; tingnan 6:1–21), at basbas na dapat ipahayag ng mga saserdote sa mga tao (tingnan sa 6:22–27). Sa Mga Bilang 7–8 mababasa natin ang mga paghahandog na ginawa nang ilaan ang tabernakulo at ang pagtatalaga sa mga Levita upang magampanan ang kanilang mga espesyal na tungkulin sa priesthood.*

*Ang gabay na ito sa pag-aaral ay mas nagbibigay-pansin sa Mga Bilang 6, na naglalarawan ng mga batas ng Nazareo. Sa Hebreo ang ibig sabihin ng nazir ay "taong itinalaga o matapat." Kaya kapag inilaan ng mga tao ang kanilang sarili sa Panginoon sa espesyal na paraan, o kung inilaan sila ng kanilang mga magulang sa Panginoon, ang tawag sa kanila ay "mga Nazareo."*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Mga Bilang 6*

**Tumalaga, hihiwalay, pagkatalaga, pagtalaga** (mga talata 2–8)—Ilaan sa Diyos, ihiwalay sa mundo

**Panata** (mga talata 2, 5)—Pangako

**Lalapit sa** (t. 6)—Hahawak sa

**Ilingap ang kaniyang mukha** (t. 26)—Ibaling ang kanyang mukha

### Mga Bilang 6:22–27—Isang Basbas para sa Israel mula sa mga Pinuno Nito

Ang mga hinirang ng Panginoon ay madalas pa ring magbigay ng basbas sa buong kongregasyon o sa buong Simbahan. Halimbawa, isipin ang sumusunod na mga basbas na ibinigay ng tatlong iba't ibang Pangulo ng Simbahan sa mga pangkalahatang kumperensya:

"Ngayon, sa awtoridad ng banal na priesthood na ipinagkaloob sa akin, hinihiling kong pagtibayin ng Panginoon ang aking basbas sa mga Banal sa mga Huling Araw at sa lahat ng mabuting tao sa lahat ng dako.

"Binabasbasan ko kayo ng ibayong paghiwatig na malaman ang pagkakaiba ni Cristo at ng anti-Cristo. Binabasbasan ko kayo ng ibayong kapangyarihang gawin ang mabuti at iwaksi ang masama. Binabasbasan ko kayo ng ibayong *pag-unawa sa* Aklat ni Mormon" (Ezra Taft Benson, sa Conference Report, Abr. 1986, 100; o *Ensign,* Mayo 1986, 78).

"At ngayon, minamahal kong mga kapatid, sa pamamagitan ng kapangyarihan at awtoridad ng priesthood na ipinagkaloob sa akin at sa bisa ng katungkulang hawak ko, hinihiling kong pagtibayin ng Panginoon ang aking basbas sa inyo. Binabasbasan ko kayo sa mga pagsisikap ninyong mamuhay nang higit na katulad ni Cristo. Binabasbasan ko kayo ng ibayong hangaring maging karapat-dapat para sa temple recommend at makadalo sa templo nang madalas kung ipahihintulot ng sitwasyon. Binabasbasan ko kayo na matanggap ninyo ang kapayapaan ng ating Ama sa Langit sa inyong tahanan at magabayan kayo sa pagtuturo sa inyong pamilya na sundin ang Panginoon" (Howard W. Hunter, sa Conference Report, Okt. 1994, 119; o *Ensign,* Nob. 1994, 88).

"Iniiwan namin ang isang basbas sa inyo, maging ang basbas ng isang apostol. Binabasbasan namin kayo na nawa ay ngitian kayo ng Panginoon nang may lugod, na magkaroon ng kaligayahan at kapayapaan sa inyong mga tahanan at buhay, na madama ang pagmamahalan at paggalang sa isa't isa ng mga mag-asawa, mga anak at mga magulang. Nawa'y 'umasa kayo sa Diyos at mabuhay' (Alma 37:47) nang maligaya, matiwasay, payapa, at may pananampalataya" (Gordon B. Hinckley, sa Conference Report, Abr. 1995, 118; o *Ensign,* Mayo 1995, 88)

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang dalawa sa sumusunod na mga aktibidad (A–D) habang pinag-aaralan mo ang Mga Bilang 6.

### A Sumulat ng Isang Patalastas

Sumulat ng isang kunwa-kunwariang patalastas na naghahanap ka ng mga lalaki para maging mga Nazareo. Isama sa patalastas mo ang di kukulangin sa tatlong bagay na inaasahan ng Panginoon sa isang Nazareo (pansining maigi ang Mga Bilang 6:3–7).

### B Sino ang Ilang Bantog na Nazareo?

Basahin ang sumusunod na mga banal na kasulatan at bumanggit ng tatlong Nazareo noon: Mga Hukom 13:5, 24; I Samuel 1:11, 19–20, 28; Lucas 1:13–15.

### C Iangkop Ito sa Ngayon

Ano ang ipinagagawa sa atin ngayon upang mailaan ang ating sarili sa Diyos na ikinaiba natin sa iba pang mga tao sa mundo?

### D Umisip ng Isang Basbas na Nagmula sa Iyong mga Pinuno

Pumili ng isang basbas mula sa bahaging "Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan" sa naunang pahina na gusto mong matanggap, at ipaliwanag kung bakit. Ano ang dapat mong gawin para matanggap ang basbas na iyon?

# Mga Bilang 9

## Ang Unang Paskua sa Ilang

*Mga Bilang 9 ang tanda ng pagsisimula ng ikalawang taon ng paglalakbay ng mga Israelita mula Egipto patungo sa lupang pangako. Inilahad sa kabanata 9 kung ano ang dapat gawin ng mga anak ni Israel para manatiling tapat sa Panginoon at paano nila malalaman na siya ay kasama nila. Paano natin naipapakita ngayon sa Panginoon na tayo ay tapat sa kanya, at paano niya ipinaaalam sa atin na siya ay kasama natin?*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Mga Bilang 9*

**Sa kanyang kaukulang panahon** (mga talata 2–3, 7, 13)—Ang panahong itinakda ng Panginoon

**Magtataglay** (t. 13)—Mananagot sa

**Makikipamayan** (t. 14)—Makikitira

**Isang palatuntunan** (t. 14)—Parehong mga patakaran at gawain

### Mga Bilang 9:6–14—Sino ang Dapat Makibahagi sa Paskua?

Nakatutuwang pansinin na sa Mga Bilang 9 may ilang lalaking nakahawak ng bangkay, marahil ay dahil sila ang naglibing sa namatay na kamag-anak, na pinagbawalang makibahagi sa Paskua. Ayon sa batas ni Moises, sila ay "marumi." Gayunman, inihayag ng Panginoon kay Moises na napakahalaga ng Paskua kaya kahit mga taong naging marumi bunga ng paghawak sa bangkay ay dapat makibahagi. Bukod pa riyan, sinabi ng Panginoon na napakabigat na kasalanan ang maging lubos na malinis at karapat-dapat at tumangging makibahagi sa pagkain ng Paskua.

Dahil pinasimulan ng Tagapagligtas ang sacrament kapalit ng Paskua, maaari nating isaalang-alang ang ilang pag-aangkop sa ating sarili. Halimbawa, dapat nating samantalahin ang bawat pagkakataong makibahagi nang karapat-dapat sa ordenansa ng sacrament. Ang magkaroon ng pagkakataon at pagkatapos ay tumangging dumalo sa ating sacrament meeting ay kasalanan. Ang pakikibahagi sa sacrament ay napakahalaga kaya nais ng Panginoon na makibahagi tayo kahit may nagawa tayong ilang pagkakamali sa buhay. Mapapayuhan tayo ng ating mga lider ng priesthood tungkol sa kailan tayo dapat o hindi dapat makibahagi ng sacrament, na siyang prinsipyo sa likod ng nangyari sa kabanata 9.

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

**A Laging Tandaan**

Inilahad sa unang kalahati ng Mga Bilang 9 ang unang anibersaryo ng Paskua sa Egipto. Isipin ang sumusunod na mahahalagang salita at parirala at ilarawan kung paano nauugnay ang mga ito sa Paskua (maaari mong balikan ang pinag-aralan mo sa Exodo 12):


1. Ikalabing-apat na araw ng unang buwan
2. Tinapay na walang lebadura at mapapait na gulay
3. Walang binaling buto

**B Paano Sila Pinamunuan ng Panginoon?**

1. Ilarawan kung paano sinabi sa Mga Bilang 9:15–23 na inakay ng Panginoon ang mga anak ni Israel.
2. Ano sa palagay mo ang natutuhan ng mga anak ni Israel sa pag-akay sa kanila sa ilang sa ganitong paraan?
3. Paano inaakay o pinamumunuan ng Panginoon ang kanyang mga tao ngayon?

# Mga Bilang 10

## Pag-alis sa Sinai



*Isinalaysay sa Mga Bilang 10 ang unang paglalakbay ng kampo ng Israel mula sa Bundok ng Sinai matapos silang mamalagi nang matagal doon. Nang umalis ang mga Israelita, nasalubong nila ang bayaw ni Moises at inanyayahan nila itong sumama—katulad ng dapat nating anyayahan ang iba na sumama sa ating paglalakbay pabalik sa Diyos.*

*Ipinaliwanag sa Mga Bilang 10 na ang tabernakulo—na kumakatawan sa tinatahanan ng Panginoon—ang pinagtuunan ng kanilang pansin habang naglalakbay sila.*

# Mga Bilang 11

## Ang mga Israelita ay Naudyukan ng Kanilang Pagnanasa

*Pag-isipan kung paano naaangkop sa mga Israelita ang sumusunod na mga tanong habang binabasa mo ang Mga Bilang 11: Ano ang pakiramdam mo kapag gumawa ka ng mabuti sa ibang tao at reklamo ang tugon nila sa iyo? Ano ang mangyayari kung ibigay sa iyo ng Panginoon ang lahat ng hiling mo nang hindi iniisip kung makabubuti ba sa iyo ang hiniling mo o hindi?*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Mga Bilang 11*

**Kahulihulihan** (t. 1)—Kadulu-duluhan

**Namatay** (t. 2)—Naapula

**Halohalong karamihan** (t. 4)—Mga hindi Israelita

**Nahulog sa kasakiman** (t. 4)—Nakaramdam ng matinding pagnanasang bigyang-kasiyahan ang kanilang gana (sa sitwasyong ito, pagnanasa sa pagkain maliban pa sa manna)

**Ang ating kaluluwa ay natutuyo** (t. 6)—Nawalan na kami ng gana (sa pagkain ng manna)

**Culantro** (t. 7)—Isang halamang katulad ng parsley

**Bdelio** (t. 7)—Resin, isang malambot at malagkit na sangkap

**Lusong** (t. 8)—Lalagyan na parang mangkok

**Gaya ng lasa ng bagong langis** (t. 8)—Kalasa ng pagkaing iniluto sa mantika

**Ginawan ng masama** (t. 11)—Pinahirapan

**Isinumpa** (t. 12)—Ipinangako

**Kahirapan** (t. 15)—Matinding kalungkutan

**Katao na nakatayo** (t. 21)—Mga lalaking mahigit dalawampung taong gulang na puwedeng maging sundalo

**Magkasya** (t. 22)—Makasiya

**Ikaw ba'y may paninibugho** (t. 29)—Naiinggit ka ba

**Dalawang siko** (t. 31)—Tinatayang tatlong talampakan (isang metro)

**Sangpung homer** (t. 32)—Tinatayang 2,300 litro

**Sakim** (t. 34)—Maghangad ng mga bagay na may kinalaman sa mga pagnanasa ng katawan

**Mga Bilang 11:29—Gusto ni Moises na Lahat Sana ng Tao ay mga Propeta**

Sinabi ni Propetang Joseph Smith, "Ang Diyos ay walang anumang ipinahayag kay Joseph, na hindi Niya ipinaalam sa Labindalawa, at kahit ang pinakahamak na Banal ay maaaring malaman kaagad ang lahat ng bagay kapag mabilis siyang makaunawa" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, pinili ni Joseph Fielding Smith [1976], 149).

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang tatlo sa sumusunod na mga aktibidad (A–E) habang pinag-aaralan mo ang Mga Bilang 11.

**A Ilang Reklamo at Pamimintas Ngayon**

Kunwari ay nadama mo ang nadama ng mga Israelita sa Mga Bilang 11:1–9. Sumulat ng maikling liham ng reklamo kay Moises na sa palagay mo ay nagpapakita ng sinabi ng mga tao sa panahong iyon.

**B Sumulat ng Sagot**

Gamitin ang sinabi ni Moises sa Mga Bilang 11:10–15 at ang natutuhan mo tungkol sa paglalakbay na ito at isulat kung paano mo maaaring sagutin ang reklamo ng mga Israelita kung ikaw ang kanilang pinuno.

**C Ano ang Nangyayari Kapag Nagrereklamo Tayo?**

Tingnan ang mga Bilang 11:1–4; Judas 1:14–16 at sabihin kung ano ang nangyayari kalaunan sa mga taong nagrereklamo o dumaraing laban sa Panginoon at sa kanyang mga lingkod. Pansinin sa Mga Bilang 11:20 ang sinabi ng Panginoon na talagang ginagawa ng mga anak ni Israel kapag nagrereklamo sila laban kay Moises.

**D Hanapin ang Mahahalagang Salita**

Hanapin ang inaakala mong tatlong mahahalagang salita o parirala na naglalarawan sa ginawa ng pitumpung katao at kung bakit sila tinawag bilang tugon sa panghihina ng loob ni Moises.

**E Ano ang Aral?**

Basahin ang Mga Taga Galacia 5:16–17 at sabihin kung paano nito ipinahahayag ang maituturing na pangunahing ideya ng Mga Bilang 11. Isipin ang kahulugan ng salitang *sakim* at kung ano ang ginawa ng Panginoon sa pitumpung matanda bilang tugon sa sitwasyon.

# Mga Bilang 12

## Pagsang-ayon o Pagwaksi sa Propeta

*Ang isa sa magagandang bagay tungkol sa Simbahan ng Panginoon ay na ibinibigay nito ang mga kaloob ng Espiritu sa lahat ng karapat-dapat na tumanggap nito. Ang katotohanang ito ay ipinamalas sa Mga Bilang 11 nang madama ng pitumpung lalaking Israelita ang Espiritu ng Panginoon at sila ay nagpropesiya. Bagama't kahit sino ay maaaring maranasan ang mga kaloob na ito, dapat pa ring magkaroon ng kaayusan sa kaharian ng Diyos. Tumatawag siya ng mga lalaking mangungulo at binibigyan sila ng natatanging inspirasyong kailangan nila para pamahalaan ang Simbahan. Ang dumanas ng mga espirituwal na kaloob ay hindi nangangahulugan na hindi na tayo magpapailalim sa mga lider ng priesthood na pinili ng Diyos na mamuno sa atin.*

*Matapos matanggap ang mga espirituwal na kaloob o kaalaman, nagsisimulang ituring ng ilang miyembro ang kanilang sarili na mas mahusay kaysa mga namumuno sa kanila. Ang kayabangang ito ay nauuwi sa pamimintas sa isang pinuno at pagtangging sumunod sa payo. Maliban kung magpapakumbaba ang mapamintas na mga tao at magsisisi sa kanilang nadarama, hindi magtatagal at makikita nila na napawalay sila sa Espiritu at nasa landas na ng apostasiya. Hindi lamang itinuturo sa Mga Bilang 12 ang alituntunin ng pagsuporta sa ating mga pinuno kundi ipinakikita rin dito na pati ang mga dapat na higit na nakaaalam ay maaaring mapatangay sa tuksong ito.*

### Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Mga Bilang 12*

**Malabong salitaan** (t. 8)—Mga bagay na mahirap maunawaan

**Anyo** (t. 8)—Hugis ng katawan

**Oh** (t. 11)—Pakiusap

### Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

**A Ano ang Nangyayari Kapag Pinipintasan Natin ang Propeta o Iba Pang mga Pinuno ng Simbahan?**

1. Ano sa palagay mo ang mga aral na isinasagisag ng nangyari kay Miriam?
2. Paano nauugnay ang pagpaparusa kay Miriam sa nababasa natin sa Doktrina at mga Tipan 1:14?

# Mga Bilang 13–14

## Paghahanap sa Lupang Pangako

*Ano ang pinakamahirap na bagay na kinailangan mong gawin para masunod ang mga utos ng Panginoon o matanggap ang pagpapalang ipinangako niya? Bakit mo iyon ginawa? Ano kaya ang nangyari kung hindi mo ito ginawa?*

*Nang palayain ng Panginoon ang mga Israelita mula sa Egipto, sinabi niya na aakayin niya sila papuntang Canaan, na siyang lupang ipinangako kina Abraham, Isaac, at Jacob at sa kanilang angkan magpakailanman. Pagkatapos ng maraming himala at mahigit isang taon ng mahihirap na paglalakbay sa ilang, narating din sa wakas ng mga Israelita ang hangganan ng lupang pangakong ito. Inilahad sa Mga Bilang 13–14 ang kuwento tungkol sa labindalawang lalaki, isa mula sa bawat lipi, na isinugo upang alamin kung ano ang hitsura ng lupain at sino ang mga naninirahan doon. Mababasa rin natin ang kanilang ulat sa mga tao at kung ano ang ipinasiyang gawin ng mga tao tungkol sa kanilang narinig.*



*Habang binabasa mo ang Mga Bilang 13–14, itanong sa sarili ang sumusunod: Kapag naharap sa tila napakahirap na gawain mula sa Panginoon, tumutugon ba ako nang may pangamba o may pananampalataya? Kung piliin ng karamihan ng tao sa paligid mo na matakot sa halip na sumampalataya, paano ka kaya maaapektuhan? (tingnan sa D at T 30:1–2). Ang paraan ng pagtugon mo ang nagsasabi kung gaano mo pinagtitiwalaan ang Panginoon—gaano ka naniniwala na kung bibigyan ka niya ng isang utos o pangako ay naghanda rin siya ng paraan upang maisagawa mo ito (1 Nephi 3:7).*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

### *Mga Bilang 13*

**Dalawa** (t. 23)—Dalawang lalaki

**Pingga** (t. 23)—Tuwid na patpat

### *Mga Bilang 14*

**Huli** (mga talata 3, 31)—Bihag

**Hinapak ang kanilang suot** (t. 6)—Pinunit ang kanilang damit tanda ng matinding kalungkutan

**Tinangka** (t. 10)—Hiniling

**Hahamakin, humamak** (mga talata 11, 23)—Gagalitin

**Salot** (t. 12)—Sakit o karamdaman

**Walang muang ang may sala** (t. 18)—Pawawalan ang nagkasala nang hindi pinarurusahan

**Mangabubuwal** (t. 29)—Mamamatay

**Matunaw** (t. 33)—Mamatay at mabulok

**Nagpumilit** (t. 44)—Kusang umalis nang walang pahintulot (pagsuway)

**Nilupig** (t. 45)—Malinaw na natalo

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang dalawa sa sumusunod na mga aktibidad (A–D) habang pinag-aaralan mo ang Mga Bilang 13–14.

### A Lumikha ng Isang Patalastas

Gumawa ng isang patalastas ayon sa pananaw nina Josue o Caleb upang hikayatin ang mga Israelita na pumasok sa lupang pangako.

### B Kumbinsihin ang mga Israelita

1. Ibigay ang mga dahilan kung bakit karamihan sa mga Israelita ay ayaw pumasok sa lupang pangako.
2. Gamitin ang mga pangyayari at turong nabasa mo na sa Genesis, Exodo, Levitico, o sa unang bahagi ng Mga Bilang upang kumbinsihin ang mga Israelita na magpatuloy at pumasok sa kanilang lupang pangako.

### C Paghambingin ang mga Pangyayari sa Kuwento

1. Ibuod ang sagot ng mga anak ni Israel sa ulat ng mga tiktik (matatagpuan sa Mga Bilang 14:1–4).
2. Basahin ang Mga Bilang 14:28–33 at ihambing ang sinabi ng mga anak ni Israel sa sinabi ng Panginoon tungkol sa kawalan nila ng pananampalataya.

### D “Magagawa Natin Ito Nang Tayo Lang”

Ano ang ipinasiyang gawin ng mga Israelita at bakit hindi sila nagtagumpay?

# Mga Bilang 15

## Pagkakamit ng Kapatawaran

*Matapos magpamalas ng kawalan ng pananampalataya ang pinakamalaking pangkat ng mga Israelita (tingnan sa Mga Bilang 13–14) at magkasala sila sa Panginoon, hindi nakapagtataka na binanggit sa Mga Bilang 15 ang mga pag-aalay ng sakripisyo na kailangan para sa kapatawaran ng mga kasalanan. Partikular na binanggit sa Mga Bilang 15 ang “buong kapusukang” paggawa ng kasalanan, na ibig sabihin ay magkasala gayong alam mo na ang ginagawa mo ay mali (ihambing ang Mga Bilang 14:44 sa Mga Bilang 15:30–31). Ang Mga Bilang 15 ay nagtatapos sa kautusan na laging magpapaalala sa Israel ng kahalagahan ng pagsunod sa mga kautusan.*

# Mga Bilang 16

## Paghihimagsik Laban sa Propeta

*Kung minsan iniisip ng mga tao na hindi naman talaga nila kailangang sundin ang mga turo ng mga propeta dahil iniisip nila na ang mga propeta ay tao ring katulad natin at nagbibigay lang ng kanilang opinyon tungkol sa mga bagay-bagay. Sinabi ni Elder Harold B. Lee, na noon ay miyembro ng Korum ng Labindalawa, “Nais kong magpatotoo sa inyo na natutuhan ko sa aking karanasan na ang*

*mga namimintas sa mga pinuno ng Simbahang ito ay nagpapakita ng mga tanda ng espirituwal na karamdaman na kung hindi mapipigilan ay magdudulot ng kamatayang espirituwal sa huli" (sa Conference Report, Okt. 1947, 67). Makaraan ang ilang taon, bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol at miyembro ng Unang Panguluhan, sinabi ni Pangulong Lee, "Ang inyo at ating kaligtasan ay nakasalalay sa ating pagsunod o hindi pagsunod sa mga itinalaga ng Panginoon na mamuno sa kanyang simbahan" (sa Conference Report, Okt. 1970, 153).*

*Ang mga pinili ng Panginoon na mamuno sa atin ay binigyan ng mga sagradong susi na tumanggap ng paghahayag sa pamamahala sa Simbahan at pamumuno sa atin sa kabutihan. Ang paraan ng pagtalima natin sa ating mga pinuno ay nagpapakita ng ating damdamin para sa at pananampalataya sa ating Ama sa Langit. Basahin ang sinabi ng Panginoon sa Israel sa mga huling araw sa Doktrina at mga Tipan 1:14; 121:16–17; 124:45–46. Hanapin kung paano madamdaming nailarawan sa Mga Bilang 16 ang katotohanan ng mga pahayag na ito.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Mga Bilang 16*

**Mga suuban** (mga talata 6, 17–18, 37–39)—Mga lalagyan o sisidlan na pagsusunugan ng insenso

**Pulutong** (mga talata 11, 16)—Pangkat, pamilya

**Naginit** (mga talata 15, 22, 46) —Nagalit

**Palibot** (t. 24)—Malapit

**Minungkahi** (t. 30)—Ginalit

**Doon** (t. 37)—Malayo sa kampamento

**Mga laminang pinukpok** (mga talata 38–39)—Mga yero (mula sa metal ng mga suuban)

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ilahad ang Kuwento sa Sarili Mong mga Salita

1. Isulat ang kuwento sa Mga Bilang 16 sa sarili mong mga salita.
2. Ipaliwanag kung paano naging halimbawa ng mga pahayag ni Pangulong Harold B. Lee sa pambungad ng kabanatang ito ang kuwentong ito.

# Mga Bilang 17–19

## Ang mga Bunga ng Kalunus-lunos na Pangyayari

*Mas mauunawaan mo nang lubos ang Mga Bilang 17–19 kapag nagbasa ka na pinag-iisipan ang nangyari sa Mga Bilang 16. Ang tunay na nangyari sa kabanata 16 ay naisip ng isang pangkat ng kalalakihan na dapat silang magsagawa ng ilang ordenansa ng priesthood na sa mga saserdote lamang iniatas, na sa panahong ito ay sina Aaron at ang kanyang mga anak na lalaki. Ang paghihimagsik na ito ay naging sanhi ng pagkamatay ng naghimagsik. Marami sa mga sumunod sa naghimagsik ang nangamatay rin.*

*Pansinin na ang parusang kamatayan na ipinataw bunga ng mabigat na kasalanan ang paraan ng pagtuturo ng Panginoon sa sinaunang Israel, at sa atin, na ang mabigat o patuloy na pagkakasala ay maaaring mauwi sa kamatayang espirituwal dahil mas mahirap magsisi nang lubos.*

*Inilahad sa Mga Bilang 17 kung paano naghimala ang Panginoon sa mga nakaligtas para malaman nila na pinili ng Diyos si Aaron at binigyan siya ng karapatang magsagawa ng mga ordenansa ng priesthood sa kanilang panahon.*

*Inilarawan sa Mga Bilang 18 ang karagdagang mga tungkuling ibinigay lamang kay Aaron at sa kanyang mga anak na inorden sa katungkulan ng saserdote. Inilalarawan din sa Mga Bilang 18 ang mga tungkuling ibinigay sa iba pang mga Levita, na nagpapakita ng kaibhan ng katungkulan ng saserdote sa lahat ng iba pang tungkulin sa priesthood ng mga Levita.*

*Sa huli, ipinaliwanag sa Mga Bilang 19 ang mga patakaran at kautusan kung ano ang dapat gawin sa mga bangkay, na tiyak namang isang isyu matapos ang mga pangyayari sa Mga Bilang 16.*

# Mga Bilang 20

## Tatlumpu't Walong Taon ng Kabiguan

*Muling inilahad sa Mga Bilang 20 ang mga pangyayaring naganap mga tatlumpu't walong taon matapos mangyari ang paghihimagsik na nakatala sa Mga Bilang 16. Hindi natin alam kung ano ang nangyari noong mga taong iyon o bakit walang nakatala tungkol sa panahong iyon. Marahil walang naitala dahil wala talagang nagbago sa loob ng mga taong iyon. Halimbawa, nagsisimula ang Mga Bilang 20 sa kuwento tungkol sa pagdaing ng Israel laban kina Moises at Aaron, na siya mismong pinagtapusan ng kuwento tatlumpu't walong taon na ang nakararaan. Gayunman, sa pagkakataong ito ay nabago nang kaunti ang kuwento, dito nayamot nang husto sina Moises at Aaron kaya nagkamali sila ng pagpapasiya sa pagtugon nila sa mga tao. Dahil nagkamali sila ng pagpapasiya pinarusahan sila ng Panginoon at sinabihan sila na hindi sila magkakaroon ng pribilehiyong pamunuan ang mga anak ni Israel sa pagpasok sa lupang pangako.*

*Sa pagbasa ng Deuteronomio 1:37; 3:25–28 malalaman natin na pinarusahan si Moises dahil sa kanyang pagsuway. Sa pagpaparusa kay Moises mabisang naituro ng Panginoon sa mga anak ni Israel na kailangan silang maging masunurin upang makapasok sa lupang pangako—kahit na (siguro lalo na kung) ang isa rito ay nagkataong isang propeta. Kung nilabag ni Moises ang mga utos ng Panginoon at hindi siya pinarusahan, posibleng pangatwiranan ng manhid na mga taong ito ang mas mabibigat nilang kasalanan sa pagsasabi na nakita nilang nilabag ni Moises ang mga utos ng Panginoon at hindi ito pinarusahan. Bilang katibayan na hindi lubhang hinatulan ng Panginoon si Moises, mababasa natin sa ibang banal na kasulatan na siya ay iniakyat sa langit nang hindi dumaranas ng kamatayan at na nagpakita siya sa mundo sa isang napakahalagang pagkakataon upang igawad ang mga susi ng priesthood sa darating na mga henerasyon (tingnan sa Lucas 9:28–36; Alma 45:19; D at T 110:11).*

*Ang Mga Bilang 20 ay naglalaman din ng salaysay ng pagtatangka ng Israel na dumaan nang payapa sa lupain ng Edom at sinalubong sila ng mga kalaban. Ang lupain ng Edom ang lupain ng mga inapo ni Esau (kapatid ni Jacob). Maaari mong tingnan ang mapa 2 sa likod ng kopya mo ng Gabay sa mga Banal na Kasulatan.*

*Inilahad sa simula ng Mga Bilang 20 ang pagkamatay ng kapatid na babae ni Moises na si Miriam; inilahad sa katapusan ng kabanata ang pagkamatay ng kapatid na lalaki ni Moises na si Aaron at ang pagiging mataas na saserdote ng anak ni Aaron na si Eleazar.*

# Mga Bilang 21

## Ang Ahas na Tanso

*Tulad nina Miriam at Aaron sa Mga Bilang 20, malamang na marami sa mga Israelita ang namatay sa loob ng tatlumpu't walong taon ng paninirahan sa ilang. Gayunman, sinabi ng Panginoon na lahat ng mahigit dalawampung taong gulang sa simula ng exodo (maliban kina Josue at Caleb, na nagbigay ng magagandang ulat tungkol sa lupang pangako) ay mamamatay bago makapasok ang pangkat ng Israel sa lupang pangako. Nakatala sa Mga Bilang 21 ang isang pangyayari kung saan marami pa ang namatay. Lubhang makabuluhan ang kuwentong ito dahil kinapapalooban ito ng isang katulad ni Cristo—ang ahas na tanso. Dahil ayaw tumingin ng buong henerasyon ng mga Israelita sa ahas, namatay sila sa pisikal at espirituwal at hindi pinapasok sa lupang pangako. Tila nahiwalay sa pangyayaring ito ang mga may pinakamahinang pananampalataya sa mga taong may malakas na pananampalataya, dahil inilahad sa natitirang bahagi ng Mga Bilang 21 kung paano sinakop ng mga Israelita ang mga kumalaban sa kanila at matagumpay silang nakapaglakbay patungong lupang pangako. Kapag mas malakas ang pananampalataya ng mga Israelita, mas nagtatagumpay sila.*



### Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

**A Ilahad ang Kuwento sa Sarili Mong mga Salita**

Kunwari ay isa kang guro sa Primary. Ilahad ang kuwento sa Mga Bilang 21:4–9 sa mga salitang mauunawaan ng mga bata. Magdrowing ng isa o dalawang larawan na maipapakita mo sa mga bata habang inilalahad mo ang kuwento.

**B Humanap ng Mahahalagang Pagpapakahulugan mula sa Iba Pang mga Banal na Kasulatan**

Gumawa ng tsart na kagaya ng nasa ibaba at punan ito ng mga kabatirang nauugnay sa kaganapan sa Mga Bilang 21.

| Reperensya sa Banal na Kasulatan | Ang Taong Nagsalita | Ang Kanyang Sinabi |
|---|---|---|
| Juan 3:14–16 | | |
| 1 Nephi 17:40–41 | | |
| Alma 33:18-22 | | |
| Helaman 8:13–15 | | |

# Mga Bilang 22–24

## Ang Kuwento Tungkol kay Balaam



*Magkano ang kailangang ibayad sa iyo ng isang tao para gawin mo ang isang bagay na alam mong mali? Inilahad sa Mga Bilang 22–24 ang kuwento tungkol sa isang taong kinailangang gumawa ng ganyang desisyon. Ang pangalan niya ay Balaam. Isa siyang manghuhula (taong nagsasabi na alam niya ang mangyayari sa hinaharap) na naniniwala, o kahit paano ay may alam, sa Diyos ng Israel para maimpluwensyahan ng Espiritu. Tinangka ng hari ng Moab na bayaran si Balaam upang sumpain ang Israel para matalo sila ng mga Moabita sa labanan. Sa iyong pagbabasa, pag-isipan kung ano ang gagawin mo kung ikaw si Balaam at ano ang maaari mong matutuhan sa karanasang iyon.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Mga Bilang 22*

**Nagulumihanan** (t. 3)—Nagalala

**Hihimuran** (t. 4)—Kakainin, sisimutin

**Nangakatayo laban sa** (t. 5)—Nakapuwesto malapit sa

**Mananaig** (t. 6)—Mananalo

**Ganting pala sa panghuhula** (t. 7)—Bayad sa pagpopropesiya

**Makaabala** (t. 16)—Makapigil

*Mga Bilang 23*

**Laitin** (mga talata 7–8)—Kalabanin

**Kahulihulihan** (t. 13)—Bahagi lamang

**Enkanto, panghuhula** (t. 23)—Panghuhula ng kapalaran

*Mga Bilang 24*

**Setro** (t. 17)—Tungkod na hinahawakan ng isang pinuno tanda ng kanyang kapangyarihan. Sa pagkakataong ito ang malaking titik na *S* ay tumutukoy sa Mesiyas, na siyang pinuno ng Israel.

**May kapangyarihan** (t. 19)—Namumuno

### Mga Bilang 22:20–35—Bakit Nagalit ang Diyos kay Balaam sa Paggawa ng Ipinagawa sa Kanya?

Sinabi ng Panginoon kay Balaam na kung muling magpapasama sa kanya ang mga prinsipe sa Moab sasama *lamang* siya *para sabihin kung ano lang ang ipinapasabi sa kanya ng Panginoon* (tingnan sa Mga Bilang 22:20). Nakatala sa talata 21 na bumangon lang si Balaam kinaumagahan at humanda na sa pag-alis. May mga pumansin na tila nakatuon si Balaam sa perang ibabayad sa kanyang paglilingkod (tingnan sa II Ni Pedro 2:15); umalis siya na walang kabalak-balak na sundin ang Panginoon. Bunga nito, may naranasan siya sa kanyang asno at sa isang anghel na may hawak na tabak na nagpamalas na dapat siyang makinig sa Panginoon. Matapos maranasan ito, ipinaalalang muli ng Panginoon kay Balaam na makakasama lang siya sa mga prinsipe kung ang tanging sasabihin niya ay ang ipasasabi sa kanya ng Panginoon (tingnan sa Mga Bilang 22:35).

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang dalawa sa sumusunod na mga aktibidad (A–C) habang pinag-aaralan mo ang Mga Bilang 22–24.

### A Ipinagbibili Mo Ba ang Iyong Integridad?

Tulad ng gusto ni Balac na pagawin si Balaam ng laban sa alam nitong tama para sa pera (tingnan sa Mga Bilang 22), ano ang nakikita mo ngayon na ginagawa ng mga tao laban sa alam nilang tama para sa pera o pagkakataong "[ma]papurihan ng mga dakilang karangalan"? (t. 17).

*o*

Sumulat tungkol sa isang taong kilala mo na tinanggihan ang pera at karangalan para gawin ang alam niyang tama.

### B Magbigay ng Isang Taong Nakakaalam ng Ugali Mo

Kunwari ay ikaw si Balac, at sinulatan ka ng ibang hari sa lugar dahil balak niyang bayaran si Balaam para sumpain ang kanyang mga kaaway. Isulat kung ano ang isasagot mo at isama ang nangyari sa tatlong beses niyang paghiling kay Balaam na sumpain ang Israel (unang pagkakataon: Mga Bilang 23:1–13; ikalawang pagkakataon: Mga Bilang 23:14–30; ikatlong pagkakataon: Mga Bilang 24:1–13).

### C Bigyang-Kahulugan ang Propesiya

Sa Mga Bilang 24:17 sino sa palagay mo ang "Bituin sa Jacob" at ang "Setro sa Israel"? (tingnan din sa mga talata 14–16, 18–29). Bakit kaya gayon sa palagay mo?

# Mga Bilang 25–26

## Pagsumpa sa Israel

*Bagama't hindi isinumpa ni Balaam ang Israel sa Mga Bilang 22–24, hindi niya naiwaksi ang paghahangad niya sa kayamanan ng mga Moabita. Inaakay tayo ng Mga Bilang 31:7–8, 15–16; Apocalipsis 2:14 na maniwala na itinuro ni Balaam sa mga Moabita na hindi nila matatalo ang Israel hangga't matwid ang Israel, kaya sinabi ni Balaam sa mga Moabita na tuksuhin ang Israel na gumawa ng imoralidad at sumamba sa mga diyus-diyusan para mawala sa kanila ang tulong ng Panginoon. Bunga nito, inilahad sa atin sa Mga Bilang 25 ang huling salot na pumatay sa maraming Israelita bago nakapasok ang kampo ng Israel sa lupang pangako. Sumapit sa kanila ang salot na ito dahil sa mga kahalayang ginawa nila sa mga babaeng Moabita.*

*Pagkaraan ng salot, halos lahat ng matatanda na umalis sa Egipto ay nangamatay. Ang Mga Bilang 26 ay isa pang pagbibilang, o census, ng sumunod na henerasyon ng mga Israelita tatlumpu't siyam na taon pagkaraang tanggihan ng kanilang mga ninuno ang oportunidad na makapasok*

*sa lupang pangako at isinumpa na sila ay gagala at mamamatay sa ilang.*

# Mga Bilang 27

## Pagpili ng Bagong Pinuno para sa Israel

*Malinaw na hindi maaaring makapiling ni Moises ang mga anak ni Israel magpakailanman. Pag-isipan ang sumusunod na mga tanong habang binabasa mo ang Mga Bilang 27:12–23: Anong klaseng pinuno ang kakailanganin ng mga Israelita kapag wala na si Moises? Paano pinipili ang mga pinuno sa Simbahan ngayon? Bakit mahalaga ang paraan ng pagpili sa kanila?*

### Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Mga Bilang 27*

**Malalakip ka sa iyong bayan** (t. 13)—Mamamatay

**Pakikipagtalo** (t. 14)—Paghihimagsik

**Ipakilalang banal** (t. 14)—Parangalan

**Bilin** (mga talata 19, 23)—Mga tagubilin, responsibilidad, at basbas

### Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

**A Naniniwala Kami ...**

Anong mga alituntunin sa ikalimang Saligan ng Pananampalataya ang ginamit sa pagpili kay Josue bilang pinuno sa Israel?

# Mga Bilang 28–30

## Angkop Pa Rin Ngayon ang mga Dating Kautusan

*Inilahad sa Mga Bilang 28–30 kung paano ipinaalala ni Moises sa bagong henerasyon ng mga Israelita na responsibilidad din nilang sundin ang mga pag-aalay ng mga sakripisyo, kapistahan, batas, at kautusang ibinigay ng Panginoon sa simula ng paglalakbay halos apatnapung taon na ang nakararaan.*


# Mga Bilang 31

## Namatay si Balaam

*Nakatala sa Mga Bilang 31 kung paano ipinadala ng Panginoon ang hukbo ng Israel laban sa mga Madianita dahil tinangka ng Madianita na lipulin ang mga Israelita sa pamamagitan ng imoralidad at pagsamba sa diyus-diyusan. Kasama sa napatay ang manghuhulang si Balaam na tumalikod sa Panginoon at sa kanyang mga tao. Upang mapasalamatan ang pagkapanalo nila, inilaan ng mga hukbo ng Israel sa Panginoon ang karamihan ng kanilang nabihag.*

# Mga Bilang 32

## Lupain para Kina Ruben at Gad




*Habang ang mga anak ni Israel ay nasa silangang bahagi ng Ilog Jordan at naghihintay na makatawid papunta sa Canaan, nagtanong ang mga lipi nina Ruben at Gad kay Moises kung maaari na nilang manahin ang silangang bahagi dahil naisip nila na magandang magalaga ng mga baka sa lupain. Sinabi sa kanila ni Moises na magagalit ang ibang mga lipi kung hindi sila tutulong na masakop ang lupain sa kanluran ng Jordan (Canaan); inakala ng pinakamalaking pangkat ng mga Israelita na ang pagsakop sa mga naninirahan sa Canaan ay mahirap para sa buong labindalawang lipi. Pumayag ang mga lipi nina Ruben at Gad na ipadala ang kanilang kalalakihan para tumulong sa pagsakop hanggang sa magkaroon ng pamana ang bawat lipi. Gayunman, iiwan nila ang kanilang kababaihan, mga anak, at mga baka sa silangang baybayin. Pumayag si Moises sa kasunduang ito at binigyan din ang kalahati ng lipi ni Manases ng lupaing mana sa silangan*

*ng Jordan (tingnan sa mapa 3 sa likod ng kopya mo ng Gabay sa mga Banal na Kasulatan).*

## Mga Bilang 33–36

### Mga Tagubilin para sa Lupang Pangako

*Ang Mga Bilang 33–36 ay naglalaman ng karagdagang mga tagubiling ibinigay ng Panginoon sa mga Israelita nang magkampo sila malapit sa mga hangganan ng kanilang lupang pangako.*


*Nakatala sa Mga Bilang 33 na ipinatala ng Panginoon kay Moises ang apatnapung magkakahiwalay na paglalakbay ng mga Israelita para makarating sa Canaan, marahil ay upang ipaalala sa mga Israelita kung gaano sila kapalad sa kanilang mga paglalakbay. Hindi natin matukoy sa mapa ang karamihan sa mga lugar na nasa listahan. Pagkatapos ay inutusan ng Panginoon ang mga Israelita na lubusang itaboy o lipulin ang mga naninirahan sa Canaan upang hindi sila maging espirituwal na pahirap sa kanila.*

*Inilahad sa Mga Bilang 34 kung paano iniisa-isa ng Panginoon ang mga hangganang sasakupin ng mga Israelita at kung paano niya pinili ang mga kalalakihang mamamahala sa paghahati ng lupain sa labindalawang lipi at sa mga pamilya ng mga liping iyon.*

*Ang Mga Bilang 35 ay naglalaman ng utos ng Panginoon na lumikha ng mga natatanging lungsod sa buong Canaan para sa mga Levita. Itutulot nito na makasama ang mga Levita sa lahat ng lipi at magsagawa ng mga ordenansa para sa kanila. Pinangalanan din ng Panginoon ang ilan sa mga lungsod na ito bilang mga kanlungan para sa mga nakapatay ng tao. Ang pagkakaroon ng ganitong mga kanlungan ay hahadlang sa sinuman na maghiganti sa mga taong ito bago sila mabigyan ng makatarungang paghatol.*

*Ang Mga Bilang 36 ay naglalaman ng mga payo ng Panginoon hinggil sa pag-aasawa sa kalipi upang manatiling kanila ang mga namanang lupain.*

# Ang Aklat ng Deuteronomio



## Isang Pag-uulit ng Batas

Deuteronomio ang huling aklat ni Moises. Ang mga kaganapan sa Deuteronomio ay nangyari mga apatnapung taon pagkaraang mailabas ng Panginoon ang mga Israelita mula sa Egipto. Dahil tumanggi silang sumampalataya sa Panginooon tatlumpu't siyam na taon na ang nakaraan, lahat ng Israelita—maliban kina Moises, Josue, at Caleb—na nasa hustong gulang na nang lisanin nila ang Egipto ay namatay sa ilang (tingnan sa Mga Bilang 13–14).

Noong isinusulat ni Moises ang Deuteronomio, ang mga anak ng mga namatay ay handa nang pumasok sa kanilang lupang pangako. Alam ng propetang si Moises na hindi siya makakasama sa pagpasok nila, ngunit binigyan siya ng pagkakataong pagbilinan at payuhan ang henerasyong ito ng mga Israelita bago siya lumisan. Ibinigay ni Moises ang "mga pananalita" na nakatala sa Deuteronomio sa mga kapatagan ng Moab, sa silangang bahagi lang ng Ilog Jordan at ng lupang pangako. Matapos turuan ang mga tao sa huling pagkakataon, si Moises ay inilipat, o iniakyat sa langit nang hindi nakatikim ng kamatayan (tingnan sa Alma 45:19).

## Paghahanda sa Pag-aaral ng Deuteronomio

Ang unang apat na bahagi ng Deuteronomio ay "pag-alala" ng kasaysayan ng Israel. Sa mahigit dalawampung iba pang mga pagkakataon sa Deuteronomio, sinabi ni Moises sa mga tao na "tandaan" o "huwag kalimutan" ang ilang mahahalagang turong tutulong sa kanila na manatiling tapat. Pansinin ang sumusunod tungkol sa Deuteronomio:

- Ang Sampung Utos ay inulit sa Deuteronomio 5.
- Ang Deuteronomio ay binanggit nang mahigit isandaang beses sa Bagong Tipan. Kabilang sa dalawang bantog na pangyayari ang paggamit ni Jesus sa tatlong talata mula sa Deuteronomio para iwaksi ang mga panunukso ni Satanas (tingnan sa Deuteronomio 6:13, 16; 8:3; Mateo 4:1–11) at ang pagbanggit ni Jesus sa isang talata mula sa Deuteronomio bilang sagot sa tanong na "Alin baga ang dakilang utos sa kautusan?" (Mateo 22:36; tingnan din sa mga talata 35, 37–38; Deuteronomio 6:5).

Para mas marami pang malaman tungkol sa aklat ng Deuteronomio, tingnan sa "Deuteronomio" sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan.*

# Deuteronomio 1–3

## Isang Paggunita sa Kasaysayan

*Nakatala sa Deuteronomio 1–3 kung paano sinimulan ni Moises ang kanyang mensahe sa mga anak ni Israel sa pamamagitan ng paggunita sa nakaraang apatnapung taon nilang kasaysayan. Sa maraming bagay ang paggunitang ito ay magandang buod ng aklat ng Mga Bilang. Gumamit si Moises ng mga halimbawa mula sa kasaysayang ito ng Israel sa buong Deuteronomio upang bigyang-diin ang ilang ideya.*

# Deuteronomio 4

## "Magingat Ka sa Iyong Sarili"

*Inilahad sa Deuteronomio 4 kung paano ginamit ni Moises ang kasaysayan ng mga Israelita para ituro sa kanila ang kanilang tungkulin sa Diyos at sa kanilang relihiyon. Sinabi rin ni Moises na ang kanyang mga turo ay angkop sa lahat ng darating na henerasyon ng mga Israelita, at sinabi niya sa mga magulang na ituro sa kanilang mga anak ang mga katotohanang itinuro niya sa kanila.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

### *Deuteronomio 4*

**Mga palatuntunan** (mga talata 1, 5–6, 8, 14, 40, 45)—Mga batas, kautusan, at ordenansa

**Umayon** (t. 4)—Manatiling malapit sa

**Magingat** sa iyo/inyong mga sarili (mga talata 9, 15, 23)—Mag-ingat sa lahat ng inyong ginagawa

**Horeb** (t. 10)—Isa pang tawag sa Bundok ng Sinai

**Mabuyo** (t. 19)—Matangay

**Kapighatian** (t. 30)—Problema

**Sa dako roon ng Jordan sa dakong sinisikatan ng araw** (mga talata 41, 47)—Sa silangang bahagi ng Ilog Jordan

### Deuteronomio 4:9, 15, 23—Paano Natin Maipamumuhay ang Payo na "Mag-ingat sa Iyong Sarili"?

Nagmungkahi si Elder M. Russell Ballard, miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, ng isang paraan na maipamumuhay natin ang ideyang ito. Sa isang mensahe sa mga kabataan ng Simbahan, sinabi niya: "Hinihikayat ko kayong maglaan ng panahon bawat linggo na mapag-isa, malayo sa telebisyon at mga tao. Dalhin ninyo ang inyong mga banal na kasulatan, at habang nagbabasa kayo, magnilay-nilay, at manalangin, tapat na suriin ang buhay ninyo. Tingnan kung natutupad ninyo ang mga pangako ninyo sa Ama sa Langit. Kung may problema kayo, sabihin ito sa Panginoon sa tapat at mapagpakumbabang panalangin. Sumangguni sa inyong mga magulang; tutulungan nila kayo. Tutulong din ang bishop at nasa hustong gulang na mga lider ng Young Men at Young Women ninyo. Mahal nila kayo at nais nilang magkaroon kayo ng kapayapaan sa sarili upang marapat kayong makabahagi ng sacrament bawat linggo. Gayunman, kapag nasabi at nagawa na ang lahat, kayo lang ang nakaaalam kung namumuhay nga kayo nang tapat sa inyong mga tipan sa Diyos" (sa Conference Report, Abr. 1993, 7; o *Ensign,* Mayo 1993, 8).

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Maging Misyonero

Sinasabi ng kaibigan mong hindi miyembro ng Simbahan na Biblia *lamang* ang dapat gamiting banal na kasulatan ng mga Kristiyano. Para patunayang tama siya binanggit niya sa iyo ang Apocalipsis 22:18–19. Hanapin ang mga talatang ito at ihambing sa Deuteronomio 4:2. Sumulat ng maikling liham sa kaibigan mo na nagpapaliwanag kung paano nagkakatulad ang dalawang banal na kasulatang ito at ano ang mangyayari kung ginamit mo ang Deuteronomio nang tulad sa paggamit niya sa Apocalipsis 22. Ipaliwanag din kung ano talaga ang ibig sabihin ng mga banal na kasulatang ito.

### B Pansinin ang Pagkakatulad sa mga Banal na Kasulatan

Hanapin at markahan ang magkatulad na parirala sa Deuteronomio 4:9, 15, 23. Paano ipinauunawa sa atin ng tatlong talatang ito kung sino ang responsable sa pagsunod natin sa mga kautusan? (Pansinin din ang pahayag ni Elder Ballard sa bahaging "Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan" kung paano ipamuhay ang payong ito.)

### C Gamitin ang mga Banal na Kasulatan para Tulungan ang Isang Taong Nagkasala

Gamitin ang mga ideya sa Deuteronomio 4:25–31 para payuhan at bigyan ng pag-asa ang isang taong nalihis sa alam niyang tama. Isulat ang payo mo sa iyong notbuk.

# Deuteronomio 5

## Ang Sampung Utos

*Ang Deuteronomio 5 ay naglalaman ng paglalahad na muli ni Moises ng Sampung Utos na orihinal na nakatala sa Exodo 20. Binigyang-diin ni Moises na ang Sampung Utos na ito ay mahalaga sa bawat henerasyon ng mga Israelita dahil ito ang pundasyon ng kabutihan sa mga pinagtipanang tao ng Diyos.*

# Deuteronomio 6

## Ang Dakilang Utos

*May talata ba sa banal na kasulatan na nagbigay sa iyo ng espesyal na lakas at gabay? Bakit ganito ang impluwensya nito? Gaano kadalas mo naaalala ito? Gaano kadalas mo ito ibinabahagi sa iba?*

*May isang talata sa Deuteronomio 6 na isa sa pinakamadalas banggiting talata ng mga Judio. Ang talatang ito ay tinawag din ni Jesus na "ang una at dakilang utos" (Mateo 22:38; tingnan din sa mga talata 36–37). Kapag nahanap at nabasa mo na ang talatang ito, itanong mo sa iyong sarili kung bakit ito ang dakilang utos. Bakit ito ang "una at dakilang utos" gayong ibinigay ito daan-daang taon na pagkaraang ibigay ang Sampung Utos? Kabilang din sa Deuteronomio 6 ang mga paliwanag ni Moises kung paano dapat sundin ng mga Israelita ang utos na ito at bakit.*

### Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Deuteronomio 6*

**Pinakatali sa noo** (t. 8)—Isang tali o laso na nakasuot sa noo


#### Deuteronomio 6:4–5—Ang Una at Dakilang Utos

Sa Hebreo ang salitang *dinggin* ay *shema.* Bunga nito, ang tawag ng mga Judio sa Deuteronomio 6:4–5 ay *Shema.* Nang tanungin kung alin ang pinakadakilang utos sa buong kautusan, binanggit ni Jesus ang *Shema* (see Mateo 22:36–38). Ipinaliwanag ni Pangulong Ezra Taft Benson, Pangulo ng Simbahan, kung bakit ito dapat ang una: "Kapag inuna natin ang Diyos sa ating buhay, lahat ng iba pang bagay ay nalalagay sa dapat nilang kalagyan o naglalaho sa ating buhay. Ang pagmamahal natin sa Panginoon ang mangunguna sa mga bagay na ating kinagigiliwan, sa ating panahon, sa mga hangaring ating inaasam, at sa pagkakasunud-sunod ng ating mga priyoridad" (sa Conference Report, Abr. 1988, 3; o *Ensign,* Mayo 1988, 4).

#### Deuteronomio 6:8–9—Paano Naisagawa ng mga Israelita ang Tagubiling Ito?

Pagsapit ng panahon ni Jesus, maraming Judio ang nagbigay-kahulugan sa Deuteronomio 6:8–9 sa napakaliteral na paraan. Isinulat nila ang mga talata 4–5 sa maliliit na bilot ng papel, isinilid ang mga ito sa maliliit na kahon na tinatawag na "mga pilakteria," at itinali ang isang kahon sa kanilang mga bisig at ang isa pa sa kanilang mga ulo para nasa noo ang kahon. Inilagay rin nila ang isa sa mga binilot na papel na ito sa isang maliit na lalagyang tinatawag na "mezuzot" at ipinako ang mezuzot sa kanang haligi ng pintuan ng kanilang bahay.




### Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

#### A Cross-Reference

Isulat ang reperensyang Mateo 22:35–38 sa tabi ng Deuteronomio 6:4–5 (ang *Shema*). Basahin ang mga talata sa Mateo at ibuod ang sinabi ni Jesus tungkol sa *Shema.*

#### B Paano Mo Maaalala?

1. Ilista ang mga bagay na ipinagagawa ni Moises sa mga tao sa Deuteronomio 6:7–9 para mas maalala at sundin nila ang utos sa mga talata 4–5.
2. Isulat ang mga paraan na mas maaalala *mo* ang utos na ito. Pumili at gawin ang kahit isa sa mga ideyang naisip mo.

#### C Sumulat ng Isang Tanong

Isulat kung ano sa palagay mo ang mahalaga at makahulugang tanong na masasagot ng Deuteronomio 6:24.

# Deuteronomio 7

## Magpakasal sa Loob ng Tipan

*Ang mga tao sa lupain ng Canaan ay napakasama. Dahil sa kanilang kasamaan, iniutos ng Panginoon sa mga Israelita na lubusan silang lipulin. Nakatala sa Deuteronomio 7 na ipinaliwanag ni Moises ang isang napakahalagang dahilan kung bakit dapat sundin ng mga Israelita ang utos na ito at paano sila pagpapalain ng Panginoon sa gayon kahirap na gawain.*

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ano ang Sasabihin Mo?

Humingi ng payo sa iyo ang isang kaibigan mo tungkol sa pag-papakasal sa isang taong hindi miyembro ng Simbahan. Isulat kung paano mo magagamit ang Deuteronomio 7:1–6 para payuhan ang kaibigan mo.

# Deuteronomio 8

## Alalahanin!

*Sinabi ni Elder Spencer W. Kimball, noong miyembro pa siya ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Kapag hinanap ninyo sa diksyunaryo ang pinakamahalagang salita, alam ba ninyo kung ano iyon? Ito ay ang salitang 'alalahanin.' Dahil kayong lahat ay gumawa ng mga tipan … ang lubhang kailangan natin ay makaalala" (*Circles of Exaltation *[mensahe sa mga guro ng relihiyon, 28 Hunyo 1968], 8). Inilahad na muli sa Deuteronomio 8 kung ano ang sinabi ni Moises sa mga pinagtipanang tao ng Israel tungkol sa mga bagay na kailangan nilang alalahanin at bakit. Sinabi rin niya sa kanila ang mangyayari kung malilimutan nila ang mga bagay na iyon.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Deuteronomio 8*

**Magpakarami** (mga talata 1, 13)—Dagdagan ang bilang

**Pinarurusahan** (t. 5)—Iwinawasto at dinidisiplina

**Kapos** (t. 9)—Kakulangan, taggutom

**Batong pingkian** (t. 15)—Napakatigas na bato

**Deuteronomio 8:2—Ilang Layunin ng Paggala nang Apatnapung Taon sa Ilang**

Ihambing ang Deuteronomio 8:2 sa Abraham 3:24–25 kung saan ipinaliwanag ng Panginoon ang isang layunin ng buhay sa mundo. Ang paglalakbay ng Israel sa ilang ay isang halimbawa o simbolo ng ating buhay sa mundo.

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ano ang Mensahe?

Alamin ang mga pangunahing ideya sa mensahe ni Moises sa Deuteronomio 8 sa pagtingin sa sumusunod na grupo ng mga talata at pagpili ng isang mahalagang salita mula sa bawat grupo na inaakala mong tumutukoy sa pinakamahalagang ideya sa grupong iyon. Ipaliwanag nang maikli kung bakit mo pinili ang salitang iyon. Gawin ang sumusunod na tsart sa iyong notbuk para maiayos mo ang impormasyon.

| Mga Talata | Mahalagang salita | Paliwanag |
|---|---|---|
| 1 | | |
| 2 | | |
| 3 | | |
| 4–6 | | |
| 7–10 | | |
| 11–17 | | |
| 18–19 | | |
| 20 | | |

# Deuteronomio 9–10

## Tutulong ang Panginoon

*Isa sa mga pangunahing dahilan kaya tumangging pumasok sa lupang pangako ang naunang henerasyon ng mga Israelita ay natakot sila sa mga taong naninirahan na roon. Inilahad sa Deuteronomio 9–10 na tiniyak ni Moises sa mga Israelita na tutulungan sila ng Panginoon na lipulin ang mga Cananeo at makapasok sa lupang pangako. Gayunman, binalaan ni Moises ang mga Israelita na huwag ipagmalaki ang tulong na tatanggapin nila.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Deuteronomio 10:12–22*

**Hindi nagtatangi ng tao** (t. 17)—Iisang prinsipyo ang gamit sa pakikitungo sa bawat isa

**Lalakip** (t. 20)—Kakapit

**Deuteronomio 9:3–6—Bakit Naitaboy ng mga Israelita ang mga Cananeo Palabas sa Lupain?**

Tingnan sa 1 Nephi 17:32–38

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ano ang Ipinagagawa ng Panginoon?

1. Ano ang sinabi ng Panginoon na ipinagagawa niya sa Israel, at bakit? (tingnan sa Deuteronomio 10:12–22).

2. Ilista ang natututuhan mo tungkol sa Diyos sa mga talatang ito na tutulong sa iyo na hangaring gawin ang ipinagagawa niya.

## Deuteronomio 11

### Mga Pagpapala o Sumpa—Ikaw ang Pumili

*Ang Pagkahulog at Pagbabayad-sala ay nagpanatili sa kalayaan ng buong sangkatauhan (tingnan sa 2 Nephi 2:25–27). Ang kalayaan ay isang dakilang pagpapala, ngunit may mga panganib na kaakibat ito dahil kailangan dito na tumanggap tayo ng responsibilidad at panagutan natin ang mga bunga ng ating mga desisyon. Sinabi sa Deuteronomio 11 na inilagay ni Moises sa harap ng Israel "ang pagpapala at ang sumpa" (t. 26). Sa madaling salita, sinabi ni Moises sa mga anak ni Israel na makatatanggap sila ng mga pagpapala o mga sumpa depende sa kung paano nila piniling mamuhay sa lupang pangako. Nakasalalay sa kanila ang kalalabasan nito.*

## Deuteronomio 12–13

### Umiwas sa Masasamang Gawain

*Ang Deuteronomio 12–13 ay naglalaman ng babala ni Moises sa mga Israelita tungkol sa pagsamba sa mga diyus-diyusan. Ang mga pinagtipanang tao ay dapat maiba sa lahat ng iba pang mga bansa at umiwas hindi lamang sa mga maling gawain kundi maging sa sadyang pagsali sa mga maling gawain. Sa kabanata 12 sinabihan ni Moises ang mga Israelita na umiwas sa mga lugar na pinagsasambahan sa mga diyus-diyusan at binalaan sila tungkol sa paggaya sa mga gawain ng mga maling relihiyon. Sa kabanata 13 binalaan ni Moises ang mga Israelita tungkol sa mga taong sumasamba o maaaring umakay sa kanila sa pagsamba sa mga diyus-diyusan.*

## Deuteronomio 14–17

### Mga Kaugalian ng mga Tao ng Diyos

*Ang Deuteronomio 14–17 ay naglalaman ng mga paalala tungkol sa mga unang utos ng Panginoon. Ang kabanata 14 ay naglalaman ng mga batas tungkol sa pagkain (tingnan din sa Levitico 11). Ang kabanata 15 ay naglalaman ng mga utos hinggil sa pagpapatawad sa mga utang at pagpapalaya sa mga alipin tuwing ikapitong taon (tingnan sa Levitico 25). Nakatala sa kabanata 16 ang paalala ng Panginoon sa mga Israelita tungkol sa kahalagahan ng pakikibahagi sa malalaking kapistahan: Paskua, Pentecostes (ang Kapistahan ng mga Sanglinggo), at mga Tabernakulo. Ang mga utos tungkol sa mga kapistahang ito ay ibinigay na noon pa sa Exodo 12, 23; Levitico 23; Mga Bilang 28. Ang kabanata 17 ay naglalaman ng mga tagubilin para sa ilang kaugalian sa pag-aalay, sa pakikitungo sa mga sumasamba sa mga diyus-diyusan, at paghusga sa iba. Ang kabanata 17 ay nagbibigay rin ng mga tagubilin sa susunod na mga Israelita kung sakaling ipasiya nilang magkaroon ng hari. Sa bawat isa sa mga kabanatang ito, lahat ng tagubiling ibinigay ng Panginoon ay ibinigay upang tulungan ang mga Israelita na mahiwalay sa mga makamundong gawain.*

## Deuteronomio 18

### Tunay at Bulaang mga Propeta

*Ang mga Cananeo ay maraming pinaniniwalaang pamahiin. Ang gayong mga pamahiin ay madalas makaakit sa mga tao dahil bihirang mangailangan ng anumang pamantayan ng pag-uugali ang mga gawaing ito at kadalasan ay nangangako ng mga resultang tulad ng makamundong tagumpay o paggaling sa pamamagitan ng "mahika" na hindi na kailangan pang paghirapan ng tao. Inilahad sa Deuteronomio 18 kung paano binalaan ni Moises ang mga Israelita na huwag sundin ang alinman sa mga gawaing ito. Pinayuhan din sila ni Moises na ang tunay na pinagmumulan ng patnubay ay ang tunay at buhay na Diyos na nangungusap sa pamamagitan ng kanyang mga propeta—hindi sa pamamagitan ng diyus-diyusan o nagsasagawa ng mahika o mga kababalaghan. Sinabi niya sa mga tao kung paano makikilala ang tunay na propeta.*

## Deuteronomio 19–25

### Partikular na mga Batas para sa Piling mga Tao

*Ang Deuteronomio 19–25 ay naglalaman ng mga partikular na batas at kautusan tungkol sa maraming iba't ibang aspeto ng pang-araw-araw na buhay, kabilang na ang pagsasaka, pagsasamahan sa pamilya, pakikipaglaban, paglili-*

*nis sa pamamagitan ng ritwal, at pagnenegosyo. Maaaring kakatwa ang ilan sa mga batas na ito, ngunit bawat isa ay batay sa isang alituntuning gustong ipaalala ng Panginoon sa Israel. Sa pagbibigay ng mga tuntunin at kautusang ito, naglaan ang Panginoon ng patuloy, at kung minsan ay araw-araw, na paalala ng mga alituntuning nais niyang matutuhan ng mga Israelita. Halimbawa, sa Deuteronomio 22:9 sinabi ng Panginoon sa mga Israelita na huwag tamnan ng dalawang magkaibang binhi ang lupa. Ang pagtatanim ng mga binhi ay mahalagang bahagi ng buhay, at tuwing magtatanim sila naaalala nila na bilang mga Israelita, hindi nila dapat ihalo ang binhi nila sa iba, o, sa madaling salita, hindi sila dapat magpakasal sa labas ng tipan. Maaaring mas mahirap ang ilan sa mga alituntunin sa likod ng mga batas sa Deuteronomio 19–25 kaysa iba, ngunit kung babasahin natin ang mga kabanatang ito at hahanapin ang alituntuning makukuha mula sa bawat partikular na gawain, maaari nating matuklasan na hindi pala kakatwa ang mga batas na ito—lalo na sa mga taong "mabagal sa pag-alaala sa Panginoon nilang Diyos" (Mosias 13:29).*

# Deuteronomio 26

## Ang Utang Natin sa Diyos

*Nakikinabang ba ang Diyos kapag nagbabayad tayo ng ating ikapu? Bakit niya tayo inutusang magbayad nito? Ano ang nagagawa ng ikapu para sa atin? Ano sa palagay mo ang kaibhan ng mga taong handang magbayad ng ikapu sa mga taong masama ang loob na magbayad ng ikapu? Pag-isipan ang mga tanong na ito habang binabasa mo ang itinuro ni Moises sa mga anak ni Israel sa Deuteronomio 26.*

### Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

#### A Gumawa ng Listahan

Mula sa Deuteronomio 26 ilista ang sinabi ni Moises na ginawa ng Panginoon para sa Israel.

#### B Sumulat ng Liham ng Pasasalamat

Isipin ang lahat ng ginawa ng Panginoon para sa iyo. Kung kailangan mo ng tulong sa pag-iisip ng ilan sa kanyang mga pagpapala, basahin ang Mosias 2:21–25. Isulat kung paano natin mapapasalamatan ang Panginoon sa kanyang mga pagpapala sa atin.

# Deuteronomio 27–28

## Mga Pagpapala at Sumpa



*Sa Levitico 26 iniharap ng Panginoon sa Israel ang mga pagpapalang matatanggap nila kung susundin nila ang kanyang mga utos at ang mga kaparusahang matatanggap nila kung sila ay susuway. Inilahad sa Deuteronomio 27–28 kung paano kinausap ni Moises ang mga Israelita tungkol sa mga pagpapala at utos na ito dahil mga musmos pa sila noong maganap ang mga pangyayari sa Levitico 26. Gayunman, sa pagkakataong ito ay nagbigay ng mas detalyadong tagubilin si Moises at gumamit siya ng "pakay-aralin." Ang pakay-aralin ay nagsimula sa isang utos na pumunta sa dalawang bundok sa lupain ng Canaan, Bundok ng Ebal at Bundok ng Gerizim, na napakalapit sa isa't isa. Anim na lipi ang pinapunta sa isang bundok kung saan sila sinabihan na ipahayag ang mga ipinangakong pagpapala samantalang ang anim na lipi pa ay pinatayo sa isa pang bundok para ipahayag ang mga sumpa. Ang kaganapang ito ay para maipaalala sa mga anak ni Israel na may pribilehiyo silang pagpasiyahan ang kanilang hinaharap sa pamamagitan ng pagsunod.*

*Pag-isipan ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Joseph F. Smith, na noon ay Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, habang binabasa mo ang Deuteronomio 28: "Ito ang mga pangako ng Panginoon sa mga tao ng Israel noong araw, kung makikinig sila sa Kanyang mga salita at susunod sa Kanyang mga batas.*

*"Ngayon, nais kong sabihin sa inyo nang walang pag-aalinlangan … na ang mga salita [sa Deuteronomio 28:1–13] ay akma sa inyo na tulad sa mga anak ni Israel noon. Kayo ang makabagong Israel at sila ang sinaunang Israel. Ang Diyos ding iyon na nangusap sa pamamagitan ng Kanyang lingkod na si Moises ang nangungusap ngayon sa pamamagitan ng Kanyang lingkod [na propeta]. Ang pagsunod sa mga batas ng Diyos ay magbubunga ngayon ng resultang tulad noon" (sa Conference report, Okt. 1899, 45).*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Deuteronomio 28*

**Bunga ng iyong katawan** (mga talata 4, 11, 18, 53)—Mga anak

**Bunga ng iyong lupa** (mga talata 4, 11, 18)—Inaning mga pananim

**Bunga ng iyong mga hayop** (mga talata 4, 11)—Mga guya

**Saway** (t. 20)—Pangaral

**Sakit na tuyo** (t. 22)—Karamdaman

**Salot ng hangin** (t. 22)—Sakit na nagmula sa halaman

**Isang kawikaan at isang kabiruan** (t. 37)—Isang bagay na hinahamak o pinagtatawanan ng mga tao

**Kukubkubin** (t. 52)—Lulusubin

**Malaon** (t. 59)—Matagal

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang dalawa sa sumusunod na mga aktibidad (A–D) habang pinag-aaralan mo ang Deuteronomio 28.

### A Paano Ito Naaangkop Ngayon?

Inilahad sa Deuteronomio 28:1–13 ang mga pagpapalang tatanggapin ng Israel kung sila ay tapat. Sabihin kung ano sa palagay mo ang ibig sabihin ng bawat pagpapalang ito sa mga tao ngayon, at itala ang mga ito sa iyong notbuk sa isang tsart na katulad ng nasa ibaba.

| Talata | Ang Pagpapala | Paano Naaangkop ang Alituntunin Ngayon |
|---|---|---|
| 1 | Itataas sa lahat ng bansa | |
| 3 | Magiging mapalad sa bayan at parang | |
| 4 | Magiging mapalad ang bunga ng katawan, lupa, at mga hayop | |
| 5 | Magiging mapalad ang buslo at palayok | |
| 6 | Magiging mapalad sa pagpasok at paglabas | |
| 7 | Proteksyon mula sa kaaway | |
| 8 | Pagpapalain sa lahat ng gagawin | |
| 9 | Itatatag bilang banal na bayan | |
| 10 | Tinawag sa pangalan ng Panginoon | |
| 12 | Bubuksan ng Panginoon ang kanyang mabuting kayamanan | |
| 13 | Gagawing ulo at hindi buntot | |

### B Alin ang Gugustuhin Mo?

Mula sa mga pagpapalang nakalista sa itaas, isulat kung alin ang gugustuhin mong matanggap at ipaliwanag kung bakit.

### C Isaalang-alang ang mga Sumpa

Ang Deuteronomio 28:15–68 ay naglalaman ng napakahabang listahan ng mga sumpa. Habang binabasa mo ang mga ito, pumili ng dalawa na nakita mong nangyari sa mga taong sumusuway sa mga utos ng Diyos, at sumulat tungkol sa mga ito. Ang mga halimbawa mo ay maaaring magmula sa mga taong kilala mo o nalalaman o mula sa mga banal na kasulatan. Hindi mo kailangang tukuyin ang mga taong kilala mo.

### D Opsiyonal na Aktibidad

Kung mahal tayo ng Diyos, bakit kailangan tayong magdusa kung hindi tayo magsisisi? (tingnan sa D at T 19:17). Ang sumusunod na mga banal na kasulatan ay maaaring makatulong sa iyo na masagot ang tanong na ito: Alma 39:7; 42:16–24; Helaman 12:2–3; Doktrina at mga Tipan 90:36; 95:1–2.

# Deuteronomio 29–30

## Pagbalik sa Panginoon

*Ang Deuteronomio 29–30 ay naglalaman ng pagtatapos ng mensahe ni Moises sa mga Israelita. Patuloy niyang ipinaliwanag ang mga pagpapalang nagmumula sa pagsunod at mga sumpang nagmumula sa pagsuway. Inilahad sa Deuteronomio 30 kung ano ang gagawin ng Panginoon para sa mga Israelita kung tatalikod sila sa kanya at magsisisi pagkatapos, at ano ang kailangan nilang gawin kung nais nilang maging katanggap-tanggap na muli sa kanya. Mula sa kabanatang ito natutuhan natin na napakamaawain at matiisin ng Panginoon sa kanyang mga anak.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan


*Deuteronomio 30*

**Didilidilihin** (t. 1)—Aalalahanin ang mga ito

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Gumawa ng Tsart

Ang Deuteronomio 30:1–10 ay naglalaman ng payo ng Panginoon sa mga Israelita tungkol sa dapat gawin kung dumating sa kanila ang mga sumpa na sinasabi sa Deuteronomio 28. Pansinin na may ilang bagay na sinabi ang Panginoon na dapat gawin ng mga tao at ilang pangako kung ano ang gagawin ng Panginoon.




Gumawa ng dalawang hanay sa isang pahina ng iyong notbuk. Sulatan ng "Kung" ang isang hanay, at ng "Ay" ang kabilang hanay. Sa ilalim ng "Kung," ilista ang mga bagay na sinabi ng Panginoon na dapat gawin ng mga Israelita sa kanilang isinumpang kalagayan (tingnan sa mga talata 1–2, 6, 8, 10). Sa hanay ng "Ay" ilista kung ano ang ipinangakong gawin ng Panginoon para sa mga Israelita (tingnan sa mga talata 3–7, 9).

### B Ipamuhay ang mga Turong Ito

Aling mga talata ang gagamitin mo mula sa Deuteronomio 30 para tulungan ang isang nagkasala at lumayo sa Simbahan? Ipaliwanag kung paano mo gagamitin ang mga talatang ito.

# Deuteronomio 31–32

## Ang Awit ni Moises

*Matapos ituro ni Moises sa bagong henerasyong ito ng mga Israelita ang mga batas ng Diyos at mga bunga ng pagsunod at pagsuway sa mga batas na iyon, handa na siyang iwan sila. Gayunman, bago siya lumisan, hinikayat niya sila at ang bago nilang pinunong si Josue na mahalin at sundin ang Diyos nang higit kaysa lahat ng iba pang bagay. Sa pagkakataong ito, inihayag ng Panginoon kay Moises ang isang awiting ituturo niya sa mga Israelita (tingnan sa Deuteronomio 32:1–43). Ang awit ay magpapaalala sa kanila sa Panginoon at sa mga kautusang itinuro ni Moises sa kanila.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Deuteronomio 32*

**Dakilain** (t. 3)—Kilalanin

**Ginaganti** (t. 6)—Binabayaran

**Jeshurun** (t. 15)—Pangalan na ibig sabihin ay "ang matwid na tao," na tumutukoy sa Israel bilang isang lahi

**Mga walang kabuluhan** (t. 21)—Pagkamakasarili

**Panghihiganti** (mga talata 35, 41, 43)—Paghatol

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Hanapan ng Pamagat ang Awitin

Ang Deuteronomio 32 ay tinatawag na "awit ni Moises." Habang binabasa mo ang kabanata, humanap ng mga parirala na inaakala mong magandang ipamagat sa isang himno. Maglista ng hindi kukulangin sa apat na pamagat.

### B Paano Ka Natutulungan ng Musika na Manatiling Matwid?

1. Sa lahat ng maaaring naibigay ng Panginoon sa mga Israelita, bakit sa palagay mo binigyan niya sila ng isang awit para matulungan silang alalahanin siya at maging isa itong patotoo sa kanila?
2. Isulat sa iyong notbuk ang mga titik ng isang himno o awit sa Simbahan na tumutulong sa iyo na naising sundin ang mga utos at alalahanin ang Panginoon. Kung hindi mo naisaulo ang mga titik, sikaping pag-aralan ang mga ito sa linggong ito para makanta mo ang awit sa iyong sarili sa oras ng pangangailangan.

### C Opsiyonal na Aktibidad

1. Pansinin kung ilang beses ginamit ang salitang *bato* sa awit ni Moises. Ayon sa I Mga Taga Corinto 10:1–4, ano ang Bato?
2. Ilista kung ano ang sinasabi ng awit na ito tungkol sa Bato.

# Deuteronomio 33

## Mga Basbas sa Bawat Lipi

*Tulad ng ginawa ni Jacob (Israel) sa Genesis 48–49, binasbasan ni Moises ang bawat lipi ni Israel bago niya nilisan sila. Ang basbas para sa inapo ni Jose (Ephraim at Manases) ay lalong nakatutuwa (tingnan sa Deuteronomio 33:13–17). Inilahad sa basbas sa mga lipi ni Jose ang kanilang pag-unlad sa hinaharap at ang kanilang papel sa pagtitipon sa iba pang mga anak ng Diyos "sa mga hangganan ng lupa" (t. 17). Bilang bahagi ng pagkalat ng Israel, ang mga anak ni Jose ay ikinalat sa lahat ng dako ng mundo. Sa ating panahon tinitipon na sila pabalik sa Simbahan ni Jesucristo, sa gayon ay naisasakatuparan ang basbas na ito ni Moises bilang propeta.*

# Deuteronomio 34

## Pamamaalam kay Moises

*Nabasa na ninyo ang mahigit tatlong daang pahina sa Biblia na isinulat ng propetang si Moises, na mas marami kaysa isinulat ng iba pang mga propeta sa Lumang Tipan. Nakasaad sa Deuteronomio 34 na namatay si Moises; gayunman, tulad ng nasabi na (tingnan sa p. 71), itinuro sa atin sa Alma 45:19 na hindi namatay si Moises kundi iniakyat sa langit. Tingnan sa "Moises" sa Gabay sa Banal na Kasulatan para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pag-akyat ni Moises sa langit.*

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Sumulat ng Maikling Talambuhay

Kapag namatay ang mga sikat na tao, karaniwan ay isinusulat sa mga pahayagan ang maikling talambuhay, o "balangkas," na naglalahad ng mga bagay na nangyari sa buhay nila, na binibigyang-diin ang mahahalagang bagay na nagawa nila. Kung manunulat ka sa isang pahayagan noong panahon ni Moises, ano ang isasama mo sa talambuhay ni Moises? Isama kung ano ang hinangaan mo nang husto habang pinag-aaralan mo ang buhay at mga turo ni Moises.

# Ang Aklat ni Josue

## Isang Natupad na Tipan

Ang aklat ni Josue ay ipinangalan sa pangunahing tauhan nito, si Josue. Ikinuwento sa aklat kung paano tinupad ng Diyos ang kanyang tipan na ibigay sa mga anak ni Israel ang kanilang lupang pangakong Canaan.

Sa Hebreo, ang ibig sabihin ng "Josue" ay "nagliligtas ang Panginoon" o "ibinibigay ng Panginoon ang tagumpay." Ang pagkasalin ng salitang Griyego ng pangalang ito sa Ingles ay "Jesus." May nakatutuwang simbolismo sa pangalang ito dahil ang aklat ni Josue ay talaan ng pag-akay ni Josue sa mga anak ni Israel patungo sa kanilang lupang pangako, at inaakay tayo ni Jesucristo sa "lupang pangako" ng buhay na walang hanggan.

## Isang Aklat ng mga Digmaan

Maraming nakatala sa aklat ni Josue kung paano tinupad ng mga anak ni Israel ang mga tipan ng Panginoon sa pamamagitan ng pagsakop sa kanilang mga kaaway sa digmaan. Marahil nagtataka tayo kung paano nasabi ng Diyos sa mga tao na, "Huwag kang papatay," at pagkatapos ay sinabi niya sa mga tao ring iyon na lipulin ang buong populasyon ng ilang lungsod. Kahit hindi natin lubos na nalalaman ang pag-iisip ng Diyos tungkol sa mga bagay na ito, alam naman natin ang mga sumusunod:

1. Ang mga kaganapan sa aklat ni Josue ay nangyari sa panahon na naglaban ang mga bansa sa ngalan ng kanilang diyos. Nang magtagumpay ang mga Israelita laban sa mga Cananeo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Panginoon, ang kanilang tagumpay ay katibayan na siya ang tunay at buhay na Diyos. Mapapansin mo na halos bawat tala sa mga aklat ni Josue at sa Mga Hukom ay nagpapakita kung paano nanalo ang mga Israelita sa kanilang mga pakikipaglaban sa mahimalang paraan, na nakatulong kapwa sa mga Israelita at sa kanilang mga kaaway na malaman na ang Panginoong Diyos ang nanalo sa labanan, hindi ang sinumang tao o anumang estratehiya. Dagdag pa riyan, hindi tinulutan ng Panginoon ang Israel na yumaman sa pagsamsam ng mga bagay ng mga taong sinakop nila (tulad ng mababasa mo sa Josue 7).

   Madalas paalalahanan ng Panginoon ang mga Israelita na pag-aari niya ang lupa, ngunit ibinigay sa kanila para gamitin bilang kanyang mga tao. Ang pagkalipol ng masasama at sumasamba sa mga diyus-diyusan na mga bansa ng Canaan ay isang aral sa lahat ng tao na ito ay isang paraan ng Diyos na maparusahan ang masasama, at ipinaaalala nito sa atin ang malaking paglipol sa masasama na mangyayari sa araw ng paghuhukom.
2. Itinuro ng propetang si Nephi na ang Panginoon ay hindi "gumagawa ng anumang bagay maliban na lamang kung para sa kapakanan ng sanlibutan" (2 Nephi 26:24). Itinala ng propetang si Ezekiel na hindi nalulugod ang Panginoon sa pagkamatay ng masasama (tingnan sa Ezekiel 18:32; 33:11). Samakatwid, nang utusan ng Panginoon ang mga Israelita na itaboy o lipulin ang mga Cananeo, ginawa niya ang pinakakapaki-pakinabang sa lahat ng nasasangkot, batay sa kanilang sitwasyon.
3. Ang kasamaan ng mga Cananeo ay umabot na sa kasukdulan (tingnan sa Levitico 18:3, 24–25; Deuteronomio 18:10–12; 1 Nephi 17:32–35). Ang ibig sabihin ng kasukdulan ay handa silang patayin ang mga propeta at mga Banal (tingnan sa 2 Nephi 26:3). Kahit inaasahang mamumuhay ang mga Banal sa lahat ng panahon sa mga pamamaraang kaiba sa mundo sa paligid nila, sa pagkakataong ito ay napakahirap para sa mga Israelita na mamuhay nang matwid na siyang iniutos ng Panginoon sa kanila kung ganitong nasa tabi lang nila ang mga kakaibang kasamaan ng mga Cananeo. Kapag ang kasamaan ng isang lipunan ay napakatindi na ang mga bagong henerasyon ay wala nang pagkakataong piliin na mamuhay nang matwid, buong awang nililipol ng Diyos ang lipunan sa mundo alang-alang sa darating na mga henerasyon. Natutuhan natin ito mula sa kuwento tungkol kay Noe at sa Baha.
4. Ang mga pamamaraan ng Diyos ay hindi natin pamamaraan (tingnan sa Isaias 55:8–9). Kapag inisip natin na gawain niyang "isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao" (Moises 1:39) at siya ang Lumikha at may kapangyarihan sa kanyang mga likha, kabilang na ang kakayahang iligtas sila, magkakaroon tayo ng pananampalataya na ang mga gawain ng Diyos ay nakakatulong sa pagsasakatuparan ng kanyang gawain. Dahil limitado ang ating pang-unawa, hindi natin kayang makita ang mga bagay mula sa pananaw ng Diyos.

## Paghahanda sa Pag-aaral ng Josue

Isa sa mga unang tema ng aklat ni Josue ang mahigpit na pagsunod sa mga tagubilin ng Panginoon. Kapag masunurin ang mga hukbo ng Israel, nagtatagumpay sila. Kapag sumusuway sila, nabibigo sila. Ang mga bunga ng pagsunod ay nakatulong

upang matanto ng mga Israelita na tulong ng Panginoon ang dahilan kaya sila nanalo.

Ang aklat ni Josue ay maaaring hatiin sa tatlong pangkalahatang bahagi:

- Ang pagsakop sa Canaan
- Paano hinati ni Josue ang lupain
- Ang mga huling tagubilin at patotoo ni Josue

# Josue 1

## "Magpakalakas Ka at Magpakatapang na Mabuti"

*Isipin kung gaano kalaking kakulangan at pagpapakumbaba ang nadama ni Josue nang tawagin siya upang pamunuan ang mga anak ni Israel pagkatapos ni Moises—isa sa mga pinakadakilang propeta sa kasaysayan. Habang binabasa mo ang Josue 1, hanapin kung ano ang sinabi ng Panginoon kay Josue para palakasin ang kanyang loob sa bago niyang tungkulin. Pag-isipan kung paano mo maiaangkop ang payong ito sa mga tungkuling ibinibigay sa iyo ng Panginoon at sa mga karanasan mo sa buhay.*

### Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Josue 1*

**Tagapangasiwa** (t. 1)—Lingkod, katuwang

**Makatatayo sa harap** (t. 5)—Malalampasan, matatalo, o mapapalitan

**Huwag mahihiwalay sa iyong bibig** (t. 8)—Lumagi sa iyong isipan

**Sa dakong sinisikatan** (mga talata 14–15)—Silangan ng

**Kayo'y tatawid na may sandata, sa harap ng inyong mga kapatid, kayong lahat na makapangyarihang lalaking matapang** (t. 14)—Palakarin ang matatapang na kawal sa harap ng mga tao na dala ang kanilang mga sandata.

### Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang dalawa sa sumusunod na mga aktibidad (A–C) habang pinag-aaralan mo ang Josue 1.

**A Magpakalakas at Magpakatapang**

1. Hanapin ang mga talata kung saan sinabi ng Panginoon kay Josue na magpakalakas at magpakatapang. Maaari mo itong markahan sa iyong mga banal na kasulatan.
2. Isulat kung paano ka magpapakalakas at magpapakatapang.

**B Scripture Mastery: Ang Kahalagahan ng Pag-asa sa mga Banal na Kasulatan**


Sa iyong notbuk, magdrowing ng isang poster na inaakala mong pinakamainam na kakatawan sa mensahe ng Josue 1:8. Tiyakin na kabilang sa poster mo kung ano ang dapat nating gawin sa mga banal na kasulatan (ang aklat ng mga batas) at anong mga pagpapala ang ipinangako kung gagawin natin ito.

**C Ano ang Iyong Madarama?**

1. Gaano kahalaga sa isang propeta ang suporta ng kanyang mga tao?
2. Kung makakausap mo sandali ang propeta ng Simbahan ngayon, ano ang sasabihin mo tungkol sa pagsisikap mong suportahan siya?

# Josue 2

## Mga Tiktik sa Jerico



*Itinuro ni Alma na ang pananampalataya ay pagtitiwala mo sa Diyos (tingnan sa Alma 36:3). Habang binabasa mo ang Josue 2, hanapin ang mga paraan na nagpamalas ng kanilang pananampalataya ang mga tao sa kabanatang ito.*

### Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Josue 2*

**Patutot** (t.1)—Babaing mababa ang lipad

**Hindi ko talastas kung sila'y tagasaan** (t. 4)—Hindi ko alam kung saan sila nagmula

**Talastas** (t. 5)—Alam

**Mga puno** (t. 6)—Mahahabang bungkos

**Sa daan na patungo sa Jordan hanggang sa mga tawiran** (t. 7)—Sa mga lugar na maaaring tawirin ang Ilog Jordan

**Dinatnan kami ng pangingilabot sa inyo** (t. 9)—Natatakot kami sa inyo

**Sangbahayan** (t. 12)—Pamilya

**Tanda** (t. 12)—Palatandaang tutuparin mo ang sinabi mo

**Ang aming buhay ay ilalagak namin sa inyo** (t. 14)—Iniligtas ninyo ang aming buhay kaya ililigtas din namin kayo.

**Mabububo sa kaniyang ulo ang kaniyang dugo** (t. 19)—Siya ang mananagot sa sarili niyang pagkamatay.

**Mahuhulog sa aming ulo ang dugo niya** (t. 19)—Kami ang mananagot sa kanyang pagkamatay.

**Hindi ipagkakasala** (t. 20)—Malaya sa

**Josue 2:1—Bakit Nakituloy ang mga Tiktik sa Bahay ng Isang Patutot?**

Kapag nakabasa tayo ng isang bagay sa Biblia na tila walang kabuluhan, dapat nating alalahanin ang nalalaman natin tungkol sa Panginoon at sa kanyang mga turo. Halimbawa, inutusan niya tayo na maging malinis ang puri at iwasan ang mga sitwasyon at taong hihikayat sa atin na maging mahalay. Batid ang katotohanang iyan, makatitiyak tayo na may ibang ibig sabihin ang "patutot" maliban sa karaniwang alam natin o kaya naman ay nakapagsisi na ang patutot na ito. Ang nangyari sa kuwentong ito ay aakay sa atin upang maniwala na siya ay mabuting babaing sumasampalataya sa Diyos. Dapat din nating isaisip ang sitwasyon ng mga tiktik. Malamang na hindi gaanong pansinin ng mga tao ang mga dayuhang tumuloy sa bahay ng isang patutot kaysa kung tumuloy ang mga estranghero sa ibang lugar.

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang aktibidad A o B habang pinag-aaralan mo ang Josue 1.

### A Ang Mabait na si Rahab

Matapos basahin ang Josue 2; Sa Mga Hebreo 11:30–31; Santiago 2:24–25, isipin na kunwari ay isa ka sa mga tiktik at sumulat ng isang paliwanag na nagpapatunay na nagpamalas ng pananampalataya si Rahab at nagpapaliwanag kung bakit mo iniisip na dapat siyang iligtas ng mga Israelita kapag sinakop nila ang Jerico.

### B Isang Pulang Panali

Ano sa palagay mo ang kinakatawan ng pulang panali? Ano ang ginawa ng mga Israelita noong nasa Egipto sila na katulad ng ginawa nila sa pulang panaling ito? (tingnan sa Exodo 12:7, 13).

# Josue 3–4

## Pagtawid sa Ilog Jordan

*Ano ang nakatulong sa iyo na manalig at magtiwala sa ating mga buhay na propeta at apostol? Bakit mahalagang manalig at magtiwala sa kanila? Nakatala sa Josue 3–4 kung ano ang ginawa ng Panginoon na nagpatunay sa mga taong nais makaalam na kasama siya ni Josue tulad din ni Moises noon.*



## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Josue 3*

**Kampamento** (t. 2)—Kampo

**Magpauna sa bayan** (t. 6)—Tumawid sa Ilog Jordan

**Tabi** (t. 8)—Gilid

**Sa ganito** (t. 10)—Sa pamamagitan nito

**Ang tubig ng Jordan ay mahahawi, sa makatuwid baga'y ang tubig na bumababang mula sa itaas** (t. 13)—Ang Ilog Jordan ay hihinto sa pag-agos pababa.

**At magiisang bunton** (t. 13; tingnan din sa t. 16)—Ang tubig na bumaba mula sa itaas ay hihinto at tataas pa, isang lugar ang bubukas para matawid ng mga hukbo ng Israel ang Ilog Jordan.

**Tapat** (t. 16)—Napakalapit

*Josue 4*

**Tutuluyan** (mga talata 3, 8)—Magpapahinga, nagkakampo

**Nahawi** (t. 7)—Tumigil

**Ibinunton** (t. 20)—Itinayo

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang dalawa sa sumusunod na mga aktibidad (A–C) habang pinag-aaralan mo ang Josue 3–4.

### A Sumulat ng Journal Entry

Kunwari ay minamasdan mo ang mga Israelita na buhat-buhat ang kaban. Isulat ang journal entry mo para sa araw na inilarawan sa Josue 3–4. Isama ang nadarama mo tungkol kay Josue bilang propeta ng Diyos.

### B Paano Ito Nangyayari Ngayon?

Sa paanong paraan pinagtitibay sa atin ng Panginoon ngayon na ang Pangulo ng Simbahan ay propeta ng Diyos?

### C Isang Alaala

Sa Josue 4 inutusan ng Panginoon si Josue na magbunton ng mga bato bilang alaala. Isulat sa iyong notbuk ang inaakala mong maaaring isaad sa isang plakeng inilagak sa bato ng alaala.

# Josue 5

## Isang Espesyal na Panauhin

*Nakatala sa Josue 5 ang ilang kaganapang nangyari noong ang kampo ng Israel ay nasa lupang pangako sa kanlurang bahagi ng Ilog Jordan. Ipinakita ng mga Israelita ang kanilang katapatan sa Panginoon, at ipinakita sa kanila ng Panginoon na siya ay kasama pa rin nila sa pagharap nila sa susunod nilang hamon—ang pagsakop sa lupain ng Canaan.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Josue 5:10–15*

**Sinangag** (t. 11)—Pinatuyo

**Naglikat** (t. 12)—Tumigil

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Prinsipe ng Hukbo ng Panginoon

1. Hindi malinaw kung sino ang "prinsipe ng hukbo ng Panginoon" sa Josue 5:13–15, ngunit inilahad sa atin sa talata 14 na si Josue ay "nagpatirapa sa lupa at sumamba." Ginaya ng ibang mga tao sa mga banal na kasulatan ang ginawa ni Josue: si Cornelio, nang makaharap si Pedro (tingnan sa Mga Gawa 10:25–26); si Juan, nang dalawin ng anghel (tingnan sa Apocalipsis 19:10; 22:9); at ang mga kapatid ni Nephi kay Nephi (tingnan sa 1 Nephi 17:55). Basahin din ang Exodo 3:1–6 kung saan nakita ni Moises ang Panginoon. Paano maihahambing ang mga pangyayaring ito sa nangyari kay Josue at sa "prinsipe"? Ano ang maituturo sa atin ng mga pangyayaring ito tungkol sa kung sino ang dumalaw kay Josue?
2. Sa palagay mo, bakit mahalaga para kay Josue na maranasan ito sa pagkakataong ito?

### B Opsiyonal na Aktibidad

Sumulat tungkol sa isang panahon na binigyan ka ng Panginoon ng dagdag na lakas sa pagharap mo sa isang hamon.

# Josue 6

## Gumuho ang mga Pader



*Sa Josue 2 mababasa natin kung paano naniktik ang dalawang Israelita sa Jerico, paano sila pinrotektahan ni Rahab, at pagkatapos ay naghatid sila ng ulat kay Josue. Inilahad sa Josue 6 kung paano sinakop ng hukbo ng mga Israelita ang lungsod at paano iniligtas si Rahab tulad ng ipinangako ng mga tiktik.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Josue 6*

**Makapangyarihang lalaking matapang** (t. 2)—Bihasang mga kawal o mandirigma

**Magdadala sa unahan** (t. 4)—Dala-dala sa harap ng

**Matatalaga, itinalaga** (mga talata 17–18)—Lubusang nilipol ng Diyos

**Kamag-anakan** (t. 23)—Pamilya

**Sa kanyang panganay** (t. 26)—Mamamatay ang kanyang panganay na anak

**Sa kanyang bunso** (t. 26)—Mamamatay ang kanyang bunsong anak na lalaki

### Josue 6—Pito

Pansinin kung ilang beses ginamit ang bilang na pito sa kuwentong ito. Sa Hebreo, ang ibig sabihin ng salitang pito *(sheva)* ay "buo, kumpleto, o perpekto." Sa pamamagitan ng paggamit ng bilang na pito binigyang-diin ng Panginoon na kung lubos na susundin ng Israel ang kanyang mga utos at ang kanilang mga tipan sa kanya, magtatagumpay sila.

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ilarawan ang Labanan sa Jerico

Maikling ilarawan ang labanan sa Jerico, at tiyaking isama ang sumusunod na mga salita: paliligiran, pakakak, pitong kaban, at Rahab.

### B Ano ang Nadama Nila? Ano ang Naisip Nila?

Isulat ang isang bagay na inaakala mong naisip o nadama ng bawat isa sa sumusunod na mga tao bilang bahagi ng pagsakop sa Jerico: isang saserdoteng Israelita na may pakakak, isang kawal sa hukbo, isang pinsan ni Rahab, at isang mamamayan ng Jerico. Jerico ang unang lungsod na kinalaban ng mga hukbo ng Israel matapos makapasok sa lupain ng Canaan. Ano sa palagay mo ang dapat natutuhan ng mga anak ni Israel mula sa kung paano sila nanalo sa labanang ito na makatutulong sana sa kanila habang patuloy nilang sinasakop ang lupang pangako?"

# Josue 7

## Pagsakop sa Lungsod ng Hai

*Ano ang nangyayari kapag nagkasala tayo at tinangka nating itago ito? (tingnan sa D at T 121:37). Kahit maaaring hindi alam ng ibang tao na itinatago natin ang ating mga kasalanan, sino ang nakakaalam? Ano ang nangyayari sa ating espirituwal na pag-unlad kapag tinangka nating itago ang ating mga kasalanan? Nakatala sa Josue 7 kung paano natuto ang mga anak ni Israel ng napakahalaga at*

*kahanga-hangang aral tungkol sa kahalagahan ng pagsunod at kung paano ito nakakaapekto sa iba, at na hindi natin maitatago sa Panginoon ang ating pagsuway.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Josue 7*

**Pagsalangsang** (t. 1)—Kasalanan

**Itinalagang bagay** (mga talata 1, 11–13, 15)—Mga bagay na iniutos ng Diyos na wasakin

**Sumakit** (t. 5)—Pumatay

**Hinapak** (t. 6)—Pinunit

**Papagbanalin** (t. 13)—Linisin at gawing banal

**Ganito't ganito** (t. 20)—Ito ang mga bagay.

**Samsam** (t. 21)—Mga materyal na ari-ariang naiwan matapos malipol ang mga tao

**Siklo** (t. 21)—Piraso

**Inimbot** (t. 21)—Hinangad

### Josue 7:22–26—Pinatay Ba ang Pamilya ni Achan Kasabay Niya?

Hindi malinaw sa pananalita sa Josue 7 kung pinatay nga ang pamilya ni Achan kasabay niya o pinilit silang panoorin ang pagpatay sa kanya at pagsunog sa mga samsam. Gayunman, posibleng pinatay sila, lalo na kung tinulungan nila si Achan na itago ang mga bagay na kinuha nito. Ang buong kampo ay inutusang huwag kumuha ng anuman sa lungsod.

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Mga Bunga ng Kasalanan

1. Sabi ni Elder Dean L. Larsen, "Hindi totoong may lihim na kasalanan" (sa Conference Report, Abr. 1983, 49; o *Ensign,* Mayo 1983, 35). Sa paanong paraan naipamalas ng kuwento tungkol kay Achan ang katotohanang ito? Halimbawa, paano naapektuhan ng kasalanan ni Achan ang tatlumpu't anim na Israelita at ang kanilang mga pamilya? Isama sa inyong sagot kung paano naapektuhan ng kanyang kasalanan ang buong kampo ng Israel, kabilang na si Josue, at paano nito naapektuhan ang pamilya ni Achan?
2. Pag-isipan o isulat ang isang makabagong halimbawa kung paano talaga maaapektuhan ng tila "lihim na kasalanan" ng isang tao ang maraming iba pa.

# Josue 8

## Pagsakop sa Hai

*Nakatala sa Josue 8 kung paano inutusan ng Panginoon si Josue na bumalik at wasakin ang lungsod ng Hai matapos niyang lutasin ang sitwasyong sanhi ng kasalanan ni Achan. Inilahad din sa Josue 8 kung paano tinupad ni Josue ang utos na ibinigay sa Deuteronomio 27 na ipabigkas sa Israel ang mga pagpapala at mga sumpang maaaring dumating sa kanila.*

# Josue 9

## Nalinlang ng mga Gabaonita

*Nang maganap ang mga pangyayari sa Josue 9, nagiging bantog na ang mga Israelita sa lupain. Isang grupo ng mga tao, ang mga Gabaonita, ang nagpasiyang linlangin ang mga Israelita na makipagkasundo sa kanila para sa kapayapaan. Nakipagkasundo ang mga Israelita nang hindi humihingi ng pahintulot sa Panginoon. Nagalit sila nang malamang nilinlang sila ng mga Gabaonita, ngunit iginalang pa rin nila ang kasunduan. Nadama ng mga tao na ang pagtupad sa pangako ay napakahalaga. Ang pakikipagkasundong iyon ay nagturo sa mga Israelita na lalong isangguni sa Panginoon ang kanilang mga ginagawa (tingnan din sa Alma 37:37).*

# Josue 10

## Ang Araw at Buwan ay Tumigil

*Patuloy na lumaganap ang balita tungkol sa ginawa ng mga Israelita sa lupain. Inilahad sa Joshue 10 kung ano ang tinangkang gawin ng ilang iba't ibang grupo ng mga tao para pigilin ang mga tao ng Panginoon. Nabasa rin natin kung ano ang ginawa ng Panginoon para tulungan ang kanyang mga tao na madaig ang kanilang mga kaaway. Habang nagbabasa ka, pag-isipan kung sino ang mga "kaaway" mo habang nagsisikap kang magtamo ng buhay na walang hanggan. Sa paanong paraan mo masusunod ang halimbawa ni Josue? Sa paanong paraan mo maihahambing ang ginawa ng Panginoon para kay Josue sa magagawa ng Panginoon para sa iyo?*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Josue 10*

**Huwag mong papanlambutin ang iyong kamay sa iyong mga lingkod** (t. 6)—Huwag kang tumigil sa pagtulong sa amin

**Makapangyarihang lalaki na matatapang** (t. 7)—Bihasang mga kawal o mandirigma

**Malalaking bato** (t. 11)—Pag-ulan ng yelo

**Sasaktan ang kahulihulihan sa kanila** (t. 19)—Lulusubin sila mula sa likuran

**Tiisin** (t. 19)—Pahintulutan

**Mga nakukutaang bayan** (t. 20)—Mga lungsod na may matitibay na pader

**Maggalaw ng kaniyang dila** (t. 21)—Magsalita

**Nalabi, iniwan** (mga talata 28, 30, 33, 37, 39–40)—Nanatiling buhay

### Mga Pananakop ni Josue Bilang Pinuno ng Hukbo




## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Karagdagang Tulong mula sa Panginoon

1. Anong dalawang kakaibang pangyayari ang itinulot ng Panginoon para tulungan ang mga Israelita na labanan ang kanilang mga kaaway?
2. Anong tulong ang mayroon tayo ngayon para mapaglabanan ang mga tukso at kasamaan? (Maaari mong basahin ang 1 Nephi 14:12–14 para sa ilang ideya.)

### B Ihalintulad ang mga Banal na Kasulatan sa Iyong Sarili

1. Basahin ang Josue 10:24–25 at ihambing ang nabasa mo sa sinabi ng Panginoon sa I Mga Taga Corinto 15:21–26; Doktrina at mga Tipan 76:58–62, 101–6; 103:5–8. Ilarawan ang ipinagawa ni Josue sa mga prinsipe at kung paano ito naging simbolo ng gagawin ni Jesus para sa kanyang mga tao.
2. Paano natin maihahanda ang ating sarili na maging karapat-dapat sa tulong at proteksyon ng Panginoon?

# Josue 11–21

## Patuloy ang Pananakop sa Canaan

*Inilarawan sa Josue 11 ang mas maraming labanan na pinanalunan ni Josue at ng mga Israelita. Binanggit din sa kabanata 11 na ang mga Israelita ay "nakipagdigmang malaong panahon" sa ilan sa mga hari. Hindi natin alam kung bakit mas matagal nasakop ng mga Israelita ang mga lungsod na ito kaysa ilan sa mga unang lungsod na nilabanan nila. Nasa Josue 12 ang listahan ng mga lungsod at mga haring nilipol ng mga Israelita, at nasa Josue 13:1–14 naman ang listahan ng ilan sa mga lungsod at mga haring hindi nila nilipol o itinaboy. Hindi natin alam kung bakit hindi nilipol o itinaboy ang mga grupong ito.*

*Simula sa Josue 13 hanggang Josue 21 mababasa natin kung paano hinati ang lupain sa mga lipi ni Israel. Tingnan ang bahagi ng mga mapa sa iyong Gabay sa mga Banal na Kasulatan para makita ang tinatayang mga hangganan ng lupain na natanggap ng bawat lipi (tingnan sa Mapa 3 sa likod ng iyong kopya ng Gabay sa mga Banal na Kasulatan).*

# Josue 22

## Paninirahan sa Silangang Bahagi ng Jordan

*Bago siya iniakyat sa langit, ibinigay ni Moises ang lupain sa silangang bahagi ng Ilog Jordan sa lipi ni Ruben, sa lipi ni Gad, at sa kalahati ng lipi ni Manases kung tutulungan nila ang ibang lipi na matamo ang lupain sa kanlurang bahagi ng Ilog Jordan. Naisagawa ito nang maganap ang mga pangyayari sa Josue 22.*

*Inilahad sa Josue 22 ang pagbalik ng dalawa't kalahating liping ito upang matanggap ang kanilang lupaing mana sa silangang bahagi ng Jordan. Inakala ng ibang mga lipi na ang ginawa ng mga ito habang daan ay labag sa batas ni Moises at muntik na silang mag-away. Ngunit nag-usap-usap ang mga pinuno ng mga lipi at mahinahong nilutas ang problema. Gaya ng mga taong ito noon, dapat muna nating alamin ang buong pangyayari bago natin husgahan ang iba.*

# Josue 23–24

## "Piliin Ninyo sa Araw na Ito"

*Noong binatilyo pa siya, umalis si Josue sa Egipto at nagsilbi kay Moises. Nasaksihan niya ang mga salot sa Egipto, mga himala sa ilang, at mga pagdaing at paghihimagsik ng mga Israelita. Sa huli, pinamunuan niya ang mga Israelita sa kanilang mga mahimalang tagumpay sa mga lungsod at mga hari ng Canaan. Nakatala sa Josue 23–24 ang huling sermon nitong dakila (at ngayon ay medyo matanda nang) pinuno sa Israel. Matapos pag-aralan nang kaunti ang kanyang buhay at mga karanasan, ano sa palagay mo ang pinakapangunahing tema ng kanyang mensahe?*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Josue 23*

**Lumakip, lalakip** (mga talata 8, 12)—Kumapit nang mahigpit

**Magpakaingat nga kayong mabuti** (t. 11)—Pagtuunang mabuti ng pansin

**Nangalabi sa mga bansang ito** (t. 12)—Ang mga nakaligtas sa mga bayan ng Canaan

**Panghampas sa inyong tagiliran** (t. 13)—Mga sugat, parang mga marka ng latigo

**Yumayaon ako sa lakad ng buong lupa** (t. 14)—Mamatay

*Josue 24*

**Ilog** (mga talata 2–3, 14–15)—Ang Ilog Jordan

**Pinarami ko ang kaniyang binhi** (t. 3)—Pinarami ang bilang ng kanyang angkan

**Sinugo ko ang malalaking putakti sa unahan ninyo** (t. 12)—Tinulutan kong katakutan ng iba ang inyong reputasyon.

**Ikiling** (t. 23)—Ibaling

**Nilagdaan niya sila ng palatuntunan at ng ayos** (t. 25)—Binigyan sila ng mga batas na matatanggap sa pamamagitan ng mga tipan

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Diagram ng Payo ni Josue

Gumawa ng dalawang diagram sa iyong notbuk tulad ng nasa ibaba para ilarawan ang sinabi ni Josue sa mga Israelita sa Josue 23. Sa unang diagram, isulat sa ilalim ng "Mga Ginawa" ang ipinagawa ni Josue sa Israel; pagkatapos ay isulat sa ilalim ng "Mga Bunga" ang mga pagpapalang ipinangako. Sa pangalawang diagram, isulat sa ilalim ng "Mga Ginawa" ang *hindi* ipinagawa ni Josue sa Israel; pagkatapos ay isulat sa ilalim ng "Mga Bunga" ang mangyayari dahil sa kanilang pagsuway.

| Mga Ginawa | | Mga Bunga |
|---|---|---|
| Josue 24:6–8, 11 | → | Josue 24:9–10 |
| **Mga Ginawa** | | **Mga Bunga** |
| Josue 24:12, 16 | → | Josue 24:15–16 |

### B Scripture Mastery—Josue 24:15

1. Isulat ang mga paraan na pinagpala ng Panginoon ang mga Israelita na binanggit sa Josue 24:1–13.
2. Dahil sa lahat ng ginawa ng Panginoon para sa angkan ni Israel, ano ang ipinagawa sa kanila ni Josue sa mga talata 14–15?
3. Paano mapagpapala ng payo ni Josue sa talata 15 ang buhay mo ngayon?

# Ang Aklat ng mga Hukom

Inilahad sa aklat ng mga Hukom ang kasaysayan ng Israel mula nang mamatay si Josue hanggang mapili si Samuel bilang propeta. Kahit nasa aklat ng mga Hukom ang mga kuwento mula sa kasaysayan ng Israel, hindi ito nangangahulugan na sunud-sunod ang kuwento ng mga pangyayari sa kasaysayan at hindi nito talaga maikukuwento ang buong kasaysayan ng Israel. Ang Mga Hukom ay naglalaman ng mga kuwento ng pagsamba sa mga diyus-diyusan at kaguluhan na maihahalintulad sa ating lipunan ngayon. Ang ilan sa mga kuwento ay kakatwa, kalunus-lunos, o naglalaman ng nakasusuklam na mga elemento, at nagtataka tayo kung bakit naging ganito kasama ang mga Israelita. Ngunit nakikita rin natin ang kamay ng Panginoon nang tulungan niya ang Israel—kahit karamihan sa kanila ay mga taong mahihina ang espirituwalidad sa mga panahong ito. Ang aklat ng mga Hukom ay isang patotoo na matutulungan tayo ng Panginoon sa ating kahinaan kung babaling tayo sa kanya.

## Sino ang "Mga Hukom"?

Ang "mga hukom" ay tumutukoy sa mga pinuno ng lipi ni Israel na pinili ng Diyos o ng mga tao upang iligtas ang mga Israelita mula sa kanilang mga kaaway. Ang mga hukom ay mas parang mga pinuno ng hukbo kaysa mga totoong hukom na humahawak sa mga usaping legal. Itinuring silang mga bayani ng mga tao, bagama't sinikap ituro ng mga matwid na hukom na ang Panginoon ang tunay na pinuno ng Israel (tingnan sa Mga Hukom:23; 11:27).

| Sino? | Ano ang Ginawa Nila? |
|---|---|
| Aod | Pinatay ang hari ng kaaway |
| Debora | Isang propetisa na nagbigay-inspirasyon sa mga hukbo ng Israel |
| Gedeon | Umasa sa Panginoon na maaakay ang Israel sa tagumpay kahit napakaliit ng hukbo nito |
| Jephte | Pinili ng mga tao para pamunuan ang Israel sa tagumpay, ngunit gumawa ng walang kabuluhang pangako |
| Samson | Inorden noon pa man para sa isang dakilang gawain, ngunit sinayang ang kanyang mga kaloo |


## A Pangunahing Tema

Matapos pamunuan ng Panginoon ang mga Israelita sa kanilang lupang pangako sa mahimalang kapangyarihan, hindi nagpatuloy sa pag-unlad ang kanilang pananampalataya at katapatan. Hindi nila lubusang itinaboy ang lahat ng Cananeo at ginawa pa ang ilang masasamang gawain ng mga Cananeo. Bunga nito, nawalan ng pagkakaisa ang mga anak ni Israel at nagkani-kanya na ng lipi at pamilya. Ang apostasiya at pagkaligtas ay paulit-ulit na nangyari sa aklat ng Mga Hukom (tingnan ang paglalarawan sa ibaba). Nagsimula ang pag-uulit-ulit na ito nang ang mga taong pinagpala ng Diyos ay kinalimutan siya at nakilahok sa mga gawaing ipinagbabawal niya, tulad ng relihiyon ng mga Cananeo. Ang kinahinatnang kasalanan at kasamaan ay nagkaroon ng mga bunga. Ang isang mahalagang bunga ay nawala sa mga Israelita ang proteksyon ng Panginoon laban sa kanilang mga kaaway at humantong sila sa pagkaalipin. Sa huli, matapos ang kanilang taimtim na pagpapakumbaba at pagsisisi, iniligtas ng Panginoon ang kanyang mga tao at pinaunlad silang muli.

## Ano ang Matututuhan Natin sa Aklat ng Mga Hukom

Bakit hinayaan ng mga Israelita na paulit-ulit na mangyari sa kanila ang mga bagay na ito—labindalawang beses sa aklat ng Mga Hukom pa lang? Ang mga tao at grupo ng mga tao sa ating panahon ay nabibitag din sa ganitong paulit-ulit na pangyayari. Sabi ni Pangulong President Spencer W. Kimball: "Iilang tao ang kusa at sadyang pinipiling iwaksi ang Diyos at ang kanyang mga pagpapala. Sa halip, natutuhan natin mula sa mga banal na kasulatan na dahil ang pagsampalataya ay laging mukhang mas mahirap kaysa umasa sa mga bagay na nariyan na agad, ang isang taong makamundo ay malamang na ilipat ang kanyang tiwala sa Diyos sa mga materyal na bagay. Samakatwid, sa lahat ng panahon kapag ang mga tao ay napailalim sa kapangyarihan ni Satanas at nawalan ng pananampalataya, umaasa na lang sila sa 'bisig ng laman' at sa 'dios na pilak, at ginto, tanso, bakal, kahoy at bato, na hindi nangakakakita, o nangakakarinig man, o nakakaalam man' (Dan. 5:23)—ibig sabihin, sa mga diyus-diyusan" ("The False Gods We Worship," *Ensign*, Hunyo 1976, 4). Hanapin ang paulit-ulit na pangyayaring ito habang binabasa mo ang aklat ng Mga Hukom.

### Paulit-ulit na Apostasiya





# Mga Hukom 1

## Sino ang Makikipaglaban para sa Atin?

*Nasa unang talata ng Mga Hukom 1 ang pangunahing tanong ng aklat: "Sino ang unang sasampa sa amin laban sa mga Cananeo, upang lumaban sa kanila?" Mula sa nabasa natin sa aklat ni Josue, malinaw ang sagot: ang Panginoon. Tulad ng sabi ni Pangulong Kimball sa siping-banggit sa itaas: "Ang pagsampalataya ay laging mukhang mas mahirap kaysa umasa sa mga bagay na nariyan na agad." Mukhang totoo ito sa mga tao sa aklat ng Mga Hukom. Ang mga Israelita ay lumihis sa pananampalataya at umasa sa mga tao at hukbo—sa halip na sa Panginoon—para iligtas sila.*

*Sinimulan sa Mga Hukom 1 ang isa pang pangunahing ideya sa aklat ng Mga Hukom sa paglalahad sa atin ng tungkol sa mga grupo ng mga tao na hindi itinaboy ng mga lipi ni Israel. Sa halip na itaboy at lipulin ang mga taong ito, sinasabi sa Mga Hukom 1 na nakipagkasundo ang mga Israelita sa kanila. Makikita sa tsart sa ibaba kung paano ito naging unang hakbang sa pagtalikod sa Diyos at pagsamba sa mga diyus-diyusan.*

### Ang Pagsuway ay Humahantong sa Pagsamba sa mga Diyus-diyusan



# Mga Hukom 2–3

## Iniligtas ni Aod ang Israel

*Ayon sa makikita sa tsart sa naunang pahina, inilalarawan sa Mga Hukom 1 kung paano itinaboy ng mga Israelita ang mga Cananeo at pagkatapos kung paano sila nakipagkasunduan sa kanila. Inilarawan sa Mga Hukom 2–3 kung paano nahulog sa pagsamba sa mga diyus-diyusan ang mga anak ni Israel dahil sa pagpapakasal nila sa mga Cananeo. Nagpaulit-ulit ang mga pangyayari at sa huli ay nasagip sila sa tulong ng hukom na nagngangalang Aod.*

*Maraming beses sa Mga Hukom 2–3 mababasa natin na "ginalit" ng mga Israelita ang Panginoon. Katunayan, nalaman natin na ang galit ng Panginoon ay "nag-aalab" (tingnan sa Mga Hukom 2:14, 20; 3:8). Kahit parang marahas ito, ang kaunting kaalaman tungkol kina Baal at Astaroth ay makakatulong sa atin na maunawaan kung bakit galit na galit ang Panginoon. Si Baal ay lalaking diyos ng pertilidad o pagkakaroon ng anak at si Astaroth ang kanyang babaeng kasama at diyosa ng pertilidad. Kasama sa "pagsamba" ang makamundong paglabag sa batas ng kalinisang-puri. Lahat ng paglabag sa batas ng kalinisang-puri ay mabibigat na kasalanan at sumisira sa espirituwalidad, ngunit ang gawin ito sa ngalan ng pagsamba ay lalong karumal-dumal sa Ama sa Langit.*

# Mga Hukom 4–5

## Si Debora ang Propetisa

*Inilahad sa Mga Hukom 4–5 kung paano napalaya ang Israel sa pang-aalipin ng kanilang mga kaaway sa pamumuno ng babaeng nagngangalang Debora, na kapwa isang hukom at propetisa. Ipinropesiya niya na isang babae ang papatay sa mga pinuno ng kaaway. Natupad ang propesiya nang isang babaeng hindi Israelita na nagngangalang Jael ang pumatay sa pinuno ng kaaway na hukbo. Nalaman ng mga tao na kung pagtitiwalaan nila ang Panginoon, maililigtas niya sila.*

*Ang Mga Hukom 5 ay naglalaman ng mga titik ng isang awiting kinanta ng mga Israelita tungkol sa mahalagang kaganapang ito. Ang musika ay maaaring maging mabisang paraan para papurihan ang Diyos (tingnan din sa D at T 25:12).*

# Mga Hukom 6–8

## Gedeon

*Inilahad sa Mga Hukom 6–8 ang kuwento tungkol sa dakilang hukom na nagngangalang Gedeon na pinalaki ng Panginoon upang sagipin ang mga Israelita sa sandaling sila ay mag-apostasiya.*

### Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Mga Hukom 6*

**Nakapaghasik** (t. 3)—Nakapagtanim

**Anoman** (t. 4)—Panustos

**Huminang totoo** (t. 6)—Naghikahos

**Pumipighati** (t. 9)—Nang-aapi

**Pumapalo ng trigo** (t. 11)—Nagtatahip ng trigo para mahiwalay ang butil sa balat

**Sumapit** (t. 13)—Nangyari sa

**Efa** (t. 19)—Mas maliit kaysa isang takalan

**Pinugnaw** (t. 21)—Sinunog nang lubusan

**Balat** (mga talata 37–40)—Piraso ng balat ng tupa o kambing na may balahibo pa

#### Mga Hukom 6:17—"Bigyan Mo nga Ako ng Isang Tanda"

Inutusan tayo ng Panginoon na huwag humanap ng mga palatandaan; kundi sumampalataya at sumunod bago tayo makatanggap ng patunay (tingnan sa Eter 12:6; D at T 63:7–12). Sa sitwasyong ito, hindi naman talaga naghanap ng palatandaan si Gedeon kundi sinikap niyang alamin kung ang sugong dumalaw sa kanya ay tunay na sugo, yamang nabuhay siya sa araw at panahong maraming huwad na relihiyon at pagsamba at ayaw niyang malinlang ng isang sugo mula sa huwad na pinagmulan.

*Mga Hukom 7*

**Humantong** (t. 1)—Nagkampo

**Pinigil** (t. 8)—Pinanatili

**Lumagpak** (t. 13)—Bumagsak

**Mga pulutong** (mga talata 16, 20)—Mga grupo

**Mga banga** (mga talata 16, 19)—Malalaking garapon

**Pasimula ng pagbabantay sa hating gabi** (t. 19)—Paglampas ng alas-10:00 N.G.

*Mga Hukom 8*

**Pinagwikaan** (t. 1)—Nakipagtalo

**Pagsimot** (t. 2)—Kung ano ang natira pagkatapos umani

**Ang kanilang galit ay lumamig** (t. 3)—Hindi na sila nagalit.

**Tiwasay** (t. 11)—Walang hinalang lulusubin

**Nalito** (t. 12)—Natalo

**Samsam** (t. 24)—Mga bagay na nabihag o nakuha

**Epod** (t. 27)—Isang piraso ng telang naisusuot sa leeg, balikat, at dibdib

**Lumabas sa kaniyang balakang** (t. 30)—Kanyang naging anak

**Babae** (t. 31)—Babaing lingkod na kasal din sa kanyang amo

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang tatlo sa sumusunod na mga aktibidad (A–E) habang pinag-aaralan mo ang Mga Hukom 6–8.

### A Unahin ang Dapat Mauna

1. Ayon sa Mga Hukom 6:25–32, ano ang unang ginawa ni Gedeon sa pagtatangka niyang iligtas ang mga Israelita mula sa mga Madianita?
2. Bakit kaya iyon ang unang ipinagawa ng Panginoon kay Gedeon?

### B Ano sa Palagay Mo?

Sa palagay mo, bakit binawasan ng Panginoon ang hukbo ng mga Israelita bago sila nagpunta sa labanan?

### C Tapusin ang mga Pangungusap na Ito

Tapusin ang mga pangungusap na ito sa sarili mong mga salita sa paggamit ng natutuhan mo sa Mga Hukom 7.

1. Si Gedeon ay pumili ng 300 katao na …
2. Ikinuwento ng isang lalaki kay Gedeon ang kanyang panaginip kung saan …
3. Ginamit ng mga lalaki sa hukbo ang kanilang mga banga at pakakak para …

### D Isang Hari?

1. Kunwari ay napili kayong imungkahi si Gedeon na maging hari ng Israel. Ano ang sasabihin mo tungkol sa kanya para kumbinsihin ang iba na magiging mabuti siyang hari?
2. Isulat kung ano sa palagay mo ang sasabihin ni Gedeon matapos mo siyang imungkahi (tingnan sa Mga Hukom 8:22–23).

### E Ano ang Aral?

Paano naging halimbawa ng Doktrina at mga Tipan 1:19 ang kuwento tungkol kay Gedeon sa Mga Hukom 6–8?

# Mga Hukom 9–10

## Patuloy ang Paulit-ulit na mga Pangyayari

*Inilahad sa Mga Hukom 9 ang tungkol kay Abimelech, anak ni Gedeon, na sinamantala ang kabantugan ng kanyang ama at naging hari ng Sichem. Ang kuwentong ito ay magpapakita sa atin ng mga problemang darating kapag binalewala natin ang Panginoon at nagtiwala tayo sa tao na mamuno at maghari sa atin.*

*Nakatala sa Mga Hukom 10 na patuloy na sumamba ang mga Israelita sa mga diyus-diyusan. Bunga nito, nawala sa kanila ang proteksyon ng Panginoon at nasakop sila ng kanilang mga kaaway. Pagkatapos ay nagsimula silang humingi ng tulong sa Panginoon. Sa sitwasyong ito, mariing pinagalitan ng Panginoon ang mga tao nang humingi sila ng tulong. Sinabihan niya sila na humayo at "dumaing " sa mga diyus-diyusang sinamba nila at tingnan kung maililigtas sila ng mga diyus-diyusang ito (tingnan sa Mga Hukom 10:13–14).*

# Mga Hukom 11–12

## Ang Kuwento ni Jephte

*Ayon sa huwaran ng mga pinuno sa aklat ng Mga Hukom, hindi nila akalaing magiging pinuno si Jephte. Anak siya ng isang patutot at nang malaki na siya ay pinalayas siya sa kanyang pamilya at tahanan ng kapatid niya sa ama. Gayunman, ginamit ng Panginoon ang hamak na taong ito upang iligtas ang Israel mula sa kanyang mga kaaway. May pananampalataya siya sa Diyos at tinalikuran ang mga diyus-diyusan, kaya binigyan siya ng lakas ng Panginoon sa kanyang mga pagsisikap.*

# Mga Hukom 13

## Ang Pagsilang ni Samson

*Nagtanong ka na ba sa mga magulang mo tungkol sa mga pangyayaring may kinalaman sa pagsilang mo? Ano ang mga naisip nila habang pinaghahandaan nila ang pagdating mo sa kanilang buhay? Ano ang mga inaasam nila para sa iyo paglaki mo? Inilahad sa Mga Hukom 13 ang mga kaganapan sa pagsilang ni Samson. Habang nagbabasa ka, hanapin kung ano ang mga naisip at inasam noon ng mga magulang ni Samson na may kinalaman sa kanyang pagsilang.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Mga Hukom 13*

**Maruming bagay** (t. 4)—Labag sa batas ni Moises

**Walang pangahit na daraan sa kaniyang ulo** (t. 5)—Hindi niya gugupitin ang kanyang buhok.

**Anyo** (t. 6)—Mukha

**Kakilakilabot** (t. 6)—Nagpapahiwatig ng kapakumbabaan at paggalang sa panauhin

**Nazareo** (t. 7)—Isang natatanging tungkulin sa ilalim ng batas ni Moises (tingnan sa Mga Bilang 6:1–21)

**Ano ang ipagpapagawa sa bata?** (t. 12)—Sa anong mga tuntunin o kautusan namin palalakihin ang bata?

**Magingat** (t. 13)—Pansining maigi o sumunod

**Mapigil** (mga talata 15–16)—Mapaghintay

**Mabigyan ka ng karangalan** (t. 17)—Mapapurihan

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Isang Natatanging Tungkulin

Ilarawan kung paano nagkaroon ng kaugnayan sa natatanging pagsilang ni Samson ang mga sumusunod: baog, uminom, pang-ahit, anghel, handog na susunugin.

### B Sumulat ng Isang Liham

Kunwari ay tiyahin o tiyuhin ka ni Samson at binatilyo na si Samson. Batay sa nabasa mo sa Mga Hukom 13, sumulat ng isang liham kay Samson na magpapaunawa sa kanya kung gaano kabuti ang kanyang mga magulang.

# Mga Hukom 14–15

## Sunud-sunod na Pagkakamali

*Kahit isinilang si Samson na may magagandang pangako at pagpapala, inilahad sa atin sa Mga Hukom 14–15 kung paano niya inabuso ang mga kaloob na iyon ng Diyos. Ang mga pagpapalang ipinangako kay Samson ay parang katulad lang ng mga pagpapalang ipinangako sa atin sa ating patriarchal blessing: ang mga pangako at pagpapala ay matutupad lang kung mamumuhay tayo nang karapat-dapat sa mga ito (tingnan sa D at T 130:20–21). Habang nagbabasa ka, pag-isipan kung ano ang itinuturo sa atin ng mga ginawa ni Samson tungkol sa pinagtuunan niya ng pansin sa buhay.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Mga Hukom 14*

**Nagpupuno** (t. 4)—Naghahari

**Nilamuray** (t. 6)—Binalian

**Maisaysay, nakaturing** (mga talata 14, 19)—Maipaliwanag, nakapagpaliwanag

**Dayain** (t. 15)—Hikayatin, himukin

**Samsam** (t. 19)—Mga gamit at pagkain

*Mga Hukom 15*

**Mga sigsig** (mga talata 4–5)—Mga sulo

**Igaganti** (t. 7)—Maghihiganti

**Mga Hukom 14:6, 19; 15:14—"Ang Espiritu ng Panginoon ay Makapangyarihang Sumakaniya"**

Sa mga sitwasyong ito, kapag nababasa natin na "ang Espiritu ng Panginoon" ay napasa kay Samson, nangangahulugan iyan na minsan ay namuhay siya nang karapat-dapat kaya napasakanya ang Espiritu, na nawala sa kanya dahil naging mapagmalaki siya at suwail.

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ano ang Problema?

1. Gumawa ng tsart na kagaya ng sumusunod sa iyong notbuk, at punan ito ng impormasyong natutuhan mo mula sa nakalistang reperensya sa banal na kasulatan:

| Reperensya | Ang Ginawa ni Samson | Bakit |
|---|---|---|
| Mga Hukom 14:5–6 | | |
| Mga Hukom 14:19 | | |
| Mga Hukom 15:1–5 | | |
| Mga Hukom 15:6–8 | | |

2. Isulat ang inaakala mong pinakamalaking kahinaan ni Samson (tingnan sa Mga Hukom 14–15).

# Mga Hukom 16

## Samson at Dalila



*Matapos basahin ang Mga Hukom 13–15, anong mga aral ang inaakala mong natutuhan sana ni Samson sa karanasang ito? Habang binabasa*

*mo ang Mga Hukom 16, tingnan kung talagang natutuhan niya ang mga aral na iyon.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Mga Hukom 16*

**Kinulong siya** (t. 2)—Pinalibutan siya

**Taling estofa** (t. 9)—Piraso ng pisi o sinulid

**Naligalig** (t. 16)—Nawalan ng pasensya

**Talos** (t. 20)—Alam

**Pangaw** (t. 21)—Kadena

**Gumiling** (t. 21)—Gumiling ng butil para maging harina

**Mapaglaruan, pinaglaruan** (mga talata 25, 27)—Patawanin ang mga tao

**Isinuhay** (t. 29)—Humawak

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ipamuhay ang mga Salita ng mga Makabagong Propeta at Apostol

Paano sana naging kapaki-pakinabang kay Samson ang kasunod na payo? Isulat ang sagot mo sa iyong notbuk.

Sabi ni Pangulong N. Eldon Tanner ng Unang Panguluhan: "Gusto kong sabihin muli sa inyo, tandaan ang tatlong salitang ito: tuparin ang mga tipan. At palagay ko tama lang na sabihin ko sa inyo na kung tutuparin ninyo at ng inyong pamilya ang mga tipang ito, kayo ay liligaya, magtatagumpay, igagalang, magkakaroon ng mabuting pamilya na maibabalik ninyo sa kinaroroonan ng ating Ama sa Langit. Kailangan lang ninyong tandaan ang tatlong salitang ito: tuparin ang tipan, ang mga obligasyong tinanggap ninyo sa inyong sarili, ang mga pangakong inyong ginawa. Tuparin ang mga tipan" (sa Conference Report, Okt. 1966, 99).

### B Hindi Gaanong Masunurin

Basahin ang Mga Bilang 6:1–9 at ilista ang mga kailangang gawin ng isang Nazareo. Sa tabi ng bawat kailangang ito, isulat ang isang reperensya sa banal na kasulatan mula sa Mga Hukom 14–16 na nagpapakita ng isang pagkakataong sinuway ni Samson ang kailangang iyon, at pagkatapos ay ipaliwanag nang maikli kung ano ang kanyang ginawa.

## Mga Hukom 17–21

### Nagdusa ang Israel Dahil sa Pagsuway

*Maaaring pagsama-samahin ang Mga Hukom 17–21 sa isang pahayag sa Mga Hukom 17:6 at pagkatapos ay ulitin bilang huling talata ng Mga Hukom 21:25: "Nang mga araw na yaon ay walang hari sa Israel: bawat tao'y gumagawa ng minamatuwid niya sa kaniyang sariling mga mata." Mukhang ipinakita sa atin ng manunulat na ito ang katotohanan ng mga talatang ito sa isinulat niya sa Mga Hukom 17–21. Inilarawan sa mga kabanatang ito ang ilan sa pinakamasasamang panahon sa kasaysayan ng Israel at marahil ay inihahanda tayong maunawaan kung bakit inakala ng Israel na kailangan nila ng hari (na magaganap sa simula pa lang ng susunod na aklat, ang I Samuel). Sa kasamaangpalad, hindi naisip ng Israel na maaari nilang gawing hari ang Panginoon at nabigyan sana niya sila ng kapayapaan at paraan na malutas ang mga problemang kinakaharap nila. Sa sitwasyong ito, dapat tayong matuto sa mga pagkakamali ng Israel sa halip na sa kanilang mga tagumpay.*

# Ang Aklat ni Ruth

Ang maikli at mahalagang kuwentong ito ay nangyari noong panahon ng aklat ng Mga Hukom. Gayunman, di tulad ng karamihan sa mga kuwento sa aklat ng Mga Hukom, ito ay puno ng pag-asa, pananampalataya, at masaya ang bandang huli.

## Ang Pananampalataya ng Isang Nagbalik-loob

Lalong nakakaaliw na malaman na si Ruth ay hindi isinilang na isang Israelita kundi isang Moabita (tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Moab"). Nagpakasal si Ruth sa isang Israelita sa lipi ni Juda na nakatira sa Moab noong taggutom. Mula sa aklat ni Ruth malalaman natin ang pananampalataya ng isang nagbalik-loob sa totoong ebanghelyo. Malalaman din natin na ang pag-ibig at awa ng Panginoon ay para sa mga naghahangad nito, kahit lumaki sila sa labas ng tipan.

## Isang Marangal na Angkan

Magiging interesado kang malaman na kabilang sa mga inapo ni Ruth si David, na isang hari sa Israel, at ang Panginoong Jesucristo. Habang nagbabasa ka, hanapin ang ginawa ni Ruth na nagpakita na siya ay karapat-dapat na ninuno ng Tagapagligtas.

## Ruth 1

### "Kung Saan Ka Pumaroon, ay Paroroon Ako"

*Ano ang pinakamahalagang bagay na isinuko mo dahil sa katapatan mo sa totoong ebanghelyo? Habang binabasa mo ang Ruth 1, pag-isipan ang isinuko ni Ruth.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Ruth 1*

**Nakipamayan** (t. 1)—Tumira

**Naiwan ng kanyang dalawang anak** (t. 5)—Namatay ang dalawang anak

**Dinalaw** (t. 6)—Pinagpala

**Yumakap** (v. 14)—Nanatili

**Ipamanhik** (t. 16)—Hilingin

**Tumigil** (t. 16)—Tumira

**Napataka** (t. 19)—Nangag-usapan

**Dinalamhati** (t. 21)—Pinagdusa

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Pagtugon sa mga Hamon

1. Maglista ng kahit tatlong pagsubok lang na nakaharap ng mga tao sa Ruth 1.
2. Pumili ng isang pagsubok na katulad ng nakaharap mo, at ipaliwanag ito nang maikli.
3. Ano ang matututuhan mo sa pagharap sa iyong mga hamon mula sa mga halimbawa sa kabanatang ito?

# Ruth 2

## Nakilala ni Ruth si Booz



*Sabi ni Pangulong Spencer W. Kimball, "Talagang minamasdan tayo ng Diyos, at binabantayan niya tayo. Ngunit kadalasan ay tinutugunan niya ang ating mga pangangailangan sa pamamagitan ng ibang tao" ("The Abundant Life,"* Ensign, *Hulyo 1978, 4). Hanapin ang ideyang ito habang binabasa mo ang kuwento ni Ruth.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Ruth 2*

**Mamulot, namulot** (mga talata 2–3, 7–8, 15–19, 23)—Mamulot ng uhay na naiwan pagkatapos ng anihan

**Mga bigkis** (mga talata 7, 15)—Mga langkay at uhay ng butil

**Manahan** (t. 8)—Manatili

**Pinanganakan** (t. 11)—Sinilangan

**Gantihin** (t. 12)—Gantimpalaan

**Mga pakpak** (t. 12)—Proteksyon

**Hiyain** (t. 16)—Pigilan o pagalitan

**Hinampas** (t. 17)—Ihiwalay ang butil sa ipa

**Epa** (t. 17)—Mas malaki sa isang takal

**Ruth 2—"Pamumulot" sa Bukid ni Booz**

Ayon sa batas ni Moises, hindi dapat simutin ng mga magsasaka ang kanilang mga pananim, kundi mag-iwan ng ilan sa bukid para masimot ng mga dukha at makaani sila ng kaunting makakain (tingnan sa Levitico 19:9–10).

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ano sa Palagay Mo?

Ipaliwanag kung bakit sa palagay mo napakabait ni Booz kay Ruth.

# Ruth 3–4

## Ikinasal sina Ruth at Booz

*Nakatala sa Ruth 3–4 ang ilang kaugaliang hindi na ginagawa ngayon. Maaari kang matulungan ng sumusunod na mga paliwanag habang nagbabasa ka:*

- *Sa ilalim ng batas ni Moises, pananagutan ng pinakamalapit na kamag-anak na alagaan ang mga balo, at pakasalan ang mga maaari pang magkaroon ng anak (tingnan sa Deuteronomio 25:5–10).*
- *Sumunod si Ruth sa ilang kaugalian sa Ruth 3 upang ipaalam kay Booz na siya ay dalaga. Walang nangyaring imoralidad. Nang hilingin ni Ruth kay Booz na iladlad sa kanya ang "kumot" nito, ang ibig niyang sabihin ay "Alagaan mo sana ako."*

- *May isang lalaki na mas malapit na kamag-anak ni Ruth kaysa kay Booz, ngunit ayaw tanggapin ang responsibilidad na pangalagaan sina Noemi at Ruth—lalo na ang responsibilidad na pakasalan si Ruth. Kaya nagawang tanggapin ni Booz ang responsibilidad.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Ruth 3*

**Pahahanginan** (t. 2)—Magtatahip

**Giikan** (t. 2)—Lugar kung saan nagtatahip

**Magpahid ng langis** (t. 3)—Pahiran ng pabango

**Tandaan** (t. 4)—Alamin

**May bait** (t. 11)—Dalisay na isipan at kilos

**Sinasabi** (t. 11)—Hinihiling

**Kararatnan** (t. 18)—Kahihinatnan

*Ruth 4*

**Lumiko** (t. 1)—Iwanan mo ang ginagawa mo at kausapin mo ako.

**Bahagi** (t. 3)—Piraso

**Ipahayag** (t. 4)—Ipaalam ang isang bagay

**Tubusin** (mga talata 4–6)—Bilhin o tuparin ng isang tao ang kanyang bahagi sa kasunduan

**Ibangon ang pangalan ng namatay** (mga talata 5, 10)—Bigyan ng mga anak ang isang kamag-anak na namatay

**Pagpapatotoo** (t. 7)—Ang tanda o patunay ng isang pormal na kasunduan

**Tagapagsauli** (t. 15)—Isang tao na pinapalitan o isinasauli ang isang bagay o ibinabalik ang isang bagay sa orihinal na kondisyon nito

**Tagapagkandili** (t. 15)—Ang nagpapakain sa iba at nagtutustos sa kanilang mga pangangailangan

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Pagpili ng Mapapangasawa

Magbigay ng mga halimbawa mula sa Ruth 1–4 na nagpapakita ng mga katangian ni Booz bilang asawa (kung ikaw ay babae), o mga katangian ni Ruth bilang asawa (kung ikaw ay lalaki).

### B Mga Opsiyonal na Aktibidad—Sagutin ang mga Tanong

1. Paano nakatulad ng ginawa (at ginagawa) ni Cristo para sa atin ang mga bagay na ginawa ni Booz para kay Ruth?
2. Paano naging halimbawa ng magagawa natin para "lumapit kay Cristo" ang mga ginawa ni Ruth?

# Ang Unang Aklat ni Samuel

## Mga Propeta o mga Hari?

Ang aklat ng I Samuel ay nagsimula sa kuwento ng pagsilang ni Samuel at isinalaysay roon ang kanyang pagmiministeryo. Inilarawan sa aklat ang pagmiministeryo ng isang propeta sa mga hari ng Israel, kaya ang I Samuel ay kasaysayan din ng bansang Israel. Tinanggihan ng mga Israelita ang payo ng Panginoon na magtiwala sa kanya at pamunuan sila ng mga hukom at propeta at sa halip ay humiling sila ng hari.

## Paghahanda sa Pag-aaral ng I Samuel

Malinaw na hindi si Samuel ang sumulat ng I–II Samuel, dahil nabasa natin na namatay siya bago natapos ang I Samuel. Ang aklat ng I Samuel ay isinulat ng isang tao sa panahon ni Haring Salomon. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa I Samuel, tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Samuel, Propeta sa Lumang Tipan."

## Mahahalagang Tao sa I Samuel



# I Samuel 1

## “Dahil sa Batang Ito Ako Nanalangin”



*Sabi ni Pangulong Spencer W. Kimball, “Balang-araw, kapag naikuwento na ang buong kasaysayan ng dispensasyong ito at ng naunang mga dispensasyon, mapupuno ito ng mga kuwento ng katapangan, karunungan at debosyon ng ating kababaihan, sapagkat nadarama ng isang tao na marahil, katulad ng ang kababaihan ang nauna sa libingan ng Panginoong Jesucristo matapos siyang mabuhay na mag-uli, madalas na likas na sensitibo ang ating matwid na kababaihan sa mga bagay na walang hanggan ang kabuluhan” (sa Conference Report, Abr. 1978, 6; o* Ensign, *Mayo 1978, 5).*

*Ang ina ni Samuel na si Ana, ay tiyak na maituturing na isa sa kababaihang binanggit ni Pangulong Kimball. Habang binabasa mo ang I Samuel 1, maghanap ng mga pagkakataon na nagpakita ng kanyang kagitingan. Isipin kung bakit mahalaga sa mga bata ang magkaroon ng mga magulang na kagaya nina Ana at Elcana. Ang matuto tungkol sa kanila ay nagbibigay sa atin ng mga halimbawang susundan kapag naging mga magulang tayo.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

### *I Samuel 1*

**Binigyan ng mga bahagi** (t. 4)—Sa batas ni Moises ay tinulutan ang saserdote na magtabi ng kaunting karne ng sakripisyong alay para makain nila. Ang ilan sa natira ay ibinabalik sa pamilya matapos maluto ang karne sa altar. Bawat miyembro ng pamilya ay tumatanggap ng “mga bahagi,” o ng kaparte, ng ibinalik sa pamilya.

**Ibayong bahagi** (t. 5)—Mas malaking bahagi

**Kaagaw** (t. 6)—Kaaway, ibig sabihin ay ibang asawa, na kanyang karibal

**Minumungkahi siyang mainam** (t. 6)—Patuloy siyang ininis

**Yamutin** (t. 6)—Malungkot at nag-aalala

**Na mainam** (t. 10)–Labis

**Panata** (mga talata 11, 21)—Pangako

**Pagkapighati** (t. 11)—Problema o paghihirap

**Walang pangahit na daraan sa kaniyang ulo** (t. 11)—Huwag gupitan ang kanyang buhok (tingnan sa Bible Dictionary, s.v. “Nazarite”)

**Kasaganaan ng aking daing at ng aking pagkaduwahagi** (t. 16)—Matinding pasakit at kalungkutan

**Nakilala ang kaniyang asawa** (t. 19)—Nagdalantao ang kanyang asawa

**Mahiwalay sa suso** (mga talata 22–24)—Hindi na pinasususo ng ina. Sa mga Israelita sa panahong iyon, karaniwan ay tatlong taon pinasususo ng mga ina ang kanilang mga anak.

**Pagtibayin** (t. 23)—Tuparin

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang dalawa sa sumusunod na mga aktibidad (A–C) habang pinag-aaralan mo ang I Samuel 1.

### A Paano Tumugon sa mga Hamon

Mula sa nabasa mong mga nangyari sa I Samuel 1, ano ang matututuhan mo mula kay Ana na maiaangkop mo sa sarili mong mga karanasan sa buhay?

### B Ano sa Palagay Mo ang Pakiramdam Nito?

Ilarawan kung ano sa palagay mo ang pakiramdam ng maging anak ni Ana. Isama sa sagot mo ang ilang katangiang nabasa mo sa I Samuel na nagpapakita kung anong klaseng ina si Ana.

### C Paano Mo Inilalaan ang Iyong Sarili sa Diyos?

Dahil inilaan ni Ana si Samuel sa paglilingkod sa Panginoon, lalaki si Samuel sa piling ng mga saserdote at magtatrabaho sa tabernakulo habambuhay. Kitang-kita na hindi natin inilalaan ang ating mga anak sa Panginoon sa ganitong paraan ngayon; gayunman, ano sa palagay mo ang magagawa mo bilang magulang para madama din ng iyong mga anak ang nadama ni Samuel habang lumalaki, ang pakiramdam na siya ay pag-aari ng Panginoon at inilaan lalo na sa paglilingkod sa Panginoon habambuhay?



# I Samuel 2

## Ang mga Anak ni Eli

*Bakit dapat iwasto ng mga magulang ang kanilang mga anak kapag nagkakamali ang mga bata? Ano ang mangyayari kung hindi sila iwawasto? Ano ang damdamin ng Panginoon tungkol sa mga batang pinababayaan? Isa pang halimbawa ng impluwensya ng mga magulang sa buhay ng kanilang mga anak ang matatagpuan sa I Samuel 2.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*I Samuel 2*

**Pinalaki** (t. 1)—Pinasigla, pinag-ibayo

**Kapalaluan** (t. 3)—Kahambugan

**Sinusukat** (t. 3)—Hinahatulan

**Nabibigkisan** (t. 4)—Nadadamitan, natatakpan

**Mga haligi** (t. 8)—Mga poste (*Paunawa:* Ito ay wikang patula. Hindi nag-isip ang mga tao at hindi itinuturo ng Biblia na literal na nakapatong sa mga poste ang lupa.)

**Iingatan ang mga paa** (t. 9)—Poprotektahan at aalagaan

**Mananaig** (t. 9)—Mananalo

**Yaong makipagkaalit** (t. 10)—Mga kaaway

**Pinahiran ng langis** (mga talata 10, 35)—Hinirang

**Mga hamak na lalake** (t. 12)—Walang halaga, masasamang tao

**Pang-ipit** (mga talata 13–14)—Sipit na ginagamit ng mga saserdote para maabot ang alay o handog at makuha ang mga piraso ng karne

**Niwawalan ng kabuluhan** (t. 17)—Kinamuhian

**May bigkis** (t. 18)—Nadaramitan

**Epod** (mga talata 18, 28)—Bahagi ng kasuotan ng high priest

**Binhi** (t. 20)—Mga anak

**Sumisiping** (t. 22)—Nakikipagtalik

**Mamamagitan** (t. 25)—Magmamakaawa

**Tahanan** (mga talata 29, 32)—Sambahayan

**Pararangalin** (t. 30)—Pahahalagahan

**Ihihiwalay sa iyong bisig** (t. 31)—Parurusahan sa pagpawi ng iyong lakas. Ang bisig ay simbolo ng lakas.

**Lunusin ang iyong mga mata** (t. 33)—Manaig sa isipan ng isang tao

**Sa kanilang kabataan** (t. 33)—Sa batang edad

**Ipagtatayo ko siya ng panatag na sangbahayan** (t. 35)—Bibigyan ko siya ng patuloy na angkan.

### I Samuel 2:12–17, 22—Mga Kasalanan ng mga Anak ni Eli

Ayon sa batas ni Moises, ang mga saserdote ay tatanggap ng ilang bahagi ng sakripisyo para kainin, ngunit tatanggapin lang nila iyon matapos sunugin ang taba sa altar, at wala na silang tatanggapin pang iba. Nang kunin ng mga anak ni Eli ang hindi kanila at nang kunin iyon bago nila nararapat kunin, ninanakawan nila ang Diyos ng kanyang alay at dinaraya ang mga tao. Pansinin na dahil sa ginawa ng mga anak ni Eli, inayawan ng mga tao ang pag-aalay ng mga handog (tingnan sa I Samuel 2:17). Ang mas malala pa, sabi sa talata 22 sumiping sila sa mga babaing nagpunta sa templo.

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang dalawa sa sumusunod na mga aktibidad (A–D) habang pinag-aaralan mo ang I Samuel 2.

### A Isang Awit para sa Panginoon

1. Pumili ng inaakala mong magandang pamagat para sa awit ni Ana sa I Samuel 2:1–10.
2. Pumili ng isang bagay na sinabi ni Ana tungkol sa Panginoon sa awit na ito na nagustuhan mo, at ipaliwanag kung bakit.

### B Pag-aangkop ng Kuwentong Ito sa Ngayon

Matapos basahin ang I Samuel 2:12–17, ipaliwanag kung ano sa palagay mo ang matututuhan ng mga maytaglay ng Aaronic Priesthood ngayon mula sa kuwentong ito. Pag-isipan lalo na ang sinasabi sa talata 17.

### C Maging isang Prosecuting Attorney

Nautusan kang iharap sa hukuman si Eli at ang kanyang mga anak. Basahin ang I Samuel 3:13 at ilista ang mga krimeng iparatang mo sa kanila at ang ebidensya mo na sila ay may sala.

### D Mga Tungkulin ng mga Magulang

Basahin ang Mosias 4:14–15; Doktrina at mga Tipan 68:25–31; 93:40–43 at ilista kung ano ang iniutos ng Panginoon sa mga magulang na ituro sa kanilang mga anak.

# I Samuel 3

## Narinig ni Samuel ang Panginoon



*Sa I Samuel 2 mababasa natin na hindi nasiyahan ang Panginoon kay Eli. Sinabi ng Panginoon kay Eli na magbabangon siya ng ibang propeta. Ang kabanata 3 ay tungkol sa tawag kay Samuel na halinhan si Eli bilang saserdote at maging isa ring propeta sa Israel.I*

*Habang binabasa mo ang nangyari kay Samuel, itanong sa sarili ang mga sumusunod: Kailan at paano ipaaalam sa akin ng Panginoon ang*

*kanyang kalooban? Paano ako tutugon sa patnubay at inspirasyong ibinibigay niya?*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Samuel 3*

**Mahalaga** (t. 1)—Pambihira, hindi madalas mangyari

**Nahalata** (t. 8)—Natanto, naunawaan

**Hindi niya sinangsala sila** (t. 13)—Hindi niya sila pinigilan

**Di pinapangyari** (t. 19)—Hindi nagkatotoo

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ang Pagtawag ng Bagong Propeta

1. Ayon sa I Samuel 3:1, bakit kinailangang tumawag ng bagong propeta ang Panginoon?
2. Ano ang matututuhan natin sa halimbawa ni Samuel kung paano tumugon kapag tinawag tayong maglingkod ng Panginoon sa pamamagitan ng kanyang mga lingkod?

# I Samuel 4–6

## Ang Kaban ng Tipan

*Kapag sinusunod natin ang mga utos, lumalago ang tiwala at pananampalataya natin sa Diyos. Kapag hindi natin sinusunod ang mga utos, nagsisimula tayong mawalan ng tiwala at pananampalataya at madalas ay bumabaling tayo sa mga bagay ng mundo para punan ang kawalan natin ng lakas ng loob. Nasa gayong sitwasyon ang mga Israelita sa I Samuel. Sinasabi sa atin sa kabanata 4 na naniwala ang mga Israelita na kaya nilang talunin ang kanilang mga kaaway kung dadalhin nila ang kaban ng tipan sa labanan. Hindi nila naunawaan na ang kaban, tulad ng templo, ay isang simbolo sa mundo na may malalim na espirituwal na kahulugan at pinagpala lamang nito ang mga Israelita nang sumampalataya sila sa Panginoon at sa kanyang mga tipan, na siyang kinakatawan ng kaban. Sa madaling salita, maililigtas ng Diyos ang mga Israelita mula sa kanilang mga kaaway kung magiging tapat sila sa kanya, ngunit sa halip ay umasa sila sa isang simbolo niya, sa paniniwalang ang pisikal na bagay mismo ay may likas na kapangyarihan. Sa kanilang malaking kabiguan, hindi lamang natalo ang mga Israelita sa labanan kundi nakuha pa ng mga Filisteo ang kaban ng tipan.*

*Bagama't mali ang mga Israelita sa paggamit ng kaban ng tipan sa mapamahiing paraan, nanatiling mahalagang simbolo ng relihiyong Israelita ang kaban, at ninais ng Panginoon na mailagay itong muli sa kanyang tabernakulo. Sa gayon, sinabi sa I Samuel 5–6 ang nangyari sa mga Filisteo matapos nilang makuha ang kaban na naging dahilan kaya sila nagpasiya kalaunan na ibalik ito sa mga Israelita.*

# I Samuel 7

## Ang Pagsisisi ay Naghahatid ng Tagumpay

*Nang matalo sa pakikipaglaban sa mga Filisteo sa pagtatangkang gamitin ang kaban bilang simbolo ng suwerte, dalawa ang pinagpilian ng mga Israelita. Maaari nilang subukang humiling sa ibang diyos na iligtas sila (na siyang ginagawa ng maraming taong mapamahiin), o maaari silang magsisi at higit na sumampalataya at magtiwala sa Diyos na buhay, sa halip na sa simbolo ng Diyos na buhay. Habang binabasa mo ang I Samuel 7, pansinin kung ano ang ipinayo ni Samuel na gawin ng mga tao at ano ang nangyari nang sundin ng mga tao ang kanyang payo.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*I Samuel 7*

**Pinapagbanal** (t. 1)—Nilinis ayon sa batas ni Moises

**Tumaghoy sa Panginoon** (t. 2)—Malungkot na idinulog sa Panginoon ang nangyari sa kanila

**Iba** (t. 3)—Mga diyos na hindi kilala ng mga anak ni Israel

**Nagsiigib ng tubig, at ibinuhos sa harap ng Panginoon** (t. 6)—Pagpuno ng sisidlan ng tubig at pagbubuhos nito sa isang tiyak na paraan.

**Naghukom, hinatulan** (mga talata 6, 15–17)—Pinamunuan o pinamahalaan

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ano ang Nakapagliligtas?


1. Basahin ang I Samuel 4:3 at ipaliwanag kung ano ang inisip ng mga tao na makapagliligtas sa kanila.
2. Ano ang pinaniniwalaan ng mga tao ngayon na makapagliligtas sa kanila?
3. Ano ang ginawa ni Samuel sa I Samuel 7, at ano ang ipinagawa niya sa mga tao para maligtas sila mula sa kanilang mga kaaway?
4. Sa anong mga paraan natin magagamit ang mga bagay ding ito upang madaig ang ating mga hamon at tukso ngayon? Magbigay ng halimbawa.

# I Samuel 8

## "Bigyan Mo Kami ng Isang Hari"

*Ang tagumpay ng mga Israelita laban sa mga Filisteo ay mababasa sa I Samuel 7. Nang manalo sila, tila mas handang gawin ng mga Israelita ang ipinagawa sa kanila ni Samuel. Ngunit mahina pa rin ang kanilang pananampalataya. Ayaw sundin ng mga Israelita si Samuel. Humingi sila ng isang hari! Itinakwil nila ang Panginoon bilang kanilang hari. Nakatala sa kabanata 8 ng I Samuel na inaliw ng Panginoon si Samuel, at sinabi sa kanya na hindi siya ang itinakwil ng mga tao, kundi ang Panginoon. Kalaunan, hindi na sila naniwala na sa kaban ng tipan nagmula ang kanilang proteksyon at naniwala sila na pagkakaroon ng malakas na pinuno ang susi ng kanilang tagumpay.*

*May mga hari ang ibang mga karatig na bansa. Gayunman, sa pamamagitan ng propetang si Moises, sinabi ng Panginoon sa Israel na sila ay isang bayan "sa kaniyang sariling pag-aari," na nangangahulugang sila ay hinirang at inihiwalay sa mundo upang maging kanyang mga tao at upang iligtas ang iba pa niyang mga anak. Karamihan sa batas ni Moises ay nagpaalala sa mga Israelita na sila ay kakaiba sa ibang mga bansa at nangako sa kanila ng mga dakilang pagpapala kung nanatili silang kakaiba at hindi naghangad ng pagtanggap at yaman ng mundo. Mangyari pa ang hangad ng mga Israelita na maging katulad ng mga nasa paligid nila ay hindi lang problema noong mga unang panahon. Ngayon may ilang miyembro ng Simbahan na nais tularan ang pamumuhay ng mga tao sa paligid nila na hindi nila kapareho ang mga paniniwala at pamantayan. Kadalasan ay medyo nakakaakit ang mga paraan ng mundo.*



*Kung hindi matatag ang ating patotoo na ang Diyos ay buhay at binibigyan tayo ng mga utos para sa ating kabutihan, maaari nating piliing kumilos sa isang paraan dahil "ginagawa ito ng lahat" at mawala ang mga pagpapala ng pagiging pinagtipanang mga tao ng Diyos. Sa I Samuel 8 itinuturo sa atin na pagkaakit sa mga makamundong gawi ang tumukso sa mga Israelita at nalagay sa panganib ang kanilang pagiging isang bayang "pagaaring sarili ng Diyos."*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*I Samuel 8*

**Mahalay na kapakinabangan** (t. 3)—Pera

**Mga suhol** (t. 3)—Tumanggap ng pera o pabor bilang kabayaran sa paggawa ng isang bagay na hindi legal o di tapat para sa isang tao

**Pinakamabuti** (t. 16)—Pinakamalakas, pinakamainam

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang dalawa sa sumusunod na mga aktibidad (A–D) habang pinag-aaralan mo ang I Samuel 8.

### A Ano ang Mangyayari?

Sinabi ng Panginoon kay Samuel na ipaliwanag sa mga tao ang mangyayari kung magkakaroon sila ng hari. Gamit ang I Samuel 8:10–18, isulat ang mangyayari sa bawat isa sa sumusunod na mga sitwasyon kung magkakaroon ng hari ang Israel. Para sa bawat isa, magbigay ng isang reperensya sa banal na kasulatan na sumusuporta sa sagot mo.

1. Nagpasiya ang hari na kailangan pa niyang dagdagan ang kanyang mga alipin.
2. Nasaktan ng ibang hari ang hari at nagpasiya itong makidigma upang ipagtanggol ang kanyang dangal.
3. Nagbigay ng badyet ang hari para sa kanyang mga gastusin at nagpasiya na kailangan niya ng mas marami pang pera.
4. Hindi masaya ang mga tao sa hari at nalaman niya ang kanilang mga hinaing.

### B Mga Pangganyak

1. Basahin ang I Samuel 8:1–9, 19–22 at ipaliwanag kung bakit gusto ng mga tao na magkaroon ng hari.
2. Ano ang mali sa hangarin nilang magkaroon ng hari?

### C Maghanda ng Outline para sa Isang Mensahe o Pananalita


Kunwari hinilingan kang magsalita tungkol sa maaaring matutuhan ng mga Banal sa mga Huling Araw sa I Samuel 8. Ilista ang tatlong pangunahing ideyang isasama mo sa iyong pananalita o mensahe.

### D "Bawa't Kalul'wa'y Malaya"

Ano ang itinuturo sa iyo ng I Samuel 8 tungkol sa Panginoon, batid na tinulutan pa rin niyang magkaroon ng hari ang mga Israelita? (Maaaring makatulong ang Alma 29:4–5 sa sagot mo.)

# I Samuel 9–10

## Si Saul ay Hinirang na Hari



*Sa I Samuel 8 sinabi ng mga tao ng Israel na nais nilang magkaroon ng hari, kahit pinayuhan sila ng propetang si Samuel laban dito. Itinuturo sa atin ng kabanata 9 sa I Samuel kung gaano kamahal ng Panginoon ang kanyang mga tao kapag natanto natin na kahit hindi sinunod ng mga tao ng Israel ang payo ng Panginoon, tinulungan pa rin niya sila sa pamamagitan ng pagbibigay-inspirasyon sa kanyang propeta na pumili at magsanay ng isang hari para sa kanila. Habang nagbabasa ka, hanapin kung ano ang matututuhan mo tungkol sa mga tawag mula sa Panginoon.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*I Samuel 9*

**Walaing bahala** (t. 5)—Pabayaan

**Nakipagpulong** (t. 25)—Nakipag-usap

**Magpauna** (t. 27)—Mauna na sa paglalakbay

*I Samuel 10*

**Niwalang bahala** (t. 2)—Pinabayaan

**Pulutong** (t. 5)—Kuta, himpilan ng hukbo

**Kasakunaan at mga kapighatian** (t. 19)—Mga pagsubok at problema

### I Samuel 9–10—Pumili ng Hari ang Propeta para sa Israel



Katulad ng pamamaraang ginagamit natin sa Simbahan ngayon, si Saul ay tinawag ng isang may awtoridad mula sa Panginoon (tingnan sa Mga Saligan ng Pananampalataya 1:5), siya ay itinalaga ng isang may awtoridad, sinanay, at iniharap sa mga tao para sang-ayunan nila (tingnan sa I Samuel 10:24).

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang dalawa sa sumusunod na mga aktibidad (A–C) habang pinag-aaralan mo ang I Samuel 9–10.

### A Sumulat ng Isang Balitang Iuulat

Kunwari'y isa kang tapat na Israelitang tagaulat ng mga balita na sinubaybayan ang lahat ng karanasan ni Saul sa I Samuel 9–10. Sumulat ng maikling artikulong naglalarawan kung bakit mabuting piliin si Saul na maging hari ng Israel. Gumamit ng mga reperensya sa banal na kasulatan para suportahan ang mga ideya mo.

### B Sumulat ng Isang Entry sa Journal


Batay sa natutuhan mo mula sa I Samuel 9–10, isulat kung ano sa palagay mo ang nadama ni Saul matapos maranasang matawag bilang hari sa Israel. Pagtuunang mabuti ng pansin ang I Samuel 9:21; 10:6, 9, 20–27.

### C Ipamuhay ang mga Salita ng mga Makabagong Propeta at Apostol

Paano nauugnay ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Harold B. Lee sa nangyari sa I Samuel 10:26–27: "Hindi tunay na nagbalik-loob ang taong iyon hangga't hindi niya nakikita sa mga pinuno ng simbahang ito ang kapangyarihan ng Diyos, at hanggang sa mag-alab ito sa kanyang puso" (sa Conference Report, Abr. 1972, 118; o *Ensign,* Hulyo 1972, 103).

# I Samuel 11

## Pinamunuan ni Saul ang Israel sa Digmaan



*Ang kuwento ng pagtawag ni Samuel kay Saul at nang iharap niya ito sa mga tao bilang kanilang pinuno ay nakalahad sa I Samuel 9–10. Ang kabanata 11 ng I Samuel ay naglalaman ng kuwento ng matagumpay na pamumuno ni Saul sa Israel laban sa kanilang mga kaaway. Dahil nagtagumpay ang Israel, nagkaroon ng tiwala ang mga tao sa kakayahan ni Saul na pamunuan sila.*

# I Samuel 12

## Ang Panginoon Pa Rin ang Hari

*Matapos matalo ng mga Israelita ang kanilang mga kaaway sa I Samuel 11, maaaring natukso ang mga tao na sabihin kay Samuel, "Sabi na sa iyo, makabubuti sa amin ang may hari." Gayunman, nakatala sa I Samuel 12 ang sinabi ni Samuel sa mga Israelita upang matiyak na nilabanan nila ang tuksong ito. Pinaalalahanan niya ang Israel na iniligtas sila ng Panginoon mula sa kanilang mga kaaway—kahit sino pa ang taong namuno sa kanila. Kahit pinayagan sila ng Panginoon na magkaroon ng hari, siya pa rin ang tunay na hari ng Israel (tingnan sa I Samuel 12:12). Nangako si Samuel sa mga tao na kung maghimagsik sila sa Panginoon, hindi niya sila tutulungan—gaano man kagaling ang kanilang hari sa lupa.*

# I Samuel 13

## Gumawa ng Kahangalan si Saul

*Halimbawa'y isa ka sa dalawampung miyembro ng Simbahan sa isang pulo at ang tanging naroong mga maytaglay ng priesthood ay mga deacon sa Aaronic Priesthood. Matatanggap mo ba na ang mga deacon na iyon ang mangasiwa sa sacrament kaysa hayaang lumisan ang lahat ng miyembro nang hindi nakikibahagi sa mahalagang ordenansang iyon? Bakit hindi? Sa I Samuel 13 mababasa natin ang ganitong sitwasyon.*

### Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*I Samuel 13*

**Pulutong** (mga talata 3–4, 23)—Kuta

**Napipighati** (t. 6)—Nag-aalala

**Pamanhikan** (t. 12)—Taimtim na panalangin at sakripisyo

**Mga mananamsam** (t. 17)—Mga lalaking inutusang sirain ang mga pananim, tahanan, baka, at iba pa

**Mga panundot** (t. 21)—Mga sibat

**Daanan** (t. 23)—Daan palabas ng kabundukan

**I Samuel 13:8—"Ayon sa Takdang Panahon na Itinakda ni Samuel"**

Sa I Samuel 10:8, sinabi ni Samuel kay Saul na magkita sila sa Gilgal, kung saan mag-aalay ng mga handog si Samuel para sa kanya.

### Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

**A Kung Maaari Lang Niyang Ulitin Iyon**

Kung minsan pinapangarap nating ibalik ang isang sitwasyon at ibahin ang ating pasiya. Muling isulat ang kuwento sa I Samuel 13:1–16 sa paraan na nabigyang-kasiyahan ni Saul ang Panginoon at si Samuel.

# I Samuel 14

## Walang Kabuluhang Sumpa

*Kapag suwail tayo at hindi tayo nagsisi, hindi natin nakakapiling ang Espiritu Santo. Kung wala ang Espiritu Santo mas malamang na mali ang maging mga desisyon natin. Ang mga ginawa ni Saul sa I Samuel 14 ay halimbawa ng alituntuning ito.*

*Inilarawan sa kuwento sa I Samuel 14 kung paano inutusan ni Saul na mag-ayuno ang hukbo ng Israel, sa pag-asang mabigyang-inspirasyon ang kanyang mga tao at matulungan ng Diyos, para mapaghandaan ang pakikipaglaban nila sa mga Filisteo. Para maipatupad ang utos, sinabi ni Saul na sinumang lalaking kakain ay papatayin. Gayunman, hindi niya alam na wala roon ang sarili niyang anak na si Jonathan nang ibigay niya ang utos. Kumain ng kaunting pulot si Jonathan, at naghanda si Saul na patayin ang kanyang anak. Mabuti na lang, pinakiusapan ng mga tao si Saul at hindi niya isinakatuparan ang walang kabuluhang sumpang ito.*

# I Samuel 15

## Ang Kahalagahan ng Pagsunod

*Sabi ni Elder Bruce R. McConkie, "Pagsunod ang unang batas ng langit, ang batong panulok na pinaglalagakan ng lahat ng kabutihan at pag-unlad" (Mormon Doctrine, ika-2 edisyon [1966], 539). Habang binabasa mo ang I Samuel 15, isipin kung ano ang itinuturo nito tungkol sa alituntunin ng pagsunod.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*I Samuel 15*

**Humadlang, bumakay** (mga talata 2, 5)—Nag-abang bago sumalakay

**Manghinayang** (t. 3)—Magligtas

**Mga pinataba** (t. 9)—Sumunod sa panganay na anak ng mga hayop

**Hamak at walang kabuluhan** (t. 9)—Walang halaga at marumi ayon sa batas ni Moises

**Dumaluhong sa pananamsam** (t. 19)—Nagmadaling samsamin ang lahat ng mabuting bagay

**Masaya** (t. 32)—Mapagpakumbaba

### I Samuel 15:2–3—Bakit Lubos na Lilipulin ang mga Amalecita?

Sa banal na kasulatan iilang beses lang iniutos ng Diyos na lipulin ang isang lahi. Ang mga Amalecita ay napakalupit sa mga anak ni Israel nang lisanin nila ang Egipto (tingnan sa Deuteronomio 25:17–19). Pinili nila ang mahihina, maysakit, at matatandang nahihirapan sa bandang likod ng pila ng mga naglalakad at pinagpapatay ang mababagal na ito.

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang dalawa sa sumusunod na mga aktibidad (A–C) habang pinag-aaralan mo ang I Samuel 15.

### A Maghambing

Ihambing ang ipinagawa ni Samuel kay Saul (tingnan sa I Samuel 15:1–3) sa talagang ginawa ni Saul (tingnan sa I Samuel 15:4–9).

### B Mga Katwiran

1. Anong mga katwiran ang ibinigay ni Saul sa ginawa niya sa halip na sundin ang ipinagawa sa kanya?
2. Sulatan si Saul na ipinaliliwanag kung bakit hindi katanggap-tanggap ang mga katwiran niya sa pagsuway. Tiyakin na masasagot mo ang bawat katwiran niya.



### C Ang Tunay na Dahilan

1. Sa huli sa I Samuel 15:24, ipinagtapat ni Saul kung bakit niya ginawa iyon. Tukuyin ang ilang dahilang ibinibigay ng mga tao ngayon sa kanilang mga pagsuway. Paano ito naging katulad ng pagtugon ni Saul?
2. Ano sa palagay mo ang magpapalakas sa atin na huwag magpatukso na pangatwiranan ang ating mga ginagawa?

# I Samuel 16

## Pumili ng Bagong Hari ang Panginoon



*Dahil sa pagsuway ni Saul, sinabihan siya na may pipiliing ibang hari para sa Israel (tingnan sa I Samuel 13:13–14; 15:26–28). Kung pipili ka ng bagong hari, ano ang hahanapin mo? Habang binabasa mo ang I Samuel 16, pansinin ang sinabi ng Panginoon kay Samuel tungkol sa pagpili ng bagong hari.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*I Samuel 16*

**Bihasa** (mga talata 16, 18)—Sanay

### I Samuel 16:14–15—"Isang Masamang Espiritu na Mula sa Panginoon"

Binago sa Pagsasalin ni Joseph Smith ang I Samuel 16:14–15 upang ipahiwatig na ang masamang espiritu ay *hindi* nagmula sa Panginoon.

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Scripture Mastery—I Samuel 16:7

Ano ang itinuturo sa atin sa I Samuel 16:7 tungkol sa pagtingin sa atin ng Panginoon at sa nararapat na pagtingin natin sa iba?

## B Ang Kapangyarihan ng Musika

1. Malaki ang impluwensya ng musika sa ating damdamin. Ano ang nagawa ng musika ni David para kay Saul?
2. Dapat nating malaman na ang nagawa ng musika ni David para kay Saul ay pansamantala lamang. Ano ang makapagpapanatili ng ganoong damdamin kay Saul?
3. Paano ginagamit ng mga tao ngayon ang musika na katulad ng ginawa ni Saul?
4. Bumanggit ng isang himno o awiting nagpapadama sa iyo ng impluwensya ng Espiritu Santo.

# I Samuel 17

## David at Goliath

*Ang kuwento tungkol kina David at Goliath ay isa sa pinakakilalang kuwento sa Biblia. Habang binabasa mo ang kuwento sa I Samuel sa pagkakataong ito, hanapin kung ano ang itinuring ni David na pinagmumulan ng kanyang lakas at tapang. Itanong din sa iyong sarili ang mga ito: Ano ang epekto ng mga nangyari sa kabanata 16 sa mga nangyari sa kabanata 17? Bakit mahalaga na natalo ni David si Goliath matapos siyang "pahiran ng langis" ng propeta ng Panginoon?*

*Makakatulong din sa iyo ang kabanata 17 ng I Samuel para maisip mo ang mga sagot sa mga tanong na ito: Ano ang mga "Goliath" sa buhay mo? Ano ang mga tipan mo sa Panginoon na makapagbibigay sa iyo ng lakas na madaig ang mga "Goliath" mo? Paano maiaangkop sa mga sitwasyon mo sa buhay ang ginawa ni David para magpakita ng pananampalataya sa mga pangako ng Panginoon?*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*I Samuel 17*

**Nagsihanay sa pakikipagbaka** (mga talata 2, 8, 21)—Ilugar ang mga sundalo para sa pakikibaka

**Bayani** (mga talata 4, 51)—Isang lalaking kinatawan ng buong hukbo at kumalaban sa kinatawan ng kabilang hukbo upang maipasiya kung sino ang panalo sa labanan

**Anim na siko at isang dangkal** (t. 4)—Mga sukat ng haba o taas

**Baluti sa katawan** (mga talata 5, 38)—Sandatang yari sa maliliit na pirasong metal na pinagdugtung-dugtong

**Siklo** (mga talata 5, 7)—Isang sukat ng timbang

**Epa** (t. 17)—Mas malaki nang kaunti kaysa isang takal

**Kumuha ng pinakakatunayan** (t. 18)—Mag-ulat tungkol sa kanilang kalagayan.

**Kinaroroonan ng mga karo** (t. 20)—Hanay ng mga sundalo

**Kadustaan** (t. 26)—Kahihiyan

**Gayon ding paraan** (t. 30)—Gaya ng dati

**Tinikmang yumaon** (t. 39)—Sinubukang gamitin

**Natitikman** (t. 39)—Nasusubukan

**Supot pastor** (t. 40)—Bag

**Niwalan ng kabuluhan** (t. 42)—Ininsulto siya dahil bata pa siya para labanan niya

**Mga tungkod** (t. 43)—Mga patpat

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang dalawa sa sumusunod na mga aktibidad (A–C) habang pinag-aaralan mo ang I Samuel 17.

### A Ano ang Sabi Nila?

1. Sumulat ng isang bagay na sinabi ng bawat isa sa sumusunod na mga tao sa I Samuel 17: Goliath, Isai, Eliab, David, at mga lalaki ng Israel.
2. Isulat kung ano sa palagay mo ang dalawang mahahalagang bagay na sinabi o ginawa ni David sa I Samuel 17, at ipaliwanag kung bakit.

### B Magdrowing ng Isang Larawan

Gamitin ang impormasyon sa I Samuel 17 sa pagdodrowing ng ilang bahagi ng kuwento tungkol kina David at Goliath.

### C Gumawa ng Listahan

1. Ilista kung ano sa palagay mo ang tatlong pinakamalalaking tuksong kinakaharap ng mga kaedad mo sa Simbahan sa inyong lugar.
2. Maglista ng limang ideya o sipi mula sa I Samuel 17 na gagamitin mo sa isang pananalitang pinamagatang "Pagdaig sa Ating Sariling mga Hamon sa Buhay."

# I Samuel 18–23

## Hinangad ni Saul na Patayin si David

*Matapos talunin si Goliath, naging bayani ng bayan si David. Inanyayahan siyang manirahan kay Saul, kung saan tinulungan niya nang husto si Saul at naging matalik niyang kaibigan si Jonathan na anak ni Saul. Gayunman, nainggit si Saul sa kabantugan ni David, at ilang beses niya tinangkang patayin at ipapatay si David sa mga kaaway nito.*

*Sa I Samuel 18–23 tinangkang patayin ni Saul si David at patuloy na tumakas at nagtago si David mula kay Saul. Sa kabila ng mga pangyayaring ito, kinaibigan pa rin ni David si Jonathan. Sa ilang pagkakataon, pinrotektahan ni Jonathan si David sa panganib.*

*Sa mga kabanatang ito, makikita natin ang lumalaking agwat ng pagkakaiba ni David, na hinangad na maging*

*mabuti sa paningin ng Diyos, kay Saul, na dahil sa pagsuway at pagtangging magsisi ay nawala sa kanya ang impluwensya ng Diyos. Lalong naging masama at mamamataytao si Saul samantalang tinulungan ng Panginoon si David na makaligtas.*

*Sa katapusan ng mga kabanatang ito, maraming naging alagad si David na umasam sa araw na siya ang maging hari sa Israel.*

# I Samuel 24

## Paggalang sa Hinirang ng Panginoon

*Ang ilang pangyayari kung saan tinangkang patayin ni Saul si David ay nakatala sa I Samuel 18–23. Ikinuwento sa atin sa I Samuel 24 na minsan ay nagkaroon ng pagkakataon si David na patayin si Saul ngunit hindi niya ito ginawa. Ang mga dahilan kaya hindi niya ito ginawa ay makapagtuturo sa atin ng mahalagang aral tungkol sa ating paggalang at katapatan sa mga hinirang ng Panginoon.*

### Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

***I Samuel 24***

**Nagdamdam** (t. 5)—Sinurot ng budhi

**Pinigilan ang kaniyang mga tao** (t. 7)—Hindi pinalusob ang kanyang mga tao

**Puputulin ang aking binhi** (t. 21)—Papatayin ang aking mga anak at kanilang mga anak

**Katibayan** (t. 22)—Lugar na ligtas at tago

### Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

**A Paano Ka Sasagot?**

Iangkop ang dahilan ni David sa hindi pagpatay kay Saul sa isang sitwasyon ngayon kung saan harapang pinipintasan ng mga kaibigan mo ang isang lider ng Simbahan. Isulat kung paano mo ito sasagutin.

# I Samuel 25–26

## Mahalin ang Inyong mga Kaaway

*Ipinakita ni David na magiging mabait siya kay Saul, na nagtangkang patayin siya. Sa I Samuel 25 tinuruan si David na bigyan ng konsiderasyon ang iba tulad ng ginawa niya kay Saul. Humingi ng ilang gamit si David at ang kanyang mga bataan sa isang lalaking nagngangalang Nabal; masama ang pakitungo sa kanila ni Nabal. Bilang tugon, naghandang lumusob si David at ang kanyang mga bataan. Narinig ni Abigail, asawa ni Nabal, ang nangyayari at kumilos nang matalino upang pigilan si David sa pagsalakay at pagpatay sa kanyang asawa. Dahil dito natanto ni David na mali ang ginagawa niyang paghihiganti. Di naglaon, namatay si Nabal, at nalutas din ang problema. Pagkamatay ni Nabal pinakasalan ni David si Abigail at naging isa sa kanyang mga asawa.*

*Nang ibigay ni Jesus ang Sermon sa Bundok, sinabi niya sa mga tao na "ibigin ninyo ang inyong mga kaaway" at "idalangin ninyo ang sa inyo'y nagsisiusig" (Mateo 5:44). Mahigit isang libong taon bago ito, ginamit ni David ang mga alituntuning ito sa pakikitungo niya kay Saul. Habang nagbabasa ka, pag-isipan ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Howard W. Hunter at kung paano ito naaangkop hindi lamang sa kabanatang ito kundi, ang mas mahalaga, sa ating buhay ngayon:*



*"Isipin ang magagawa ng payong ito lamang [ibigin ninyo ang inyong mga kaaway] sa inyo at aking pamayanan, sa mga komunidad na tinitirhan ninyo ng iyong mga anak, sa mga bansang bumubuo sa ating malaking pamilya sa mundo. Nauunawaan ko na may malaking hamon ang doktrinang ito, ngunit tiyak na mas nakalulugod na hamon ito kaysa sa nakahihindik na mga gawaing nakakaharap natin sa digmaan at karukhaan at pasakit na patuloy na kinakaharap ng mundo.*

*"Paano tayo nararapat kumilos kapag tayo ay nasaktan, hindi naunawaan, pinakitunguhan nang masama o hindi makatarungan, o pinagkasalahan? Ano ang nararapat nating gawin kung tayo ay sinaktan ng mga mahal natin, o naunahan ng iba sa pag-asenso sa trabaho, o pinaratangan nang mali, o hindi makatarungang pinulaan ang ating mga motibo?*

*"Gaganti ba tayo? Magpapadala ba tayo ng mas malaking batalyon? Babalikan ba natin ang mata sa mata at ngipin sa ngipin, o … matatanto ba natin na sa bandang huli ay maiiwan tayong mga bulag at bungi?" (sa Conference Report, Okt. 1992, 23; o* Ensign, *Nob. 1992, 18).*

### Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

***I Samuel 26***

**Dako ng mga karo** (mga talata 5, 7)—Protektadong lugar sa gitna ng kampo

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Maghambing

Basahin muna kung ano ang tinangkang gawin ni Saul kay David sa I Samuel 18:10–11; 19:9–12; 24:1–2, at saka repasuhin kung ano ang ginawa ni David kay Saul sa I Samuel 24; 26. Ano ang sinasabi sa atin ng pahayag ni David sa I Samuel 26:23 kung bakit niya ginawa ang ginawa niya sa I Samuel 26? Mag-isip ng isang paraan na maiaangkop mo ang halimbawa ni David sa iyong buhay at simulan itong gawin ngayon.

# I Samuel 27

## Si David sa Piling ng mga Filisteo

*Pagkatapos ng mga nangyari sa I Samuel 26 wala pa ring tiwala si David kay Saul. Sa I Samuel 27 tumakas si David at nanirahan sa piling ng mga Filisteo nang ilang panahon. Ikinuwento rin sa kabanata 27 kung paano niya sinikap sa panahong iyon na tuparin ang orihinal na mga utos ng Panginoon sa mga Israelita na paalisin sa lupain ang lahat ng taong masasama at sumasamba sa mga diyus-diyusan.*

# I Samuel 28

## Espirituwal na Kadiliman sa Buhay ni Saul

*Marahil ang pinakamalungkot na bahagi sa buhay ni Saul ay nakatala sa I Samuel 28. Dahil walang matanggap na paghahayag si Saul mula sa Diyos kung paano niya dapat pamunuan ang Israel, nagtungo siya sa isang manggagaway upang makita kung matutulungan siya ng mga espiritista, o ng mga taong nakikipag-ugnayan sa mga kaluluwa ng mga patay para humingi ng payo. Sa kabanata 28 sinabi ng manggagaway na siya ang nagbangon sa propetang si Samuel mula sa mga patay. Sinabi ni Pangulong Joseph Fielding Smith na dapat maging malinaw na hindi tumutugon ang patay na mga propeta sa tawag ng mga manggagaway at na ang buong pangyayari ay nasa ilalim ng impluwensya ng diyablo, na tiyak na nasiyahan sa nangyari sa buhay ni Saul (tingnan sa* Answers to Gospel Questions, *5 tomo [1957–66], 109).*

# I Samuel 29–31

## Tagumpay ni David at Pagkamatay ni Saul

*Nakatala sa I Samuel 29–31 kung paano nagpasiya ang mga Filisteo na muling lusubin ang mga Israelita. Sa pag-aalalang baka kalabanin sila ni David, hiniling nilang lisanin niya ang kanilang lupain. Lumisan si David at ang kanyang mga bataan. Paglisan nila, patuloy na nilipol ni David at ng kanyang mga bataan ang mga kaaway ng Israel na sumasamba sa mga diyus-diyusan. Nang makakuha ng mga pagkain, gamit, at mga baka si David, ipinadala niya ang ilang bahagi nito sa bawat lungsod sa Juda. Sa ganitong paraan nagsimulang makakuha ng suporta si David para sa panahon na patay na si Saul at siya na ang pinuno sa Israel.*

*Ang aklat ng I Samuel ay nagtatapos sa pagkamatay ng unang hari sa Israel. Nakita ni Saul na matatalo sila sa pakikipaglaban sa mga Filisteo. Sa halip na mamatay sa mga kamay ng mga Filisteo, hiniling ni Saul sa tagadala ng kanyang sandata na patayin siya, ngunit ayaw nito. Kaya dinapaan ni Saul ang kanyang sariling espada at nagpakamatay.*

# Ang Ikalawang Aklat ni Samuel

## Ang Kuwento tungkol sa Ikalawang Hari

Ang kuwento tungkol kay Saul ay matatagpuan sa I Samuel kasama ang kuwento tungkol sa unang hari sa Israel, at nasa II Samuel ang kuwento tungkol sa ikalawang haring si David. Hindi maaaring si Samuel ang sumulat ng aklat ng II Samuel dahil namatay siya bago natapos ang I Samuel. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa I–II Samuel, tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Samuel, Propeta sa Lumang Tipan."

## Mahahalagang Tao sa II Samuel

**Is-boseth**—Anak ni Saul na umangkin sa kaharian pagkamatay ng kanyang ama

**Abner**—Pinuno ng hukbo ni Saul na noong una ay sumuporta kay Is-boseth ngunit kalaunan ay umanib kay David

**Joab**—Pinuno ng hukbo ni David na pumatay kay Abner

**Mephiboseth**—Pilay na anak ni Jonathan at iginalang at pinrotektahan ni David

**Bath-sheba**—Babaeng naging dahilan ng pangangalunya ni David

**Uria**—Asawa ni Bath-sheba na ipinapatay ni David para mapakasalan niya si Bath-sheba

**Nathan**—Propeta noong panahon ni David

**Amnon**—Anak ni David na pinatay ng kanyang kapatid na si Absalom

**Absalom**—Anak ni David na pumatay sa kanyang kapatid at nagtangkang kunin ang kaharian mula sa kanyang ama

## II Samuel 1–3

### Pagkaraang Mamatay ni Saul

*Sa huling kabanata ng I Samuel, mababasa natin na sinubukang utusan ni Saul ang tagadala ng kanyang sandata na patayin siya. Nang umayaw ito, dinapaan ni Saul ang sarili niyang espada at namatay. Sa II Samuel 1 may kuwento tungkol sa isang lalaki na nag-akalang makukuha niya ang simpatiya ni David kapag inako niya ang pagpatay kay Saul. Dinala rin ng lalaking ito ang korona at pulseras kay David na nagpahiwatig na si Saul ang hari. Nang malaman ni David na patay na sina Saul at Jonathan, siya ay nagluksa. Ipinapatay din niya ang lalaking umako sa pagpatay kay Saul. Ang mga huling talata ng II Samuel 1 ay mga kataga ng isang salmo, o awit, na isinulat ni David para sa okasyong iyon.*

*Pagkatapos ay inutusan ng Panginoon si David na magtungo sa lupain ng Juda. Doon ay ginawa siyang hari ng mga tao sa Juda. Sa panahon ding iyon, tumulong ang kapitan ng hukbo ni Saul na maging hari ang anak ni Saul na si Is-boseth sa iba pang dako ng Israel. Ipinaliwanag sa II Samuel 2–3 ang ilang labanan sa pagitan ng mga bataan ni David at ng mga bataan ni Is-boseth. Ipinauunawa sa atin ng mga kabanatang ito na walang hangad si David na maghiganti sa kanyang mga kaaway.*

## II Samuel 4–5

### Naging Hari si David




*Nakatala sa II Samuel 4 na kalaunan ang mga taong naghahangad ng simpatiya ni David ay pinatay si Is-boseth at dinala ang ulo nito kay David. Ipinapatay ni David ang mga lalaking ito dahil sa kanilang ginawa. Sa kabila ng lahat ng tinangkang gawin ni Saul sa kanya, minahal at iginalang ni David si Saul at ang pamilya nito. Dahil patay na si Is-boseth, nilapitan ng iba pang mga pinuno sa Israel si David at hinilingan siya na maging hari nila.*

*Pagkatapos ay ikinuwento sa kabanata 5 ng II Samuel kung paano nabihag ni David ang lungsod ng Jerusalem—isang lungsod na halos tila imposibleng masakop noong mga panahong iyon dahil nasa isang burol ito na naliligiran ng tatlong malalalim na lambak. Napakadaling ipagtanggol ang Jerusalem dahil sa mga lambak na ito. Ang Jerusalem ay isang lungsod na mahalagang makuha dahil naroon ang Bundok Moria kung saan nagtungo si Abraham para isakripisyo si Isaac. Ginawa ni David na kabiserang lungsod ng Israel ang Jerusalem.*

## II Samuel 6

### Nakarating ang Kaban ng Tipan sa Jerusalem



*Matapos mabawi ng mga Israelita ang kaban ng tipan mula sa mga Filisteo, inilagay nila ang kaban sa isang ligtas na lugar at binantayan ito upang hindi na muling makuha. Sa II Samuel 6 ikinuwento kung paano itinatag ni David ang Jerusalem bilang kabiserang lungsod ng Israel at ipinasiyang ilagay roon ang*

*kaban ng tipan bilang simbolo na nakapiling nila ang Panginoon sa kanilang kabisera.*

# II Samuel 7

## Nais ni David na Magtayo ng Templo

*Ano ang madarama mo kung nakaisip at nagplano kang gumawa ng isang bagay para sa Panginoon at sa kanyang Simbahan na akala mo ay napakaespesyal at pagkatapos ay nalaman mo na iba ang nais niyang ipagawa sa iyo? Nakatala sa kabanata 7 ng II Samuel na ganitong-ganito ang nangyari kay David. Habang nagbabasa ka, pansinin kung paano tumugon si David sa sinabi sa kanya ng Panginoon.*

### Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*II Samuel 7*

**Kapahingahan** (mga 1, 11)—Kapayapaan

**Mga tabing** (t. 2)—Toldang nabibitbit, tabernakulo

**Pipighatiin** (t. 10)—Liligaligin

**Na magmumula sa iyong tiyan** (t. 12)—Na iyong tuwirang supling o inapo

**Sasawayin** (t. 14)—Didisiplinahin para mapagmahal na iwasto

**Pamalo** (t. 14)—Isang baston, sanga, o patpat

**Panghampas** (t. 14)—Mahaplit ng baston o latigo

**[Ito ba ang] paraan ng tao** (t. 19)—Ganito ka bang makitungo sa tao

**Itinatag** (t. 24)—Itinalaga, tiniyak

#### II Samuel 7:11—Anong Klaseng Bahay ang Ipinangakong Itayo ng Panginoon para kay David?

Ang "bahay" na nais itayo ni David para sa Panginoon ay isang templo. Ang "bahay" na ipinangakong itayo ng Panginoon para kay David ay isang angkan—lalo na ang isang angkan ng mga pinuno. Bagama't hindi pinayagan si David na magtayo ng templo (tingnan sa aktibidad A sa ibaba), itinayo nga ng Panginoon ang bahay na ipinangako niya kay David. Ang mga hari ng Juda ay mga inapo ni David, katulad ng Hari ng mga Hari—si Jesucristo—na nakatutuwang malaman na nangakong tutulungan ang lahat ng susunod sa kanya na magtamo ng "mga mansiyon" sa mundong darating (tingnan sa Juan 14:1–3).

### Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

#### A Ideya mula sa Ibang Banal na Kasulatan

Basahin ang I Mga Cronica 22:7–8 at ipaliwanag kung bakit ayaw ng Panginoon na magtayo si David ng permanenteng templo.

#### B Ano ang Nadama ni David?

1. Muling basahin ang pambungad sa II Samuel 7 at pag-isipan kung ano ang madarama mo kung ikaw ang nasa sitwasyon ni David. Pagkatapos ay basahin ang II Samuel 7:18–29 at sabihin kung ano ang nadama ni David sa sinabi ng Panginoon sa kanya.
2. Isulat sa iyong notbuk at markahan sa iyong mga banal na kasulatan ang mga bahagi ng mga talatang inaakala mong lubos na nagpapahayag ng damdamin ni David.
3. Ipaliwanag kung bakit mo iniisip na gayon ang nadama ni David.

# II Samuel 8–10

## Pulitikal at Personal na Tagumpay ni David


*Inilarawan sa II Samuel 8, 10 kung paano patuloy na sinakop ni David ang lupaing ipinangako ng Diyos sa mga Israelita. Inutusan ng Panginoon ang mga Israelita na lupigin ang mga tao sa lupaing ipinangako sa kanila noon pang panahon ni Josue, ngunit si David ang siyang ganap na nagsakatuparan ng utos sa bandang huli. Kasabay nito, nakatala na pinamunuan niya nang pantay-pantay ang sarili niyang mga tao. Ang kabanata 9 ng II Samuel ay naglalaman ng magandang halimbawa ng katarungan ni David sa kuwento kung paano niya tinupad ang kanyang pangako kay Jonathan na anak ni Saul na pangalagaan ang pamilya ni Saul.*

### Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*II Samuel 9*

**Nagbigay-galang** (t. 6)—Yumukod sa pagbibigay-galang

## Kaharian ni David




## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ano sa Palagay Mo?

Bakit kaya ikinagulat ng ilang tao ang ginawa ni David sa II Samuel 9 para sa isa sa mga inapo ni Saul?

### B Hanapin ang Talata

Hanapin ang talatang nagtuturo sa atin na tularan ang ginawa ni David sa II Samuel 9. Isulat ang talata sa iyong notbuk at ipaliwanag kung bakit mo pinili ito. Isulat ang reperensya sa mardyin ng II Samuel 9 sa iyong Biblia.

# II Samuel 11–12

## Malalaking Kamalian ni David

*Kung minsan hindi natin nauunawaan ang kahalagahan ng ilan sa "maliliit" na desisyon natin sa ating buhay. Nagbigay si Elder Gordon B. Hinckley ng halimbawa ng kahalagahan ng maliliit na desisyon nang ikuwento niya ang karanasan niya sa pagtatrabaho sa isang kumpanyang nagpapatakbo ng tren. Sabi niya may tumawag sa kanya mula sa New Jersey na dumating ang isang pampasaherong tren nang wala ang mga bagahe.*



*"Natuklasan namin na naihanda nang maayos ang tren sa Oakland, California, at nakarating sa St. Louis. … Ngunit sa garahe sa St. Louis, hinugot nang tatlong pulgada lang ng isang pabayang tagapihit ng direksyon ng riles ang isang piraso ng bakal.*

*"Ang piraso ng bakal na iyon ang pihitan, at ang tren na dapat sana ay nasa Newark, New Jersey, ay nasa New Orleans, Louisiana, labintatlong daang milya ang layo" (sa Conference Report, Okt. 1972, 106; o* Ensign, *Ene. 1973, 91).*

*Nang una mong mabasa ang tungkol kay David, mukha siyang ulirang hari sa Israel. Nakatala sa mga kabanata 1–10 ng II Samuel ang malaking tagumpay niya bilang pinuno ng bansa. Habang binabasa mo ang II Samuel 11–12, hanapin ang "mga pihitan" sa buhay ni David na naglagay sa kanya sa isang "landas" na kaiba sa sinimulan niya noong kanyang kabataan.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

### *II Samuel 11*

**Pagpihit** (t. 1)—Pagtatapos

**Kinubkob** (t. 1)—Sinalakay

**Malinis sa kaniyang karumihan** (t. 4)—Malinis batay sa seremonya na bahagi ng batas ni Moises patungkol sa mga siklo ng pagreregla at pagdadalantao

**Ibinilin** (t. 19)—Iniutos

### *II Samuel 12*

**Humihiga sa kaniyang sinapupunan** (t. 3)—Tumatabi sa kanya sa higaan

**Niwalang kabuluhan** (mga talata 9–10)—Binalewala

**Magsipanungayaw** (t. 14)—Magpahayag ng malaking kawalang-galang sa Panginoon at sa kanyang relihiyon

**Ilalim** (t. 31)—Pinagtrabaho gamit ang

### II Samuel 12:1—"Sinugo ng Panginoon si Nathan kay David"

Kapag ang pagsisisi ay tunay at taos, ang makasalanan ay nagtatapat sa Diyos, sa mga nasaktan niya, at sa kanyang lider ng priesthood kapag mabigat ang kasalanan na tulad ng kay David (tingnan sa D at T 58:42–43). Gayunman, ang pag-uusap nina David at Nathan ay nangyari matapos isilang ang anak nina David at Bath-sheba. Samakatwid, ang pag-uusap ay mga siyam na buwan na pagkaraan ng unang pagkakasala ni David. Bukod pa rito, kinailangang isugo ng Panginoon si Nathan kay David sa halip na si David ang magtungo kay Nathan upang magtapat. Ano ang matututuhan mo tungkol sa hinagpis at pagsisisi ni David kung kinailangang pumunta ni Nathan kay David, pagkaraan ng napahabang panahon, upang harapin siya tungkol sa kanyang kasalanan?

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang dalawa sa sumusunod na mga aktibidad (A–E) sa iyong pag-aaral.

### A Mga Pihitan

Gawin sa iyong notbuk ang sumusunod na tsart, at punan ang mga puwang ng impormasyong natutuhan mo mula sa II Samuel 11 at gayundin ng sarili mong mga ideya. Maaaring magkaroon ng mahigit sa isang bagay sa gitnang hanay.

**Mga Desisyong Nagpabago sa Buhay ni David**

| Mga talata | Ang ginawa ni David | Ang dapat sanang ginawa ni David |
|---|---|---|
| 1 | | |
| 2 | | |
| 3 | | |
| 4 | | |
| 6–8, 14–17 | | |
| 26–27 | | |

### B Mga Pihitan Ngayon

Napansin mo siguro na bawat "pihitan" ay lalong nagpalapit kay David sa pagkakasala. Sumulat ng maikling liham na parang sumusulat ka sa isang kaedad mo at binabalaan siya tungkol sa "mga pihitan" na pinaniniwalaan mong makakaharap niya na maaaring humantong sa imoralidad. Maaaring maglaan ng ilang mungkahi ang buklet na *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (34285 893). Gamitin din ang kuwento tungkol kay David para maipakita sa taong ito ang mga bunga ng gayong mga pagpapasiya.

### C Bigyang-Kahulugan ang Talinghaga

Ipaliwanag ang talinghaga ni Nathan sa II Samuel 12:1–4 ayon sa pagkaangkop nito kay David. Sabihin kung ano ang kinakatawan ng bawat partikular na bahagi ng talinghaga.

### D Damdamin ng Paghihinagpis

Matapos kausapin si Nathan, isinulat ni David ang Awit 51. Basahin ang Awit 51 at isulat kung ano sa palagay mo ang sasabihin ni David sa isang taong naniniwala na hindi dapat magalala magkasala ka man dahil maaari kang magsisi kahit kailan (tingnan din sa D at T 132:38–39).

### E Isang Malaking Pagbabago

Ihambing ang klase ng pagkatao ni David nang labanan niya si Goliath sa klase ng pagkatao niya sa II Samuel 11–12 nang makagawa siya ng mabibigat na kasalanan. Sa palagay mo, bakit may gayong pagkakaiba? Paano nakakapagbago nang gayon kalaki ang mga tao?

# II Samuel 13–14

## Ang mga Kasalanan ng mga Anak ni David

*Ang kasalanan ay laging nakakaapekto sa mga nasa paligid natin—lalo na sa ating pamilya. Kadalasan may epekto ang halimbawa ng mga magulang sa ugali ng kanilang mga anak. Higit pa rito, kapag nagpakita ng masamang halimbawa ang mga magulang, napakahirap iwasto ang masamang ugali ng kanilang mga anak. Habang binabasa mo ang II Samuel 13–14, pag-isipan kung paano nakatulad sa ginawa ni David ang ginawa ng kanyang mga anak. Isipin din kung ano ang gagawin mo kung ikaw ang nasa gayong mga sitwasyon.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*II Samuel 13*

**Nagdamdam** (t. 2)—Nagalit, laging nag-iisip

**Kaululan** (t. 12)—Kamalian

**Hindi ako ipagkakait sa iyo** (t. 13)—Papayag siyang magpakasal tayo

**Huwag mong isapuso ang bagay na ito** (t. 20)—Huwag mong ipangalandakan

**Nagpighati** (t. 20)—Lubhang nalungkot

**Mabigat na pasan** (t. 25)—Pasanin

*II Samuel 14*

**Ang puso ng hari ay nahihilig kay Absalom** (t. 1)—Minahal at inalala ni David si Absalom.

**Mayroon** (t. 5)—Mga problema

**Papatayin ang aking baga** (t. 7)—Patayin ang aking apoy (Isang kataga na nangangahulugang "iwan ako na walang pag-asa")

**Labi** (t. 7)—Mga anak

**Ipinabalik** (t. 13)—Dinala

**Itinapon** (mga talata 13–14)—Pinalayas

**Kung kaya** (t. 15)—Ito ang dahilan

**Magdidili** (t. 17)—Tingnan ang pagkakaiba sa pagitan ng [dalawang bagay]


**Ipinagupit** (t. 26)—Ipinaahit

### II Samuel 13—Kinamuhian ni Amnon ang Kanyang Kapatid na Babae sa Halip na Mahalin Ito

Sabi ni Pangulong Ezra Taft Benson,

"Walang nagtatagal na kaligayahan sa imoralidad. … Kabaligtaran nito ang totoo. Maaaring may pansamantalang kasiyahan. … Ngunit kaagad pumapakla ang relasyon. Nadarama ang pagsisisi at pagkapahiya. … Nagsisimulang mamatay ang pag-ibig. Nagsisimulang magkaroon ng kapaitan,

pagseselos, galit, at maging pagkamuhi. Lahat ng ito ay mga likas na resulta ng kasalanan at paglabag.



"Sa kabilang dako, kapag sinunod natin ang batas ng kalinisang-puri at nanatiling malinis ang ating moralidad, madarama natin ang mga pagpapala ng ibayong pag-ibig at kapayapaan, higit na tiwala at paggalang sa ating kabiyak, higit na katapatan sa isa't isa, at, samakatwid, isang malalim at malaking kagalakan at kaligayahan" ("The Law of Chastity," sa *Brigham Young University 1987–88 Devotional and Fireside Speeches* [1988], 51).

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Basahin at Sagutin

Basahin ang II Samuel 14:14 at sagutin ang tanong na ito: Anong "paraan" (mga plano) ang "nahanap" (nalikha) ng Diyos para tulungan ang mga taong "itinapon" (pinalayas mula sa kanyang harapan) para hindi sila mamalaging "itinapon" (pinalayas) mula sa kanya?

# II Samuel 15–18

## Hinangad ni Absalom na Maging Hari

*Ikinuwento sa mga huling talata ng II Samuel 14 kung paano mapagmahal na tinanggap si Absalom ng kanyang amang si David sa Jerusalem. Ikinuwento sa kabanata 15 ng II Samuel kung paano naglibot si Absalom para kunin ang suporta ng mga tao na ibagsak si David bilang hari. Nang marinig ni David na nakuha ni Absalom ang simpatiya ng mga tao, itinuring niya ang mga nangyari bilang parusa ng Diyos sa mga bagay na nagawa niya. Nilisan niya ang Jerusalem nang may pagpapakumbaba, na umaasang kaaawaan siya ng Panginoon.*

*Ang kuwento ng pagtatangka ni Absalom na iluklok ang sarili sa trono bilang bagong hari ay nasa II Samuel 16–17. Tinanggap niya ang ilan sa mga tagapayo at lingkod ni David na umasang makakuha ng tulong sa pulitika. Hinikayat ng isa sa kanila si Absalom na sipingan ang mga babaeng kinakasama ng kanyang ama bilang simbolo na siya na ngayon ang hari. Ito ay katuparan ng isa sa mga propesiya ni Nathan (tingnan sa II Samuel 12:11–12).*

*Sa huli, nahikayat si Absalom na lumabas at kalabanin si David at ang mga bataan nito. Ang kuwento kung paano natagpuan at pinatay ni Joab si Absalom ay nasa II Samuel 18. Nanangis si David nang marinig niya ang balita. Marahil isa sa mga dahilan kaya nanangis si David ay nang makita niya ang sarili niyang mga kasalanan sa buhay ng kanyang mga anak.*

# II Samuel 19–20

## Patuloy na mga Problema ni David

*Nagsimula ang kabanata 19 ng II Samuel sa paglalahad tungkol sa patuloy na kalungkutan ni David sa pagkamatay ni Absalom. Sinabi ni Joab kay Haring David na maraming taong nalilito sa pagtangis niya sa pagkamatay ng isang taong nagtangkang ibagsak siya bilang hari at kalabanin siya. Sinabi ni Joab na mukhang mahal ni David ang kanyang mga kaaway at kinamumuhian ang kanyang mga kaibigan. Ikinuwento sa natitirang bahagi ng II Samuel 19 kung paano sinunod ni David ang payo ni Joab at tinangkang maging mabait kapwa sa mga kaibigan at dating mga kaaway. Halimbawa, si Absalom ang karaniwang sinusuportahan ng lipi ni Juda.*

*Inanyayahan ni David ang Juda na suportahan siyang muli at sinabing pamamahalain niya sa kanyang hukbo ang isa sa kanila. Gayunman, ikinagalit ito kapwa ni Joab at ng ibang lipi ni Israel. Nakatala sa II Samuel 20 ang himagsikan ng ibang lipi sa Israel nang tangkain nilang iluklok sa trono bilang hari ang ibang lalaki. Pinigil ng mga bataan ni David, na pinamunuan ni Joab, ang himagsikan—matapos patayin ni Joab ang lalaking pinamahala ni David sa hukbo.*

*Nag-iwan ng impresyon sa atin ang mga kabanata 19–20 ng II Samuel na samantalang kadalasan ay mabuti ang mga hangarin ni David, nawala ang matalinong paghatol na taglay niya noong kabataan niya.*

# II Samuel 21–23

## Iba Pang Bagay Tungkol kay David

*Maaaring hindi tama ang pagkakasalin ng kuwento sa II Samuel 21 o nagpapakita ito na talagang nag-apostasiya nang husto si David. Hinding-hindi sasang-ayunan ng Diyos na mamatay ang mga apo ng isang tao dahil sa ginawa ng kanilang lolo. Ang ideya na iniutos ng Diyos na maghain ng tao para wakasan ang taggutom ay maling doktrina, gaya ng doktrina ng pagsamba sa diyus-diyusan.*

*Ang mga kabanata 22–23 ng II Samuel ay hindi naman talaga karugtong ng kasaysayan ni David ngunit inilagay ito ng may-akda sa dulo ng II Samuel upang ibuod ang ilang bagay tungkol kay David at sa kanyang kaharian. Ang kabanata 22 ng II Samuel ay isang awit ni David. Ikinuwento sa kabanata 23 ang tungkol sa "malalakas na lalake" ni David, o ang mga kawal sa kanyang hukbo.*

## II Samuel 24

### Iba pang mga Kamalian ni David

*Kabanata 24 ang huling kabanata ng II Samuel; nakatala roon na determinado si David na bilangin ang mga tao sa Israel. Sabi sa talaan, nagalit sa kanya ang Panginoon nang gawin niya ito. Maliwanag na binilang ni David ang mga tao upang malaman kung gaano siya talaga katagumpay bilang hari. Gayunman, ang Panginoon ang nagbigay ng lakas kay David upang malupig ang mga kaaway ng Israel. Ang kasalanan ni David ay pag-angkin sa tagumpay ng Israel.*

*Sa huling bahagi ng II Samuel 24, bumili si David ng giikan sa isang lalaki. Sa giikang iyon nag-alay ng sakripisyo si David sa Panginoon para sa kanyang mga kasalanan. Ang giikang ito ang tradisyunal na lugar kung saan inialay ni Abraham si Isaac, at siyang lugar kung saan itinayo ni Salomon na anak ni David ang templo. Ngayon ay isang moske ng Muslim ang nakatayo sa lugar na ito at tinatawag iyon na "Dome of the Rock."*

# Ang Unang Aklat ng Mga Hari


## Buod ng Aklat

Unang Mga Hari ang ikatlong aklat sa grupo ng apat na aklat na nagkuwento ng kasaysayan ng Israel noong panahong pinamunuan sila ng mga hari. Ang aklat ay nagsimula kay Salomon na napili bilang haring kahalili ni David. Saklaw nito ang halos isang daan at dalawampung taon ng kasaysayan, na nagtatapos sa kuwento tungkol kay Achab, isa sa pinakamasasamang hari sa kasaysayan ng Israel. Hinarap ng ating Ama sa Langit si Achab sa pagsusugo ng isang tao na may mga katangiang higit pa sa kanyang atas, ang propetang si Elias. Kadalasang iginalang bilang pinakadakilang propeta ng Israel, ipinakita ni Elias ang kapangyarihan ng Diyos laban sa diyus-diyusang si Baal sa madulang paraan sa Bundok ng Carmelo. Bagama't inilahad sa I Mga Hari ang ilang kasaysayang pampulitika, ang aklat ay higit na isang kasaysayan kung paano tinupad ng mga pinuno sa pulitika ang mga tipan na ginawa ng Diyos sa Israel, lalo na patungkol sa pagsamba sa diyus-diyusan. Ang pangunahing tuon ay sa mga haring iyon na bantog na bantog sa pagtupad o hindi pagtupad sa tipan at sa mga propetang nangaral sa kanila. Matututo tayo ng mga aral kapwa mula sa mabubuti at masasamang halimbawa sa I Mga Hari.

## Pagsamba kay Baal

Ang pagsamba sa diyus-diyusang si Baal ay maraming beses binanggit sa I–II Mga Hari. Si Baal ang diyus-diyusan ng marami sa mga karatig-pook ng Israel. Ang mga sumamba sa kanya ay naniwala na tinulungan niya silang payabungin ang kanilang mga pananim at paramihin ang kanilang mga alagang hayop. Kabilang sa huwad na relihiyong ito, na binigyang-inspirasyon ni Satanas, ang kahalayan sa pagsamba at binansagan ito ng mga propeta na "ang kahihiyan" (tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Baal"). Sa iba't ibang panahon, maraming Israelitang tumalikod sa Diyos at sinira ang kanilang sarili sa pamamagitan ng relihiyong ito sa halip na sambahin ang tunay at buhay na Diyos.

**Time Line para sa I Mga Hari**




Tala: Lahat ng petsa ay tinantiya.

# I Mga Hari 1–2

## Ang Pagkamatay ni David

*Nang tumanda na si David, maraming nag-isip kung sino ang hahalili sa kanya pagkamatay niya. Nakalahad sa kabanata 1 ng I Mga Hari na isa sa mga anak ni David, si Adonia (nakababatang kapatid ni Absalom), ang gustung-gustong maging susunod na hari. Sinuportahan siya ni Joab, ang pinunong militar ni David, at ni Abiathar, ang saserdote. Ngunit nangako si David kay Salomon (anak ni Bath-sheba) na siya ang susunod na hari. Ipinaalala ng propetang si Nathan, kasama si Bath-sheba, kay David ang tungkol dito at hinikayat siyang ipahayag sa publiko na si Salomon ang susunod na hari ng Israel. Mahalagang unawain na pinasakay ni David si Salomon sa kanyang asno bilang tanda sa mga tao na siya ang kahalili ni David.*

*Nang malaman ni Adonia na ipinahayag na si Salomon sa publiko, natakot siya na baka siya patayin ni Salomon. Gayunman, nangako si Salomon kay Adonia na hindi niya ito sasaktan. Sa I Mga Hari 2 muling tinangka ni Adonia na maging hari sa paghahangad na pakasalan ang isa sa mga asawa ni David pagkamatay ng huli. Dahil sa pagtataksil na ito siya ay ipinapatay.*

*Ang kuwento ng pagkamatay ni David ay mababasa rin sa I Mga Hari 2. Bago namatay si David, pinagbilinan niya si Salomon, kabilang na ang pagpaparusa kay Joab sa pagpatay sa mga inosenteng tao at kay Abiathar sa pagsuporta kay Adonia bilang hari.*

### Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

#### A Maghanda ng Isang Pananalita

Halimbawa'y naatasan kang magsalita tungkol sa "Mga aral na matututuhan natin mula sa buhay ni Haring David." Bumanggit ng apat na paksang isasama mo sa iyong pananalita. Pagkatapos ng bawat paksa, bumanggit ng isang kuwento sa buhay ni David (at kung saan ito matatagpuan sa mga banal na kasulatan) na gagamitin mo para ituro ang paksang iyon.

# I Mga Hari 3

## Ano ang Ibibigay Ko sa Iyo?

*Kung maaari mong makuha sa Panginoon ang anumang gustuhin mo, ano ang hihilingin mo? Bakit? Nakatala sa kabanata 3 ng I Mga Hari na nagkaroon ng ganitong pagkakataon si Salomon. Tingnan kung paano maihahambing ang kanyang hangarin sa hangarin mo.*

### Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

***I Mga Hari 3***

**Mga palatuntunan** (mga talata 3, 14)—Mga batas

**Iyong lingkod** (t. 7)—Ako (patungkol sa sarili)

**Ang pagmamahal ay nagniningas** (t. 26)—Matindi ang pagmamahal

### Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

#### A Bago, Habang, at Pagkatapos

Sa I Mga Hari 3, nagkaroon ng espesyal na karanasan sa Panginoon si Salomon sa isang panaginip. Sagutin ang sumusunod na mga tanong tungkol sa karanasang ito:

***Bago.*** Ano na ang nangyari upang ipakita kay Salomon kung gaano kahirap maging hari?

***Habang.*** Sa palagay mo, bakit humingi si Salomon ng nakauunawang puso sa halip na ibang bagay? Anong mga bagay na *hindi* hiniling ni Salomon ang tila nakasiya sa Panginoon?

***Pagkatapos.*** Paano ipinakita ni Salomon na natanggap niya ang espirituwal na kaloob na ito sa simula ng kanyang paghahari?

#### B Paano Ako Magkakaroon ng Karunungan?

Basahin ang sumusunod na mga banal na kasulatan at ilista kung ano raw ang magagawa mo upang maragdagan ang iyong karunungan at pang-unawa: Alma 37:35–37; Doktrina at mga Tipan 89:18–21; 136:32–33.

# I Mga Hari 4

## Inorganisa ni Salomon ang Kaharian

*Sa I Mga Hari 4 ipinaliwanag nang maikli kung paano inorganisa ni Salomon ang pamahalaan ng kanyang kaharian sa labindalawang distrito. May ilang paliwanag din sa kabanata 4 tungkol sa yaman at kaunlaran ni Salomon at ng Israel sa panahong iyon. Naging bantog ang karunungan at kaunlaran ni Solomon at ng Israel kaya naghangad ng karunungan at payo ni Salomon ang mga pinuno ng marami pang ibang bansa.*

# I Mga Hari 5–7


## Nagtayo ng Templo si Salomon

*Dahil bihasa sa digmaan, hindi pinayagan ng Panginoon si David na magtayo ng templo. Gayunman, pinangakuan ng Panginoon si David na maghahari ang kanyang anak sa kapayapaan at magtatayo ng templo (tingnan sa I Mga Cronica 22:8–10). Inilahad sa mga kabanata 5–7 ng I Mga Hari ang pagtatayo ng templong iyon, na nakilalang templo ni Salomon.*

*Sa I Mga Hari 5 inilahad sa atin ang kasunduan nina Salomon at Hiram, hari ng Tiro. Kumuha ng puno ng sedro si Salomon mula sa Lebanon (bahagi ng lupaing pinamunuan ni Hiram) kapalit ng trigo at langis mula sa Israel. Bukod dito, mababasa natin na nagpatupad si Salomon ng "buwis sa trabaho" kaya kinailangan ng mga tao sa Israel na gumugol ng ilang panahon sa Lebanon sa paghahanda ng puno ng sedro na dadalhin sa Jerusalem para sa templo.*

*Sa I Mga Hari 6 inilarawan ang ilan sa mga kagamitan ng templo at mga materyales na bumuo rito. Nakatala rin sa kabanatang ito ang pangako ng Panginoon kay Salomon na kung ipamumuhay ng mga tao ang mga batas na nauugnay sa templo, mananahan ang Panginoon sa kanyang bahay sa piling nila.*

*Binanggit sa kabanata 7 ng I Mga Hari na nagtayo rin ng bahay si Salomon para sa kanyang sarili na inabot ng labintatlong taon para matapos, habang inabot lang ng pitong taon ang templo. Muli ring binigyang-diin sa kabanata 7 ang ideya na napakahusay ng pagkagawa ng templo. Iyan din ang nangyayari ngayon. Mababanaag sa paraan ng pagtatayo natin ng bahay ng Diyos kung paano natin sinasamba ang Panginoon.*



# I Mga Hari 8

## Ang Templo ay Inilaan

*Sabi ni Pangulong Joseph Fielding Smith, "Kapag naglalaan tayo ng bahay sa Panginoon, ang talagang ginagawa natin ay inilalaan natin ang ating sarili sa paglilingkod sa Panginoon, na may pakikipagtipan na gagamitin natin ang bahay sa paraang nilayon Niya na gamitin ito" ("Hyrum Smith Honored By Pres. Smith,"* Church News, *12 Peb. 1972, 4).*

*Sa ating panahon, bawat templong itinatayo ng Simbahan ay inilalaan sa panalangin ng isang miyembro ng Unang Panguluhan. Inihanda ni Propetang Joseph Smith sa pamamagitan ng inspirasyon ang unang panalangin ng paglalaan sa ating dispensasyon at binasa ang panalangin sa paglalaan ng Kirtland Temple. Ang panalangin ay nakatala sa bahagi 109 ng Doktrina at mga Tipan. Mula noon, sinunod na ng mga Pangulo ng Simbahan ang huwarang ipinakita ni Propetang Joseph.*

*Ang paglalaan ng templong itinayo sa pamamahala ni Salomon ay matatagpuan sa I Mga Hari 8. Habang nagbabasa ka, maghanap ng mga pahayag na nagtuturo sa atin tungkol sa kahalagahan ng mga templo.*



### Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*I Mga Hari 8*

**Sanggunian** (mga talata 6, 8)—Looban, pinakabanal na dako ng templo ni Salomon

**Mga pingga** (mga talata 7–8)—Mga posteng ginamit upang dalhin ang kaban (tingnan ang paglalarawan sa p. 52)

**Pamanhik** (mga talata 28, 30, 33, 45, 47, 49, 52, 59)—Mapakumbabang dalangin

**Pinighati** (t. 35)—Inaba

**Alalayan** (mga talata 45, 49, 59)—Tulungan

**Kalikuan** (t. 47)—Kamalian

**Ihilig** (t. 58)—Ibaling, iharap, himukin

### I Mga Hari 8:12—"Ang Panginoo'y Nagsabi na Siya'y Tatahan sa Salimuot na Kadiliman"

Ang salin ng mga salitang Hebreo na "salimuot na kadiliman" ay mga katagang kumakatawan sa nalambungang kaluwalhati-an ng Diyos (tingnan sa R. Laird Harris, ed. *Theological Wordbook of the Old Testament,* 2 tomo [1980], 2:698 [1701b]). Sa madaling salita, nangako ang Diyos na mananahan siya nang malapit sa kanyang mga tao ngunit matatago sa kanilang paningin.

### I Mga Hari 8:22–54—Ang mga Pagpapala ng Templo

Ang panalanging inialay ni Salomon sa paglalaan ng templo ay matatagpuan sa I Mga Hari 8:22–54. Nanalangin si Salomon na maging pagpapala ang templo sa mga tao sa ilang natatanging paraan. Marami sa mga paraang ito ang angkop pa rin sa mga templo natin ngayon. Sabi ni Pangulong Ezra Taft Benson, "Ipinapangako ko sa inyo na, sa mas madalas na pagpunta ninyo sa mga templo ng ating Diyos, tatanggap kayo ng iba-yong pansariling paghahayag na magpapala sa inyong buhay habang pinagpapala ninyo ang mga yumao na" (sa Conference Report, Abr. 1987, 108; o *Ensign,* Mayo 1987, 85).

Sabi ni Pangulong Howard W. Hunter,

"Inaanyayahan ko ang mga Banal sa mga Huling Araw na itu-ring ang templo ng Panginoon na dakilang simbolo ng inyong pagiging miyembro. …

"Lahat ng pagsisikap nating ipahayag ang ebanghelyo, pasak-dalin ang mga Banal, at tubusin ang mga patay ay humahan-tong sa banal na templo. Ito ay dahil ang mga ordenansa sa templo ay talagang napakahalaga; hindi tayo makababalik sa kinaroroonan ng Diyos kung wala sila" (sa Conference Report, Okt. 1994, 8, 118; o *Ensign,* Nob. 1994, 8, 88).

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Sumulat ng Salaysay ng Isang Saksi

Halimbawa'y napili kang sumulat ng salaysay ng isang saksi sa paglalaan ng templo para sa inyong lokal na pahayagan. Dahil sa limitadong espasyo, kailangan ay hindi hihigit sa limampung salita ang iyong artikulo. Isulat ang artikulo sa iyong notbuk.

### B Mga Pagpapala ng Templo

Maglista ng kahit apat na pagpapala lang na ipinagdasal ni Salomon na dumating sa mga tao dahil sa templo (tingnan sa I Mga Hari 8:22–54).

### C Opsyonal na Aktibidad—Impluwensya ng Templo

Isulat ang pinakamagandang karanasan mo na may kinalaman sa templo. Isiping kunan ng larawan ang templong pinakamalapit sa iyo at isabit ito kung saan madalas mong makikita ang templo.

# I Mga Hari 9

## Nagpakita ang Panginoon kay Salomon

*Sabi ni Pangulong Heber J. Grant, "Iisang landas lang ang patungo sa kaligtasan para sa mga Banal sa mga Huling Araw, at iyon ay ang landas ng tungkulin. Ikaw at ako ay hindi maliligtas sa patotoo, sa kagila-gilalas na mga pagpa-pakita, sa pagkaalam na ang Ebanghelyo ni Jesucristo ay totoo, … kundi sa pagsunod sa mga utos ng Diyos, sa pamumuhay bilang isang Banal sa mga Huling Araw" ("The President Speaks: Excerpts from the Utterances of Heber J. Grant,"* Improvement Era, *Nob. 1936, 659).*

*Si Salomon at ang mga Israelita ay nagkaroon ng maga-gandang espirituwal na karanasan sa paglalaan ng templo, ngunit hindi ginagarantiyahan ng mga espirituwal na karanasan ang kaligtasan (tingnan sa D at T 3:4). Nakatala sa kabanata 9 ng I Mga Hari na sinabi ng Panginoon kay Salomon kung ano ang ipinagagawa ng Panginoon para makapiling siya ng kanyang mga tao. Hanapin ang mga bagay na ito na kailangang gawin habang nagbabasa ka.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*I Mga Hari 9:1–9*

**Kawikaan at kakutyaan** (t. 7)—Pag-uusapan at pagtatawa-nan ng mga tao

**Susutsot** (t. 8)—Magsasalita nang walang galang o mang-iinsulto

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Tukuyin ang mga Utos at Kahihinatnan

| Kung | Sa gayon |
|---|---|
| | |

Gumawa ng tsart na gaya ng makikita rito at punan ito ng sinabi ng Panginoon kay Solomon sa I Mga Hari 9:1–9.

# I Mga Hari 10

## Dumalaw ang Reina ng Seba

*Kung may dumalaw sa iyo na taga-ibang bansa at pinanood ang pang-araw-araw mong mga aktibidad, magkakaroon o mawawalan ba sila ng interes sa iyong Diyos at relihiyon? Sa I Mga Hari 10 matututuhan natin ang tungkol sa isang espesyal na bisita (ang reina ng Seba) na dumalaw kay Salomon dahil hindi niya pinaniwalaan ang lahat ng dakilang bagay na narinig niya tungkol dito. Matapos dalawin si Salomon, hangang-hanga si Seba, lalo na sa karunungan at yaman nito. Ang natitirang bahagi ng kabanata 10 ay naglalarawan ng mga bagay na maaaring nakita at napansin ni Seba kaya naging kahanga-hangang hari si Salomon.*

# I Mga Hari 11

## Tinalikuran ni Salomon ang Panginoon

*Kung may matututuhan tayo sa mga kuwento tungkol sa unang dalawang hari ng Israel, iyon ay ito: gaano ka man kabuti o kapalad sa simula, dapat kang magtiis hanggang wakas. Ang katotohanang ito ang dahilan kaya naging mas kataka-taka ang kasaysayan ni Salomon. Bakit hindi siya tapat na nagtiis hanggang wakas? Habang binabasa mo ang I Mga Hari 11, pansinin ang nangyari dahil sa hindi naging tapat si Salomon sa Panginoon.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

***I Mga Hari 11***

**Taga ibang lupa** (mga talata 1, 8)—Banyaga

**Nasabid** (t. 2)—Napalapit

**Babae** (t. 3)—Mga babaeng kasal sa isang lalaki ngunit mas mababa ang katayuan kaysa isang "asawa," karaniwan ay gumaganap ng mga tungkulin ng isang kasambahay

**Aagawin** (mga talata 11–13)—Sisirain

**Gayon man** (mga talata 13, 22, 34)—Subalit

**Sira** (t. 27)—Mga puwang sa pader na hindi pa yari

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Pag-aasawa sa labas ng Tipan

1. Sa I Mga Hari 3:1 mababasa natin na nag-asawa si Salomon ng isang babaeng hindi Israelita. Anak ito ng faraon ng Egipto. Tila matalinong gawin na pakasalan ang anak ni Faraon dahil hindi karaniwang sinasalakay ng isang hari ang isa pang haring kasal sa kanyang anak. Pag-aasawa ang pinaka-karaniwang paraan ng pakikipagkasundo sa mga panahong iyon. Sa Deuteronomio 7:1–4 nagpayo ang Panginoon tungkol sa pag-aasawa sa labas ng tipan. Paano naaangkop ang payo sa Deuteronomio kay Salomon sa I Mga Hari 11:1–8?
2. Magbigay ng halimbawa kung paano naaangkop ang alituntuning ito ngayon sa mga kaedad mo.

### B Ano ang mga Bunga?

Bumanggit ng kahit dalawang bagay lang na nangyari nang ilayo ni Salomon ang kanyang puso sa Panginoon (tingnan sa I Mga Hari 11:11–40).

# I Mga Hari 12

## Nahating Kaharian




*Sa I Mga Hari 11 mababasa natin na sinabi ng propetang si Ahias sa isang lalaking nagngangalang Jeroboam, mula sa lipi ni Ephraim na tumulong kay Salomon, na maghahari si Jeroboam sa sampung lipi ni Israel. Batid ni Salomon ang paghihimagsik ni Jeroboam at tinangka niyang patayin ito, ngunit tumakas si Jeroboam.*

*Pagkamatay ni Salomon, ang anak niyang si Roboam ang naging hari. Nang mamatay si Salomon, marami sa Israel ang hindi masaya sa maraming buwis na ipinataw sa kanila nito. Naghintay silang masuportahan si Roboam hanggang sa sabihin nito sa kanila kung ano ang gagawin niya tungkol sa mga buwis. Sa panahong ito nangyari ang mga kaganapan sa I Mga Hari 12.*

*Sa I Mga Hari 12 humingi ng payo si Roboam mula sa iba't ibang grupo ng mga tao kung ano ang dapat niyang gawin. Sino ang iba't ibang tao sa buhay mo na pumapatnubay sa iyo? Kaninong payo ang pinakikinggan mo, at bakit? Habang nagbabasa ka, sikaping wariin na ikaw si Roboam. Kaninong payo ang pipiliin mo at bakit? Kanino tayo makahihingi ng patnubay at inspirasyon sa pang-araw-araw nating buhay?*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*I Mga Hari 12*

**Atang** (mga talata 4, 9–11, 14)—Pasanin

**Tinalikdan** (t. 8)—Tinanggihan

**Inakala** (t. 33)—Gawa-gawa

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ano ang Dapat Niyang Gawin?

1. Gumawa ng tsart na gaya ng makikita rito at punan ito para maikuwento ang nasa I Mga Hari 12:1–20.

| | |
|---|---|
| Ang problema (tingnan sa mga talata 1–5) | |
| Payo ng "matatanda" (tingnan sa mga talata 6–7) | |
| Payo ng "mga binata" (tingnan sa mga talata 9–11) | |
| Ang ginawa ni Roboam (tingnan sa I Mga Hari mga talata 8, 12–15) | |

2. Sa palagay mo, bakit ipinasiya ni Roboam na sundin ang payo ng mga binata?
3. Anong grupo ng mga tao ang nagsisikap impluwensyahan ang iyong mga desisyon? Paano mo pipiliin kung aling payo ang susundin mo? Bakit mahalaga ang panalangin sa pagdedesisyon? (tingnan sa D at T 30:1–2).

### B Ano ang Gagawin Mo?

1. Sa kuwento sa I Mga Hari 12:25–33, ano ang ipinag-alala ni Jeroboam?
2. Kung nakatira ka sa Israel noong panahong iyon, ano kaya ang tamang gawin, at bakit?

# I Mga Hari 13–14

## Dobleng Problema

*Sa I Mga Hari 13–14 sinabi sa atin kung paano inakay kapwa ni Jeroboam at Roboam ang kanilang mga tao na magkasala. Ang mahalagang pansinin, ang mga kabanata 13–14 ay kapwa naglalaman ng salaysay ng mga karanasan ni Jeroboam na nakatulong sanang makilala niya ang kapangyarihan ng Diyos. Magkagayunman, mababasa natin na si Jeroboam "ay hindi tumalikod sa kaniyang masamang lakad" (I Mga Hari 13:33).*

*May kuwento rin sa kabanata 13 ng I Mga Hari tungkol sa isang propetang magpapaunawa sa atin ng kahalagahan ng pagsunod.*

*Sa I Mga Hari 14 matututuhan natin na, gaya ni Jeroboam, tinulutan din ni Roboam ang pagsamba sa mga diyus-diyusan sa lupain. Nawala ang nangangalagang kamay ng Panginoon dahil sa kanyang pagsuway, kaya hindi napigil ni Roboam ang hari ng Egipto sa pagbihag at pagkuha ng mahahalagang bagay mula sa templo sa Jerusalem.*

# I Mga Hari 15–16

## Mga Bagong Hari, mga Dating Problema


*Inilahad sa mga kabanata 15–16 ng I Mga Hari ang tungkol sa mga hari sa Israel at Juda pagkaraan nina Jeroboam at Roboam. Isa lang ang binanggit na hindi masama—si Asa, hari ng Juda. Sa kanyang panahon, sinira niya ang mga diyus-diyusan sa lupain, pati na ang diyus-diyusan ng sarili niyang ina. Gayunman, kahit si Asa ay hindi maiwaksi ang "matataas na dako."*

*Sa I Mga Hari 15 mababasa rin natin ang katuparan ng isang propesiya tungkol kay Jeroboam: lahat ng kanyang inapo ay nalipol at nagwakas ang kanyang lahi.*

*Sa katapusan ng I Mga Hari 16 ipinakilala sa atin ang isang hari sa Israel na nagngangalang Achab. Hindi lamang tinulutan ni Achab ang pagsamba sa diyus-diyusan, kundi nag-asawa pa siya ng isang babaeng hindi Israelita na nagngangalang Jezabel na sumasamba sa mga diyus-diyusan. Sinimulang sambahin ng hari ng Israel si Baal, isa sa pinaka-nakasusuklam sa lahat ng diyus-diyusan sa paningin ng Diyos.*

# I Mga Hari 17

## Ang Propetang si Elias



*Kapag ayaw makinig ng mga tao sa mensahe ng mga lingkod ng Panginoon, kung minsan ay gagamit ang Panginoon ng isang bagay na mas matindi para maganyak silang magsisi. Sa katapusan ng I Mga Hari 16, nalaman natin na*

*ang Israel ay naging mas masama, pinamunuan ng isang masamang hari, at hindi nakinig sa mga lingkod ng Diyos na sinabihan silang magsisi. Sa I Mga Hari 17 malalaman natin ang tungkol sa isang propetang nagngangalang Elias na isinugo ng Diyos na may kapangyarihang magsara sa kalangitan at maghatid ng tagtuyot sa Israel (para malaman ang iba pa tungkol sa propetang si Elias, tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Elias; Elijah").*

*Sumulat ng aklat si Pangulong Spencer W. Kimball na pinamagatang* Faith Precedes the Miracle *(1972). Ang I Mga Hari 17 ay nagbigay ng ilang magagandang halimbawa ng alituntuning iyan. Kahit paano ay kapwa sumampalataya si Elias at ang isang balo bago sila dumanas ng isang himala. Hanapin ang mga himalang iyon habang nagbabasa ka.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*I Mga Hari 17*

**Kundi ayon sa aking salita** (t. 1)—Maliban kung sabihin ko

**Laman** (t. 6)—Karne

**Makukulangan** (mga talata 14, 16)—Mauubusan

**Mababawasan** (mga talata 14, 16)—Mauubusan

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Mga Pagpapamalas ng Pananampalataya

Ang himala ng pagbuhay sa isang batang lalaki mula sa mga patay sa I Mga Hari 17:17–23 ay isa sa pinaka-pambihira at kahanga-hangang himala sa mga banal na kasulatan. Ang gayong klaseng mga pangyayari ay nagaganap lamang kapag malaki ang pananampalataya ng lahat ng naroon at ang pangyayari ay naaayon sa kalooban ng Panginoon. Ipinamamalas natin ang ating pananampalataya kapag sinusunod natin ang sinasabi ng Panginoon at ng kanyang mga lingkod dahil naniniwala tayo sa sinasabi nila sa atin—kahit hindi natin lubos na nakikita o nauunawaan kung bakit natin ito dapat gawin o kung paano magiging para sa kabutihan natin ang ilang gawain. Ang alituntuning ito ay ipinahayag na maigi ni Nephi sa 1 Nephi 3:7.

1. Isulat kung paano nagpakita ng pananampalataya si Elias sa Panginoon.
2. Isulat kung paano nagpakita ng pananampalataya ang balo sa Panginoon.
3. Ilista ang mga paraan na pinangalagaan o pinagpala ng Panginoon si Elias at ang mga paraan na pinangalagaan o pinagpala niya ang balo.

### B Gamitin ang mga Alituntunin

Isipin ang sumusunod na makabagong sitwasyon: Ang pamilya Jones ay hindi mga miyembro ng Simbahan. Sila ay dukhang-dukha at madalas mahirapang maglaan ng pangunahin nilang mga pangangailangan. Nang ituro sa kanila ang ebanghelyo, nadama nila ang Espiritu at ninais na malaman ang iba pa at sumapi sa Simbahan. Pagkatapos ay itinuro sa kanila ng mga misyonero ang tungkol sa ikapu, at nanghina ang loob nila dahil naisip nila na hindi nila kayang bayaran ito.

1. Anong mga alituntunin ng ebanghelyo ang ituturo ninyo sa pamilyang ito?
2. Isipin ang isang pagkakataon na kinailangan mo o ng isang taong kilala mo na umasa sa pananampalataya upang sundin ang isang utos, at isulat ang tungkol dito.

# I Mga Hari 18

## Si Elias Laban sa 450 Saserdote ni Baal

*Tila hindi lumambot ang puso ni Haring Achab o ng mga Israelita sa tatlong taong tagtuyot. Sa I Mga Hari 18 mababasa natin ang isang matinding pangyayari kung saan makapangyarihang ipinakita ng Panginoon, sa pamamagitan ni Elias, na siya ay isang buhay na Diyos, kumpara sa walang kapangyarihang diyus-diyusang si Baal na sinamba ng karamihan.*

*Lalo pang mahalaga sa kuwentong ito ang ideya na dapat ay diyos ng pagkamabunga si Baal, na ibig sabihin ay siya ang diyos na nagpapalago sa mga pananim sa pagbibigay ng ulan, araw, matabang lupa, at kung anu-ano pa. Dapat ay nakapagpadala na ng ulan si Baal sa mga tao, ngunit hindi niya nagawa dahil siya ay diyus-diyusan at walang kapangyarihan (tingnan sa D at T 29:28–29). Kaya walang ulan sa loob ng tatlong taon—tulad ng sinabi ni Elias. Ang pangyayari sa kabanatang ito na nagkita si Elias at ang mga saserdote ni Baal sa Bundok ng Carmelo ay talagang nagpakita na ang Panginoon—hindi si Baal—ang may kapangyarihan sa mga elemento.*



## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*I Mga Hari 18*

**Asera** (t. 19)—Mga lugar kung saan sinasamba ang mga diyus-diyusan sa mahahalay na paraan

**Baka** (mga talata 23, 25–26)—Kapon na baka

**Binigkisan ang kaniyang mga balakang** (t. 46)—Isinuksok ang damit sa kanyang sinturon para makatakbo nang mas mabilis

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ano ang Mali sa Tanong na Ito?

1. Ano ang matututuhan natin tungkol kay Achab mula sa tanong niya kay Elias sa I Mga Hari 18:17?
2. Magbigay ng halimbawa kung paano sa palagay mo taglay ng ilang tao ngayon ang pag-uugaling ipinakita ni Achab.

### B "Hanggang Kaylan Kayo Mangagaalinlangan sa Dalawang isipan?"

1. Ano ang labis mong hinangaan sa kuwentong ito na matatagpuan sa I Mga Hari 18:19–46?
2. Tulad ng ginawa ni Elias, hiniling sa atin ng mga makabagong propeta na pumili sa pagitan ng mga pamamaraan ng Panginoon at ng mga pamamaraan ng mundo na walang kapangyarihang magligtas. Magbigay ng tatlong halimbawa ng mga pagkakataon na hiniling sa atin ng mga makabagong propeta na pumili sa pagitan ng mga pamamaraan ng mundo at ng mga pamamaraan ng Panginoon.

| Ang Pamamaraan ng Mundo | "Hanggang kaylan kayo mangagaalinlangan sa dalawang isipan?" (I Mga Hari 18: 21). | Ang Pamamaraan ng Panginoon |
|---|---|---|
| | | |

### C Kumbinsido Ka Ba?

Pansinin ang reaksyon ng mga tao sa I Mga Hari 18:39. Sumulat tungkol sa bagay na labis na nakakukumbinsi sa iyo na "Ang Panginoon ay siyang Dios."

# I Mga Hari 19

## Marami Pang Natutuhan si Elias Tungkol sa Espiritu Santo

*Mukhang makukumbinsi ng mga pangyayaring nakatala sa I Mga Hari ang sinumang nakasaksi o nakarinig tungkol sa mga ito na ang Diyos ni Elias ang tunay na Diyos. Gayunman, hindi lahat ay nakumbinsi, dahil ang tunay na pagbabalik-loob ay nangyayari lamang sa pamamagitan ng Espiritu Santo—hindi sa pamamagitan ng mga dakilang himala. Malamang ay naroon ang Espiritu sa mga nangyari sa I Mga Hari 18, ngunit yaon lamang mga nakinig dito ang nagbago ang puso. Ang pagbabago ng puso ay hindi nangyayari dahil sa apoy na nagmula sa langit kundi dahil sa tahimik na pag-aalab ng puso. Hanapin kung paano ipinaalala ng Panginoon kay Elias ang alituntuning ito sa I Mga Hari 19.*

*Habang nagbabasa ka maaari mo ring isipin kung ano ang pakiramdam mo kapag nakagawa ka ng tama ngunit nagdusa ka sa kung anong paraan pagkatapos dahil sa iyong desisyon. Kung nadama mo na parang hindi makatarungan ang iyong pagdurusa, makakaugnay ka kay Elias sa I Mga Hari 19. Pansinin sa I Mga Hari 19 ang itinuro ng Panginoon kay Elias at kung paano siya tinuruan ng Panginoon nang panghinaan siya ng loob. Siguro maaaring makatulong sa iyo na malaman ang kuwento tungkol kay Elias sa oras na pinanindigan mo ang tama ngunit pakiramdam mo ay parang nag-iisa ka.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*I Mga Hari 19*

**Marubdob** (mga talata 10, 14)—Nagalit

**Mga kasangkapan** (t. 21)—Pang-araro

### I Mga Hari 19:11–12—Ano ang Pinakamakapangyarihang Pagpapakita ng Panginoon?

Pinanghinaan ng loob si Elias na hindi binago ng mga himala sa Bundok ng Carmelo ang puso ni Jezabel at ng marami pang iba. Pagkatapos ay itinuro ng Panginoon kay Elias na ang mga karanasan na espirituwal na nagpapabago ng puso ay wala sa "malakas na hangin," o "mga lindol," o "mga apoy," o iba pang malakas at pisikal na mga bagay kundi nasa "marahang bulong na tinig" (I Mga Hari 19:11–12).

Itinuro ni Elder Boyd K. Packer, "Hindi kinukuha ng Espiritu ang ating pansin sa pagsigaw o pagyugyog sa atin ng mabigat na kamay. Bagkus ay bumubulong ito. Napakahinay nitong humaplos kaya hindi natin ito madarama man lamang kung tayo ay abala" ("The Candle of the Lord," *Ensign,* Ene. 1983, 53).

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang dalawa sa sumusunod na mga aktibidad (A–C) habang pinag-aaralan mo ang I Mga Hari 19.

### A Paghina ng Loob

Tingnan ang I Mga Hari 19:1–4, 9–10 at ipaliwanag kung bakit nanghina ang loob ni Elias.

### B Pagdaig sa Paghina ng Loob

1. Sumulat tungkol sa kahit tatlong bagay lang na ginawa ng Panginoon sa I Mga Hari 19 upang mapasigla si Elias mula sa paghina ng kanyang loob.

2. Para sa bawat bagay na ililista mo, ipaliwanag kung paano sa palagay mo pinasigla nito si Elias kahit paano. Sa anong mga paraan tayo tinutulungan ng Panginoon sa ating sariling mga paghina ng loob at kabiguan ngayon?

### C Ano ang Natutuhan Niya?

Paano naipaunawa kay Elias ng kanyang karanasan sa I Mga Hari 19 kung bakit hindi umayon sa inaasahan niya ang mga bagay-bagay pagkatapos ng mga nangyari sa kabanata 18?

## I Mga Hari 20–21

### Patuloy na Pagsuway ni Achab

*Sa I Mga Hari 20 mababasa natin ang mga pakikidigma nina Achab at Israel sa Siria at sa kanilang lider na si Ben-adad. Tinulungan ng Panginoon sina Achab at Israel na manalo sa mga digmaan. Gayunman, nang mabihag si Ben-adad, nakipagkasundo si Achab kay Ben-adad sa halip na patayin ito, na tulad ng iniutos sa kanya ng propeta. Dahil dito, sinabihan si Achab na parurusahan siya dahil sa kanyang pagsuway.*

*Isa pang kuwento kung gaano kasama sina Achab at Jezabel ang matatagpuan sa I Mga Hari 21. Gustong kunin ni Achab ang lupang pag-aari ng isang Israelita na ayaw ibenta ito sa kanya. Nagpasiya si Jezabel na kunin ang lupa para kay Achab sa pagsusuhol sa mga bulaang saksi upang magpatotoo sa hukuman laban sa may-ari ng lupa at mapatawan ito ng parusang kamatayan. Lahat ng ito ay nangyari, at inangkin ni Achab ang lupa. Pagkatapos nito nagkausap sila ni Elias na sinabi sa kanya na daranasin din niya ang gayong uri ng kamatayan tulad ng ipinapatay niyang lalaki.*

## I Mga Hari 22

### Si Propetang Micheas

*Ang kuwento ng pagkamatay ni Achab ay matatagpuan sa I Mga Hari 22. Hindi kataka-takang namatay si Achab dahil tumanggi siyang sundin ang payo ng isang tunay na propeta, na nagsabi sa kanya na huwag makidigma. Sa halip, nakinig si Achab sa apat na raang bulaang propeta na sinabi sa kanya ang anumang naisip nila na gusto niyang marinig.*

*Tungkol sa paksang ito ng pagsunod sa mga propeta, sinabi ni Elder Harold B. Lee: "Maaari ninyong ayawan ang anumang nagmumula sa awtoridad ng Simbahan. Maaaring salungat ito sa pananaw ninyo sa pulitika. Maaaring salungat ito sa pananaw ninyo sa lipunan. Maaaring hadlang ito sa ilang pakikisalamuha ninyo sa lipunan. Ngunit kung makikinig kayo sa mga bagay na ito, na para bang nagmumula ito sa bibig ng Panginoon mismo, nang may tiyaga at pananampalataya, ang pangako ay na 'ang pintuan ng impiyerno ay hindi mananaig laban sa inyo; oo, at itataboy ng Panginoong Diyos ang mga kapangyarihan ng kadiliman mula sa harapan ninyo, at payayanigin ang kalangitan para sa inyong ikabubuti, at sa ikaluluwalhati ng kanyang pangalan.' (D at T 21:6)" (sa Conference Report, Okt. 1970, 152–53).*

# Ang Ikalawang Aklat ng mga Hari

Ang aklat ng II Mga Hari ang ikaapat at huling aklat sa serye ng mga aklat na nagsasalaysay ng kasaysayan ng mga Israelita noong panahon na mayroon silang mga hari. Sa II Mga Hari mababasa natin ang pagbagsak at pagkasakop kapwa ng Israel (Hilagang Kaharian) at Juda (Katimugang Kaharian).

## Malulungkot na Wakas

Sinakop ng mga taga-Asiria ang kaharian ng Israel noong mga 725–20 B.C. at dinala ang halos lahat ng tao pahilaga sa Asiria. Matapos ang "pagkalat" ng sampung liping ito ni Israel, wala na tayong talaan ng nangyari sa kanila maliban sa isang reperensya sa Aklat ni Mormon na nagsasaad na binisita ng Tagapagligtas ang ilan sa kanila (tingnan sa 3 Nephi 17:4). Sila ay kilala bilang ang nawawalang sampung lipi ni Israel. Ang II Mga Hari ay nagwakas sa salaysay ng pananakop ng mga taga-Babilonia sa kaharian ng Juda at pagbihag sa mga tao sa Babilonia. Ang pagkabihag sa Babilonia ay nangyari sa pagitan ng mga 605–587 B.C.

## Paghahanda sa Pag-aaral ng II Mga Hari

Dahil ang aklat ng II Mga Hari ay nagsasalaysay tungkol sa pagbagsak, pagkasakop, at pagkabihag ng mga pinagtipanang tao ng Panginoon, dapat nating lalong bigyang-pansin sa ating pagbabasa kung paano humantong ang mga Israelita sa mga problemang ito para maiwasan nating magawa ang gayon ding mga pagkakamali. Halimbawa, ano ang itinuro sa kanila ng mga propeta? Nakinig ba sila at sumunod? Ano ang itinuturo sa atin ng mga propeta ngayon? Kung hindi tayo makikinig at susunod, mangyayari din ba sa atin ang nangyari sa mga Israelita? Ito ay mahahalagang tanong na isasaalang-alang sa iyong pagbabasa at pag-aaral.

**Outline ng Mahahalagang Pangyayari sa II Mga Hari**

| Kaharian ng Israel | Kaharian ng Juda |
|---|---|
| **Kabanata 2**—Nagbagong-kalagayan o iniakyat sa langit si Elias; mga himala ni Eliseo | |
| **Kabanata 4**—Ibinangon ni Eliseo ang isang bata mula sa mga patay | |
| **Kabanata 5**—Pinagaling ni Eliseo ang isang heneral ng Siria | |
| **Kabanata 6–9**—Pakikidigma sa Siria; ang Panginoon ang lumaban sa kanilang mga pakikidigma at pinrotektahan si Eliseo. | |
| | **Kabanata 12**—Kinumpuni ang templo |
| **Kabanata 13**—Pagkamatay ni Eliseo | |
| | **Kabanata 16**—Nakipag-anib ang Juda sa Asiria |
| **Kabanata 17**—Nabihag ng Asiria ang Israel | |
| | **Mga kabanata 18–20**—Makatarungang paghahari ni Ezechias; humingi ng payo si Ezechias sa propetang si Isaias |
| | **Kabanata 21**—Nagbalik ang pagsamba sa diyus-diyusan |
| | **Kabanata 22–23**—Naghari si Oseas sa kabutihan; nakatulong ang mga banal na kasulatang natagpuan sa templo na makapagsisi ang mga tao |
| | **Mga kabanata 24–25**—Nabihag ng mga taga-Babilonia ang Juda |

# II Mga Hari 1


## Humingi ng Tulong ang Hari sa mga Diyus-diyusan

*Ang kuwento kung paano nasugatan at nanghingi ng payo sa isang diyus-diyusan si Ochozias, anak ni Achab, ay matatagpuan sa II Mga Hari 1. Sinabi ng Panginoon kay Elias ang nangyayari. Pagkatapos ay nasalubong ni Elias ang mga lingkod ng hari, pinarusahan ang mga ito at si Haring Ochozias sa hindi paghingi ng payo mula sa Diyos na buhay sa pamamagitan ng mga propeta, at nagpropesiya na mamamatay si Ochozias. Narinig ni Ochozias ang propesiya at nagpadala ng mga kawal para kunin si Elias. Tumigil sa huli ang kapitan ng limampung kawal sa pagsisikap na bihagin si Elias ngunit matapos lamang patayin ng Panginoon ang isang daang kawal nang tangkain nilang isagawa ang mga utos ni Ochozias. Tulad ng ipinropesiya, hindi na gumaling si Ochozias sa kanyang sugat, at siya ay namatay.*

# II Mga Hari 2

## Iniakyat si Elias sa Langit

*Nang una nating makilala si Elias sa I Mga Hari 17, taglay na niya ang kapangyarihan at awtoridad na sarhan ang kalangitan, kaya nagkaroon ng tagtuyot sa Israel. Ngunit di tulad nina Isaias, Jeremias, o iba pang bantog na mga propeta, wala tayong alam na iniwang mga isinulat si Elias para malaman ang iba pa tungkol sa kanya. Ngunit alam natin na sinabi ng propetang si Malakias na darating si Elias bago "ang dakila at kakilakilabot na araw ng Panginoon" (Malakias 4:5) para ihanda ang mga tao sa pagdating ng Mesiyas.*



*Dahil sa propesiya ni Malakias, ang mga tao ng ibang relihiyon ngayon ay naghihintay pa rin sa kanyang pagdating. Gayunman, nakatala sa Bagong Tipan na nagpakita si Elias kina Pedro, Santiago, at Juan, tatlo sa mga Apostol ni Jesus (tingnan sa Mateo 17:1–4) sa ituktok ng bundok bilang isang nagbagong-kalagayang nilalang. Dagdag pa rito, nagpakita si Elijah [Elias] bilang nabuhay na mag-uling nilalang sa ating dispensasyon noong 3 Abril 1836 sa Kirtland Temple matapos lang itong mailaan. Pumarito raw siya bilang katuparan ng propesiya ni Malakias, at ipinanumbalik niya ang mga susi ng kapangyarihang magbuklod sa lupa bilang paghahanda sa pagparito ng Panginoon (tingnan sa D at T 110:13–16).*

*Walang mabubuhay na mag-uli hanggang sa magbangon si Cristo mula sa libingan. Kaya para maisakatuparan ang kanyang natatanging misyon, kinailangan ni Elijah na magbagong-kalagayan. Ang kahulugan ng pagbabagong-kalagayan ay magbago sa isang paraan na ang iyong katawan ay hindi na daranas ng karamdaman, kamatayan, o pisikal na sakit. Ang pagbabagong-kalagayan ay hindi pagkabuhay na mag-uli. Ang kundisyong ito ay nagtutulot sa mga tao na patuloy na magsagawa ng mga ministeryong nangangailangan ng pisikal na katawan, tulad ng pagpapatong ng mga kamay para sa awtoridad ng priesthood. Kalaunan, ang mga nagbagong-kalagayang tao ay muling "magbabago" upang mabuhay na mag-uli. Sa 3 Nephi 28:36–40 ipinaliwanag ni Mormon na may ilang Nephita na nagbagong-kalagayan. Sa II Mga Hari 2 mababasa natin ang kuwento tungkol sa pagbabagong-kalagayan ni Elijah.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*II Mga Hari 2*

**Pumayapa kayo** (mga talata 3, 5)—Huwag itong ipagsabi.

**Naghiwalay sa kanila kapuwa** (t. 11)—Pumagitan sa kanila

**Masama** (t. 19)—Marumi

**Nagpapalagas ng bunga** (mga talata 19, 21)—Hindi makapagpalago ng pananim

### II Mga Hari 2:8–15—Napunta kay Eliseo ang Balabal ni Elijah

Ang balabal ni Elijah ay sumasagisag sa kanyang kapangyarihan at awtoridad. Ang karanasang ito ay kailangan dahil si Elijah ay isang napakadakilang propeta at kailangan ng mga tao ng dagdag na tulong para maunawaan na si Eliseo ang hahalili sa kanya. Gayon din ang nangyari sa ating dispensasyon. Pagkamatay ni Propetang Joseph Smith, may kaunting kalituhan kung sino ang mamumuno sa Simbahan. Sa isang pulong sa Nauvoo, sinabi ni Brigham Young sa Simbahan na ang mga susi ng awtoridad ay nasa labindalawang Apostol. Habang nagsasalita siya, maraming nagpatotoo na ang kanyang tinig—at maging ang kanyang anyo—ay kamukha ng kay Propetang Joseph. Ang karanasang ito ay isang natatanging patotoo sa mga naroon na ang "balabal" ay napunta kay Brigham Young.

### II Mga Hari 2:9—"Ang Ibayong Bahagi ng Iyong Diwa ay Sumaakin"

Nang humiling si Eliseo ng "ibayong bahagi" ng espiritu ni Elijah, hiniling niyang matanggap ang kapangyarihan at awtoridad na tulad kay Elijah upang humalili bilang propeta sa mga tao. Ang pahayag na "ibayong bahagi" ay tumutukoy sa ideya na ang panganay na anak na lalaki ay tumanggap ng dobleng pamana mula sa kanyang ama para pangalagaan ang mga inapo ng ama.

### II Mga Hari 2:23–24—"Umahon Ka, Ikaw na Kalbo ang Ulo"

Malaking tulong ang pagkakaroon ng mas maraming detalye sa kuwento sa II Mga Hari. Ang tinutukoy na "mga bata" ay malaking kawalang-galang sa hinirang na lingkod ng Panginoon, na nagsasabi sa kanya. Pansinin na isinumpa lang sila ni Eliseo sa pangalan ng Panginoon, na awtorisadong gawin ng mga lingkod ng Diyos (tingnan sa D at T 24:15–16), at ang Panginoon ang nagpapasiya sa parusa pagkatapos.

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang aktibidad A o B habang pinag-aaralan mo ang II Mga Hari 2.

### A "Kung Ikaw ay May mga Naisin"

1. Sumulat tungkol sa kahit dalawang bagay lang na nagpapakita kung gaano kagusto ni Eliseo na maglingkod sa Panginoon tulad ng ginawa ni Elijah.
2. Tukuyin ang mga katangian ng pamumuno na nakita mo sa buhay ng Tagapagligtas o ng propeta at ipaliwanag kung bakit mahalaga ang mga katangiang ito.

### B Paggalang sa mga Lingkod ng Panginoon

1. Ano ang itinuturo sa atin sa II Mga Hari 2 tungkol sa Panginoon at sa kanyang mga lingkod?
2. Bumanggit ng kahit tatlong bagay lang na magagawa ninyo para magpakita ng paggalang at pagpipitagan sa mga piling lingkod ng Panginoon.

# II Mga Hari 3–4

## Mga Himala

*Pinatototohanan ng mga banal na kasulatan na ang Panginoon ay Diyos ng mga himala (tingnan sa Mormon 9:10–11, 15–20). Samakatwid, ang mga kumakatawan sa kanya ay maaari ding magsagawa ng mga himala kung sila ay may pananampalataya at kikilos ayon sa kalooban ng Panginoon. Ang propetang si Eliseo ay isang taong masunurin at mananampalataya kaya't nagawa niyang makibahagi sa maraming himala. Basahin ang ilan sa mga himala ni Eliseo sa II Mga Hari 1, at mababasa mo ang tungkol sa ilan pa sa susunod na mga kabanata.*

*Habang binabasa mo ang mga kabanatang ito, pansinin ang mga pagsisikap ni Eliseo na ipakita ang kanyang pananampalataya at kung paano ginamit ang mga himala upang basbasan at turuan ang matatapat para matulungan sila ng Panginoon. Alalahanin na ang mga himala ay bihirang magpabalik-loob at sa halip ay nagpapatibay sa pag-asa ng mga taong naniniwala at nagpapala sa mga sumasampalataya ng natatanging pagbuhos ng biyaya mula sa mapagmahal na Diyos (tingnan sa D at T 63:7–12).*

*Ang kuwento kung paano ginawa ni Eliseo ang isang himala upang tulungang mabigyan ng tubig ang pinagsamang mga hukbo ng Israel, Juda, at Edom ay nakasaad sa II Mga Hari 3. Ang kabanata 4 ng II Mga Hari ay naglalaman ng ilang himala.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*II Mga Hari 4*

**Kuning alipinin** (t. 1)—Magpaalipin sa iba para mabayaran ang utang sa kanila

**Maingat** (t. 13)—Kabahan nang sapat upang magsikap

**Sa panahong ito, pagpihit ng panahon** (t. 16)—Sa ganito ring panahon sa susunod na taon

**Pahinain** (t. 24)—Pabagalin

**Namamanglaw** (t. 27)—Nagdadalamhati

**Bigkisan mo ang iyong mga balakang** (t. 29)—Manamit para sa paglalakbay

**Dalawa** (t. 33)—Kapwa

**Ipagluto mo ng lutuin** (t. 38)—Magluto ng sopas

**Lingkod** (t. 43)—Alipin

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Mga Basbas ng Priesthood ni Eliseo

1. Gumawa ng tsart sa iyong notbuk na gaya ng nasa ibaba. Basahin ang sumusunod na mga reperensya mula sa buhay ni Cristo at sabihin kung paano ito katulad ng isang bagay na nangyari sa II Mga Hari 4:

| Mga Bagay na | Mga Basbas ng Priesthood ni Eliseo sa II Mga Hari 4 |
|---|---|
| Mateo 14:15–21 | |
| Lucas 7:11–16 | |
| Juan 2:1–11 (tingnan din sa PJS) | |

2. Kung isasaisip ang aktibidad na katatapos mo lang, paano nag-iwan ng patotoo si Eliseo sa mga Israelita sa hinaharap na si Jesus ang kanilang Mesiyas?

# II Mga Hari 5

## Ang Paggaling ni Naaman

*Anong "maliit na bagay" na may potensiyal na magpahusay nang husto sa buhay mo ang dapat mong simulang gawin nang regular? Bakit hindi mo pa ito sinisimulan? Sabi ni Elder Rex D. Pinegar, "Ang dakilang gawain ng Panginoon ay kadalasang naisasakatuparan sa pamamagitan ng maliliit at mabubuting gawaing nagpapakita ng mga pangunahing turo ng Kanyang ebanghelyo" (sa Conference Report, Okt. 1994, 106; o* Ensign, *Nob. 1994, 80).*

*Kung minsan ang maliliit na kautusan ang binabalewala o kinaliligtaan natin sa buhay, samantalang ito ang mga kautusan na makagagawa ng malaking kaibhan sa ating buhay. Ang kabanata 5 ng II Mga Hari ay naglalaman ng isang kuwentong naglalarawan ng alituntuning ito.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*II Mga Hari 5*

**Pagtatagumpay** (t. 1)—Tagumpay laban sa mga kaaway

**Mano nawa ang aking Panginoon** (t. 3)—Sana

**Hinapak** (mga talata 7–8)—Pinagpunit-punit (tanda ng galit)

**Paginit** (t. 12)—Damdamin ng pagkagalit

**Kaloob** (t. 15)—Kabayaran o regalo

**Lupang mapapasan ng dalawang mula** (t. 17)—Dami ng lupang kayang pasanin ng dalawang buriko

**Pinalagpas** (t. 20)—Iniligtas siya sa pagkapahiya dahil tinanggihan ang kanyang regalo

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Kaunting Tao, Malaking Pananampalataya

Kung minsan akala natin ay walang dulot na kaibhan ang ginagawa at sinasabi natin dahil hindi naman tayo masyadong mahalaga. Parang may dalawang gayong bayani sa kuwento ni Naaman. Ang isa ay ang dalagita at ang isa ay ang alipin ni Naaman. Hindi natin alam ang mga pangalan ng dalawang ito, ngunit pinagpala ng kanilang pananampalataya ang buhay ni Naaman.

1. Ikumpara ang pananampalataya ng dalagita, na nasa ibang bansa, sa pananampalataya ng hari ng Israel.
2. Ikumpara ang reaksyon ni Naaman kay Eliseo sa payo ng kanyang alipin.
3. Isulat ang isang panahon na tinulungan ka ng isang hamak na tao sa malaking paraan, o ipaliwanag kung paano naging halimbawa ng alituntuning matatagpuan sa Alma 37:6–7, 46 ang kuwento ni Naaman.
4. Bumanggit ng dalawang bagay na ipinagawa ng ating mga makabagong propeta na maituturing na hamak, at ipaliwanag kung paano makagagawa ng malaking kaibhan ang mga ito.

# II Mga Hari 6–7

## Magtiwala sa Propeta

*Kung minsan ang pagtitiwala sa payo ng ating mga propeta at pagiging masunurin sa kanilang mga turo ay nangangailangan ng malaking pananampalataya. Sa II Mga Hari 6–7 binigyan tayo ng mga halimbawa kung paano binibigyan ng Panginoon ng kapangyarihan ang kanyang mga propeta at nagsasakatuparan ng kanilang mga salita. Habang nagbabasa ka, pansinin kung ano ang nangyayari sa mga taong naniniwala sa mga propeta at ihambing ito sa mga taong nag-aalinlangan sa propeta ng Panginoon.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*II Mga Hari 6*

**Sikang** (mga talata 2, 5)—Haliging kahoy

**Kinubkob** (mga talata 14–15)—Pinaligiran

**Takal** (t. 25)—Mga isa't kalahating litro

**Anong nangyayari sa iyo** (t. 28)—Ano ang bumabagabag sa iyo

**Magaspang na damit** (t. 30)—Isang magaspang na pananamit na natatakpan ng balahibo ng kambing, maitim, at isinusuot ng mga nagluluksa

**II Mga Hari 6:16–17—"Ang Sumasaatin"**

Sa mga sandali ng paghihirap madalas nating nakakaligtaan ang katotohanan na "ang sumasaatin ay higit kay sa sumasa kanila" (tingnan din sa D at T 38:7; 84:88).

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Gamitin ang mga Banal na Kasulatan sa Paglutas ng mga Problema

Isipin ang sumusunod na mga sitwasyon at isulat kung paano makatutulong ang isang bagay mula sa II Mga Hari 6 sa bawat sitwasyon:

1. Ikaw ay nasa misyon at maraming kumakalaban sa gawain mo. Halos walang miyembro sa lugar at tila halos lahat ng nakakausap mo ay laban sa Simbahan.
2. Ayaw sa iyo ng isang tao sa inyong eskuwelahan o sambayanan at kadalasan ay hindi siya mabait sa iyo. Sa isang pambihirang pagkakataon, nagkaroon ka ng pagkakataong makaganti sa kanila.
3. Gusto kong sundin ang mga pamantayan ng Simbahan ngunit mahirap gawin ito dahil isa ka sa iilan lang na miyembro ng Simbahan sa inyong lugar.

# II Mga Hari 8

## Kabutihan sa Gitna ng Matinding Kasamaan

*Ang patuloy na kabaitan ni Eliseo sa babaing Sunamita na ang anak na lalaki ay ibinangon mula sa mga patay ay ikinuwento sa II Mga Hari 8. Ang kabanata 8 ay naglalaman din ng maiikling paliwanag tungkol sa mga pagbabago sa pamunuan sa Siria, Israel, at Juda. Tinutulungan tayo ng may-akda na matanto na ang mga bansang ito ay pinamunuan ng masasamang lalaki na umakay sa mga tao sa mas matinding kasamaan.*

# II Mga Hari 9–10

## Nilipol ang mga Inapo ni Achab


*Sa II Mga Hari 9–10 mababasa natin ang isang salaysay tungkol sa propesiya na muling natutupad. Sa pagkakataong ito ang propesiya ay ang ibinigay ni Eliseo tungkol kina Achab at Jezabel at sa kanilang mga inapo. Ang nakapanlulumong mga kabanatang ito ay nagpapatotoo sa malungkot na wakas ng mga taong kumakalaban sa Diyos. Gayunman, ang katuparan ng propesiya ay tila hindi ang hinangad na epekto sa mga tao. Si Haring Jehu, ang lalaking tumupad sa propesiya sa pagpatay kay Jezabel at sa mga inapo ni Achab, gayundin sa mga saserdote ni Baal ngunit ayaw isuko ang mga diyus-diyusan ni Jeroboam, ang unang hari ng nahating Israel. Kaya natupad ang mga propesiya ni Elijah, ngunit nagpatuloy ang Israel sa pagsamba sa diyus-diyusan bagama't naiiba ito sa pagsamba kay Baal.*

# II Mga Hari 11–14

## Mas Masasamang Hari, Bahagi 1

*Nagpatuloy ang kuwento tungkol sa mga hari sa Israel at Juda sa II Mga Hari 11–14. Ang maikling kasaysayan ng bawat hari ay naglalahad lamang ng isa o dalawang maiikling kuwento na nagbibigay sa mambabasa ng ideya kung anong uri ang kanyang kaharian. Pansinin na ang aklat ng Mga Hari ay hindi nagbanggit kailanman ng hari sa Israel na lubusang tumalikod sa pagsamba sa diyus-diyusan. Sa kabilang banda, may ilang hari sa Juda na kilala sa kanilang kabutihan—ngunit panandalian lamang. Halimbawa, sa II Mga Hari 12 pinuri si Joas dahil sa kanyang programa ng pagkumpuni sa mga bahagi ng templo. Gayunman, mababasa rin natin na kinuha niya ang ilan sa mga napakahahalagang bagay mula sa templo na yari sa ginto at pilak at ibinigay ang mga ito sa hari ng Siria bilang bahagi ng isang kasunduan.*

*Ang pagkamatay ng propetang si Eliseo ay ipinaliwanag sa II Mga Hari 13.*




# II Mga Hari 15–16


## Mas Masasamang Hari, Bahagi 2

*Sa II Mga Hari 15–16 nagpatuloy ang pagsasalaysay tungkol sa iba't ibang hari sa Israel at Juda sa paglipas ng mga taon at katulad ito ng naunang apat na kabanata. Pansinin sa dalawang kabanatang ito na ang bansa ng Asiria ay nagsimulang maging banta o panganib sa dalawang kaharian. Nagbayad ang mga hari ng Juda sa mga taga-Asiria upang hindi ito sumalakay at lipulin sila (tingnan sa II Mga Hari 15:17–20; 16:5–9). Kumuha pa si Haring Achaz (tingnan sa II Mga Hari 16) ng mahahalagang bagay mula sa templo at ibinigay ang mga ito sa hari ng Asiria kapalit ng proteksyon.*

*Sa kaharian ng Israel, sumalakay ang Asiria at binihag ang maraming tao mula sa hilagang bahagi ng Israel (tingnan sa II Mga Hari 15:27–29).*

# II Mga Hari 17

## Nabihag ang Hilagang Kaharian (Sampung Lipi)




*May kuwento tungkol sa dalawang binatilyo na nasa isang bangkang palutang-lutang sa ilog. Bagama't panatag ang ilog na pinaglulutangan nila, papalapit sila sa isang lugar na pabilis nang pabilis at palikot nang palikot ang daloy ng tubig habang tinutumbok nito ang napakataas na talon.*

*Napansin ng isang lalaki sa baybayin ang dalawang lalaki sa ilog at humiyaw ito ng, "Hoy! Mabilis na ang agos ng tubig sa harapan ninyo at kasunod na niyan ang talon!"*

*Narinig ng dalawang binata ang babala, ngunit kampante sila sa ginagawa nila at madaling kontrolin ang bangka. Patuloy silang nagtawanan at nagbiruan, na hindi pansin ang lalaki sa baybayin o ang palapit na panganib.*

*Muling humiyaw ang lalaki sa baybayin nang may pagdudumali, "Malapit na kayong lamunin ng mabilis na agos at ng talon!"*

*Tila wala pa ring pakialam ang dalawang lalaki. Gayunman, habang bumibilis ang daloy ng tubig, medyo nabahala ang mga lalaki at tinangka nilang dalhin ang bangka sa pampang. Ngunit huli na ang lahat. Napakalakas na ng agos, at nahulog sila sa talon tungo sa kanilang kamatayan. Naiwasan sana ang kinahinatnan nila kung nakinig sila sa tinig na nagbababala (tingnan sa David O. McKay,* Gospel Ideals *[1953], 912).*

*Ang kunwa-kunwariang kuwentong ito ay parehong-pareho ng sitwasyon ng mga Israelita sa II Mga Hari 17, lalo na sa kalagayan ng Hilagang Kaharian, kung saan, habang binabasa mo ang I–II Mga Hari, halos lahat ng hari kahit paano ay nagtaguyod ng pagsamba sa diyus-diyusan. Mga dalawandaang taon ang pagitan mula nang maghiwalay ang dalawang kaharian pagkamatay ni Salomon hanggang sa panahon ng mga pangyayari sa II Mga Hari 17. Sa madaling salita, binigyan ng Panginoon ang Israel ng dalawandaang taon upang magbago at unahin siya at ang kanyang mga batas sa lahat ng bagay, ngunit ayaw nila. Walang alinlangang maawain ang Panginoon sa pagbibigay ng gayon katagal na panahon para magsisi ang mga Israelita. Sa kabanata 17 ng II Mga Hari natin mababasa*

*rin kung paano tinulutan ng Panginoon ang mga taga-Asiria na bihagin ang mga Israelita, at alisin sila mula sa kanilang lupang pangako.*

*Ang mga taga-Asiria ay isa sa pinakamalulupit sa lahat ng mananakop na mga kaharian sa kasaysayan. Ang pagtrato nila sa kanilang mga bihag sa ilan sa mga pinakamalupit na paraan ng tao. Bukod dito, para mapalawak ang sarili nilang kaharian at kultura, ginawa nila ang lahat para mai-hiwalay sa kanilang kultura ang mga bihag nila. Dahil dito, nang bihagin ng mga taga-Asiria ang libu-libong mga Israelita mula sa Hilagang Kaharian, hindi natin nalaman kahit kailan ang nangyari sa kanila. Bagama't nanatili ang ilan sa lupain at nagpakasal sa hindi kalahing mga bumihag sa kanila na mga taga-Asiria, karamihan ay "nawala" mula sa ating kaalaman at nakilala bilang ang "nawawalang sampung lipi ni Israel."*

*Habang nagbabasa ka, humanap ng mga dahilan kung bakit nawalan ng proteksyon ng Panginoon ang mga Israelita at nabihag sila ng mga taga-Asiria.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*II Mga Hari 17*

**Pagbabanta** (t. 4)—Isang planong maging traydor/taksil

**Kinulong** (t. 5)—Pinaligiran ito, at hinadlangang makapasok o makalabas ang anuman

**Mga palatuntunan** (mga talata 8, 15, 34, 37)—Mga batas

**Bansa** (mga talata 8, 11, 15)—Yaong mga hindi sumasamba sa tunay na Diyos

**Walang kabuluhan** (t. 15)—Nakatuon sa sarili at sa mga bagay ng mundo sa halip na sa mga bagay na walang hanggan ang halaga

**Mga larawang binubo** (t. 16)—Mga diyus-diyusang gawa ng tao

**Panghuhula** (t. 17)—Pagkuha ng maling paghahayag sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa masasamang espiritu

**Panggagaway** (t. 17)—Inaakalang mga mahika

**Mananamsam** (t. 20)—Mga kaaway na nagnanakaw at naninira

### II Mga Hari 18:5–18—Sinalakay at Inalis ng mga Taga-Asiria ang Israel

Sa Simbahan pinag-uusapan natin ang "nawawalang sampung lipi" (tingnan sa Mga Saligan ng Pananampalataya 1:10). Ang nawawalang mga liping ito ay tumutukoy sa Hilagang Kaharian ng Israel, na kinabibilangan ng mga lupain ng pamana ng buong sampung lipi. Sa II Mga Hari 18 malalaman natin kung bakit at paano maraming nadala sa Asiria at hindi na muling nabalitaan bilang lahi. Tinitipon ng Panginoon ang sambahayan ni Israel sa mga huling araw. Para malaman ang iba pa tungkol sa sampung lipi, saliksikin ang mga banal na kasulatan na matatagpuan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Israel."

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang dalawa sa sumusunod na mga aktibidad (A–C) habang pinag-aaralan mo ang II Mga Hari 17.

### A Isang Babalang Natupad

Nang unang ibigay ng Panginoon sa mga Israelita ang kanilang lupang pangako, binigyan niya sila ng ilang babala:

1. Ibuod ang propesiyang ibinigay ng Panginoon sa Israel sa Deuteronomio 4:24–28.
2. Sa paanong paraan natupad ang propesiyang iyon sa II Mga Hari 17? Magbigay ng partikular na sagot.

### B Hayaang Bilangin Ko ang mga Paraan

1. Ilista ang mga paraan na nagkasala ang Israel sa Panginoon (hanapin sa II Mga Hari 17:7–23).
2. Basahin ang Doktrina at mga Tipan 1:14–16 at ipaliwanag kung paano maituturing na nagawa rin ng mga tao sa ating panahon ang mga kasalanang nagawa ng mga anak ni Israel.

### C Nawala, Ngunit Hindi Nalimutan

Basahin ang Deuteronomio 4:29–31, at ibuod ang pangako ng Panginoon sa mga tao at sa kanilang mga inapong nangakalat.

# II Mga Hari 18–19

## Makatarungang Haring Ezechias

*Nang sakupin ng Asiria ang Israel, naging hari sa Juda si Ezechias. Naakay niya ang mga tao na maging mas matwid, marahil ay dahil nakita nila ang nangyari sa Israel at natakot sila sa banta ng mga taga-Asiria sa sarili nilang bansa. Gayunman, tulad ng nangyayari sa mga taong tumatalikod sa kasalanan at nagiging matwid, nasubukan ang katapatan ni Ezechias at ng Israel. Halimbawa, kapag nagsimulang magbayad ang isang taong hindi pa nagbabayad ng ikapu, maaaring dumating ang buwan na mukhang hindi niya kakayaning magbayad ng buong ikapu. Maaaring makiusap ang taong iyon na, "Mapagtitiwalaan ko ba nang sapat ang Panginoon para patuloy akong magbayad ng aking ikapu at magtiwala na pagpapalain niya ako sa anumang paraang kailangan ko?" Basahin ang Eter 12:6. Pansinin ang paraan na sinabi ng Panginoon na sundan natin sa mga panahon ng pagsubok.*

*Ikinuwento ang tungkol sa pagsubok sa pananampalataya ni Ezechias at ng kanyang kaharian sa II Mga Hari 18–19. Habang nagbabasa ka, isipin kung ano ang madarama mo kung ikaw ang nasa sitwasyon ni Ezechias, kapwa sa oras at pagkatapos ng pagsubok sa kanyang pananampalataya.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*II Mga Hari 18*

**Lumakip** (t. 6)—Nanatiling napakalapit

**Talikdan** (t. 14)—Talikuran

**Siningil** (t. 14)—Pinagbayad ng buwis

**Padaluyan** (t. 17)—Maliit na kanal na dinadaluyan ng tubig

**Mga sangla** (t. 23)—Perang kapalit ng proteksyon

**Balon** (t. 31)—Lalagyan ng nakolektang tubig

### II Mga Hari 18:26—Magsalita "sa Wikang Siria"

Ang mga taga-Asiria ay nagsasalita sa Hebreo sa labas ng mga kuta ng Jerusalem kaya't nauunawaan ng lahat ng nasa loob ang kanilang mensahe. Hiniling ng mga lalaking Judio sa pader na magsalita ang mga taga-Asiria gamit ang wika ng Siria. Ayaw nilang maunawaan ng maraming tao ang nakakatakot na mensahe ng isang grupo ng lubhang tiwalang mga kawal na, noong panahong iyon, ay siyang pinakamakapangyarihang hukbo sa mundo.

*II Mga Hari 19*

**Hinapak** (t. 1)—Pinagpunit-punit

**Kayong magagaspang** (mga talata 1–2)—Maitim na pananamit na yari sa balat ng kambing at isinusuot bilang balabal sa oras ng pagluluksa

**Pagsaway** (t. 3)—Pagparusa

**Pagkutya, tinungayaw** (mga talata 3, 22)—Magpakita ng matinding kawalang-galang sa Diyos

**Tungayawin, ipanungayaw, tinungayaw** (mga talata 4, 16, 22–23)—Pulaan, pagsalitaan nang walang galang

**Sasansalain** (t. 4)—Iwasto

**Espiritu** (t. 7)—Kaisipan

**Na nauupo sa mga querubin** (t. 15)—Patungkol sa kaban ng tipan sa Kabanal-banalang Dako ng templo, na sumasagisag sa lugar na tinatahanan ng Diyos

**Tinatawanan** (t. 21)—Kinukutya

**Nanganglupaypay** (t. 26)—Natakot

**Nangatulig** (t. 26)—Napahiya

**Lanta** (t. 26)—Nasira

**Pag-iinit** (mga talata 27–28)—Galit

**Kagilasan** (t. 28)—Kahambugan o pagmamataas

**Sikap** (t. 31)—Matinding damdamin

**Bunton** (t. 32)—Bunton ng dumi na nagtutulot sa isang kaaway na makatalon sa pader

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang dalawa sa sumusunod na mga aktibidad (A–C) habang pinag-aaralan mo ang II Mga Hari 18–19.

### A Isang Pormula sa Tagumpay

Paano inilalarawan ng II Mga Hari 18:1–8 ang katotohanan ng Mga Kawikaan 3:5–6?

### B Sa Sarili Mong mga Salita

Ibuod ang kuwentong matatagpuan sa II Mga Hari 18–19 sa pamamagitan ng pagsulat sa sarili mong mga salita:

1. Ang sinabi ni Rabsaces sa mga alipin ni Ezechias (tingnan sa II Mga Hari 18:19–35).
2. Reaksyon ni Ezechias sa mga salita ni Rabsaces (tingnan sa II Mga Hari 19:1–5).
3. Mensahe ni Isaias kay Ezechias (tingnan sa II Mga Hari 19:6–7).
4. Ang sinabi ni Isaias kay Ezechias bilang tugon sa panalangin ni Ezechias (tingnan sa II Mga Hari 19:20–34).
5. Ang nangyari sa mga taga-Asiria (tingnan sa II Mga Hari 19:35–37).

### C Paano Ito Nangyayari Ngayon?

Anong aral ang matututuhan ng mga makabagong Israelita mula sa kuwento sa II Mga Hari 18–19? Habang nagsusulat ka, isa-alang-alang ang sumusunod na mga tanong: Sa anong mga paraan ba sa palagay mo na para kang nasa katayuan ni Ezechias at ng mga mamamayan ng Jerusalem? Kailangan ba ng pananampalataya para maniwala na ang ilan sa mga bagay na sinabi sa atin ng mga propeta ay talagang matutupad? Paano nauugnay ang kuwento ni Ezechias sa dalawang kabanatang ito sa Eter 12:6?

# II Mga Hari 20

## Marami Pang Bagay Tungkol kay Ezechias

*Sa I Mga Hari 20 mababasa natin ang isang pagkakataon na muntik nang mamatay si Ezechias. Nanalangin siya nang may pananampalataya upang mabuhay siya nang ilan pang taon, at ibinigay sa kanya ng Panginoon ang kanyang hinahangad. Nakasaad din sa kabanata 20 kung paano ipinakita ni Ezechias sa hari ng Babilonia ang mga kayamanan sa templo. Sinabi ni Isaias na isa itong pagkakamali dahil sa hinaharap maaalala ng mga taga-Babilonia ang malaking kayamanan sa loob ng templo, sasakupin ang Jerusalem, at kukunin ang mahahalagang bagay na iyon.*

# II Mga Hari 21

## Ang Masamang Haring si Manases

*Sa II Mga Hari 21 mababasa natin ang tungkol sa anak ni Ezechias na si Manasses na naghari, matapos ang matuwid na paghahari ng kanyang ama, bilang isa sa pinakamasasamang pinuno sa kasaysayan ng Juda. Sinasabi sa atin sa bandang huli ng kabanata 21 na naghari lamang ang anak ni Manases na si Amon sa loob ng maikling panahon bago siya pinatay. Natagpuan at pinatay ng mga tao ang mga lalaking pumatay kay Amon at pagkatapos ay iniluklok ang ibang hari sa trono. Iminumungkahi sa pangyayaring ito na kung talagang gusto ng mga tao, mapapatalsik nila ang masamang si Manases at maihahalili ang isang matuwid na hari sa kanyang lugar. Napakasama ng paghahari ni Manases dahil hinayaan ng mga tao ang kanyang kasamaan at sila mismo ay masasama. Malaking kapahamakan ang magagawa ng isang masamang taong may kapangyarihan. Gayunman, kung karamihan ng mga tao ay matwid, magdudulot sila ng malaking kabutihan, maging sa gitna ng kasamaan.*

# II Mga Hari 22–23

## Ang Kapangyarihan ng Salita

*Sa Aklat ni Mormon, inutusan ng Panginoon si Nephi na kunin ang mga laminang tanso at ilaan ang halos buong buhay niya sa pagsulat ng Unang Aklat ni Nephi at ng Pangalawang Aklat ni Nephi. Inilalarawan nito kung ano ang nadarama ng Panginoon tungkol sa kahalagahan ng mga banal na kasulatan.*

*Paano magiging iba ang buhay mo kung hindi mo pa nababasa o nalalaman ang tungkol sa mga banal na kasulatan kahit kailan? Anong kaibhan ang nagagawa ng mga ito araw-araw sa buhay mo ngayon?*

*Sa II Mga Hari 22 tinukoy ang mga banal na kasulatan bilang "aklat ng kautusan." Habang binabasa mo ang kabanatang ito, isipin kung ano ang sinisikap ituro sa atin ng manunulat tungkol sa kahalagahan ng mga banal na kasulatan, at pansinin kung ano ang epekto ng mga banal na kasulatan kay Haring Josias at sa kanyang mga tao.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*II Mga Hari 22*

**Eskriba** (t. 3)—Isang klerk o kalihim sa hari, high priest, o lungsod (sa panahong ito ng kasaysayan)

**Pagtutuos** (t. 7)—Pagkukuwenta o pagbibigay-sulit

**Mapapatay** (t. 17)—Mabibigyang-kasiyahan

*II Mga Hari 23*

**Siningilan** (t. 33)—Binuwisan ng pinuno upang hindi siya nito salakayin

### II Mga Hari 22:8—Ang Aklat ng Kautusan na Natagpuan sa Templo

Walang mga limbagan noong panahon ng II Mga Hari 22. Bawat kopya ng aklat ay kinailangang isulat-kamay. Dahil dito, kakaunti ang mga kopya; mahalagang tuklas ang pagkatagpo sa aklat ng kautusan, o mga banal na kasulatan, sa templo. Sa ating panahon, mas madaling makakuha ng kopya ng mga banal na kasulatan. Ang hamon sa atin ay hindi ang hanapin ang mga banal na kasulatan, kundi ang alamin kung ano ang sinasabi ng mga ito. Nagturo si Pangulong Spencer W. Kimball tungkol sa kasaysayan ng mga banal na kasulatan na natagpuan noong panahon ni Josias, at pagkatapos ay sinabi niya, "Kumbinsido ako na bawat isa sa atin, sa isang pagkakataon sa ating buhay, ay kailangang tuklasin ang mga banal na kasulatan sa ating sarili—at hindi lamang basta tuklasin nang minsanan, kundi paulit-ulit itong tuklasin" ("How Rare a Possession—the Scriptures!" *Ensign,* Sept. 1976, 4).

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ang Kapangyarihan ng Salita

Gawin ang tatlo sa apat na sumusunod na mga aktibidad:

1. Ano ang tugon ni Haring Josias nang marinig niya ang mga salita ng aklat ng kautusan? (tingnan sa II Mga Hari 22:11, 19; 23:4–14, 21, 24–25).
2. Ano ang tugon ng mga tao nang basahin ni Haring Josias ang mga salita ring iyon sa kanila? (tingnan sa II Mga Hari 23:1–3).
3. Sumulat tungkol sa isang panahon na nagkaroon ng mahalagang epekto sa buhay mo ang mga banal na kasulatan.
4. Basahin ang II Kay Timoteo 3:15–17; 1 Nephi 15:23–24; 2 Nephi 32:3; Alma 31:5; Helaman 3:29–30, at gumawa ng listahan mula sa mga banal na kasulatang ito tungkol sa bisa ng mga banal na kasulatan sa ating buhay.

# II Mga Hari 24–25

## Binihag ng Babilonia ang Juda

*Sa huling ilang talata ng II Mga Hari 23, mababasa natin na ang anak na lalaki ni Josias ay isang masamang hari, na umakay sa mga tao pabalik sa kasamaan. Noong panahong iyon, pinilit ng mga Egipcio ang mga hari ng Juda na bayaran sila ng pera kapalit ng proteksyon. Napakalakas ng kanilang impluwensya kaya nakapagluklok sila ng bagong hari para sa Juda samantalang buhay pa ang dating hari.*

*Sa pagsisimula ng II Mga Hari 24 humina ang kapangyarihan ng Egipto kumpara sa isang lumalakas na kapangyarihan sa mundo—ang Babilonia. Sa pamumuno ni Haring Nabucodonosor, sinalakay ng mga taga-Babilonia ang Jerusalem at binihag ang maraming mayayaman, edukado, at makapangyarihang mga pamilya sa Jerusalem. Ang Kabanata 24 sa II Mga Hari ang tanda ng "pagsisimula ng wakas" para sa Juda.*

*Sa panahong ito, binalaan ng propetang si Lehi ang mga tao tungkol sa lubos na paglipol ng Babilonia sa Jerusalem. Batid na matagumpay na nasalakay ni Nabucodonosor ang Jerusalem bago pa nagsimula ang 1 Nephi sa Aklat ni Mormon naging tila mas kamangha-mangha ang pagtanggi ng mga tao sa babala ni Lehi. Nagsimula ang Aklat ni Mormon sa "unang taon ng paghahari ni Zedekias" (1 Nephi 1:4), na tinukoy sa II Mga Hari 24:17–20.*

*Ayon na nga sa mga propesiya ni Lehi at ng iba pa, nagbalik si Nabucodonosor sa Jerusalem at "giniba" nang lubusan ang lungsod (tingnan sa II Mga Hari 25). Inalisan ng paningin si Zedekias (binulag) matapos siyang mapilitang saksihan ang pagkamatay ng kanyang mga anak. Nakatala sa Aklat ni Mormon na isa sa mga anak na lalaki ni Zedekias na nagngangalang Mulek ang nakaligtas at naglakbay kasama ang isang grupo papunta sa kanluraning kontinente. Kalaunan ay natuklasan ng mga Nephita ang mga inapo ng mga "Mulekita" na ito at tinawag silang mga mamamayan ng Zarahemla.*

*Ang salaysay tungkol sa pagbihag ng masasama sa Babilonia sa mga piling tao ng Panginoon ay nakatala sa II Mga Hari 25. Ang "ginintuang" panahon ng Israel ay nagsimula nang iligtas sila ni Moises mula sa pagkaalipin sa Egipto at gumawa sila ng mga sagradong pakikipagtipan sa Panginoon. Nagtapos ito sa pagbihag ng mga taga-Asiria at pagkalat ng Hilagang Kaharian, at sa pagbihag ng Babilonia sa Katimugang Kaharian matapos patuloy na nagpakasama ang mga Israelita. Sa gayon ay makikita natin na ang Hilaga at Katimugang Kaharian ng Israel at Juda ay kapwa nasakop tulad ng ipinropesiya ng mga propeta ng Panginoon. Sa loob ng mga anim na raang taon, ang mga tao ng Israel ay halos malaya na, at sumasamba sa Diyos ng kanilang mga amang sina Abraham, Isaac, at Jacob. Ngunit tinalikuran nila ang kanilang Diyos at nabihag at nakalat kasama ng mga hindi sumamba sa tunay at buhay na Diyos.*

# Ang Una at Pangalawang Aklat ng Mga Cronica

Noong mga 540–35 B.C., natalo ng mga taga-Media at taga-Persia ang Babilonia at naging malaking kapangyarihan sa Gitnang Silangan at Asia. Di nagtagal matapos maging makapangyarihan, inanyayahan ni Ciro, hari ng Persia, ang mga Judio na magbalik sa kanilang lupang sinilangan pagkaraan ng mahigit limampung taon ng pagkabihag sa Babilonia. Ang mga aklat ng I–II Mga Cronica ay isinulat noong makabalik na ang mga Judio. Dati-rati, iisang aklat lang ang I–II Mga Cronica, ngunit kalaunan ay pinaghiwalay ito ng mga tagasalin.

## Paghahanda sa Pag-aaral ng I–II Mga Cronica

Hinangad ng mga manunulat ng Mga Cronica na ikuwentong muli ang kasaysayan ng mga Judio noong panahon ng mga hari, kaya saklaw ng Mga Cronica ang magkaparehong panahon ng I–II Samuel at ng I–II Mga Hari. Katunayan, ang ilang bahagi ng Mga Cronica ay tila bumabanggit lamang mula sa mga aklat na iyon. Gayunman, paminsan-minsan, binibigyang-diin sa Mga Cronica ang iba't ibang punto. Halimbawa, mas maraming detalye sa Mga Cronica tungkol sa mga bagay at pangyayari sa templo dahil noong panahong isulat ang Mga Cronica may templo ang mga Judio ngunit walang mga hari.

Dahil karamihan sa Mga Cronica ay naglalaman ng impormasyong napag-aralan mo na, hindi tinatalakay ng gabay sa pag-aaral na ito ang bawat kabanata. Tatanggap ka lang ng mga tulong sa pagbabasa para sa II Mga Cronica 15; 20 dahil naglalaman ang mga ito ng mga kuwentong hindi matatagpuan sa I–II Mga Hari. Para sa iba pang mga piling bahagi ng I–II Mga Cronica, kukumpleto ka lang ng mga aktibidad.

## II Mga Cronica 22:5–19

### Paghahandang Itayo ang Templo

### Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

**A Si David at ang Templo**

1. Ilista kung ano ang sinasabi sa I Mga Cronica 22:5–19 na ginawa ni David sa paghahandang itayo ang templo.
2. Ayon sa mga talata 5–19, bakit hindi pinayagan si David na itayo ang templo?

## II Mga Cronica 29:29

### "Ang mga Gawa ni David na Hari"

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

**A Paano Ito Makatutulong?**

Paano makatutulong sa iyo ang I Mga Cronica 29:29 na masagot ang isang taong namimintas sa Aklat ni Mormon sa pagsasabing lahat ng isinulat ng mga propeta ng Diyos ay matatagpuan sa Biblia at hindi maaaring may iba pang mga aklat ng banal na kasulatan?

# II Mga Cronica 3:1

## Sinimulang Itayo ni Salomon ang Templo

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

**A Ano ang Kahalagahan ng Lugar na Ito?**

1. Ayon sa II Mga Cronica 3:1, saan ipinatayo ni Salomon ang templo?
2. Sa palagay mo, bakit magandang lugar ito para sa isang templo?

# II Mga Cronica 7:1–12

## Ang Kaluwalhatian ng Panginoon

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

**A Sumulat ng Salaysay ng Isang Saksi**

Isipin na kunwari ay isa kang reporter ng pahayagan. Gamit ang impormasyon sa II Mga Cronica 7:1–12, sumulat ng isang kuwento para sa harapang pahina ng pahayagan tungkol sa nangyari kasunod ng paglalaan ng templo ni Salomon na parang naroon ka.

# II Mga Cronica 11:13–17

## Nagbalik ang mga Levita

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

**A Sabihin Kung Sino ang Nasa Isang Lugar at Bakit**

Nang mahati ang Israel sa dalawang bansa, karaniwan ay sinasabi natin na ang mga lipi nina Juda at Benjamin ay nasa Katimugang Kaharian, ang iba pang mga lipi ay nasa Hilagang Kaharian, at ang mga Levita ay nangakalat sa lahat ng lipi. Ngunit alam natin na si Lehi sa Aklat ni Mormon ay hindi nagmula sa lipi ni Juda o ni Benjamin, subalit nanirahan siya sa Jerusalem. Basahin ang II Mga Cronica 11:13–17 at ipaliwanag kung sino ang lumipat sa Jerusalem noong mahati ang mga kaharian at bakit sila lumipat doon.

# II Mga Cronica 15

## Sinunod ni Asa ang Payo ng Propeta

*Kapag nagpapayo ang propeta, paano ka tumutugon? Paano kung may ipagawa siya sa iyo sa kanyang payo na hindi gusto ng lahat? Sinasabi sa kabanata 15 ng II Mga Cronica kung ano ang ginawa ni Asa, hari ng Juda, nang makarinig siya ng payo mula sa propeta ng Diyos. Habang nagbabasa ka, isipin kung ano ang matututuhan mo mula sa tugon ni Asa.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*II Mga Cronica 15*

**Sila'y nagsihilig sa kaniya na mula sa Israel na sagana** (t. 9)—Nagpailalim sila sa kanyang pamumuno

**Samsam** (t. 11)—Mga pag-aaring nakuha nila sa pakiki-paglaban

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Mga Problema at Solusyon

| Mga Problema sa Juda | Ang Dapat Gawin ng mga Tao |
|---|---|
| | |

Gumawa ng simpleng tsart na kagaya ng nakikita na nagsasaad ng sinabi ng propetang si Azarias na pagkakamali ng mga mamamayan ng Juda at ano ang magagawa nila para itama ang sitwasyon. Makikita mo ang impormasyon para mapunan ang tsart sa II Mga Cronica 15:1–7.

### B Kailangan ng __________ para Masunod ang Propeta

1. Anong salita sa II Mga Cronica 15:8 ang nagpapaliwanag kung ano ang madalas kailanganin para masunod ang payo ng propeta?
2. Ano ang ginawa ni Asa at ng mga tao na nagpakita kung gaano nila kagustong sundin ang Panginoon?
3. Ipaliwanag ang ilang partikular na paraan na matutularan mo si Asa at ang kanyang mga tao. Paano siya karaniwang matutularan ng mga miyembro ng Simbahan?

# II Mga Cronica 20

## Ang Anak ni Asa na si Josaphat

*Sa II Mga Cronica 20 makikita natin ang isa pang halimbawa ng mga pagpapala ng pagtitiwala sa Panginoon at sa kanyang mga propeta. Sa pagkakataong ito nangyari ang kuwento noong si Haring Josaphat ang hari ng Juda. Ang buong kuwento tungkol kay Josaphat sa mga banal na kasulatan ay matatagpuan sa II Mga Cronica 17–20.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*II Mga Cronica 20*

**Mga bansa** (t. 6)—Yaong mga hindi sumasamba sa tunay na Diyos

**Santuario** (t. 8)—Templo

**Manglupaypay** (mga talata 15, 17)—Matakot

**Mga bakay** (t. 22)—Mga lihim na pagsalakay

**Makatapos** (t. 23)—Lubusang nalipol

**II Mga Cronica 20:7–9—Ang Pangakong Manalangin sa Templo**
Bagama't alam natin na diringgin ng Diyos ang ating mga dalangin saanman tayo manalangin sa kanya, sa II Mga Cronica 20:7–9 hiniling ni Josaphat na matupad ang mga natatanging pangakong matatagpuan sa panalangin sa paglalaan ng templo ni Salomon (tingnan sa I Mga Hari 8:37–40, 44–45).

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Paano Matatanggap ang Tulong ng Panginoon

Gumawa ng listahan ng mga bagay na ginawa ni Josaphat at ng kanyang mga tao para matanggap ang tulong ng Panginoon kapag nahaharap sila sa malaking hamon.

### B Magbigay ng Halimbawa

Sumulat ng isang makabagong halimbawa kung paano mo naipamuhay o ng isang taong nabasa mo, marahil ay sa mga banal na kasulatan, ang payo sa II Mga Cronica 20:20 at nalaman ang katotohanan nito.

# II Mga Cronica 26:14–21

## Naging Ketongin si Uzzias

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ano ang Problema?

1. Bakit nagkaroon ng ketong si haring Uzzias?
2. Ano ang itinuturo sa atin ng paraan ng pagpaparusa ng Panginoon kay Uzzias tungkol sa damdamin ng Panginoon ukol sa mga susi at awtoridad ng priesthood?

# II Mga Cronica 29:1–11

## "Huwag Kayong Mangagpabaya"

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Gumawa ng Listahan

1. Ilista kung ano ang sinabi ng Panginoon sa o tungkol sa sumusunod na mga grupo sa II Mga Cronica 29:1–11: mga Levita, "ating mga magulang," at "mga anak ko."
2. Paano natin masusunod ang payo ni Ezechias sa II Mga Cronica 29:9–11 para umunlad tayo bilang isang lahi sa harapan ng Panginoon? (tingnan din sa D at T 97:10–21).

# II Mga Cronica 36:11–16


## Kasamaan sa Jerusalem

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Paghambingin ang Dalawang Magkaibang Aklat ng Banal na Kasulatan

Inilalahad sa II Mga Cronica 36:11–16 ang haba ng panahon na nasa Jerusalem si Lehi. Paano magkatulad ang mga talata 11–16 at ang 1 Nephi 1?

# Ang Aklat ni Ezra




Mula mga 605–586 B.C. sinakop ng mga taga-Babilonia ang bansang Judio at dinalang bihag sa Babilonia ang mga Judio. Noong bihag sila (tingnan sa Mga Awit 137:1–4), nilabag nila ang kanilang mga tipan sa Diyos at tila nawalan ng mga pagpapalang ipinangako sa kanila bilang bahagi ng tipang Abraham.

## Bagong Pag-asa

Mga limampung taon matapos manakop ang Babilonia, nagkaisa ang mga taga-Media at mga taga-Persia na talunin ang mga taga-Babilonia at lumikha sila ng kaharian sa Asia at Gitnang Silangan. Itong kahariang Medo-Persian ay pinamunuan ng haring nagngangalang Ciro na gumawa ng mga patakarang nagpakita ng kabaitan sa kanyang mga alagad, pati na sa mga Judio sa Babilonia. Di nagtagal matapos sakupin ang Babilonia noong 539 B.C., ipinahayag ni Ciro na maaari nang magbalik sa Jerusalem ang mga Judio sa Babilonia at muling itayo ang kanilang templo (tingnan sa II Mga Cronica 36:22–23; Ezra 1). Ang balitang ito ay nagdulot ng malaking katuwaan sa maraming bihag na Judio. Tulad ng isinulat ng Mang-aawit, "Kung kalimutan kita, Oh Jerusalem, kalimutan nawa ng aking kanan ang kaniyang kasanayan" (Mga Awit 137:5; tingnan din sa 137:6). Sumibol ang bagong pag-asa sa puso ng mga Judio.

May tatlong malalaking pagbalik sa Jerusalem: isa noong mga 538 B.C. sa pamamahala ni Zorobabel, pangalawa noong mga 465–25 B.C. sa pamamahala ni Ezra, at pangatlo noong 444 B.C. sa pamamahala ni Nehemias.

**Pagbalik mula sa Pagkatapon**




Dumaan si Ezra ng mapanganib na daan nang walang kasamang bantay-militar
Pagbabalik sa ilalim ng pamumuno nina Ezra at Nehemias (457–28 b.c.)
Pagbabalik ng mga itinapon noong panahon nina Sesbassar at Zorobabel (537–15 b.c.)
Tinipon ang itinapong mga taga-Judea sa paligid ng Nippur

## Paghahanda sa Pag-aaral ng Ezra


Si Ezra ay isang saserdote at inapo ni Aaron, na kapatid ni Moises. Tinawag din siyang eskriba, na isang taong maraming pinag-aralan, isinulat, at itinurong mga banal na kasulatan. Pinamunuan ni Ezra ang pangalawang malaking grupo ng mga Judio pabalik sa Jerusalem noong mga 465–25 B.C.

Tinawag ng ilan si Ezra na "ama" ng makabagong Judaismo dahil sa pagbibigay-diin niya sa pag-aaral ng batas (mga banal na kasulatan). Pinamunuan niya ang mga Judio noong simulan nilang mas pagtuunan ng pansin ang pagiging isang simbahan sa halip na isang bansa. Malinaw na si Ezra ang sumulat ng ilan sa aklat ni Ezra o ang orihinal na manunulat na tuwirang bumanggit ng mga sipi mula sa talaang isinulat ni Ezra dahil sa huling apat na kabanata, sumulat si Ezra sa unang panauhan ("Sinabi ko," "aking isinugo sila," at iba pa).



Matapos muling ilahad ang kuwento tungkol sa pagtutulot ni Ciro sa mga Judio na bumalik sa Jerusalem (orihinal na inilahad sa II Mga Cronica 36), inilahad ni Ezra ang kuwento tungkol sa isang grupo, na pinamunuan ni Zorobabel, na nagbalik at naghangad na muling itayo ang templo at muling itatag ang paraan ng pamumuhay ng mga Judio. Pinanghinaan ng loob ang grupong ito ngunit kalaunan ay hinikayat sila ng mga propetang sina Haggeo at Zacarias na tapusin ang templo. Ang templo ay isa sa dalawang mahahalagang temang binigyang-diin sa Ezra. Ang isa pang ideya ay ang kahalagahan ng batas, o mga sagradong talaan na tinatawag nating mga banal na kasulatan. Sinikap ni Ezra na tulungang maging matwid ang buhay at kalooban ng mga Judio sa pamamagitan ng pagtuturo ng batas sa kanila. Para sa karagdagang impormasyon tungkol kay Ezra, tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, “Ezra.”

**Time Line para sa Ezra**




*Paunawa:* Lahat ng petsa ay tinantiya.

# Ezra 1

## Tinupad ni Ciro ang Propesiya

*Inilahad sa atin sa Ezra 1 na hindi lamang hinikayat ni Ciro ang mga Judio na magbalik sa Jerusalem, kundi ibinalik din niya ang lahat ng bagay na kinuha ni Nabucodonosor sa templo at inilagay ang mga ito sa mga templo ng Babilonia. Nadama ni Ciro na binigyang-inspirasyon siya ng Diyos na gawin ang batas na ito. Tinupad ng batas ni Ciro ang mga propesiya nina Isaias at Jeremias (tingnan sa Isaias 44:28–45:1).*

# Ezra 2

## Sino ang Nagsibalik?

*Ibinigay sa Ezra 2 ang bilang ng mga taong nagsibalik sa Jerusalem sa pamumuno ng isang lalaking nagngangalang Zorobabel, na isang inapo ng mga hari ng Juda at naging gobernador ng lupain nang magbalik ang Judio. Ang mga taong nakalista sa kabanatang ito ay nakagrupo ayon sa lungsod na pinagmulan nila sa Israel at pagkatapos ay ayon sa pamilya sa lungsod na iyon. Pinansin din sa Ezra 2 na kinailangang saliksikin ng mga saserdoteng nagsibalik ang kasaysayan ng kanilang pamilya upang patunayan na sila ay mga Levita at maaaring mangasiwa sa priesthood.*

# Ezra 3–6


## Ang Pagtatayo ng Templo

*Sa Ezra 3 mababasa natin kung paano sinimulang itayong muli ang templo sa pamamahala nina Zorobabel at Jesua (ang pinuno ng mga saserdote). Nagsimula sila sa altar para makapagsagawa sila ng mga sakripisyong iniutos sa batas ni Moises. Pagkatapos ay sinimulan nila ang pundasyon. Nang matapos ang pundasyon nagdiwang sila. Nagsitangis ang mga nakaalala sa templo ni Salomon nang makita nila ang templong ito dahil alam nila na hindi ito kasingganda ng templong naalala nila.*

*Sabi ni Pangulong Brigham Young, "Natapos natin ang templo sa Kirtland at sa Nauvoo; at hindi nga ba panay ang tunog ng mga kampana ng impiyerno habang itinatayo natin ang mga ito? Nagsisitunog ang mga ito, linggu-linggo at araw-araw" (Journal of Discourses, 8:356). Makikita sa Ezra 4 ang katotohanan ng pahayag na iyan. Isang grupo ng mga taong tinatawag na mga Samaritano ang gustong tumulong sa mga Judio na muling itayo ang templo. Inayawan ng mga Judio ang tulong nila, na nagpagalit sa mga Samaritano. Mula noon ginawa na ng mga Samaritano ang lahat para pigilan ang pagtatayo ng templo.*

Ang isang Samaritano ay inapo ng mga naninirahan sa Asiria at mga Israelita. Itinuring ng mga Judio na marumi ang mga Samaritano dahil sa pagpapakasal nila sa hindi kalahi.

*Inilahad sa Ezra 5–6 ang kuwento kung paano nakuhang muli ng mga Judio ang pahintulot na patuloy na itayong muli ang templo sa Jerusalem matapos matagumpay na mapatigil ng mga Samaritano ang pagtatayo nito. Hinikayat ng mga propetang sina Haggeo at Zacarias ang mga tao na patuloy na magtayo kahit pinatigil na sila (tingnan sa Ezra 5:1–2). Nagtanong ang mga hindi Judio sa lupain kung may pahintulot na magtayo ang mga Judio, at nang basahin ng mga Judio ang batas ni Haring Ciro bilang kanilang pahintulot sa pagtatayo, sumulat ang mga hindi Judio sa haring si Dario at hiniling dito na tiyakin kung totoo ang utos ni Ciro. Nakatala sa Ezra 6 na nakita ang batas at pinahintulutan ni Dario na ituloy ang pagtatayo.*




*Sa bandang huli ng Ezra 6 mababasa natin na natapos at inilaan ang templo. Naghatid ng galak sa mga tao ang paglalaan ng templo dahil pinalakas sila upang ituloy ang gawain sa bahay ng Diyos (tingnan sa t. 22). Pansinin na ang masasayang pangyayari sa dalawang kabanatang ito ay bunga ng kahandaan ng mga tao na sundin ang payo ng mga propetang sina Haggeo at Zacarias.*

# Ezra 7

## Ezra—Guro ng Batas

*Ipinakilala sa Ezra 7 si Ezra na saserdote, na isa ring eskriba, o guro. Inilahad sa atin sa listahan ng mga pangalan sa unang limang talata ng kabanata 7 na si Ezra ay tuwirang inapo ni Aaron, na kapatid ni Moises. Malalaman din natin mula sa kabanatang ito na tinulutan ni Artajerjes si Ezra na dalhin ang isang grupo ng mga Judio sa Jerusalem mula sa Babilonia. Bukod pa rito, nagbigay ng pera si Artajerjes para sa templo at ipinakuha kay Ezra ang mga kayamanan mula sa templo sa Babilonia at ipinabalik ang mga ito sa templo sa Jerusalem. Mababasa rin natin na binigyan ng kapangyarihan si Ezra na humirang ng mga hukom sa mga tao upang maglingkod sa pamahalaang lokal ng mga Judio.*

### Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

#### A Ang Pinagmulan ng Lakas ni Ezra

1. Ayon sa Ezra 7:10, ano ang tatlong bagay na ginawa ni Ezra? (Ang "kautusan ng Panginoon" ay tumutukoy sa mga banal na kasulatan.)
2. Ipaliwanag na hindi kukulangin sa dalawa ang natanggap na pakinabang ni Ezra dahil ginawa niya ang mga bagay na ito.
3. Magbigay ng halimbawa kung paano ninyo magagawa ang bawat isa sa tatlong bagay na ito.

# Ezra 8

## Paglalakbay Papuntang Jerusalem

*Ang unang bahaging ito ng Ezra 8 ay naglalaman ng listahan ng mga grupo ng mga taong sumama kay Ezra mula Babilonia hanggang Jerusalem at ang bilang ng mga tao sa bawat grupo. Pagkatapos ay ikinuwento sa kabanata 8 ang paglalakbay ng mga Judio papuntang Jerusalem, pati na kung paano sila nag-ayuno at nanalangin para maprotektahan sila sa daan at kung paano dinig at sinagot ng Panginoon ang kanilang mga dalangin.*

# Ezra 9–10

## Pagpapakasal sa mga Babaeng Hindi Israelita

*Siguro ang pinakamalaking dahilan kaya nangakalat at nabihag ang Israel at Juda ay sumamba sila sa mga diyus-diyusan. Sinikap ni Ezra at ng iba pang mga pinunong Judio na huwag nang maulit ng mga tao ang mga pagkakamaling ito nang magbalik sila sa kanilang lupang pangako. Ngunit sa pagbabasa mo ng Ezra 9–10, malalaman mo na maraming*

*Judio ang nagpakasal sa labas ng tipan, kaya't lumakas ang tuksong sumamba sa mga diyos ng kanilang mga asawa. Habang binabasa mo ang dalawang kabanatang ito, isipin kung paano mo maipamumuhay ang itinuturo ng mga nakasulat na ito tungkol sa pagpapakasal sa loob ng tipan.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Ezra 9*

**Mga karumal-dumal** (mga talata 1, 11, 14)—Mga bagay na mali sa paningin ng Diyos

**Banal na binhi** (t. 2)—Pinagtipanang mga tao

**Nahalo** (t. 2)—Nagpakasal sa hindi kalahi

**Puno sa pagsalangsang na ito** (t. 2)—Mga pasimuno sa paggawa ng mali

**Natitigilan** (mga talata 3–4)—Gulat at nalulungkot

**Pagpapakumbaba** (t. 5)—Mabigat na pasanin

**Kaunting kabuhayan** (mga talata 8–9)—Pag-asa

**Makikipisan** (t. 14)—Makikipag-ugnayan

*Ezra 10*

**Pinasumpa** (t. 5)—Nangako

**Ezra 10:9—"Nanginginig Dahil sa Bagay na Ito at Dahil sa Malakas na Ulan"**

Ang pangyayaring ipinaliwanag sa Ezra 10:9 ay naganap sa panahong napakalamig at napakaraming ulan. Nangatog sa ginaw ang mga tao at dahil din sa nadama nila na galit ang Panginoon sa kanila dahil sa kanilang mga kasalanan.

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Interbyuhin si Ezra

Kunwari ay isa kang reporter ng pahayagan noong panahon ng mga pangyayari sa Ezra 9. Pumili ng tatlong bagay na itatanong mo kay Ezra, at isulat kung paano kaya siya sasagot ayon sa nabasa mo sa Ezra 9.

### B Tukuyin ang mga Alituntunin ng Pagsisisi

1. Nakinig ang mga tao kay Ezra at maraming nagsikap na maging mas mabuti. Isulat sa iyong notbuk at salungguhitan sa iyong mga banal na kasulatan ang tatlong alituntunin ng tunay na pagsisisi na matatagpuan mo sa Ezra 10.
2. Sabihin kung bakit mahalaga sa proseso ng pagsisisi ang bawat alituntuning natagpuan mo sa itaas.

# Ang Aklat ni Nehemias

Itinuloy sa aklat ni Nehemias ang kuwentong sinimulan sa Ezra. Sa pinakaunang mga banal na kasulatan ng mga Judio isang aklat lang ang Ezra at Nehemias. Para sa impormasyong makatutulong tungkol kay Nehemias at sa aklat ni Nehemias, tingnan sa pambungad sa Ezra dito sa gabay sa pag-aaral at sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Nehemias."

## Paghahanda sa Pag-aaral ng Nehemias

Habang nagbabasa ka, isipin ang simbolismo ng mga kuta ng Jerusalem na pinagsikapang itayo ni Nehemias. Bakit lubhang mahalagang itayo ang mga kutang ito? Paano naging katulad ng mga Judio ang mga kuta na ito?



## Nehemias 1

### Ang Panalangin ni Nehemias

*Paano ka tutugon kapag narinig mo ang mga problemang kinakaharap ng mga tao sa inyong lugar o sa iba't ibang lugar ng mundo? Nakatala sa Nehemias 1 kung ano ang ginawa ni Nehemias nang marinig niya ang pagdurusa ng iba.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Nehemias 1*

**Nangaiwan** (mga talata 2–3)—Nakaligtas

**Nalabi** (t. 3)—Mga nakaligtas

**Kapighatian** (t. 3)—Problema

**Kakutyaan** (t. 3)—Kahihiyan

**Lalaking ito** (t. 11)—Ang hari

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Hanapin ang Mahahalagang Salita


Piliin ang apat na inaakala mong pinakamahahalagang salita sa Nehemias 1. Siguruhing makapili ng kahit isang salita lang na nagpapaliwanag sa mga ginawa ni Nehemias at isang salitang mahalaga sa sinabi niya. Ipaliwanag kung bakit mo pinili ang bawat salita.

# Nehemias 2


## Nagpunta si Nehemias sa Jerusalem

*Sinagot ng Panginoon ang panalangin ni Nehemias na nakatala sa Nehemias 1. Nakasaad sa Nehemias 2 na nagkaroon ng pagkakataon si Nehemias na sabihin kay Haring Artajerjes kung bakit siya malungkot at lumambot ang puso ng hari sa kanya. Pinayagan ng hari si Nehemias na magbalik sa Jerusalem upang tumulong na maitayong muli ang mga kuta ng lungsod. Nagbigay pa ng pera si Artajerjes at binigyan ng mga liham si Nehemias na dadalhin sa mga gobernador ng mga lalawigan upang ipakita na may pahintulot ng hari si Nehemias. Sa pahintulot ni Haring Artajerjes, nagpunta naman si Nehemias sa Jerusalem, sinuring mabuti ang sitwasyon, at higit kailanman ay napagtanto na dapat siyang tumulong na maitayo ang mga kuta ng Jerusalem.*

**Ang Kaharian ng Persia 500 B.C.**




**Jerusalem sa Panahon ni Nehemias**




## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Isang Halimbawa ng Pananampalataya

1. Ano ang sinabi ni Nehemias para hikayatin ang mga tao?
2. Paano tumugon ang mga tao?
3. Paano tumugon si Nehemias sa mga "nanunuya"?
4. Paano natin maiaangkop ang ginawa ni Nehemias nang sikapin niyang isagawa ang isang bagay na iniutos sa atin ng Panginoon o ng kanyang mga lingkod?

# Nehemias 3–4

## Naharap sa Oposisyon ang mga Tagapagtayo

*Nakalista sa Nehemias 3 ang mga pangalan at grupo ng mga taong nagtrabaho sa muling pagtatayo ng mga pader ng Jerusalem at sinabi kung anong bahagi ng kuta ang ginawa nila.*

*Nakasaad sa Nehemias 4 kung paano nagpatuloy si Sanballat, gobernador ng mga Samaritano, na tuyain at kalabanin ang muling pagtatayo ng mga kuta ng Jerusalem. Nang matuklasan niya na hindi niya mapigil ang gawain sa pamamagitan ng panunuya sa mga tao, tinangka niyang sugurin ang mga trabahador para patigilin sila. Ngunit nanalangin si Nehemias at ang mga tao para sa tulong ng Panginoon at "pinagbantay" ang kalahati ng mga trabahador. Pinrotektahan sila ng Panginoon para maituloy nila ang kanilang ginagawa. Malaki ang pananampalataya ng mga Judiong ito kahit sa gitna ng mala-Satanas na panunuya at pagkalaban sa kanilang mabubuting gawain.*

# Nehemias 5

## Nehemias: Isang Dakilang Pinuno

*Inilahad sa Nehemias 5 kung paano pinamunuan ni Nehemias, katulad ni Haring Benjamin sa Aklat ni Mormon (tingnan sa Mosias 2), ang kanyang mga tao nang hindi sila pinapatawan ng buwis. Gumawa rin siya ng mga batas na pumigil sa mga Judio na magpataw ng napakataas o sobrang patubo sa isa't isa sa mga pautang (tinatawag na "labis-labis na patubo"), na nagpatigil sa gawi ng mga Judio na pang-aalipin sa ibang mga Judiong may utang sa kanila.*

# Nehemias 6

## Natapos ni Nehemias ang mga Kuta

*Kung minsan ay mahirap sabihin kung sino talaga ang nagnanais ng pinakamainam para sa atin. Maaaring subukan ng mga taong masama ang layon na linlangin tayo para sila ang makinabang sa ating kasawiang-palad. Gayunman, kung masunurin tayo sa Diyos at magtitiwala sa patnubay ng Espiritu, maaari tayong makaiwas sa panlilinlang. Sinasabi sa atin sa Nehemias 6 kung ano ang ginawa ni Nehemias sa isang sitwasyon kung saan hinangad ng iba na saktan siya at guluhin ang kanyang gawain.*

### Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Nehemias 6*

**Pinagbubuhat** (t. 8)—Gawa-gawa lang, nagkukunwari

**Madusta** (t. 13)—Mapagsalitaan ng masama

**Nangalumatang mainam** (t. 16)—Nanghina ang loob

**Nehemias 6:10–13—Bakit Ayaw Pumasok ni Nehemias sa Templo?**

Tila bahagi ng isang plano ni Semaias na pigilin ang mga pagsisikap ni Nehemias, at bahagi ng plano ang "nakulong" si Semaias sa kanyang bahay. Pinarating ito ni Semaias na para bang nanganganib ang buhay ni Nehemias at sinabi kay Nehemias na dapat siyang magpunta sa templo, sunggaban ang mga sungay ng dambana, at magsumamong protektahan ang kanyang buhay, na isang gawaing binanggit sa batas ni Moises (tingnan sa Exodo 21:14; I Mga Hari 1:50–51; 2:28; II Mga Hari 11:15). Naunawaan ni Nehemias ang plano laban sa kanya at piniling magtiwala na poprotektahan siya ng Panginoon. Ang isa pang dahilan kaya hindi pumasok si Nehemias sa templo ay dahil hindi siya isang saserdote. Umasa si Semaias at ang iba pa na masisira ang reputasyon ni Nehemias sa mga tao, ngunit nabigo sila.

### Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

**A Iwasang Malinlang**

1. Banggitin ang mga tao sa Nehemias 6 na nagtangkang saktan si Nehemias, at ipaliwanag kung paano.
2. Anong mga bagay ang ginawa ni Nehemias para maiwasang mahulog sa kanilang "mga patibong"?
3. Isulat kung ano ang sinasabi sa sumusunod na mga banal na kasulatan na magagawa natin para maiwasang malinlang: Helaman 3:29–30; Doktrina at mga Tipan 43:2–6; 46:7–8; Joseph Smith—Mateo 1:37.


# Nehemias 7

## Ang Pangalan ng mga Nagsibalik

*Ang Nehemias 7 ay talaan ng mga taong dumating sa Jerusalem kasama si Zorobabel (tingnan sa Ezra 2). Katulad sa Ezra, pinansin sa Nehemias 7 na ang mga hindi naipakita sa kanilang genealogy na angkop ang kanilang lahi ay hindi pinayagang magkaroon ng priesthood.*

# Nehemias 8

## Binasa ni Ezra ang mga Banal na Kasulatan sa mga Tao



*Paano magiging kaiba ang buhay mo kung hindi ka kailanman nakarinig o nakabasa o nagkaroon ng kopya ng mga banal na kasulatan? Noong panahon ni Nehemias, nakasulat sa mga nakabalumbong papel ang mga banal na kasulatan, kaya nga kailangan ang malaking pagsisikap at sakripisyo para magkaroon ng kopya nito. Itinuring na mapalad ang sinumang nagkaroon ng buong kopya nito. Hindi nabasa ni narinig ng mga tao sa panahon ni Nehemias ang mga banal na kasulatan sa loob ng ilang taon. Habang binabasa mo ang Nehemias 8, ihambing ang nadama at ginawa ng mga tao nang marinig nila ang mga banal na kasulatan sa nadarama at ginagawa mo nang magkaroon ka ng pagkakataong mabasa o marinig ang mga banal na kasulatan.*

### Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Nehemias 8*

**Mga bahagi** (t. 10)—Kaunti

#### Nehemias 8:13–18—Nabasa Nila sa mga Banal na Kasulatan na Dapat Silang Tumahan o Tumira sa "mga Balag"



Natuklasan ng mga Judio sa mga banal na kasulatan noong panahon ni Ezra ang isang utos na "tumahan sa mga balag." Ang utos ay tumutukoy sa Kapistahan ng mga Balag, na isang sagradong pagdiriwang na unang ibinigay ng Panginoon kay Moises at sa mga anak ni Israel (tingnan sa Levitico 23:33–44).

### Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

#### A Hanapin ang Mahahalagang Salita

1. Basahin ang Nehemias 8:2–12 at gumawa ng listahan ng mga salita na inaakala mong pinakamainam na nagpapaliwanag kung ano ang nadama ng mga tao tungkol sa pagkarinig sa pagbasa at paliwanag sa kanila ni Ezra sa mga banal na kasulatan. Maaari mong markahan ang mga salitang ito sa iyong mga banal na kasulatan.
2. Pumili ng isa sa mga salitang isinulat mo sa iyong listahan at magkuwento tungkol sa isang panahon na nadama mo rin ang gayon; *o*, pumili ng isa sa mga salita sa listahan at sabihin kung bakit sa palagay mo tumugon ang mga tao sa gayong paraan nang ituro ni Ezra ang tungkol sa mga banal na kasulatan.
3. Alin sa palagay mo ang mga salita sa Nehemias 8:2–12 na nagpapaliwanag kung ano ang ginawa ni Ezra para tulungan ang mga tao na magkaroon ng magandang karanasan sa mga banal na kasulatan?

# Nehemias 9–10

## Ang Kapangyarihan ng Salita

*Mababasa natin sa Aklat ni Mormon na "ang pangangaral ng salita ay … may higit [na] malakas na bisa sa isipan ng mga tao kaysa sa espada, o ano pa mang bagay" (Alma 31:5). Ang Nehemias 9–10 ay naglalaman ng mga halimbawa ng katotohanang ito.*

*Sa Nehemias 9 mababasa natin na dahil narinig nila ang salita ng Diyos (tingnan sa Nehemias 8), ang mga tao ay nag-ayuno, nagtapat ng kanilang mga kasalanan, at sumamba sa Panginoon. Pagkatapos ay ibinuod ng mga saserdote sa mga tao ang kanilang kasaysayan mula sa panahon ni Abraham, na nagpapakita kung paano naging maawain ang Panginoon sa kanila hanggang sa panahon nila.*

*Sa Nehemias 10 mababasa natin na gumawa ng mga tipan ang mga saserdote na lubusang susundin ang mga kautusan. Sinunod ng nalalabi sa mga tao ang halimbawa ng kanilang mga saserdote at gumawa rin ng ganitong tipan. Ang mga pangyayaring nakatala sa mga kabanata 9–10 ay nagpapakita ng ilan sa mga pagpapala ng pagbabasa, pag-aaral, pagbubulay-bulay, at pamumuhay ng mga banal na kasulatan.*

# Nehemias 11–12

## Ang Paglalaan ng Kuta

*Ibinigay sa Nehemias 11 ang mga pangalan ng mga pinuno ng mga tao sa Israel at kung sino sa kanila ang inatasang manirahan sa Jerusalem. Binanggit din sa kabanata 11 ang iba pang mga inatasang manirahan sa ibang mga lungsod sa lupain.*

*Ang unang bahagi ng Nehemias 12 ay naglalaman ng mga pangalan ng mga saserdote at Levita (mga maytaglay ng priesthood) na nagsibalik sa Jerusalem sa grupo ni Zorobabel (mga talata 1–9). Ang susunod na bahagi ay naglalaman ng mga pangalan ng mga saserdote at Levita sa panahon ni Nehemias, na mga inapo ng orihinal na grupo (mga talata 10–26). Ang nalalabing kabanata ay naglalahad ng paglalaan ng mga kuta ng Jerusalem (mga talata 27–47).*

# Nehemias 13

## Patuloy na Nangaral ng Pagsisisi si Nehemias

*Matapos ilaan ang mga kuta ng Jerusalem, nagbalik si Nehemias para makasama si Haring Artajerjes sa Babilonia. Nakasaad sa Nehemias 13 kung ano ang natagpuan niya pagbalik niya sa Jerusalem. Tatlong bagay ang lubhang hindi nakasiya sa kanya: (1) isang dayuhan, na hindi naniwala sa Diyos ng Israel ang tinulutang manirahan sa bahay ng Panginoon, (2) hindi pinanatiling banal ng mga tao ang araw ng Sabbath, at (3) ang mga tao—maging ang mga saserdote at Levita—ay nagpapakasal sa labas ng tipan. Hinikayat ni Nehemias ang mga tao na maging tapat sa Panginoon sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kautusang ito. Tayo man ay nagpapakita ng ating katapatan sa Diyos ngayon sa pagdalo sa templo nang karapat-dapat, pagpapanatiling banal ng araw ng Sabbath, at pagpapakasal sa loob ng tipan.*

# Ang Aklat ni Esther

## Ang Kuwento Tungkol sa Isang Bayaning Babaeng Judio

Hindi si Esther ang sumulat ng aklat ni Esther, ngunit matatagpuan sa aklat ang buong kuwento tungkol sa kanya. Ang kuwento ay naganap noong panahong maraming Judio sa Persia (mga 460–30 B.C.) at nakasaad kung paano iniligtas ng katapangan ni Esther sa pagkalipol ang kanyang mga kababayan. Ipinagdiriwang pa rin ng mga Judio ang magandang kaganapang ito sa masayang pista-opisyal na tinatawag nilang Purim. Muling binabasa ng mga Judio ang kuwentong ito; pinapalakpakan at ipinagbubunyi ng ilan sa mga mamamayan ang mga bida at isinusumpa ang mga kontrabida. Dahil ang aklat ni Esther ay isang kuwento, saklaw ng mga bahaging "Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan" at "Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan ang buong aklat. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa aklat ni Esther, tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Esther."

## Paghahanda sa Pag-aaral ng Esther

Si Ciro ang unang hari ng Kaharian ng Persia. Hinalinhan siya ng kanyang anak na si Cambyses, na namuno sa loob ng maikling panahon. Pagkamatay ni Cambyses, isang lalaking nagngangalang Dario ang naghari sa loob ng maraming taon. Pagkamatay ni Dario, namuno ang kanyang anak na si Xerxes bilang ikaapat na hari ng Kaharian ng Persia. Si Xerxes, na pangalan niya sa Griyego, ay kilala sa aklat ni Esther sa kanyang pangalang Persian na Assuero.

Kahit kasunod ng Nehemias ang Esther sa inyong Biblia, naganap talaga ang mga nangyari sa Esther mga tatlumpung taon bago sumapit ang mga kaganapan sa Nehemias. Si Xerxes, o Assuero, ang hari noong panahon ni Nehemias na tila napakabait kay Nehemias at sa mga Judio. Marahil dahil ito sa nangyari sa aklat ni Esther. Kung hindi sa mga nangyari sa Esther, wala sigurong aklat ni Nehemias!

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

### *Esther 1*

**Mga kamarero** (mga talata 12, 15)—Tagapamahala ng kapakanan ng hari

**Mga pantas, na nakakaalam ng mga panahon** (t. 13)—Mga astrologo

**Kakalat** (t. 17)—Malalaman

**Pagkapahamak** (t. 18)—Kawalang-galang

**Kalagayan** (t. 19)—Posisyon at mga pag-aari

### *Esther 2*

**Pagiinit** (t. 1)—Galit

**Paglilinis** (mga talata 3, 9, 12)—Pagpapaganda ng mga babae

**Ipinakilala ang kaniyang bayan o ang kaniyang kamaganakan** (mga talata 10, 20)—Sinabi kung saang grupo ng mga tao siya kabilang

**Buhatan ng kamay** (t. 21)—Patayin

**Sinaysay** (t. 22)—Sinabi

### *Esther 3*

**Inakalang walang kabuluhan** (t. 6)—Tinanggihan ang mungkahi

**Pinagsapalaran** (t. 7)—Isang bagay kung saan makapipili ka ng isang numero na kung magkataon ay mananalo, tulad ng beto-beto

**Tiisin** (t. 8)—Payagan, pagbigyan

**May katungkulan sa mga gawain** (t. 9)—Nagsasagawa

**Kumuha ng samsam sa kanila na pinakahuli** (t. 13)—Kunin ang kanilang mga pag-aari bilang gantimpala

**Natitigilan** (t. 15)—Nalilito



### *Esther 4*

**Mamanhik** (t. 8)—Mapagpakumbabang humiling

**Cetro** (t. 11)—Isang tungkod na simbolo ng awtoridad

### *Esther 5*

**Hingi** (mga talata 6–8)—Hangad

### *Esther 6*

**Gayon** (t. 9)—Ganap

### *Esther 7*

**Nangangahas magbanta** (t. 5)—Nag-iisip

### *Esther 8*

**Ipinamanhik** (t. 3)—Marubdob na humiling

**Kasamaan** (t. 3)—Masamang plano

**Banta, ibinanta** (t. 3)—Plano, ipinlano

**Loloob** (t. 11)—Sasalakay para manakit

**Samsam** (t. 11)—Nakuhang mga pag-aari

**Pinakahuli** (t. 11)—Gantimpala

### *Esther 9*

**Gagawin** (t. 1)—Ipatupad

**Napabaligtad** (t. 1)—Kabaligtaran ang nangyari

**Pagtibayin** (mga talata 31–32)—Itatag

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Gamitin ang Kanilang Halimbawa

Isulat kung ano sa palagay mo ang matututuhan ng isang kaedad mo mula sa mga halimbawa ng bawat isa sa sumusunod na tatlong tao sa aklat ni Esther: Reyna Vasthi, Mardocheo, at Esther. Para sa bawat indibiduwal, magbigay ng partikular na mga halimbawa at reperensya mula sa mga banal na kasulatan bilang bahagi ng iyong paliwanag.

### B Isang Mahalagang Talatang Dapat Alalahanin

1. Basahin ang Esther 4:14 at isulat ito sa sarili mong mga salita.
2. Ang tanong ni Mardocheo kay Esther sa Esther 4:14 ay maaaring itanong sa iyo ngayon. Tumulong si Pangulong Ezra Taft Benson na masagot ang tanong na iyan nang sabihin niyang, "Halos anim na libong taon kayong inireserba ng Diyos para mabuhay sa mundo sa mga huling araw bago ang ikalawang pagparito ng Panginoon. Ang ilang tao ay mangaliligaw; ngunit ang kaharian ng Diyos ay mananatiling buo upang salubungin ang pagbalik ng pinuno nito—maging si Jesucristo. Kahit maihahambing ang ating henerasyon sa kasamaan noong panahon ni Noe, nang linisin ng Panginoon ang mundo sa pamamagitan ng baha, malaki ang kaibhan sa pagkakataong ito. Inilaan ng Diyos para sa huling labanan ang ilan sa Kanyang pinakamatatag na mga anak, na tutulong sa ikatatagumpay ng kaharian. At doon kayo pumapasok sa eksena, dahil kayo ang henerasyon na kailangang ihanda sa pagsalubong sa inyong Diyos" (*The Teachings of Ezra Taft Benson* [1988], 104–5).

Sabi pa ni Pangulong Benson, "Sa lahat ng henerasyon nakamasid ang mga propeta sa pagdaan ng mga taon hanggang sa panahon natin ngayon. Bilyun-bilyon sa mga namatay at mga isisilang pa lamang ang nakamasid sa atin. Huwag kayong magkakamali—kayo ay natatanging henerasyon. Higit kailanman ay mas malaki ang inaasahan sa matatapat sa ating panahon sa gayon kaikling panahon" (*Teachings of Ezra Taft Benson*, 105). Sumulat ng isang journal entry sa klase mo na nagsasaad kung bakit mahalagang alalahanin nila na kaya sila pinasapit sa kaharian ay "dahil sa bagay na ito."

# Ang Aklat ni Job

## Bakit Nangyayari ang Masasamang Bagay sa Mabubuting Tao?



Bawat araw, maaaring may dumating na trahedya at pagdurusa sa buhay ng mga tao. Namamatay ang mga mahal sa buhay o permanente silang napipinsala ng karamdaman, aksidente, o ng kapansanang dulot ng kalikasan. Paano natutulutan ng Diyos na mangyari ang mga bagay na ito? Paano nangyayari ang mga ito kahit sa mga taong masigasig na naglilingkod sa Panginoon? Diyos ba ang dahilan ng lahat ng pagdurusa, kalungkutan, at kamatayang ito?

Sa pagsagot sa ganitong klaseng mga tanong, sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball, "Sumagot kayo kung kaya ninyo. Hindi ko kaya, dahil kahit alam kong malaki ang papel na ginagampanan ng Diyos sa buhay natin, hindi ko alam kung gaano rito ang kanyang pinapangyayari at gaano ang tinutulutan lang niyang mangyari. Anuman ang sagot sa tanong na ito, may ibang bagay na natitiyak ko.

"Mapipigilan kaya ng Panginoon ang mga trahedyang ito? Ang sagot ay, Oo. Ang Panginoon ay makapangyarihan, taglay ang lahat ng kapangyarihan upang kontrolin ang ating buhay, iligtas tayo sa pasakit, pigilin ang lahat ng aksidente, paandarin ang lahat ng eroplano at kotse, pakainin tayo, protektahan tayo, iligtas tayo sa hirap, pagsisikap, sakit, maging sa kamatayan, kung loloobin niya. Ngunit hindi niya ito gagawin" (*Faith Precedes the Miracle* [1972], 96).

Bakit hindi tayo poprotektahan at ililigtas ng Panginoon sa lahat ng hirap at oposisyon ng mga karanasan sa buhay? (tingnan sa Abraham 3:25). Magpapalakas ba o magpapahina sa atin ang paggawa niyon?

Ang aklat ni Job ay nahaharap sa mahihirap na katanungan. Ang Job ay tungkol sa isang mabuting tao na labis na nagdurusa. Ang paraan ng pagharap niya sa kanyang mga paghihirap at natutuhan niya sa kanyang mga karanasan ay magtuturo sa atin ng mahahalagang aral tungkol sa ating pagdurusa at mga kalungkutan ng mga nasa paligid natin. Ginamit ng Panginoon ang kuwento ni Job para turuan si Propetang Joseph Smith tungkol sa pagdurusa noong nasa Piitan ng Liberty ang Propeta at nag-iisip kung bakit siya nagdurusa (tingnan sa D at T 121:1–33). Habang binabasa mo ang Job, isipin kung ano ang natutuhan mo tungkol sa plano ng Ama sa Langit at kung ano ang layunin ng pagdurusa sa planong iyan.

## Paghahanda sa Pag-aaral ng Aklat ni Job

Bagama't kakaunti ang alam natin tungkol kay Job (binibigkas nang Jōb), malamang na nabuhay siya sa panahon ng mga patriyarka (Abraham, Isaac, at Jacob). Ang kanyang aklat ay nasa bahaging "tula" ng Biblia dahil ang kuwento ay patula, kaya nga marahil isa ito sa mga pinakamahirap basahin at unawaing aklat sa Lumang Tipan. Gayunman, ang hagod na patula ay nakatutulong upang mas madamdamin ang kuwento. Dahil nararapat basahin nang malakas ang tula, maaari mong basahin nang malakas ang ilang talatang gusto mo at tingnan kung makatutulong ito sa iyo na maunawaan ang damdamin at ibig sabihin ni Job. Para sa buod ng aklat ni Job, tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Job."

# Job 1

### Nawala ang Lahat kay Job, Maliban sa …

*Kapag may masamang nangyari sa iyo, ano ang reaksyon mo? Ano ang pakiramdam mo sa Diyos? Iba ba ang pakiramdam mo sa Diyos o sa iyong sarili kung may masamang nangyari sa iyo at "wala kang ginawang masama"? Nakasaad sa Job 1 kung ano ang reaksyon ni Job sa nangyari sa kanya. Isipin kung ano ang magiging reaksyon mo sa gayong sitwasyon.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Job 1*

**Humiwalay, humihiwalay** (mga talata 1, 8)—Umiwas, umiiwas

**Pinapagbanal** (t. 5)—Ginawang malinis sa harap ng Diyos sa pamamagitan ng mga ordenansa

**Kinulong** (t. 10)—Parang pader na ginawa para magprotekta

**Hinapak ang kaniyang balabal** (t. 20)—Pinunit ang kanyang bata

**Inari** (t. 22)—Pinaratangan

### Job 1:6–12—Talaga Bang Gumagawa ng mga Kasunduan ang Diyos at si Satanas?

Siyempre may kapangyarihan ang Panginoon laban kay Satanas at hindi kailangang "makipagtawaran" sa kanya. Sa Job 1:6–12 malalaman natin na nasiyahan ang Panginoon sa paraan ng pamumuhay ni Job ngunit tinulutan pa rin niya si Satanas na tuksuhin at subukan si Job. Gayon din ang sitwasyon sa Job 2. Pansinin na sa dalawang pagkakataong ito na sinubukan si Job, nagtakda ang Panginoon ng "mga patakaran" kung ano ang maaari at hindi maaaring gawin ni Satanas. Makapagtitiwala tayo sa pagkaalam na basta tapat tayo sa Panginoon, hinding-hindi niya tutulutan si Satanas na subukan tayo nang higit sa kaya nating malampasan (tingnan sa I Mga Taga Corinto 10:13).

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Sumulat ng Rekomendasyon para kay Job

Kung nag-aaplay ng trabaho si Job at hinilingan ka niyang sumulat ng rekomendasyon tungkol sa klase ng kanyang pagkatao,

ano ang sasabihin mo tungkol sa kanya batay sa nabasa mo sa Job 1?

### B Pareho Ba o Magkaiba?

Ipaliwanag kung paano tumugon si Job sa nangyari sa kanya at paano maikukumpara ang reaksyon niya sa inaakala mong pagtugon ng mabubuting tao.

# Job 2

## Marami Pang Pagsubok para kay Job

*Nakapasa si Job sa pagsubok na ibinigay sa Job 1, ngunit tinulutan ng Panginoon na pahirapan pa ni Satanas si Job. Ipapakita ulit sa Job 2 kung paano tumugon si Job sa kanyang mga pagsubok.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Job 2*

**Namamalagi sa kanyang pagtatapat** (t. 3)—Nananatiling tapat

**Bibinga ng palyok** (t. 8)—Piraso ng basag na palayok

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ibigay ang Iyong Opinyon

Sa lahat ng nangyari kay Job sa Job 1–2, isulat ang isang bagay na magiging napakahirap na maranasan mo, at ipaliwanag kung bakit mo iniisip na napakahirap niyon.

# Job 3

## Bakit Pa Ba Ako Isinilang?

*Bagama't hindi sinisi ni Job ang Diyos sa kanyang mga problema, binibigyan tayo ng Job 3 ng ideya kung gaano siya pinanghinaan ng loob.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Job 3*

**Mapagisa** (t. 7)—Nag-iisa

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Hanapin ang Simbolikong mga Salita

Maglista ng tatlong salita sa Job 3 na inaakala mong magpapaliwanag kung ano ang maaaring naging pakiramdam ni Job, at ipaliwanag kung bakit mo pinili ang mga salitang iyon.

# Job 4–31

## Pinayuhan si Job ng Kanyang mga Kaibigan

*Ang Job 4–31 ay naglalaman ng mga pag-uusap ni Job at ng tatlo niyang kaibigang nakipagkita sa kanya (tingnan sa Job 2:11–13). Bawat kaibigan, sa sarili nitong paraan, ay sinabi kay Job na pinaparusahan ng Diyos ang mga makasalanan, kaya maaaring nagkasala si Job. Gayunman, alam mo mula sa natutuhan mo sa Job 1 na hindi nagkasala si Job. Nang tangkain ni Job na ipagtanggol ang sarili at ang kanyang kabutihan, pinaratangan siya ng "mga kaibigan" niyang ito na nagyayabang siya. Nagpaliwanag si Job na marami siyang kilalang masasamang taong hindi nakaranas ng parusang tulad ng natanggap niya. Tumugon ang kanyang "mga kaibigan" sa pamamagitan ng paghikayat sa kanya na magsisi para alisin ng Diyos ang kanyang mga pagsubok. Ngunit patuloy na nakipagtalo si Job na wala siyang ginawang masama.*

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Scripture Mastery—Job 19:25–26

1. Basahin ang Job 14:14, hanapin ang isang tanong ni Job, at isulat ang tanong sa iyong notbuk. Pagkatapos ay basahin ang Job 19:23–27 at ibuod kung paano sinagot ni Job ang tanong kalaunan.
2. Sa palagay mo, bakit napakahalaga kay Job ng kanyang patotoo sa Job 19:25–26 noong sambitin niya ito?

# Job 32–37

## Pang-apat na Kaibigan

*Ang Job 32–37 ay naglalaman ng mga salita ng isang lalaking nagngangalang Eliu. Hindi tayo sigurado kung kailan siya sumapi sa grupo, ngunit mukhang nakinig siya sa pag-uusap ni Job at ng tatlong lalaki. Hindi siya nagsalita dahil mas bata siya at may paggalang sa mga nakatatanda sa kanya (tingnan sa Job 32:4). Nang sa wakas ay magpasiyang magsalita si Eliu, pinuna niya si Job dahil sinabi nito na wala siyang kasalanan. Naniwala si Eliu na ipinahihiwatig ni Job na hindi makatarungan o hindi perpekto ang Diyos sa pagpapahintulot na magdusa siya sa pagsasabing wala siyang kasalanan. Binatikos rin ni Eliu ang mga kaibigan ni Job dahil talaga namang hindi nila sinagot si Job kung bakit siya nagdurusa at sinabing siya ay makasalanan. Nag-alok ng pangatlong opinyon si Eliu. Ipinahayag niya ang kadakilaan ng Diyos at kawalang-kakayahan ng tao na maunawaan ang isipan ng Diyos sa paraang nagbibigay ng paliwanag sa lahat ng nangyayari. Iminungkahi niya na ang pagdurusa ay hindi palaging parusa sa kasalanan, ngunit dahil gumagawa ng mabubuting bagay ang Diyos para sa kanyang mga anak, maaaring maging kapakipakinabang sa isang tao ang pagdurusa kahit paano.*

# Job 38–39

## Nagsalita ang Panginoon

*Sa wakas ay sinagot ng Panginoon ang mga panalangin ni Job. Gayunman, tila hindi niya sinagot ang mga tanong ni Job at ng kanyang mga kaibigan, gaya ng: Bakit nagdurusa si Job? Sa halip, sumagot ang Panginoon sa pamamagitan ng mas marami pang tanong. Ang mga sagot sa mga tanong ng Panginoon ay nagbibigay sa atin ng pananaw tungkol sa Diyos at sa buhay na napakahalaga sa mga taong dumaranas ng mga pagsubok sa kanilang buhay.*

*Tungkol sa mga hamon ng buhay, sinabi ni Elder Richard G. Scott, "Kapag dumaranas kayo ng kagipitan, maaaring marami kayong itatanong. Ang ilan ay makabuluhan ang layunin; ang iba ay hindi. Ang pagtatanong ng, Bakit kailangang mangyari ito sa akin? Bakit ko kailangang danasin ito ngayon? Ano ang nagawa ko para mangyari ito? ay aakay sa inyo tungo sa kadiliman. Walang buting idinudulot ang pagtatanong ng mga bagay na salungat sa kalooban ng Diyos. Sa halip ay itanong, Ano ang gagawin ko? Ano ang matututuhan ko mula sa karanasang ito? Ano ang dapat kong baguhin? Sino ang dapat kong tulungan? Paano ko maaalala ang maraming pagpapalang dumating sa akin sa oras ng pagsubok? …*

*"Ang buhay na ito ay isang karanasan sa malaking pagtitiwala—pagtitiwala kay Jesucristo, sa Kanyang mga turo, sa ating kakayahan ayon sa pag-akay ng Banal na Espiritu na sundin ang mga turong iyon. … Ang ibig sabihin ng pagtitiwala ay kusang pagsunod nang hindi nababatid ang huli mula sa simula (tingnan sa Mga Kawikaan 3:5–7). Para magkaroon ng bunga, dapat ay mas malaki at tumatagal ang inyong pagtitiwala sa Panginoon kaysa tiwala sa sarili ninyong damdamin at karanasan" (sa Conference Report, Okt. 1995, 18–19; o* Ensign, *Nob. 1995, 17).*

*Ang Job 38–39 ay nagbibigay sa atin ng ideya kung ano ang makatutulong kay Job upang magkaroon ng higit na pagtitiwala sa Panginoon para mas lubos siyang magtiwala na anumang mga pagsubok ang naranasan niya ay para sa kanyang kapakanan.*

### Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

***Job 38***

**Bigkisan mo ngayon ang iyong mga balakang** (t. 3)—Ihanda ang iyong sarili

**Pagpiglas** (t. 8)—Paglabas

**Bihisan niyaon** (t. 9)—Pananamit (ng mundo)

**Pinakabalot** (t. 9)—Kumot na ibinabalot sa mga sanggol

**Nabatid ang kaluwangan** (t. 18)—Naunawaan ang sukat

**Pleyade, Orion, Mazzaroth, Arcturus** (mga talata 31–32)—Konstelasyon ng mga bituin

**Oso** (mga talata 31–32)—Konstelasyon ng mga bituin

**Kapangyarihan** (t. 33)—Kontrol

### Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

#### A Sagutin ang mga Tanong ng Panginoon

1. Paano mo sasagutin ang mga tanong ng Panginoon kay Job?
2. Sabihin kung ano sa palagay mo ang dapat sanang natutuhan ni Job nang sagutin niya ang mga tanong ng Panginoon.

# Job 40–42

## Nakapasa si Job sa Pagsubok

*Nang magsimulang maunawaan mo ang kadakilaan ng Diyos, ano ang pakiramdam mo?*

*Nakatala sa Job 40 ang mga sagot ni Job sa mga tanong ng Panginoon nang magkaroon siya ng pagkakataong sagutin nang maikli ang Panginoon (tingnan sa Job 38–39). Nagpakita lang ng pagpapakumbaba si Job bilang tugon sa sinabi ng Panginoon sa kanya. Pagkatapos ay patuloy na tinuruan ng Panginoon si Job hanggang sa dulo ng kabanata 41. Ang mensahe ng Panginoon ay katulad ng mensahe ng mga kabanata 38–39, na ang Panginoon ang pumipigil sa lahat ng bagay at lahat ng bagay ay para sa ating pagpapala at kaligayahan kapag tayo ay mapagpakumbaba at masunurin.*

*Nakatala sa Job 42 na muling nagsalita si Job at ipinahayag ang kanyang natutuhan mula sa Panginoon at ang nadama niya tungkol sa kanyang natutuhan. Pagkatapos ay sinabi ng Panginoon sa mga kaibigan ni Job na magsisi. Nakasaad sa huling ilang talata ang nangyari kay Job kalaunan.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Job 42*

**Mapipigil** (t. 2)—Maitatago

**Ang aking poot ay nagaalab** (t. 7)—Galit na galit ako

**Kamangmangan** (t. 8)—Mga kahangalan

**Inalis ang pagkabihag** (t. 10)—Pinawi ang pagdurusa

**Nakipagdamdam** (t. 11)—Nakiramay

### Job 42:6—Tama Bang Kamuhian ang Sarili?

Nang sabihin ni Job na nayayamot siya sa kanyang sarili sa Job 42:6, patula niyang sinasabi na labis siyang nagsisisi sa mga nagawa niyang pagmamataas. Ang paggigiyagis na ito ay mahalagang bahagi ng pagsisisi at pagiging higit na katulad ng Diyos.

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Sabihin sa Sarili Mong mga Salita

Isulat ang Job 42:5 sa sarili mong mga salita, pagkatapos ay sumulat ng isang talatang nagsasaad kung ano sa palagay mo ang ibig sabihin ni Job nang sabihin niya kung ano ang kanyang ginawa.

### B Ano ang Natutuhan Niya?

Ano sa palagay mo ang naunawaan ni Job mula sa kanyang naranasan? Bago ka sumagot, isipin ang sumusunod na mga tanong at pahayag:

- Kailan nakadama ng ginhawa si Job mula sa kanyang mga pagsubok? Ano ang unang nagbago, ang mga bagay sa paligid ni Job o ang kanyang kalooban?
- Paano maikukumpara ang natamo ni Job sa kanyang buhay kalaunan (tingnan sa Job 42:10–17) sa dati niyang taglay (tingnan sa Job 1:2–3)? Ano kaya ang isinasagisag ng karagdagang ito?
- Sabi ni Elder Richard G. Scott: "Pinatototohanan ko na kayo ay may Ama sa Langit na nagmamahal sa inyo. Sumasaksi ako na nagbuwis ng buhay ang Tagapagligtas para sa inyong kaligayahan. Kilala ko Siya. Nauunawaan Niya ang bawat pangangailangan ninyo. Talagang alam ko na kapag tinanggap ninyo ang Kanilang kalooban nang walang reklamo, pagpapalain at tutulungan Nila kayo" (sa Conference Report, Okt. 1995, 21; o *Ensign*, Nob. 1995, 18).

# Ang Aklat ng Mga Awit

## Isang Sinaunang Himnaryo

Ang aklat ng Mga Awit ay koleksyon ng mga sagradong tula na mga papuri at panalangin sa Diyos. Ang ibig sabihin ng pamagat ng aklat na ito sa Hebreo na, *Telhillim,* ay "mga papuri." Ang pamagat ng aklat na ito sa Griyego ay *Psalms*, na ibig sabihin ay "mga awit." Karamihan sa mga tula sa aklat na ito ay isinulat bilang mga awit at nilayon upang kantahin sa saliw ng stringed-instrument. Ang pagkanta ay bahagi ng mga pagsamba sa templo at kaganapang pampubliko, tulad ng mga libing, kasal, at iba pang mga pagdiriwang.

Tulad ng nabanggit sa itaas, maraming awit na isinulat upang purihin lamang ang Panginoon. Bukod dito, may makikita kayong mga awit na partikular na nauukol sa batas, templo, kalikasan, o makasaysayang pangyayari. Ang ilan sa pinakamaganda at pinakamahalagang mga awit ay nagtuturo tungkol sa Mesiyas na si Jesucristo. Ang aklat ng Mga Awit ay mas binabanggit sa Bagong Tipan kaysa iba pang mga aklat sa Lumang Tipan.

Hindi natin kilala ang may-akda ng lahat ng awit, bagama't maraming nakakapansin sa may-akda nito. Sinasabi na si Haring David ang pinakamaraming naisulat na iba't ibang awit. May binanggit ding iba pa: Moises, Salomon, Asaph (manunugtog ni David), at mga saserdoteng Levita (mga anak ni Core). Kung minsan ay hindi kilala ang may-akda.



## Paghahanda sa Pag-aaral ng Mga Awit

Ang kaunting pagkaunawa tungkol sa tulang Hebreo ay makatutulong upang mas maunawaan mo ang Mga Awit. Karamihan sa mga tula ay isinulat sa wikang madamdamin. Mas tinatangka ng mga makata na "iulat" ang kanilang nadarama kaysa mga nangyayari. Para maipahayag ang kanilang sarili, madalas silang gumamit ng simbolikong wika at maaari itong lumabis. Bukod dito, maaari din nilang tangkaing ipahayag ang kanilang damdamin o pahangain ang kanilang mambabasa sa paggamit ng isang uri ng huwaran o ritmo.

Ang tulang Hebreo ay lumilikha ng ritmo sa pag-uulit ng mga ideya sa estilong tinatawag na "paralelismo" o "pagtutulad." Kung minsan ay sasabihin ng manunulat ang gayon ding uri ng bagay sa iba't ibang paraan, samantalang sa ibang mga pagkakataon ay maglalagay siya ng dalawang ideyang magkasalungat. Isaalang-alang ang sumusunod na halimbawa mula sa Mga Awit 1. Ang awit na ito ay nakasulat sa ibaba para magkasama sa grupo ang mga ideyang inulit. Pansinin na ang mga ideya kung minsan ay mga karagdagang halimbawa ng unang ideya, samantalang sa ibang mga pagkakataon ang mga huling ideya ay kasalungat ng una.

- Ang Mga Awit 1:1–2 ay halimbawa ng magkasalungat na estilo ng paralelismo o pagtutulad:

  "Mapalad ang tao na hindi lumalakad sa payo ng masama, ni tumatayo man sa daan ng mga makasalanan, ni nauupo man sa upuan ng mga manglilibak.

  "Kundi ang kaniyang kasayahan ay nasa kautusan ng Panginoon; at sa kautusan niya nagbubulaybulay siya araw at gabi."

- Ang Mga Awit 1:3–4 ay nagpapakita ng simbolikong wika para sa dalawang magkasalungat:

  *Ideya.* "At siya'y magiging parang punong kahoy na itinanim sa siping ng mga agos ng tubig, na nagbubunga sa kaniyang kapanahunan, ang kaniyang dahon nama'y hindi malalanta; at anumang kaniyang gawin ay giginhawa."

  *Salungat na ideya.* "Ang masama ay hindi gayon; kundi parang ipa na itinataboy ng hangin."

- Ang Mga Awit 1:5 ay halimbawa ng ideyang inulit:

  "Kaya't ang masama ay hindi tatayo sa paghatol, ni ang mga makasalanan man sa kapisanan ng mga matuwid."

- Ang Mga Awit 1:6 ay isa pang halimbawa ng magkasalungat na paralelismo o pagtutulad:

  "Sapagka't nalalaman ng Panginoon ang lakad ng mga matuwid: nguni't ang lakad ng masama ay mapapahamak."

Pansinin sa halimbawa sa itaas na gumamit ng mga imahe ang manunulat na tila baga ipinipinta ng mga salita ang mga larawan. Ang ganitong uri ng pagsusulat ay nagbibigay ng mas malaking bisa sa mga ideya. Sabihin na lang natin na ang lalaking makadiyos at nasisiyahan sa mga batas ng Diyos ay pagpapalain. Ngunit sa halip, nagbigay ang mang-aawit ng imahe ng isang puno, na itinanim nang napakalapit sa isang ilog, na tumatanggap ng palagiang sustansya at ginhawa at patuloy na lumalago at nagbubunga. Ang imaheng iyon ay mas mabisa sa puso't isipan ng mambabasa o nakikinig kaysa basta sabihin lang na ang taong iyon ay pinagpala.

Kung babasahin mo ang aklat ng Mga Awit habang pinananatili sa isipan ang mga ideyang ito tungkol sa tulang Hebreo, makikita mo na mas nakaaaliw ang mga awit at papasok ang mga turo nito nang mas mabisa sa puso mo.

Dahil imposibleng pag-aralan ang buong aklat ng Mga Awit, gagabayan ka ng gabay sa pag-aaral na ito sa ilang mahahalagang awit na sinipi ng mga manunulat ng Bagong Tipan, mga awit na tungkol sa Tagapagligtas, o mga awit na may natatanging ideya tungkol sa isang mahalagang doktrina ng ebanghelyo. Ngunit maaari mong basahin ang lahat ng awit. Marahil ang isang awit na hindi binanggit sa gabay sa pag-aaral na ito ay magiging isa sa mga paborito mo.

# Mga Awit 22

## Isang Awit Tungkol kay Jesucristo

*Ang Mga Awit 22 ay naglalaman ng mga salitang sinambit o kinanta ni Haring David bilang tugon sa tila baga patuloy na pagtuligsa ng kanyang mga kaaway. Hanapin ang mga paraan na ipinopropesiya ng awit na ito ang mangyayari sa Tagapagligtas nang isilang siya sa lupa.*

### Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Mga Awit 22*

**Tumatahan** (t. 3)—Nabubuhay sa

**Duwahagi** (t. 6)—Tinanggihan

**Hinamak** (mga talata 6, 24)—Kinamuhian

**Tinatawanang mainam ako** (t. 7)—Kinukutya ako

**Inilalawit nila ang labi** (t. 7)—Nang-iinsulto

**Niligid** (mga talata 12, 16)—Pinalibutan

**Bibinga** (t. 15)—Piraso ng basag na palayok

**Ipinagsapalaran** (t. 18)—Ipinangsugal

**Pinagtaniman** (t. 24)—Lubos na kamuhian

**Kadalamhatian, nagdadalamhati** (t. 24)—Mga alalahanin, nag-aalala

**Tutuparin ang aking mga panata** (t. 25)—Tutuparin ang aking mga pangako

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Hanapin ang mga Bagay Tungkol sa Tagapagligtas

| Mga Talata sa Mga Awit 22 | Ano ang Nangyari | Mga Reperensya sa Mateo 27 |
|---|---|---|
| 1 | | |
| 6-8 | | |
| 16 | | |
| 18 | | |

1. Bukod pa sa Mga Awit 22, basahin ang Mateo 27:27–50. Gumawa ng tsart sa iyong notbuk gaya ng nakapakita rito at itala kung paano natulad ang mga talata sa Mga Awit 22 sa buhay ni Jesus ayon sa nakatala sa Mateo 27.
2. Simula sa talata 19 sa Mga Awit 22, nagpahayag si David ng higit na pag-asa. Ang mga talata 19–31 ay parang panalangin, ngunit naglalaman ito ng mahahalagang katotohanan. Pumili ng isang bagay sa mga talata 24–31 na nagpapaliwanag kung bakit natin "ipahahayag" (t. 22), "pupurihin" (mga talata 22–23), "[luluwalhatiin]" (t. 23), o "[katatakutan]" (t. 23) ang Tagapagligtas dahil sa kanyang pagdurusa sa paraang inilarawan sa mga talata 1–18.

# Mga Awit 23

## "Ang Panginoon ay Aking Pastor"



*Ang Mga Awit 23 ay isang bantog na awit na pinagmumulan ng mga salitang "Ang Panginoon ay Pastol Kong Tunay," isang himno sa himnaryo ng mga Banal sa mga Huling Araw (blg. 62) na nagtuturo sa atin tungkol sa mapagmahal na pangangalaga ng Panginoon.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Mga Awit 23*

**Ang iyong pamalo at ang iyong tungkod** (t. 4)—Ang tuwid na tungkod na may kawit sa dulo na gamit ng mga pastol

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ipaliwanag ang mga Imahe

*Ikaw* ay isa sa mga kordero ng Panginoon sa Mga Awit 23. Sabihin sa sarili mong mga salita kung ano sa palagay mo ang kahulugan ng sumusunod na mga parirala sa awit na ito: "Ang Panginoon ay aking pastor" (t. 1), "Kaniyang pinahihiga ako sa sariwang pastulan" (t. 2), "Kaniyang pinapananauli ang aking kaluluwa" (t. 3), "Ang iyong pamalo at ang iyong tungkod, ay nagsisialiw sa akin" (t. 4), at "Ang aking saro ay inaapawan" (t. 5).

### B Piliin ang Paborito Mong Parirala

Pumili ng isang parirala mula sa Mga Awit 23 na nagpapahayag ng damdamin mo tungkol sa Panginoon. Ipaliwanag ang iyong pinili.

# Mga Awit 24

## Ang Galak ng Pagdating ng Panginoon



*Ang Mga Awit 24 ay tungkol sa pagpiling sa Panginoon pagdating niya.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Mga Awit 24*

**Walang kabuluhan** (t. 4)—Walang saysay, pansamantala at hindi nagbibigay kasiyahan

**Sumusumpa na may kabulaanan** (t. 4)—Nagsisinungaling

### Mga Awit 24:6, 10—Ano ang "Selah"?

Ang salitang Hebreo na isinalin na *selah* sa mga awit ay mula sa salitang-ugat na ibig sabihin ay "ilakas."

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

**A** **Ano ang Nagagawa Nitong Kaibhan?**

Ipaliwanag kung ano sa palagay mo ang kaibhang nagagawa kapag talagang naniniwala ang isang tao sa katotohanang ipinahayag sa Mga Awit 24:1.

**B** **Scripture Mastery—Mga Awit 24:3–4**

1. Gumawa ng listahan kung ano ang sinasabi sa Mga Awit 24:4 na dapat nating gawin para makapasok sa bahay at presensya ng Panginoon. Ipaliwanag sa sarili mong mga salita ang bawat salita o pariralang inilista mo.
2. Basahin ang Doktrina at mga Tipan 97:15–17 at ilahad ang sinasabi ng mga talatang iyan tungkol sa kung paano tayo makapupunta sa piling ng Panginoon. Maaari mong isulat ang reperensya sa mardyin ng iyong mga banal na kasulatan sa tabi ng Mga Awit 24:3–4.

**C** **Tulong mula sa Pagsasalin ni Joseph Smith**

Anong mahahalagang ideya ang idinagdag sa Mga Awit 24:7–10 na nasa Mga Pinili mula sa Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia na nasa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*?

# Mga Piling Talata mula sa Mga Awit

Ang sumusunod na bahaging pag-aaralan ay magpapaalam sa iyo ng ilang partikular at mahahalagang talata mula sa iba't ibang mga awit. Hindi mo kailangang basahin ang bawat awit, bagama't magagawa mo ito kung gusto mo.

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang kahit apat lang sa sumusunod na mga aktibidad (A–F) para sa Mga Awit.

**A** **Paghambingin ang mga Ideya**

1. Basahin ang Mga Awit 8:3–4; Moises 1:8–10. Paano nakatulad ng karanasan ng manunulat ng Mga Awit 8 ang karanasan ni Moises?
2. Isulat kung ano ang nagpapaalam sa iyo ng kadakilaan ng Diyos at humihikayat sa iyo na mas magpakumbaba.
3. Sagutin ang tanong sa Mga Awit 8:4.

**B** **Isang Propesiya Tungkol kay Cristo**

Ipaliwanag kung paano natupad ang mga ideya at damdamin sa Mga Awit 41:9 sa buhay ni Jesus (tingnan sa Mateo 26:14–16; Juan 13:18–26).

**C** **Ipaliwanag ang Kahulugan Nito Ayon sa Isang Propeta**

Basahin ang Mga Awit 118:22, pagkatapos ay ang Mga Gawa 4:10–12. Isulat sa sarili mong mga salita kung tungkol saan ang sinabi ni Pedro sa Mga Awit 118:22.

**D** **Ang Kapangyarihan ng Salita**

1. Ilista ang lahat ng paraan na sinabi ng manunulat ng Mga Awit 119:97–105 na nakinabang siya dahil taglay niya ang salita ng Panginoon at alam niya ang kanyang mga turo.
2. Ilahad ang mga paraan na sa palagay mo ay isang "ilawan" ang salita ng Panginoon para sa iyong mga paa at "liwanag" sa iyong landas. Basahin ang 1 Nephi 17:13.

**E** **Mga Pangalan ng at Paglalarawan sa Diyos**

1. Maglista ng kahit lima lang na iba't ibang pangalan ng Diyos na makikita ninyo sa Mga Awit (hindi kukulangin sa dalawampu't pito ang naroon).
2. Sa palagay mo, bakit nagbigay ng napakaraming iba't ibang pangalan ang Mga Awit?
3. Maglista ng kahit lima lang na iba't ibang pariralang naglalarawan sa Diyos sa Mga Awit (hindi kukulangin sa tatlumpu't dalawa ang naroon).
4. Pumili ng isang parirala mula sa listahang kagagawa mo na pinakamasidhing naglalarawan ng iyong damdamin tungkol sa Panginoon.

**F** **Humanap ng Quote o Siping-Banggit**

Repasuhin ang ilang awit na pinili mo. Humanap ng isang ideya na inaakala mong magandang gawing sawikain sa poster. Isulat ang parirala at ipaliwanag kung bakit iyon ang pinili mo.

# Ang Mga Kawikaan

Ang kawikaan ay isang maikling sawikaing nagtuturo ng wasto at mabuting asal. Ang aklat ng Mga Kawikaan ay nagbibigay ng medyo praktikal na payo sa pamumuhay ng isang tao ayon sa kanyang relihiyon at pagkilos sa wasto at mabuting paraan. Lahat tayo ay maaaring makinabang sa pagsunod sa payong ibinigay sa aklat na ito.

## Paghahanda sa Pag-aaral ng Mga Kawikaan

Mababasa natin sa I Mga Hari 4:32 na maraming sinambit na kawikaan si Salomon; sinabi sa Mga Kawikaan 1:1 na si Salomon ang may-akda ng mga kawikaan sa aklat na ito, bagama't may binanggit ding iba pang mga may-akda (halimbawa, tingnan sa Mga Kawikaan 30:1; 31:1).

Ang Mga Kawikaan ay naglalaman ng mga pahayag tungkol sa iba't ibang paksa. Maaaring walang kinalaman ang isang talata sa nauna o kasunod na talata (kawikaan). Karamihan sa mga kawikaan ay isinulat sa estilo ng tula ng Hebreo na inilarawan sa pambungad sa aklat ng Mga Awit.

Pag-aaralan mo ang aklat ng Mga Kawikaan gaya ng ginawa mo sa aklat ng Mga Awit. Sa halip na pag-aralan ang bawat kabanata, pag-aaralan mo at isasaalang-alang ang ilang mahahalagang talata.

## Mga Kawikaan

### Isang Pagbubuod

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang anim sa sumusunod na labindalawang aktibidad (A–L) habang pinag-aaralan mo ang aklat ng Mga Kawikaan.

### A Lumikha ng Isang Pamagat

1. Nadarama ng ilang tao na Mga Kawikaan 1:7; 9:10 ang tema ng aklat ng Mga Kawikaan. Basahin ang mga talatang ito. Batay sa nabasa mo, sumulat ng isang pamagat para sa aklat ng Mga Kawikaan. (*Paunawa:* Ang ibig sabihin ng salitang *takot* ayon sa paggamit sa mga talatang ito ay pagpipitagan o matinding paggalang sa Diyos.)
2. Mula sa naranasan at natutuhan mo, ipaliwanag na totoo ang itinuturo ng dalawang talatang ito.

### B Scripture Mastery—Mga Kawikaan 3:5–6

1. Magdrowing ng isang bagay na kumakatawan sa kahulugan ng Mga Kawikaan 3:5–6. Halimbawa, maaari kang magdrowing ng isang diagram o larawan na may maikli at nakakaakit na parirala. Ipakita ang drowing mo sa iyong pamilya at tingnan kung nauunawaan nila ang kahulugan nito, pagkatapos ay basahin ang banal na kasulatan at ipaliwanag ang kahulugan nito sa kanila.
2. Tungkol kanino ang nabasa mo na sa Lumang Tipan na isang halimbawa ng Mga Kawikaan 3:5–6? Ipaliwanag kung bakit.

### C Magbigay ng Halimbawa

Sa Mga Kawikaan 3:11–12 ang katagang "parusa" ay parusahan para iwasto o itama. Sumulat ng maikling sitwasyon o kuwento na nagpapakita sa katotohanan ng kawikaang ito.

### D Gumawa ng Tsart

Gumawa ng tsart na gaya ng nasa ibaba at punan ito ng impormasyon mula sa Mga Kawikaan 6:16–19 at mula sa sarili mong mga ideya at karanasan tungkol sa "ipinagtatanim [kinamumuhian]" ng Panginoon (dapat ay may pitong katangiang nakalista sa Mga Kawikaan).

| Mga Katangiang Kinamumuhian ng Panginoon | Bakit Mo Iniisip na Kinamumuhian Niya ang mga Ito |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |

### E Payuhan ang Isang Kaibigan

Kunwari ay tinutulungan mo ang isang taong nahihirapan sa dahilan kung bakit dapat niyang ipamuhay ang batas ng kalinisang-puri. Anong mga talata sa Mga Kawikaan 6:23–33 ang babasahin mo sa kanya? Para sa bawat talatang pinili mo, ilahad kung paano mo ipaliliwanag ang itinuturo ng talata. Halimbawa, kung pipiliin mo ang talata 32, maaari mong itanong, "Anong pag-unawa sa palagay mo ang kulang sa taong nangangalunya?"

### F Subukan Mo

Subukang ipamuhay ang mga alituntuning itinuro sa Mga Kawikaan 15:1, 18; 16:32 sa loob ng dalawang araw o mahigit pa, at isulat ang iyong karanasan sa iyong notbuk.

### G Isulat Ito sa Sarili Mong mga Salita

Isulat ang Mga Kawikaan 27:12 sa sarili mong mga salita. Paano maiaangkop ang talata 12 sa payong nakukuha natin mula sa mga propeta sa buklet na *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (34285 893)?

### H Isulat ang Kabaligtaran Nito

Muling isulat ang Mga Kawikaan 30:11–14 para maipahayag ng mga talata ang mga ideyang kabaligtaran ng matatagpuan sa mga banal na kasulatan. Kaya, sa halip na banggitin ng mga talata ang isang masamang henerasyon, isasaad nito ang tungkol sa isang mabuting henerasyon ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ano ang magagawa mo upang maisakatuparan ang mabuting henerasyong ito?

### I Para sa Dakilang Kababaihan

Inilalarawan sa Mga Kawikaan 31:10–31 ang isang babaeng makadiyos. Ilista ang inaakala mong limang pinakamahahalagang katangiang binanggit, at ipaliwanag kung bakit mahalaga ang bawat pinili mo.

### J Kung Napakatalino Mo ...

Si Salomon dapat ang may-akda ng karamihan sa mga kawikaan. Kung iisipin ang alam mo tungkol sa buhay ni Salomon, humanap ng isang kawikaan na iniisip mong nakapagligtas sana sa kanya mula sa mga naging problema niya sa buhay kalaunan.

### K Mga Kawikaan Tungkol sa Kayamanan

Basahin ang sumusunod na mga kawikaan at ibuod ang sinasabi nito tungkol sa mga kayamanan: 11:4, 28; 13:7–8; 15:16; 19:17; 21:6, 17; 22:1–2, 4, 7, 9, 16, 22–23; 28:6, 8, 11, 20, 22, 27; 30:7–9.

### L Mga Kawikaan Tungkol sa Gawain

Basahin ang sumusunod na mga kawikaan at ibuod ang sinasabi nito tungkol sa gawain: 6:6–11; 10:4, 26; 12:24, 27; 13:4; 14:23; 19:15; 20:4, 13; 21:25–26; 24:30–34; 26:13–16; 28:19.

# Eclesiastes o, ang Mangangaral

## Buhay na Walang Kaalaman Tungkol sa Plano

Paano maiiba ang mga opinyon at saloobin mo tungkol sa buhay kung maniniwala ka na sa buhay na ito lamang tayo iiral—na wala tayong pananagutan sa ating buhay pagkamatay natin?

Isinulat ng manunulat ng Eclesiastes ang karamihan sa kanyang aklat na para bang naniniwala siya na sa buhay na ito lamang tayo mabubuhay. Sa pagsulat ayon sa pananaw na iyan, ipinakita niya kung gaano nakayayamot ang buhay kung wala ang ebanghelyo. Sa huling kabanata inamin ng manunulat na talagang naniwala siya na patuloy ang buhay pagkatapos mamatay at dahil patuloy ang buhay magpakailanman, hindi magiging makabuluhan o maligaya ang buhay maliban kung paglilingkuran natin ang Diyos at maghahanda tayo para sa Paghuhukom—kung saan lahat ng parang "walang kabuluhan" (pansamantala at hindi nakasisiya) ay makikita kung ano ito talaga.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Eclesiastes, tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Eclesiastes."

## Eclesiastes 1–2

### "Lahat ay Walang Kabuluhan"



*Nakatala sa Eclesiastes 1–2 ang sinabi ng "mangangaral" (ang tawag niya sa kanyang sarili) tungkol sa kanyang paghahanap ng nagtatagal na damdamin ng kagalakan at kaligayahan. Habang nagbabasa ka, pagisipan ang pakiramdam mo tungkol sa mga bagay na nakita at ginawa niya at kung ano ang kanyang hinangad.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Eclesiastes 1*

**Sa ilalim ng araw** (mga talata 3, 9)—Sa ibabaw ng lupa

**Pagsanayan** (t. 13)—Maging abala sa

**Nauuwi sa wala** (mga talata 14, 17)—Nakayayamot

*Eclesiastes 2*

**Susubukin kita** (t. 1)—Subukin ang ideya na walang bagay na may kabuluhan sa mundo

**Anong ginagawa nito?** (t. 2)—Anong buti ang dulot nito?

**Masasayahan ang aking katawan sa pamamagitan ng alak** (t. 3)—Subukin upang malaman kung makapagdaragdag ng kalidad at kabuluhan sa buhay ang alak

**Pinapatnubayan pa ng karunungan ang aking puso** (t. 3)—Sinisikap pang matuto ng karunungan

**Hahawak sa kamangmangan** (t. 3)—Gumawa ng kahangalan

**Bahagi** (mga talata 10, 21)—Suweldo o kabayaran

**Humihigit** (t. 13)—Nakalalamang

**Isang pangyayari ang nangyari sa kanilang lahat** (t. 14)—May ilang bagay na nangyayari sa lahat, gaano man katalino o kamangmang ang isang tao.

**Mapanglaw** (t. 17)—Masama

**Pagdaramdam, Damdam** (mga talata 23, 26)—Mahirap na trabaho

**Magbunton** (t. 26)—Magimbak

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Gumawa ng Listahan

Maglista ng kahit limang bagay lang mula sa Eclesiastes 1–2 na sinabi ng manunulat na dapat magpasaya sa kanya ngunit hindi. Pagkatapos ng bawat bagay sa listahan mo, isulat ang reperensya ng talatang pinagkunan mo nito. Maaari mong markahan sa iyong mga banal na kasulatan ang limang bagay na pinili mong ilista.

**B Sang-ayon Ka Ba o Hindi?**

Basahin ang Eclesiastes 1:18. Sumulat sa mangangaral at sabihin sa kanya kung bakit sang-ayon ka o hindi sa ipinahayag niya roon.

# Eclesiastes 3

## Mamuhay nang Maayos Hangga't Kaya Mo

*Inilahad sa Eclesiastes 3 kung paanong nakayayamot ang buhay; may nangyayaring mabuti at masama sa lahat ng masama at mabuti at marunong at mangmang. Nagtapos ang kabanata 3 sa paglalahad na kahit may nangyayaring mabuti at masama sa lahat, mas maligaya ang isang tao kung namumuhay siya nang maayos at naghahangad ng kagalakan—kahit hindi magtagal ang kagalakang iyon. Sa madaling salita, kung nangyayari ang mabuti at masama sa lahat, mabuti pang magsaya tayo sa mabuti hangga't naririyan.*

*Ang Eclesiastes 3:1–8 ay ilan sa pinakamadalas banggiting mga talata sa Eclesiastes. Gayunman, maaari tayong magkamali sa pag-unawa sa mga ito. Sa pagsasabing lahat ay may panahon, sinasabi lang ng mangangaral na may ilang kaganapang nangyayari sa lahat. Hindi niya sinasabi na lahat tayo ay may panahong pumatay o panahong mamuhi o gawin ang iba pang mga negatibong bagay. Kailanman ay walang tamang panahon para suwayin ang mga kautusan.*

# Eclesiastes 4–5

## Ano ang Nagpapasaya sa Iyo?

*May uri ba ng pamumuhay na nagpapasaya sa mga tao kahit hindi sila naniniwala o hindi nila tinatanggap ang mga katotohanan tungkol sa Diyos, sa kanyang mga kautusan, at sa buhay na walang hanggan? Kahit napakaraming nakita ang mangangaral na "walang kabuluhan" sa mundo, inamin niya sa Eclesiastes 4–5 na mayroon pa ring mga bagay na makabuluhang gawin na humahantong sa mas malaking kaligayahan sa isang mundong wala sanang katuturan sa kanya kung wala (ang pagkaunawa sa plano ng Diyos).*

### Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Eclesiastes 4*

**Mga kapighatian** (t. 1)—Masasamang bagay na nangyari sa mga tao

**Pagdaramdam, Damdam** (mga talata 4, 6, 8)—Mahirap na trabaho

**Pinananaghilian ng kaniyang kapwa** (t. 4)—Pinagseselosan siya ng kanyang kapwa

**Pagtanggap ng payo** (t. 13)—Tuturuan at itatama

*Eclesiastes 5*

**Huwag kang pakabigla ng iyong bibig** (t.2)—Huwag magsalita nang marahas.

**Mamanata** (mga talata 4–5)—Mangako

**Karahasang pag-aalis** (t. 8)—Matinding pag-ikot o pagbabago

**Pakinabang** (t. 9)—Yaman

**Pangyayari** (t. 14)—Gawain

**Ukol** (t. 18)—Tama

**Bahagi** (mga talata 18–19)—Gantimpala o pakinabang

### Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

**A Humanap ng Mabuting Payo**

Binanggit sa Eclesiastes ang ilang gawaing makabuluhan pa ring gawin kahit "lahat ay walang kabuluhan." Sumulat tungkol sa dalawang bagay na nabasa mo sa Eclesiastes 4–5 na magiging mabuting payo kahit sa isang taong hindi naniniwala sa Diyos. Ipaliwanag ang payo na parang ibinibigay mo ito sa isang taong hindi naniniwala sa Diyos.

# Eclesiastes 6

## Lahat ay Wala Pa Ring Kabuluhan

*May iba pang mga halimbawa sa Eclesiastes 6 kung paano hindi lubos na nagpapaligaya ang kayamanan, karangalan, at mga anak. Nagtapos ang kabanata sa pagsasabing kung puro makamundong kayamanan, papuri, at inapo ang mayroon, wala ngang kabuluhan ang buhay.*

# Eclesiastes 7–11

## Paghahanap ng Kaunting Kasiyahan sa Buhay

*Dahil nasabi nang "lahat ay walang kabuluhan," o na wala talagang nagdudulot ng lubos na kagalakan, ginamit ng mangangaral ang Eclesiastes 7–11 para sabihin kung ano ang inakala niyang makapagbibigay ng kaunting panandaliang kaligayahan sa isang tao. Kahit "lahat ay walang kabuluhan," ipinangaral niya na may ilang paraan pa ng pamumuhay na nagdudulot ng higit na kaligayahan kaysa iba.*

### Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

**A Ibuod ang mga Turo**

Basahin ang sumusunod na mga talata mula sa Eclesiastes 7–11 at ibuod kung ano ang sinabi ng mangangaral na dapat malaman o gawin ng isang tao upang magkaroon ng kaunting kaligayahan at kasiyahan sa buhay: 7:1, 11–12, 17–22; 8:12–13; 9:4–10; 10:8, 12–14; 11:1, 8–10.

# Eclesiastes 12

## Ang Katapusan

*Kung alam mo na mamamatay ka isang linggo mula ngayon, ano ang gagawin mo sa mga huling araw mo?*

*Ang Eclesiastes 12 ay naglalaman ng katapusang mensahe ng mangangaral. Ipinaalala niya sa mga kabataan na mamuhay nang maayos hangga't kaya pa nila, dahil darating ang araw na mamamatay sila. Ang huling dalawang talata ng Eclesiastes 12 ay nagbibigay sa atin ng unang tunay na ideya na naniwala siya sa likas na kawalang-hanggan ng buhay. Ipinahihiwatig ng mga talatang ito na sa naunang labing-isa at kalahating kabanata sinikap ng mangangaral na patunayan na ang buhay na walang Diyos ay kakatiting ang kabuluhan, ngunit ang pamumuhay nang maayos ay may kabuluhan pa rin. Ang pamumuhay nang maayos ay mas makabuluhan pa nga kapag alam natin na ang buhay ay walang hanggan at balang-araw ay tatayo tayo sa harapan ng Diyos at hahatulan. Dahil dito, ang huling dalawang talata ng Eclesiastes 12 ang tunay na mensahe ng aklat.*

### Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

***Eclesiastes 12***

**Tagapagingat** (t. 3)—Mga bantay

**Manganginginig** (t. 3)—Tatanda

**Mamumulaklak** (t. 5)—Tatanggihan

**Magiging pasan** (t. 5)—Magiging pabigat

**Malaong tahanan** (t. 5)—Kamatayan

**Nagaral** (t. 9)—Nakinig

**Umayos** (t. 9)—Sumulat

**Maaralan** (t. 12)—Mabalaan at maturuan

### Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

**A Gumawa ng Poster**

1. Gumawa ng poster (kahit kasinglaki lang ng isang pahina ng iyong notbuk) tungkol sa sinasabi sa Eclesiastes na buong katungkulan ng tao.
2. Ayon sa Eclesiastes 12:13–14, ano ang dahilan kung bakit alam at ginagawa natin ang "buong katungkulan" na ito?

# Ang Awit ng mga Awit [ni Salomon]

*Tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* "Awit ni Solomon."

# Ang Aklat ni Isaias

Ang aklat ni Isaias ay nakatanggap ng higit na pansin at papuri mula sa iba pang mga manunulat ng banal na kasulatan kaysa iba pang aklat. Ginamit ni Nephi ang mga isinulat ni Isaias upang "lubos [na] mahikayat [ang kanyang mga kapatid] na maniwala sa Panginoon nilang Manunubos" (1 Nephi 19:23), at sinabing "ang aking kaluluwa ay nalulugod sa kanyang mga salita" (2 Nephi 11:2). Bukod pa rito, sinabi ni Nephi na ang mga salita ni Isaias ay magdudulot sa mga tao ng "sigla sa kanilang mga puso at magsaya para sa lahat ng tao" (2 Nephi 11:8). Itinuro ng kapatid ni Nephi na si Jacob na ang mga salita ni Isaias ay dapat ihalintulad ng mga kabilang sa sambahayan ni Israel sa kanilang sarili (tingnan sa 2 Nephi 6:5; 11:8). Napakalaking papuri ang ibinigay mismo ng Tagapagligtas sa mga isinulat ni Isaias.

## "Dakila ang mga Salita ni Isaias"

Mas madalas banggitin ang mga isinulat ni Isaias sa Bagong Tipan kaysa sa iba pang propeta. Sinipi o binigyang-kahulugan sa ibang paraan ng mga manunulat ng Aklat ni Mormon ang 35 porsiyento ng aklat ni Isaias. Tinatayang isang daang reperensya sa aklat ni Isaias ang tinukoy sa Doktrina at mga Tipan sa pamamagitan ng pagsipi o pagbanggit, pagpapakahulugan sa ibang paraan, o pagpapaliwanag sa mga turo nito. Nang dalawin ni Cristo ang mga Nephita matapos ang kanyang Pagkabuhay na Mag-uli, iniutos ni Jesus sa mga tao na dapat nilang "saliksikin ang mga bagay na ito; sapagkat dakila ang mga salita ni Isaias" (3 Nephi 23:1).

## Mahalagang Kasaysayan ni Isaias

Si Isaias ay nabuhay at nagpropesiya mula noong mga 740–700 B.C. Sa panahong iyan, nasakop ng mga taga-Asiria ang Hilagang Kaharian ng Israel. Ang Katimugang Kaharian ng Juda, kung saan nakatira si Isaias, ay nagbabayad ng buwis sa Asiria at naharap din sa pagkawasak. Gayunman, nakaligtas sila dahil sinunod ni Haring Ezechias ng Juda ang payo ni Isaias. Binalaan ni Isaias ang Juda na dapat silang patuloy na magsisi dahil kung hindi ay wawasakin din sila—hindi ng Asiria kundi ng Babilonia.

Mas maraming sinabi si Isaias tungkol sa una at ikalawang pagparito ni Jesucristo kaysa iba pang mga propeta sa Lumang Tipan. Siya ay may kakaiba at inspiradong paraan ng pagtuturo; marami sa kanyang mga propesiya ang angkop hindi lamang sa kanyang panahon, kundi maging sa panahon ni Jesucristo, sa ating panahon, at sa hinaharap. Kung minsan kahit ang iisang talata o grupo ng mga talata ay maiaangkop sa mahigit sa isang kapanahunan.



## Paano Basahin ang Isaias

Si Isaias ay isang propeta ng Diyos, mahusay na manunulat, at makata sa mga lipi ni Israel. Dahil dito, maaaring mahirap maunawaan ang ilan sa kanyang mga isinulat kapag isinalin sa ibang mga wika mula sa wikang Hebreo. Alalahanin ang natutuhan mo tungkol sa tulang Hebreo sa pambungad sa Mga Awit (tingnan sa mga pahina 131–32). Ang mga ideyang naroon kasama ang Espiritu Santo ay magpapaunawa sa iyo sa aklat ni Isaias. Sa paggamit ng mga paglalarawan at simbolo, mahusay na naituro ni Isaias ang kanyang mensahe. Mababasa mo ang tungkol sa buwan na nalilito, ang isang lupaing napakasaya kaya ipinalakpak ng mga punong kahoy ang kanilang mga kamay, at ang isang aklat na nagsasalita mula sa alabok. Kung babasahin mo pa ang iba at ang iba pang mga paglalarawan upang maunawaan ang damdamin at alituntuning isinulat ni Isaias, magiging mas makahulugan ang kanyang mga salita. Kapag hinangad mo ang tulong ng Espiritu Santo, makikita mo na ang Isaias ay isa sa mga nagbibigay-inspirasyon at makapangyarihang aklat sa buong banal na kasulatan.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa propetang si Isaias at sa kanyang mga isinulat, tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Isaias."

**Buod ng Isaias**

| **Mga Pangkalahatang Tema** | Mga Kahatulan | | | | Bahaging Pangkasaysayan | Pangako ng Isang Mesiyas | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **Reperensya** | 1:1 | 13:1 | 24:1 | 28:1 | 36:1 | 40:1 | 49:1 | 58:1 66:24 |
| **Mga Paksa** | Juda | Ang mga bansa | Kaarawan ng Panginoon | Paghuhukom at mga pagpapala | Naligtas ang Jerusalem mula sa pagkawasak; pinahaba ang buhay ni Ezechias | Pagkaligtas ng Israel | Tagapagligtas ng Israel | Maluwalhating hinaharap ng Israel |

# Isaias 1

## Nanawagan si Isaias sa Israel na Magsisi

*Hindi natin tiyak kung isinulat ni Isaias ang mga kabanata sa kanyang aklat ayon sa pagkasunud-sunod ng mga ito sa Biblia. Gayunman, tila maingat na pinagsunud-sunod ang mga kabanata upang maiparating nang husto ang buong mensahe ni Isaias. Ang Isaias 1 ay parang paunang salita sa aklat ni Isaias na nagbibigay ng paunang kaganapan at buod ng buong aklat sa pagsasabi ng: (1) ginawa ng mga tao na hindi kalugud-lugod sa Panginoon (mga talata 1–9), (2) kung bakit inisip nila na hindi nila kailangang magsisi (mga talata 10–15), (3) pangako ng Panginoon kung sila ay magsisisi (mga talata 16–19, 25–27), at (4) mangyayari kung hindi sila magsisisi (mga talata 20–24, 28–31).*

*Habang nagbabasa ka, alalahanin ang payo nina Nephi at Jacob: Dahil tayo ay kabilang sa sambahayan ni Israel, dapat nating ihalintulad ang mga salitang ito sa ating sarili (tingnan sa 1 Nephi 19:23; 2 Nephi 6:5). Marami sa mga*

*turo at propesiya ni Isaias ang angkop sa atin na para bang sinasabi niya ang mga ito ngayon.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

***Isaias 1***

**Napapasanan ng kasamaan** (t. 4)—Nagdadala ng mabigat na kasalanan

**Nagsisigawa ng kalikuan** (t. 4)—Mga makasalanan

**Hinamak** (t. 4)—Ginalit, sinuway

**Kagalingan** (t. 6)—Walang pinsala o karamdaman

**Giba** (t. 7)—Wasak

**Balag sa isang ubasan, pahingahan sa halamanan ng mga pepino** (t. 8)—Pansamantalang tirahan

**Bayang nakukubkob** (t. 8)—Lungsod na nilulusob

**Labi** (t. 9)—Natitirang grupo ng mga tao

**Sinong humingi nito sa inyong kamay, upang inyong yapakan ang aking mga looban?** (t. 12)—Sino ang nag-anyaya sa inyo sa aking bahay?

**Iginagawad ang inyong mga kamay** (t. 15)—Manalangin

**Saklolohan ang napipighati** (t. 17)—Bigyan ng pag-asa ang mga nabibigatan, pagaanin ang kanilang mga pasanin

**Dumi** (mga talata 22, 25)—Kalawang sa bakal

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ang Israel ay Tulad ng Isang …

1. Basahin ang Isaias 1:2–9, 21–22, 30–31 at ilista ang lahat ng paglalarawan, o simbolong ginamit ni Isaias upang ilarawan ang mga tao ng Juda at ang kanilang mga kasalanan.
2. Alin sa mga kasalanan ng Juda ang mga kasalanan ng mga tao ngayon?

### B Scripture Mastery—Isaias 1:18

Bagama't ang Panginoon ay mahigpit at ginamitan ng masakit na salita ang mga Israelita, madarama natin ang kanyang pagmamahal sa pag-anyaya sa kanila na magsisi. Ang mga solusyon ng Panginoon sa ating mga kasalanan at problema ay maaaring hindi laging mabilis o madali, ngunit bibigyan tayo nito ng walang hanggang solusyon.

1. Ibuod ang solusyon ng Panginoon sa mga problema ng Juda (tingnan sa Isaias 1:16–19).
2. Basahin ang Doktrina at mga Tipan 58:42–43 at ilahad kung paano ginawa ng Panginoon ang gayunding pangako sa mga talatang ito tulad ng ginawa niya sa Isaias 1:18 at ano ang dapat nating gawin para matupad ang pangakong iyan.

# Isaias 2

## Magsiahon sa Bundok ng Panginoon

*Pasisimulan ng Ikalawang Pagparito ni Jesucristo ang isang libong taon ng kapayapaan sa mundo na tinatawag na Milenyo. Ang masasama ay lilipulin sa oras ng Pagparito ng Tagapagligtas, ngunit ang mga handang sumalubong sa kanya ay maliligtas at magagalak na kasama niya. Ano ang dapat nating gawin para makapaghanda? Sa isang napakabantog na propesiya, sinabi ni Isaias sa sinauna at makabagong Israel ang kailangan nilang gawin para makapaghanda sa pagharap sa Panginoon at mabuhay sa Milenyo. Ang propesiyang ito ay "pandalawahan," ibig sabihin maiaangkop ito sa mahigit sa isang kapanahunan at lugar. Dahil dito, ang propesiya ay hindi lamang nagtuturo ng pangkalahatang mga alituntunin ng nararapat gawin ng sinaunang Israel para maitatag ang kaharian nito kundi nagpapahiwatig din ng tiyak na kinaroroonan ng kahariang iyan sa mga huling araw bago sumapit ang Ikalawang Pagparito at Milenyo.*



*Sa Aklat ni Mormon, sinipi ni Nephi ang mga kabanata 2–14 ng Isaias. Ang paghahambing ng mga kabanatang ito sa mga nakasulat sa 2 Nephi ay maaaring mas magpaunawa sa iyo ng binabasa mo.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

***Isaias 2***

**Mataas, mabubunyi** (mga talata 2, 11, 17)—Itataas, dadakilain

**Sasaway** (t. 4)—Hahatol o magwawasto sa kanila

**Mga enkantador** (t. 6)—Mga taong humuhula sa hinaharap ayon sa mga palatandaan at pangitain

**Kamahalan** (mga talata 10, 19, 21)—Kadakilaan at kapangyarihan

**Pagmamataas** (mga talata 11, 17)—Kahambugan

**Mga puwang** (t. 21)—Mga butas

**Isaias 2:2–4—Ang Bundok ng Panginoon**

Ang "bundok ng Panginoon" ay tumutukoy sa templo. Sa Isaias 2:2–4, iniulat ni Isaias ang isang pangitain at gumawa ng isang propesiyang natupad sa maraming paraan. Sinabi niya na pagdating ng panahon na ang mga tao ng Panginoon ay uunahin siya at ang kanyang bahay sa lahat ng bagay, at masigasig nilang hahangarin ang payo niya sa pamamagitan ng pagpunta sa kanyang bahay, maitatatag ang Sion sa kanila at magkakaroon sila ng kapayapaan at pangako ng buhay na walang hanggan. Itinuro din sa atin ng mga makabagong propeta ang doktrinang iyon. Sabi ni Pangulong Howard W. Hunter, "Gawin nating pinakamataas na mithiin at pinakadakilang karanasan sa buhay ang templo, pati na ang pagsamba sa templo at mga tipan sa templo at kasal sa templo" (sa Conference Report, Okt. 1995, 118; o *Ensign,* Nob. 1994, 88).

Ang isa pang katuparan ng propesiyang ito ay may kinalaman sa bahay ng Panginoon na itatayo sa "taluktok ng mga bundok" (Isaias 2:2). Hindi lamang may simbolikong reperensya ang propesiya sa pag-uuna sa templo sa ating buhay, kundi may literal din itong katuparan sa pagtatayuan ng headquarters ng Simbahan sa mga huling araw. Tungkol sa propesiyang ito ni Isaias, sinabi ni Elder Bruce R. McConkie, "Tuwiran nitong tinutukoy ang Salt Lake Temple at iba pang mga templong itinayo sa taluktok ng Rocky Mountains, at tinukoy nito sa pangkalahatan ang templong itatayo pa lamang sa Bagong Jerusalem sa Jackson County, Missouri" (*A New Witness for the Articles of Faith* [1985], 539).

Itinuro ni Elder B. H. Roberts ang kahalagahan ng batas na nagmumula sa Sion nang sabihin niya, "Sa isang banda, para sa akin ay iyan ang batas ng Sion—ang pangunahing alituntunin ng batas sibil ng lupain—isang alituntunin ng batas na nagmumula sa Sion—ang batas sibil na dapat itatag at panatilihin sa pinagpalang lupaing ito ng kalayaan, at iyan, kalaunan, ay tuwiran o di-tuwirang magpapala at magpapalaya sa bawat lupain sa buong mundo" (sa Conference Report, Abr. 1908, 108).

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Magdrowing o Gumuhit

Magdrowing ng isang representasyon ng mga ideyang matatagpuan sa Isaias 2:2–3.

### B Magbigay ng Makabagong Halimbawa

Ang pangunahing mensahe ng Isaias 2:2–4 ay na maitatatag ang Sion kapag inuna ng Israel ang templo at ang mga ordenansa at batas nito sa kanilang buhay.

1. Basahin ang Isaias 2:6–9 at ilista kung ano ang sinabi ng Panginoon na nakahadlang sa pagtanggap ng mga tao ng mga pagpapala ng templo sa panahong iyon. Magbigay ng makabagong halimbawa ng bawat bagay na nakatala. (Tiyaking maihambing ang talata 9 sa 2 Nephi 12:9.)
2. Ayon sa Isaias 2:10–22 ano ang mangyayari sa Ikalawang Pagparito ni Jesucristo, sa lahat ng hindi tatanggap sa kanya dahil sa kanilang pagmamataas?

# Isaias 3

## Mga Propesiya Laban sa Mapagmataas

*Ang Isaias 3 ay naglalaman ng karagdagang paglalarawan ni Isaias sa kasamaan ng Israel at Juda sa kanyang panahon at kung ano ang mangyayari dahil sa kanilang kasamaan. Ginamit ni Isaias ang isa sa kanyang mga pinakadetalyadong paglalarawan nang ihambing niya ang sambahayan ni Israel sa mapagmataas na kababaihang lubos na napapalamutian ng mga usong estilo sa panahong iyon. Ang kababaihang ito, na labis na nag-aalala sa kanilang panlabas na kagandahan, ay nakaligtaan ang tunay na kagandahang espirituwal. Maihahalintulad natin ang mga turong ito sa ating sarili bilang babala sa mangyayari sa atin kung tayo ay mapagmataas at masama.*

# Isaias 4

## Mga Pagpapala para sa Mapagpakumbaba

*Isaias 4 ang nagsisilbing kabaligtaran ng kabanata 3 sa pagsasalaysay ng mangyayari kapag mapagpakumbabang bumaling ang Israel sa Panginoon.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Isaias 4*

**Kadustaan** (t. 1)—Kahihiyan

**Lilinisin** (t. 4)—Padadalisayin

**Mga kapulungan** (t. 5)—Mga taong nagpupulong

**Kanlungan** (t. 6)—Lugar ng kapayapaan at kaligtasan na malayo sa panganib o masamang sitwasyon.

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Bigyang-kahulugan ang mga Paglalarawan

Pansining mabuti ang mga paglalarawang nilikha ni Isaias sa maikling kabanatang ito. Hindi tulad ng kababaihan sa bandang huli ng Isaias 3, ang kababaihang inilarawan sa Isaias 4 ay mapagpakumbaba.

1. Ayon sa mga talata 2–6, ano ang mga bunga ng pagpapakumbaba ng kababaihang ito?
2. Ano ang maaari nating gawin upang maging katulad ng kababaihang ito nang sa gayon ay mapawi ang ating kahihiyan, malinis tayo mula sa karumihan, maging "maganda at maluwalhati" tayong mga tao, at magabayan at mapangalagaan tayo ng Panginoon? (tingnan sa mga talata 5–6). Maaari mong tingnan ang sumusunod na mga talata ng banal na kasulatan bago ka sumagot: 2 Nephi 31:13, 17; 32:1–3; Alma 7:14–15; Moises 6:52, 57.

# Isaias 5

## Ang mga Kasalanan ng Israel

*Ang Isaias 5 ay naglalaman ng patuloy na paglalarawan ni Isaias ng mga kasalanan ng Israel at mga bunga ng mga kasalanang iyon. Habang nagbabasa, isipin kung paano naging katulad ng mga kasalanan ng mga tao sa panahon ni Isaias ang mga kasalanan ng mga tao sa ating panahon at ano ang sinabi ng Panginoon na mangyayari sa mga ayaw magsisi.*

### Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

***Isaias 5***

**Bakod na siit** (t. 5)—Bakod, pader

**Mayayapakan** (t. 5)—Tatapakan

**Hindi kakapunin o bubukirin man** (t. 6)—Inaalagaan

**Kahatulan** (t. 7)—Katarungan, pagkakapantay-pantay

**Narito** (t. 7)—Masdan

**Kapighatian** (t.7)—Pagdanak ng dugo

**Sa aba** (mga talata 8, 11, 18, 20–22)—Kalungkutan, o kalamidad

**Magigiba** (t. 9)—Walang maninirahan

**Mananahan** (t. 9)—Isang taong nakatira sa isang lugar

**Bath, epa** (t. 10)—Mga yunit ng panukat (tingnan sa Bible Dictionary, s.v. "weights and measures")

**Nabunyi** (t. 16)—Dinakila, itinaas

**Mga sirang dako ng matataba** (t. 17)—Ang mga lupaing pinapastulan ng mga hayop ay masisira.

**Mabait** (t. 21)—Maingat at mabuting magpasiya

**Hinamak** (t. 24)—Tinalikuran, kinapootan

**Watawat** (t. 26)—Bandila o banderang pinagtitipunan ng mga hukbo at nasa unahan ng kanilang mga martsa

### Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang aktibidad A o B habang pinag-aaralan mo ang Isaias 5.

#### A Bigyang-kahulugan ang Talinghaga para sa Ngayon

Ang talinghaga sa Isaias 5:1–7 ay tungkol sa mga nakatanggap ng ebanghelyo. Ano ang mensahe ng talinghaga para sa mga miyembro sa ating panahon? Maaari mong isaisip ang Doktrina at mga Tipan 1:27; 82:3; 105:6 habang isinusulat mo ang iyong sagot.

#### B Sa aba!

Ilista ang lahat ng taong sinasabi ng Panginoon na daranas ng "sa aba" ayon sa Isaias 5:8–25, at ilarawan ang bawat grupo ng mga tao sa sarili mong mga salita.

# Isaias 6

## Nakita ni Isaias ang Panginoon

*Inilalahad sa Isaias 6 kung paano tinawag na propeta si Isaias at ang sinabi ng Panginoon tungkol sa kanyang misyon bilang propeta. Ang mga talata 1 at 5 ay naglalaman ng patotoo ni Isaias na nakita niya ang Panginoon.*

# Isaias 7–8

## Magtiwala sa Panginoon

*Inilalahad sa Isaias 7–8 ang isang partikular na kasaysayang naganap sa kaharian ng Juda, ngunit hindi lang umangkop doon ang propesiya kundi ipinropesiya rin dito ang pagsilang ni Jesucristo pagkaraan ng mahigit pitong daang taon.*

*Ipinapaliwanag sa Isaias 7 na ang hari ng Israel (ang Hilagang Kaharian, na tinatawag ding Ephraim) at ang hari ng Siria ay nagsanib para lalong lumakas ang kanilang hukbo. Umasa sila na magkasamang masakop ang kaharian ng Juda (tingnan sa mga talata 1–2, 5–6). Natakot si Achaz, hari ng Juda, sa kanilang mga ginawa (tingnan sa t. 2). Sinabi ng Panginoon kay Isaias na sabihin kay Achaz na huwag matakot dahil ang mga taga-Asiria ay magmumula sa hilaga at sasakupin kapwa ang Siria at Ephraim. Sinabi ni Isaias na ang katuparan ng propesiyang ito ay magiging patotoo sa Juda na patuloy silang pangangalagaan ng Panginoon bilang isang lahi. Pagkatapos ay nagbigay ng palatandaan si Isaias kay Achaz bilang patunay na totoo ang kanyang sinabi. Sinabi niya na isang dalaga ang maglilihi, magsisilang ng anak na lalaki, na tatawagin niyang Emmanuel, na ibig sabihin ay "sumasa amin ang Diyos." Ang pangalang Emmanuel ay*

*simbolo ng katotohanan na ang Diyos ay makakapiling ng mga tao ng Juda. Ipinropesiya rin ni Isaias na bago maging sapat ang gulang ng bata para malaman ang mabuti at masama, mabibihag ng mga taga-Asiria ang mga hari kapwa ng Siria at Ephraim (tingnan sa mga talata 14–16).*

*Ang propesiyang ito sa Isaias 7:10–16 ay may mas malalim na kahulugan. Ang isang dahilan kaya pangangalagaan ng Diyos ang Juda bilang isang lahi ay dahil nangako siyang isugo ang kanyang Anak sa mundo sa pamamagitan ng lipi ni Juda at ng inapo ni Haring David. Ang Anak na ito ng Diyos ay magiging isang Emmanuel. Sinabi ni Isaias kay Achaz na pangangalagaan ng Diyos ang Juda sa kasalukuyan nilang problema sa Siria at Ephraim gayundin sa loob pa ng maraming taon hanggang sa isilang ang Mesiyas.*

*Ang Isaias 8 ay pagpapatuloy ng kuwentong sinimulan sa Isaias 7. Sinabi ni Isaias sa mga tao ng Juda na huwag mag-alala tungkol sa Siria at Hilagang Kaharian ng Israel dahil lilipulin sila ng Asiria. Gayunman, ang bagong pangamba nila ay baka lusubin din ng Asiria ang Juda. Inisip ng mga tao ng Juda na umanib sa ibang mga bansa sa "pakikiisa" sa paglaban sa Asiria (tingnan sa mga talata 9–10). Sinabi ni Isaias sa mga tao na kung may tiwala sila sa Panginoon, siya ay kanilang magiging proteksyon, o "santuario" (mga talata 13–14). Binalaan niya rin sila tungkol sa pakikinig sa mga taong nagsasabi na sila ay may paghahayag ngunit hindi ito nagmumula sa Diyos (tingnan sa mga talata 19–22).*

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Mga Propesiya Tungkol kay Jesucristo

1. Isulat kung saan at paano ginamit ng manunulat sa Bagong Tipan ang Isaias 7:14.
2. Basahin ang Isaias 8:13–14 at ipaliwanag kung paanong si Jesus ay naging kapwa batong tunay nating masasandigan (tingnan sa Helaman 5:12) at "batong katitisuran" at "pinaka malaking batong pangbuwal" (t. 14).

# Isaias 9

## Isang Propesiya Tungkol sa Pagdating ng Mesiyas

*Ang Isaias 9 ay naglalaman ng isa pang bantog na propesiya tungkol sa pagdating ni Jesucristo. Inilalarawan sa talata 1 ang hilagang bahagi ng Hilagang Kaharian ng Israel, na siyang unang nilusob nang dumating ang mga bansang tulad ng Asiria mula sa hilaga. Ipinropesiya ni Isaias na ang lugar na ito—na kilala bilang "ang Galilea"—ay hindi palaging naliligalig. Ipinangako ni Isaias na ang Diyos ay magpapadala ng liwanag at kagalakan sa kanila sa pagsilang ng isang bata na siyang sisira sa "pamatok na [kanilang] pasan" (Isaias 9:4) at tatawaging "Kamangha-mangha, Tagapayo, Makapangyarihang Dios, Walang hanggang Ama, Pangulo ng Kapayapaan" (t. 6). Lahat ng pangalang ito ay tumutukoy sa Mesiyas—ang Hari ng mga Hari—at ang propesiyang ito ay lubos na natupad nang gugulin ni Jesus ang halos buong mortal na ministeryo niya sa lugar na ito ng Galilea (tingnan sa Mateo 4:12–16). Patuloy na natutupad ang propesiya habang ang pamamahala, o pamumuno, ni Jesucristo ay patuloy sa walang hanggang paglago kapag tinatanggap siya ng mga tao bilang kanilang hari at nagiging karapat-dapat sila sa mga pagpapala ng buhay na walang hanggan (tingnan sa Isaias 9:7).*

# Isaias 10

## Lilipulin ang mga Manlilipol

*Sa Isaias 9, nilinaw ng Panginoon na tutulutan niyang sakupin ng Asiria ang mga anak ni Israel sa Hilagang Kaharian. Mukhang ipinahiwatig din ng mga propesiya ni Isaias na lilipulin din ng Asiria ang ilan sa kaharian ng Juda. Bakit tutulutan ng Panginoon ang isang bansa ng masasama na walang pananampalataya na tulad ng Asiria na masakop ang kanyang pinagtipanang mga tao? Sa Isaias 10, sinagot ng Panginoon ang tanong na ito. Sinabi niya na dahil ang Israel ay napakasama at mapagkunwari, hindi na niya ito pangangalagaan pa. Gayunman, malinaw na nakasaad sa Isaias 10 na parurusahan din ang mga taga-Asiria dahil sa kanilang kasamaan. Hindi tutulutang lubusan nilang lipulin ang Juda dahil tutuparin pa ng Diyos ang kanyang pangako hinggil sa pagdating ng kanyang "pinahiran," o ng Mesiyas (tingnan sa Isaias 10:27–34).*

# Isaias 11

## Mga Mangyayari sa Hinaharap

*Ang isang dahilan kaya mahalagang aklat ang Isaias para sa ating panahon ay dahil napakaraming nangyari sa panahon ni Isaias na nangyayari sa ating panahon. Nabubuhay rin tayo sa panahon ng kasamaan, at ipinangako ng Panginoon na daranasin ng masasama ang mga bunga ng kanilang mga ginawa—tulad noong kapanahunan ni Isaias. Bagama't magkaiba ang mga detalye ng ating panahon at ng panahon ni Isaias, pareho sila ng mga alituntunin. Ang kahalagahan ng Isaias 11 ay itinuro ni Propetang Joseph*

*Smith nang sabihin niya, "Bilang karagdagan sa mga ito, inulit niya [Moroni] ang ikalabing-isang kabanata ng Isaias, at sinasabing malapit na itong matupad" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:40).*

*Ang mga nagmamahal sa Panginoon at nagsisikap mamuhay nang matwid ay maaaring manghina ang loob sa sobrang kasamaang nakapaligid sa kanila. Sa mga panahon ng kahinaan, mahalagang tingnan ang "kabuuan" ng plano ng Ama sa Langit at matanto na mananaig ang kabutihan sa huli at naglaan siya ng paraan upang matubos ang lahat ng anak niyang nakahanda. Ang Isaias 11 ay tungkol sa "kabuuan" na iyan at naglalaman ng mensahe ng pag-asa tungkol sa gagawin ng Panginoon para sa mga taong naghahangad na makilala siya at gawin ang kanyang kalooban.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

***Isaias 11***

**Usbong** (t. 1)—Sanga o siit

**Sasaway** (mga talata 3–4)—Pagsabihan nang mahinahon ang isang tao

**Karampatan** (t. 4)—Katarungan

**Maamo** (t. 4)—Mapagpakumbaba

**Pamalo** (t. 4)—Tungkod na hawak ng isang pinuno upang ipakita ang kanyang kapangyarihan

**Bigkis ng kaniyang baywang, pamigkis ng kaniyang mga balakang** (t. 5)—Isang sinturon

**Pinakawatawat** (mga talata 10, 12)—Bandila o banderang dala ng mga hukbo at nasa unahan ng kanilang mga martsa

**Nangalat** (t. 12)—Nagkalat

**Sasamsam** (t. 14)—Wasakin ang isang lugar at kunin ang mga kayamanang matagpuan doon

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang aktibidad A o B habang pinag-aaralan mo ang Isaias 11.

### A Bigyang-kahulugan ang Isaias sa Tulong ng Iba pang Banal na Kasulatan

1. Ayon sa Doktrina at mga Tipan 113:1–2, tungkol saan ang Isaias 11:1–5?
2. Ayon sa Doktrina at mga Tipan 113:5–6, sino ang "angkan ni Isai [Jesse]" sa Isaias 11:10?
3. Ayon sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:40, kailan magaganap kalimitan ang mga pangyayari sa Isaias 11?

### B Ang mga Huling Araw at ang Milenyo

Binanggit sa Isaias 11:1–9 ang mga kaganapang karamihan ay mangyayari sa hinaharap. Inilalahad sa Isaias 11:10–16 kung ano ang gagawin ng Panginoon upang maisakatuparan ang mga pangyayaring binanggit sa mga talata 1–9.

1. Alin sa mga propesiya sa Isaias 11 ang nakita mong natupad na o nagsisimula nang matupad?
2. Sumulat tungkol sa isang turo sa Isaias 11 na naghihikayat sa iyo na manatiling tapat sa Panginoon.

# Isaias 12

## Purihin ang Panginoon

*Ang Isaias 12 ay isang maikling tula ng papuri sa Panginoon para sa mga ginagawa niya upang iligtas ang kanyang mga tao. Ang Isaias 12 ay tila isang tugon sa mga dakilang katotohanang binanggit sa Isaias 11 tungkol sa Mesiyas, sa pagtitipon ng Israel sa mga huling araw, at sa Milenyo. Ang mga turo sa kabanata 12 ay maiaangkop din sa sinumang taong makakikilala sa Panginoon, nakikitipon sa Simbahan ng Panginoon, at nakatatanggap ng kapayapaan na tanging si Jesucristo ang makapagbibigay.*

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Mga Pangalan para kay Jesucristo

Basahin ang sumusunod na mga talata mula sa unang 12 kabanata ng Isaias, at ilista ang lahat ng iba't ibang pangalang ginamit ni Isaias para kay Jesucristo: Isaias 1:24; 2:3; 3:1; 5:16; 5:24; 7:14; 8:14; 9:6; 11:1; 12:2. Sabihin kung ano sa palagay mo ang mahalaga tungkol sa paggamit ng partikular na pangalan sa bawat talata. Ano ang binibigyang-diin ng pangalan tungkol sa katangian o mga ginagawa ng Panginoon?

# Isaias 13–14

## Ang Babilonia at si Lucifer

*Ang Isaias 13–14, tulad ng Isaias 10, ay naglalaman ng mga propesiya tungkol sa pagkawasak ng isang bansang sumakop sa pinagtipanang mga tao ng Panginoon. Sa Isaias 10, ang propesiya ay tungkol sa Asiria, ang bansang sumakop sa Hilagang Kaharian sa pagitan ng mga 725–21 B.C. Inilalahad sa Isaias 13–14 ang tungkol sa Babilonia, ang bansang sumakop sa Juda sa pagitan ng mga 725–21 B.C. Ang sinaunang Babilonia ay isa sa mga pinakamayaman at makamundong kaharian sa kasaysayan. Dahil dito, ginamit ng Panginoon ang Babilonia bilang simbolo ng mga taong nakatuon sa mga bagay ng mundo at kabaligtaran ng larawan ng Sion at langit. Ang ipinropesiyang pagkawasak ng Babilonia sa Isaias 13 ay simbolo ng mangyayari sa mga kumakalaban sa mga tao ng Diyos at sa mga taong ang puso ay nakalagak sa mga bagay ng mundo sa halip na sa mga bagay ng Diyos.*

*Ang Isaias 14 ay patungkol lalo na sa hari ng Babilonia, na inihambing ni Isaias kay Lucifer, o Satanas. Dahil sa mga nasusulat sa kabanatang ito, mas marami tayong natututuhan kung paano naging Satanas si Lucifer at ano pa ang mangyayari sa kanya at sa kanyang mga kampon.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

### *Isaias 14*

**Masasanib** (t. 1)—Magsasama

**Mamimighati** (mga talata 2, 4)—Mga taong namumuno at nananakit ng kapwa

**Cetro** (t. 5)—Tungkod na kumakatawan sa karapatang mamuno

**Mga biola** (t. 11)—Mga instrumentong musikal

**Lalagi** (t. 20)—Mapag-uusapan

**Hayop na erizo** (t. 23)—Isang porcupine (hayop na may matutulis na tinik ang likod)

**Wawala ng kabuluhan** (t. 27)—Pipigil

**Pamalo** (t. 29)—Sandata ng digmaan

**Napugnaw** (t. 31)—Nawasak

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Bakit Mo Siya Susundin?

1. Ikinukuwento sa atin sa Isaias 14:12–14 kung paano naging Satanas si Lucifer. Ano ang labis na nakawiwili sa iyo tungkol sa sinabi ni Isaias?
2. Basahin ang Doktrina at mga Tipan 76:25–27; Moises 4:1–4 at isulat ang karagdagang mga konseptong natutuhan mo tungkol sa pagbagsak ni Lucifer.
3. Ayon sa Isaias 14:4–11, 15–20, ano ang mangyayari kay Lucifer kalaunan?
4. Ano pang karagdagang impormasyon ang natutuhan mo mula sa Doktrina at mga Tipan 76:30, 33, 36–38, 44–46?
5. Ang isa sa mga dahilan na sinisikap nating malaman ang tungkol kay Jesucristo ay upang masundan natin ang kanyang halimbawa at maging higit na katulad niya. Binabanggit nang bahagya sa mga banal na kasulatan kung paano naging diyablo si Satanas upang matukoy natin kung ano ang dapat gawin para *makaiwas* sa pagsunod sa kanya. Habang pinagiisipan ang nabasa mo sa Isaias 14 tungkol sa pagbagsak ni Lucifer, isulat kung bakit dahil sa natutuhan mo ay gusto mong mas lubos na sundin ang halimbawa ni Jesucristo. Isulat din kung paano mo higit na maiiwasan si Satanas at ang kanyang mga tukso dahil sa mga natutuhan mo.


# Isaias 15–23

## Mga Propesiya Laban sa mga Bansang Hindi Naglilingkod sa Panginoon

*Ang Isaias 15–23 ay naglalaman ng ilang propesiya tungkol sa pagkawasak ng mga bansang nakapaligid sa Israel. Sa paghahayag sa Israel at Juda na lahat ng bansa sa paligid nito ay wawasakin, binigyan sila ng Panginoon ng magagandang dahilan para magtiwala sa kanya sa halip na magtiwala sa anumang mga pakikipagkasunduan o pakikipag-alyansa sa mga kalapit-bansang ito.*

*Ang Isaias 15–16 ay naglalaman ng mga propesiya tungkol sa Moab. Ang bansa ay ipinangalan kay Moab, na anak na lalaki ng panganay na babae ni Lot (tingnan sa Genesis 19:37) at nanirahan sa bansang iyon kasama ang kanyang pamilya. Ang mga Moabita ay madalas makipaglaban sa mga Israelita, ngunit sa panahong ito maaaring inisip ng mga Israelita na makakatulong ang makipag-alyansa sa Moab upang madaig ang kanilang mga kaaway.*

*Ang Isaias 17 ay nagbibigay ng isang propesiya ukol sa Damasco (Siria) at Ephraim (ang Hilagang Kaharian). Nagsanib at nagkasundo ang Damasco at Ephraim na sakupin ang Juda, ngunit bago sila nakalusob, dumating ang mga taga-Asiria mula sa hilaga at nilipol ang dalawa sanang mananakop. Nakatala sa Isaias 17 ang propesiya ng pagkawasak ng dalawang bansang ito at ang ilan sa mga epekto ng pagkawasak sa dalawang bansa.*




*Ang Isaias 18 ay nangungusap sa isang lupain "na nasa dako roon ng mga ilog Etiopia" (t. 1). Pinangalanan ng marami sa mga tagapagsalin ang lupaing ito na Cus, na iniisip ng ilan na isang bansa sa timog ng Egipto. Ang kabanata 18 ay mas nagbibigay ng pag-asa kaysa marami sa mga kabanata sa bahaging ito, at maraming pagtatalo tungkol sa tinutukoy o ibig sabihin ng kabanata 18.*

*Nakatala sa Isaias 18 ang propesiya ni Isaias na bagama't ang mga tao sa bansang ito ay "[ikakalat at susukatin]" at "[yayapakan]," sila ay aanyayahang magtipon sa Bundok ng Sion, kung saan tila malugod silang tatanggapin. Ang huling talata ng kabanata ay maaaring mapagtuunan ng pansin dahil tungkol ito sa pagdadala sa Panginoon ng isang "kaloob" ng mga taong "[nakalat]." Ang pagtitipon sa mga tao ng mundo at paghahanda sa kanila na makaharap ang Panginoon ay isa sa mga dakilang layunin ng Simbahan sa mga huling araw.*

*Nakatala sa Isaias 19–20 ang mga propesiya tungkol sa Egipto, na isa sa mga pinakamakapangyarihang bansa sa mundo noong panahon ni Isaias. Ipinropesiya ni Isaias ang mga paraan na maliligalig ang Egipto at kung paanong hindi malulutas ng mga taga-Egipto ang kanilang mga*

*problema sa pamamagitan ng kanilang sariling kakayahan o mga diyus-diyusan. Ang Isaias 19 ay naglalaman din ng kakaibang propesiya na balang-araw, sasambahin ng Egipto at Israel ang iisang Diyos at pagagalingin ng Panginoon ang Egipto. Bukod pa rito, ipinahihiwatig ng propesiya na makikiisa rin ang Asiria sa Israel at Egipto sa pagsamba sa Diyos.*

*Tiyak ang pagtukoy ng Isaias 20 sa panahong bibihagin ng Asiria ang Egipto—na muling ipinapakita sa mga tao ng Juda kung bakit hindi sila dapat makianib sa ibang bansa laban sa Asiria.*

*Binabanggit sa Isaias 21 ang pagkawasak ng tatlong bansa sa huli: Babilonia (mga talata 1–10), Edom (mga talata 11–12), at Arabia (mga talata 13–17).*

*Sa talata 10, tila partikular na nangusap ang Panginoon sa mga miyembro ng sambahayan ni Israel na magiging mga bihag sa Babilonia nang halos dalawandaang taon matapos ang panahon ni Isaias at mangangailangan sila ng pagpapalakas ng loob na handog ng propesiyang ito tungkol sa pagkawasak ng Babilonia.*

*Ang Isaias 22 ay tumutukoy sa pagbagsak ng Jerusalem at bumabanggit sa panahon na itong "hula," o mensahe ng kapighatian, ay aalisin at mananatiling payapa ang Jerusalem. Sa propesiyang ito, hindi lamang ipinaliwanag ni Isaias ang mangyayari bilang bahagi ng pagkawasak ng Jerusalem, kundi ipinaliwanag din niya kung bakit wawasakin ang Jerusalem. Napansin niya na labis na ipinagmalaki ng mga tao ang ginawa nilang tipunang tubig para lutasin ang kanilang problema sa tubig ngunit hindi nila sinamba ang Lumikha ng tubig ni kinilala na lahat ng biyaya ay nagmumula sa kanya (tingnan sa t. 11). Binatikos din niya sila sa pagdaraos ng mga kasayahan upang ipagdiwang ang mga mensahe na wawasakin ang mga bansang nakapaligid sa kanila sa halip na magpakumbaba sila at magsisi (tingnan sa mga talata 12–14).*

*Ang Isaias 22 ay naglalaman din ng maikling kasaysayan na may mahalagang isinisimbolo. Ang kuwento ay tungkol kay Sebna, ang ingat-yaman ng Jerusalem, na simbolo ng mga pag-uugali ng mga tao ng Jerusalem sa panahong iyon. Pinaratangan ni Isaias si Sebna sa pagiging palalo tungkol sa kayamanan ng Jerusalem. Pagkatapos ay sinabi ni Isaias na hindi lamang kukunin ng mga taga-Asiria ang marami sa mga kayamanan ng Jerusalem kundi magiging "pinakamababang" bagay pa sa tirahan ng hari ng Asiria ang pinakamainam na mga kayamanang nagmula sa Jerusalem (tingnan sa t. 18). Bukod pa rito, sinabi ni Isaias na isang lalaking nagngangalang Eliacim, na ang ibig sabihin sa Hebreo ay "ibabangon ka ng Diyos," ang papalit kay Sebna. May mahalagang simbolismo sa kahulugan ng pangalan at kuwentong ito. Maliligtas lamang ang Jerusalem mula sa pagkawasak kapag napalitan ng pagmamahal sa Diyos ang pagmamahal sa mga kayamanan. At kapag bumaling ang Jerusalem sa Diyos, babangon itong muli bilang isang banal na lungsod. Mayroon pang mas simbolikong kahulugan ang pangalang Eliacim dahil nakaturo ito sa Pagbabayad-sala. Dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, ibabangon ng Diyos ang lahat ng tao at magkakaroon ng pagkakataong madaig ang lahat ng kapahamakan, kabiguan, at kamatayan sa mundong ito. Sa huling talata ng kabanata 22, pinatotohanan ni Isaias ang malaking kapangyarihan ng pagtubos na ito, sa paghahambing nito sa pagpukpok ng pako "sa isang matibay na dako" upang hindi ito matinag. Ang paglalarawang ito ay simbolo ng permanenteng pagtubos na inihandog ni Jesucristo at ang paraan ng kanyang pagkamatay at tiniyak nito ang kaligtasan ng buong sangkatauhan.*

*Ang Isaias 23, na naglalaman ng propesiya tungkol sa Tiro, isang lungsod sa Phoenicia, ang pinakahuli sa mga kabanatang nagpropesiya sa pagkawasak ng mga bansang nakapaligid sa Israel at Juda. Ang Tiro ay isang lungsod na abala sa pagbili at pagbebenta ng mga kayamanan ng mundo. Ang mga bagay ng mundo ang lagi nang mas mahalaga sa mga naninirahan sa Tiro kaysa anumang bagay, kabilang na ang Diyos. Tinukoy ni Isaias na isang patutot ang Tiro. Ito ay dahil, kung tutuusin, ipinagpalit ng mga tao ang kanilang sarili at ang sagrado nilang kaugnayan sa Diyos sa pera—katulad na katulad ng patutot na ibinebenta ang kanyang puri para magkapera.*

# Isaias 24

## Winasak ang Daigdig ng Masasama

*Matapos ang ilang kabanatang nagbanggit tungkol sa pagkawasak ng iba't ibang bansa (tingnan sa Isaias 13–23), binabanggit sa Isaias 24 ang mas pangkalahatang pagwasak sa buong mundo. Ang Isaias 24 ay higit na nauukol sa mga Israelita at sa mangyayari sa kanila dahil sa kanilang kasamaan, ngunit angkop din ito sa mga huling araw bago ang Ikalawang Pagparito.*

*Bagama't ang Isaias 24 ay tila lubhang nakakapanghina ng loob dahil napakarami nitong binabanggit tungkol sa pagkawasak, naglalaman din ito ng kaunting mensahe ng pag-asa tungkol sa mabubuting tao na maliligtas. Ang mensaheng ito ng pag-asa ay mas matindi sa kasunod na ilang kabanata.*

### Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

***Isaias 24***

**Pinawawalan ng laman** (t. 1)—Winawasak

**Kung paano sa** (t. 2)—Anuman ang mangyari sa

**Gayon sa** (t. 2)—Mangyayari din sa

**Mapagpatubo** (t. 2)—Bayad sa interes ng inutang

**Nadumhan** (t. 5)—Nadungisan

**Alituntunin** (t. 5)—Mga sagradong seremonya

**Nilamon** (t. 6)—Winasak

**Salarin** (t. 6)—Sa kalagayang pinarusahan

**Kamahalan** (t. 14)—Kadakilaan

**Taksil** (t. 16)—Manloloko

**Silo** (mga talata 17–18)—Patibong

**Malilito** (t. 23)—Mahihiya

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Matuto mula sa Kaugnay na mga Banal na Kasulatan

1. Basahin ang Doktrina at mga Tipan 5:19; 84:96–98 at isulat kung paano at bakit gagawin ng Panginoon ang sinabi niya sa Isaias 24:1 na gagawin niya.
2. Basahin ang Doktrina at mga Tipan 1:17, 35–36; 45:31–35; 97:22–28 at ipaliwanag kung paano makaliligtas ang isang tao sa gitna ng mga pagkawasak na ipinropesiya sa Isaias 24:1–12, 19–23.
3. Ilista ang mga paraang sinabi ng Panginoon na nagkasala ang mga tao ng mundo sa Isaias 24:5. Ihambing ang sinabi niya sa Isaias sa sinabi niya sa Doktrina at mga Tipan 1:15–16, at sabihin kung ano sa palagay mo ang ibig sabihin ng Isaias 24:5.

### B Bahagi ng Plano ng Kaligtasan

1. Ayon sa Isaias 24:21–22, ano ang mangyayari sa mga taong nalipol sa panahong nangyari ang kabanatang ito?
2. Ayon sa Doktrina at mga Tipan 138:29–35, paano "madadalaw" ang mga taong ito?

# Isaias 25

## Pinapurihan ni Isaias ang Panginoon

*Nakatala sa Isaias 25 ang pasasalamat ni Isaias para sa ginawa at gagawin ng Panginoon, kabilang na ang paglipol sa mga palalo at masasama sa bandang huli at pagpapala sa mga mapagpakumbaba, matapat, at masunurin. Sinabi niya na ang mga "hinintay" nang tapat ang Panginoon (ibig sabihin ay nanatili silang tapat sa Panginoon habang hinihintay nila ang katuparan ng lahat ng kanyang salita—kahit tila hindi makabuluhang gawin iyon sa panahong iyon) ay gagantimpalaan sa takdang panahon, at ang kanilang gantimpala ay magiging maluwalhati.*

# Isaias 26

## Awit ng Papuri ni Isaias

*Anong kanta ang aawitin ninyo para magpasalamat sa Diyos? Ang Isaias 26 ay awit ng pasasalamat sa mga ginagawa ng Panginoon para sa kanyang mga tao. Ang pagkabuhay na mag-uli ni Jesucristo na binanggit sa talata 19 ay malaking dahilan para tayo magpasalamat.*

# Isaias 27

## Ang Panginoon at ang Kanyang Ubasan

*Nakatala sa Isaias 27 ang paghahambing ni Isaias sa paraan ng pangangalaga ng Panginoon sa kanyang mga tao sa paraan ng pangangalaga ng isang tao sa ubasan (tingnan sa Isaias 5:1–7; Jacob 5). Sa paghahambing na ito ipinaliwanag ng Panginoon na ang masasama ay tulad ng patay na mga sanga na kanyang puputulin at susunugin, samantalang ang mabubuti ay tulad ng matitibay na ubasan na nag-uugat pa nang mas malalim, namumulaklak, at "pupunuin nila ng bunga ang ibabaw ng sanglibutan" (Isaias 27:6).*

# Isaias 28

## Payo sa mga Taong Mapagmataas

*Tinutukoy sa Isaias 28 ang kapalaluan bilang mabigat na kasalanan ng mga Israelita. Kapalaluan ang naglayo sa mga tao mula sa mga pagpapalang nais ibigay ng Panginoon sa kanila. Sa mga talata 23–29, inihambing ni Isaias ang kaalaman ng magsasaka sa pagtatanim at pag-ani ng pananim sa mas malaki pang kaalaman ng Panginoon kung paano wastong makipagtulungan sa kanyang mga anak.*

# Isaias 29

## Isang Kagilagilalas na Gawa at Kamanghamangha

*Kung minsan ay tatanungin tayo ng mga taong pamilyar sa Biblia at hindi miyembro ng Simbahan ng ganito, "Kung ang Aklat ni Mormon ay napakahalagang bahagi ng gawain ng Diyos, bakit hindi ito binanggit sa Biblia?" May ilang sagot sa tanong na iyan, at isa na rito ang "Binanggit ito!" Isaias 29 ang isang kabanata sa Biblia na tumukoy sa Aklat ni Mormon, bagama't hindi binanggit ang pangalan nito. Habang binabasa mo ang kabanatang ito, hanapin ang mga propesiya ng paglabas ng Aklat ni Mormon at ang magiging epekto ng aklat na ito sa mundo.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Isaias 29*

**Ariel** (mga talata 1, 3, 7)—Jerusalem

**Kukubkubin** (t. 3)—Lulusubin

**Nakikipagsanggunian sa masamang espiritu** (t. 4)—Taong nananawagan sa patay na magsalita

**Kakilakilabot** (mga talata 5, 20)—Mga taong malalakas, makapangyarihan, at masasama

**Mangatigilan** (t. 9)—Maghintay o magpaliban

**Tinakpan** (t. 10)—Piniringan

**Utos** (t. 13)—Mga tuntunin

**Mabait** (t. 14)—Marunong at matalino

**Payo** (t. 15)—Mga plano, desisyon

**Mabibilang, magiging** (mga talata 16–17)—Ituturing

**Sa magpapalyok** (t. 16)—Pag-aari ng taong gumagawa ng mga bagay mula sa luwad [malagkit na putik]

**Maamo** (t. 19)—Mapagpakumbaba at masunurin

**Mangduduwahagi** (t. 20)—Isang taong nangungutya

**Naglilikat** (t. 20)—Mapapahamak

**Naglalagay ng silo** (t. 21)—Naglalagay ng patibong

**Sumasaway** (t. 21)—Nagwawasto

**Walang kabuluhan** (t. 21)—Walang halaga

**Mamumula** (t. 22)—Mamumutla

**Nangamamali** (t. 24)—Nagkamali

### Sa Isaias 29:11–12, 18–24—Anong "Aklat" ang Tinutukoy sa Kabanatang Ito?

Ang mga pamilyar sa ipinanumbalik na ebanghelyo ay malamang na maunawaan na ang mga talatang ito ay tumutukoy sa Aklat ni Mormon at sa gagampanan nito sa Panunumbalik ng ebanghelyo sa mga huling araw. Sabi ni Elder Bruce R. McConkie:

"Iilang tao sa mundo, sa loob man o sa labas ng Simbahan, ang nakauunawa kung tungkol saan ang Aklat ni Mormon. Iilan lang ang mga taong nakaaalam ng bahaging ginagampanan at gagampanan pa nito sa paghahanda ng daan para sa pagparito Niya na pinatototohanan din nito. …

"… Malaki ang magiging epekto ng Aklat ni Mormon sa mga tao kung kaya't ang buong mundo at lahat ng naninirahan dito ay maiimpluwensyahan at pamamahalaan nito. …

"… Wala nang mas malaki pang paksang pinag-uusapan ng sangkatauhan sa makabagong panahon kaysa rito: Ang Aklat ni Mormon ba ang kaisipan at kalooban at tinig ng Diyos sa lahat ng tao?" (*The Millennial Messiah* [1982], 159, 170, 179).

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Propesiyang Natupad

1. Inilalahad sa Isaias 29:1–6 ang tungkol sa isang grupo ng mga tao na "bubulong mula sa alabok" matapos wasakin ang Jerusalem. Sinabi ni Isaias na sila ay "dadalawin … ng lindol, at ng malaking kaingayan, ng ipoipo at bagyo, at ng liyab ng mamumugnaw na apoy" (Isaias 29:6). Basahin ang 2 Nephi 26:15–17; 33:13; 3 Nephi 8:2–19; Mormon 8:23, 26, 34–35, at sumulat ng mga paraan na tinutupad ng Aklat ni Mormon ang propesiya sa Isaias 29:1–6.
2. Basahin ang Joseph Smith—Kasaysayan 1:61–65 at ilahad kung paano naging katuparan ng Isaias 29:11–12 ang nakatalang kaganapan. Maaari mo ring basahin ang 2 Nephi 26:9–22 at tingnan kung paano higit na ipinaliwanag ng mga talatang ito ang tungkol sa propesiyang ito.

### B Scripture Mastery—Isaias 29:13–14

Ang ibig sabihin ng "apostasiya" ay "pagtalikod" at tinutukoy natin ang "Apostasiya" bilang panahon kung kailan ang kabuuan ng ebanghelyo at awtoridad ng priesthood na mangasiwa sa mga ordenansa ng ebanghelyo ay binawi sa mga tao sa mundo. "Ang Panunumbalik" ay tumutukoy sa pagbabalik sa mundo ng kabuuan ng ebanghelyo at awtoridad ng priesthood.

1. Basahin ang sumusunod na mga talata sa Isaias 29 at sabihin kung tungkol ito sa Apostasiya o sa Panunumbalik, pagkatapos ay ipaliwanag kung ano ang itinuturo ng mga talata tungkol sa Apostasiya o sa Panunumbalik: mga talata 9–10, 13–14, 15, 18–21, 24.
2. Ihambing ang Isaias 29:13–14 sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:18–19. Ano sa palagay mo ang "kagilagilalas na gawa at kamanghamangha?" (tingnan din sa mga talata 33–34).
3. Inilalahad sa Isaias 29:11–12, 18–24 ang tungkol sa isang aklat na mahalaga ang gagampanan sa "kagilagilalas na gawa at kamanghamangha." Ilista ang mga katotohanang nakasaad sa mga talatang iyon na gagawin ng aklat na ito, pagkatapos ay sabihin kung ano sa palagay mo ang aklat na tinutukoy nito.

# Isaias 30–32

## Magtiwala sa Panginoon

*Ang Isaias 30–32 ay isinulat nang magbanta ang Asiria na sasalakayin ang Israel matapos sakupin ang iba pang kalapit na mga bansa. Dahil sa takot, marami sa Israel ang humingi ng tulong sa Egipto na ipagtanggol sila laban sa mga taga-Asiria. Ngunit tinulungan ng Panginoon ang mga anak ni Israel na matakasan ang masamang Egipto sa panahon ni Moises; siya ang nakipaglaban sa kanilang mga digmaan at tinulungan niya silang matamo ang kanilang lupang pangako. Ang pakikianib sa Egipto sa isang kasunduan sa halip na umasa sa Panginoon na nagligtas sa kanila noong araw ay nagpakita kung gaano kaliit ang pananampalataya ng mga Israelita sa kanilang Diyos. Ang payo ni Isaias sa mga kabanata 30–32 ay magtiwala sa Panginoon, hindi sa Egipto, para makaligtas. Inilahad din ni Isaias sa mga anak ni Israel ang mga pagpapalang tatanggapin nila kung magtitiwala sila sa Panginoon at nagbabala ng mga ibubunga ng hindi nila pagtitiwala sa kanya.*

*Paano ka nagpapasiya kung magtitiwala ka sa isang tao o hindi? Nagtiwala ka na ba sa isang tao at sinamantala ka naman niya? Sino ang dapat nating pagtiwalaan? Mas natatakot ba tayo sa magagawa ng iba sa halip na magtiwala na pagpapalain tayo ng Panginoon sa pagiging tapat sa kanya? Nagtitiwala ba tayo sa sarili nating kakayahan sa paglutas ng mga problema sa halip na subukan ang pamamaraan ng Panginoon? Maaaring mukhang kahangalan ang mga tanong na iyan, ngunit dahil maraming tao ang nag-iisip na "napakahirap" ng mga utos o hindi nila nakikita kaagad ang mga gantimpala ng pagsunod sa mga utos, nagtitiwala sila sa sarili nilang kakayahan at pagpapasiya, o sa kakayahan o pagpapasiya ng iba, at binabalewala ang mga utos.*

### Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

***Isaias 30:15–21***

**Palatandaan, watawat** (t. 17)—Hudyat

**Kasakunaan, kadalamhatian** (t. 20)—Mga pagsubok at kahirapan

### Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

#### A Sa Sarili Mong mga Salita

Sa Isaias 30:15–21, ipinaliwanag ng Panginoon sa mga Israelita kung bakit dapat silang magtiwala sa kanya sa halip na sa sarili nilang lakas, sa lakas ng iba, o sa mga bagay na ginawa para makatulong sa digmaan. Matapos mong basahin ang mga talatang ito, sagutin ang sumusunod na mga tanong sa sarili mong mga salita:

1. Ano ang sinabi ng Panginoon na mangyayari kung nagtiwala ang mga Israelita sa sarili nilang lakas? (mga talata 16–17).
2. Ano ang dapat pagtiwalaan ng mga Israelita? (t. 15).
3. Ayon sa mga talata 18–21, ano ang iniutos ng Panginoon sa mga tao, at ano ang gagawin ng Panginoon para sa kanila pagkatapos?
4. Sa palagay mo, sa anong klaseng sitwasyon makakatulong ang payong ito ngayon?

# Isaias 33–34

## Ang Ikalawang Pagparito ni Jesucristo

*Kapag iniisip mo ang Ikalawang Pagparito ni Jesucristo, ano ang pakiramdam mo? Inaasam mo ba ito, o natatakot ka? Nakatala sa Isaias 33 ang mga salita ni Isaias na dapat katakutan ng ilan ang Ikalawang Pagparito dahil sa kanilang kasamaan at dahil hindi sila handang makapiling ang Panginoon. Nangusap din si Isaias tungkol sa mga taong makakapiling ng Panginoon at inilarawan ang mga katangian nila. Ang mga nagnanais makapiling ang Panginoon ay makabubuting pag-ibayuhin ang mga katangiang ito at sikaping matamo ito.*

### Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

#### A Gumawa ng Listahan

1. Basahin ang Isaias 33:14–17 at gumawa ng listahan ng uri ng mga taong sinabi ni Isaias na makakaligtas sa kapahamakang mangyayari sa Ikalawang Pagparito ni Cristo.
2. Sabihin kung ano ang kahulugan ng bawat aytem sa listahan.
3. Ayon sa talata 17, ano pa ang mangyayari sa mga taong ito?

# Isaias 35

## Isang Mensahe ng Pag-asa

*May malungkot na mensahe ng pagkawasak ang ilan sa mga naunang kabanata. Ngunit tinapos ni Isaias ang bahaging ito ng kanyang mga isinulat sa isang kabanatang puno ng pag-asa tungkol sa mga pagpapalang darating sa*

*mga taong tapat sa Panginoon. Kapag iniisip natin ang mga dakilang pagpapalang alay ng Panginoon sa mabubuti, nagkakaroon tayo ng lakas na kailangan natin upang makapagsisi at madaig ang mga tuksong darating.*

# Isaias 36–39

## Ang Kuwento Tungkol kay Haring Ezechias

*Karamihan sa Isaias 36–39 ay halos katulad ng II Mga Hari 18–20. Ang tanging malaking kaibhan ay ang "awit" ni Ezechias na nakatala sa Isaias 38. Kung gusto mong repasuhin ang nangyari sa mga kabanata 36–39, maaari mong basahin ang mga kabanata sa Isaias at tingnan ang tulong sa gabay na ito para sa II Mga Hari 18–20 sa mga pahina 116–17.*

# Isaias 40

## Ang Kapangyarihan at Kadakilaan ng Panginoon

*Matapos itala ang mga makasaysayang kaganapan sa mga kabanata 36–39, binalikan ni Isaias sa kabanata 40 ang estilo niyang patula sa pagsulat ng propesiya. Marami sa mga talata sa Isaias 40 ang naging mga titik sa magagandang likhang awitin dahil ang kabanatang ito ay puno ng paglalarawan ng kapangyarihan ng Panginoon at kung paano niya tutubusin ang kanyang mga tao. Pagkatapos ng madalas na pagpopropesiya ni Isaias at ng iba pang mga propeta tungkol sa pagkawasak, ang Isaias 40 ay isang mensaheng maganda at puno ng pag-asa sa mga taong magtitiwala sa Panginoon. Ang mga propesiya sa kabanata 40 ay kapwa nagbabanggit tungkol sa una at ikalawang pagparito ng Mesiyas. Kung "itutulad" natin sa ating sarili ang mga turo sa kabanata 40, maaari itong maging maganda at malakas na patotoo tungkol sa Panginoon at sa kanyang kapangyarihan sa ating personal na buhay.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

***Isaias 40***

**Pantayin** (t. 3)—Literal na patagin ang daan; simbolo ng paghahanda ng daan bago dumating [ang Panginoon]. (Ang "pagpapantay" na ito ay karaniwang ginagawa upang ihanda ang daan para sa isang mahalagang tao gaya ng isang hari.)

**Pumatnubay** (t. 13)—Sumukat

**Sukat** (t. 16)—Sapat

**Walang kabuluhan** (mga talata 17, 23)—Walang halaga

**Larawang inanyuan** (mga talata 19–20)—Diyus-diyusan na gawa ng tao

**Alay** (t. 20)—Handog (Sa talatang ito ang pag-aalay ay sa isang diyus-diyusan.)

**Mga patibayan** (t. 21)—Mga simula

**Dayami** (t. 24)—Mga natitirang maiikling bahagi ng halaman matapos itong putulin o sunugin

**Paiilanglang** (t. 31)—Paiitaas

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang dalawa sa tatlong sumusunod na mga aktibidad (A–C) habang pinag-aaralan mo ang Isaias 40.

### A Tulong mula sa Bagong Tipan

Basahin ang PJS, Lucas 3:4–11 sa "Mga Pinili mula sa Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia" sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*.

1. Ilarawan kung kanino naaangkop ang Isaias 40:3–5 ayon kay Lucas.
2. Anong karagdagang impormasyon ang matatagpuan sa Pagsasalin ni Joseph Smith.

Maaari mong isulat ang reperensyang ito sa tabi ng Isaias 40:3–5.

### B Iangkop Ito sa Sarili Mo at sa Iba

1. Sa anong mga paraan mo maiaangkop sa iyong sarili ang mensahe sa Isaias 40:3?
2. Ilarawan ang isang paraan na sa palagay mo ay literal na tutuparin ng Panginoon ang Isaias 40:4. Maaari mong basahin ang talata 5 at isipin kung paano ito "makikitang magkakasama" ng lahat ng tao.
3. Ilarawan ang isang paraan na sa palagay mo ay natupad o matutupad ang talata 4 sa espirituwal at mas personal na paraan.
4. Paano maiaangkop ang mga talatang ito sa isang taong nag-aalala kung may pakinabang ang maging mabuti, kung sila mismo ay makababalik sa piling ng Diyos, o ano ang mangyayari sa hinaharap?

### C Sagutin ang mga Tanong sa mga Banal na Kasulatan

Maraming tanong sa Isaias 40:12–31 na hindi sinagot ng Panginoon o ni Isaias dahil kitang-kita na ang sagot. Basahin ang sumusunod na mga talata at sagutin ang mga tanong sa sarili mo: 12, 13, 14, 18, 21, 25, 27, 28. Isulat kung ano sa palagay mo ang mensahe ni Isaias sa mga talatang ito.

# Isaias 41–47

## Manunubos ng Israel

*Marahil ay pagsamba sa diyus-diyusan ang pinakamabigat at kitang-kitang kasalanan ng mga anak ni Israel sa panahon ni Isaias. Nakasaad sa Isaias 41–47 kung paano sinabi ng Panginoon sa kanyang mga tao kung bakit dapat silang magtiwala at sumamba sa kanya sa halip na sa mga diyus-diyusan. Nagpatotoo siya sa kanila na, sa maraming iba pang mahahalagang titulo at pangalan, siya ang kanilang Manunubos (ibig sabihin ay isang taong tutubos sa kanila mula sa espirituwal na pagkaalipin sa pamamagitan ng kanyang nagbabayad-salang sakripisyo; tingnan sa Isaias 41:14; 43:1, 14; 44:6, 24; 47:4), kanilang Tagapagligtas (tingnan sa Isaias 43:3, 11; 45:15, 21), at kanilang Lumikha (tingnan sa Isaias 42:5; 43:1, 7, 15, 21; 44:24; 45:9, 11, 18). Sa mga anak ng tipan binigyang-diin niya:*

*"Ako ang Panginoon mong Dios, … ang Tagapagligtas sa iyo …*

*"… Inyong manunubos …*

*"… Inyong Banal, … inyong Hari" (Isaias 43:3, 14–15).*

*Bagama't ang mga kabanatang ito ay nananawagan sa mga anak ni Israel na magsisi at bumalik sa Panginoon, puspos sila ng pag-asa sa pangakong sila ay tatanggapin ng Panginoon kung pipiliin nilang sundin siya at na siya ay may kapangyarihang iligtas at tubusin sila mula sa lahat ng kanilang kasalanan at pagdurusa.*

*Bagama't ang mga mensahe ng mga kabanatang ito ay tiyak na maiaangkop sa ating panahon, espesyal ang kahulugan nito sa mga Judiong bihag sa Babilonia noong mga 150 taon pagkamatay ni Isaias. Sila ay nadalang bihag dahil tumanggi sila, bilang isang lahi, na pagsisihan ang pagsamba sa mga diyus-diyusan. Kailangan nila ang nakapagliligtas at nakapagtutubos na kapangyarihang inihahandog ng Panginoon, at lalo silang sumigla sa pangako ni Haring Ciro ng Persia bilang kanilang tagapagligtas (tingnan sa Isaias 45) at sa ipinropesiyang pagkawasak ng Babilonia (tingnan sa Isaias 47).*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Isaias 42:1–7*

**Maglapat ng kahatulan** (mga talata 1, 3)—Itama ang anumang pagkakamali, bigyan ng katarungan

**Maitatag ang kahatulan** (t. 4)—Maituwid, tiyaking magkaroon ng katarungan

*Isaias 47:5–10*

**Anak na babae ng mga Caldeo** (t. 5)—Mga mamamayan ng Babilonia

**Mahal na babae ng mga kaharian** (t. 5)—Ang pinakamakapangyarihan sa mga kaharian

**Iyong atang** (t. 6)—Pinabigat ang mga pasanin

**Ginunita ang mga bagay na ito sa iyong kalooban** (t. 7)—Inalala ang sitwasyon ng iba

**Inalaala mo man ang huling wakas nito** (t. 7)—Inisip ang mangyayari

**Hinati** (t. 8)—Naakit, narahuyo

### Isaias 45:1—Sino si Ciro?

Tulad ng una mong nabasa sa Lumang Tipan, sinakop ng mga taga-Babilonia ang Juda sa pagitan ng 600–586 B.C. Mga 540 B.C., ang kahariang Medo-Persian, sa pamumuno ni Haring Ciro, ay sinakop ang mga taga-Babilonia. Pagkatapos ay gumawa kaagad ng batas si Ciro na nagtulot sa mga Judio na magbalik sa Jerusalem at muling itayo ang kanilang templo.

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang dalawa sa sumusunod na mga aktibidad (A–D) habang pinag-aaralan mo ang Isaias 41–47.

### A Sino Iyon?

1. Basahin ang Isaias 42:1–7; Mateo 12:14–21 at sabihin kung sino ang lingkod na binanggit ni Isaias.
2. Maglista ng dalawang konsepto mula sa Isaias 42:1–7 na lubha mong hinangaan bilang paglalarawan sa lingkod na ito, at ipaliwanag kung bakit ka hanga sa mga ito.

### B Tulong mula sa Pagsasalin ni Joseph Smith

1. Basahin ang PJS para sa Isaias 42:19–23 sa "Mga Pinili mula sa Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia" sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, lalo na ang mga talata 19–20, at isulat kung ano ang sinabi ng Panginoon na gagawin niya sa mga taong bulag at bingi sa mga espirituwal na bagay.
2. Magbigay ng isang halimbawa kung paano ito nangyayari ngayon.

### C Sulatan ang Isang Kaibigan

Sumulat ng maikling liham gamit ang kahit dalawang katotohanan lang na nakasaad sa Isaias 43:1–7 na maaaring magdulot ng pag-asa sa isang taong nawawalan ng pag-asa.

### D Hanapin ang Problema

Inihahambing ng Isaias 47:5–10 ang Babilonia sa isang reynang nawalan ng dangal, at ipinapaliwanag nito kung bakit siya bumagsak.

1. Maglista ng kahit dalawang talata lang na naglalarawan kung bakit bumagsak ang "mahal na babae" na ito. Sabihin sa sarili mong mga salita kung ano ang ibig sabihin ng mga talatang ito.
2. Sumulat tungkol sa isang sitwasyon ngayon na maaaring magawa ng isang tao ang mga pagkakamaling nagawa ng "mahal na babae," at sabihin kung ano sa palagay mo ang mga ibubunga nito.

*Paunawa:* Ang kabanatang ito ang simula ng ilang sunud-sunod na kabanata na sinipi ng mga manunulat sa Aklat ni Mormon.

Maaari mong ihambing ang nakasulat sa Aklat ni Mormon sa nakasulat sa Isaias, na pinapansin ang anumang mga pagbabago at kung paano makadaragdag ang mga pagbabagong iyon sa kahulugan nito.

| Kabanata sa Isaias | Saan Sinipi sa Aklat ni Mormon |
|---|---|
| 48 | 1 Nephi 20 |
| 49 | 1 Nephi 21 |
| 50 | 2 Nephi 7 |
| 51 | 2 Nephi 8 |
| 52:1–2 | 2 Nephi 8:24–25; tingnan din sa 3 Nephi 20:36–38 |
| 52:7–10 | Mosias 15:18, 29–31; tingnan din sa 3 Nephi 16:17–20, 20:40 |
| 52:11–15 | 3 Nephi 20:41–45 |
| 53 | Mosias 14 |
| 54 | 3 Nephi 22 |

# Isaias 48

## Isang Paanyaya na Bumalik

*Ipinauunawa sa atin ng Isaias 48 kung paano pinakikitunguhan ng Panginoon ang mga nakipagtipan sa kanya ngunit binabalewala ang mga tipang iyon at ang kanilang pagiging miyembro ng Simbahan. Habang nagbabasa ka, isipin kung ano ang itinuturo sa atin ng kabanatang ito tungkol sa pag-aalala ng Panginoon sa mga taong lumalayo sa kanya. Isipin din kung paano mo magagamit ang mga turong ito upang manatili kang tapat sa pananampalataya at matulungan mong magsikap ang iba na matupad ang pangako nila sa Panginoon.*

### Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Isaias 48*

**Nagsisumpa sa** (t. 1)—Nangako sa

**Mga dating bagay** (t. 3)—Mga nangyari noong araw

**Hindi mula nang una** (t. 7)—Hindi noong unang panahon

**Kataksilan** (t. 8)—Panloloko o pagsira sa mga pangako, panlilinlang

**Ititigil** (t. 9)—Pipigilan

**Nagladlad** (t. 13)—Sinukat ng kamay (ibig sabihin nilikha niya ito)

**Kanila** (t. 14)—Mga diyus-diyusan

**Itanyag** (t. 20)—Ipahayag

**Ginuwangan** (t. 21)—Tinipak o binitak

### Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang dalawa sa sumusunod na mga aktibidad (A–C) habang pinag-aaralan mo ang Isaias 48.

#### A Pansinin ang mga Pagkakaiba

1. Ihambing ang Isaias 48:1–2 sa 1 Nephi 20:1–2. Paano nagkaiba ang mga ito?
2. Matapos silang paghambingin, sino sa palagay mo ang kausap ng Panginoon sa mga talatang ito?

#### B Pumili ng Isang Salita

Sa Isaias 48 sinabi ng Panginoon sa mga Israelita kung bakit siya nagalit sa kanila. Sa bawat isa sa sumusunod na mga talata, sumulat ng isang salita na sa palagay mo ay pinakamahusay na naglalarawan ng sinabi ng Panginoon tungkol sa mga Israelita: 4, 6, 8. (Hindi kailangang manggaling sa mga talata ang mga salita.)

#### C Paano Tinutulungan ng Panginoon ang Kanyang mga Tao?

1. Gumawa ng listahan mula sa Isaias 48:9–22 ng mga pangakong ginawa ng Panginoon sa naliligaw na mga Israelita.
2. Magbigay ng halimbawa kung paano tinutupad ng Panginoon ang mga pangakong ito para sa mga tao ngayon.
3. Isulat sa sarili mong mga salita kung ano ang sinabi ng Panginoon na dapat nating gawin para magkaroon ng kapayapaan at kaligayahan (tingnan sa Isaias 48:16–22).

# Isaias 49

## Isang Mensahe sa Nakalat na Israel

*Sa 1 Nephi 19:23, sinabi ni Nephi na binasa niya ang ilan sa mga isinulat ni Isaias upang "lubos ko silang mahikayat na maniwala sa Panginoon nilang Manunubos." Sinundan ni Nephi ang pahayag na ito sa pagtatala ng Isaias 48–49 mula sa mga laminang tanso sa kanyang "maliliit na lamina" (tingnan sa 1 Nephi 20–21). Ang paliwanag ni Nephi sa kahulugan ng mga kabanata 48–49 ay matatagpuan sa 1 Nephi 22. Kung babasahin mo ang 1 Nephi 22 mas mauunawaan mo ang mensahe ng Isaias 48–49.*

*Ang pagkaalam na binasa ni Nephi ang mga isinulat na ito upang lalo pang mahikayat ang kanyang mga kapatid na maniwala kay Jesucristo ay nagbibigay sa atin ng mga pahiwatig kung ano ang hahanapin kapag nagbasa tayo. Habang binabasa mo ang Isaias 49 gayundin ang mga kabanata 50–53, hanapin ang mga turong nagpapalakas ng iyong pananampalataya sa kapangyarihang magligtas ni Jesucristo.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Isaias 49*

**Iningatan** (t. 6)—Isinalba ang buhay

**Mga Gentil** (t. 6)—Ang mga hindi miyembro ng angkan ni Israel

**Mga sirang mana, mga gibang dako** (mga talata 8, 19)—Mapapanglaw na lugar na walang katau-tao

**Inanyuan** (t. 16)—Inukit

**Aalis sa iyo** (t. 17)—Lilisanin ka

**Pinakagayak** (t. 18)—Dekorasyon

**Napakakipot** (t. 19)—Napakaliit

**Nagsisisakmal sa iyo** (t. 19)—Sumakop sa iyo

**Huli** (mga talata 24–25)—Nabihag (Ang salitang huli ay karaniwang ginagamit para ilarawan kung ano ang hinuhuli ng hayop para kainin.)

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang dalawa sa sumusunod na mga aktibidad (A–C) habang pinag-aaralan mo ang Isaias 49.

### A Hanapin ang mga Bagay na Nagtuturo sa Iyo Tungkol kay Jesucristo

Pumili ng mga talata sa Isaias 49 na sa palagay mo ay parang naglalarawan kay Jesucristo—kanyang ministeryo, kapangyarihan, o pagmamahal—at ipaliwanag kung bakit mo napili ang mga talatang iyon.

### B Isang Mahalagang Karagdagan

1. May isang napakahalagang idinagdag sa Isaias 49 sa 1 Nephi 21:1. Basahin ang 1 Nephi 21:1 at isulat kung sino ang kausap ng Panginoon sa kabanatang ito.
2. Sa palagay mo, sa anong mga paraan magiging simbolo ng paglalarawan sa mga taong ito ang mga tao sa ating panahon?

### C Pagtubos sa Israel

Ang pangunahing tema ng Isaias 49 ay ang pagtitipon, o pagtubos, ng Israel. Maghanap ng isang talata (o mga talata) na sumasagot sa sumusunod na mga tanong tungkol sa pagtubos sa Israel: Sino? Paano? Bakit? Isulat ang mga tanong na ito sa iyong notbuk at isulat ang mga talatang angkop sa dulo ng bawat tanong. Maaari mo ring salungguhitan ang mga talatang ito sa iyong mga banal na kasulatan at isulat sa gilid ng pahina sa tabi ng talata kung anong tanong ang sinasagot ng bawat talata.

Alalahanin na kahit madalas nating talakayin ang pagtitipon ng mga Israelita bilang isang grupo, dapat nating matanto na ang pagtitipon ay nagaganap kapag bawat isa ay personal na nakikipon sa Panginoon at sa kanyang Simbahan. Maaari nating tingnan ang pagtitipon ng Israel na nakatakas mula sa kanilang mga kaaway noong unang panahon na katulad ng personal nating pakikitipon sa Panginoon mula sa pagkabihag sa kasalanan at kasamaan.

# Isaias 50

## Magbalik sa Panginoon

*Nagpatuloy ang Isaias 50 sa mga ideyang sinimulan sa Isaias 49.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Isaias 50*

**Sulat** (t. 1)—Legal na dokumento

**Saway** (t. 2)—Tinig

**Kayong magaspang** (t. 3)—Telang yari sa balat ng itim na kambing na isinusuot sa panahon ng kalungkutan

**Nalito** (t. 7)—Ipinahiya

**Batong pingkian** (t. 7)—Isang napakatigas na bato na kumikislap kapag tinamaan ng bakal

**Nagpapatotoo sa akin** (t. 8)—Nagsasabing tama ako

**Makikipaglaban sa akin** (t. 8)—Makikipagtalo sa akin

**Kumukubkob** (t. 11)—Napaliligiran

### Isaias 50:6—"Aking Ipinain ... ang Aking mga Pisngi sa mga Bumabaltak ng Balbas"

Kung may isang taong gustong ipahiya ang ibang tao, maaari niyang hatakin ang balbas nito tanda ng kawalang-galang.

### Isaias 50:10—Sino ang Tunay na Makasusunod sa Panginoon na Hindi Pagpapalain at Magiging Mas Masaya?

Ang paanyaya sa Isaias 50 na sundin ang Panginoon ay katulad ng paanyaya ni Haring Benjamin sa kanyang mga tao sa Mosias 2:41.

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Kumpletuhin ang aktibidad A o B habang pinag-aaralan mo ang Isaias 50.

### A Ano ang Natututuhan Mo Tungkol kay Jesucristo?

Basahin ang Isaias 50:5–7; 1 Nephi 19:9; Doktrina at mga Tipan 19:16–19 at isulat kung ano ang itinuturo sa iyo ng mga talatang ito sa banal na kasulatan:

1. Kung ano ang tiniis ng Tagapagligtas para maisakatuparan ang Pagbabayad-sala.
2. Kung ano ang nagtulak sa kanya na gawin ang gayong napakahirap at napakasakit na bagay.

### B Magbigay ng Halimbawa

1. Ilarawan ang dalawang uri ng mga taong binanggit ni Isaias sa mga talata 10–11.
2. Mag-isip ng isang sitwasyong kinakaharap ng mga taong kaedad mo. Magbigay ng halimbawa kung paano kikilos sa sitwasyong iyon ang bawat isa sa dalawang uri ng mga taong inilarawan ni Isaias.


# Isaias 51–52

## Gumising! At Lumapit sa Kanya

*Sa pagsunod sa tema ng naunang mga kabanata na puno ng pag-asa, puno ng nakahihikayat na mga salita ang Isaias 51–52 para sa mga nagtitiwala sa Panginoon. Sa mga kabanata 51–52 mababasa natin ang malaking kapangyarihan ng Panginoon sa lahat ng bagay—ngunit lalo na sa mga kaaway ng Israel. Maihahalintulad ng mga taong alipin ng kasalanan ang mga banal na kasulatang ito sa kanilang sarili at matatanggap ang mensaheng ito: malaking tulong ang ibibigay ng Panginoon sa kanyang mga anak na mga nangaligaw ngunit ngayon ay nagtitiwala sa kanya at sumusunod sa kanyang mga utos.*

# Isaias 53

## Ipinropesiya ang Pagdurusa ni Jesucristo



*Naibigan at binabanggit ng maraming tao ang Isaias 53 dahil sa nakaaantig nitong patotoo tungkol sa misyon ni Jesucristo. Ang kabanatang ito ay naglalaman ng propesiya ni Isaias tungkol sa Mesiyas na magliligtas sa kanyang mga tao, hindi sa pamamagitan ng espada at digmaan, kundi sa pamamagitan ng mapagpakumbabang pagdurusa. Basahing mabuti ang Isaias 53 at maging sensitibo sa sinisikap ipadama at ipaunawa sa atin ni Isaias tungkol sa Mesiyas.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

***Isaias 53***

**Anyo** (t. 2)—Kaluwalhatian

**Dinala** (t. 4)—Pinasan sa mga balikat o sa likod

**Hinampas, nasaktan** (mga talata 4, 8)—Pinarusahan

**Mga latay** (t. 5)—Mga sugat

**Napighati** (t. 7)—Inapi o sinamantala

**Karayaan** (t. 9)—Panloloko, pandaraya

**Pagdaramdam** (t. 11)—Pagdurusa

**Aariing ganap** (t. 11)—Itutuwid

**Dadalhin** (t. 11)—Papasanin

**Samsam** (t. 12)—Mga bagay o ari-ariang kinamkam mula sa iba

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Scripture Mastery—Isaias 53:3–5

Gumawa ng tsart sa iyong notbuk tulad ng nasa ibaba. Matapos basahin ang mga talatang tinukoy sa pangalawang hanay, maghanap ng isang talata sa Isaias 53 na parang ipinopropesiya ang pangyayaring nabasa mo. Sa pangatlong hanay, ipaliwanag nang maikli kung bakit mo pinili ang talata mula sa Isaias 53 at ano ang sinasabi rito tungkol sa Tagapagligtas.

| Talata sa Isaias 53 | Katuparan | Paliwanag |
|---|---|---|
| | Mateo 13:54–58 | |
| | D at T 19:16 | |
| | Lucas 22:54–62 | |
| | Juan 1:11 | |
| | Mateo 26:36–46 | |
| | Mosias 3:7 | |
| | 2 Nephi 9:21 | |
| | Alma 7:11–13 | |
| | Marcos 15:25–28 | |
| | Juan 19:4–12 | |
| | Juan 19:38–42 | |
| | D at T 45:3–5 | |

### B Ano ang Nadarama Mo tungkol Dito?

Matapos basahin ang lahat ng mga talata sa itaas at ang buong Isaias 53, sumulat ng isa o dalawang talata kung ano ang lubos na nakaantig sa iyo sa kabanata 53 at ano ang nadarama mo tungkol sa ginawa ng Tagapagligtas para sa iyo at sa buong sangkatauhan.


# Isaias 54

## Ang Mabait na Asawang Lalaki

*Sa pagkausap sa nangakalat at nabihag na mga anak ni Israel sa Isaias 54, inihambing ng Panginoon ang kanyang kaugnayan sa kanila sa pagsasama ng isang mag-asawa. Bagama't nagkahiwalay sila sandali, nangako siya na muli silang tanggapin nang may awa at kabaitan at magiging kanilang "asawa" magpakailanman (Isaias 54:5). Ang pangakong ito ay maituturing ding isang personal na mensahe ng pag-asa para sa bawat taong makasalanan na nag-aakalang hinding-hindi na sila tatanggaping muli ng Panginoon kahit nagsisi na sila.*

# Isaias 55

## Isang Paanyaya Mula sa Panginoon



*Ang Isaias 55 ay isa pang paanyaya ng Panginoon na lumapit sa kanya. Sa kabanata 55 nagbigay siya ng iba pang mga dahilan kung bakit nanaisin ng nakalat na Israel at nating lahat na pagtiwalaan at sundin siya. Ang pinakaunang kataga na, "Oh," ay paanyaya sa isang tao na makinig na mabuti at lumapit. Ang "Oh" ay karaniwang may kasamang pagkaway ng kamay sa pag-anyayang lumapit.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Isaias 55*

**Ano't** (t. 2)—Bakit

**Ikiling ang inyong tainga** (t. 3)—Makinig

**Doon** (t. 10)—Kung saan ito nanggaling

**Walang bunga** (t. 11)—Walang silbi

### Isaias 55:3–4—Bakit Siya Nagsasalita Tungkol kay David?

Ang "David" dito ay tumutukoy talaga kay Jesucristo, na legal na tagapagmana sa trono ni David. Nakatutuwa na ang ibig sabihin ng pangalang *David* sa Hebreo ay "pinakamamahal."

Karaniwan kapag binabanggit ng mga huling propeta sa Lumang Tipan si David, tinutukoy nila ang trono ni David at nangungusap tungkol sa Mesiyas.

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Sa Sarili Mong mga Salita

1. Ihambing ang Isaias 55:1–2 sa 2 Nephi 9:50–51 kung saan tila ginagamit ni Jacob ang mga salita ni Isaias. Sa sarili mong mga salita, ipaliwanag kung ano ang ibig sabihin sa iyo ng mga talatang ito.
2. Sa palagay mo, paano "magsi[si]bili" at "magsi[si]kain" ang isang tao ng pagkaing iniaalok ng Panginoon sa mga talatang ito? Habang isinusulat mo ang sagot mo, basahin ang Juan 4:10–14 o Juan 6:29–35, 47–51 para sa tulong.

### B Scripture Mastery—Isaias 55:8–9

1. Magdrowing ng isang diagram na kumakatawan sa mensahe ng dalawang talatang ito.
2. Paano nakakapanatag ang mensahe ng mga talatang ito?
3. Basahin ang Jacob 4:8 at ilahad kung paano natin mauunawaan ang mga kaisipan at pamamaraan ng Diyos.

# Isaias 56

## Inililigtas ng Panginoon ang Lahat ng Bansa

*Nakatala sa Isaias 56 na sinabi ng Panginoon na ililigtas niya ang mga anak ni Israel at ibibigay ang gayunding mga pagpapala sa sinumang may gusto nito. Pansinin ang "mga taga ibang lupa" sa talata 6 at "mga iba" sa talata 8.*

# Isaias 57

## Ang Panginoon ay May Kapangyarihang Magpagaling

*Sa huling apat na talata ng Isaias 56, nagsimulang magsalita nang tuwiran si Isaias sa mga tao tungkol sa kanilang mga kasalanan. Patuloy ang kanyang mga babala hanggang kabanata 59. Nakatala sa Isaias 57 ang masasakit niyang salita laban sa mga sumasamba sa mga diyus-diyusan. Muli niyang ginamit ang simbolo ng kasal upang isagisag ang tipan ng kaugnayan ng Israel sa Panginoon. Kung ang mga nakipagtipan sa Panginoon ay simbolo na kasal sila sa*

*kanya, kung gayon ang mga Israelitang sumamba sa ibang mga diyos ay "mga mapangalunya." Binanggit ni Isaias ang mangyayari sa kanila dahil sa kanilang mga kasalanan at ipinakita na kung minsan ay pinarurusahan din tayo ng ating mga kasalanan tulad ng pinarurusahan tayo dahil sa mga ito. Binanggit din ni Isaias kung ano ang gagawin ng Panginoon sa mga taong nanatiling tapat. Ang pananatiling tapat sa panahong iyon ay mahirap dahil marami sa mga tao ang tumalikod sa Panginoon, at dama ng buong bansa ang mga epekto nito. Dahil dito, gumamit ang Panginoon ng mga katagang gaya ng "bumuhay" (t. 15), "pagagalingin" (mga talata 18–19), at "kaaliwan" (t. 18).*

# Isaias 58

## Pag-aayuno at ang Sabbath

*Bago mo basahin at habang binabasa mo ang Isaias 58, isipin ang sumusunod na mga tanong: Ano ang layunin ng pag-aayuno? Ano ang pinakamakabuluhang pag-aayunong nagawa mo? Bakit? Ano ang layunin ng pagpapanatiling banal sa araw ng Sabbath? Anong mga biyaya ang natanggap mo sa pagpapanatiling banal sa araw ng Sabbath?*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

***Isaias 58***

**Yantok** (t. 5)—Mataas na damo, tambo

**Atang** (mga talata 6, 9)—Kagamitang kahoy o bakal na inilalagay sa leeg at mga balikat ng dalawang hayop na nakakatulong sa kanila na pagsamahin ang kanilang lakas sa paghila ng bagon o araro. Ang "atang" sa talatang ito ay simbolo ng mga pasanin, tulad ng kahirapan o kasalanan.

**Kapuwa-tao** (t. 7)—Pamilya

**Sisiyahan** (mga talata 10–11)—Pagiginhawahin

**Kung iyong iurong ang iyong paa sa** (t. 13)—Kung iiwasan mong tapakan

**Mana** (t. 14)—Mga biyaya

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Gumawa ng Tsart

Sa iyong notbuk, gumawa ng tsart gaya ng nasa ibaba, at punan ito ng makikita mo sa Isaias 58:3–12.


| Ano ang Dapat Nating Gawin Kapag Nag-aayuno Tayo | Ano ang Dapat Nating Iwasan Kapag Nag-aayuno Tayo | Mga Biyayang Ipinapangako ng Panginoon Kapag Nag-aayuno sa Paraang Iniutos Niya |
|---|---|---|
| | | |

### B Magbigay ng mga Halimbawa

1. Sa Isaias 58:13–14, binigyan tayo ng Panginoon ng mga alituntuning magpapaalam sa atin kung paano panatilihing banal ang kanyang araw ng Sabbath. Ilista ang mga alituntuning ito. Basahin ang Doktrina at mga Tipan 59:9–14 at idagdag sa listahan mo ang mga alituntunin ng pagpapanatiling banal sa araw ng Sabbath.
2. Sa bawat alituntuning nailista mo, magbigay ng isang halimbawa kung paano masusunod ng isang tao ang alituntuning iyan sa Sabbath. Pagkatapos ay magbigay ng isang halimbawa kung paano maaaring malabag ng isang tao ang alituntuning iyan sa Sabbath.
3. Ilista ang mga ipinangakong pagpapala ng Panginoon sa pagpapanatiling banal sa araw ng Sabbath ayon sa Isaias 58:13–14.

# Isaias 59

## Mga Kasalanan at Ibubunga




*Madalas tayong parusahan ng ating mga kasalanan bukod pa sa pinarurusahan tayo dahil sa mga ito sapagkat lahat ng kasalanan ay may mga bunga. Sa Isaias 59:1–15, sinabi ng Panginoon sa Israel ang kanilang mga kasalanan at ipinaliwanag na hangga't patuloy silang nagkakasala hindi niya sila matutulungan; dapat nilang patuloy na danasin ang mga bunga ng mga kasalanang iyon. Sa kabilang dako, sa mga talata 16–21, nangusap ang Panginoon tungkol sa tulong na ibibigay niya sa mabubuti.*

# Isaias 60

## Hayaang Magliwanag ang Iyong Ilaw

*Ipinropesiya ni Elder Boyd K. Packer: "Sa buong mundo, ang libu-libong dumarating ngayon ay hindi maiiwasang dumagsang parang baha sa kung saan ligtas ang pamilya. Dito [sa Simbahan] ay sasambahin nila ang Ama sa pangalan ni Jesucristo, sa pamamagitan ng kaloob na Espiritu Santo, at malalaman na ang ebanghelyo ang dakilang plano ng kaligayahan, ng pagtubos" (sa Conference Report, Abr. 1994, 26–27; o* Ensign, *Mayo 1994, 21).*



*Ang propesiya ni Elder Packer ay halos katulad ng nasa Isaias 60. Sa kabanata 60, binanggit ni Isaias ang isang araw ng kadiliman sa mundo kapag muling itinayo ang Sion, at makikita ito bilang isang maningning na liwanag, at papupurihan ito ng lahat ng bansa sa mundo at aasa sa pamumuno nito.*

# Isaias 61

## Ang Misyon ng Panginoon at ng Kanyang mga Lingkod

*Ang Isaias 61 ay isa pang kabanatang naglalahad ng mga pagpapalang darating sa mga tao ng Diyos kung tapat sila sa kanya. Sa unang tatlong talata, binanggit ni Isaias ang kanyang misyon na pasiglahin at pagpalain ang sambahayan ni Israel. Gayunman, mas lubos na angkop ang misyon sa Tagapagligtas, at kinatawan lamang siya ni Isaias sa mga tao. Mailalarawan ng mga talatang ito ang misyon ng lahat ng tinatawag na kumatawan sa Tagapagligtas.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

***Isaias 61:1–3***

**Maamo** (t. 1)—Mapagpakumbaba

**Magpagaling** (t. 1)—Magbigay-lunas sa

**Kaarawan ng paghihiganti** (t. 2)—Araw na parurusahan ng Diyos ang masasama at gagantimpalaan ang mabubuti

**Putong ng mga bulaklak na kahalili ng mga abo** (t. 3)—Tumutukoy sa kaugaliang buhusan ng abo ang ulo ng isang tao kapag labis na nalulungkot. Nangako rito ang Panginoon ng isang magandang panakip sa ulo, ibig sabihin ay hindi na magdadalamhati pa ang mga tao.

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ipaliwanag ang Katuparan

1. Basahin ang Lucas 4:16–21 at ipaliwanag ang sinabi ni Jesus tungkol sa Isaias 61:1–3.
2. Isulat ang mga pamamaraang alam mo na tinupad ng Tagapagligtas ang mga propesiya sa mga talatang ito o mga pamamaraan na patuloy niyang tinutupad ang mga propesiyang ito.

# Isaias 62

## Ang Pagtubos sa Sambahayan ni Israel

*Muling inilarawan sa Isaias 62 ang mga pagpapalang darating sa sambahayan ni Israel sa araw ng kanilang pagtubos. Ang mga pangakong ito ay maiaangkop din sa bawat taong nakapagsisi at natipon kay Jesucristo at sa Simbahan—ang mga pagpapala ay pareho din.*

*Itinuro din sa Isaias 62 na hindi titigil si Isaias at ang ibang mga lingkod ng Panginoon sa pangangaral, pagsisikap, at paggawa para sa mga tao ng Panginoon hanggang sa matupad na lahat ang mga pagpapalang binanggit (tingnan sa mga talata 1, 6–7, 10).*

# Isaias 63

## Ang Ikalawang Pagparito ni Jesucristo

*Inilahad sa Isaias 63 ang mga pangyayaring magaganap pagsapit ng Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Isaias 63:1–9*

**Panghihiganti** (t. 4)—Paghuhukom

**Kapusukan** (mga talata 5–6)—Galit


**Kadalamhatian** (t. 9)—Mga paghihirap at pasakit

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Maghanap ng Impormasyon Tungkol sa Ikalawang Pagparito

Basahin din ang Doktrina at mga Tipan 133:45–53 at hanapin ang mga sagot sa sumusunod na mga tanong tungkol sa Ikalawang Pagparito:

1. Paano magdaramit ang Panginoon?
2. Bakit ganito ang magiging kasuotan niya?
3. Ano ang sasabihin ng Panginoon?
4. Ano ang madarama ng Panginoon?
5. Ano ang sasabihin ng "mga tinubos" pagdating niya?



# Isaias 64

## Ang Panalangin ng Mabubuti

*Ang Isaias 64 ay isinulat sa anyong panalangin. Ang panalangin ay nagpapahayag ng paghahangad na dumating na sana ang Panginoon at lipulin ang masasama at gantimpalaan ang mabubuti. Ang Doktrina at mga Tipan 133:38–45 ay nagpapaunawa sa atin na iaalay ng mga lingkod ng Panginoon ang panalanging ito sa mga huling araw.*

# Isaias 65

## Ang Milenyo

*Ang isa sa mga dahilan kaya napakadakila ng mga sulat ni Isaias ay dahil lubos nitong ipinapaliwanag ang dakilang plano ng Diyos at ang mahalagang papel ni Jesucristo bilang ating Tagapagligtas sa planong iyon. Sa Isaias nabasa natin ang tungkol sa mga nangyari sa buhay bago tayo isinilang gayundin ang mangyayari sa Milenyo. Binanggit sa Isaias 65–66 ang tungkol sa Milenyo. Gayunman, sa mga talata 1–16 ng Isaias 65 tinapos ng Panginoon ang kanyang mensahe sa mga Israelita sa panahon ni Isaias. Sinabi niya sa kanila na nariyan siyang lagi upang tumulong at tubusin sila (tingnan sa mga talata 1–2, 12), ngunit sa halip ay pinili nila ang kasamaan (tingnan sa mga talata 3–4, 11).*

*Dahil mahal ng Panginoon ang mga Israelita, nangako siya na hindi sila lubusang lilipulin (tingnan sa mga talata 8–10). Nangako rin siya na sisikapin niyang ibigay sa darating na mga henerasyon ng mga Israelita at sa iba ang mga pagpapalang tinanggihan nila (tingnan sa mga talata 13–15). Kahit sa pagpaparusa sa Israel, nadarama natin ang malaking pagmamahal ng Panginoon sa kanila at sa lahat ng tao.*

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Matutuhan ang Tungkol sa Milenyo

1. Ilista ang natutuhan mo mula sa Isaias 65:17–25 tungkol sa Milenyo.
2. Mula sa isinulat mo, ano sa palagay mo ang pinakagusto mong maranasan kung mabubuhay ka sa panahon ng Milenyo? Bakit?

# Isaias 66

## Ang Pag-asa ng Sion

*Ibinuod sa Isaias 66 ang mensahe ng Panginoon sa pamamagitan ni Isaias: Kung ikaw ay tapat, darating ang araw na ikaw ay gagantimpalaan, kahit dumanas ka ng panguusig at mga pagsubok sa panahong ito. Maghintay sa Panginoon at malalaman mo at ng buong mundo ang araw kung kailan lahat ng bagay ay itutuwid—ang masasama ay parurusahan at ang mabubuti ay gagantimpalaan.*

# Ang Aklat ni Jeremias

Ang misyon ni Jeremias ay nagsimula noong mga 626 B.C. Isa siya sa ilang propeta na nagministeryo noong panahon ng paghahari ni Haring Josias (tingnan sa II Mga Hari 22–23).

## Ang Simula at ang Wakas

Sa panahon ng ministeryo ni Jeremias, nasakop ng mga taga-Babilonia ang mga taga-Asiria at naging makapangyarihan sa mundo. Nag-alala ang mga lider at mamamayan ng Juda na baka magapi rin ng Babilonia ang kanilang maliit na bansa, kaya para maproteksyunan nagtangka silang bumuo ng alyansa sa Egipto. Binalaan ni Jeremias ang bansa na magsisi at maghangad ng kaligtasan mula sa Panginoon sa halip na mula sa Egipto o sa alinmang bansa.



Sa sunud-sunod na pagsalakay sa loob ng maraming taon, maraming Judio ang dinalang bihag ng mga taga-Babilonia mula sa kanilang lupang pangako patungong Babilonia. Kabilang ang mga propetang sina Daniel at Ezekiel sa mga binihag. Binalaan ng Panginoon si Lehi at ang kanyang pamilya na umalis sa Jerusalem upang matakasan ang pagkalipol na di nagtagal ay nangyari sa mga kamay ng hukbo ng Babilonia. Ang maganda rito, ang mga laminang tansong dala ng pamilya ni Lehi ay naglalaman ng mga propesiya ng propetang si Jeremias (tingnan sa 1 Nephi 5:13). Patuloy na nangaral ng pagsisisi si Jeremias, ngunit halos walang epekto ang pangaral niya sa mga tao. Hindi nagustuhan ng huling hari sa Jerusalem na si Zedekias ang mga mensahe ni Jeremias at ipinahuli at ipinakulong ito. Nang sumalakay ang mga taga-Babilonia sa huling pagkakataon at wasakin ang Jerusalem at binihag si Zedekias, tumakas si Jeremias at nanirahan sa Egipto.

## Paghahanda sa Pag-aaral ng Jeremias

Gaya ni Isaias, si Jeremias ay isang manunulat na puno ng damdamin, na madalas gumamit ng tula at simbolismo sa kanyang mga turo. Gaya ng propetang si Mormon sa Aklat ni Mormon, mahirap ang misyon ni Jeremias na ihatid ang mga mensahe ng babala at mga pangako ng pagkalipol sa mga taong talagang ayaw magsisi at malapit nang malipol. Si Jeremias ay labis na inusig dahil sa kanyang pangangaral.

Bagama't kadalasan ay tila malungkot ang mensahe ni Jeremias, binanggit din niya ang pag-asa at pagmamahal ng Diyos para sa kanyang mga pinagtipanang tao. Matapos matupad ang mga kahatulang ipinropesiya ni Jeremias, nangako ang Panginoon na muli siyang maaawa sa mga anak ng tipan at titipunin pabalik sa kanya, na siyang huwarang sinusunod ng Panginoon hanggang sa panahong ito.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol kay Jeremias at sa aklat ni Jeremias, tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Jeremias."

# Jeremias 1

## Ang Pagtawag Kay Jeremias

*Kakaunti ang nabibinyagan sa ilang mission ng Simbahan sa nakalipas na 150 taon. Paano ka tutugon kung natawag kang magmisyon sa isang lugar na kakaunti ang mga taong makikinig sa iyo at daranas ka ng maraming pang-uusig at pagsubok at maliit ang pag-asang magtagumpay? Ano ang makapagbibigay-inspirasyon sa iyo na gampanan ang misyong ito? Nakatala sa Jeremias 1 ang sinabi ng Panginoon kay Jeremias tungkol sa kanyang misyon. Habang nagbabasa ka, isipin kung ano ang madarama mo kung ikaw ang nasa kalagayan ni Jeremias. Pag-isipan din kung ano ang ipinagagawa sa iyo ng Panginoon at ang paghahandang kailangan mong gawin para magtagumpay.*

### Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Jeremias 1*

**Pinapaging banal kita** (t. 5)—Itinalaga kita

**Iniingatan ang aking salita** (t. 12)—Magbigay ng babala

**Magbigkis ng iyong mga balakang** (t. 17)—Maghanda

**Manglupaypay** (t. 17)—Matakot

**Panglupaypayin** (t. 17)—Lituhin at takutin

**Nakukutaan** (t. 18)—Napapaligiran ng mga pader

**Jeremias 1:5—"Bago Ka Lumabas sa Bahay-Bata ay Pinapaging Banal Kita"**
Itinuro ni Propetang Joseph Smith, "Bawat taong tinawag na maglingkod sa mga naninirahan sa mundo ay inorden sa layunin ding iyon sa Malaking Kapulungan sa langit bago pa itinatag ang mundong ito" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, pinili ni Joseph Fielding Smith [1976], 365).

### Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

**A Scripture Mastery—Jeremias 1:4–5**

Si Jeremias ay inorden na noon pa man na maging propeta. Ang pag-orden noon pa man ay isang mahalagang alituntuning magpapaunawa sa atin tungkol sa buhay bago tayo isinilang at kung paano ito nauugnay sa buhay na ito. Basahin ang Jeremias 1:4–5; Alma 13:3; Abraham 3:22–23 at isulat ang pagkaunawa mo sa pag-orden noon pa man.

### B Bago Tayo Isinilang sa Mundo

1. Mahirap ang tungkuling ibinigay kay Jeremias, ngunit ano ang natutuhan niya tungkol sa kanyang tungkulin? (tingnan sa Jeremias 1:5).
2. Ano kaya ang naging epekto kay Jeremias na malaman na siya ay hinirang bago pa siya isinilang? Sa gilid ng pahina ng iyong mga banal na kasulatan maaari mong isulat ang pahayag ni Propetang Joseph Smith na nasa bahaging "Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan" sa p. 180.
3. Paano maipapakita sa iyo ng patriarchal blessing at mga turo ng mga propeta ang bagay na inorden noon pa man na gawin mo?

### C Mga Pangako mula sa Panginoon

1. Ano ang tugon ni Jeremias sa tawag sa kanya ng Panginoon? (tingnan sa Jeremias 1:6).
2. Hanapin at ilarawan ang sinabi ng Panginoon kay Jeremias sa Jeremias 1:7–11, 17–19 na inaakala mong nakatulong sa kanya upang mapaglabanan ang kanyang mga pangamba sa pangangaral ng ebanghelyo. Paano ito makakatulong sa makabagong misyonero na may gayunding pangamba?

# Jeremias 2–3

## Mga Kasalanan ng Juda at ang Mensahe ni Jeremias

*Nakatala sa Jeremias 2–3 ang sinabi ng Panginoon kay Jeremias na sabihin sa mga tao matapos siyang tawagin upang mangaral sa kanila. Marami sa ipinasabi ng Panginoon kay Jeremias ang tumutukoy sa mga paraan ng pagkakasala ng mga anak ni Israel sa harap ng Panginoon. Napakainam ng paglalarawan ng Jeremias 2:13 sa kanilang mga problema: hindi lamang nila tinanggihan ang mga tubig na buhay (ang buhay na Diyos), kundi may butas pa ang kanilang mga sisidlan (mga lalagyan ng tubig), na sumasagisag sa kanilang espirituwal na buhay, at hindi maimbakan ng tubig. Sa madaling salita, ang kanilang buhay ay puno ng kasalanan kaya hindi nila matanggap ang mga pagpapala ng Panginoon.*

*Ang Jeremias 3 ay naglalaman ng isa pang halimbawa ng Panginoon gamit ang kasal bilang simbolo ng pakikipagugnayan niya sa kanyang pinagtipanang mga tao. Sinabi niya na ang Israel at Juda ay magkapatid na kapwa masimbulong ikinasal sa Panginoon. Hindi tapat ang Israel sa kanyang asawa (ang Panginoon), kaya hiniwalayan (o iwinaksi) siya nito (tingnan sa t. 8). Ang babala sa Jeremias 3 ay para sa Juda na "kapatid" ng Israel, na tila hindi natuto sa mga pagkakamali ng Israel.*

*Ang Jeremias 3 ay naglalaman din ng mga pangako na ibabalik ng Panginoon ang Israel at Juda kung sila ay magsisisi at magpapakumbaba sa kanyang harapan. Ang pagbabalik na ito ay tinatawag nating pagtitipon ng Israel (tingnan sa mga talata 14–25). Kapag bumalik ang Israel—kung magpapakumbaba sila at magiging tapat sa kanilang mga tipan sa "kasal"—nangangako ang Panginoon na "pagagalingin" sila.*

# Jeremias 4–6

## "Hindi Namin Kailangang Magsisi"

*Ang isa sa mga hamong kinaharap ni Jeremias sa pangangaral sa mga tao ng Juda ay ang pag-aakala nila na mabubuti na sila at hindi na kailangang magsisi. Sumali sila sa iba't ibang uri ng pagsamba sa mga diyus-diyusan, ngunit nag-alay din sila ng handog at nagsagawa ng iba pang "panlabas" na mga bahagi ng kanilang totoong relihiyon. Dahil sinunod nila ang ilang bahagi ng kanilang relihiyon, itinuring nila ang kanilang sarili na mabubuti at sinabing hindi itutulot ng Panginoon na may mangyaring anuman sa mabubuting tao.*

*Sa pamamagitan ni Jeremias, sinabi ng Panginoon sa Juda na hindi siya nasisiyahan sa kanila at ipinahayag na lilipulin sila dahil sa pagkukunwari nilang sila ay mabubuti. Makakakita ka ng mga halimbawa ng sinabi ni Jeremias tungkol sa mapagkunwaring mga gawaing pang-relihiyon ng mga Judio sa panahong iyon sa Jeremias 4:2, 14; 5:3, 12; 6:14–15, 20. Binabanggit ng karamihan sa natitirang bahagi ng mga kabanata 4–6 ang mga kahatulan ng Diyos na darating sa Juda dahil sa kanyang mga kasalanan.*

# Jeremias 7

## Sermon ni Jeremias sa Templo

*Kung gusto mong makasama ang iyong pamilya sa kawalang-hanggan at matamasa ang buhay na walang hanggan, kailangan kang maikasal sa templo. Gayunman, ang pagpapakasal sa templo ay hindi garantiya ng katayuan natin sa kahariang selestiyal sa piling ng Ama sa Langit at ng ating pamilya. Dapat nating sundin ang mga utos at tipan na mahalagang bahagi ng mahalagang ordenansang iyan, at kailangan tayong magtiis nang buong katapatan hanggang wakas.*

*Naniwala ang mga Judio sa panahon ni Jeremias na ang pakikibahagi sa mga ordenansa sa templo at iba pang mga banal na seremonya ay nangangahulugan na sila ay mabubuti, anuman ang ginawa nila sa buhay. Habang nagbabasa*

*ka, hanapin ang sinabi ni Jeremias na kahulugan ng tunay na kabutihan.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

### *Jeremias 7*

**Magsisigawa ng kahatulan** (t. 5)—Maging patas sa pakikitungo

**Hindi ninyo pipighatiin** (t. 6)—Huwag pakitunguhan nang masama

**Laya** (t. 10)—Ligtas, katanggap-tanggap sa paningin ng Diyos

**Mga kasuklamsuklam** (mga talata 10, 30)—Mga gawain o gawing hindi nakalulugod sa Diyos

**Mapapatay** (t. 20)—Maaapula

**Ikiniling ang kanilang pakinig** (mga talata 24, 26)—Nakinig na mabuti

**Panaghoy** (t. 29)—Mga salitang puno ng kalungkutan at pagsisisi

### Jeremias 7:3–4—“Ang Templo ng Panginoon”

Hindi sinabi ni Jeremias sa mga tao na hindi mahalaga ang templo; inakala ng mga tao na dahil sumamba sila sa templo ay nabigyang-katarungan na sila sa harapan ng Diyos anuman ang ginawa nila. Itinuro ni Elder Bruce R. McConkie: “Matapos tayong mabinyagan, matapos tayong makasal sa templo, matapos nating gawin ang lahat ng tipang ito, kailangan nating tuparin ang mga ito. Bawat pangakong natatanggap natin ay nababatay sa ating katapatan” (sa Conference Report, Okt. 1950, 16–17).

### Jeremias 7:12–14—Saan ang Silo?

Ang Silo ang lugar na pinagtayuan ng tabernakulo at kaban ng tipan noong kapanahunan ng mga hukom. Nang maging masama ang mga saserdote at mga tao sa panahon ni Eli na saserdote, tinulutan ng Panginoon ang mga Filisteo na wasakin ang tabernakulo at makuha ang kaban. Kalaunan, nagtayo ng templo ang mga Israelita ng Hilagang Kaharian sa Silo para sumamba sa mga diyus-diyusan na winasak ng mga taga-Asiria. Sa pamamagitan ng propetang si Jeremias sinabi ng Panginoon na tutulutan niyang mawasak ang templo sa Jerusalem kung hindi magsisisi ang mga tao. Tingnan ang bahagi ng mga mapa sa Biblia para matagpuan ang Silo.

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Pagpasok sa Templo nang Karapat-dapat

1. Ilista ang sinabi ni Jeremias sa Jeremias 7:1–22 na nararapat gawin ng mga tao para makapasok sa templo nang karapat-dapat.
2. Ano ang mga kailangan para karapat-dapat na makapasok sa templo ngayon? (Tanungin ang isa sa mga lider mo kung hindi mo alam.)
3. Ayon sa Jeremias 7:8–15, ano ang sinabi ng Panginoon na mangyayri kung patuloy na papasok sa templo ang mga tao nang hindi karapat-dapat? Sinabi ni Elder J. Ballard Washburn:

   “Hindi tayo maaaring magpunta sa banal na bahay [ng Panginoon] nang hindi tayo hinahatulan ng Diyos. …

   “… Kung magpunta sa templo ang isang taong *hindi tapat* sa kanyang personal na buhay, sa mga bagay na ukol sa kanyang asawa at mga anak o sa kanyang mga pangangalakal, nagbubunton siya ng kapahamakan sa sarili niyang kaluluwa at talagang kailangan niyang magsisi” (sa Conference Report, Abr. 1995, 12–13; o *Ensign,* Mayo 1995, 11–12).

### B Ano ang Talagang Nais ng Panginoon

1. Ang mga mamamayan ng Juda ay nag-alay ng mga handog sa templo, ngunit hindi nila sinunod ang Panginoon sa pang-araw-araw nilang buhay. Ipinaalala sa atin ni Elder J. Ballard Washburn na “nagpupunta tayo sa templo para gumawa ng mga tipan, ngunit umuuwi tayo upang tuparin ang ginawa nating mga tipan” (sa Conference Report, Abr. 1995, 13; o *Ensign,* Mayo 1995, 12). Ayon sa Jeremias 7:21–28, ano ang mga kasalanan ng Juda?
2. Ano ang nais ipagawa ng Panginoon sa mga Judio bukod sa pagsamba sa templo?
3. Iangkop ang alituntuning ito sa sacrament meeting. Ano sa palagay mo ang talagang nais ng Panginoon mula sa atin *bukod sa* pagdalo natin sa sacrament meeting? (tingnan sa D at T 33:12–14).

# Jeremias 8

## Marami Pang Kahatulan Laban sa Juda

*Binanggit pang lalo sa Jeremias 8 ang mga kahatulang darating sa mga tao ng Juda, lalo na sa masasama nilang lider. Tulad sa iba pang mga kabanata, itinuro sa kabanata 8 na ang isa sa pinakamalaking problema sa Juda at mga lider nito ay naniwala sila na wala silang kasalanan, at poprotektahan sila laban sa kanilang mga kaaway.*

# Jeremias 9–10

## Nanangis si Jeremias at Nanalangin para sa Juda

*Ilang tao ang tumawag kay Jeremias na “nananangis” na propeta dahil sa malungkot na mensaheng hatid niya at dahil nakita niya na natupad ang kanyang mga propesiya tungkol sa pagkalipol ng mga mamamayan ng Juda. Tulad ng lahat ng tao ng Diyos, mahal ni Jeremias ang mga tao at sinikap niyang hadlangan ang kanilang pagkalipol, ngunit hindi niya maiwasang sabihin sa kanila ang katotohanan tungkol sa mangyayari kung hindi sila magsisisi. Ang Jeremias 9 ay halimbawa ng “pagtangis” ni Jeremias sa nalalapit na pagkawasak ng Juda dahil patuloy silang*

*sumamba at nagtiwala sa mga diyus-diyusan. Nagtapos ang Jeremias 10 sa isang panalangin ng kalungkutan.*

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ano ang Nakalulugod sa Panginoon?

1. Ayon sa Jeremias 9:23–24, ano ang "[ipinagma]mapuri" ng maraming tao?
2. Ano ang sinabi ng Panginoon na ipinagmamapuri o ikinalulugod niya? Paano natin magagawa na ito ay *ating* maipagmapuri at ikalugod?

# Jeremias 11–15

## Ang mga Kahatulan ng Diyos

*Bagama't tila inulit ni Jeremias ang kanyang mensahe tungkol sa kahatulan ng Diyos sa Juda, bawat kabanata o sermon ay may kaunting kaibhan ang pananaw o turo tungkol sa mga kahatulang ito.*

*Ang Jeremias 11 ay tungkol sa kahalagahan ng mga pakikipagtipan sa Panginoon. Ipinaalala ng Panginoon sa mga mamamayan ng Juda na siya ay gumawa ng natatanging mga tipan sa kanila bilang isang lahi mula noong akayin sila ni Moises palabas ng Egipto. Dahil patuloy nilang nilabag ang mga tipang iyon, parurusahan sila. Nagtapos ang Jeremias 11 sa pagtukoy sa mga kababayan ni Jeremias na gustong pumatay sa kanya dahil sa kanyang mensahe. Sinabi ng Panginoon na darating ang mga kahatulan lalo na sa mga taong iyon.*

*Inilahad sa Jeremias 12 kung paano ipinaliwanag ng Panginoon kay Jeremias kung bakit minsan ay tila umuunlad ang masasama. Tiniyak sa kanya ng Panginoon na ang katarungan ay darating sa masasama sa huli. Bukod pa rito, sinabi niya na sa huli ay gagantimpalaan din ang mabubuti dahil sa kanilang mga ginawa.*

*Ang kuwento ng Baha sa panahon ni Noe ay makapagtuturo sa atin na maaaring naging napakasama ng mga tao kaya sila "naigapos" ng kanilang mga kasalanan (2 Nephi 26:22), na maaaring naging dahilan para hindi nila magawang magbago. Nilipol ng Panginoon ang mga tao dahil sa kawalan ng kakayahang magbago. Binanggit sa Aklat ni Mormon ang mga taong tumangging magsisi hanggang sa ito ay "lubusang naging huli na" (Helaman 13:38). Nasa Jeremias 13 ang mahalagang mensahe na dahil labis na "bihasang gumawa ng masama" ang mga tao hindi na nila mabago ang kanilang masasamang gawi, tulad ng isang leopardong hindi na mabago ang mga batik sa kanyang balat (tingnan sa Jeremias 13:23).*

*Nakatala sa Jeremias 14 ang matinding pagmamahal ni Jeremias para sa kanyang mga tao nang magsumamo siya sa Panginoon para sa kanila. Nakasaad sa mga talata 1–6 kung ano ang natutuhan ni Jeremias mula sa Panginoon kung bakit sila nagkaroon ng "pagkakatuyo" (tagtuyot) sa lupain. Nakatala sa mga talata 7–9 ang pagsusumamo ni Jeremias sa Panginoon na alisin ang tagtuyot, at nasa mga talata 10–12 ang sagot ng Panginoon. Nangusap si Jeremias sa talata 13, at muling nangusap ang Panginoon sa mga talata 14–18. Nakatala sa huling apat na talata ng kabanata 14 ang mga salita ni Jeremias, na tila isang panalangin.*

*Nasa Jeremias 15:1–14 ang pagpapahayag ng Panginoon ng mga kapahamakang darating sa Juda. Nag-alala si Jeremias na kabilang siya sa mga kahatulang inilarawan ng Panginoon. Sa mga talata 15–18, sinabi niya sa Panginoon kung gaano siya naging tapat. Sa mga talata 19–21, sinabi ng Panginoon kay Jeremias na tinanggap ang kanyang pamumuhay ngunit hindi niya dapat tangkaing ipagtanggol ang kanyang mga tao.*

# Jeremias 16

## Pag-asa sa mga Huling Araw



*Apat na raang taon bago sumapit ang panahon ni Jeremias, nagsumamo ang Panginoon sa mga anak ni Israel, sa pamamagitan ng kanyang mga propeta, na magtiwala at sumunod sa kanya, na nangangakong bibiyayaan niya sila ng kapayapaan at kasaganaan. Gayunman, pinili nila ang tila mas madali at makamundong mga paraan ng pagsamba sa mga diyus-diyusan at iba pang huwad na mga relihiyon. Patuloy na binigyan ng Panginoon ng katibayan ng kanyang kapangyarihan ang mga Israelita, katulad noong makaharap ni Elias ang mga saserdote ni Baal sa Bundok ng Carmelo (tingnan sa I Mga Hari 18). Ngunit hindi pa rin lubos na sinunod ng mga tao ang Panginoon; tila napakahirap ng kanyang mga paraan. Hindi nila napagtanto na ang kanyang paraan ang tanging daan tungo sa kapayapaan at kaligtasan. Ang nakalulungkot, dumarating ang panahon na ang tanging paraan para maipakita ng Panginoon na siya lamang ang tanging tunay at buhay, at makapangyarihang Diyos ay ang tulutang mapalayas sila kung saan kailangan nilang magtiwala sa kanilang mga diyus-diyusan para makaligtas, batid na hindi maililigtas ng mga diyos na ito ang sinuman dahil wala silang buhay o kapangyarihan. Nangako ang Panginoon na gagamitin ang pamamaraang ito sa Jeremias 16.*

*Gayunman, hindi naman lahat ng mensahe sa Jeremias 16 ay negatibo. Nangako ang Panginoon na muling tatanggapin ang Israel sa mga huling araw at tutulungan silang malaman na siya ang kanilang Diyos. Ang pagtitipon ng Israel ay isang bagay kung saan maaari tayong makibahagi ngayon.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Jeremias 16*

**Mga mabigat na pagkamatay** (t. 4)—Mga nakamamatay na sakit

**Magkukudlit man o mangagpapakalbo** (t. 6)—Mga paraan kung minsan ng pagdadalamhati ng mga tao sa mga namatay

**Kaaliwan** (t. 7)—Pag-alo sa taong nagdadalamhati

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ano? at Bakit?

Isang dayuhan ang dumating sa lupain ng Israel na nilisan ng mga Judio nang sila ay bihagin sa Babilonia. Kapag tinanong ka niya kung ano ang nangyari at bakit, ano ang sasabihin mo sa kanya? Tingnan sa Jeremias 16:10–13 para sa tulong.

### B Scripture Mastery—Jeremias 16:16

1. Basahin ang Jeremias 16:14–16 at sabihin kung ano ang ipinangakong gawin ng Panginoon sa mga huling araw para sa Israel.
2. Ayon sa mga talata ring ito, gaano ang magiging pagpukaw sa kanila ng gagawin ng Panginoon?
3. Sino sa palagay mo ang mga "mangingisda" at "mangangaso" sa talata 16?
4. Sa palagay mo, bakit ginamit ng Panginoon ang mga katagang mga "mangingisda" at "mangangaso" para ilarawan ang gagawin niya?

# Jeremias 17

## Ang mga Kasalanan ng Juda

*Nakatala sa Jeremias 17 na binanggit ng Panginoon at ni Jeremias kung bakit hindi na nakalulugod ang Juda sa paningin ng Diyos. Ang mga tao ay tila nakapagkit na sa kasalanan (tingnan sa mga talata 1–4), ayaw magtiwala sa Panginoon (mga talata 5–8), at hindi pinanatiling banal ang araw ng Sabbath (mga talata 19–27). Ipinagdasal ni Jeremias ang mga tao (mga talata 12–18).*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Jeremias 17:5–8, 19–27*

**Ginagawang laman ang kanilang bisig** (t. 5)—Nagtitiwala sa lakas ng mortal na tao

**Ipangilin** (mga talata 22, 24, 27)—Gawing sagrado

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Magdrowing ng Isang Larawan

Magdrowing ng isa o mahigit pang mga larawan na kumakatawan sa sinabi sa Jeremias 17:5–8 tungkol sa mga nagtitiwala at sa mga hindi nagtitiwala sa Panginoon.

### B Magsulat ng Isang Pangungusap

Gamitin ang sumusunod na mga salita para isulat ang isang pangungusap na nagbubuod ng itinuro ng Panginoon sa Jeremias 17:19–27 tungkol sa pagpapanatiling banal sa araw ng Sabbath: *pasan, gawain, maingat, ipangilin.*

# Jeremias 18–19

## Paggawa ng Palayok at ang Juda


*Si Jeremias ay madalas gumamit ng mga bagay sa pagtuturo ng kanyang mensahe. Ginamitan niya ng isang bagay ang dalawang kabanatang ito. Sa kabanata 18, sinabihan si Jeremias na magpunta sa bahay ng magpapalayok. Kapag ang magpapalayok ay gumagawa ng isang bagay na hindi gaya ng nais niya, inihahagis niya itong muli sa umiikot na hulmahan at muling sinusubukang gawin ito. Sinabi ng Panginoon na lahat ng tao ay tulad ng luad na hinuhulma ng magpapalayok at muli niyang hinuhulma ang mga mamamayan ng Juda.*

*Inilahad sa Jeremias 19 ang tungkol sa natapos na palayok. Matapos ipaliwanag ni Jeremias ang mga kasalanan ng Juda at ang mangyayari dahil sa mga kasalanang iyon, binasag niya ang palayok. Itinuro niya sa mga tao na "babasagin" sila ng Panginoon at tulad ng imposible nang maibalik sa dati at matulad sa orihinal ang basag na palayok, ang partikular na henerasyong ito ng mga mamamayan ng Juda ay hindi maipapanumbalik bilang isang lahi sa kanilang mga lupain o sa kanilang kaugnayan sa Panginoon.*

# Jeremias 20

## Mga Problema ni Jeremias

*Halos buong aklat ni Jeremias ay naglalaman ng kanyang mga propesiya. Gayunman, kakaunti ang nakasaad sa Jeremias 20 tungkol sa buhay niya. Nalaman natin na dahil sa kanyang mga propesiya, si Jeremias ay inilagay sa pangawan, isang malaking tabla na may mga butas na lusutan ng ulo, mga bisig, at paa at hindi na ito maikikilos pa ng isang taong akusado o nahatulang gumawa ng krimen.*



*Nagpropesiya si Jeremias laban sa taong naglagay sa kanya sa pangawan, ngunit may sinabi rin siyang mga bagay na para bang nalungkot siya sa kanyang sitwasyon. Ginawa niya ang ipinagawa ng Panginoon at sinabi ang ipinasabi ng Panginoon, ngunit nagdusa siya dahil sa kanyang pagsunod. Kung minsan ay dumaranas ng ganitong pagsubok ang mga sumusunod sa Panginoon nang buong puso. Nalaman natin ang kadakilaan ng pagkatao ni Jeremias nang mabasa natin na hindi siya tumigil sa pangangaral dahil sinabi niya na ang salita ng Panginoon ay "nagaalab na apoy na nakukulong sa aking mga buto" (Jeremias 20:9). Determinado si Jeremias na patuloy na magtiwala sa Panginoon at ipangaral ang salita anuman ang ibunga nito. Ang kanyang katapangan ay huwaran para sa ating lahat.*

### Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

#### A Ano ang Sasabihin Mo?

Nalungkot si Jeremias dahil sa kanyang mga pagsubok. Nagdusa siya sa paggawa ng bagay na alam niyang tama. Isulat kung ano ang sasabihin mo sa kanya sa panahong ito para aliwin siya at palakasin ang kanyang loob.

# Jeremias 21–22

## Mga Propesiya para sa Dalawang Hari

*Nakatala sa Jeremias 21–22 ang mga propesiya ni Jeremias sa mga hari ng Juda; hindi sunud-sunod ang mga ito ayon sa kasaysayan. Ang kabanata 21 ay para kay Sedechias, ang huling hari ng Juda bago winasak ng Babilonia ang Jerusalem at ang templo at binihag ang mga tao. Ang kabanata 22 ay para kina Sallum at Joacim, na mga anak ni Haring Josias, ang hari nang simulan ni Jeremias ang kanyang ministeryo. Ang alam natin, hindi kailanman naging hari si Sallum, ngunit naging hari sana siya kung hindi siya nabihag ng mga taga-Babilonia.*

*Ang mensahe kay Sedechias sa kabanata 21 ay na hindi maiiwasan ang pagkawasak ng Babilonia. Walang "kung" na nabanggit sa propesiya. Ang tanging pagpipilian na ibinigay ni Jeremias sa mga Judio ay manatili sa Jerusalem at mamatay sa mga kamay ng mga taga-Babilonia o lisanin ang lungsod at mabihag.*

*Ang Jeremias 22 ay naitala ilang taon bago iyon at naglalaman ng mensahe na posible pang maligtas ang ilang Judio kung sila ay magsisisi. Marahil ang pagkakasunud-sunod ng dalawang kabanata ay nagtuturo sa atin na sasapit lang ang napakalulupit na parusa ng Panginoon pagkaraan ng maraming taon at maraming pagkakataon na makapagsisi. Nauna rito, nagbigay ng posibilidad ang Panginoon para sa kaligtasan, ngunit nang ayaw magsisi ng mga tao naging tiyak ang mga kahatulan.*

# Jeremias 23

## Mga Bulaang Propeta

*Kapag iniisip natin ang mga propeta, karaniwan nating naiisip ang Pangulo ng Simbahan o ang magigiting na lalaki sa mga banal na kasulatan na nagturo ng salita ng Panginoon. Lahat ng propeta ay mga guro. Gayunman, mayroon ding mga bulaang propeta o guro na hindi nagtuturo ng katotohanan. Nakasaad sa Jeremias 23 na binanggit ng Panginoon ang mga bulaang propetang kasama ng mga tao. Ibinunyag niya ang kanilang mga maling turo at sinabi kung paano inakay ng mga bulaang propetang ito ang mga tao na magkasala at maniwala sa mga maling ideya. Natutuhan din natin mula sa kabanatang ito ang ilang pagkakaiba ng totoo at ng mga bulaang propeta.*

*Sabi ni Pangulong President Ezra Taft Benson, "Sinasabi sa atin ng propeta ang kailangan nating malaman, hindi laging ang gusto nating malaman" ("Fourteen Fundamentals in Following the Prophet," sa* Brigham Young University 1980–81 Devotional and Fireside Speeches *[1981], 28). Hanapin kung paano maiaangkop ang pahayag na ito sa mga turo ni Jeremias sa kabanatang ito.*

*Napakahalaga ng Jeremias 23:5–8 dahil nagpropesiya rito si Jeremias tungkol sa Tagapagligtas.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Jeremias 23*

**Mga pastor** (mga talata 1–2)—Literal na "mga pastol," ngunit sa kasong ito ay "mga pinuno"

**Mga kawan** (t. 3)—Ligtas na nakabakod na lugar na kulungan ng mga tupa

**Manglulupaypay** (t. 4)—Masisindak

**Kamangmangan** (t. 13)—Mga kahangalan

**Humihiwalay** (mga talata 14, 20)—Tumatalikod

**Ajenjo** (t. 15)—Kapaitan

**Inuming mapait** (t. 15)—Mapait na likido, lason

**Walang kabuluhan** (t. 16)—Ang isiping mas mahusay ka kaysa tunay na ikaw

**Payo** (mga talata 18, 22)—Sa Hebreo, "konseho"—isang grupong nagtitipon para magturo o gumawa ng mga desisyon

**Daya** (t. 26)—Mga kasinungalingan

**Walang kabuluhang kahambugan** (t. 32)—Pagkilos na digaanong pinag-isipan, padalus-dalos

**Hula** (mga talata 36, 38)—Mensahe

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Paano Mo Makikilala ang Bulaang Propeta?

1. Basahin ang Jeremias 23:1–2, 9–11, 13–14, 16–27, 29–32 at ilista kung ano ang sinabi ng Panginoon na sasabihin at gagawin ng mga bulaang propeta.
2. Pumili ng isa sa inilista mo at ipaliwanag kung bakit ang gayong gawain o turo ay magmumula sa isang bulaang propeta.
3. Sa palagay mo, bakit sinusunod ng mga tao ang mga bulaang propeta?
4. Bakit mahalagang makilala at sundin ang totoong propeta? Paano mo mahihiwatigan ang isang bulaang propeta? (tingnan sa Deuteronomio 18:20–22; D at T 42:11–12; 46:7).

### B Ang Lunas para sa mga Bulaang Propeta

Ano ang sinabi ng Panginoon sa Jeremias 23:3–8 na gagawin niya sa mga taong iniligaw ng kanilang mga pinuno sa Juda? (Pansinin na halos lahat ng propesiyang ito ay matutupad sa mga huling araw.)

# Jeremias 24

## Mabuti at Masamang Bunga

*Inilahad sa Jeremias 24 kung paano itinuro ng Panginoon, sa pamamagitan ni Jeremias, sa paglalarawan ng isang basket ng mabubuting igos at isang basket ng masasamang igos na ilang Judio ang madadalang bihag sa Babilonia para sa kanilang kabutihan at pagkatapos ay makakabalik sa kanilang sariling lupain balang-araw. Ang iba ay mahihiya at malilipol dahil sa kanilang kasamaan.*

# Jeremias 25–26

## Ang Pagtanggi sa mga Propeta ay Humahantong sa Pagkabihag

*Ang Jeremias 25–26 ay katulad sa pagkakasunud-sunod at tema ng Jeremias 21–22. Sa kabanata 25, nagpropesiya nang may katiyakan si Jeremias na masasakop ng Babilonia ang Juda dahil tinanggihan nito ang mga salita ni Jeremias at ng iba pang mga propeta (tulad ni Lehi). Bukod pa rito, nagpropesiya si Jeremias na maglilingkod ang Juda sa Babilonia nang pitumpung taon, at sa panahong iyan ay isa pang kaharian ang sasakop sa Babilonia. Ang nalalabi sa kabanata ay tungkol sa pagkawasak ng iba pang masasamang bansa. Itinuturo sa kabanatang ito na pinaparusahan ng Diyos ang masasamang tao, saanmang bansa sila naroon o nagmula.*

*Nakatala sa Jeremias 26 ang mga naganap bago ang at nagpapaliwanag sa ilang kasaysayan ng kabanata 25. Nakasaad sa Jeremias 26 kung paano ipinropesiya ni Jeremias na kailangang magsisi ang mga tao dahil kung hindi sila ay mabibihag. Dahil sa kanyang mensahe, na nag-iwan pa rin ng kaunting pag-asang makaligtas sa pamamagitan ng pagsisisi, gustong ipapatay ng mga pinuno sa Juda si Jeremias. Nabasa rin natin ang tungkol sa propetang si Urias na pinatay dahil gayon din ang ipinropesiya. Ang katotohanang ito ay nagpapaliwanag kung bakit tiyak na tiyak ang kaparusahan sa kabanata 25.*

# Jeremias 27–28

## Ang Pamatok ng Babilonia

*Ang Jeremias 27–28 ay isang kuwento. Ayon sa tagubilin ng Panginoon, gumawa ng pamatok si Jeremias at inilagay ito sa kanyang batok. Ang pamatok ay isang bagay na inilalagay sa batok para mabuhat ang mga pasan. Ang pamatok ay simbolo ng pagkabihag o pagkaalipin. Itinuro ni Jeremias sa mga tao na ang Juda at ang mga bansa sa paligid nito ay pasasailalim sa "pamatok" ng Babilonia. Nagbabala siya na maaaring magturo ng taliwas dito ang mga bulaang propeta, ngunit tiyak na mangyayari ang pagkabihag. Sinabihan ni Jeremias si Haring Sedechias na kung siya at ang mga tao ay mapagpakumbabang magpapailalim*

*sa "pamatok" ng Babilonia, hindi sila malilipol. Bilang tanda na ang kanyang mga salita ay matutupad, nagpropesiya siya na dadalhin ni Nabucodonosor, hari ng Babilonia, ang lahat ng kayamanan at sagradong bagay mula sa templo. Ang propesiya ay natupad.*

*Inilahad sa Jeremias 28 ang isa pang lalaki, si Hananias, na nagsabing siya rin ay isang propeta. Ipinropesiya niya na kakalagin ng Diyos ang pamatok ng Babilonia sa loob ng dalawang taon. Sinabi ni Jeremias na patutunayan ng panahong iyan kung siya ay tama o mali. Gayunman, binigyang-inspirasyon ng Panginoon si Jeremias na sabihin kay Hananias na hindi totoo ang kanyang propesiya at na siya ay malapit nang mamatay. Namatay si Hananias tulad ng sabi ni Jeremias.*

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Paano Mo Masasabi?

Nagbigay ng isang halimbawa sa Jeremias 27–28 ng isang tunay na propeta at isang bulaang propeta. Basahin ang Deuteronomio 18:20–22; Doktrina at mga Tipan 42:11–12; 46:7; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:5. Pagkatapos ay sabihin kung paano natin malalaman na ang isang tao ay tunay na isinugo ng Diyos upang mangaral.

# Jeremias 29

## Ang Sulat ni Jeremias sa mga Bihag

*Ang Jeremias 29 ay naglalaman ng sulat ni Jeremias sa mga tao ng Juda na nabihag at nanirahan sa Babilonia. Sinabihan niya sila na magtayo ng mga bahay, magtanim, at maghandang mamuhay roon at tiisin ang Babilonia sa abot-kaya nila. Muli niyang sinabi na mananatili sila roon nang pitumpung taon. Pinangakuan niya sila na kung hahanapin nila ang Panginoon nang buong puso (tingnan sa t. 13; Deuteronomio 4:26–31), ibabalik silang muli ng Panginoon sa Jerusalem.*

*Isinumpa ni Jeremias ang mga nanatili pa rin sa Jerusalem at nagtiwala sa mga turo ng mga bulaang propeta na nangako ng dagliang pagkaligtas mula sa mga taga-Babilonia. Isinumpa rin niya ang isang bulaang propetang nagpadala ng mga maling mensahe sa mga Judio sa Babilonia.*

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Paano Ito Makakatulong?

Basahin ang Jeremias 29:11–14 at isulat kung paano magagamit ang mensaheng ito sa mga Judiong nabihag sa Babilonia dahil sa kawalan nila ng pananampalataya bilang mensahe ng pag-asa sa isang tao ngayon na bihag ng kasalanan.

# Jeremias 30

## Ang Panginoon ay Nangakong Tutulong

*Nang masakop ng mga taga-Babilonia ang kaharian ng Juda at dalhin silang bihag, naisip ng mga tao ng Juda kung tinalikuran na sila ng Diyos at ang tipan niya kay Abraham na ibibigay sa kanila ang lupain ng Canaan at magiging pagpapala sa buong mundo sa pamamagitan ng mga katotohanan at biyayang ibinigay niya sa kanila. Nag-alinlangan din sila kung kinalimutan na nga niya ang tipang kanyang ginawa na itatag ang mga inapo ni David bilang mga hari sa Israel (tingnan sa II Samuel 7:13). Nasa Jeremias 30–33 ang pagtiyak ng Panginoon sa mga anak ni Israel na nakalat at nabihag na hindi niya sila pinabayaan ni tinalikuran ang kanyang mga tipan.*

*Inutusan si Jeremias na isulat sa halip na sabihin ang propesiya sa Jeremias 30–33. Dahil nasa bilangguan si Jeremias noon, maipaparating pa rin ng mga isinulat na salita ang mga salita ng isang propeta sa mga tao. At, bagama't hindi nakinig ang mga tao kay Jeremias nang ibigay ang paghahayag na ito, kung nakasulat ito baka sakaling ang mga taong nabihag ay maging mas mapagpakumbaba at basahin ito kalaunan. Pansinin din na ang propesiya ay nakapatungkol kapwa sa Juda at sa Israel. Ang Israel ay nabihag ng mga taga-Asiria mahigit 120 taon bago ibinigay ng Panginoon kay Jeremias ang mensahe sa kabanatang ito.*

*Habang binabasa mo ang Jeremias 30, hanapin kung ano ang sinabi ng Panginoon tungkol sa pagkabihag ng Juda at ano ang gagawin niya para sa kanila kung magtitiwala sila sa kanya. Ang mensaheng ito ay maiaangkop din sa isang taong nabihag ng kasalanan na napapalayo sa Diyos. Marahil ay madarama niya na pinabayaan din siya ng Panginoon. Habang nagbabasa ka, hanapin din ang isang personal na mensaheng makukuha ng isang tao mula sa kabanatang ito.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

***Jeremias 30***

**Nagdaramdam** (t. 6)—Naghihirap

**Manglupaypay** (t. 10)—Magalala, matakot

**Kahatulan** (t. 11)—Katarungan

**Nagsisilamon, mangalalamon** (t. 16)—Nagapi at nawasak

**Samsam** (t. 16)—Lipulin

**Bunton** (t. 18)—Mga guho

**Una** (t. 20)—Dati

**Nangahas** (t. 21)—Nangako

### Jeremias 30:12–13—Paano Sila Matutulungan ng Panginoon Kung ang Kanilang mga Sugat ay "Hindi Mapapagaling"?

Ang Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia ay nagpapaunawa sa atin na dapat isaad sa talata 12 na ang sugat ay *mapapagaling*, kahit malala pa ito. At sa talata 13 ng Pagsasalin ni Joseph Smith, muling ipinahiwatig ng Panginoon na ang mga sugat ng Juda ay *mapapagaling*, ngunit inisip ng mga tao na hindi ito mapapagaling.

### Jeremias 30:9—Aling Haring David ang Paglilingkuran ng mga Tao?

Ang "David" na ito ay tumutukoy sa Mesiyas at Haring ipinangako ng Diyos na magiging inapo ni David. Ang pangako ay natupad sa pagsilang ni Jesucristo at muling matutupad sa Ikalawang Pagparito.

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ilista ang mga Bunga

1. Basahin ang Jeremias 30:5–7, 12–15 at ilarawan ang nangyari sa mga Israelita nang talikuran nila ang kanilang Diyos at sumamba sa mga diyus-diyusan.
2. Paano magkatulad ang mga bunga ng pagsamba sa mga diyus-diyusan at ang mga bunga ng kasalanan ngayon?

### B Gumawa ng Paghahambing

Basahin ang Jeremias 30: 8–11, 16–17. Paano magkatulad ang ipinangakong gagawin ng Panginoon para sa Juda na nabihag at ang magagawa niya para tulungan ang isang taong bihag ng kasalanan?

# Jeremias 31

## Ang Pagtitipon ng Israel

*Itinuloy sa Jeremias 31 ang mensaheng sinimulan sa kabanata 30. Ang kabanata 31 ay naglalaman ng mga dakilang pangako tungkol sa pagtitipon ng Israel, kapwa ang pagtitipon sa Israel mula sa pagkabihag noong unang panahon at ang pagtitipon tungo kay Jesucristo at sa kanyang Simbahan sa mga huling araw mula sa lahat ng dako ng mundo kung saan nakalat ang Israel.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Jeremias 31*

**Na naiwan ng** (t. 2)—Mga nakaligtas

**Lumapit** (t. 3)—Tinipon

**Magagayakan** (t. 4)—Mapapalamutian

**Mga pandereta** (t. 4)—Mga instrumentong musikal

**Mga pamanhik** (t. 9)—Mga panalangin ng pagsusumamo o pagmamakaawa

**Sisiyahin, bibigyang kasiyahan** (mga talata 14, 25)—Pasasayahin

**Raquel** (t. 15)—Raquel (asawa ni Jacob [Israel] at ina nina Jose at Benjamin)

**Hindi hirati sa** (t. 18)—Hindi sanay sa

**Dinala ang kakutyaan** (t. 19)—Dinala ang kahihiyan

**Mga patotoo** (t. 21)—Mga karatula sa daan

**Hahasikan** (t. 27)—Tatamnan

**Alisin, mabubunot** (mga talata 28, 40)—Tanggalin, bunutin

**Mga ayos** (mga talata 35–36)—Regular na galaw

**Humiwalay sa harap ko** (t. 36)—Inalis

### Jeremias 31—Ang Pagtitipon ng Israel

Ang buong kabanata ng Jeremias 31 ay tungkol sa pagtitipon ng sambahayan ni Israel. Titipunin ang Israel sa dalawang paraan: pisikal at espirituwal. Para sa bawat miyembro ng sambahayan ni Israel ang dalawang pagtitipon ay maaaring mangyari nang sabay, o magkahiwalay. Dahil ang dalawang pagtitipong ito ay nangyari sa magkaibang panahon sa buong kasaysayan at mangyayari pa sa hinaharap, ang mga banal na kasulatan tungkol sa pagtitipon ng sambahayan ni Israel ay maaaring makalito. Ang Jeremias 31:1–30 ay tiyak na umaangkop sa pisikal na pagtitipon ng pamilya ni Israel mula sa mga lupain kung saan sila nakalat at nabihag patungo sa kanilang mga lupang pangako. Ngunit ang mga talatang ito ay maaari ding umangkop sa mga espirituwal na natipon sa Panginoon at sa kanyang Simbahan. Ang Jeremias 31:31–34 ay tila lapat talaga sa espirituwal na pagtitipon (tingnan sa D at T 45:56).

### Jeremias 31:9—"Ephraim ang Aking Panganay"

Si Ephraim ay hindi literal na panganay ni Israel dahil siya ay apo ni Jacob, ang anak ni Jose na tinanggap ang pagkapanganay mula kay Jacob, o Israel (tingnan sa Genesis 48–49). Ang pagtukoy sa Jeremias 31:9 kay Ephraim na siya ang panganay ay tumutukoy sa posisyong ito ng tagapagmana sa pagkapanganay.

### Jeremias 31:31–34—Ang "Panibagong Tipan"

Ipinaliwanag ni Elder Dallin H. Oaks ang sumusunod tungkol sa "bagong tipan":

"Ang 'bagong tipan,' … ay ang tipan na nasa Aklat ni Mormon at sa 'dating mga kautusan' [tingnan sa D at T 84:57]. … Maaaring ang dating mga kautusang ito ay ang mga naunang paghahayag ng Panginoon, na nasa Biblia (sa Luma at Bagong Tipan) at nasa makabagong mga paghahayag na naibigay na sa mga Banal. …

"Ang tipang inilarawan sa mga banal na kasulatan, na ginawang bago sa pagpapanibago at pagpapatibay nito sa mga huling araw, ay tumutukoy sa tipan ng kaugnayan natin kay Jesucristo. Isinasama nito ang kabuuan ng ebanghelyo. …

"… Ang 'bagong tipan' na nasa Aklat ni Mormon at ang dating mga kautusan ang pangunahing pangakong iyon ng ebanghelyo, na nag-uugat sa pagbabayad-sala at pagkabuhay na mag-uli ni Jesucristo, na nagbibigay sa atin ng katiyakan ng imortalidad at ng pagkakataong mabuhay nang walang hanggan kung magsisisi tayo sa ating mga kasalanan at gagawa at tutupad ng tipan ng ebanghelyo sa ating Tagapagligtas. Sa pamamagitan nito, at sa kanyang awa, magkakatotoo sa atin ang dakilang pangako 'na sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo, ang buong sangkatauhan ay maaaring maligtas, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas at ordenansa ng Ebanghelyo' (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3)" (Dallin H. Oaks, "Another Testament of Jesus Christ" [mensahe sa CES fireside, 6 Hunyo 1993], 4–5).

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ilarawan ang Isang Ideya

Magdrowing ng larawan o gumawa ng diagram na naglalarawan ng isang ideyang nabasa mo sa Jeremias 31:1–30. Magsulat ng maikling paliwanag sa iyong larawan o diagram.

### B Ilarawan ang Pagkakaiba

1. Ayon sa Jeremias 31:31–34, kailan ginawa ng Panginoon ang dating tipan sa sambahayan ni Israel?
2. Ilarawan kung paano at bakit iba ang bagong tipan sa dating tipan.

# Jeremias 32

## Bumili si Jeremias ng Lupain

*Nakatala sa Jeremias 32 na upang mabisang maituro na titipunin ang mga anak ni Israel pabalik sa kanilang mga lupang pangako, maging pagkatapos malipol ang mga taga-Babilonia, inutusan ng Panginoon ang nakabilanggong si Jeremias na bumili ng lupain. Pagkatapos ay sinabi niya kay Jeremias na itago ang titulo sa ligtas na lugar bilang katibayan ng propesiyang ito. Tila imposible ito dahil sa kapangyarihan ng mga taga-Babilonia, ngunit walang imposible sa Diyos (tingnan sa t. 27). Mahalagang alalahanin na sa mga mortal maraming bagay ang tila imposible, ngunit sa pinakamakapangyarihang Diyos ay angkop ang mga salitang "May anomang bagay baga na totoong mahirap sa akin?" (Jeremias 32:27).*

# Jeremias 33

## Kapayapaan sa Jerusalem

*Ang Jeremias 33 ay naglalaman ng ilang natatanging pangako tungkol sa Jerusalem na hindi pa lubos na natutupad. Binanggit sa kabanata 33 ang isang dakilang araw ng kapayapaan sa Jerusalem kapag ang lahat ng taong naninirahan doon ay sumamba sa Panginoon. Hindi pa natutupad ang propesiyang ito, ngunit sinabi ni Jeremias na mangyayari ito sa panahong "ang Sanga" (si Jesucristo) ay namuno bilang Hari sa trono ni David (tingnan sa mga talata 15–16). Sa madaling salita, hindi kailanman daranas ng kapayapaan at kaligtasan ang Jerusalem hanggang sa tanggapin ng lahat ng naninirahan dito si Jesucristo bilang kanilang Hari.*

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ano ang Natutuhan Mo Tungkol kay Jesucristo?

Basahin ang Jeremias 33:15–18. Sinasabi sa mga talatang ito na darating ang araw na hindi "kukulangin" (mangangailangan) ang Israel ng isang lalaking uupo at maghahari sa trono ni David, ni hindi sila "kukulangin" ng kalalakihang magsasagawa ng mga pag-aalay. Sa paanong paraan ginagampanan nang walang hanggan ni Jesucristo ang mga tungkulin ng hari, saserdote, at sakripisyo para sa kanyang mga tao? (tingnan sa Lucas 1:32–33; Juan 18:36–37; Mga Hebreo 2:17; 7:11, 22–27; 8:1–6; 9:11–15; 10:10–17; 3 Nephi 9:19–20).

# Jeremias 34

## Pagpaparusa kay Sedechias at sa mga Judio

*Ang Jeremias 34 ay naglalaman ng mga propesiya ni Jeremias tungkol sa mangyayari kay Haring Sedechias at kung ano ang mangyayari sa mga mamamayan ng Juda. Sa Jeremias 34 partikular na hinatulan ng Panginoon ang mga tao ng Juda sa pagkakaroon ng mga alipin at alilang Judio at sa paglabag sa utos sa batas ni Moises na palayain ang lahat ng alila at alipin tuwing ikapitong taon.*

# Jeremias 35

## Ang mga Rechabita

*Nakatala sa Jeremias 35 ang mga totoong nangyari ilang taon bago naganap ang nakasulat sa naunang mga kabanata. Alam natin ito dahil si Joacim (na binanggit sa t. 1) ang hari bago si Sedechias (binanggit sa mga kabanata 33–34). Ang ganitong uri ng "paggunita" ay ilang beses nangyari sa aklat ni Jeremias.*

*Binanggit sa Jeremias 35 ang isang grupo ng mga taong tinatawag na Rechabita. Nanirahan sila sa mga tolda sa labas ng mga lungsod at hindi kailanman lumagi sa isang lugar. Sinunod ng mga Rechabita ang ilang tradisyong ibinigay ng pinuno ng kanilang grupo. Ang mga tradisyong ito ay hindi bahagi ng kanilang relihiyon, ngunit sinunod nila nang taimtim ang mga tuntunin at tradisyon. Ginamit na pakay-aralin ng Panginoon ang mga taong ito. Narito ang aral: tapat na sinunod ng mga Rechabita ang mga tradisyon ng tao, ngunit hindi masunod ng mga mamamayan*

*ng Juda ang mga utos ng buhay na Diyos—mga utos na may kaakibat na totoo at walang hanggang mga pagpapala. Nangako ang Panginoon na pagpalain ang mga Rechabita dahil sa kanilang kataimtiman at katapatan.*

# Jeremias 36

## Si Baruch na Eskriba o Tagasulat

*Nakatala sa Jeremias 36 na sinabi ng Panginoon kay Jeremias na isulat ang lahat ng propesiyang ginawa niya laban sa Israel, Juda, at iba pang mga bansa. Dahil nakakulong si Jeremias, isang eskriba na nagngangalang Baruch ang nagsulat ng lahat ng propesiya ni Jeremias at pagkatapos ay binasa ang mga ito sa mga baitang ng templo. Ilan sa mga tauhan ng hari ang nakarinig sa mga propesiya, kinuha ang mga isinulat, at binasa ang mga ito sa hari. Iniutos ng hari na sunugin ang mga nakasulat at hinangad niyang ipapatay sina Jeremias at Baruch, ngunit itinago sila ng Panginoon. Gumawa ng isa pang propesiya si Jeremias at ipinadala ito sa hari. Ang propesiya ay na walang inapo si Joacim na magiging hari—isang propesiyang tunay na nangyari.*

# Jeremias 37–44

## Nasakop ng Babilonia ang Juda

*Halos buong Jeremias 37–44 ay tungkol sa kasaysayan. Inilahad nang maikli sa bahaging ito ang kuwento tungkol kay Jeremias nang wasakin ng Babilonia ang Juda at maraming tao ang nabihag.*

*Inilahad sa Jeremias 37 na nagmartsa ang hukbo ng mga Egipcio patungong Juda nang sakupin ng mga taga-Babilonia (na kung minsan ay tinatawag na mga Caldeo sa mga kabanatang ito) ang lupain ng Juda. Nang mabalitaan ng mga taga-Babilonia na parating ang Egipto, umalis sila sandali. Ang pag-atras na ito ay nagbigay ng maling pag-asa sa Juda na ililigtas sila ng Egipto. Sinabi ni Jeremias kay Sedechias na hindi ito mangyayari. Dahil sa propesiyang ito, nabartolina si Jeremias. Kalaunan, pinalaya siya ni Sedechias, ngunit nanatili pa rin siyang bihag.*

*Nakatala sa Jeremias 38 na inakala ng mga pinuno sa Jerusalem na makakaya nila ang mga taga-Babilonia. Hindi nila gusto ang patuloy na mensahe ni Jeremias na dapat silang sumuko at magpabihag sa Babilonia at magiging maayos ang lahat. Inisip nila na ang mensahe ay lalong nagpapahina ng loob ng mga kalalakihang nakikipaglaban, kaya ipinatapon nila si Jeremias sa bartolina na mas malupit kaysa una. Isang bating [eunuch] na taga-Etiopia na nagngangalang Ebed-melec ang nag-alis kay Jeremias sa bartolina, at muling humarap si Jeremias kay Sedechias. Ipinaalala niya sa hari na kung siya ay masunurin, magiging maayos ang lahat. Ngunit hindi pinakinggan ng hari ang payo.*

*Inilahad sa Jeremias 39 ang pagkawasak ng Jerusalem, ang pagkabihag kay Haring Sedechias, ang pagpatay sa kanyang mga anak na lalaki sa harap ni Sedechias, at ang pahirap na dinanas ni Sedechias nang bulagin siya ng sumalakay na mga taga-Babilonia. Mula sa aklat ni Mormon nalaman natin na nakaligtas ang isa sa mga anak na lalaki ni Sedechias. Ang grupong nagligtas sa kanya ay naglakbay patungong Western Hemisphere at kilala bilang mga mamamayan ng Zarahemla sa Aklat ni Mormon (tingnan sa Omni 1:14–19; Helaman 8:21). Maayos na pinakitunguhan ng mga taga-Babilonia si Jeremias. Sa bandang huli ng kabanata 39, nangako ang Panginoon na pagpalain si Ebed-melec dahil sa kabaitan nito kay Jeremias.*

*Nakatala sa Jeremias 40 na tuluyang pinalaya ng mga taga-Babilonia si Jeremias. Iminungkahi nila na manirahan siya kasama ni Gedalias, na itinalaga nilang mamuno sa lupain, at sumunod si Jeremias. Ang mga Judio sa mga lupain sa paligid ay nagsimulang magtipon sa Mizpa, kung saan naninirahan si Gedalias. Napag-alaman ng isang lalaking nagngangalang Johanan na plano ng ilang Judio na patayin si Gedalias, ngunit hindi pinahintulutan ni Gedalias na mahadlangan ni Johanan ang plano.*

*Nakasaad sa Jeremias 41 kung paano pinatay ng lalaking nangngangalang Ismael si Gedalias. Pinatay rin ni Ismael at ng kanyang mga tauhan ang lahat ng kasama ni Gedalias, Judio man sila o mga taga-Babilonia. Bumuo ng isang hukbo si Johanan at nilusob ang mga tauhan ni Ismael, pinatay ang marami, dinalang bihag ang iba, at pinalaya ang mga bilanggong binihag nang salakayin si Gedalias. Nag-aalala tungkol sa reaksyon ng mga taga-Babilonia sa mga Judio dahil sa nangyari, lahat ng Judio ay umalis sa Mizpa at nagtungo sa isang lugar na malapit sa Bet-lehem na tinatawag na Chimham. Mula roon binalak nilang magpunta sa Egipto para makaligtas.*

*Binanggit sa Jeremias 42 na kabilang si Jeremias sa grupong nagpunta sa Chimham. Nagpunta si Johanan kay Jeremias at inalam kung itatanong niya sa Panginoon ang tungkol sa plano nilang magpunta sa Egipto. Nangako sila na anuman ang sabihin ng Panginoon ay susundin nila. Sinabi ni Jeremias na hindi sila dapat pumunta sa Egipto. Sinabi niya na kung mananatilli sila sa lupain ng Juda, poprotektahan sila ng Panginoon, ngunit kung pupunta sila sa Egipto, mamamatay sila sa pamamagitan ng espada, taggutom, o iba pang kalamidad.*

*Nakasaad sa Jeremias 43 na hindi naniwala si Johanan at ang iba pang mapagmataas na mga pinuno ng grupong ito ng mga Judio sa payo ni Jeremias. Nagpunta pa rin sila sa Egipto, at dinalang bihag si Jeremias. Pagdating nila roon, nagpropesiya si Jeremias na sasakupin din ni Nabucodonosor, na hari ng Babilonia, ang Egipto.*

*Nakatala sa Jeremias 44 na sinabi ni Jeremias sa mga Judio na malilipol sila sa Egipto dahil patuloy silang sumasamba sa mga diyus-diyusan at dahil ayaw nilang sundin ang Panginoon; iilan lang ang makaliligtas at makababalik sa Juda bilang saksi na natupad ang salita ng Panginoon. Ang propesiyang ito ay natupad sa isa pang grupo ng mga Judio na tumanggap sana ng mga pagpapala sa kamay ng Panginoon kung sinunod nila ang kanyang propeta. Ngunit sa halip ay nagtiwala sila sa sarili nilang pagpapasiya.*

# Jeremias 45

## May mga Pagsubok Din ang Mabubuting Tao

*Ang Jeremias 45 ay isang paghahayag kay Baruch, ang eskriba na sumulat ng mga paghahayag kay Jeremias at binasa ang mga ito sa mga baitang ng templo noong panahon ni Haring Joacim. Mukhang umasa si Baruch na aalisin ng Panginoon ang kanyang mga pagsubok at problema dahil ginawa niya ang gawain ng Panginoon. Gayunman, hindi nangako sa kanya ang Panginoon na maliligtas siya sa mga pagsubok, kundi hindi lang siya kaagad-agad mamamatay.*

*Dapat din nating tandaan na hindi dahil tama ang ating pamumuhay ay makakaasa na tayo na aalisin ng Panginoon ang mga pagsubok, pang-uusig, at iba pang mahihirap na karanasan. Tulad ng mga tunay at tapat sa Panginoon mula pa sa simula, kailangan tayong maging tapat mabuti man o masama ang panahon.*

# Jeremias 46–51

## Pagkalipol ng mga Bansa

*Nakatala sa Jeremias 46–51 ang mga propesiya tungkol sa pagkawasak ng ilang bansa sa paligid ng Israel at kung bakit wawasakin ang bawat isa. Ipinropesiya ni Jeremias na ang Egipto (tingnan sa Jeremias 46), Filistia (tingnan sa Jeremias 47) Moab (tingnan sa Jeremias 48), Ammon (tingnan sa Jeremias 49:1–6), Edom (tingnan sa Jeremias 49:7–22), Damasco (tingnan sa Jeremias 49:23–27), Cedar (tingnan sa Jeremias 49:28–29), Hasor (tingnan sa Jeremias 49:30–37), Elam (tingnan sa Jeremias 49:34–39), at Babilonia (tingnan sa Jeremias 50–51) ay wawasaking lahat.*

*Marahil ang layunin ng lahat ng mensaheng ito ng pagkawasak ay para ituro, lalo na sa sambahayan ni Israel, na hindi lamang parurusahan ng Panginoon ang kasamaan ng kanyang mga tao, parurusahan din niya ang kasamaan ng lahat ng tao, anuman ang kanilang bansa. Ang magandang balita para sa Israel ay bagama't wawasakin ng Panginoon ang lahat ng iba pang bansang ito, nangako siyang pangangalagaan at hindi lubusang lilipulin ang kanyang mga tao (tingnan sa Jeremias 46:27–28). Ang mga mensahe ng pagkawasak ay simbolo rin ng pagkalipol ng masasama sa mga huling araw.*

# Jeremias 52

## Mga Huling Isinulat ni Jeremias

*Ang Jeremias 52 ay angkop na wakas sa aklat ni Jeremias. Isinalaysay sa kabanata 52 ang panahong sinakop ng Babilonia ang Jerusalem, ang kabisera ng Juda, at pinatay o binihag ang napakaraming mamamayan ng Juda.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

### *Jeremias 52*

**Nangagtayo ng mga katibayan laban doon** (t. 4)—Nagkampo sa palibot bilang paghahanda

**Nakubkob** (t. 5)—Napaligiran at nahiwalay sa anumang bagay at sa sinumang lalabas o papasok

**Manguubasan** (t. 16)—Mga taong nangangalaga sa mga ubasan

**Mga haliging tanso, tungtungan, dagatdagatan na tanso, palayok, gunting, saro, apuyan, kapitel na tanso** (mga talata 17–22)—Mahahalagang bagay mula sa templo

**Bating [eunuch]** (t. 25)—Opisyal

**Kapitan** (t. 25)—Pinuno

**Pumipisan** (t. 25)—Mga taong nagpalista sa hukbo

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ilista nang Sunud-sunod ang mga Pangyayari

Nakasaad sa Jeremias 52 ang mga kaganapan sa pagbagsak ng Jerusalem. Isipin ang sumusunod na mga pangyayari at gamitin ang nabasa mo sa kabanata upang mailista nang sunud-sunod ang mga ito: Binulag si Haring Sedechias; kinubkob ni Nabucodonosor ang lungsod; libu-libong Judio ang nabihag; winasak ang templo; giniba ang mga pader ng Jerusalem. Matapos ang bawat kaganapan, ibigay ang talatang naglalarawan nito.

### B Sumulat ng Paliwanag

Gumawa ng isang liham sa mga tao ng Juda na bihag noon sa Babilonia. Ipaliwanag kung bakit winasak ang kanilang lungsod at bakit sila nabihag. Magbigay ng kahit tigalawang magagandang dahilan sa pagkalipol at pagkabihag ng mga Judio, at magbigay ng isang reperensya sa banal na kasulatan para sa bawat sagot.

# Mga Panaghoy ni Jeremias

Ang ibig sabihin ng salitang *panaghoy* ay pagtangis o pag-iyak taglay ang labis na kalungkutan. Ayon sa tradisyon, sumulat at kumanta ng mga panaghoy ang mga Judio para sa nangamatay na malalapit na kamag-anak at mga kaibigan. Ang munting aklat na ito ay naglalaman ng mga panaghoy ni Jeremias, na nasusulat sa anyong patula, para sa Jerusalem, sa templo, at sa mga mamamayan ng Juda. Habang nagbabasa ka, maaari mong hanapin ang mga sumusunod:

- Hindi tayo maaaring magkasala nang wala itong ibubunga.
- Ang pagsunod sa mga bulaang propeta kadalasan ay mas madali kaysa pagsunod sa totoong mga propeta.
- Kahangalang isipin na matutulungan ka ng mga kapangyarihan ng mundo na matakasan ang parusa ng Diyos.
- Madalas isipin ng mga makasalanang pinarusahan na hindi makatarungan ang Diyos.
- Ang tunay na pagsisisi ay karaniwang dumarating lamang matapos ang kaunting pagdurusa.
- Ang pag-asa ay nagmumula sa pag-amin ng ating mga kasalanan.
- Dahil sa pagmamahal at awa ng Diyos, may panahon ng kapatawaran at pagpapanibago para sa lahat ng nagsisisi.

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Panaghoy, Aklat ng mga."



## Mga Panaghoy 1

### Ang mga Bunga ng Kasalanan

*Sabi ni Elder Theodore M. Burton, "Ang mga banal na kasulatan at tagubilin mula sa ating mga espirituwal na pinuno ay nagtuturo sa atin kung paano iwasan ang pagdurusa na lagi nang sanhi ng kasalanan" (sa Conference Report, Okt. 1985, 81; o* Ensign, *Nob. 1985, 64).*

*Ang Mga Panaghoy 1, gayundin ang lahat ng kabanata sa Mga Panaghoy, ay nagbibigay ng mga halimbawa ng pagdurusang binanggit ni Elder Burton. Ang matinding kalungkutan at pagsisisi ay mga bahagi ng pagkakasala na kadalasan ay hindi natin nakikita o naiisip kapag natutukso tayong gumawa ng mali.*

*Habang nagbabasa ka, pag-isipan kung paano maaaring makatulad ng mga salita sa kabanata 1 ang mga salita ng mga taong sinayang ang kanilang panahon sa mundo at ngayon ay nasa daigdig ng mga espiritu at nahaharap sa walang hanggang mga bunga ng mga maling pagpapasiyang ginawa nila sa mundo.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

### *Mga Panaghoy 1*

**Mamumuwis** (t. 1)—Alipin, nasa ilalim ng pamumuno ng iba

**Kataksilan** (t. 2)—Nakasasakit ng damdamin

**Paglilingkod** (t. 3)—Pagkaalipin

**Bansa** (mga talata 3, 10)—Mga taong hindi kilala o hindi sinasamba ang tunay na Diyos

**Sa mga gipit** (t. 3)—Habang namimighati

**Giba, ipinahamak, napahamak** (mga talata 4, 13, 16)—Nag-iisa, walang lakas

**Huling wakas** (t. 9)—Hinaharap

**Santuario** (t. 10)—Templo

**Pinananaigan** (mga talata 13, 16)—Nagtatagumpay

**Nagkalakiplakip** (t. 14)—Sama-sama

**Lumalansag** (t. 20)—Kunin ang mga mahal sa buhay

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Bakit?

Sa Mga Panaghoy 1:1–11 nangusap si Jeremias bilang siya. Sa mga talata 12–22 nangusap siya na parang siya ang buong bansa ng Juda. Pumili ng apat na parirala mula sa mga salita ni Jeremias (mga talata 1–11) na inaakala mong dahilan kaya siya "nanaghoy."

## Mga Panaghoy 2–4

### Bakit Pinarusahan ang Juda

*Ang Mga Panaghoy 2–4 ay pagpapahayag ng kalungkutan sa nangyari sa mga mamamayan ng Juda. Malinaw na nakasaad sa Mga Panaghoy 2 na pinarusahan ng Panginoon ang kanyang mga tao dahil sa kanilang mga kasalanan at para sa kanilang kabutihan. Ang Mga Panaghoy 3 ay naglalaman*

*ng pahiwatig ng mga taong nag-aakala na pinabayaan sila ng Panginoon ngunit nagtitiwala pa rin at nakasusumpong ng pag-asa sa kaisipang hindi niya sila tuluyang pinabayaan magpakailanman. Nakatala sa Mga Panaghoy 4 ang kalungkutan ni Jeremias habang inihahambing niya ang pamumuhay ng Israel bilang mabubuting tao sa kinahantungan nila matapos silang masakop ng Babilonia.*

# Mga Panaghoy 5

## Pagsamo ni Jeremias

*Kapag ikaw ay nagkasala, nawalay sa Espiritu Santo, at nakadama ng kapighatiang dulot ng kasalanan at pagkawalay sa Panginoon, dalawa lang talaga ang pagpipilian mo. Ang isang mapipili mo ay pagtakpan ang iyong mga kasalanan. Karaniwan ay pinagtatakpan natin ang ating mga kasalanan sa pamamagitan ng pagsisi sa iba, pag-iwas sa mga responsibilidad, o pagsisinungaling at pagkakaila na may nagawa tayong mali. Ang isang pagpipilian ay magpakumbaba tayo, magsisi, at magsimulang makipagkasundo sa Panginoon.*

*Ang Mga Panaghoy 5 ay naglalaman ng panaghoy ng pagpapakumbaba. Sa panaghoy na ito na parang panalangin, nagsalita si Jeremias para sa mga taong napagtanto ang kanilang mga kasalanan at naghangad ng kapatawaran.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Mga Panaghoy 5*

**Pagkadusta** (t. 1)—Pagkapahiya

**Mga taga ibang bayan** (t. 2)—Mga dayuhan

**Pinasan ang kanilang mga kasamaan** (t. 7)—Nagdusa dahil sa kanilang mga kasalanan

**Kapahamakan** (t. 9)—Panganib

**Dinahas** (t. 11)—Inabuso

**Gilingan** (t. 13)—Mga batong dumudurog sa butil

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Paano Mo Masasabi?

Ilista ang mga salita at parirala mula sa Mga Panaghoy 5 na nagpapahiwatig na tunay na nagsisi ang mga tao. Ipaliwanag kung bakit mo pinili ang bawat salita o parirala.

### B Ano ang Maaari Mong Gawin?

Basahin at pag-isipan ang ikalawang Saligan ng Pananampalataya. Gayunman, may pagkakaiba sa pagitan ng *naparusahan* dahil sa ating mga kasalanan at *nagdurusa* dahil sa mga kasalanan ng iba. Ano ang magagawa mo kung makita mo ang iyong sarili sa sitwasyong inilarawan sa talata 7, at paano makakatulong sa iyo ang doktrinang ipinaliwanag sa ikalawang Saligan ng Pananampalataya?


# Ang Aklat ni Ezekiel

## Isang Bihag na Propeta

Nilusob ng mga taga-Babilonia ang Juda sa tatlong malalaking pagkakataon. Ang pangalawa ay noong mga 597 B.C. Kasama si Ezekiel sa grupong nabihag sa Babilonia. Pagkaraan ng mga limang taon natawag siyang maging propeta sa mga nabihag na Judio. Sinikap niyang tulungan ang mga tao na matuto sa kanilang mga pagkakamali.

## Bantay sa Moog

Habang nanawagan ng pagsisisi si Jeremias sa Jerusalem, nangaral naman si Ezekiel sa mga taong bihag sa Babilonia. Sinikap ni Jeremias na mailigtas ang mga tao sa pagkalipol at sinikap naman ni Ezekiel na maipaunawa sa kanyang mga tao na ang pagkabihag nila ay bunga ng kanilang kasamaan. Itinuro ng dalawang propeta na may dahilan para umasa ang mga tao sa hinaharap kapag nagbalik-loob ang mga tao sa Panginoon. Si Ezekiel ang magiging bantay sa moog, isang tungkuling tatalakayin sa kabanata 33.




## Paghahanda sa Pag-aaral ng Ezekiel

Kung pipili tayo ng isang pangunahing tema ng aklat ni Ezekiel, maaaring kalaunan ay malaman ng lahat ng tao na ang Panginoon ay Diyos. Ang alituntuning ito, na tinukoy sa mga pariralang tulad ng “at kanilang malalaman na ako ang Panginoon,” ay mahigit animnapu’t limang beses lumabas sa Ezekiel.

Ang sumusunod na balangkas ay nagpapakita ng anim na pangunahing paksa sa aklat ni Ezekiel:

1. Pagtawag kay Ezekiel na maging propeta (tingnan sa Ezekiel 1–3)
2. Mga propesiyang humatol sa mga kasalanan ng mga tao sa lupain ng Israel, lalo na sa Jerusalem (tingnan sa Ezekiel 4–11, 20–24)
3. Mga propesiyang nananawagan sa mga Judio sa Babilonia na magsisi (tingnan sa Ezekiel 12–19)
4. Mga propesiya tungkol sa pagkawasak ng mga bansang kaaway nila na nakapalibot sa Israel (tingnan sa Ezekiel 25–32)
5. Mga propesiya tungkol sa pagtitipon ng Israel at iba pang mga pangyayari bilang paghahanda sa Ikalawang Pagparito (tingnan sa Ezekiel 33–39)
6. Isang paglalarawan ng pangitain ni Ezekiel tungkol sa isang templong itatayo sa Jerusalem sa hinaharap (tingnan sa Ezekiel 40–48)

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa aklat ni Ezekiel, tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Ezekiel."

# Ezekiel 1

## Pangitain ni Ezekiel Tungkol sa Kaluwalhatian ng Diyos

*Kasunod ng maikling pambungad, inilarawan sa Ezekiel 1 ang pangitain ni Ezekiel tungkol sa Diyos at sa kanyang kaluwalhatian. Dahil napakahirap ilarawan ng kaluwalhatian ng Diyos at langit sa wika ng mga mortal, kadalasan ay gumagamit ng simbolikong mga salita at imahe ang mga propeta para ilarawan ang kanilang nakita. Nasubukan nang ipaliwanag ng ilang tao ang kinakatawan ng mga simbolo, ngunit sabi ni Propetang Joseph Smith, "Tuwing magbibigay ang Diyos ng isang pangitain ng isang imahe, o hayop, o anumang uri ng larawan, lagi Niyang inaangkin ang responsibilidad na magbigay ng paghahayag o interpretasyon ng kahulugan niyon, dahil kung hindi, hindi tayo ang responsable o mananagot sa paniniwala natin dito. Huwag matakot na mahusgahan kapag hindi ninyo alam ang kahulugan ng isang pangitain o larawan, kung hindi nagbigay ng paghahayag o interpretasyon ang Diyos tungkol sa paksa" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, 291).*

*Kahit hindi natin lubos na nauunawaan ang kahulugan ng nakita ni Ezekiel, maipadarama pa rin sa atin ng madamdamin niyang paglalarawan kung gaano kaganda ang pangitain at gaano talaga kadakila ang kaluwalhatian ng Diyos.*

# Ezekiel 2–3

## Ang Tawag kay Ezekiel na Maglingkod

*Ang Ezekiel 2–3 ay nagsimula sa pagtatala ng sinabi ng Diyos kay Ezekiel bilang bahagi ng kanyang pangitain tungkol sa kaluwalhatian ng Diyos (tingnan sa Ezekiel 1). Kahit paano, ang mga kabanatang ito ay naglalaman ng kanyang "tawag na magmisyon." Habang binabasa mo ang paglalarawan ng Panginoon sa misyon ni Ezekiel at sa mga taong kanyang tuturuan, isipin kung paano tinatawag ng propeta ng Diyos ang isang misyonero ngayon.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

### *Ezekiel 2*

**Itatakuwil** (mga talata 5, 7)—Ayaw makinig at sumunod

**Mga dawag at mga tinik** (t. 6)—Mga sukal na damo (isang simbolo para sa problemang maaaring ibigay ng mga tao kay Ezekiel kapag ipinahahayag niya ang kanyang mga mensahe)

**Mga alakdan** (t. 6)—Makamandag na nilalang (simbolo ng masasamang taong pangangaralan ni Ezekiel)

**Manglupaypay** (t. 6)—Matakot

### Ezekiel 2:9–10; 3:1–3—Inutusan ng Panginoon si Ezekiel na Kainin ang Isang Balumbon

Ang paglalarawan ng pagkain ng balumbon ni Ezekiel ay simbolo ng tawag sa kanya na ituro ang salita ng Panginoon sa pamamagitan ng literal na pamumuhay niya ng salita ng Diyos. Nakatala sa aklat ng Apocalipsis ang isang pagkakataon na naranasan din ito ni Apostol Juan (tingnan sa Apocalipsis 10).

### *Ezekiel 3*

**Pagiinit** (t. 14)—Galit

**Nguni't ang kaniyang dugo ay aking sisiyasatin sa iyong kamay** (mga talata 18, 20)—Ikaw ang mananagot sa kanyang mga kasalanan

**Ako'y naglagay ng katitisuran sa harap niya** (t. 20)—Pinabagsak ko siya

**Paninikitin** (t. 26)—Ididikit

**Mananaway** (t. 26)—Taong nagwawasto sa iba

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Gawin ang dalawa sa sumusunod na tatlong aktibidad (A–C) habang pinag-aaralan mo ang Ezekiel 2–3.

### A Ibuod ang Misyon ni Ezekiel

Para maibuod ang misyon ni Ezekiel, ipaliwanag ang kahalagahan ng sumusunod na mga salita at parirala: "mga anak ay walang galang" (Ezekiel 2:4; tingnan din sa 3:7); mga dawag, tinik, at alakdan (2:6); balumbon ng isang aklat (2:9–10; 3:1–3); isang diamante (3:9); bantay (3:17–21); isang mananaway (3:26).

***o***


Magdrowing ng kahit apat na larawan lang sa iyong notbuk na kumakatawan sa mga ideyang nakalista sa itaas.

**B** **Isang Mahirap na Misyon**

1. Saliksikin ang Ezekiel 2–3 at ilista ang mga dahilan kung bakit inaakala mong naging mahirap ang misyon ni Ezekiel. Sa bawat dahilan, sumulat ng isang talatang susuporta sa iyong ideya.
2. Ilista ang sinabi ng Panginoon na magiging misyon ni Ezekiel sa Ezekiel 2–3 at kung ano ang naghikayat kay Ezekiel na tuparin ang kanyang misyon.

**C** **Ang Bantay**

1. Basahin ang Ezekiel 3:17–21 at ilarawan ang tungkulin ng isang bantay.
2. Bumanggit ng isang "bantay" sa Simbahan ngayon at ipaliwanag kung bakit siya ang pinili mo.
3. Ano ang itinuturo sa atin ng Ezekiel 3:17–21 tungkol sa kahalagahan ng pagtupad sa ating mga tungkulin? Maaari mong i-cross-reference ang mga talatang ito sa Jacob 1:19.



# Ezekiel 4–5

## Mga Propesiya Tungkol sa Pagkawasak ng Jerusalem

*Tulad kay Jeremias, pinagamit din ng Panginoon si Ezekiel ng mga bagay at pisikal na simbolo para turuan ang mga tao sa mga paraan na mas malamang na mapansin nila at maalala. Nakatala sa Ezekiel 4–5 ang mga simbolong ipinagamit ng Panginoon kay Ezekiel para kumatawan sa kasamaan ng mga Israelita o pagkawasak ng Jerusalem.*

# Ezekiel 6–7

## Kasalanan at Kapahamakan

*Ang Ezekiel 6–7 ay naglalaman ng matinding mensahe ng Panginoon tungkol sa mangyayari sa lupain ng Israel kapag sinakop na ito ng Babilonia. Si Ezekiel ay dinala sa Babilonia bago lubos na bumagsak at nawasak ang Jerusalem, kaya binanggit niya na mangyayari ang kaganapang ito sa hinaharap. Sa mga propesiya sa mga kabanata 6–7, isinumpa ng Panginoon lalo na ang pagsamba ng Israel sa mga diyusdiyusan at sinabi na wawasakin ang Jerusalem at sa gayon ang mga Judio ay "malalaman na ako ang Panginoon" (6:14). Mapapatotohanan ng mga nakaligtas na ang Diyos talaga ang buhay na Diyos at natupad ang kanyang mga salita.*

# Ezekiel 8–11

## Bakit Nasakop ang Jerusalem

*Ang Ezekiel 8–11 ay naglalaman ng isang tala ng pangitaing ibinigay ng Panginoon kay Ezekiel. Isa si Ezekiel sa maraming Judio na binihag sa naunang mga paglusob ng mga taga-Babilonia sa Juda. Naipaalam ng pangitaing ito sa mga ipinatapon (mga taong binihag sa Babilonia) ang nangyari sa Jerusalem at kung bakit ito nangyari.*

*Inilahad sa Ezekiel 8 ang kasamaan ng mga tao ng Jerusalem, pati na ng mga pinuno nila sa simbahan. Nakatala sa Ezekiel 9 na pinalagyan ng "tanda" ng Panginoon sa isang sugong anghel ang mabubuti upang protektahan sila mula sa pagkalipol (tulad ng Paskua sa Egipto). Nilinaw sa Ezekiel 10 na pinayagan ng Panginoon na mawasak ang Jerusalem. Ang Ezekiel 11 ay nagbibigay ng kaunting pag-asa sa darating na mga henerasyon sa pamamagitan ng propesiya na titipunin ng Panginoon ang kanyang mga tao pabalik sa kanilang mga lupang pangako at paninibaguhin ang tipan ng kaugnayan nila sa isa't isa.*

### Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

**A** **Ang Pagtitipon**

1. Hanapin ang mga salitang karugtong ng "aking" sa Ezekiel 11:16–20 para matulungan kang ilista ang mga sinabi ng Panginoon na gagawin niya para sa kanyang pinagtipanang mga tao.

2. Paano ka naging bahagi ng binabanggit sa mga talatang ito, o paano tinutupad ng Panginoon ang mga pangakong ito ngayon?

### B Ipaliwanag ang mga Parirala

Basahin ang Ezekiel 11:19 at ilarawan ang inaakala mong pagkakaiba ng isang taong may "batong puso" sa taong may "bagong diwa" at "pusong laman."

# Ezekiel 12–17

## Bakit Nabihag?

*Ang Ezekiel 12–17 ay naglalaman ng mga paghahayag ng Panginoon kay Ezekiel na marami pang paglusob na gagawin ang mga taga-Babilonia sa Jerusalem at marami pang mga Judio ang mabibihag. Inihayag din ng Panginoon kung bakit mangyayari ang mga kaganapang ito at sinabihan si Ezekiel na mangaral ng pagsisisi sa mga nabihag.*

*Tiniyak ng Ezekiel 12 sa mga Judio na marami pang mabibihag.*

*Inilahad sa Ezekiel 13 na hinatulan ng Panginoon ang mga bulaang propetang nagkunwaring nangungusap sa kanyang pangalan at ang iba pang umakay sa mga tao palayo sa kanya sa iba't ibang paraan.*

*Nakatala sa Ezekiel 14 na lumapit ang mga pinunong Judio kay Ezekiel para humingi ng payo. Sinabihan sila ng Panginoon na hindi niya sila papayuhan hangga't hindi sila tumitigil sa paghingi rin ng mga sagot mula sa mga diyus-diyusan. Binigyang-diin niya na bawat tao ay dapat maging mabuti upang matiis ang nalalapit na mga paghatol at na hindi sila makakaasa sa kabutihan ng kanilang mga pinuno.*

*Inihambing ng Ezekiel 15 ang mga anak ni Israel sa isang tupok na puno ng ubas, na walang silbi. Maraming beses pa sa mga banal na kasulatan, inihambing ng Panginoon ang mga anak ni Israel sa isang puno ng ubas o sa isang ubasan (tingnan sa Isaias 5; Jacob 5).*

*Ang Ezekiel 16, tulad sa iba pang lugar sa Lumang Tipan, ay naglalaman ng paghahambing sa pagitan ng pakikipagugnayan ng Panginoon sa Israel at ng tipan ng kasal. Lubhang detalyado ang kabanata 16 sa pagpapakita kung gaano kataksil ang Israel (Jerusalem) sa kanyang "asawa" at bakit dapat lang siyang parusahan.*

*Kabilang sa Ezekiel 17 ang isang talinghagang inihayag ng Panginoon kay Ezekiel na nagtuturo sa mga tao na hindi sila dapat maghangad ng kaligtasan mula sa Egipto habang nasa pagkaalipin sila bagkus ay sumuko sila sa mga taga-Babilonia at sa huli ay tutubusin sila ng Panginoon.*

# Ezekiel 18

## Responsibilidad sa Kasalanan

*Sa paanong mga paraan ka katulad o hindi katulad ng iyong mga magulang? Bakit?*

*Totoo na kung minsan ang "mga inosente ay napipilitang magdusa dahil sa kasamaan ng maysala" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, 34). Gayunman, may ilang tao na patuloy na sinisisi ang kanilang mga magulang o ibang tao sa mga bagay na kaya naman nilang baguhin. Nadama ng mga anak ni Israel na ang kanilang mga kaparusahan ay bunga ng mga kasalanan ng kanilang mga ama. Mayroon pa silang karaniwang kawikaan tungkol sa pagdurusa dahil sa mga kasalanan ng kanilang mga magulang na matatagpuan sa Ezekiel 18:2. Medyo totoo ang kanilang kawikaan (kasabihan). Hindi naturuan nang wasto ng mga ama ang mga anak sa mga paraan ng Panginoon at ni hindi sila nakalikha ng isang kapaligiran kung saan mas malamang na lumaking tapat ang kanilang mga anak sa mga batas ng Diyos.*

*Gayunman, sa bawat henerasyon ay nagpapadala ang Panginoon ng mga propetang magtuturo ng katotohanan at magtuturo sa mga tao kung paano sila dapat magsisi. Bawat henerasyon ay may pagkakataong pumili kung makikinig at susundin ang mga salita ng mga propeta o susundin ang tradisyon ng kanilang mga magulang. Malinaw na itinuro ng Panginoon ang elementong ito ng alituntunin ng kalayaan sa kabanatang ito.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

***Ezekiel 18***

**Kumain sa mga bundok** (mga talata 6, 11, 15)—Lumahok sa pagsamba sa mga diyus-diyusan

**Nadumhan** (mga talata 6, 11, 15)—Naging imoral sa piling ni

**Lumapit man sa** (t. 6)—Makipagtalik kay

**Pumighati** (mga talata 7, 12, 16, 18)—Hindi naging makatarungan sa, nagbigay ng pasanin sa

**Sangla** (mga talata 7, 12, 16)—Utang ng isang tao

**Nagbigay na may patubo** (mga talata 8, 13)—Nagpapatong ng interes kapag nagpapautang

**Pakinabang** (t. 8)—Paniningil ng halaga na sobra sa nararapat

**Dinadala, magdadanas** (mga talata 19–20)—Dalhin, panagutan ang

**Matuwid** (mga talata 25, 29)—Patas, makatarungan

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ipamuhay ang mga Banal na Kasulatan

Paano mo magagamit ang Ezekiel 18:1–18 para tulungan ang isang taong nakatira sa isang tahanan kung saan hindi siya hinihikayat sa mabubuting aktibidad? Maaari mong i-cross-reference ang mga talatang ito sa ikalawang Saligan ng Pananampalataya.

### B Tukuyin ang Mahahalagang Alituntunin

Basahin ang Ezekiel 18:19–32 at hanapin kung ano ang itinuro ng Panginoon tungkol sa kasalanan, pagsisisi, pagtitiis hanggang wakas, at ano ang nadarama niya sa mga kasalanang iyon. Sumulat ng kahit apat lang na pangungusap na nagbubuod sa mga alituntuning itinuro sa mga talatang ito.

# Ezekiel 19–20

## Mga Pinuno na Ayaw Makinig

*Ang Ezekiel 19–20 ay isinulat lalo na para at tungkol sa mga pinuno ng mga Judio. Sa kabanata 19, gumamit ng dalawang talinghaga ang Panginoon upang ituro na nawalan ng mga pagpapala ang mga pinunong malaki ang potensyal dahil sa kanilang kamangmangan. Inilahad sa kabanata 20 kung paano ginusto ng ilang pinuno ng mga Judio sa Babilonia (kung saan nanirahang bihag si Ezekiel) na makatanggap ng tagubilin mula sa Panginoon sa pamamagitan ni Ezekiel. Inutusan sila ng Panginoon na magsisi sa paghahangad sa Panginoon samantalang naghangad din sila ng mga paghahayag mula sa ibang mga diyos. Sa Ezekiel 20:33–44 nangako ang Panginoon na bibigyan niya ng isa pang pagkakataon ang darating na henerasyon ng mga Israelita na makalaya mula sa pagkaalipin at malaman na siya ang kanilang Panginoon at Diyos, tulad ng ginawa niya nang una niyang akayin ang mga anak ni Israel palabas ng Egipto. Gayunman, sa pagkakataong ito ay nangako siya na titipunin niya ang Israel mula sa lahat ng bansa kung saan sila nakalat.*

*Ang mga pambihirang pangyayaring binanggit bilang bahagi ng pagtitipon sa mga talatang ito ay bahagya lamang na natupad noong unang panahon. Ang lubos na katuparan nito ay nangyayari sa huling araw kapag ang mga anak ni Israel ay natipon sa totoong Simbahan, nalinis mula sa kasalanan, at pinaglingkuran ang Panginoon sa kanyang "banal na bundok" (ang templo). Sa gayon ay tunay nilang nakikilala kung sino sila at sino ang kanilang Panginoon at Diyos (tingnan sa mga talata 42, 44).*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Ezekiel 20:33–44*

**Makapangyarihang kamay, unat na bisig** (mga talata 33–34)—Mga simbolo ng kapangyarihan

**Pinangingibabahang bayan** (t. 38)—Manirahan sa isang lugar na hindi mo tunay na tirahan

**Mga alay** (t. 40)—Mga sakripisyo

### Ezekiel 20:37—"Pararaanin Ko Kayo sa Ilalim ng Tungkod"

Ang tungkod sa Ezekiel 20:37 ay ang tungkod ng pastol. Ang "pararaanin sa ilalim ng tungkod" ay pagpapailalim sa pangangalaga ng Pastol, o tulad ng sabi sa Ezekiel, "sa pakikipagkasundo ng tipan." May ilang nagmungkahi na ang pagdaan sa ilalim ng tungkod ay maaari ding tumukoy sa paraan ng pagbibigay ng mga pastol ng ikapu ng kanilang mga tupa, na minamarkahan ng tungkod ang bawat ikasampu at inilalaan ito sa Panginoon.

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ibuod Gamit ang mga Pangunahing Ideya

Inilahad sa Ezekiel 20:33–44 na titipunin ng Panginoon ang Israel at ibabaling naman nila ang kanilang puso sa kanya. Ipaliwanag sa sarili mong mga salita ang mensahe ng mga talatang ito sa paglalarawan ng sumusunod na mga pangunahing ideya: makapangyarihang kamay (t. 33); pipisanin (t. 34); [na]ng harapan (t. 35); lalapastanganin (t. 39); aking banal na bundok (t. 40); ipaari ninyong banal (t. 41); maaalaala (t. 43); malalaman (mga talata 38, 42, 44).

# Ezekiel 21–24

## Ang Kasamaan ay Humahantong sa Kapahamakan

*Sa Ezekiel 21–23 patuloy na ipinaliwanag ng Panginoon kung bakit wawasakin ang Jerusalem. Ipinaliwanag sa Ezekiel 21 na magdurusa rin ang ilan sa mabubuti sa pagwasak na ito. Ang pagdurusang ito, na iniisip ng ilang tao na hindi makatarungan, ay nangyayari dahil iginagalang ng Panginoon ang kalayaan ng kanyang mga anak. Maaari ding magdusa ang mabubuti sa ilan sa mga kahatulan sa mga huling araw, ngunit nangako ang Panginoon ng isang dakila at walang hanggang gantimpala sa mabubuting nagdurusa (tingnan sa D at T 58:2).*

*May isa pang nakatutuwang propesiya sa kabanata 21 na nasa mga talata 25–27 kung saan ipinropesiya ni Ezekiel ang pagpapatalsik sa hari ng Juda, na sinasabing hindi mag-*

*kakaroon ng ibang hari hanggang sa maghari ang "may matuwid na kaniya," ibig sabihin ay si Jesucristo (t. 27). Simula nang mabihag ang mga Judio sa Babilonia hindi pa nila naitatatag na muli ang kanilang kaharian. Si Jesucristo ang tanging magiging hari sa kanilang hinaharap.*

*Tinalakay sa Ezekiel 22 ang maraming kasalanang siyang dahilan ng pagkawasak ng Jerusalem. Sa paghahanap kung aling mga kasalanan ang naging dahilan para itulot ng Panginoon na malipol sila ay nagpapaunawa sa atin kung ano ang nakakagalit sa kanyang paningin.*

*Ang Ezekiel 23 ay isa pang kabanata kung saan tinukoy ng Panginoon ang mga bansa ng Israel (Samaria) at Juda (Jerusalem) bilang mga babaeng piniling maging mga patutot. Ang paghahambing ay nagpapakita sa atin kung gaano katindi ang galit ng Panginoon sa kanyang pinagtipanang mga tao na sumasamba sa ibang mga diyos.*


*Nakatala sa Ezekiel 24 na ginamit ng Panginoon ang imahe ng isang kaldero ng pinakukuluang karne upang ilarawan ang mga Judio na "pinakukuluan" ng mga taga-Babilonia. Inilahad din sa kabanata 24 ang pagkamatay ng asawa ni Ezekiel. Sinabi ng Panginoon kay Ezekiel na huwag siyang tangisan bilang tanda sa mga Judio na hindi nila dapat tangisan ang pagkawasak ng Jerusalem at ng kaharian ng Juda dahil nararapat at makatarungang parusahan siya dahil sa kanyang malaking kasamaan.*

# Ezekiel 25–32

## Ang Kaparusahan ng Iba Pang mga Bansa

*Tulad ng mga propetang sina Isaias at Jeremias, nagsalita muna si Ezekiel laban sa mga Israelita at pagkatapos ay laban sa kasamaan ng nakapalibot na mga bansa at ipinropesiya ang kanilang pagkawasak. Ang Ezekiel 25–32 ay naglalaman ng mga propesiya tungkol sa mga bansang ito: mga Ammonita, mga Moabita, Edomita, at Filisteo (tingnan sa Ezekiel 25); Tiro at Sidon (Ezekiel 26–28); at Egipto (Ezekiel 29–32).*

**Ipinropesiyang Pagkawasak ng mga Lupain**




# Ezekiel 33

## Mga Bantay sa Moog

*Bakit lubhang nag-aalala ang mga magulang at pinuno sa bawat antas ng pamamahala sa Simbahan tungkol sa pagtuturo sa mga tao at paghihikayat na magsisi sila?*

*Sa buong kasaysayan kailangang bantayan ng mga tao ang paglusob ng mga kalapit na lipi o bansa. Bilang bahagi ng kanilang planong pang-kaligtasan nagtayo sila ng mga tore sa ibabaw ng mga pader ng kanilang mga lungsod at naglagay ng mga bantay sa mga tore na mag-aabang sa papalapit na mga kaaway. Kung hindi pinansin ng mga tao ang mga bantay, inilagay nila ang kanilang sarili sa malaking panganib. Gayundin, kung hindi ginawa ng mga bantay ang kanilang tungkulin, maaaring mawasak ang buong lungsod. Nakatala sa Ezekiel 33 ang paghahambing ng mga pinuno sa Israel sa mga bantay.*





## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Ezekiel 33*

**Gitna** (t. 2)—Mga hangganan

**Kaniyang dugo** (mga talata 4–6, 8)—Ang responsibilidad

**Pinanglulupaypayan** (t. 10)—Ipinanghihina

**Isauli ang sangla** (t. 15)—Bayaran ang kanyang mga utang

**Palatuntunan** (t. 15)—Mga batas

**Matuwid** (mga talata 17, 20)—Makatwiran o patas

**Mga giba** (mga talata 24, 27)—Lugar na winasak

**Kayo'y nagsisikain ng may dugo** (t. 25)—Tumutukoy sa paglabag sa batas, na nagsasabing huwag kainin ang dugo ng mga karne

**Nanirang puri** (t. 26)—Naging imoral sa

**Sira** (mga talata 28–29)—Walang laman

**Pakinabang** (t. 31)—Ugaling sanhi ng kasakiman

### Ezekiel 33:30–32—Ang Pakikitungo ng mga Judio sa Kanilang mga Propeta

Ang pagkakaroon ng propeta ay malaking pagpapala—ngunit kung susundin lamang natin ang kanyang payo. Sa mga huling talatang ito ng Ezekiel 33, sinabi ng Panginoon kay Ezekiel na nagsalita ang mga tao na para bang mahal nila ang propeta at sabik silang makinig sa kanya, ngunit hindi naman nila sinunod ang itinuturo ng propeta sa kanila. Ang katapusan ng talata 31 ay para talagang katulad ng paglalarawang ibinigay ng Panginoon kay Propetang Joseph Smith tungkol sa mga taong nag-apostasiya (tingnan sa JS—K 1:19).

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Lutasin ang mga Problema Gamit ang mga Banal na Kasulatan

Ipinaliwanag sa Ezekiel 33:1–9 ang tungkulin at kahalagahan ng isang bantay. Ang Panginoon ay tumatawag ng mga propeta, iba pang priesthood at pinuno ng Simbahan, at mga magulang upang maging mga bantay para sa kanyang mga tao. Isipin ang sumusunod na mga sitwasyon at sagutin ang mga tanong sa bandang huli ng bawat isa ayon sa mga alituntuning itinuro sa Ezekiel 33:1–9:

1. Isa sa mga paboritong gawin ng mga kabataan ang manood ng mga pelikula sa video. Ang mga videong ito kadalasan ay mababa sa mga pamantayan ng Simbahan. Ano ang dapat gawin ng mga magulang? Ng bishop? Ng mga Young Men at Young Women president? Ng mga kabataan? Ikaw mismo?
2. Bukod pa sa ibang mga oras ng praktis, nag-iskedyul ng praktis ng team ang soccer coach tuwing Linggo ng umaga. Inaasahan niyang sasali ang lahat ng manlalaro. Ano ang dapat gawin ng mga magulang? Ng bishop? Ng mga kabataan sa team?

# Ezekiel 34

## Ang mga Pastol ng Israel

*Nakatala sa Ezekiel 34 ang karagdagang mga responsibilidad ng mga pinuno ng Simbahan. Sa pagkakataong ito ay inihambing ng Panginoon ang mga pinuno sa mga pastol ng kanyang mga tupa (mga tao). Sa panahon ng kanyang ministeryo sa lupa, tinawag ng Panginoon ang kanyang sarili na "mabuting pastor" (Juan 10:14). Habang binabasa mo ang Ezekiel 34, hanapin kung ano ang sinabi ng Panginoon na kanyang ginagawa kaya siya mabuting pastol at ang sinabi niyang ginagawa ng mga tao kaya sila masasamang pastol. Hanapin din kung ano ang sinabi niya tungkol sa tupa.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Ezekiel 34*

**Samsam, pinakahuli** (mga talata 8, 22, 28)—Isang bagay na hinuhuli para makain

**Aalisin ang aking mga tupa sa kanilang kamay** (t. 10)—Pananagutin sila para sa kawan

**Lampisawin, nilampisaw** (mga talata 18–19)—Dumihan

**Binali ang tali ng kanilang pamatok** (t. 27)—Inalis sila sa pagkaalipin, pagkabihag, at mga pasanin

**Pananim na ikababantog** (t. 29)—Mabunga o masagana

### Ezekiel 34:23–24—"Aking Lingkod na si David"

Ang "David" sa mga talatang ito ay tumutukoy sa Mesiyas. Ang ibig sabihin ng pangalang *David* sa Hebreo ay "pinakamamahal." Ang magagandang kalagayang inilarawan sa mga talatang ito ay mangyayari kapag tinanggap ng mga Judio ang pinakamamahal na Anak ng Diyos bilang kanilang Mesiyas. Tingnan din sa Isaias 9:6–7; Apocalipsis 22:16.

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ano ang Katangian ng Mabuting Pinuno?

1. Ayon sa Ezekiel 34:1–10, 18–19, bakit masamang "mga pastor" ng mga tao ng Panginoon ang mga pinuno ng Israel?
2. Ilista ang mga katangian ng mabuting pastol na matatagpuan sa Ezekiel 34:11–16, at ipaliwanag kung paano maipapakita ng isang taong naglilingkod sa panguluhan ng korum ng Aaronic Priesthood o klase ng Young Women ang bawat katangian sa kanyang tungkulin.

# Ezekiel 35

## Pagkawasak ng Edom

*Ang Ezekiel 35 ay isa pang kabanata ng pagpaparusa sa Edom, na tinatawag ding Bundok ng Seir at Idumea, isang bansa sa paligid ng Israel.*

# Ezekiel 36

## Isang Mensahe ng Pag-asa

*Bagama't napahiya ang mga Israelita sa paningin ng lahat ng nakapalibot na bansa, sinabi ng Panginoon sa Ezekiel 36 na itinulot niyang mapahiya sila bilang patotoo na hindi niya tutulutan ang kanyang mga tao na kutyain siya at ang mga tipang ginawa nila sa kanya. Ang Ezekiel 36 ay naglalaman ng pangako na—bilang patotoo sa mundo na siya ang tanging tunay at buhay na Diyos—titipunin ng Panginoon ang isang darating na henerasyon ng mga Israelita pabalik sa kanilang lupain at sa tipan ng kaugnayan nila sa kanya. Nangako siya na lilinisin niya sila mula sa kanilang mga kasamaan at bibigyan sila ng "bagong puso" at "bagong diwa" (tingnan sa t. 26), at, hindi katulad noong maraming taon bago ang panahon ni Ezekiel, susundin nila ang mga utos ng Panginoon.*

# Ezekiel 37

## Dalawang Pangitain Tungkol sa Pagpapanumbalik

*Isa sa magagandang bagay tungkol sa inspiradong pagtuturong ginamitan ng mga simbolo ay na mayroon itong mahigit sa isang kahulugan at maiaangkop sa mahigit sa isang panahon o sitwasyon. Ang Ezekiel 37 ay magandang halimbawa ng maramihang kahulugan. Binigyan ng Panginoon si Ezekiel ng dalawang "pakay-aralin" tungkol sa pagtitipon ng Israel sa kabanata 37. Ang mga pakay-araling ito ay nagtuturo at nagpapatotoo rin sa iba pang mga dakilang katotohanang may kaugnayan sa plano at kaharian ng Diyos sa mga huling araw.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Ezekiel 37*

**Bansa** (t. 21)—Mga taong hindi naniniwala sa Diyos

**Mapapahamak** (t. 23)—Madudumihan


**Santuario** (mga talata 26, 28)—Templo

**Tabernakulo** (t. 27)—Lugar kung saan nananahan ang Diyos



### Ezekiel 37:15–20—Ang Tungkod ng Juda at ang Tungkod ng Ephraim

Sabi ni Elder Boyd K. Packer, "Sa sinaunang Israel nakasulat ang mga talaan sa mga tapyas na kahoy o papel na nakabalumbon sa mga patpat. … Ang tungkod o talaan ni Juda—ang Lumang Tipan at ang Bagong Tipan—at ang tungkod o talaan ni Ephraim—ang Aklat ni Mormon, na isa pang tipan ni Jesucristo—ay … tunay na iisa sa ating mga kamay. Ang propesiya ni Ezekiel ay natupad na ngayon" (sa Conference Report, Oct. 1982, 73; o *Ensign,* Nob. 1982, 51, 53).



## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Hanapin ang Simbolo

1. Ang pangitain ni Ezekiel na nakatala sa Ezekiel 37:1–14 ay malinaw na sumasagisag sa pangako ng Panginoon na titipunin ang mga anak ni Israel. Pumili ng isang salita o parirala na inaakala mong kumakatawan sa sumusunod na mga tao o kalagayan: mga anak ni Israel, espirituwal na pagkaligaw ng mga anak ni Israel, impluwensya ng Espiritu Santo sa mga anak ni Israel, unti-unting pagtitipon ng mga anak ni Israel.
2. Paano pinatototohanan ng Ezekiel 37:1–14 ang isa pa, maging ang mas malawakang "panunumbalik" ng mga anak ni Israel? (tingnan din sa Alma 11:42–45; D at T 138:16–17).

### B Scripture Mastery—Ezekiel 37:15–17

1. Magdrowing ng isang larawan o diagram ng mga bagay sa mga talatang ito ng scripture mastery.
2. Ang dalawang tungkod, o mga talaan, ding iyon na binanggit ni Ezekiel ang binanggit sa 2 Nephi 3:11–12. Ilista ang sinabi sa Aklat ni Mormon na mangyayari dahil sa "pagsasama" ng dalawang tungkod na ito.
3. Habang nagbabasa ka pa sa Ezekiel 37 hanggang talata 22 matatanto mo na mahalaga ang dalawang "tungkod" na ito sa pagtitipon ng Israel. Ipaliwanag kung paano sa palagay mo makakatulong ang pagsasanib ng Biblia at Aklat ni Mormon sa pagtitipon ng sambahayan ni Israel. Sa iyong sagot isaalang-alang ang mensahe ng subtitle ng Aklat ni Mormon: Isa Pang Tipan ni Jesucristo.

# Ezekiel 38–39

## Ang Digmaan ng Gog at Magog


*Binanggit sa Ezekiel 38–39 ang isang malaking digmaang magaganap sa Israel sa "mga huling araw" at masasangkot dito ang mga tao mula sa "Magog" na pinamumunuan ng haring nagngangalang Gog. Inilarawan ni Ezekiel na magaganap ang digmaang ito sa "mga bundok ng Israel" laban sa mga anak ni Israel na nagtipon sa mga lupaing ito. Sinabi rin ng Panginoon kay Ezekiel na mahimala niyang ililigtas ang kanyang mga tao mula sa mga hukbo ng Magog upang lahat ng bansa ay "malalaman na ako ang Panginoon" (Ezekiel 38:23). Dahil sa mga paglalarawang ito, tila inilalarawan ni Ezekiel ang malaking digmaan bago sumapit ang Ikalawang Pagparito na karaniwang kilala bilang "Armagedon."*

*Ang nakalilito ay inilarawan ni Juan na Tagapaghayag ang isang digmaan sa pagitan ng mabuti at masama sa pagtatapos ng Milenyo bilang digmaan ng Gog at Magog (tingnan sa Apocalipsis 20:7–9). Kaya may dalawang digmaang tinutukoy bilang Gog at Magog, ang una bago sumapit ang Ikalawang Pagparito at ang isa ay sa pagtatapos ng Milenyo. Magkatulad ang mga ito sa paraang magkakaroon ng malalaking digmaang magdudulot ng malaking pinsala na lubusang lilipol sa mga kaaway ng Diyos at gagawa ng malalaking pagbabago sa mundo.*

# Ezekiel 40–42

## Ang Pangitain ni Ezekiel Tungkol sa Isang Templo

*Ang Ezekiel 40–42 ay naglalaman ng detalyadong paglalarawan ni Ezekiel ng kanyang paglibot sa isang templo sa "lupain ng Israel" (40:2). Sinukat ng kanyang gabay, isang sugo mula sa langit, ang bawat bahagi ng templo, kaya kabilang sa paglalarawan ni Ezekiel ang sukat ng mga silid, pader, pinto, at marami pang iba. Ang templong inilarawan niya ay katulad na katulad ng templo ni Salomon. Hindi natin alam kung kailan itatayo o kung itatayo ang templong nakita niya.*



# Ezekiel 43–44

## Napuspos ng Kaluwalhatian ng Diyos ang Templo

*Ano ang pakiramdam mo kapag tinitingnan mo ang mga larawan ng isang templo o bumisita ka sa isang templo at lumibot ka rito o pumasok ka sa loob?*

*Nakatala sa Ezekiel 43 na nakita ni Ezekiel na pumasok ang kaluwalhatian ng Panginoon sa templo at ginawa itong banal at sagrado. Sinabihan si Ezekiel na mananahan ang Panginoon sa gitna ng kanyang mga tao sa templo. Sinabihan din siya na ilahad sa mga tao ang kanyang nakita upang mapahiya sila dahil sa kanilang mga kasamaan (tingnan sa t. 11) at matulungan silang magkaroon ng hangaring bumalik sa Panginoon at marapat na matamasa ang mga pagpapala ng templo, isang pribilehiyong nawala sa kanila dahil sa mga kasalanang hindi nila pinagsisihan.*

*Nakasaad sa Ezekiel 44 ang malinaw na utos ng Panginoon na walang maruming bagay na papasok at sasamba sa templong nakita ni Ezekiel. Gayundin ang itinakdang pamantayan ng Panginoon para sa mga taong papasok sa mga templo sa ating panahon (tingnan sa D at T 97:15–17).*

# Ezekiel 45–46

## Marami Pang Tungkol sa Templo

*Ang Ezekiel 45–46 ay naglalaman ng iba pang paglalarawan ng Panginoon sa mga ritwal na may kaugnayan sa templo, tulad ng ilan sa mga ordenansang isinagawa ng mga Judio sa kanilang mga templo na hindi nila naisagawa nang wasto noong sila ay mabihag sa Babilonia.*

# Ezekiel 47

## Ang Nakapagpapagaling na mga Tubig ng Templo

*Nakasaad sa Ezekiel 47 ang pangitain ni Ezekiel kung paanong aagos pa rin ang tubig mula sa ilalim ng templo sa Jerusalem at dadaloy patungong silangan, na palaki nang palaki hanggang sa ito ay maging ilog. Dadaloy ang ilog sa Patay na Dagat at "bubuhayin" itong muli sa pagkakaroon ng mga isda at pananim dito. Sabi ni Propetang Joseph Smith, "Dapat bumalik ang Juda, dapat maitayong muli ang Jerusalem, at ang templo, at magmumula ang tubig sa ilalim ng templo, at mapapagaling ang mga tubig ng Patay na Dagat. Matatagalan bago maitayong muli ang mga pader ng lungsod at ng templo, … at lahat ng ito ay dapat maisagawa bago dumating ang Anak ng Tao" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, 286).*

*Ang kaganapang ito ay simbolo rin ng espirituwal na pagpapanibago at pagsilang na muli na sumasapit sa mga tao at pamilya kapag nakibahagi sila sa sagrado, nagpapasigla, at nagbibigay-lakas na mga ordenansa ng templo na nagmumula sa pinanggagalingan ng "mga tubig na buhay," maging si Jesucristo.*

# Ezekiel 48

## Nagtipon ang Israel at Napasakanila ang Panginoon

*Sa bandang huli ng Ezekiel 47, inilarawan ni Ezekiel ang pagtitipon ng Israel sa sarili nilang mga lupain. Nakatala sa Ezekiel 48 na binanggit ng Panginoon na tumanggap ang bawat lipi ng isang partikular na lugar bilang kanilang mana at mananahan ang Panginoon sa piling nila.*

# Ang Aklat ni Daniel

Kung nasa ibang bansa ka na hindi pinapraktis ang relihiyon mo, gaano kaya kadaling maging tapat sa iyong relihiyon? Paano kung dahil sa relihiyon mo ay kailanganin mong gumawa ng mga bagay na hindi popular o labag pa sa batas ng lupaing iyon?

## Isang Binatilyong Matapang

Naharap si Daniel sa ganitong mga sitwasyon. Si Daniel ay isang binatilyong nabihag, kasama ng iba pang mga Judio, nang unang sakupin ng Babilonia ang Juda (mga 605 B.C.). Dahil matapang at tapat si Daniel sa kanyang pananampalataya, biniyayaan siya ng Panginoon ng kaloob na propesiya at impluwensya sa mga pinuno sa banyagang lupain. Ang kanyang halimbawa ay isang inspirasyon at halimbawa sa atin sa panahong tayo ay nagigipit na gaya ng nadama niya at hinahangad nating magkaroon ng mabuting impluwensyang katulad ng sa kanya.

## Paghahanda sa Pag-aaral ng Daniel

**Daniel—**Ang may-akda ng aklat**.** Isa siyang binatilyo nang simulan ang aklat at mga walumpung taon na nang matapos ang aklat.

**Sadrach, Mesach, Abed-nego—**Tatlo sa mga kapwa Judio ni Daniel na tapat sa kanilang relihiyon.

**Nabucodonosor—**Hari ng Kaharian ng Babilonia mula mga 604 B.C. hanggang mamatay siya noong mga 561 B.C. Siya ang haring sumakop sa Juda at dinalang bihag sa Babilonia ang maraming Judio. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Nabucodonosor."

**Belsasar—**Anak ni Nabucodonosor na naghari kasunod ng kanyang ama at bago nasakop ng mga taga-Persia ang Babilonia. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Belsasar."

**Ciro at Dario—**Mga pinuno ng Kahariang Medo-Persia na sumakop sa Babilonia noong mga 539 B.C. Si Ciro ang unang namuno. Siya ang haring nag-utos na maaari nang bumalik ang mga Judio sa sarili nilang lupain at muling itayo ang kanilang templo.

## Mahahalagang Pangyayari sa Aklat ni Daniel

- Si Daniel at ang iba pang mga Judio ay tumangging kumain ng pagkain na magiging dahilan ng paglabag nila sa batas ni Moises (tingnan sa Daniel 1).
- Binigyang-kahulugan ni Daniel ang mga panaginip at palatandaang ibinigay sa mga hari (tingnan sa Daniel 2; 4–5).
- Inilagay ang tatlong magigiting na kalalakihan sa hurnong nagniningas (tingnan sa Daniel 3).
- Itinapon si Daniel sa yungib ng mga leon (tingnan sa Daniel 6).
- Ipinropesiya ni Daniel ang mga magaganap sa hinaharap mula sa kanyang panahon hanggang sa katapusan ng mundo (tingnan sa Daniel 7–12).

# Daniel 1

## Matatapat na Kabataang Israelita

*Naniwala ang mga taga-Babilonia na may kapangyarihan ang mga mahiko at manghuhula na malaman ang hinaharap. Ipinasiyang tingnan ni Nabucodonosor, hari ng Babilonia, kung matuturuan niya ang mga bihag na kabataang Israelita na makita ang hinaharap. Habang nagbabasa ka, tingnan kung paano naghatid ng mga pagpapala ng Panginoon at nagpahanga sa hari ang katapatan ng ilan sa mga binatilyong ito.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

***Daniel 1***

**Kinubkob** (t. 1)—Nilusob

**Mga bating** (mga talata 3, 9–11)—Pinagkakatiwalaang mga lingkod na kasambahay

**Magpapakahamak** (t. 8)—Kumain o uminom ng ipinagbabawal ng Diyos

**Isasapanganib ang aking ulo** (t. 10)—Ipain ang aking buhay

**Nanganatili sa harap ng hari** (t. 19)—Naging mga tagapaglingkod ng hari

**Enkantador** (t. 20)—Mga taong nagkukunwaring hulaan ang hinaharap sa pamamagitan ng pagtingin sa mga bituin

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ipamuhay ang Kanilang Halimbawa

Si Daniel at ang iba pang mga binatilyo ay nagpakita ng mabuting halimbawa ng pagiging tapat sa pananampalataya at kung paano pinagpapala ng Panginoon ang mga tapat sa kanya. Isipin ang sumusunod na mga sitwasyon at magmungkahi ng solusyon batay sa nabasa mo sa Daniel 1:

1. Kayong magkakaklase ay may parating na mahalagang pagsusulit. Ilan sa kanila ang uminom ng gamot na pampagising para makapag-aral sila nang mas matagal. Inalok ka nila nito. Ano ang gagawin o sasabihin mo?
2. Katatanggap pa lang sa iyo sa una mong trabaho. Gusto mong magpakitang-gilas. Sa isang mahalagang salusalo sa opisina lahat ay inaasahang makipagtagay ng alak sa boss. Ano ang gagawin mo?

## B Pisikal at Espirituwal na mga Pagpapala

**Mga Paraan na Pinagpala si Daniel at ang Kanyang mga Kaibigan**

•

•

•


1. Ilista ang mga paraan na pinagpala si Daniel at ang kanyang mga kaibigan dahil sa kanilang katapatan sa Panginoon.
2. Paano nakatulad ng mga ipinangakong pagpapala sa mga sumusunod sa Word of Wisdom sa ating panahon ang mga pagpapalang natanggap ng mga binatilyong ito? (tingnan sa D at T 89:18–21).

# Daniel 2

## Panaginip ni Nabucodonosor

*Maraming tao sa mundo na sabik magpayo sa atin. Itinuro sa Daniel 2 na humingi ng payo si Haring Nabucodonosor sa kanyang mga mahiko at enkantador, ngunit iisang tao lang ang makapagsasabi sa kanya ng katotohanan. Pansinin kung paano naging katulad ng nangyari kay Jose sa Egipto sa Genesis 41:14–43 ang kuwentong ito.*

*Ang panaginip ni Nabucodonosor ay may espesyal na kahalagahan sa atin dahil ipinopropesiya nito ang pagtatatag ng kaharian ng Diyos sa mga huling araw.*



## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Daniel 2*

**Siya'y napukaw sa pagkakatulog** (t. 1)—Hindi siya makatulog

**Mga mahiko, mga enkantador, mga manghuhula, mga Caldeo** (t. 2)—Mga taong nagkukunwaring makagawa ng mahika at malaman ang hinaharap at kahulugan ng mga panaginip

**Magdahilan** (t. 8)—Antalahin ang oras

**Mababa** (t. 39)—Hindi kasing dakila

**Magkakalakipan** (t. 43)—Magkakadikit

**Lilipulin** (t. 44)—Papalitan

**Maghandog ng alay at ng may masarap na amoy** (t. 46)—Mag-alay ng sakripisyo sa Diyos at sinunog na insenso

**Nasa pintuang-daan ng hari** (t. 49)—Nanatili sa piling ng hari bilang tagapayo

### Daniel 2:45—"Ang Bato ay Natibag sa Bundok, Hindi ng mga Kamay"

Ipinaliwanag ni Daniel na hindi tulad ng lahat ng iba pang kaharian, ang kaharian ng Diyos na kinakatawan ng bato ay itatatag ng Diyos. Ang ibig sabihin ng "hindi ng mga kamay" ay hindi ng mga kamay ng *tao*.

### Panaginip ni Nabucodonosor



KINAKATAWANG MGA KAHARIAN

**Ulo na dalisay na ginto**
Kaharian ng Babilonia

**Dibdib at mga bisig na pilak**
Kaharian ng Media at Persia

**Tiyan at mga hita na tanso**
Kaharian ng Macedonia

**Mga binti na bakal**
Kaharian ng Roma

**Mga paa at daliri sa paa na putik**
Mga kahariang bumangon matapos bumagsak ang Kaharian ng Roma

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Tapusin ang mga Pangungusap na Ito

1. Bago mabigyang-kahulugan ng mga enkantador at mahiko ang panaginip ni Nabucodonosor, sinabi niya na dapat muna silang …
2. Nalaman ni Daniel ang kahulugan ng panaginip ng hari …
3. Sinabi ni Daniel sa hari na alam na niya ang kahulugan …
4. Matapos sabihin ni Daniel sa hari ang kahulugan …

### B Scripture Mastery—Daniel 2:44–45

1. Isinasagisag sa Daniel 2:44–45 ang Simbahan sa mga huling araw, na siyang kaharian ng Diyos sa lupa. Magdrowing ng disenyo para sa isang poster na kumakatawan sa mga ideya sa dalawang talatang ito. Isulat sa likod ng poster ang paliwanag tungkol sa iyong drowing.
2. Basahin ang Doktrina at mga Tipan 65:1–2, 5–6 at isulat kung paano naging katulad ng batong nakita ni Daniel ang Simbahan at kung ano ang nangyari sa Simbahan mula nang magsimula ito sa anim na miyembro noong 1830.
3. Gamit ang diagram sa bahaging "Pag-unawa ng mga Banal na Kasulatan" sa itaas, maaari mong markahan ang mga kahulugan ng mga simbolo sa iyong mga banal na kasulatan.

# Daniel 3

## Tatlong Magigiting na Binatilyo



*Napalapit ka na ba nang sapat sa apoy para mainitan ka? O napaso ka na ba? Kung gayon, mauunawaan mo kung gaano nakakatakot ang ipatapon sa apoy. Pagkatapos ay wariin kung anong uri ng pananampalataya ang kailangan mong taglayin para maging handa kang lumakad sa hurno ng apoy kaysa labagin ang itinuro sa iyo ng Diyos. Ganito ang pananampalataya nina Sadrach, Mesach, at Abed-nego.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Daniel 3*

**Siko** (t. 1)—Distansya

**Pinakundanganan** (t. 12)—Sinunod

**Kami ay walang kailangan** (t. 16)—Hindi kami nag-alala

**Narito** (t. 17)—Kung kami ay itatapon sa hurno

**Tunika** (t. 21)—Amerikana, kasuotan

**Ibinigay ang kanilang mga katawan** (t. 28)—Ipinain ang kanilang buhay

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ipaliwanag ang Problema

1. Ano ang ipinagawa ni Nabucodonosor sa lahat, at bakit ito mali? (tingnan sa Exodo 20:1–6).
2. Ano sa wari mo ang maaaring sinabi kina Sadrach, Mesach, at Abed-nego ng mga Judiong hindi gaanong sumasampalataya sa simula ng kuwento bago sila itinapon sa hurnong nagniningas? Ano sa palagay mo ang isasagot ng tatlo?

### B Magbigay ng Makabagong Halimbawa

**Pagpapakita ng Aking Pananampalataya**

Sa paaralan

Sa komunidad

Sa mga kaibigan

Kung minsan ay inaasahan ang mga makabagong miyembro ng Simbahan na yumuko sa mga bagay ng mundo, o sa madaling salita, ibaba ang kanilang mga pamantayan upang maging katanggap-tanggap sa paningin ng mundo. Magbigay ng isang halimbawa sa bawat isa sa sumusunod na mga sitwasyon kung saan inaakala mong maipapakita ng mga miyembro ng Simbahan ngayon ang pananampalataya nina Sadrach, Mesach, at Abed-nego: (1) sa paaralan, (2) sa komunidad, at (3) sa mga kaibigan.

### C Sa Sarili Mong mga Salita

1. Isulat sa sarili mong mga salita ang sinabi ng tatlong binatilyo sa Daniel 3:17–18.
2. Anong bagay ang hindi natitiyak ng mga binatilyo, at anong bagay ang natitiyak nila?
3. Batay sa sinabi at ginawa nina Sadrach, Mesach, at Abed-nego, ano ang sasabihin mong pinakamahalaga at mabisang elemento ng kanilang patotoo?
4. Kung makakausap mo sina Sadrach, Mesach, at Abed-nego, ano ang mga itatanong mo sa kanila, at bakit?

# Daniel 4–5


## Dalawang Haring Mapagmataas

*Nakatala sa Daniel 4 na dahil muling naging mapagmataas si Nabucodonosor, binigyan siya ng Diyos ng isa pang panaginip. Muli, binigyang-kahulugan ni Daniel ang panaginip. Itinuro ng Panginoon kay Nabucodonosor na siya ay hari ng isang dakilang kaharian dahil lamang sa tinulutan ito ng Hari ng Langit.*

*Sa pagitan ng Daniel 4–5, mahigit dalawampung taon ang nagdaan, at may bagong hari sa Babilonia na nagngangalang Belsasar. Masyado rin itong palalo at kinutya ang Diyos ng Israel sa isang malaking kapistahan sa kanyang palasyo. Isang kamay ang lumitaw at sumulat sa pader. Binigyang-kahulugan ni Daniel ang nakasulat, na nagsabing babagsak ang Babilonia. Nang gabing iyon sinakop ng mga taga-Media at taga-Persia ang Babilonia.*

# Daniel 6

## Si Daniel sa Yungib ng mga Leon



*Ang Daniel 6 ay isinulat noong mga walumpung taong gulang si Daniel. Kahit naging taga-payo si Daniel sa mga hari ng Babilonia, naging tagapayo rin siya sa mga hari ng Kaharian ng Medo-Persia na sumakop sa Babilonia. Hanapin kung paano tinangka ng mga kaaway ni Daniel na patayin siya at paano siya patuloy na pinagpala ng Panginoon dahil sa kanyang katapatan.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Daniel 6*

**Mangagbigay-alam** (t. 2)—Mag-ulat

**Upang magtatag ng isang palatuntunang hari sa kaharian, at upang maglagda ng isang pasiyang mahigpit** (t. 7)—Piliting gumawa ng batas ang hari

**Humingi ng isang kahilingan** (mga tatala 7, 12)—Humingi ng tulong

**Singsing na panatak** (t. 17)—Singsing na may nakaukit na sagisag ng kapangyarihan

**Taghoy na tinig** (t. 20)—Tinig ng isang taong nagdurusa o nagdadalamhati

**Namamalagi** (t. 26)—Maaasahan

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Muling Isalaysay ang Kuwento

Isulat ang kuwento ng Daniel 6 upang maunawaan ito ng isang batang musmos.

### B At sa Gayon Nakikita Natin

**Mga Pagpapasiya sa Daniel 6**

Ang ginawa ng hari

Ang ginawa ng ibang mga pangulo at satrapa [prinsipe]

Ang ginawa ni Daniel

1. Repasuhin ang buong Daniel 6 at hanapin ang ginawa ng hari, ng iba pang mga pangulo at satrapa, at ni Daniel. Isulat kung ano ang nangyari sa bawat isa sa kanila dahil sa kanilang mga pasiya.

2. Basahin ang 1 Nephi 1:20; Alma 30:60. Para kanino at paano maiaangkop ang mga alituntunin sa mga banal na kasulatang ito sa kuwento sa Daniel 6?

# Daniel 7–12

## Ang mga Panaginip at Pangitain ni Daniel Bilang Propeta

*Ang Daniel 7–12 ay naglalaman ng tala ng ilan sa mga pangitain ni Daniel tungkol sa mangyayari sa kanyang mga tao, sa sambahayan ni Israel, at sa mundo. Tulad ng makikita sa ibaba, ang kahulugan ng ilan sa mga pangitain ni Daniel ay kapareho ng kahulugan ng panaginip ni Nabucodonosor sa Daniel 2. Hindi inihayag sa atin ng Panginoon ang kahulugan ng lahat ng nakita ni Daniel.*

**Ang mga Kaharian sa mga Pangitain ni Daniel**

| | Daniel 2 | Daniel 7 | Daniel 8 | Daniel 11–12 |
|---|---|---|---|---|
| **Babilonia** | Ulo na ginto<br>Tingnan sa mga talata 32, 37–38. | Leon<br>Tingnan sa t. 4. | | |
| **Medo-Persia** | Dibdib at mga bisig na pilak<br>Tingnan sa mga talata 32, 39. | Oso<br>Tingnan sa t. 5. | Lalaking tupa<br>Tingnan sa mga talata 3–4, 20. | Tingnan sa 11:1–2. |
| **Grecia-Macedonia** | Tiyan at mga hita na tanso<br>Tingnan sa mga talata 32, 39. | Leopardo<br>Tingnan sa mga talata 6–7. | Lalaking kambing<br>Tingnan sa mga talata 5–8, 21–22. | Tingnan sa 11:3–20. |
| **Roma** | Mga binti na bakal<br>Tingnan sa mga talata 33, 40. | Kakilakilabot na hayop<br>Tingnan sa mga talata 7, 19. | | |
| **Maraming Kaharian** | Mga paa at daliri sa paa na putik<br>Tingnan sa mga talata 33, 41–43. | Sampung sungay<br>Tingnan sa mga talata 7–8, 20. | | |
| **Kaharian ng Diyos sa mga Huling Araw** | Bato<br>Tingnan sa mga talata 34–35, 44–45. | Adan at Jesucristo<br>Tingnan sa mga talata 9–14, 22–28. | | Tingnan sa 12:1–3. |
| **Ang Kapangyarihan ng mga Anti-Cristo** | | Maliit na sungay mula sa sampung sungay<br>Tingnan sa mga talata 8, 20–22. | Maliit na sungay mula sa apat na ulo<br>Tingnan sa mga talata 9–12. | Tingnan sa 11:21–45. |

# Ang Aklat ni Oseas

## Pangyayari sa Kasaysayan

Bagama't hindi natin alam kung kailan talaga nabuhay at nangaral si Oseas, nakasaad sa kanyang mga isinulat na nabuhay siya sa pagitan ng mga 760–20 B.C. Ibig sabihin nito nabuhay siya noong panahon ni Isaias, ni Mikas, at malamang ay ni Amos. Ang kanyang mensahe ay karaniwang nakatukoy sa Hilagang Kaharian, na sinakop at binihag ng mga taga-Asiria noong 722 B.C. Lalong sumama ang mga tao sa Hilagang Kaharian—lalo na sa pagsamba nila sa diyus-diyusang si Baal. Sa sobrang kasamaan ng relihiyong ito na sumasamba sa mga diyus-diyusan, sinamahan pa nila ng imoralidad ang mga "sagradong" seremonya. Ang mga gawaing ito ay lubhang nagpagalit sa Diyos, at malamang ay gumamit si Oseas ng mabisa at madamdaming mga simbolo at pagtuturo dahil sa mga gawaing ito.

## Isang Kuwento ng Pag-ibig



Ang Aklat ni Oseas ay nagsisimula sa isang kasal. Bagama't ang kasal ay hindi katulad ng inaasam ng lahat, isinalaysay ang kuwento sa paraang makikita natin ang pag-ibig sa tunay na kahanga-hangang paraan. Nakasaad sa kuwento na si Oseas ang asawa, ngunit ang "tunay" na asawa ay ang Panginoon, at ang asawang babae ay ang mga anak ni Israel. Ang kasal ay sumasagisag sa tipan ng Panginoon sa kanyang mga tao. Ang kuwentong ito na marahil ang pinakamadamdaming paliwanag sa buong banal na kasulatan tungkol sa pagmamahal ng Panginoon sa kanyang mga anak at sa kanyang katapatan sa mga tipang ginawa niya sa kanila. Inilarawan din dito ang responsibilidad ng mga anak ni Israel na tuparin ang kanilang mga tipan sa Diyos at iwasan ang lahat ng uri ng pagsamba sa diyus-diyusan, noong unang panahon at ngayon.

## Pagtuturong May mga Simbolo

Gumamit si Oseas ng maraming imahe at simbolo sa pagtuturo ng kanyang mensahe. Halimbawa, gumamit siya ng isang asawang lalaki, isang ama, isang leon, isang leopardo, isang babaeng oso, hamog, at ulan bilang mga simbolo ng Panginoon. At gumamit siya ng isang asawang babae, isang taong maysakit, isang puno ng ubas, mga ubas, mga puno ng olibo, isang babaeng nagsisilang, ulap sa umaga, at iba pang mga simbolong kumakatawan sa Israel. Maging ang pangalang *Oseas* ay simboliko. Ito ay nagmumula sa salitang-ugat na Hebreo katulad ng *Josue*, na siyang pangalang Hebreo ng *Jesus.* Angkop ang pangalan ni Oseas dahil makatutulong ang kanyang mensahe upang malaman at madama natin nang mas matindi ang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Ang iba pang mga pangalan sa aklat, tulad ng mga pangalan ng mga anak ni Oseas, ay may simbolikong kahulugan din.

# Oseas 1–3

## Isang Tipan ng Kasal

*Tulad ng ginawa niya sa buhay nina Jeremias at Ezekiel, ginamit ng Panginoon ang buhay ng propetang si Oseas upang simbolikong maituro ang isang mabisang aral. Ang Oseas 1–3 ay naglalaman ng isang kuwentong mas mauunawaan mo ang kahulugan kung aalalahanin mo na inihambing ng Panginoon ang tipan ng kanyang kaugnayan sa Israel sa relasyon ng isang mag-asawa. Ang paghahambing na ginawa sa aklat ni Oseas ay lalong angkop dahil ang pagsamba ng mga Israelita sa mga diyus-diyusan ay sinamahan din ng pakikipagtalik sa mga patutot. Ang pagtingin sa mga talababa para sa kahulugan ng ilan sa mga pangalan at iba pang mga salita at parirala sa kuwentong ito ay magpapaunawa sa iyo ng mensahe ng Panginoon sa pamamagitan ni Oseas.*

*Habang nagbabasa ka, lumagay sa lugar ni Oseas at wariin kung ano ang kailangang gawin para magawa ang kanyang ginawa. Maaari mo ring wariin kung ano ang iisipin mo kung ikaw si Gomer. Alalahanin na kinakatawan ni Oseas ang Panginoon, at kinakatawan ni Gomer ang Israel.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Oseas 1*

**Oseas 1:2–3—Talaga Bang Sinabi ng Panginoon kay Oseas na Pakasalan ang Isang Patutot?**

"Tanggapin man ang interpretasyon ng manunulat sa mga pagpapakasal ni Oseas o ng iba pa, malinaw ang kahalagahan ng mga kabanatang 1–3 sa relihiyon. Ang mga asawa ni Oseas ay kumakatawan sa Israel, ang taksil at mahilig makiapid na asawa ni Jehova, na nagtatakda na kung hindi ititigil ni Israel ang kanyang mga pakikiapid at magbabago ay papatawan siya ng malupit na parusa. Para sa kanyang mabibigat na kasalanan siya ay itatama at parurusahan nang sa gayon ay matutuhan niya sa mapait na karanasan na mas mahalaga ang kanyang asawa sa kanya kaysa inaakala niya" (Sidney B. Sperry, *The Voice of Israel's Prophets* [1952], 282).

Para maunawaan talaga ang mensahe ng aklat ni Oseas, dapat nating isaalang-alang kung anong uri ng lakas ang kinailangang taglayin ni Oseas upang tunay na magawa ang nakalarawan sa kuwento.

*Oseas 2*

**Babakuran** (t. 6)—
Haharangan

*Oseas 3*

**Homer** (t. 2)—Isang yunit ng pagsukat

**Efod, teraf** (t. 4)—Sa kasong ito, mga bagay na may kaugnayan sa pagsamba sa mga diyus-diyusan

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Bigyang-Kahulugan ang mga Simbolismo

1. Kung kinakatawan ni Oseas ang Panginoon, at kinakatawan ni Gomer ang Israel, ano ang mensahe ng Oseas 1?
2. Ipinapaliwanag sa Oseas 2:5 kung bakit sinunod ni Gomer ang kanyang mga diyus-diyusan. Paano naging katulad ng mga dahilang ito ang ibinibigay ng mga tao dahil sa paglabag sa kanilang mga tipan ngayon?
3. Ipaliwanag kung bakit sa palagay mo mahalaga ang sinabi ni Gomer sa Oseas 2:7, lalo na kung nauugnay ito sa isang taong nagkasala ngayon (tingnan sa Alma 30:60; 41:10).
4. Inilahad sa Oseas 2:1–13 ang gagawin ng Panginoon sa o para sa Israel (Gomer) dahil sa ginawa nito. Ilista ang mga pangakong iyon at ipaliwanag kung paano ito naging pagpapakita ng kanyang pagmamahal sa kanya (tingnan sa D at T 95:1).

### B "Pumarito Kayo sa Akin"

1. Sabi ni Elder Spencer W. Kimball, "Ang imahe ng isang mapagmahal at mapagpatawad na Diyos ay malinaw na dumarating sa mga nagbabasa at nakauunawa ng mga banal na kasulatan. Yamang siya ang ating Ama, likas niyang hinahangad na itaas tayo, at hindi itulak pababa, tulungan tayong mabuhay, hindi ang isakatuparan ang ating espirituwal na kamatayan" (*The Miracle of Forgiveness* [1969], 344). Pumili ng dalawang partikular na pagkakataon mula sa Oseas 2:14–23 na nagpapakitang totoo ang sinabi ni Elder Kimball, na ipinapaliwanag kung ano ang hinangaan mo sa mga talatang pinili mo.
2. Mula sa Oseas 2:14 ilista ang ilang tiyak na paraan na alam mong hinihikayat tayo ng Panginoon na lumapit sa kanya.
3. Sa kuwento ni Gomer, tila ang mga pagkakamali niya ang naging dahilan para siya maging bihag o alipin. Kaya, kahit gusto ni Gomer (Israel) na bumalik kay Oseas (ang Panginoon), hindi siya nakabalik. Totoo rin ito sa mga makasalanan. Kung sila lamang, hindi nila kayang palayain ang kanilang sarili mula sa gapos ng kasalanan. Ayon sa Oseas 3:2–5, ano ang ginawa ni Oseas para kay Gomer na sumasagisag sa ginagawa ng Panginoon para sa kanyang mga tao?
4. Basahin din ang mga I Mga Taga Corinto 6:19–20; I Ni Pedro 1:18–20 at sabihin kung paano nauugnay ang mga talatang ito sa ginawa ni Oseas para kay Gomer.
5. Ayon sa Oseas 3:3–5, ano ang dapat gawin ni Gomer para matanggap ang ginawa ni Oseas para sa kanya?
6. Ayon sa Lucas 10:25–27 at Mosias 2:21–24, ano ang dapat nating gawin upang matanggap ang ginawa ng Panginoon para sa atin? (tingnan sa D at T 59:8).

# Oseas 4–5

## Ang mga Kasalanan ng Israel at ng Juda

*Sa Oseas 4–5 tinukoy ng Panginoon ang mga kasalanan ng mga anak ni Israel. Tinawag niyang "Ephraim" ang Hilagang Kaharian alinsunod sa liping namuno sa kanila, at tinawag niyang "Juda" ang Katimugang Kaharian alinsunod sa lipi ng kanilang hari.*

# Oseas 6

## Nais ng Diyos ang Taos-Pusong Pagsisisi

*Kung minsan ay iniisip ng mga tao na maaari silang magkasala at pagkatapos ay gawin ang ilang bagay, tulad ng paghingi ng paumanhin, pag-usal ng ilang panalangin, pagbabayad ng kanilang ikapu, at pagdalo sa lahat ng miting nila sa Simbahan, para mabayaran ang kanilang mga kasalanan. Kahit talagang mahalaga ang mga ito, mas malalim na proseso ang pagsisisi. Ang pagsisisi ay isang bagbag na puso at nagsisising espiritu na nagdadala ng labis na kalungkutan para sa ating mga kasalanan (tingnan sa 3 Nephi 9:20). Kung taos-puso tayong nagsisisi sa ganitong paraan at paninibaguhin ang ating mga tipan sa Panginoon, lilinisin tayo ng Espiritu, mapapayapa ang ating konsiyensya, mawawala ang hangarin nating magkasala, matuturuan tayo kung paano patuloy na lalapit sa Panginoon, at mabibigyan tayo ng lakas na tuparin ang ginawa nating mga tipan.*

*Ang Oseas 6:1–3 ay tila pagpapahayag ng mga anak ni Israel kung gaano kabilis sila umaasang makapagsisi. Ang natitirang bahagi ng maikling kabanatang ito ay nagbibigay ng malungkot na tugon ng Panginoon sa kanilang pag-uugali. Ipinahayag sa talata 6 ang hangad ng Panginoon para sa kabutihan ng kalooban gayundin sa pagsasabuhay ng relihiyon.*

# Oseas 7–10

## Inaani ng Israel ang Kanyang Itinanim

*Nakatala sa Oseas 7–10 na nangusap ang Panginoon sa Ephraim (ang Hilagang Kaharian ng Israel) tungkol sa kanilang mga kasalanan. Gumamit siya ng maraming bagay para ihambing sa kanilang kalagayan, tulad ng "isang tinapay na hindi binalik" (7:8), "isang mangmang na kalapati" (7:11), "isang mailap na asno na nagiisa" (8:9), "ubas sa ilang" (disyerto; 9:10), at "isang mayabong na baging" (10:1).*

*Ang pangunahing mensahe ng Panginoon ay na ang mga tao ng Ephraim (Hilagang Kaharian ng Israel) ay gumawa ng mga diyus-diyusan at sinamba ang mga ito, kahit hindi sila mailigtas ng mga ito. Nang matanto ang kawalan ng kapangyarihan ng mga diyus-diyusan, bumaling ang Ephraim sa tunay na Diyos at umasang ililigtas niya sila, at nang hindi siya kaagad tumulong, sinabi nila na hindi siya makapangyarihang Diyos, kahit sila ang nagdulot ng kalungkutan at pagkalipol sa kanilang sarili dahil tumalikod sila sa kanya. Tingnan sa Oseas 10:13 para sa magandang buod ng mensahe ng Panginoon.*

# Oseas 11

## Katibayan ng Pag-ibig ng Diyos

*Ang Oseas 11 ay naglalaman ng paalala ng Panginoon sa Ephraim (ang Hilagang Kaharian) kung gaano niya sila maawaing tinubos mula sa Egipto noong panahon ni Moises. Gayunman, hindi sila lubos na sumunod sa kanya at ngayon ay nais bumalik ng ilan sa Egipto para maligtas sila mula sa Asiria sa halip na magtiwala sa Panginoon na umakay sa kanila palabas ng Egipto para pangalagaan sila. Sa kabila ng pagtataksil na ito, sinabi ng Panginoon na patuloy siyang maaawa sa kanila. Sinabi niya na itutulot niyang mabihag ng Asiria ang Ephraim ngunit hindi niya sila lubos na lilipulin.*

# Oseas 12–14

## Isang Panawagan na Magbalik-loob sa Panginoon

*Oseas 12–14 ang huling mga kabanata ng mga isinulat ni Oseas. Sa mga kabanata 12–14 patuloy na binanggit ng Panginoon ang mga kasalanan ng Ephraim at ang masasakit na bunga nito. Gayunman, ang huling mensahe ng Panginoon ay pag-asa at pagmamahal para sa kanyang mga anak na makasalanan (tingnan sa Oseas 13:9–14; 14).*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

***Oseas 13:9–14***

**Nagdaramdam na babae** (t. 13) —Babaeng nanganganak

***Oseas 14***

**Ilalagak na parang mga toro ang handog ng aming mga labi** (t. 2)—Ibigay ang aming mga salita, o papuri, bilang sakripisyo

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ano ang Lubos na Nakaantig sa Iyo?

Magsulat tungkol sa mga parirala, talata, o ideyang lubos na nakaantig sa iyo sa Oseas 13:9–14; 14 kung paano magsisi at ano ang gagawin ng Panginoon kung magsisisi tayo.

# Ang Aklat ni Joel

Si Joel ay isang propeta ng Juda. Ang aklat ni Joel ay isang propesiyang tumitiyak sa mga tao na sa pagsisisi ay muli nilang matatanggap ang mga pagpapala ng Diyos. Kakaunti ang alam natin tungkol sa propetang si Joel. Inilahad sa Joel 1:1 ang pangalan ng kanyang ama, ngunit wala nang iba pang impormasyong ibinigay tungkol sa kanyang personal na buhay. Malamang na hindi ang Joel na sumulat ng aklat na ito ang Joel na binanggit sa ibang bahagi ng Biblia. Dahil hindi binanggit ni Joel ang mga bansang Asiria o Babilonia, mahirap sabihin kung kailan siya nabuhay at nagsulat. Gayunman, tila pamilyar siya sa bansa ng Juda kaya ipinapalagay natin na nangaral siya roon.

## "Ang Kaarawan ng Panginoon"

Ang mensahe ni Joel ay nakatuon sa tinatawag niyang "kaarawan ng Panginoon" (Joel 1:15; 2:1; 2:11; 2:31; 3:14). Ang "kaarawan ng Panginoon" ay tumutukoy sa araw o oras ng paghuhukom kapag nagbigay ang Panginoon ng mga gantimpala at parusa. Kahit madalas nating tukuyin ang Ikalawang Pagparito bilang kaarawan ng Panginoon, may iba pang mga araw ng Panginoon. Halimbawa, nang sakupin ng mga taga-Asiria ang Israel, iyan ang araw ng paghuhukom ng Panginoon sa Israel. Sa bawat tao, ang araw ng Panginoon ay maaaring ang araw ng kamatayan ng isang tao.

## Pag-aangkop sa mga Huling Araw

Bagama't ang mga propesiya ni Joel ay maiaangkop sa mga tao sa kanyang panahon, sinabi ni Moroni kay Joseph Smith na ang talata sa Joel 2:28–32 ay "malapit" nang matupad (tingnan sa JS—K 1:41). Dahil dito, dapat nating isipin kung paano maiaangkop sa ating panahon ang mga propesiya ni Joel, lalo na tungkol sa "kaarawan ng Panginoon" na madalas nating tawaging Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.

## Joel 1

### Matuto mula sa Pagsalakay ng mga Balang

*Kadalasan ay nagpapahina sa atin ang mga kalamidad na dulot ng kalikasan at wala tayong magawa sa harap ng nakasisindak at di-mapigilang puwersa nito. Ang Joel 1 ay naglalaman ng malinaw na aral na itinuro ni Joel sa pamamagitan ng paggamit ng isang kalamidad na dulot ng kalikasan—isang salot na mga balang—upang turuan ang mga tao na wala silang magagawa kung hindi sila magsisisi bago dumating ang "kaarawan ng Panginoon" at hatulan ang masasama. Partikular niyang inihambing ang pagdagsa ng mga balang sa paglusob ng isang hukbo na sasapit sa lupain at lilipol sa mga taong hindi magsisisi bilang bahagi ng mga kahatulan ng Diyos. Ang ganitong mga uri ng kahatulan ay ipinropesiya rin para sa mga huling araw (tingnan sa D at T 5:19; 45:31; 87). Iminungkahi ni Joel na magtipon ang mga tao sa bahay ng Panginoon sa pag-aayuno at pagdarasal para maligtas sa kanilang oras ng paghihirap tulad ng utos ng Panginoon sa mga Banal sa mga huling araw na "[tumayo] sa mga banal na lugar" (D at T 45:32).*

## Joel 2

### Sino ang Makaliligtas sa Araw na Iyon?

*Madalas isipin ng mga tao ang Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas nang may takot. Ngunit sinabi ng Panginoon na "hindi dapat matakot ang mabubuti" (1 Nephi 22:17). Dagdag pa ni Joseph Fielding Smith, "Hindi ito isang kakila-kilabot at nakakatakot na araw sa mabubuti" (Doctrines of Salvation, tinipon ni Bruce R. McConkie, 3 tomo [1954–56], 1:173). Nakatala sa Joel 2 ang ilang malalagim na propesiyang maghahatid ng takot sa ilang tao. Habang nagbabasa ka, hanapin din kung ano ang gagawin ng Panginoon sa mga huling araw at pagsapit ng kanyang Ikalawang Pagparito na maghihikayat at magbibigay sa iyo ng pag-asa.*

### Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

***Joel 2***

**Sumusupok** (mga talata 3, 5)—Tumutupok nang lubusan

**Humahanay sa pagbabaka** (t. 5)—Handa nang makipaglaban

**Mga hanay** (t. 7)—Mga pila ng nagmamartsang mga sundalo

**Nagsasagawa** (t. 11)—Nagsasakatuparan, tinitiyak na may mangyayari

**Papagdalamhatiin** (t. 13)—Pamighatiin

**Bayan** (t. 17)—Mga anak

**Kakutyaan** (mga talata 17, 19)—Kahihiyan

**Pinakahuli** (t. 20)—Likuran

**Maagang ulan, huling ulan** (t. 23)—Dalawang panahon ng tag-ulan sa isang taon sa lupain ng Israel

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Sagutin ang Tanong ni Joel

**Sino ang makaliligtas sa kaarawan ng Panginoon?**

Ang unang sampung talata ng Joel 2 ay naglalarawan ng kakila-kilabot na pagkawasak na mangyayari sa "kaarawan ng Panginoon." May tanong sa talata 11 na maaari nating pag-isipan matapos basahin ang gayon kalungkot at kakila-kilabot na mga propesiya. Matapos basahin ang Joel 2:12–20; Doktrina at mga Tipan 45:57, isulat ang sagot sa tanong sa dulo ng Joel 2:11.

### B Isang Propesiya sa mga Huling Araw

Basahin ang Joel 2:28–32; Joseph Smith—Kasaysayan 1:41. Sa anong mga paraan mo nakitang natupad ang propesiyang ito?

# Joel 3

## Isang Malaking Digmaan

*Ang Joel 3 ay angkop na angkop sa mga huling araw. Sa katunayan, tila nakalarawan dito ang digmaang madalas tukuyin sa mga banal na kasulatan bilang Armagedon, na mangyayari bago sumapit ang Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas. Ang Armagedon ay isang digmaan kung saan lahat ng bansa ay makikidigma laban sa mga tao ng Panginoon at lalaban ang Panginoon para sa kanyang mga tao upang tulungan silang magwagi sa digmaan. Ang digmaan ay bahagi ng paghatol at paglipol sa masasama bago sumapit ang Milenyo.*

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Pagwawagi sa Digmaan

Hindi natin dapat kalimutan na tiyak na hindi lamang ang digmaan ng Armagedon ang panahong makikipadigmaan o nakipagdigmaan ang mga tao ng Panginoon. Sa katunayan, ang ating pakikipagdigmaan kay Satanas ay nagsimula sa buhay bago tayo isinilang (tingnan sa Apocalipsis 12:7–11). Pinalayas si Satanas sa panahong iyon, ngunit siya ay "nakidigma [pa rin] sa mga banal ng Diyos" (D at T 76:29). Walang hanggan ang bunga ng digmaang ito, at dapat tayong mag-ingat dahil habang papalapit ang Ikalawang Pagparito, hindi lamang uudyukan ni Satanas ang mga tao sa pisikal na labanan, kundi itutuloy pa niya ang kanyang pakikidigma upang espirituwal na sirain ang mga anak ng Ama sa Langit. Kaya habang inaantabayanan natin ang Armagedon bilang isa sa mga tanda ng pagparito ng Tagapagligtas, huwag nating kalimutan na kasali na tayo sa isang malaking digmaan laban sa mga puwersa ng kasamaan, at dapat tayong maging magiting sa pagsisikap na ito. Basahin ang Joel 3:16–21; 1 Nephi 14:11–14; 22:16–17 at ipaliwanag kung paano nangako ang Panginoon na tutulungan ang kanyang mga tao sa mga pisikal at espirituwal na digmaan sa mga huling araw.

# Ang Aklat ni Amos

## Isang Propeta ng Kapayapaan at Kasaganaan

Si Amos ay nagpropesiya sa Hilagang Kaharian noong mga 760–50 B.C., halos kasabay ng kapanahunan ng propetang si Oseas. Sa panahong iyan, ang Hilagang Kaharian ng Israel ay dumanas ng kapayapaan at kasaganaan. Gayunman, hindi lahat ay nakabahagi sa kasaganaan dahil labis na yumaman ang ilan sa pamamagitan ng pagbabalewala sa mga batas ng Panginoon samantalang ang iba ay naging mas mahirap pa. Bukod dito, karamihan sa bansa, kabilang ang mga hari, ay lumahok sa pagsamba sa mga diyus-diyusan, at kakaunti ang sumusunod sa mga kautusan. Isinugo ng Panginoon si Amos upang utusan ang mga tao na pagsisihan ang mga kasalanang ito.

## Kasaysayan

Si Amos ay isang simpleng pastol mula sa isang munting bayan, ngunit may matindi at mahalagang mensahe siya tungkol sa pamumuhay ng mga alituntunin ng ebanghelyo, at sa mga kaparusahan ng Diyos sa mga mapagmataas na tao. Para sa karagdagang impormasyon tungkol kay Amos, tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Amos."

# Amos 1–2

## Pagpaparusa sa Israel at sa mga Bansang Nakapaligid Dito

*Sinimulan ni Amos ang kanyang mga propesiya sa mga mensahe ng pagpaparusa ng Panginoon sa ilang bansa na nakapaligid sa Israel: Siria (matutukoy sa kabisera nitong Damasco; tingnan sa Amos 1:3–5), Filistia (matutukoy sa malalaking lungsod nitong Gaza, Asdod, Ascalon, at Ecron; tingnan sa Amos 1:6–8), Phoenicia (at ang pangunahing lungsod nito, ang Tiro; tingnan sa Amos 1:9–10), Edom (tingnan sa Amos 1:11–12), Ammon (tingnan sa Amos 1:13–15), at Moab (tingnan sa Amos 2:1–3). Bawat isa ay pinarusahan dahil sa mga kasalanan nito at sa pagsalakay sa Israel.*

*Ang mga pagpaparusang ito ay maaaring nakatawag ng pansin sa mga anak ni Israel, at malamang ay sumang-ayon sila sa mga utos ni Amos, ngunit pinarusahan din niya ang Juda (tingnan sa Joel 2:4–5) at Israel (tingnan sa Joel 2:6–16). Ipinaalam ni Amos sa mga Israelita na ang katarungan ng Diyos ay pareho sa lahat ng nagkasala sa kanya—lahat sila ay mapaparusahan sa huli. Ang natitirang bahagi ng aklat ni Amos ay halos puro mensahe ng babala sa Israel na magsisi sila.*

# Amos 3

## Ang Papel ng mga Propeta

*Maraming tao sa mundo ngayon ang naniniwala na hindi na nangungusap ang Ama sa Langit sa kanyang mga anak sa pamamagitan ng mga propeta. Nakatala sa Amos 3 ang sinabi ni Amos tungkol sa Panginoon at mga propeta. Hanapin ang kanyang mga turo tungkol sa mga propeta gayundin ang sinabi ng Panginoon na mangyayari sa Israel kung hindi sila makikinig sa kanilang mga propeta.*

### Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Amos 3*

**Walang huli** (t. 4)—Hindi nakahuli ng anumang makakain

**Silo** (t. 5)—Patibong

**Ingay** (t. 9)—Kaguluhan at pagkalito

**Ang mga sungay ng dambana ay mahihiwalay** (t. 14)—Ang pagsamba nila sa Diyos ay mawawalan ng saysay at magiging hungkag. (Ang mga sungay ay simbolo ng kapangyarihan.)

**Bahay na pangtagginaw, bahay na pangtaginit** (t. 15)—Mga bahay ng mayayaman na nagbalewala sa Diyos at sa kanyang mga propeta.


#### Amos 3:7—Ang Panginoon ay Laging Tumatawag ng mga Propeta Upang Ipahayag ang Kanyang Salita

Ang Amos 3:7 ay naglalaman ng isang katotohanang napakahalaga sa mensahe ng Pagpapanumbalik: Palaging kumikilos ang Diyos sa pamamagitan ng mga propeta upang ipahayag ang kanyang salita at mga gawain sa mga tao. Matapos banggitin ang Amos 3:7, sinabi ni Elder LeGrand Richards: "Ngayon kung nauunawaan natin iyan, walang makahahanap ng gawain dito sa ibabaw ng lupa na hindi pinamumunuan ng isang propeta. Ang Panginoon ay hindi kailanman gumawa ng isang gawaing kinilala niya nang walang propetang namumuno rito" (sa Conference Report, Okt. 1975, 75; o *Ensign,* Nob. 1975, 50).

### Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

#### A Scripture Mastery—Amos 3:7

1. Sa Amos 3:3–6, may pitong bagay na itinanong si Amos, na ang mga sagot ay malinaw na "hindi." Itinanong niya ang mga iyon para ituro ang isang bagay sa talata 7 na gayon din ang nadama niyang katiyakan. Ano ang sinabi ni Amos na "tiyak" na mangyayari? (Tingnan din sa 1 Nephi 22:2).
2. Magbigay ng halimbawa ng "lihim" na inihayag ng Panginoon sa ating panahon at paano nito napagpala ang buhay ng mga nakikinig at sumusunod.



#### B Ano ang mga Bunga?

Basahin ang Amos 3:11–15; Doktrina at mga Tipan 1:11–16 at isulat ang sinabi ng Panginoon na mangyayari sa mga ayaw makinig at sumunod sa mga propeta?

# Amos 4

## "Sinikap Kong Matulungan Kayo"

*Ginawa mo na ba ang lahat para gumawa ng mabuti sa isang tao para lamang tanggihan ka niya at ang ibinibigay mo? Tinanggihan ng Israel ang Diyos na nagpalaya sa kanila mula sa pagkaalipin sa mga taga-Egipto at nagbigay sa kanila ng lupang pangako (tingnan sa Amos 2:9–10). Nakasaad sa Amos 4 ang sinabi ng Panginoon na gagawin niya upang "bumalik" sa kanya ang Israel. Hanapin ang sinabi niya habang nagbabasa ka.*

### Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Amos 4*

**Mga baka ng Basan** (t. 1)—Literal na mga baka sa isang lugar na sagana ang pananim; sumasagisag sa mayayamang babaeng walang inaalala kundi ang kanilang sarili

**Beth-el, Gilgal** (t. 4)—Mga sambahang naging marumi

**Lebadura** (t. 5)—Pampaalsa (Ang pag-aalay ng tinapay na may lebadura na may kasamang sinunog na mga handog ay ipinagbawal.)

**Mangaghayag ng kusang mga handog at inyong itanyag** (t. 5)—Isang puna sa pagiging matwid ng Israel dahil gusto nila ang mga panlabas na pagpapakita ng pananampalataya ngunit ayaw sundin ang mga utos ng Diyos.

**Sapagka't ito'y nakalulugod sa inyo** (t. 5)—Gusto ninyong gawin ito

**Kalinisan ng mga ngipin, kakulangan ng tinapay** (t. 6)—Taggutom


**Pagkasalanta at amag** (t. 9)—Mga sakit na sumisira sa mga pananim

**Salot** (t. 10)—Isang matinding sakit

**Dupong** (t. 11)—Nagbabagang patpat

### Amos 4:2—Paano Aalisin ng Panginoon ang Kanyang mga Tao sa Pamamagitan ng mga "Bingwit" at "Pamingwit"?

Ang mga taga-Asiria ay kilala sa paglalagay ng mga kawit sa mga labi, ilong, o pisngi ng kanilang mga kaaway at pagdurugtung-dugtong sa kanila gamit ang isang kadena. Ang pagdurugtung-dugtong ng mga bihag ay nagpadali sa pagbabantay at "pagdadala" sa kanila sa pagkabihag.



## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Paano Ito Magagawa?

1. Sa Amos 4:6–11 ipinaliwanag ng Panginoon ang ginawa niya para mahikayat ang Israel na bumalik sa kanya. Gumawa ng isang listahan ng kanyang sinabi.
2. Paano sa palagay mo maiimpluwensyahan ng mga kahatulan ng Panginoon ang Israel na bumalik sa kanya? (Tingnan sa Alma 32:13; Helaman 12:2–6).
3. Basahin ang Doktrina at mga Tipan 122:7–8 at isipin ang ilang panahon ng paghihirap na dinanas mo. Paano magiging pagpapala ang isang pagsubok?

# Amos 5

## Hanapin ang Panginoon at Mabuhay

*Inilahad sa Amos 5 kung paano muling hinikayat ang mga Israelita na hanapin ang Panginoon at pagsisihan ang kanilang mga kasamaan. Higit sa lahat, pinarusahan ng Panginoon ang kanilang kasakiman at pagsamba sa mga diyus-diyusan. Sinabi niya na kung kanilang "hahanapin ang Panginoon," sila ay "mangabubuhay" (tingnan sa mga talata 3–6, 14–15), ngunit kung hindi, sila ay madadalang bihag.*

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ano sa Palagay Mo?

Basahin ang Amos 5:4–6, 14–15. Yamang lahat tayo ay mamamatay balang-araw o sa anumang paraan, ipaliwanag ang mga paraan na inaakala mong "mangabubuhay" ang mga naghahanap sa Panginoon.

# Amos 6

## Sa Aba Nila na Nangagwawalang Bahala

*May mga tao ba sa Simbahan ngayon na tila nag-aakalang maliligtas sila dahil lamang mga miyembro sila ng Simbahan kahit hindi nila tunay na mahal at pinaglilingkuran ang Panginoon? Madalas magkamali ang mga Israelita sa pagaakalang hindi sila kailanman tutulutan ng Panginoon na malipol—kahit hindi sila mabubuti—dahil sila ang piling mga tao ng Diyos (tingnan sa Deuteronomio 7:6).*

*Sa Amos 6 pinarusahan sila ng Panginoon dahil mas inisip nila ang kanilang kayamanan at kaginhawahan kaysa katarungan, awa, o kanilang Diyos (tingnan din sa 2 Nephi 28:21–24). Dahil sa ugali nilang ito, sinabi ng Panginoon na mabibihag ang Israel ng kanilang mga kaaway.*

# Amos 7–9

## Limang Pangitain ni Amos

*Ang Amos 7–9 ay tungkol sa limang pangitaing natanggap ni Amos mula sa Panginoon. Ipinakita sa bawat pangitain na layon ng Panginoon na ganap na wasakin ang kaharian ng Israel kung hindi magsisisi ang mga tao. Ang unang dalawang pangitain ay tungkol sa mga kapahamakan na naiwasan dahil nagsisi ang Israel (tingnan sa Amos 7:1–6). Inihayag sa sumunod na tatlong pangitain ang mga paraan na hindi nagsisi ang Israel (tingnan sa Amos 7:7–9; 8:1–3; 9:1–4). Ang bunga ng mga kasalanang ito ay na sasakupin at mabibihag ang Hilagang Kaharian ng Israel. Gayunman, hindi tutulutan ng Diyos na tuluyang malipol ang Israel. Sa kabanata 9, nangako ang Panginoon sa kanila na bagama't sila ay makakalat sa lahat ng bansa, sa mga huling araw ay titipunin silang muli sa kanilang mga lupang pangako.*

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Opsiyonal na Aktibidad—Ano ang Ibig Sabihin Nito?


1. Inilarawan sa Amos 8:11–12 ang isang apostasiya. Alamin ang kahulugan ng salitang *apostasiya* at sabihin kung bakit ang mga talatang ito sa Amos ay isang magandang paglalarawan ng pangkalahatang apostasiya sa mundo.
2. Gamit ang mga simbolo para sa ebanghelyo na ginamit ni Amos sa Amos 8:11–12, gumawa ng isang anunsyong nag-aanyaya sa mga tao na saliksikin ang katotohanan. Maaaring isulat na lang ninyo ang isasaad sa anunsyo o idrowing ang ilalagay mo sa isang poster.

# Ang Aklat ni Obadias

## Isang Mensahe ng Katarungan

May tao na bang nagsamantala sa iyo noong ikaw ay nasa gipit na kalagayan? Isinumpa ni Obadias ang bansang Edom sa pagsasamantala sa Jerusalem. Nang salakayin ng ibang bansa ang Jerusalem, tumulong ang mga Edomita na matalo ang mga Judio at nakawin ang kanilang mga pag-aari. Ipinropesiya ni Obadias ang pagkawasak ng Edom dahil sa kalupitan nila sa Juda at ang kaligtasan ng Israel sa Bundok ng Sion kalaunan.

## Maikling Kasaysayan sa Isang Maikling Aklat




Ang ibig sabihin ng pangalang *Obadias* ay "lingkod ni (o sumasamba kay) Jehova." Ang kanyang aklat ay malamang na isinulat noong mga 586 B.C., pagkatapos lamang ng pagkawasak ng Jerusalem, at siyang pinakamaikli sa lahat ng aklat sa Lumang Tipan. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Obadias."

## Obadias

### Pagtubos sa mga Patay

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

**Obadias 1:21—"Mga Tagapagligtas ... sa Bundok ng Sion"**

Tinukoy ng mga makabagong propeta ang Obadias 1:21 bilang isang propesiya tungkol sa gawain sa templo sa mga huling araw na isasagawa para sa mga namatay na hindi nakarinig ng ebanghelyo at nakatanggap ng mga ordenansa nito. Sabi ni Propetang Joseph Smith: "Ngunit paano sila magiging mga tagapagligtas sa Bundok ng Sion? Sa pamamagitan ng pagtatayo ng kanilang mga templo, pagtatayo ng kanilang mga bautismuhan, at pagpunta roon at pagtanggap ng lahat ng ordenansa, binyag, kumpirmasyon, paghuhugas, pagpapahid ng langis, ordinasyon at pagbubuklod sa kanilang ulunan, para sa lahat ng kanilang yumaong mga ninuno, at tubusin sila upang sila ay magbangon sa unang pagkabuhay na mag-uli at mapadakila sa mga trono ng kaluwalhatian kasama nila; at narito ang kawing na nagbibigkis sa puso ng mga ama sa mga anak, at ng mga anak sa kanilang mga ama, na siyang nagsasakatuparan ng misyon ni Elijah" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, 330).

# Ang Aklat ni Jonas

## Isang Hindi Pangkaraniwang Propeta at Aklat

Ang aklat ni Jonas ang tanging aklat sa bahagi ng mga Propeta sa Lumang Tipan na una sa lahat ay nagtatala ng mga nangyari sa propeta sa halip na itala ang kanyang mga paghahayag at propesiya. Si Jonas ay malamang na nanirahan noong panahong si Jeroboam II ang hari ng Israel (mga 793–53 B.C.). Habang binabasa mo ang aklat ni Jonas, isipin kung ano ang itinuturo nito sa iyo tungkol sa pag-ibig ng Diyos. Pansinin din na kahit maikli lang ang aklat, tinukoy si Jesus sa dalawang magkaibang bahagi nito sa panahon ng kanyang mortal na ministeryo (tingnan sa Mateo 12:39–41; Lucas 11:29–32) Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa aklat ni Jonas, tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Jonas."

# Jonas 1–2

## Matatakasan Mo Ba ang Panginoon?

*Ano ang sasabihin o madarama mo kung italaga ka (na mag-isa) ng iyong mga lider na ibahagi ang ebanghelyo sa pinakamasama at pinakamalupit na taong kilala mo? Nakasaad sa Jonas 1–2 kung paano tinawag si Jonas na magpunta sa Ninive, ang kabisera ng Asiria, at balaan ang mga taga-Asiria na magsisi. Ang mga taga-Asiria ay kilala noon sa labis nilang kasamaan at kalupitan at nasakop na nila ang Siria at nagbantang sasakupin ang Israel.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Jonas 1*

**Humiyaw ka laban doon** (t. 2)—Balaan ang mga tao na magsisi

**Mga taong dagat** (t. 5)—Mga marinero

**Mangagsapalaran** (t. 7)—Isang paraan na naniwala ang mga tao na mababatid nila ang kalooban ng Diyos (katulad ng palabunutan o kara y krus)

**Lalo't lalong umuunos** (mga talata 11, 13)—Lalong tumitindi at lumalakas

**Nagsidaing** (t. 14)—Taimtim na humiling, nagmakaawa

**Tumigil sa kaniyang poot** (t. 15)—Napayapa o huminto

**Nagsipanata (t**. 16)—Nangangako

*Jonas 2*

**Pagdadalamhati** (t. 2)—Paghihirap


**Hukay** (t. 6)—Kamatayan

**Ang nagsisilingap ng mga walang kabuluhang magdaraya binabayaran ang kanilang sariling kaawaan** (t. 8)—Ang mga taong nagtitiwala sa mga diyus-diyusan ay hindi tinutulungan ng Panginoon

**Jonas 1:2–3—Ninive at Tarsis**

Ang Ninive at Tarsis ay kumakatawan sa dalawang magkabilang dulo ng Gitnang Silangan at Mediterranea. Nang magpunta si Jonas sa Tarsis, mukhang tinatangka niyang lumayo noon mula sa Ninive hangga't maaari.

**Balak na Paglalakbay Papuntang Tarsis**




## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Hanapin ang mga Detalye

1. Bakit ginising ng mga mandaragat si Jonas?
2. Kanino ang ideyang itapon si Jonas sa dagat?
3. Ano ang inihanda ng Panginoon para lunukin si Jonas?

### B Ano sa Palagay Mo?

Isulat kung bakit maaaring gustuhing takasan ng isang tao ang gustong ipagawa sa kanya ng Diyos o tanggihan ang mga tungkulin sa Simbahan. Ano ang matututuhan natin sa karanasan ni Jonas sa Jonas 1 tungkol sa pagtatangkang takasan ang Panginoon? (tingnan sa Moises 4:12–16).

### C Isang Halimbawa ng Tagapagligtas

Gaano katagal si Jonas sa tiyan ng isda? Basahin din ang Mateo 12:38–41 at isulat kung paano naging katulad ng nangyari sa Tagapagligtas ang karanasan ni Jonas.

# Jonas 3–4

## Si Jonas sa Ninive

*Ang Ninive, kabisera ng Asiria, ay isang napakalaking lungsod noong panahong iyon. Mga 96 na kilometro (60 milya) ang palibot nito at mga 120,000 ang populasyon nito (tingnan sa Jonas 4:11). Ang Ninive ay kilala bilang isang napakasamang lungsod. Nakatala sa Jonas 3–4 kung ano ang ginawa ng mga tao nang sabihin sa kanila ni Jonas na sila ay malilipol dahil sa kanilang kasamaan, at ano ang reaksyon ni Jonas sa kanilang tugon. Pansinin kung ano ang ginawa nila at ano ang natutuhan ni Jonas sa kanyang misyon.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Jonas 3*

**Pangaral na aking iniutos sa iyo** (t. 2)—Ang mensaheng iniutos kong ibigay mo

**Kayong magaspang** (mga talata 5, 6, 8)—Magaspang na kasuotan na isinusuot upang magpakita ng pagpapakumbaba o kalungkutan

**Naupo sa mga abo** (t. 6)—Tanda ng pagpapakumbaba o kalungkutan

*Jonas 4*

**Di baga ito ang aking sinabi** (t. 2)—Hindi ba sinabi kong gagawin mo ito

**Mapagbiyaya, puspos ng kahabagan** (t. 2)—Mapagpatawad, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Pagbabayad-sala

**Iligtas siya sa kaniyang masamang kalagayan** (t. 6)—Pagalingin siya

**Natuyo** (t. 7)—Namatay

**Nanghinayang** (t. 10)—Nalungkot sa

**Hindi marunong magmunimuni ng kanilang [kanang] kamay at ng kanilang kaliwang kamay** (t. 11)—Hindi alam ang tama sa mali

### Jonas 3:9–10—Kailangan Bang Magsisi ng Diyos?

Ang tamang pagsasalin ni Joseph Smith ng Jonas 3:9–10 ay nakalista sa "Mga Pinili mula sa Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia" sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan* sa ilalim ng Amos 7:3.

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Sumulat ng Isang Pagpapahayag

Isang Pagpapahayag sa mga Tao ng Ninive

Sinabi sa Jonas 3:5–8 na nang marinig ng hari ang mensahe ni Jonas siya ay nagpahayag sa mga tao. Batay sa nabasa mo sa Jonas 3, isulat kung ano sa palagay mo ang maaaring nakasaad sa pagpapahayag at ano ang nalalaman mo tungkol sa mga mamamayan ng Ninive.

### B Ano ang Kanyang Iniisip?

Ilarawan kung ano kaya ang nadama ni Jonas sa ginawa ng Diyos sa Jonas 3:10 at kung bakit sa palagay mo gayon ang nadama niya.

### C Ano ang Punto o Mensahe?

Sabihin kung ano sa palagay mo ang mensahe ng aklat ni Jonas (maaari kang pumili ng mahigit sa isa).

# Ang Aklat ni Mikas

## Isang Propesiya Tungkol sa Mesiyas

Ang ibig sabihin ng pangalang *Mikas* ay "taong kahalintulad ni Jehova." Si Mikas ay nagmula sa isang munting bayan sa katimugang Juda (tingnan sa Mikas 1:1) at nagpropesiya sa pagitan ng mga 740–697 B.C. sa panahon ng paghahari nina Jotham, Achaz, at Ezechias, na mga hari ng Juda; halos magkasabay na nagpropesiya sina Mikas at Isaias. Ang mensahe ni Mikas ay kapwa para sa Israel at Juda at naglalaman ng mga salita ng wakas at kaparusahan at gayon din ng pag-asa at pangako ng maawaing pagpapanumbalik ng mga tao ng Panginoon kalaunan. Si Mikas ay kilalang-kilala sa kanyang pambihirang propesiya tungkol sa pagsilang ng Mesiyas (tingnan sa Mikas 5:2).

## Mikas 1–2

### Babagsak Kapwa ang Israel at Juda

*Nakasaad sa Mikas 1–2 ang mga propesiya ni Mikas na darating ang kaparusahan ng Panginoon kapwa sa Israel at Juda dahil sa kanilang mga kasalanan. Partikular niyang binanggit ang mga kasalanan ng pagsamba sa mga diyus-diyusan at paghahangad ng kayamanan at pagkatapos ay pagtatamo ng mga kayamanang iyon sa pamamagitan ng dahas at kasinungalingan. Gayunman, hindi hinayaan ni Mikas na mawalan ng pag-asa ang Israel at Juda. Ipinropesiya niya na matapos ang mga kahatulan, ang Israel ay matitipong muli.*

## Mikas 3

### Kinagalitan ang Masasamang Pinuno

*Anong uri ng mga tao ang pinipili ng Diyos na maging kanyang mga lingkod? Nakasaad sa Mikas 3 ang sinabi ni Mikas na mali sa mga dapat maging pinuno ng Israel at mga lingkod ng Diyos. Hanapin ang sinabi niya habang nagbabasa ka.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Mikas 3*

**Pagalam ng katuwiran** (t. 1)—Maging makatwiran sa paghatol

**Umaagaw ng balat nila, kumakain ng laman ng aking bayan, lumalapnos ng kanilang balat, bumabali ng kanilang mga buto, pinagputolputol yaon** (mga talata 2, 3)—Mga pariralang ginamit upang ilarawan ang kalupitan ng mga pinuno ng Israel at Juda. Hindi naman talaga *kinain* ng mga pinuno ang mga tao. Ginamit nila ang kanilang awtoridad upang magpayaman sa pamamagitan ng pagkuha sa pagkain, kasuotan, at pag-aari ng mga tao.

**Nagliligaw** (t. 5)—Pinagkakasala

**Na nagkakanggigitil ng kanilang mga ngipin, … pinaghahandaan siya nila ng digma** (t. 5)—Sasabihin ng mga bulaang propeta na "kapayapaan" sa mga nagpapakain sa kanila ngunit kakalabanin ang mga hindi magpapakain sa kanila.

**Makapanghuhula, nanganghuhula** (mga talata 6, 11)—Nasasabi ang hinaharap gamit ang mga paraang hindi inorden ng Diyos

**Ang araw ay lulubog sa mga propeta, ang mga tagakita ay mangapapahiya, mga manghuhula ay mangatutulig** (mga talata 6–7)—Mga pariralang nangangahulugan na patatahimikin ang mga bulaang propeta

**Nangapopoot sa kahatulan, at nangagbabaluktot ng matuwid** (t. 9)—Nagagalit sa pagkakapantay-pantay at binabaligtad ang tama

**Sa pamamagitan ng dugo, sa pamamagitan ng kasamaan** (t. 10)—Sa pamamagitan ng pagpatay at kasamaan

**Mga pangulo** (t. 11)—Mga pinuno

**Magiging mga bunton** (t. 12)—Magiging isang bunton ng mga bato

**Ang bundok ng bahay ay parang mga mataas na dako sa isang gubat** (t. 12)—Ang templo ay magiging tulad sa isang burol na natatakpan ng mga puno at palumpong.

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Pagbutihin Mo

1. Ilista ang sinabi sa Mikas 3 na maling ginagawa ng mga pinuno ng mga tao.
2. Magsulat tungkol sa isang pinuno ng Simbahan na kilala mo o gumamit ng isang halimbawa sa banal na kasulatan at ilarawan ang kanyang mga katangian sa pagsunod sa Panginoon at pamumuno sa iba.

# Mikas 4

## Ang Panginoon ay Maghahari sa Sion

*Gamit ang huwaran sa mga propesiya ni Mikas, ang Mikas 4 ay kasunod ng "masamang balita" sa Mikas 3 na may ilang "mabuting balita." Ang unang tatlong talata ay halos katulad ng propesiya ni Isaias tungkol sa bundok ng Panginoon sa mga taluktok ng mga bundok (tingnan sa Isaias 2:1–4). Ang halos buong kabanata 4 ay tungkol sa kahihinatnan ng Sion kapag hinahanap natin ang Panginoon at kanyang Sion.*

# Mikas 5

## Ang Pagdating ng Mesiyas

*Nakatala sa Mikas 5 na ipinropesiya ni Mikas ang unang pagparito ng Tagapagligtas at na sa mga huling araw ay maliligtas ang mga anak ni Israel mula sa kanilang mga kaaway at magiging mabubuti.*

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Paano Ito Natupad?

Ang propesiya sa Mikas 5:2 ay ibinigay noong mga 700 B.C. Basahin ang Mateo 2:1–6; Lucas 2:1–7. Sino ang nagsakatuparan ng propesiya ni Mikas? Malamang ay ginamit ang karagdagang pangalang *Ephrata* sa Mikas 5:2 para tukuyin ang Bet-lehem sa Judea hindi ang Bet-lehem sa Zabulon.

# Mikas 6–7

## Ang mga Kasalanan ng Israel at ang Awa ng Panginoon

*Nakatala sa Mikas 6 na pinarusahan ng Panginoon ang Israel dahil sa kanilang kasinungalingan at kasakiman, karahasan, at pagsamba sa mga diyus-diyusan. Ipinahayag sa Mikas 7 ang pangako ng Panginoon na sa mga huling araw, kapag ang Israel ay nagsisi at bumalik sa Panginoon, ay kaaawaan niya sila.*

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ano ang Kailangan?

1. Ayon sa Mikas 6:7–8, ano ang kailangan upang maging "kalugud-lugod" sa paningin ng Panginoon?
2. Ang Mikas 6:7–8 ay isinulat para sa mga tao maraming taon na ang nakararaan. Muling isulat ang talata 7 gamit ang mga halimbawa ng maaaring ibigay ng mga tao ngayon na hindi "kalugud-lugod" maliban kung may kalakip na mga katangiang katulad kay Cristo na nakalista sa talata 8.

# Ang Aklat ni Nahum

## Isang Mensahe ng Kaaliwan

Ang ibig sabihin ng *Nahum* sa Hebreo ay "kaaliwan." Yamang ang maikling aklat ni Nahum ay isang propesiya ng mga kahatulan ng Diyos sa Ninive, ang kabisera ng Asiria, maaaring nakaaliw ang kanyang mensahe sa mga Israelitang nagdusa sa mga kamay ng mga taga-Asiria.

## Kasaysayan

Tulad ng ilan sa mga propeta sa Lumang Tipan, kakaunti ang alam natin tungkol kay Nahum. Pinaniniwala tayo ng nilalaman ng kanyang aklat na isinulat niya ang kanyang mga propesiya sa pagitan ng mga 663–12 B.C., ang panahong nang Asiria ang pinakamakapangyarihang bansa sa Gitnang Silangan.

Ang mga propesiya ni Nahum tungkol sa pagkawasak ng Asiria ay naaangkop din sa mundo bago sumapit at kapag sumapit na ang Ikalawang Pagparito.

# Ang Aklat ni Habacuc

## Mga Tanong ng Isang Propeta at mga Sagot ng Diyos

Si Habacuc ay maaaring nabuhay sa panahong labis ang kasamaan ng Juda sa kabila ng pagsisikap ng mga propeta na baguhin ang espirituwal na kalagayan ng bansa. Ang maikling aklat ni Habacuc ay naglalaman ng dalawang tanong niya sa Panginoon, mga sagot ng Panginoon, at isang panalanging inialay niya upang kilalanin ang sakdal na karunungan ng Panginoon sa paraan ng pakikitungo niya sa kanyang mga anak. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa propetang si Habacuc at sa kanyang mga isinulat sa Lumang Tipan, tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Habacuc."



**"Hanggang kailan dadaing ako, at hindi mo didinggin?"**

## Habacuc 1–2

### Mga Tanong at mga Sagot

*Nakatala sa Habacuc 1:2–4 na nagtanong si Habacuc sa Panginoon tungkol sa kasamaan ng mga Judio at kung bakit niya tinulutan ang gayong kasamaan sa kanyang mga tao. Sinagot siya ng Panginoon sa Habacuc 1:5–11, na ipinapaliwanag na dahil sa kasamaan ng mga Judio, hindi maglalaon ay sasakupin sila ng mga taga-Babilonia. Sa Habacuc 1:12–17, tinanong ni Habacuc ang Panginoon kung bakit niya gagamitin ang mga taga-Babilonia—isang lahing mas masama pa sa mga Judio—para lipulin ang kanyang pinagtipanang mga tao na naging masasama. Sa Habacuc 2:2–20 sumagot ang Panginoon sa pagsasabing lilipulin din ang mga taga-Babilonia dahil sa kanilang kasamaan—kahit tila sumandali silang umunlad.*

## Habacuc 3

### Ang Panalangin ni Habacuc

*Ang Habacuc 3 ay naglalaman ng isang panalangin, na isinulat sa tulang Hebreo, kung saan nagpatotoo si Habacuc tungkol sa kapangyarihan at kabutihan ng Diyos at sa sarili niyang tapat na pangakong susundin ang Panginoon kahit sa mga panahon ng paghihirap ng kanyang mga tao.*

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Sa Sarili Mong mga Salita

**Ang Aking Tapat na Pangakong Susundin ang Panginoon**

Basahin ang Habacuc 3:17–18 kung saan tapat na nangako si Habacuc na susundin ang Panginoon kahit sa mga panahon ng paghihirap. Isulat ang sarili mong maikling pahayag na nagsasaad ng iyong tapat na pangakong sundin ang Panginoon.

# Ang Aklat ni Zefanias

Nagpropesiya si Zefanias na darating ang kaarawan ng Panginoon nang may dakilang kapangyarihan sa masasama ngunit magbibigay ng pag-asa at magandang hinaharap para sa mga taong naghahanap sa Panginoon at namumuhay nang matwid.

## Isang Maharlikang Propeta

Ang unang talata ng Zefanias ay tumukoy sa kanya bilang inapo ni Haring Ezechias, isang matwid na hari ng Juda na nabuhay mga isandaang taon bago isinulat ang aklat na ito. Si Zefanias ay nagpropesiya sa mga panahon ni Haring Josias, isa pang matwid na hari sa Juda, na ibig sabihin ay nabuhay siya sa panahon din nina Habacuc, Mikas, at ng batang si Jeremias.

## Paghahanda sa Pag-aaral ng Zefanias

Ang Aklat ni Zefanias ay naglalaman ng dalawang pangunahing ideya:

1. *Ang kaarawan ng Panginoon.* Darating ang Panginoon upang hatulan ang mga taong makasalanan at mapagkunwari. Ang katotohanang ito ay angkop sa bansa ng Juda sa panahon ni Zefanias gayundin sa masasama sa lahat ng panahon, lalo na sa mga nabubuhay sa panahon ng Ikalawang Pagparito.
2. *Pagpapanumbalik at pagdadalisay.* Ipapakita ng Diyos ang kanyang sarili at dadalisayin ang mga taong nagpapakumbaba ng kanilang sarili sa gitna ng kanyang mga kahatulan.

## Zefanias 1–2

### Araw ng Paghuhukom

*Nakatala sa Zefanias 1 ang propesiya ni Zefanias kung ano ang mangyayari sa mga tao ng Juda dahil sa kanilang mga kasalanan, na kinabibilangan ng pagsamba sa mga diyus-diyusan, paggawa ng masama sa isa't isa, at pag-aakalang mabubuti sila samantalang masama ang ginawa nila.*

*Inilahad sa Zefanias 2 na nagpropesiya si Zefanias na hindi lamang lilipulin ng mga taga-Babilonia ang mga Judio kundi pati na lahat ng masamang nakapaligid sa Juda, kabilang na ang mga Filisteo (tingnan sa mga talata 4–7), mga Moabita at Ammonita (tingnan sa mga talata 8–11), mga taga-Etiopia (tingnan sa t. 12), at mga taga-Asiria (tingnan sa mga talata 13–15).*

## Zefanias 3

### Mga Salita ng Panghihikayat

*Ang isang taong nagkasala ay maaaring matuksong sumuko at akalaing wala nang paraan para siya "makabalik." Dahil sa damdaming ito ng kawalan ng pag-asa, hindi lamang mahalaga na sabihin nang malinaw ang nagawang mali ng nagkasala kundi ang mangusap din ng mga salita ng pag-asa na hihikayat sa nagkasala na magsisi at asamin ang mas magandang hinaharap. Nasa Zefanias 3 ang mga salita ng panghihikayat ng Panginoon sa mga mamamayan ng Juda.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Zefanias 3*

**Mapagpighati** (t. 1)—Mapagsamantala o nagpapahirap

**Walang kabuluhan** (t. 4)—Hindi seryoso sa pag-iisip tungkol sa o pagsasagawa ng mga tungkulin

**Taksil** (t. 4)—Hindi tumutupad sa mga pangako sa iba

**Nilapastangan ang santuario** (t. 4)—Ginawang marumi ang templo

**Nagsigawa ng pangdadahas** (t. 4)—Nagsilabag

**Sinira ang lahat nilang gawa** (t. 7)—Nagkasala sa lahat ng gawain nila

**Bumangon sa panghuhuli** (t. 8)—Parusahan o lipulin ang mga kaaway

**Mga nagsisipamanhik** (t. 10)—Mga sumasamba

**Pinapangalat** (t. 10)—Ikinalat

**Mangagpapalalo** (t. 11)—Mapagmalaki

**Mga kahatulan** (t. 15)—Mga kaparusahan

**Manghina** (t. 16)—Manlupaypay sa kawalan ng pag-asa

**Kakutyaan** (t. 18)—Kahihiyan

**Ibinalik** (t. 20)—Pinalaya

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Sabihin Kung Ano ang Nakaantig sa Iyo

Ang Zefanias 3:8–20 ay naglalarawan ng mga huling araw at ng kagila-gilalas na paraan na ibabalik ng Panginoon sa kanya ang kanyang pinagtipanang mga tao matapos silang makalat at mabihag dahil sa kanilang mga kasalanan. Habang binabasa mo ang mga talatang ito, pag-isipan kung paano maiaangkop ang mga ito sa mga tao ngayon na kailangang magbalik-loob sa Panginoon o nag-aalala at natatakot hinggil sa mga huling araw. Sumulat ng kahit dalawang katotohanan lang na sinabi ng Panginoon sa kabanatang ito na lubos na nakaantig sa iyo, at ipaliwanag kung bakit.

# Ang Aklat ni Hagai

## Paghihikayat na Magtayo ng Templo


Noong 538 B.C. si Haring Ciro ng Persia (na binanggit din sa aklat ni Ezra) ay nag-utos na maaari nang bumalik ang mga Judio sa Jerusalem at itayong muli ang kanilang templong winasak ng mga taga-Babilonia. Noong una sabik na sabik ang mga Judio sa pagkakataong ito, ngunit ang kahirapan at kabigatan ng gawain, pagkalaban ng mga kaaway, at kawalan ng suporta ng mga haring sumunod kay Ciro ay nagpahina ng loob ng mga Judio. Labing-anim na taon na halos walang gawaing ginawa sa templo. Nagpropesiya si Hagai noong 520 B.C., at itinuro sa mga tao na unahin ang templo at hinikayat silang ituloy ang muling pagtatayo ng templo sa kabila ng mga pagsubok na ito.

## Paghahanda sa Pag-aaral ng Hagai

Nagbigay ng tiyak na petsa si Hagai sa bawat bahagi ng kanyang maikling aklat. Ang mga buwan ay tinawag sa iba't ibang pangalan sa Lumang Tipan ngunit hinalinhan ng mga pangalang ginagamit sa kasalukuyan para maunawaan natin ito.

| | |
|---|---|
| Hagai 1:1–15 | 29 Agosto 520 B.C. |
| Hagai 2:1–9 | 17 Oktubre 520 B.C. |
| Hagai 2:20–23 18 | Disyembre 520 B.C. |

Ang kuwento tungkol sa pagbalik ng mga Judio sa Jerusalem at pagtatayo ng templo ay matatagpuan sa mga aklat nina Ezra at Nehemias. Para sa karagdagang impormasyon tungkol kay Hagai, tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Hagai."



# Hagai 1

## Tapusin ang Templo

*Ikinuwento ni Elder Claudio R. M. Costa ang sumusunod tungkol sa isang lalaking nakilala niya sa Brazil:*

*"Matapos mabinyagan kasama ang kanyang pamilya, hindi na niya nahintay na matapos pa ang isang taon ng pagiging miyembro sa Simbahan para madala ang kanyang asawa at mga anak sa templo. Napakalayo ng São Paulo Brazil Temple mula sa Amazon. Karaniwan ay umaabot nang apat na araw ang paglalakbay sa bangka at apat na araw sa bus para makarating sa templo—mga isang linggong biyahe. Ang lalaking ito ay tagagawa ng kabinet. Paano siya makakaipon ng sapat na pamasahe para sa kanyang sarili, sa kanyang asawa, at sa kanyang mga anak? Bagama't nagsipag siya sa loob ng maraming buwan, kakaunti pa rin ang naipon niya.*

*"Pagdating ng oras ng pagpunta sa templo, ibinenta niya ang lahat ng muwebles at kasangkapan niya, kahit ang dekuryente niyang lagare at ang kaisa-isang sasakyan niyang motorsiklo—lahat ng pag-aari niya—at nagpunta sa templo kasama ang kanyang asawa at mga anak. Walong araw silang nagbiyahe para makarating sa São Paulo. Matapos gumugol ng apat na maluwalhating araw sa templo sa paggawa ng gawain ng Panginoon, pitong araw pa ang pagbiyahe ng pamilyang ito para makauwi. Ngunit umuwi silang masaya, nadarama na balewala ang kanilang mga paghihirap at pagdurusa kumpara sa malaking kaligayahan at mga pagpapalang naranasan nila sa bahay ng Panginoon" (sa Conference Report, Okt. 1994, 34; o* Ensign, *Nob. 1994, 27).*

*Ang kuwento ng pamilyang ito sa Brazil ay kumakatawan sa diwa ng mensahe ni Hagai sa kabanata 1. Habang nagbabasa ka, hanapin kung ano ang sinabi ni Hagai tungkol sa kahalagahan ng templo at ano ang ginagawa ng mga tao para ipakita na hindi nila pinahahalagahan ang templo na tulad ng nararapat.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

### *Hagai 1*

**Nangaghasik** (t. 6)—Nagtanim

**Pinipigil ang hamog** (t. 10)—Hindi nagkakaroon ng hamog (ang halumigmig sa lupa sa umaga)

**Nalabi** (t. 14)—Kaunting natira mula sa isang malaking grupo

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ang Kahalagahan ng Templo

1. Ano ang sinabi ni Hagai na mga bunga ng pagpapaliban ng pagtatayo ng templo? (tingnan sa Hagai 1:6, 9–11). Isipin ang epekto ng mga tipan, ordenansa, at pagpapala sa templo sa bawat bahagi ng ating buhay. Ano sa palagay mo ang ibig sabihin ng ilagay ang iyong mga kinita "sa supot na may mga butas"?
2. Ano ang sinasabi sa Hagai 1:4–6 tungkol sa pag-una sa templo sa buhay ng mga tao?

### B Ang Tugon ng mga Tao

1. Ano ang ginawa ng mga tao dahil sa mensahe ni Hagai? (tingnan sa Hagai 1:12–15).

2. Tulad ni Hagai, sinabi ni Pangulong Howard W. Hunter sa mga miyembro ng Simbahan "na ituring ang templo ng Panginoon na dakilang simbolo ng inyong pagiging miyembro" (sa Conference Report, Okt. 1994, 8; o *Ensign*, Nob. 1994, 8). Ipaliwanag kung paano mo ginagawang simbolo ng iyong pagiging miyembro ang templo at paano naiimpluwensyahan ng templo ang iyong pamumuhay ngayon.

## Hagai 2

### Patuloy na Magtayo!

*Ang Hagai 2 ay isinulat nang simulan na ng mga tao ang pagtatayong muli ng templo. Kasama sa mga nagtatayong muli ng templo ang mga Judiong nakakita sa dating templo at nakakaalam kung gaano ito kaganda at karingal. Ang templong muli nilang itinatayo ay hindi kasinglaki o kasingganda ng templong nawasak. Nalungkot ang maraming Judio sa katotohanang ito. Hinikayat sila ni Hagai gamit ang dalawang mahahalagang ideya. Una, sinabi niya sa kanila na ituloy ang pagtatayo at pinangakuan sila na sa mga huling araw, gagawa ang Panginoon ng isang templong mas maganda at maringal kaysa sa itinayo ni Salomon, na siyang templong naaalala nila. Pangalawa, ipinaalala ni Hagai sa mga tao na nang simulan nilang itayong muli ang templo, nagsimula silang umunlad. Kaya, kahit na hindi kasingringal ng templo ni Salomon ang templo, gayon pa rin ang dulot nitong mga pagpapala ng Panginoon.*

# Ang Aklat ni Zacarias

## Lampas sa Kanyang Panahon ang Nakita Niya

Si Zacarias ay nagmula sa isang pamilya ng mga saserdote sa lipi ni Levi. Siya ay isinilang sa Babilonia at nagbalik sa Jerusalem noong mga 538 B.C. kasama ang mga Judio na pinayagang bumalik mula sa pagkabihag sa Babilonia. Tinawag siyang maging propeta noong mga 520 B.C. (Tingnan sa Zacarias 1:1), na ibig sabihin ay nabuhay siya nang halos kasabay nina Hagai, ang propeta, at Ezra, ang saserdote. Tulad ni Hagai, hinikayat ni Zacarias ang mga tao na patuloy na itayong muli ang templo. Ngunit hinamon din niya ang mga tao na muling itatag ang kanilang sariling espirituwal na buhay. Marami ring nakitang pangitain si Zacarias. Ang kanyang mga pangitain ay tungkol sa Mesiyas (nagsasaad ng tungkol sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas) at tungkol sa apocalipsis (nagsasaad tungkol sa mga huling araw). Ang mga propesiya ni Zacarias tungkol kay Jesucristo sa mga kabanata 9–14 ay mas madalas banggitin sa apat na Ebanghelyo ng Bagong Tipan kaysa propesiya ng sinuman sa iba pang mga propeta sa Lumang Tipan.

## Zacarias 1–6

### Walong Pangitain ni Zacarias

*Nakatala sa Zacarias 1–6 ang walong pangitaing ibinigay ng Panginoon kay Zacarias tungkol sa sambahayan ni Israel:*

- *Isang pangitain tungkol sa mga kabayo (tingnan sa Zacarias 1:7–17), na nagtuturo tungkol sa maawaing paraan ng magiging pakikitungo ng Panginoon sa Jerusalem*
- *Isang pangitain tungkol sa apat na sungay at apat na panday (tingnan sa Zacarias 1:18–21), na tungkol sa mga kapangyarihan (mga sungay) na nagpakalat sa Juda at kung ano ang mangyayari sa mga kapangyarihang ito*
- *Isang pangitain tungkol sa lalaking may panukat na pisi (isang manunukat ng lupa; tingnan sa Zacarias 2), na nagpapatotoo sa mapangalagang kapangyarihan ng Panginoon sa kanyang mga tao*
- *Isang pangitain tungkol sa pangulong saserdote (tingnan sa Zacarias 3), na sumasagisag kung paano madadaig ng Juda si Satanas at malilinis sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Jesucristo ("ang Sanga" sa t. 8)*
- *Isang pangitain tungkol sa isang kandelero at mga puno ng olibo (tingnan sa Zacarias 4), na sumasagisag kung paano pagkakalooban ng Panginoon ng kapangyarihan ang kanyang mga tao sa pamamagitan ng kanyang Banal na Espiritu*
- *Isang pangitain tungkol sa lumilipad na balumbon (tingnan sa Zacarias 5:1–4), na nagturo na ang mga hindi tapat sa lupain ay pinarusahan*
- *Isang pangitain tungkol sa babaeng nakaupo sa gitna ng efa (tingnan sa Zacarias 5:5–11), na nagpapatototo na ang kasamaan ay maaalis mula sa mga tao*
- *Isang pangitain tungkol sa apat na karwahe (tingnan sa Zacarias 6:1–8), na sumasagisag sa paglaganap ng kapangyarihan ng Panginoon sa buong mundo*

*Nagtapos ang Zacarias 6 sa ordinasyon ng isang lalaking nagngangalang Josue sa pagiging mataas na saserdote bilang simbolo ng Tagapagligtas na nagmiministeryo sa kanyang mga tao.*

# Zacarias 7–8

## Ang Jerusalem sa Kasalukuyan at sa Hinaharap

*Nakatala sa Zacarias 7 na pinarusahan ng Panginoon ang mga mamamayan ng Jerusalem noong panahon ni Zacarias dahil sa pagkukunwaring sila ay matwid sa pamamagitan ng pag-aayuno at paggawa ng iba pang panlabas na ordenansa samantalang hindi naman sila mabait, makatarungan, o mapagmahal sa kapwa. Ang Zacarias 8 ay naglalaman ng propesiya ni Zacarias tungkol sa hinaharap ng Israel. Sinabi niya na kapag nagsisi ang mga tao at nagtipon sa kabutihan sa banal na lungsod na ito, mapapasa kanila ang Panginoon at pagpapalain sila nang higit pa kaysa noon.*

# Zacarias 9

## Ang Paparating na Hari

*Sinabi ng propetang si Jacob sa Aklat ni Mormon na nagpatotoo ang lahat ng sinaunang propeta tungkol kay Jesucristo (tingnan sa Jacob 7:11). Maaaring wala sa Biblia ang ilan sa mga propesiyang ito (tingnan sa 1 Nephi 13:24–28), ngunit dito sa Zacarias makikita natin ang ilan na iningatan para sa atin.*

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Isang Propesiyang Natupad

Ihambing ang Zacarias 9:9 sa Mateo 21:1–11 at isulat kung paano natupad ang propesiya ni Zacarias.

# Zacarias 10

## Mga Pangako sa mga Huling Araw

*Ang mga mamamayan ng Israel at Juda ay nakalat dahil sa pagsuway nila sa mga utos ng Panginoon. Sinabi sa atin sa Zacarias 10 kung ano ang ipinangakong gawin ng Panginoon sa kanila sa mga huling araw. Hanapin ang mga ito habang nagbabasa ka.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

***Zacarias 10***

**Huling ulan** (t. 1)—Mga ulan sa tagsibol na kailangan para pahinugin ang pananim na trigo

**Mga teraf, manghuhula, nagsisialiw ng walang kabuluhan** (t. 2)—Hindi mapagpala o mapasaya ng mga diyus-diyusan at bulaang propeta ang mga tao

**Gagawin silang parang magilas na kabayo sa pagbabaka** (t. 3)—Gagawin silang tulad ng kabayong sinakyan ng pinuno (kadalasan ay pinakamatikas na kabayo)

**Ang panulok, ang pako, ang busog na pangbaka** (t. 4)—Tumutukoy sa Tagapagligtas. Tinutukoy sa propesiyang ito na ang pinakamahalagang tao sa Israel ay manggagaling sa lipi ni Juda. (Maaari mong isulat ang "Si Jesucristo ay magmumula sa lipi ni Juda" sa gilid ng pahina ng iyong mga banal na kasulatan sa tabi ng talatang ito.)

**Mangatutulig** (t. 5)—Matatalo

**Susutsutan sila** (t. 8)—Tatawagin sila

**Pangangalatin** (t. 9)—Ikakalat

**Walang dakong masusumpungan** (t. 10)—Walang silid na sasapat

**Siya'y magdadaan ng dagat ng kadalamhatian** (t. 11)—Ang Ephraim ay magbabalik sa gitna ng maraming pagdurusa.

**Hahawiin ang mga alon sa dagat, at ang lahay sa kalaliman sa Nilo ay matutuyo** (t. 11)—Mga pariralang nagpapahiwatig na padadaliin ng Diyos ang pagtitipon ng mga tao

**Magsisilakad na paitaas at paibaba sa kaniyang pangalan** (t. 12)—Sundin ang mga utos ng Diyos sa lahat ng gawain nila

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Ang Pagtitipon ng Israel

Ang pagtitipon ng Israel ay kapwa espirituwal at pisikal. Ang mga tao ay natitipon muna sa espirituwal kapag nagbalik-loob sila sa ebanghelyo at tumalikod sa kamunduhan. Ang mga Banal ay pisikal ding titipunin sa kanilang mga lupang pangako kapag sinabi ng mga propeta na gawin nila ito (tingnan sa Alma 5:57; D at T 133:12–15). Basahin ang Zacarias 10:6–12; D at T 29:7–11; 101:63–68; 115:5–6 at isulat ang natutuhan mo tungkol sa pagtitipon ng Israel at kung bakit napakahalaga nito.

# Zacarias 11–13

## Ang mga Judio at ang Kanilang Tagapagligtas

*Nakatala sa Zacarias 11–13 ang mga propesiya tungkol sa hinaharap ng mga Judio. Sa kabanata 11, ipinropesiya ni Zacarias ang mangyayari sa mga Judio dahil sa kanilang kasamaan sa panahon ni Jesucristo. Ang Zacarias 12–13 ay naglalaman ng mga propesiya tungkol sa Ikalawang Pagparito ni Jesucristo at kung ano ang gagawin niya para sa mga Judio sa mga huling araw.*

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Paano Natutupad ang mga Ito?

1. Basahin ang Zacarias 11:12–13; Mateo 26:14–16; 27:1–10 at sabihin kung paano natupad ang propesiya ni Zacarias.
2. Basahin ang Zacarias 12:10; 13:6; Doktrina at mga Tipan 45:47–53. Kailan at paano matutupad ang propesiya ni Zacarias?

# Zacarias 14

## Ang Ikalawang Pagparito ni Jesucristo

*Kapag iniisip mo ang Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas, ikaw ba ay natutuwa, natatakot, o medyo natutuwa at natatakot. Inilalarawan sa Zacarias 14 ang ilan sa mga mangyayari sa panahon ng Ikalawang Pagparito. Habang nagbabasa ka, hanapin ang mga talatang makatutulong sa isang tao na hindi gaanong mag-alala tungkol sa Ikalawang Pagparito ni Jesucristo, na inaalala na "kung kayo ay handa kayo ay hindi matatakot" (D at T 38:30).*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

*Zacarias 14*

**Samsam** (t. 1)—Kayamanan

**Dadahasin** (t. 2)—Pagsasamantalahan

**Ang buhay na tubig** (t. 8)—Maaaring literal na nangangahulugang malinis na tubig, maaaring simbolo ng kaalaman mula sa langit

**Dakong dagat silangan, dakong dagat kalunuran** (t. 8)—Ang Patay na Dagat at Dagat ng Mediterrania

**Magiging gaya ng Araba** (t. 10)—Gagawing parang patag na lambak

**Siya'y matataas, at tatahan sa kaniyang dako** (t. 10)—Itataas ang Jerusalem ngunit hindi aalisin sa kinalalagyan nito.

**Matutunaw** (t. 12)—Mabubulok

**Kaingay** (t. 13)—Kalituhan o takot

**Kapistahan ng mga balag** (mga talata 16, 18–19)—Isang pagdiriwang upang maalala kung paano pinaunlad ng Panginoon ang mga anak ni Israel sa lupain ng Canaan matapos niya silang akayin doon

### Zacarias 14:6–7—Sa Gabi ay Magliliwanag

Ihambing ang Zacarias 14:6–7 sa 3 Nephi 1:8, 15–17.

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

### A Mga Pangyayari Bago Sumapit ang Ikalawang Pagparito

1. Ayon sa Zacarias 14:1–7, anong dakilang himala ang isasagawa ng Panginoon para sa mga Judio pagsapit ng Ikalawang Pagparito? (tingnan sa D at T 45:47–53).
2. Ayon sa Zacarias 14:20–21, paano maiiba ang sitwasyon sa lupa pagdating ng Panginoon?
3. Anong mga kaganapang may kaugnayan sa propesiya ni Zacarias tungkol sa Ikalawang Pagparito ang makatutulong sa iyo na asamin ang pagparitong muli ng Tagapagligtas? Basahin din ang Isaias 11:4–9; Doktrina at mga Tipan 29:7–13; 133:17–35 para sa karagdagang mga detalye tungkol sa mga kaganapang ipinropesiya ni Zacarias.
4. Basahin ang Doktrina at mga Tipan 106:4–5 at tukuyin kung ano ang magagawa mo upang maging handa para sa Ikalawang Pagparito kung dumating ito sa iyong panahon upang maging maluwalhating araw ito sa halip na maging kakila-kilabot para sa iyo.

# Ang Aklat ni Malakias

Ang aklat ni Malakias ang aklat sa Lumang Tipan na huling isinulat ayon sa kasaysayan. Malamang ay isinulat ni Malakias (na ang ibig sabihin ng pangalan sa Hebreo ay "aking sugo") ang mga propesiyang ito noong mga 430 B.C., halos isang daang taon matapos magsibalik ang mga Judio sa lupain ng Israel mula sa Babilonia. Hindi nagkaroon ng mga propeta ang mga Judio sa Lumang Tipan pagkatapos ni Malakias na alam natin, ngunit nagkaroon ng maraming propeta ang mga inapo ni Amang Lehi sa Western Hemisphere (mga Nephita) hanggang sa pagsilang ni Jesucristo, ayon sa nakatala sa Aklat ni Mormon.

## Ang Mensahe ng Huling Kilalang Propeta ng Lumang Tipan

Nang magpropesiya si Malakias, maraming Judio ang umasa na higit na ipapakita ng Diyos ang kanyang kapangyarihan sa pagpapalaya sa kanila mula sa pamumuno ng Persia at tutulutan silang mabawi ang isang kaharian. Pagkaraan ng isandaang taon mula nang bumalik sila sa kanilang mga lupain, nasa pamamahala pa rin ng Persia ang mga Judio. Maraming Judiong pinanghinaan ng loob at hindi nagsikap na mamuhay nang matwid, na naniniwalang kinalimutan o tinalikuran na sila ng Diyos kaya hindi na mahalagang magpakabuti pa. Ang mensahe ni Malakias ay patungkol sa mga sitwasyong ito. Gayunman, ang mga alituntuning itinuro ni Malakias ay maiaangkop sa halos anumang panahon sa kasaysayan, yamang ang mga tao sa lahat ng panahon ay natutuksong maging "matamlay" sa kanilang relihiyon.

## Ang Mensahe ni Malakias

Si Malakias ay nangusap para sa Panginoon sa pagsagot sa mga tanong ng mga tao sa kanyang panahon. Ang sumusunod na mga problema, kasalanan, at hamon ang kanyang tinukoy:

- Paano hinamak at dinungisan ng mga tao ang pangalan ng Diyos? (tingnan sa Malakias 1:6).
- Bakit hindi tinanggap ng Panginoon ang mga handog at panalangin ng mga tao? (tingnan sa Malakias 2:13–14).
- Paano niyamot ng mga tao ang Panginoon? (tingnan sa Malakias 2:17).
- Paano dapat magbalik ang mga tao sa Panginoon? (tingnan sa Malakias 3:7).
- Paano ninanakawan ng tao ang Diyos? (tingnan sa Malakias 3:8).
- Paano nangusap ang mga tao laban sa Panginoon? (tingnan sa Malakias 3:14–15).

Si Malakias ay isa sa pinakamadalas banggiting mga propeta ng Lumang Tipan. Binanggit ng mga manunulat ng Bagong Tipan ang mga isinulat ni Malakias, binanggit ng nabuhay na maguling Tagapagligtas sa mga Nephita ang ilan sa mga turo ni Malakias para maisulat ito sa kanilang mga talaan, at binanggit ng anghel na si Moroni ang ilan sa Malakias sa batang si Propetang Joseph Smith, at sinabi sa kanya na matutupad ang mga propesiya ni Malakias sa mga huling araw.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Malakias, tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Malakias."

## Malakias 1

### Hindi Taos-Pusong Pagsamba

*Sa panahon ng kanyang mortal na ministeryo, pinarusahan ni Jesus ang mga pinunong Judio dahil tinangka nilang magkunwari na napakabuti nila samantalang ang totoo ay hindi sila namumuhay nang matwid. Ang aklat ni Malakias ay nagpapaunawa sa atin na umiral ang problemang ito nang hindi kukulangin sa apat na raang taon. Nakatala sa Malakias 1 na ang mga pinunong Judio ay masunurin sa utos ng Panginoon na mag-alay ng sakripisyo, ngunit sa halip na isakripisyo ang pinakamainam sa kanilang mga kawan, inialay nila ang may pinsala o maysakit na mga hayop (tingnan sa Malakias 1:7–8, 12–14). Ang pagkukunwaring ito ay nagpamalas ng kawalang-galang nila sa Panginoon at ng pagwawalang-halaga nila sa relihiyon sa kanilang buhay.*

## Malakias 2

### Ang mga Saserdote ay Tinawag na Magsisi

*Inilarawan sa Malakias 2 ang utos ng Panginoon sa mga inapo ni Aaron, na mga saserdote para sa mga tao sa templo. Sinabi ng Panginoon na hindi sila nagpakita ng mabuting halimbawa sa mga tao at ni hindi nila sila tinulungang tumahak sa tuwid na landas. Sa halip, nilabag ng mga saserdote ang mga tipan ng priesthood, na inihambing ng Panginoon sa mga tipan sa pagitan ng mag-asawa. Sinabi ng Panginoon na parurusahan sila sa kanilang pagsuway.*

## Malakias 3–4

### Ang Pagparito ng Panginoon

*Nang bisitahin ni Moroni si Joseph Smith noong gabi ng ika-21 ng Setyembre 1823 at sabihin sa kanya ang tungkol sa Aklat ni Mormon, binanggit din niya rito ang ilang*

*banal na kasulatan, kabilang na ang "bahagi sa ikatlong kabanata ng Malakias; at … ang ikaapat o huling kabanata sa yaon ding propesiya" (JS—K 1:36). Napakahalaga ng Malakias 3–4 sa mga huling araw.*

*Nagtuon ang Malakias 3–4 sa "dakila at kakilakilabot na kaarawan ng Panginoon" (Malakias 4:5), o sa Ikalawang Pagparito. Nagpatotoo si Malakias sa mga tao sa kanyang panahon at sa atin na darating ang kaarawan ng Panginoon. Bukod pa rito, bagama't tila sumasagana ang masasama, ang kaarawan ng Panginoon ay magiging isang araw ng paghuhukom kung saan ang mabubuti ay gagantimpalaan at ang masasama ay susunugin.*

*Habang binabasa mo ang dalawang kabanatang ito, hanapin kung ano ang dapat nating gawin upang maging handa para sa Ikalawang Pagparito, ano ang makatutulong sa atin upang matapat na magtiis hanggang wakas hanggang sa dakilang araw na iyon, at ano ang makahihikayat sa atin na sumampalataya na sasapit ang Ikalawang Pagparito.*

## Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan

### *Malakias 3*

**Makatatahan** (t. 2)—Makaliligtas

**Ng mangdadalisay** (t. 2)—Isang taong naghihiwalay ng purong metal sa lahat ng iba pang mga sangkap

**Ng mga tagapagpaputi** (t. 2)—Pag-aari ng mga taong naglalaba bilang bahagi ng proseso ng paggawa ng mga ito

**Pakikinisin** (t. 3)—Lilinisin

**Mga manghuhula** (t. 5)—Mga taong hangad gumamit ng mahika at masasamang espiritu para impluwensyahan ang iba

**Nagsisipighati** (t. 5)—hindi patas makitungo

**Kaupahan** (t. 5)—Manggagawa, isang taong suwelduhan

**Sa ano** (mga talata 7–8)—Sa anong mga paraan

**Mananakmal** (t. 11)—Mga bagay na nangwawasak

**Nangagtayo** (t. 15)—Maunlad

**Tinutukso ang Diyos** (t. 15)—Hinahamon ang mga utos ng Diyos sa pamamagitan ng hindi pagsunod sa mga ito at tinitingnan kung talagang parurusahan sila

**Tumatakas** (t. 15)—Ligtas sa parusa

**Makikilala** (t. 18)—Malalaman o mahihiwatigan

### *Malakias 4*

**Dayami** (t. 1)—Maliliit na tangkay na naiiwan matapos ang pag-ani sa bukid. Pagkatapos ay sinusunog ang mga ito.

**Silungan** (t. 2)—Kulungan ng mga hayop

**Horeb** (t. 4)—Bundok ng Sinai

**Mga palatuntunan** (t. 4)—Mga batas

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Kumpletuhin ang tatlo sa sumusunod na limang aktibidad (A–E) habang pinag-aaralan mo ang Malakias 3–4.

### A Mahigit sa Isang Katuparan

Basahin ang Mateo 11:7–11; Doktrina at mga Tipan 45:9 at sabihin kung sino o ano ang tinutukoy ng sugo sa Malakias 3:1. Tama rin tayo sa pagsasabing si Propetang Joseph Smith ay isang sugong maghahanda ng daan ng Panginoon sa pamamagitan ng pagpapanumbalik ng Simbahan ni Jesucristo sa mga huling araw na ito (tingnan sa "Mga Pinili Mula sa Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia" sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, Mateo 17:10–14; 2 Nephi 3).

### B Isang Katuparan

Pansinin na sa Malakias 3:1 mababasa natin ang tungkol sa "aking sugo" at "ang sugo ng tipan." Natukoy mo ang "aking sugo" sa aktibidad A sa itaas. Sino sa palagay mo "ang sugo ng tipan"? Bakit?

### C Scripture Mastery—Malakias 3:8–10

1. Ilista ang mga pagpapalang nasa Malakias 3:8–10 para sa mga sumusunod sa batas ng ikapu. Basahin ang mga talata 11–12 at magdagdag ng iba pang mga pagpapala sa listahan mo.
2. Paano maituturing na "pagnanakaw sa Diyos" ang hindi pagbabayad ng ating ikapu at mga handog?
3. Basahin kung ano ang sinabi ng Panginoon tungkol sa ikapu sa Doktrina at mga Tipan 64:23. Paano maihahambing ang sinabi ng Panginoon sa mensahe ni Malakias kung itutuloy mo ang pagbabasa hanggang sa Malakias 4:1?

### D Sa Sarili Mong mga Salita

1. Sa sarili mong mga salita, isulat ang karaingan ng mga tao na matatagpuan sa Malakias 3:14–15.
2. Anong mga pangako ang ibinigay ng Panginoon sa Malakias 3:16–18 na sagot sa karaingan at makatutulong sa iyo sa oras na tila hindi ka napagpala sa iyong kabutihan samantalang ang hindi sumusunod sa mga utos ay tila mabuti ang buhay?

### E Scripture Mastery—Malakias 4:5–6

1. Maaaring interesado kang malaman na nasa Malakias 4:5–6 ang tanging mga talatang binanggit (bagama't hindi tugmang-tugma ang mga salita) sa lahat ng apat na pamantayang banal na kasulatan ng Simbahan (tingnan sa 3 Nephi 25:5–6; D at T 2; 128:17; JS—K 1:36–39). Mula sa maraming banal na kasulatang binanggit ni Moroni sa batang propeta noong 1823, ang propesiyang ito tungkol sa pagbalik ni Elijah bago ang Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas ang tanging bahaging isinama sa Doktrina at mga Tipan. Napakahalaga ng pagbabalik ni Elijah para ipanumbalik ang sagradong mga susi. Basahin ang Doktrina at mga Tipan 110:13–16 at ipaliwanag kung kailan at paano natupad ang propesiyang ito.
2. Sinabi ni Pangulong Joseph Fielding Smith, "Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng priesthood na ito na ipinagkaloob ni Elijah, ang mag-asawa ay maaaring mabuklod, o makasal para sa kawalang-hanggan; maaaring mabuklod ang mga anak sa kanilang mga magulang para sa kawalang-hanggan; sa gayon naging walang hanggan na ang pamilya, at hindi mapaghihiwalay ng kamatayan ang mga miyembro. Ito ang dakilang alituntuning magliligtas sa daigdig mula sa lubusang pagkawasak" (*Doctrines of Salvation*, tinipon ni Bruce R. McConkie, 3 tomo [1954–56], 2:118). Batid ang katotohanang ito, ipaliwanag kung anong "mga sumpa" ang inaakala mong

dumarating sa lupa at sa bawat tao at mga pamilyang nakakaalam ng mga turong ito ngunit hindi namumuhay ayon sa mga pagpapala at tipang ipinanumbalik ni Elijah. Sa madaling salita, paano maililigtas ng mga susi ng priesthood na ipinanumbalik ni Elijah ang mundo mula sa "mga sumpa"? Bakit napakahalagang ibahagi natin ang magandang balita tungkol sa mga bagay na ito? Ang sumusunod na sipi mula sa isang pagpapahayag ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol ay makatutulong sa iyong pagsagot:

"Kami ay nagbababala sa mga taong lumalabag sa mga tipan ng kalinisang-puri, nagmamalabis sa asawa o anak, o bigo sa pagtupad ng kanilang mga tungkulin sa mag-anak, na isang araw sila ay pananagutin sa harap ng Diyos. At gayon din, kami ay nagbababala na ang pagkakawatak-watak ng mag-anak ay magdudulot sa mga tao, mga komunidad, at mga bansa ng mga kapahamakang sinabi na noon pa ng mga sinauna at makabagong propeta" ("Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," 35602 893).

3. Ipaliwanag kung ano sa palagay mo ang magagawa mo para maibaling ang puso mo sa "mga ama" (mga ninuno mo) o sa iyong mga anak sa mga paraang magpapala sa kanilang buhay magpakailanman.

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG
4 02341 89893 1
34189 893